

1909

The Project Gutenberg EBook of Noli Me Tangere, by Jose Rizal

This eBook is for the use of anyone anywhere at no cost and with
almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or
re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included
with this eBook or online at www.gutenberg.org

Title: Noli Me Tangere

Author: Jose Rizal

Translator: Pascual H. Poblete

Release Date: December 30, 2006 [EBook #20228]

Language: Tagalog

*** START OF THIS PROJECT GUTENBERG EBOOK NOLI ME TANGERE ***

Produced by Tamiko I. Camacho, Pilar Somoza, and the Online
Distributed Proofreading Team (http://www.pgdp.net). Thanks
to the following for their help in making this project
possible: Elmer Nocheseda, Jerome Espinosa Baladad, Matet
Villanueva, Ateneo Rizal Library-Filipiniana Section, and
the Filipinas Heritage Library. The ebook is being released
in commemoration of Dr. José Rizal's 110th Death Anniversary
on December 30, 2006. Handog ng Proyektong Gutenberg ng
Pilipinas para sa pagpapahalaga ng panitikang
Pilipino.(http://www.gutenberg.ph)

---

Decorative motif

# NOLI ME TANGERE

# HUAG ACONG SALANG̃IN NINO MAN

Decorative motif

---

Dr. Jose Rizal

---

## Dr. J. RIZAL

# NOLI ME TANGERE

Novelang wicang Castila na tinagalog

NI

## PASCUAL H. POBLETE

Kilalang manunulat at Tagapatnubay ng̃mgã unang Pamahayagang Tagalog.

¿Anó? Di bagá cayâ macalálabas sa
inyong mangã dulaan ang isang
César? Tangí na bagá lamang macalálabas
doon ang isang Aquiles,
ang isang Orestes, ó Andrómaca?
¡Aba! Cung ganyan namang ualâ
na tayong namamasdan cung di
ang mgã nangãngãtungculan sa bayan,
mgã pari, mgã alférez at mgã
secretario, ang mgã húsar, comandante
at mgã alguacil.

»Was? Es dürfte kein Cäsar auf euren
Bühnen sich zeigen?—Kein Achill,
kein Orest, keine Andromacha mehr?«

Nichts! Man sieht bei uns nur Pfarrer,
Commerzienräthe,—Fähndriche,
Secretärs oder Husarenmajors.

Datapowa't sabihin mo, ¿anó ang
dakilang bagay na magagawâ nang
mgã alibughang ito? ¿Pang-gagalingãn
bagá ang ganitóng mgã técas
ng̃mgã di caraniwang gawá?

»Aber, ich bitte dich, Freund, was kann
denn dieser Misere—Großes begegnen,
was kann Großes denn durch sie geschehn?«

Schiller. Ang anino ni Shakespeare.

Decorative motif

MAYNILA

Limbagan ni M. Fernandez
PAZ, 447, Sta. Cruz.

---

Ang sabing NOLI ME TANGERE ay wikang latin. Mgã wika sa Evangelio ni San Lúcas. Ang cahulugán sa wikang tagalog ay HUWAG ACONG SALANGIN NINO MAN. Tinatawag din namáng NOLI ME TANGERE ang masamang bukol na nacamamatay na CANCER cung pamagatán ng̃mgã pantás na mangagamot.

---

*Sa hangãd na ang mgã librong NOLI ME TANGERE at FILIBUSTERISMO, na kinatha ng̃Dr. Jose Rizal ay maunáwa at málasapang magaling ng̃catagalugan, ang mgã doo'y sinasabing nagpapakilala ng̃tunay nating calayaan at ng̃dapat nating gawiin, at nacapagpapaálab, namán ng ningãs ng̃ ating puso sa pag-ibig sa kinamulatang lupa, minatapat cong ipalimbag ang isinawikang tagalog na mgã librong yaon, sa dahilang sa bilang na sampòng MILLONG (sampong libong libo) filipino, humiguit cumulang, ay walang dalawampong libo ang tunay na nacatatalos ng̃ wicang castila na guinamit sa mgã kinathang yaón.*

*Cung pakinabangãn ng̃aking mgã calahi itong wagás cong adhica, walang cahulilip na towa ang aking tatamuhin, sa pagca't cahit babahagya'y nacapaglicod acó sa Inang-Bayan.*

*Maynila, unang araw ng̃Junio ng̃taong isang libo siyam na raan at siyam.*

SATURNINA RIZAL NI HIDALGO,

ó

NENENG RIZAL.

---

# NOLI ME TANGERE

Catha sa wicang castila ni

**Dr. José Rizal**

at isinatagalog ni

**Pascual H. Poblete**

# TALAAN NG NILALAMAN


1. ISANG PAGCACAPISAN.
2. CRISOSTOMO IBARRA
3. ANG HAPUNAN
4. HEREJE AT FILIBUSTERO
5. ISANG BITUIN SA GABING MADILIM
6. CAPITANG TIAGO
7. MAIROG NA SALITAAN SA ISANG "AZOTEA"
8. MANGA ALAALA
9. MANGA CAUGALIAN NG BAYANG ITO
10. ANG BAYAN
11. ANG MANG̃A MACAPANGYARIHAN
12. ANG LAHAT NANG MANGA SANTO
13. MGA PAUNANG TANDA NANG UNOS
14. ANG ULOL NA SI TASIO Ó ANG FILOSOFO
15. ANG MGA SACRISTAN
16. SI SISA
17. BASILIO
18. MGA CALOLOWANG NAGHIHIRAP
19. MGA KINASAPITAN NG ISANG MAESTRO SA ESCUELA
20. ANG PULONG SA TRIBUNAL
21. CASAYSAYAN NANG BUHAY NANG ISANG INA
22. MANGA ILAW AT MGA DILIM
23. ANG PANGIGISDA
24. SA GUBAT
25. SA BAHAY NG FILOSOFO

26. ANG "VISPERA" NG "FIESTA."
27. SA PAGTATAKIPSILIM.
28. MANG̃A SULAT
29. ANG UMAGA.
30. SA SIMBAHAN.
31. ANG SERMON.
32. ANG "CABRIA".
33. LAYANG-CAISIPAN.
34. ANG PAGCAIN.
35. MGA SALISALITAAN.
36. ANG UNANG DILIM
37. ANG GOBERNADOR GENERAL
38. ANG PROCESION.
39. SI DONA CONSOLACION.
40. ANG CATUWIRA'T ANG LACAS.
41. DALAWANG PANAUHIN.
42. ANG MAG-ASAWANG DE ESPADAÑA.
43. MGA PANUCALA.
44. PAGSISIYASAT NG CONCIENCIA.
45. ANG MGA PINAG-UUSIG.
46. SABUNGAN.
47. ANG DALAWANG GUINOONG BABAE.
48. ANG HINDI MAGCURO
49. ANG TINGIG NG MGA PINAG-UUSIG.
50. ANG MAG-ANAK NINA ELIAS.
51. MGA PAGBABAGO.
52. ANG SULAT NG̃ MG̃A PATAY AT ANG MG̃A ANINO.
53. IL BUON DI SI CONOSCE DA MATTINA.
54. QUIDQUID LATET, ADPAREBIT, NIL INULTUM REMANEBIT.

55. ANG CAPAHAMACAN.
56. ANG SABIHANAN AT ANG INAACALA.
57. ¡VAE VICTIS!
58. ANG SIMUMPA.
59. ANG KINAGUISNANG BAYAN AT ANG MGA PAG-AARI.
60. MAG-AASAWA SI MARIA CLARA.
61. ANG PANGHUHULI SA DAGATAN.
62. PAGPAPALIWANAG NI PARI DAMASO.
63. ANG GABING SINUSUNDAN NG̃ PASCO NG̃ PAGNG̃ANG̃ANAC.

PANGWACAS NA BAHAGUI.

---

# MGA LARAWAN

1. .....Ang Doctor De Espadaña at ang canyang guinoong asawa ang "Doctora" Doña Victorina....
2. —¡Binatà, mag-íngãt pô cayó! ¡Mag-aral cayó sa inyóng amá!—anáng teniente sa canyá.
3. —Laguì bang isinaísip mo acó? ¿Hindî mo ba acó linimot?...
4. —....Mananatili ang ating capangyarihan hanggang sa capangyarihang iya'y nananalig......
5. —¡Ah! at ¿anó ang guinawâ mo sa bangcay pagcatapos?—ang ipinagpatuloy na pagtanóng ng̃maselang.
6. —¿Inanó mo ang aking amá—ani Ibarra sa fraile.
7. —¡Doo'y walâ sino mang nagsasabi sa aking aco'y magnanacaw!—ang idinuctóng ni Crispín;—¡hindî itutulot ng̃nanay! ¡Cung maalaman niyang aco'y pinapalò....
8. —At cayóng nacacakita ng̃ casam-an, ¿anó't hindî ninyo pinag-isip na bigyang cagamutan?
9. ¡Nasirà ang isip ni Sisa! ¡Higuít ang calungcutan ng̃canyang hinibíc-hibíc cay sa capanglaw-panglawang náririnig na mgã daíng cung gabíng ngĩtngĩt ng̃dilím at umaatungãl ang lacás ng̃unós!
10. —¿Hindî pô ba maglalagay namán cayó ng̃inyong "paletada" guinoong Ibarra?—anang cura.

# SA AKING TINUBUANG LUPA[1]

Nátatalà sa "historia"[2] ng̃ mgã pagdaralità ng̃ sangcataohan ang isáng "cáncer"[3] na lubháng nápacasamâ, na bahagyâ na lámang másalang ay humáhapdi't napupucaw na roon ang lubháng makikirót na sakít. Gayón din naman, cailán mang inibig cong icáw ay tawáguin sa guitnâ ng̃ mgã bágong "civilización"[4], sa hangãd co cung minsang caulayawin co ang sa iyo'y pag-aalaala, at cung minsan nama'y ng̃isumag co icáw sa mgã ibáng lupaín, sa towî na'y napakikita sa akin ang iyong larawang írog na may tagláy ng̃ gayón ding cáncer sa pamamayan.

Palibhasa'y nais co ang iyong cagalingãng siyáng cagalingãn co rin namán, at sa aking paghanap ng̃ lalong mabuting paraang sa iyo'y paggamót, gágawin co sa iyo ang guinágawà ng̃ mgã tao sa úna sa canilang mgã may sakít: caniláng itinátanghal ang mgã may sakít na iyan sa mgã baitang ng̃ sambahan, at ng̃ bawa't manggaling sa pagtawag sa Dios ay sa canilá'y ihatol ang isáng cagamutan.

At sa ganitóng adhica'y pagsisicapan cong sipîing waláng anó mang pacundangãn ang iyong tunay na calagayan, tatalicwasín co ang isáng bahagui ng̃ cumot na nacatátakip sa sakít, na anó pa't sa pagsúyò sa catotohanan ay iháhandog co ang lahát, sampô ng̃ pagmamahál sa sariling dangãl, sa pagcá't palibhasa'y anác mo'y tagláy co rin namán ang iyong mgã caculangãn at mgã carupucán ng̃ púsò.

ANG CUMATHA.

Europa, 1886.

---

Decorative motif

# NOLI ME TANGERE

# I.

## ISANG PAGCACAPISAN.

NAG-ANYAYA ng̃pagpapacain nang isáng hapunan, ng̃magtátapos ang Octubre, si Guinoong Santiago de los Santos, na lalong nakikilala ng̃bayan sa pamagát na Capitang Tiago, anyayang bagá man niyón lamang hapong iyón canyang inihayág, laban sa dati niyang caugalìan, gayón ma'y siyang dahil na ng̃lahát ng mgã usap-usapan sa Binundóc, sa iba't ibang mgã nayon at hanggang sa loob ng Maynílà. Ng̃ panahóng yao'y lumalagay si Capitang Tiagong isáng lalaking siyang lalong maguilas, at talastas ng̃ ang canyang bahay at ang canyang kinamulatang bayan ay hindî nagsásara ng̃pintô canino man, liban na lamang sa mgã calacal ó sa anó mang isip na bago ó pangãhás.

Cawangĩs ng̃kisláp ng̃lintíc ang cadalîan ng̃pagcalaganap ng̃balítà sa daigdigan ng̃mgã dápò, mgã langãw ó mgã "colado"[5], na kinapal ng̃Dios sa canyang waláng hanggang cabaitan, at canyang pinararami ng̃boong pag-irog sa Maynílà. Nangãgsihanap ang ibá nang "betún" sa caniláng zapatos, mgã botón at corbata naman ang ibá, ngũni't siláng lahát ay nangãg iisip cung paano cayâ ang mabuting paraang bating lalong waláng cakimìang gagawin sa may bahay, upang papaniwalàin ang macacakitang sila'y malalaon ng̃caibigan, ó cung magcatao'y humingĩ pang tawad na hindî nacadalóng maaga.

Guinawâ ang anyaya sa paghapong itó sa isáng bahay sa daang Anloague, at yamang hindî namin natatandâan ang canyang bilang (número), aming sásaysayin ang canyang anyô upang makilala ngãyón, sacali't hindî pa iguiniguibá ng̃mgã lindól. Hindî camí naniniwalang ipinaguibâ ang bahay na iyon ng̃may-arì, sa pagca't sa ganitong gawa'y ang namamahala'y ang Dios ó ang Naturaleza[6], na tumanggap din sa ating Gobierno ng̃pakikipagcayarì upang gawín ang maraming bagay.—Ang bahay na iyo'y may calakhan din, tulad sa maraming nakikita sa mgã lupaíng itó; natatayô sa pampang ng̃ilog na sangã ng ilog Pasig, na cung tawaguin ng̃iba'y "ría" (ilat) ng̃Binundóc, at gumáganap, na gaya rin ng̃lahát ng̃ilog sa Maynílà, ng̃maraming capacan-ang pagcapaliguan,

agusán ng̃ dumí, labahan, pinang̃ing̃isdâan, daanan ng̃ bangcang nagdádala ng̃ sarisaring bagay, at cung magcabihirà pa'y cucunán ng̃ tubig na inumín, cung minamagalíng ng̃ tagaiguib na insíc[7]. Dapat halataíng sa lubháng kinakailang̃ang gamit na itó ng̃ nayong ang dami ng̃ calacal at táong nagpaparoo't parito'y nacatutulig, sa layong halos may sanglibong metro'y bahagyâ na lamang nagcaroon ng̃ isang tuláy na cahoy, na sa anim na bowa'y sirâ ang cabiláng panig at ang cabilâ nama'y hindî maraanan sa nálalabi ng̃ taon, na ano pa't ang mg̃a cabayo, cung panahóng tag-init, canilang sinasamantala ang gayong hindî nagbabagong anyô, upang mulà roo'y lumucsó sa tubig, na ikinagugulat ng̃ nalilibang na táong may camatayang sa loob ng̃ coche ay nacacatulog ó nagdidilidili ng̃ mg̃a paglagô ng̃ panahón.

May cababâan ang bahay na sinasabi namin, at hindî totoong magaling ang pagcacàanyô; cung hindî napagmasdang mabuti ng̃ "arquitectong"[8] namatnugot sa paggawâ ó ang bagay na ito'y cagagawán ng̃ mg̃a lindól at mg̃a bagyó, sino ma'y walang macapagsasabi ng̃ tucoy. Isáng malapad na hagdanang ma'y cacapitáng culay verde, at nalalatagan ng̃ alfombra sa mumunting panig ang siyang daanan mulâ sa silong ó macapasoc ng̃ pintuang nalalatagan ng̃ "azulejos"[9] hanggang sa cabahayán, na ang linalacara'y napapag-itanan ng̃ mg̃a maceta[10] at álagaan ng̃ mg̃a bulaclac na nacalagay sa "pedestal"[11] na lozang gawâ sa China, na may sarisaring culay at may mg̃a dibujong hindî mapaglirip.

Yamang walang bantay-pintô ó alilang huming̃î ó magtanong ng̃ "billete" ó sulat na anyaya, tayo'y pumanhic, ¡oh icaw na bumabasa sa akin, catoto ó caaway! sacali't naaakit icaw ng̃ tugtog ng̃ orquesta, ng̃ ilaw ó ng̃ macahulugáng "clin-clan" ng̃ mg̃a pingga't cubiertos[12] at ibig mong mapanood cung paano ang mg̃a piguíng doon sa Perla ng̃ Casilang̃ãnan. Cung sa aking caibigán lamang at sa aking sariling caguinhawahan, hindî catá pápagalin sa pagsasaysay ng calagayan ng̃ bahay; ng̃ũni't lubháng mahalagá ito, palibhasa'y ang caraniwan sa mg̃a may camatayang gaya natin ay tulad sa pawican: hinahalagahan at hinihirang tayo alinsunod sa ating talucab ó tinatahanang bahay; dahil dito't sa iba pang mg̃a anyô ng̃ asal, cawang̃is ng̃a ng̃ mg̃a pawican ang mg̃a may camatayan sa Filipinas.—Cung pumanhic tayo'y agad nating marárating ang isáng malowang na tahanang cung tawaguin doo'y "caida"[13], ayawán cung bakit, na ng̃ gabing ito'y guinagamit na "comedor"[14] at tuloy salón ng̃ orquesta. Sa guitna'y may isáng mahabang mesa, na nahihiyasan ng̃ marami at mahahalagang pamuti, na tila mandin cumikindat sa "colado," taglay ang catamistamisang mg̃a pang̃ãcò, at nagbabalà sa matatacuting binibini, sa walang malay na dalaga, ng̃ dalawang nacaiinip na oras sa casamahán ng̃ mg̃a hindî cakilala, na ang pananalita't mg̃a pakikikiusap ay ang caraniwa'y totoong

cacaiba. Namúmucod ng̃di ano lamang sa mg̃a ganitong handang sa mundo'y nauucol, ang sumasapader na mg̃a cuadrong tungcol sa religión, gaya bagá ng "Ang Purgatorio," "Ang Infierno," "Ang hulíng Paghuhucom," "Ang pagcamatáy ng̃banal," "Ang pagcamatáy ng̃macasalanan," at sa duyo'y naliliguid nang isáng maringãl at magandañg "marco" na anyong "Renacimiento"[15] na gawâ ni Arévalo, ang isáng mabuting ayos at malapad na "lienzo" na doo'y napapanood ang dalawang matandang babae. Ganitó ang saysay ng̃doo'y titic: "Nuestra Señora de la Paz y Buen Viaje, na sinasamba sa Antipolo, sa ilalim ng̃anyong babaeng magpapalimos, dinadalaw sa canyang pagcacasakít ang banal at bantog na si Capitana Inés"[16]. Tunay mang ang pagcacapinta'y hindî nagpapakilala ng "arte" at cabutihang lumikhâ, datapowa't nagsasaysay naman ng̃caraniwang mamalas: ang babaeng may sakít ay tila na bangcay na nabûbuloc, dahil sa culay dilaw at azul ng̃canyang mukhâ; ang mg̃a vaso't iba pang mg̃a casangcapan, iyang maraming mg̃a natitipong bagay bagay sa mahabang pagcacasakít ay doo'y lubhang mabuti ang pagcacasipì, na ano pa't napapanood patí ng̃linálaman. Sa panonood ng̃mg̃a calagayang iyong umaakit sa pagcacagana sa pagcain at nagúudyoc ng̃ucol sa paglasáp ng̃masasaráp na bagay bagay, marahil acalain ng iláng may masamáng isipan ang may-arì ng̃bahay, na napagkikilalang magalíng ang calooban ng̃halos lahát ng̃mg̃a magsisiupô sa mesa, at ng̃huwag namáng máhalatang totoo ang canyang panucalà, nagsabit sa quízame ng̃mariríkít na lámparang gawâ sa China, mg̃a jaulang waláng ibon, mg̃a bolang cristal na may azogueng may culay pulá, verde at azul, mg̃a halamang pangbíting lantá na, mg̃a tuyóng isdáng botete na hinipa't ng̃bumintóg, at iba pa, at ang lahát ng̃ito'y nacúculong sa may dacong ílog ng̃maiinam na mg̃a arcong cahoy, na ang anyo'y alangãng huguis europeo't alangãng huguis insíc, at may nátatanaw namáng isáng "azoteang"[17] may mg̃a balag at mg̃a "glorietang"[18] bahagyâ na naliliwanagan ng̃mg̃a maliliit na farol na papel na may sarisaring culay.

Nasasalas ang mangãgsisicain, sa guitnâ ng̃lubháng malalakíng mg̃a salamín at na ngãgnínigning na mg̃a araña[19]: at doon sa ibabaw ng̃isáng tarimang[20] pino[21] ay may isáng mainam na "piano de cola"[22], na ang halaga'y camalácmalác, at lalò ng̃mahalagá ng̃gabíng itó, sa pagca't sino ma'y walang tumútugtog. Doo'y may isáng larawang "al óleo"[23] ng̃isáng lalaking makisig, nacafrac, unát, matuwíd, timbáng na tulad sa bastóng may borlas na tagláy sa mg̃a matitigás na daliring puspós ng̃mg̃a sinsíng: wari'y sinasabi ng larawan:

—¡Ehem! ¡masdán ninyó cung gaano carami ang suot co at aco'y hindî tumatawa!

Magagandá ang mgã casangcapan, baga man marahil ay hindî maguinhawahang gamitin at nacasasamâ pa sa catawan: hindî ngã ang icaiilag sa sakít ng̃canyáng mgã inaanyayahan ang naiisip ng̃may-arì, cung dî ang sariling pagmamarikít.—¡Tunay at cakilakilabot na bagay ang pag-iilaguín, datapowa't cayó namá'y umuúpô sa mgã sillóng gawáng Europa, at hindî palaguing macacátagpò cayó ng̃ganyán!—itó marahil ang sinasabi niya sa canilá.

Halos punô ng̃tao ang salas: hiwaláy ang mgã lalaki sa mgã babae, tulad sa mgã sambahang católico at sa mgã sinagoga[24]. Ang mgã babae ay iláng mgã dalagang ang iba'y filipina at ang iba'y española: binúbucsan nila ang bibíg upang piguilin ang isáng hicáb; ngũni't pagdaca'y tinátacpan nilá ng̃caniláng mgã abanico; bahagyâ na nangãgbubulungãn ng̃iláng mgã pananalitâ; anó mang pag-uusap na ipinagsúsumalang pasimulán, pagdaca'y naluluoy sa iláng putól-putól na sábi; catulad niyáng mgã ingãy na náriringĩg cung gabí sa isáng bahay, mgã ingãy na gawâ ng̃mgã dagâ at ng̃mgã butikî. ¿Bacâ cayâ naman ang mgã larawan ng̃mgã iba't ibang mgã "Nuestra Señora"[25] na nagsabit sa mgã pader ang siyang ninilit sa mgã dalagang iyong huwag umimíc at magpacahinhíng lubós, ó dito'y talagang natatangĩ ang mgã babae?

Ang tangĩng sumasalubong sa pagdatíng ng̃mgã guinoong babae ay isáng babaeng matandang pinsan ni capitán Tiago, mukhang mabait at hindî magaling magwicang castilà. Ang pinacaubod ng̃ canyáng pagpapakitang loob at pakikipagcapuwa tao'y walâ cung ang dî mag-alay sa mgã española ng̃tabaco at hitsô, at magpahalíc ng̃canyang camáy sa mgã filipina, na ano pa't walang pinag-ibhán sa mgã fraile. Sa cawacasa'y nayamot ang abáng matandang babae, caya't sinamantala niya ang paglagapác ng̃ isang pinggang nabasag upang lumabás na dalidalì at nagbububulong:

—¡Jesus! ¡Hintay cayó, mgã indigno[26]!

At hindî na mulíng sumipót.

Tungcol sa mgã lalaki'y nangãgcacaingã'y ng̃ cauntî. Umaaticabong nangãgsasalitaan ang iláng mgã cadete[27]; ngũni't mahihinà ang voces, sa isa sa mgã súloc at manacanacang tinitingnan nila at itinuturo ng̃dalirî ang iláng mgã taong na sa salas, at silasila'y nangãgtatawanang ga inililihim ng̃hindi naman; ang bilang capalit nama'y ang dalawang extrangero[28] na capowâ nacaputî ng̃ pananamit, nangãcatalicod camáy at dî umíimic ay nangãgpaparoo't paritong malalakí ang hacbang sa magcabicabilang dulo ng̃salas, tulad sa guinágawâ ng̃ mgã naglalacbay-dagat sa "cubierta"[29] ng̃ isáng sasacyán. Ang masaya't mahalagáng salitàa'y na sa isang pulutóng na ang bumubuo'y dalawang fraile,

dalawang paisano[30] at isáng militar na canilang naliliguid ang isáng maliit na mesang kinalalagyan ng̃ mg̃a botella ng̃ alac at mg̃a biscocho inglés[31].

Ang militar ay isang matandang teniente, matangcád, mabalasic ang pagmumukhâ, na ano pa't anaki'y isang Duque de Alba[32] na napag-iwan sa escalafón[33] ng̃ Guardia Civil[34]. Bahagyâ na siya nagsásalita, datapuwa't matigás at maiclî ang pananalitâ.—Ang isá sa mg̃a fraile'y isang dominicong bata pa, magandá, malinis at maningning, na tulad sa canyang salamín sa matang nacacabit sa tangcáy na guintô, maaga ang pagca ugaling matandâ: siya ang cura sa Binundóc at ng̃ mg̃a nacaraang tao'y naguing catedrático[35] sa San Juan de Letran[36]. Siya'y balitang "dialéctico"[37], caya ng̃a't ng̃ mg̃a panahong iyóng nang̃ang̃ahas pa ang mg̃a anac ni Guzmang[38] makipagsumag sa paligsahan ng catalasan ng̃ ísip sa mg̃a "seglar"[39], hindî macuhang malitó siya ó mahuli cailan man ng̃ magalíng na "argumentador"[40] na si B. de Luna[41]; itinutulad siya ng mg̃a "distingo"[42] ni Fr. Sibyla sa máng̃ing̃ísdang ibig humuli ng̃ igat sa pamamag-itan ng̃ sílò. Hindî nagsasálitâ ang dominico at tila mandin pinacatitimbang ang canyang mg̃a pananalità.

Baligtád ang isá namáng fraile, na franciscano, totoong masalitâ at lalò ng maínam magcucumpás. Bagá man sumusung̃aw na ang mg̃a uban sa canyang balbás, wari'y nananatili ang lácas ng̃ canyang malusóg na pang̃ang̃atawán. Ang mukhâ niyang magandá ang tabas, ang canyang mg̃a pagting̃ing nacalálaguim, ang canyáng malalapad na mg̃a pang̃a at batìbot na pang̃ang̃atawan ay nagbibigay anyô sa canyáng isáng patricio romanong[43] nagbalát cayô, at cahi't hindî sinasadya'y inyóng mágugunitâ yaong tatlong monjeng[44] sinasabi ni Heine[45] sa canyáng "Dioses en el destierro"[46], na nagdaraang namamangcâ pagcahating gabi sa isang dagatan doon sa Tyrol,[47] cung "equinoccio"[48] ng Septiembre, at sa tuwing dumaraa'y inilálagay ng̃ abang mámamangca ang isáng salapíng pílac, malamíg na cawang̃is ng̃ "hielo," na siyang sa canya'y pumupuspos ng̃ panglulumó. Datapuwa't si Fray Dámaso'y hindî mahiwagang gaya nilá; siya'y masayá, at cung pabug-al bug-al ang canyáng voces sa pananalità, tulad sa isang taong cailan ma'y hindi naaalang-alang, palibhasa'y ipinalálagay na banal at walâ ng̃ gágaling pa sa canyáng sinasabi, kinacatcat ang sacláp ng̃ gayóng ugalî ng̃ canyáng táwang masayá at bucás, at hangang sa napipilitan cang sa canya'y ipatawad ang pagpapakita ng̃ mg̃a paang waláng calcetín at mg̃a bintíng mabalahíbo, na icakikita ng̃ maraming pagcabuhay ng isáng Mendicta sa mg̃a feria sa Kiapò.

Ang isa sa mg̃a paisano'y isang taong malingguit, maitím ang balbás at waláng íkinatatáng̃î cung dî ang ilóng, na sa calakhá'y masasabing hindî canyá;

ang isá, nama'y isang binatang culay guintô ang buhóc, na tila bagong datíng dito sa Filipinas: itó ang masilacbóng pinakikipagmatuwiranan ng̃ franciscano.

—Makikita rin ninyó—ang sabi ng̃ franciscano—pagca pô cayó'y nátirang iláng bowan dito, cayó'y maniniwálà sa aking sinasabi: ¡ibá ang mamahala ng̃ bayan ng̃ Madrid at ibá, ang mátira sa Filipinas!

—Ng̃uni't....

—Acó, sa halimbáwà—ang patuloy na pananalitâ ni Fr. Dámaso, na lalong itinaas ang voces at ng̃ dî na macaimíc ang canyang causap—aco'y mayroon na ritong dalawampo at tatlong taóng saguing at "morisqueta"[49], macapagsasabi aco ng̃ mapapaniwalâan tungcól sa bagay na iyan. Howág cayóng tumutol sa akin ng̃ alinsunod sa mgã carunungãn at sa mabubuting pananalitâ, nakikilala co ang "indio"[50]. Acalain ninyong mulá ng̃ aco'y dumatíng sa lupaíng ito'y aco'y iniucol na sa isang bayang maliit ngã, ngũni't totoong dúmog sa pagsasaca. Hindî co pa nauunawang magalíng ang wicang tagalog, gayon ma'y kinúcumpisal co na ang mgã babae[51] at nagcacawatasan camí, at lubháng pinacaíbig nila aco, na ano pa't ng̃ macaraan ang tatlóng taón, ng̃ aco'y ilipat sa ibáng báyang lalong malakí, na waláng namamahálà dahil sa pagcamatáy ng̃ curang "indio" roon, nangãgsipanangĩs ang lahat ng̃ babae, pinuspos acó ng̃ mgã handóg, inihatid nila acong may casamang música....

—Datapowa't iya'y nagpapakilala lamang....

—¡Hintáy cayó! ¡hintay cayó! ¡howag naman sana cayóng napacaningãs! Ang humalili sa akin ay hindí totoong nagtagal na gaya co, at ng̃ siya'y umalís ay lalò ng̃ marami ang naghatíd, lalo ng̃ marami ang umiyác at lalo ng̃ mainam ang música, gayóng siya'y lalò ng̃ mainam mamálò at pinataas pa ang mgã "derechos ng̃ parroquia"[52], hangang sa halos nag-ibayo ang lakí.

—Ngũni't itutulot ninyó sa aking....

—Hindî lamang iyan, nátira aco sa bayang San Diegong dalawampong taón, may iláng bowán lamang ngãyong aking.... iniwan (dito'y nagpakitang tila masamâ ang loob). Hindî maicacait sa akin nino mang dalawampong tao'y mahiguít cay sa catatagán upang makilala ang isang bayan. May anim na libo ang dami ng̃ taong namamayan sa San Diego, at bawa't tagaroo'y nakikilala co, na parang siya'y aking ipinangãnac at pinasuso: nalalaman co cung alín ang mgã lisyang caasalan nito, cung anó ang pinangãngãilangãn niyon, cung sino ang nangĩngĩbig sa bawa't dalaga, cung ano anong mgã pagcadupilas ang nangyari sa babaeng itó, cung sino ang tunay na amá ng̃ batang inianac, at iba pa; palibhasa'y

kinucumpisal co ang calahatlahatang taong-bayan; nangãg-iingãt ng̃mainam sila sa canicaniláng catungculan. Magsabi cung nagsisinungãling aco si Santiagong siyang may arì nitong bahay; doo'y marami siyang mgã lupà at doon camí naguíng magcaibigan. Ngãyo'y makikita ninyó cung anó ang "indio"; ng̃aco'y umalís, bahagya na acó inihatid ng̃ilang mgã matatandáng babae at iláng "hermano" tercero[53], ¡gayóng nátira aco roong dalawampong taón!

Ngũni't hindî co mapagcúrò cung anó ang cabagayán ng̃inyong mgã sinabi sa pagcacaális ng̃"estanco ng̃tabaco"[54]—ang sagot ng̃may mapuláng buhóc na causap, na canyang sinamantala ang sandaling pagcatiguil dahil sa pag-inom ng franciscano ng̃isang copita ng̃Jerez[55].

Sa pangguiguilalas ng̃ dî anó lamang ni Fr. Dámaso ay cauntî nang mabitiwan nito ang copa. Sandalíng tinitigan ang binata at:

—¿Paano? ¿paano?—ang sinabi pagcatapos ng̃ boong pagtatacá.—Datapowa't ¿mangyayari bagang hindî ninyo mapagwarì iyang casíng liwanag ng̃ íluw? ¿Hindî ba ninyó nakikita, anác ng̃ Dios, na ang lahat ng̃ ito'y nagpapatibay na totoo, na pawang cahalingãn ang mgã pagbabagong utos na guinágawà ng̃mgã minìstro?

Ngãyo'y ang may puláng buhóc naman ang natigagal, lalong ikinunot ng teniente ang canyang mgã kilay, iguinagalaw ang ulo ng̃taong bulilit na parang ipinahahalatâ niyang binníbigyan niyang catuwiran ó hindi si Fray Dámaso. Nagcasiya na lamang ang dominico sa pagtalicód sa canilang lahat halos.

—¿Inaacalà bagá ninyó ...?—ang sa cawacasa'y nagawang tanóng ng̃boong catimpian ng̃binátà, na tinítitigan ng̃boong pagtatacá ang fraile.

—¿Na cung inaacalà co? ¡Sinasampalatayanan cong gaya ng pagsampalataya sa Evangelio[56]! ¡Napaca "indolente"[57] ang "indio"!

—¡Ah! ipatawad po ninyong salabatin co ang inyong pananalitâ—anang binatà, na idinahan ang voces at inilapít ng̃cauntî ang canyang upuan; sinabi po ninyo ang isang salitâ na totoong nacaakit sa aking magdilidili. ¡Tunay ngã cayang catutubò ng̃mgã dalisay na tagarito ang pagca "indolente," ó nangyayari ang sinasabi ng̃isang maglalacbáy na taga ibang lupain, na tinátacpan natin ng pagca indolenteng ito ang ating sariling pagca indolente, ang pagcáhuli natin sa pagsulong sa mgã carunungãn at ang ating paraan ng̃pamamahala sa lupaíng nasasacupan? Ang sinabi niya'y ucol sa mgã ibang lupaíng sacóp, na ang mgã nananahan doo'y pawang sa lahì ring iyan!...

—¡Ohó! ¡Mgã cainguitan! ¡Itanong pô ninyo cay guinoong Laruja na nacakikílala rin sa lupaíng itó; itanong ninyo sa canya cung may mgã catulad ang camangmangãn at ang pagca "indolente" ng̃ indio!

—Tunay ngã—ang sagót namán ng̃ bulilít na lalaking siyang binangguit—¡hindî po cayó macacakita sa alin mang panig ng̃ daigdíg ng̃ híhiguit pa sa pagca indolente ng̃ indio, sa alin mang panig ng̃ daigdíg!

—¡Ni iba pang lalong napacasama ng̃ asal na pinagcaratihan, ni iba pang lalong hindî marunong cumilala ng̃ utang na loob!

—¡At ng̃ ibang lalong masamâ ang túrò!

Nagpasimulâ ang binatang mapulá ang buhóc ng̃ pagpapalingãplingãp sa magcabicabilà ng̃ boong pag-aalap-ap.

—Mgã guinoo—ang sinabing marahan—tila mandin tayo'y na sa bahay ng isang "indio". Ang mgã guinoong dalagang iyan....

—¡Bah! huwag cayóng napaca magugunigunihin! Hindî ipinalalagay ni Santiagong siya'y "indio," bucód sa roo'y hindî siya naháharap, at.... ¡cahi't náhaharap man siya! Iya'y mgã cahalingãn ng̃ mgã bágong dating. Hayaan ninyong macaraan ang ilang bowan; magbabago cayóng isipán pagca cayo'y nacapagmalimít sa maraming mgã fiesta at "bailujan"[58], nacatulog sa mgã catre at nacacain ng̃ maraming "tinola".

—Tinatawag po ba ninyong tinola ang bungãng cahoy na cahawig ng̃ "loto"[59] na ... ganyan ... nacapagmamalimutin sa mgã tao?

—¡Ano bang loto ni loteria!—ang sagot ni párì Dámasong nagtátawa;—nagsasalitâ cayó ng̃ mgã cahalingãn. Ang tinola ay ang pinaghalong inahíng manoc at sacá úpo. ¿Buhat pa cailán dumating cayó?

—Apat na araw—ang sagot ng̃ binatang ga namumuhî na.

—¿Naparito ba cayong may catungculan?

—Hindi pô; naparito acó sa aking sariling gugol upang mapagkilala co ang lupaíng itó.

—¡Aba, napacatangĩ namang ibon!—ang saysay ni Fr. Dámaso, na siya'y minamasdan ng̃ boong pagtatacá—¡Pumarito sa sariling gugol at sa mgã cahalingãn lamang! ¡Cacaibá namáng totoo! ¡Ganyang caraming mgã libro ... sucat na ang magcaroon ng̃ dalawang dáling noo[60].... Sa ganya'y maraming

sumulat ng͠ mgã dakílang libro! ¡Sucat na ang magcaroon ng͠ dalawang daling noo....

—Sinasabi ng͠ "cagalanggalang po ninyo"[61] ("Vuestra reverencia"), párì Dámaso—ang biglang isinalabat ng͠ dominico na pinutol ang salitaan—na cayo'y nanaháng dalawampong taón sa bayang San Diego at cayo umalis doon.... ¿hindî pô ba kinalúlugdan ng͠ inyong cagalangãn ang bayang iyon?

Biglang nawalâ ang catowaan ni Fr. Dámaso at tumiguil ng͠ pagtatawá sa tanóng na itong ang anyo'y totoong parang walang anó man at hindî sinásadyâ.

Nagpatuloy ng͠ pananalitâ ang dominico ng͠ anaki'y lalong nagwáwalang bahálà:

—Marahil ngã'y nacapagpipighati ang iwan ang isáng bayang kinátahanang dalawampong taón at napagkikilalang tulad sa hábitong suot. Sa ganáng akin lamang naman, dinaramdam cong iwan ang Camilíng, gayóng iilang buwan acóng nátira roon ... ng͠ũni't yaó'y guinawâ ng͠ mgã púnò sa icagagaling ng͠ Capisanan ... at sa icágagaling co namán.

Noon lamang ng͠ gabíng iyón, tila totoong natilihan si Fr. Dámaso. Di caguinsaguinsa'y pinacabigyanbigyan ng͠ suntóc ang palungãn ng͠ camáy ng͠ canyáng sillón, humingã ng͠ malacás at nagsalitâ:

—¡O may Religión ó wala! sa macatuid baga'y ¡ó ang mgã cura'y may calayâan ó walâ! ¡Napapahamac ang lupang itó, na sa capahamacán!

At sácâ mulíng sumuntóc.

—¡Hindi!—ang sagót na paangĩl at galit, at saca biglang nagpatinghigâ ng boong lacás sa hiligán ng͠ sillón.

Sa pagcámanghâ ng͠ nangãsasalas ay nangãgtingĩnan sa pulutóng na iyón: itinungháy ng͠ dominico ang canyáng ulo upang tingnán niya si pári Dámaso sa ilalim ng͠ canyáng salamín sa mata. Tumiguil na sandali ang dalawáng extranjerong nangãgpapasial, nangãgtingĩnan, ipinakitang saglít ang caniláng mgã pangĩl; at pagdaca'y ipinagpatuloy uli ang caniláng pagpaparoo't parito.

—¡Masamâ ang loob dahiláng hindî ninyó binigyán ng͠ Reverencia (Cagalang-galang)!—ang ibinulóng sa taingã ng͠ binatang mapulá ang buhóc ni guinoong Laruja.

—¿Anó pô bâ, ang ibig sabihin ng͠ "cagalanggalang" ninyó (Vuestra Reverencia)? ¿anó ang sa inyo'y nangyayari?—ang mgã tanóng ng͠ dominico at

ng̃teniente, na iba't ibá ang taas ng̃voces.

—¡Cayâ dumaráting dito ang lubháng maraming mgã sacunâ! ¡Tinatangkílik ng̃mgã pinúnò ang mgã "hereje"[62] laban sa mgã "ministro" ng̃ Dios[63]! ang ipinagpatuloy ng̃ franciscano na ipinagtutumâas ang canyáng malulusog ó na mgã panuntóc.

—¿Anó pô ba ang ibig ninyóng sabihin?—ang mulíng itinanóng ng̃abot ng kilay na teniente na anyóng titindig.

—¿Na cung anó ang íbig cong sabíhin?—ang inulit ni Fr. Dámaso, na lalong inilacás ang voces at humaráp sa teniente.—¡Sinasabi co ang ibig cong sabihin! Acó, ang ibig cong sabihi'y pagca itinatapon ng̃ cura sa canyáng libingãn ang bangcáy ng̃isáng "hereje," sino man, cahi ma't ang hárì ay waláng catuwirang makialám, at lalò ng̃waláng catuwirang macapagparusa. ¡At ngãyo'y ang isáng "generalito"[64], ang isáng generalito Calamidad[65] ...!

—¡Párì, ang canyáng Carilagán[66] (ang marilág bagáng Gobernador General) ay Vice-Real Patrono[67],—ang sigaw ng̃teniente na nagtindíg.

—¡Anó bang Carilagán ó Vice-Real Patrono[68] man!—ang sagót ng franciscanong nagtindíg din.—Cung nangyari itó sa ibáng panaho'y kinaladcád sana siyá ng̃pababâ sa hagdanan, tulad ng̃minsa'y guinawâ ng̃mgã Capisanan ng̃mgã fraile sa pusóng na Gobernador Bustamante[69]. ¡Ang mgã panahóng iyón ang tunay na panahón ng̃pananampalataya!

—Ipinauunawà co sa inyó na di co maitutulot ... Ang "Canyang Carilagán," (ó ang marilág na Gobernador General) ang pinacacatawán ng̃ Canyáng Macapangyarihan, ang Hárì[70].

—¡Anó bang hárì ó cung Roque[71] man! Sa ganáng amin ay waláng ibáng hárì cung dî ang tunay[72]....

—¡Tiguil!—ang sigáw ng̃tenienteng nagbabalà at wari'y mandin ay nag-uutos sa canyáng mgã sundalo;—¡ó inyóng pagsisisihan ang lahát ninyóng sinabi ó búcas din ay magbíbigay sabi acó sa Canyang Carilagán!...

—¡Lacad na cayó ngãyón din, lacad na cayó!—ang sagót ng̃ boong paglibác ni Fr. Dámaso, na lumapít sa tenienteng nacasuntóc ang camáy.—¿Acalà ba ninyo't may suot acóng hábito'y walâ acóng ...? ¡Lacad na cayo't ipahihíram co pa sa inyó ang aking coche!

Naoowî ang salitaan sa catawatawang anyô. Ang cagalingãng palad ay

nakialam ang dominico.—¡Mgã guinoo!—ang sabi niyáng taglay ang anyóng may capangyarihan at iyáng voces na nagdaraan sa ilóng na totoong nababagay sa mgã fraile;—huwag sana ninyóng papagligáwligawín ang mgã bagay, at howag namán cayóng humánap ng̃ mgã paglapastangãn sa waláng makikita cayó. Dapat nating ibucód sa mgã pananalitâ ni Fr. Dámaso ang mgã pananalitâ ng̃ tao sa mgã pananalitâ ng̃ sacerdote. Ang mgã pananalitâ ng̃ sacerdote, sa canyáng pagcasacerdote, "per se"[73], ay hindî macasasakít ng̃ loob canino man, sa pagca't mulâ sa lubós ng̃ catotohanan. Sa mgã pananalitâ ng̃ tao, ay dapat gawín ang isá pa manding pagbabahagui: ang mgã sinasabing "ab irato"[74], ang mgã sinabing "exore"[75], datapuwa't hindî "in corde"[76], at ang sinasabing "in corde". Ang mgã sinasabing "in corde" lamang ang macasasakít ng̃ loob: sacali't dating tinatagláy ng̃ "in meate"[77] sa isáng cadahilanan, ó cung nasabi lamang "per accidens"[78], sa pagcacáinitan ng̃ salitàan, cung mayroong....

—¡Ng̃ũni't aco'y "por accidens" at "por mi"[79] ay nalalaman co ang mgã cadahilanan, pári Sibyla!—ang isinalabat ng̃ militar, na nakikita niyáng siya'y nabibilot ng̃ gayóng caraming mgã pag tatangĩtangĩ, at nangãngãnib siyáng cung mapapatuloy ay siyá pa ang lalábas na may casalanan.—Nalalaman co ang mgã cadahilanan at papagtatangĩin ng̃ "cagalangãn pô ninyo" (papagtatangĩtangĩin pô ninyo). Sa panahóng wala si pári Dámaso sa San Diego ay inilibíng ng coadjutor[80] ang bangcáy ng̃ isáng táong totoong carapatdapat ...; opò, totoong carapatdapat; siya'y macáilan cong nácapanayam, at tumúloy acó sa canyáng bahay. Na siya'y hindi nang̃ũmpisál cailan man, at iyán bagá'y ¿anó? Acó ma'y hindi rin nang̃ũng̃ũmpisál, ng̃ũni't sabihing nagpacamatáy, iya'y isáng casinungãlingãn, isáng paratang. Isáng táong gaya niyáng may isáng anác na lalaking kinabubuhusan ng̃ boong pag-irog at mgã pag-asa, isáng táong may pananampalataya sa Dios, na nacacaalám ng̃ canyang mgã catungculang dapat ganapín sa pamamayan, isáng táong mapagmahál sa capurihán at hindi sumisinsay sa catuwiran, ang ganyáng tao'y hindî nagpápacamatay. Ito'y sinasabi co, at hindî co sinasabi ang mgã ibáng aking iniisip, at kilanlíng utang na loob sa akin ng̃ "cagalangãn" pô ninyó.

At tinalicdán ang franciscano at nagpatuloy ng̃ pananalitâ:

—Ng̃ magcágayo'y ng̃ magbalic ang curang itó sa bayan, pagcatapos na maalipustá ang coadjutor, ang guinawa'y ipinahucay ang bangcáy na iyón, ipinadala sa labás ng̃ libingãn, upang ibaón hindi co maalaman cung saan. Sa caruwagan nang bayang San Diego'y hindi tumutol; tunay ngã't iilan lamang ang nacaalam, walang camag-anac ang nasirà, at na sa Europa ang canyang bugtóng na anác; ng̃ũni't nabalitaan ng̃ Gobernador General, at palibhasa'y táong may

dalisay na púsò, ay hiningĩ ang caparusahán ... at inilipat si pári Dámaso sa lalong magaling na bayan. Itó ngã lamang ang nangyari. Ngãyo'y gawín ng̃"inyó pong cagalangãn" ang pagtatangĩtangĩ.

At pagca sabi nitó'y lumayò sa pulutóng na iyón.

—Dináramdam cong hindî co sinásadya'y nábanguit co ang isáng bagay na totoong mapangãnib ani párì Sibylang may pighatî.—Datapuwa't cung sa cawacasa'y nakinabang naman cayó sa pagpapalít-bayan....

—¡Anó bang pakikinabangĩn! ¿At ang nawáwalâ sa mgã paglipat ... at ang mgã papel ... at ang mgã ... at ang lahát ng̃ mgã náliligwín?—ang isinalabat na halos nauutál ni Fr. Dámaso na hindi macapagpiguil ng̃ galit.

Untiunting nanag-úli ang capisanang iyón sa dating catahimican.

Nangãgsidatíng ang ibá pang mgã tao, caacbáy ang isáng matandáng castilàng piláy, matamís at mabaít ang pagmumukhâ, nacaacay sa bísig ng̃ isáng matandáng babaeng filipinang punô ng̃ culót ang buhóc, may mgã pintá ang mukhâ at nacasuot europea.

Sila'y sinalubong ng̃ bating catoto ng̃ naroroong pulutóng, at nangãgsiupô sa tabí ng̃ ating mgã cakilala ang Doctor De Espadaña at ang guinoong asawa niyang "doctora" na si Doña Victorina. Doo'y napapanood ang iláng mgã "periodista"[81] at mgã "almacenero"[82] na nangãgpaparoo't parito at waláng maalamang gawín.

—Ngũni't ¿masasabi pô ba ninyo sa akin, guinoong Laruja, cung anóng tao cayâ ang may arì ng̃ bahay?—ang tanóng ng̃ binatang mapulá ang buhóc.—Aco'y hindî pa naipapakilala sa canyá[83].

—Ang sabihana'y umalís daw, acó ma'y hindi co pa siyá nakikita.

—¡Dito'y hindî cailangãnang mgã pagpapakilala!—ang isinabád ni Fr. Dámaso,—Si Santiago'y isáng táong mabaít.

—Isang táong hindi nacátuclas ng̃ pólvorâ—ang idinugtong ni Laruja.

—¡Cayó pô namán, guinoong Laruja!—ang sinabi sa malambing na pagsisi ni Doña Victorinang nag-aabanico.—¿Paano pô bang matutuclasan pa ng̃ abang iyón ang pólvora, ay alinsunod sa sabi'y natuclasan na ito ng̃ mgã insíc na malaong panahón na?

.....Ang Doctor De Espadaña at ang canyang guinoong asawa ang "Doctora" Doña Victorina ...—Imp. de M Fernández, Paz 447, Sta. Cruz.

—¿Nang mg̃a insíc? ¿Nasisirà bâ ang isip ninyo?—ang sabi ni Fr. Dámaso, —¡Tumahán ng̃â cayó! ¡Ang nacátuclas ng̃ paggawâ ng̃ pólvora'y isang franciscano, isá sa aming samahan, Fr. Hindî co maalaman Savalls, ng̃siglong ... ¡icapitó!

—¡Isang franciscano! Marahil naguíng misionero sa China, ang párì Savalls na iyan—ang itinutol ng̃guinoong babae na hindî ipinatatalo ng̃gayongayon lamang ang canyang mg̃a isipan.

—Marahil Schwartz[84] ang ibig pô ninyong sabihin, guinoong babae—ang itinugón namán ni Fr. Sibyla, na hindî man lamang siya tinítingnan.

—Hindî co maalaman; sinabi ni Fr. Dámasong Savalls: walâ acóng guinawâ cung dî inulit co lamang ang canyang sinalitâ.

—¡Magalíng! Savalls ó Chevás, ¿eh anó ng̃ayon? ¡Hindî dahil sa isáng letra ay siya'y maguiguing insíc!—ang mulíng sinaysay na nayáyamot ang franciscano.

—At ng̃icalabing-apat na siglo at hindî ng̃icapitó—ang idinugtóng ng dominico, na ang anyo'y parang sinásala ang camalìan at ng̃pasakitan ang capalaluan niyong isáng fraile.

—¡Mabuti, datapuwa't hindî sa paglalabis cumulang ng̃isáng siglo'y siya'y maguiguing dominico na!

—¡Abá, howag pô sanang magalit ang cagalang̃an pô ninyo!—ani párì Sibylang ng̃umíngitî.—Lalong magalíng cung siya ang nacátuclas ng̃paggawâ ng̃pólvora, sa pagca't sa gayo'y naibsan na niya sa pagcacapagod sa gayóng bagay ang canyang mg̃a capatíd.

—¿At sinasabi pô ninyo, párì Sibyla, na nangyari ang bagay na iyón ng icalabíng apat na siglo?—ang tanóng na malakí ang nais na macatalós ni Doña Victorina—¿ng̃hindî pa ó ng̃macapagcatawáng tao na si Cristo?

Pinalad ang tinátanong na pumasoc sa salas ang dalawang guinoo.

Decorative motif

Decorative motif

# II.

## CRISOSTOMO IBARRA

Hindî magagandá at mabubuting bíhis na mgã dalaga upang pansinín ng lahat, sampô ni Fr. Sibyla; hindî ang cárilagdilagang Capitan General na casama ang canyang mgã ayudante upang maalís sa pagcatigagal ang teniente at sumalubong ng̃ ilang hacbáng, at si Fr. Dámaso'y maguíng tila nawal-an ng díwà: sila'y walâ cung dî ang "original" ng̃ larawang naca frac, na tangãn sa camáy ang isáng binatang luksâ ang boong pananamit.

—¡Magandang gabí pô, mgã guinoo! ¡Magandang gabí pô "among"[85]!—ang unang sinabi ni Capitang Tiago, at canyáng hinagcan ang mgã camáy ng mgã sacerdote, na pawang nacalimot ng̃ pagbebendicion. Inalís ng̃ dominico ang canyang salamín sa mata upang mapagmasdan ang bagong datíng na binatà at namumutlâ si Fr. Dámaso at nangdídidilat ang mgã matá.

—¡May capurihan acóng ipakilala pô sa inyó si Don Crisòstomo Ibarra, na anác ng̃ nasirà cong caibigan!—ang ipinagpatuloy ni Capitang Tiago.—Bagong galing sa Europa ang guinoong ito, at siya'y aking sinalubong.

Umalingãwngãw ang pagtatacá ng̃ máringĩg ang pangãlang ito; nalimutan ng̃ tenienteng bumatì sa may bahay, lumapit siya sa binatà at pinagmasdan niya ito, mulâ sa paa hanggang ulo. Ito'y nakikipagbatian ng̃ mgã ugaling salitâ ng sandalíng iyon sa boong pulutóng; tila mandin sa canya'y walang bagay na naíiba sa guitnâ ng̃ salas na iyon, liban na lamang sa canyang pananamít na itím. Ang canyang taas na higuít sa caraniwan, ang canyang pagmumukhâ, ang canyang mgã kílos ay pawang naghahalimuyac niyang cabataang mainam na pinagsabay inaralan ang catawa't cálolowa. Nababasa sa canyang mukháng bucás at masayá ang cauntíng bacás ng̃ dugong castilà na naaaninag sa isang magandáng culay caymanggui, na mapulapulá sa mgã pisngĩ, marahil sa pagcápatira niya sa mgã bayang malalamíg.

—¡Abá!—ang biglang sinabi sa magalác na pagtatacá—¡ang cura ng̃ aking bayan! ¡Si parì Dámaso: ang matalic na caibigan ng̃ aking amá!

Nangãgtingĩnang lahat sa franciscano: ito'y hindi cumilos.

—¡Acó po'y pagpaumanhinan ninyó, aco'y nagcámali!—ang idinugtong ni Ibarra, na ga nahihiyâ na.

—¡Hindî ca nagcámali!—ang sa cawacasa'y naisagot ni Fr. Dámaso, na sirâ ang voces.—Ngũni't cailan ma'y hindî co naguíng caibigang matalic ang iyong amá.

Untiunting iniurong ni Ibarra ang canyang camáy na iniacmáng humawac sa camáy ni parì Dámaso, at tiningnan niya itó ng̃ boong pangguiguilalas; lumingõn at ang nakita niya'y ang mabalasic na anyô ng̃ teniente, na nagpapatuloy ng̃pagmamasíd sa canya.

—Bagongtao, ¿cayó po bâ ang anác ni Don Rafael Ibarra?

Yumucód ang binatà.

Ga tumindíg na sa canyang sillón si Fr. Dámaso at tinitigan ang teniente.

—¡Cahimanawarî dumatíng cayong malualhatì dito sa inyong lupaín, at magtamó nawâ pô cayó ng̃lalong magandang palad cay sa inyong ama!—ang sabi ng̃militar na nangĩngĩnig ang voces. Siya'y aking nakilala at nácapanayam, at masasabi cong siya'y isa sa mgã taong lalong carapatdapat at lalong may malinis na capurihán sa Filipinas.

—Guinoo—ang sagót ni Ibarrang nababagbag ang púsò—ang inyo pong pagpuri sa aking amá ay pumapawì ng̃ aking mgã pag-alap-ap tungcol sa caniyang kinahinatnang palad, na aco, na canyang anác ay di co pa napagtátalos.

Napunô ng̃lúhà ang mgã matá ng̃matandà, tumalicód at umalís na dalídálì.

Napag-isa ang binata sa guitnâ ng̃ salas; at sa pagca't nawalâ ang may bahay, walâ siyang makitang sa canya'y magpakilala sa mgã dalaga, na ang caramiha'y tinitingnan siya ng̃may paglingãp. Nang macapag-alinlang may iláng minuto, tinungõ niya ang mgã dalagang tagláy ang calugodlugod na catutubong kilos.

—Itulot ninyo sa aking lacdangãn co—anya—ang mgã utos ng̃mahigpit na pakikipagcapwa tao. Pitóng taón na ngãyong umalís acó rito sa aking bayan, at ngãyong aco'y bumalíc ay hindi co mapiguilan ang nasang aco'y bumáti sa lalong mahalagang hiyas niya; sa canyang mgã suplíng na babae.

Napilitan ang binatang lumayò roon, sa pagca't sino man sa mgã dalaga'y waláng nangãhás sumagot. Tinungõ niya ang pulutóng ng̃ilang mgã guinoong lalaki, na ng̃mámasid na siya'y dumarating ay nangãgcabilog.

Mgã guinoo—anya—may isang caugalían sa Alemaniang pagca pumaparoon sa isang capisanan, at walang masumpungãng sa canya'y magpakilala sa mgã ibá; siya ang nagsasabi ng̃ canyáng pangãlan at napakikilala, at sumasagot naman ang mgã causap ng̃ sa gayón ding paraan. Itúlot pô ninyó sa akin ang ganitóng ugálì; hindî dahil sa ibig cong dito'y magdalá ng̃ mgã asal ng mgã tagá ibáng lupain, sa pagca't totoong magaganda rin naman ang ating mgã caugalian, cung dî sa pagca't napipilitan cong gawín ang gayong bagay. Bumati na acó sa langĩt at sa mgã babae ng̃ aking tinubuang lúpà: ngãyo'y ibig cong bumati naman sa mgã cababayan cong lalaki. ¡Mgã guinoo, ang pangãlan co'y Juan Crisóstomo Ibarra at Magsalin!

Sinabi naman sa canya ng̃ canyang mgã causap ang canicanilang mgã pangãlang humiguit cumulang ang pagca walang cabuluhan, humiguit cumulang ang pagca hindî nakikilala nino man.

—Ang pangãlan co'y A—á!—ang sinabi't sucat ng̃ isang binata at bahagya ng̃ yumucód.

—¿Bacâ po cayá may capurihan acong makipagsalitaan sa poetang ang mgã sinulat ay siyáng nacapagpanatili ng̃ marubdób cong pagsintá sa kinaguisnan cong bayan? Ibinalità sa aking hindî na raw po cayó sumusulat, datapuwa't hindî nila nasabi sa akin ang cadahilanan ...

—¿Ang cadahilanan? Sa pagcá't hindî tinatawag ang dakílang ningãs ng isip upang ipamalingcahod at magsinungãlíng. Pinag-usig sa haráp ng̃ hucóm ang isang tao dahil sa inilagáy sa tulâ ang isang catotohanang hindi matututulan. Aco'y pinangãlanang poeta, ngũni hindî aco tatawaguing ulól.

—At ¿mangyayari po bagang maipaunawà ninyo cung anó ang catotohanang yaon?

—Sinabi lamang na ang anac ng̃ león ay león din namán; cacaunti na't siya'y ipinatapon sana.

At lumayô sa pulutóng na iyón ang binatang may cacaibang asal.

Halos tamátacbo ang isáng táong masayá ang pagmumukhâ, pananamit filipino ang suot, at may mgã botones na brillante sa "pechera." Lumapit cay Ibarra, nakipagcamay sa canyá at nagsalitâ:

—¡Guinoong Ibarra, hinahangãd cong mákilala co pô cayó; caibigan cong matalic si Capitang Tiago, nakilala co ang inyóng guinoong amá ...; ang pangãlan co'y Capitang Tinong, nanánahan aco sa Tundóng kinálalagyan ng

inyóng báhay; inaasahan cóng pauunlacán ninyó acó ng̃inyóng pagdalaw; doon na pô cayó cumain búcas!

Bihág na bihág si Ibarra sa gayóng calakíng cagandahang loob: ng̃umíngĩtî si Capitang Tinong at kinucuyumos ang mg̃a camay.

—¡Salamat po!—ang isinagót ng̃boong lugód.—Ng̃uni't pasasa San Diego po acó búcas ...

—¡Sáyang! ¡Cung gayo'y sacâ na, cung cayo'y bumalíc!

—¡Handâ na ang pagcain!—ang bigáy álam ng̃isáng lingcod ng̃Café "La Campana." Nagpasimulâ ng̃ pagpasamesa ang panauhín, bagá man nagpapamanhíc na totoo ang mg̃a babae, lalong lalò na ang mg̃a filipina.

Decorative motif

---

Decorative motif

# III.

## ANG HAPUNAN

*Jele jele bago quiere,*[86]

Tila mandîn totoong lumiligaya si Fr. Sibyla: tahimic na lumalacad at hindî na námamasid sa canyáng nangĩngĩlis at manipís na mgã labì ang pagpapawaláng halagá; hanggáng sa marapating makipagusap sa pilay na si doctor De Espadaña, na sumásagot ng̃ putól-putól na pananalitâ, sa pagcát siya'y may pagcá utál. Cagulatgulat ang samâ ng̃ loob ng̃ franciscano, sinisicaran ang mgã sillang nacahahadláng sa canyáng nilalacaran, at hanggáng sa sinicó ang isáng cadete. Hindî nagkikikibô ang teniente; nagsasalitaán ng̃ masayá ang ibá at caniláng pinupuri ang cabutiha't casaganàan ng̃ haying pagcain. Pinacunot ni Doña Victorina, gayón man, ang canyáng ilóng; ng̃ũni't caracaraca'y lumingõng malakí ang gálit, cawangĩs ng̃ natapacang ahas: mangyari'y natuntungãn ng̃ teniente ang "cola" ng̃ canyáng pananamít.

—Datapuwa't ¿walâ pô bâ, cayóng mgã matá?—anyá.

—Mayroon pô, guinoong babae, at dalawáng lalóng magalíng cay sa mgã matá ninyó; datapowa't pinagmámasdan co pô iyang inyóng mgã culót ng̃ buhóc—ang itinugón ng̃ militar na iyong hindî totoong mápagparayâ sa babae, at sacâ lumayô.

Bagá man hindî sinasadya'y capuwâ tumungõ ang dalawáng fraile sa dúyo ó ulunán ng̃ mesa, marahil sa pagca't siyáng pinagcaratihan nilá at nangyari ngã̑ ang mahíhintay, na tulad sa nangãgpapangãgaw sa isáng cátedra[87]: pinupuri sa mgã pananalitâ ang mgã carapatán at cataásan ng̃ ísip ng̃ mgã capangãgáw; datapua't pagdaca'y ipinakikilala ang pabaligtad, at nangãg-úungõl at nangãg-uupasalà cung hindî silá ang macapagtamó ng̃ caniláng hangãd.

—¡Ucol pô sa inyó, Fr. Dámaso!

—¡Ucol pô sa inyó, Fr. Sibyla!

—Cayo ang lalong unang cakilala sa bahay na itó ... confesor ng̃ nasirang may bahay na babae, ang lalong may gulang, may carapatán at may

capangyarihan....

—¡Matandáng matanda'y hindî pa naman!—ngũni't cayo pô naman ang cura nitong bayan!—ang sagót na matabang ni Fr. Dámasong gayón ma'y hindî binibitiwan ang silla.

—¡Sa pagca't ipinag-uutos pô ninyó'y acó'y sumusunod!—ang iniwacás ni Fr. Sibyla.

—¡Aco'y hindî nag-uutos!—ang itinutol ng̃ franciscano—¡aco'y hindî nag-uutos!

Umuupô na sana si Fr. Sibylang hindî pinápansin ang mgã pagtutol na iyón, ng̃ macasalubong ng̃ canyang mgã matá ang mgã matá ng̃ teniente. Ang lalong mataas na oficial sa Filipinas, ayon sa caisipán ng̃ mgã fraile, ay totoong malakí ang cababaan sa isáng uldog na tagapaglútò ng̃ pagcain. "Cedant arma togæ"[88], ani Cicerón sa Senado; "cedant arma cotae"[89] anang mgã fraile sa Filipinas. Datapuwa't mapitagan si Fr. Sibyla, caya't nagsalitâ:

—Guinoong teniente, dito'y na sa mundo[90] po tayo at walâ sa sambahan; nararapat po sa inyo ang umupô rito.

Datapuwa't ayon sa anyô ng̃ canyang pananalita'y sa canya rin nauucol ang upuang iyón, cahi't na sa mundo. Ang teniente, dahil yatà ng̃ siya'y howag magpacagambalà, ó ng̃ huwag siyang umupô sa guitnâ ng̃ dalawáng fraile, sa maiclíng pananalita'y sinabing áyaw siyang umupô roon.

Alín man sa tatlóng iyo'y hindî nacaalaala sa may bahay. Nakita ni Ibarrang nanonood ng̃ boong galác at nacangĩtî sa mgã pagpapalamangãng iyón sa upuan ang may bahay.

—¡Bakit pô, Don Santiago! ¿hindi pô bâ cayó makikisalo sa amin?—ani Ibarra.

Ngũni't sa lahat ng̃ mgã upuan ay may mgã tao na. Hindî cumacain si Lúculo[91] sa bahay ni Lúculo.

—¡Tumahimic pô cayó! howag cayóng tumindîg!—ani Capitang Tiago, casabay ng̃ pagdidíin sa balicat ni Ibarra. Cayâ pa namán gumágawâ ang pagdiriwáng na ito'y sa pagpapasalamat sa mahál na Vírgen sa inyóng pagdatíng. Nagpagawâ acó ng̃ "tinola" dahil sa inyó't marahil malaon ng̃ hindî ninyó nátiticiman.

Dinalá sa mesa ang isáng umáasong malaking "fuente"[92]. Pagcatapos

maibulóng ng̃dominico ang "Benedícte"[93] na halos walâ sino mang natutong sumagot, nagpasimulâ ng̃pamamahagui ng̃laman ng̃fuenteng iyon. Ng̃uni't ayawan cung sa isáng pagcalibáng ó iba cayáng bagay, tumamà cay párì Dámaso ang isáng pinggang sa guitnâ ng̃maraming úpo at sabáw ay lumálang̃oy ang isáng hubád na líig at isáng matigás na pacpác ng̃inahíng manóc, samantalang cumacain ang ibá ng̃mg̃ã hità at dibdíb, lalong lalò na si Ibarra, na nagcapalad mapatamà sa canyá ang mg̃ã atáy, balonbalonan at ibá, pang masasaráp na lamáng loob ng̃inahíng manóc. Nakita ng̃franciscano ang lahát ng̃itó, dinurog ang mg̃ã úpo, humigop ng̃cauntíng sabáw, pinatunóg ang cuchara sa paglalagáy at bigláng itinulac ang pingga't inilayô sa canyáng harapán. Nalílibang namáng totoo ang dominico sa pakikipagsalitàan sa binatang mapulá ang buhóc.

—¿Gaano pong panahóng nápaalis cayó sa lupaíng ito?—ang tanóng ni Laruja cay Ibarra.

—Pitóng taón halos.

—!Aba! ¿cung gayó'y marahil, nalimutan na ninyó ang lupaíng ito?

—Baligtád pô; bagá man ang kinaguisnan cong lupa'y tila mandin linilimot na acó, siyá'y laguì cong inaalaala.

—¿Anó po ang íbig ninyóng sabihin?—ang tanóng ng̃mapuláng buhóc.

—Ibig cong sabíhing may isang taón na ng̃ãyóng hindî aco tumátangap ng ano mang balità tungcol sa bayang itó, hanggang sa ang nacacatulad co'y ang isang dî tagaritong hindî man lamang nalalaman cung cailan at cung paano ang pagcamatay ng̃canyang ama.

—¡Ah!—ang biglang sinabi, ng̃teniente.

—At ¿saan naroon pô cayo at hindî cayo tumelegrama?—ang tanong ni Doña Victorina.—Tumelegrama cami sa "Peñinsula"[94] ng̃cami'y pacasal.

—Guinoong babae; nitong huling dalawang tao'y doroon aco sa dacong ibabâ ng̃Europa, sa Alemania at sacâ sa Colonia rusa.

Minagaling ng̃Doctor De Espadaña, na hanggá ng̃ãyo'y hindî nang̃ãng̃ãhás magsalitâ, ang magsabi ng̃cauntî:

—Na ... na ... nakilala co sa España ang isang polacong tagá, Va ... Varsovia, na ang pang̃ãla'y Stadtnitzki, cung hindî masamâ ang aking pagcatandâ; ¿hindî pô bâ ninyó siya nakikita?—ang tanong na totoong kimî at halos namumula sa cahihiyan.

—Marahil pô—ang matamís na sagót ni Ibarra—ngũni't sa sandalîng itó'y hindî ko naaalaala siyá.

—¡Aba, hindî siyá maaring ma ... mapagcamal-an sa iba!—ang idinugtóng ng̃ Doctor na lumacás ang loob.—Mapulá ang canyáng buhóc at totoong masamáng mangãstílà.

—Mabubuting mgã pagcacakilalanan; ngũni't doo'y sa casaliwàang palad ay hindî aco nagsasalitâ ng̃ isa man lamang wicang castílà, liban na lamang sa ilang mgã consulado.

—At ¿paano ang inyóng guinágawang pamumuhay?—ang tanong ni Doña Victorinang nagtátaca.

—Guinagamit co pô ang wícà ng̃ lupaíng aking pinaglálacbayán, guinoong babae.

—¿Marunong po bâ naman cayo ng̃ inglés?—ang tanong ng̃ dominicong natira sa Hongkong at totoong marunong ng̃ "Pidggin-English"[95], iyang halo-halong masamáng pananalitâ ng̃ wicà ni Shakespeare[96] ng̃ anác ng̃ Imperio Celeste[97].

—Natira acóng isang taón sa Inglaterra, sa casamahán ng̃ mgã táong inglés lamang ang sinásalitâ.

—At ¿alín ang lupaíng lalong naibigan pô ninyó sa Europa?—ang tanóng ng̃ binatang mapulá ang buhóc.

—Pagcatapos ng̃ España, na siyang pangãlawá cong Báyan, alín man sa mgã lupaín ng̃ may calayâang Europa.

—At cayó pong totoong maraming nalacbáy ... sabihin ninyó, ¿anó pô bâ ang lalong mahalagáng bagay na inyong nakita?—ang tanóng ni Laruja.

Wari'y nag-isíp-ísíp si Ibarra.

—Mahalagáng bagay, ¿sa anóng cauculán?

—Sa halimbawà ... tungcól sa pamumuhay ng̃ mgã báyan ... sa búhay ng pakikipanayám, ang lácad ng̃ pamamahalà ng̃ báyan, ang úcol sa religión, ang sa calahatán, ang catás, ang cabooan....

Malaong nagdidilidili si Ibarra.

—Ang catotohanan, bágay na ipangguilalás sa mgã báyang iyan, cung

ibubucod ang sariling pagmamalakí ng̃ bawa't isá sa canyáng nación.... Bago co paroonan ang isáng lupain, pinagsisicapan cong matalós ang canyáng historia, ang canyáng Exodo[98] cung mangyayaring masabi co itó, at pagcatapos ang nasusunduan co'y ang dapat mangyari: nakikita cong ang iguiniguinhawa ó ipinaghihirap ng̃ isáng baya'y nagmúmulâ sa canyáng mg̃ã calayâan ó mg̃ã cadilimán ng̃ isip, at yamang gayó'y nanggagaling sa mg̃ã pagpapacahirap ng̃ mg̃ã namamayan sa icágagalíng ng̃ calahatán, ó ang sa canilang mg̃ã magugulang na pagca walang ibáng iniibig at pinagsusumakitan cung dî ang sariling caguinhawahan.

—At ¿walâ ca na bagáng nakita cung dî iyán lámang?—ang itinanóng na nagtátawa ng̃ palibác ng̃ franciscano, na mulâ ng̃ pasimulàan ang paghapon ay hindî nagsásalita ng̃ anó man, marahil sa pagcá't siya'y nalilibang sa pagcain; hindî carapatdapat na iwaldás mo ang iyong cayamanan upang walâ cang maalaman cung dî ang bábahagyang bagay na iyán! ¡Sino mang musmós sa escuelaha'y nalalaman iyán!

Nápatingĩn na lamang sa canyá si Ibarra't hindî maalaman cung anô ang sasabihin; ang mg̃ã iba'y nangãgtitingĩnan sa pagkatacá at nangãngãnib na magcaroon ng̃ caguluhan.—Nagtátapos na ang paghapon, ang "cagalangãn pô ninyo'y busóg na"—ang isásagot sana ng̃ binatà; ng̃uni't nagpiguil at ang sinabi na lamang ay ang sumúsunod:

—Mg̃ã guinoo; huwág cayóng magtátaca ng̃ pagsasalitang casambaháy sa akin ng̃ aming dating cura; ganyán ang pagpapalagáy niyá sa akin ng̃ acó'y musmós pa, sa pagcá't sa canyá'y para ring hindî nagdaraan ang mg̃ã taón; datapowa't kinikilala cong utang na loob, sa pagcá't nagpapaalaala sa aking lubós niyóng mg̃ã áraw na madalás pumaparoon sa aming báhay ang "canyáng cagalangãn", at canyáng pinaúunlacan ang pakikisalo sa pagcain sa mesa ng̃ aking amá.

Sinulyáp ng̃ dominico ang franciscano na nangãngãtal. Nagpatuloy ng̃ pananalitâ si Ibarra at nagtindíg:

—Itulot ninyó sa aking acó'y umalís na, sa pagcá't palibhasa'y bago acóng datíng at dahil sa búcas din ay aco'y áalis, marami pang totoong gágawín acóng mg̃ã bágay-bágay. Natapos na ang pinacamahalagá ng̃ paghapon, cauntî lamang cung aco'y uminóm ng̃ alac at bahagyâ na tumítikim acó ng̃ mg̃ã licor. ¡Mg̃ã guinoo, mátungcol nawâ ang lahát sa España at Filipinas!

At ininóm ang isáng copitang alac na hanggáng sa sandalíng iyó'y hindî sinásalang. Tinularan siyá ng̃ Teniente, ng̃uni't hindî nagsasabi ng̃ anó man.

—¡Howág pô cayóng umalís!—ang ibinulóng sa canyá, ni Capitang Tiago. —Dárating na si María Clara: sinundô siyá ni Isabel. Paririto ang sa báyang bágong cura, na santong tunay.

—¡Paririto acó búcas bago acó umalís. Ngãyo'y may gágawin acóng mahalagáng pagdalaw.

At yumao. Samantala'y nagluluwal ng̃ samâ ng̃ loob ang franciscano.

—¿Nakita na ninyó?—ang sinasabi niyá sa binatang mapulá ang buhóc na ipinagcucucumpas ang cuchillo ng̃ himagas. ¡Iyá'y sa pagmamataas! ¡Hindî nilá maipagpaumanhíng silá'y mapagwicaan ng̃ cura! ¡Ang acalà nilá'y mgã taong may cahulugán na! ¡Iyán ang masamáng nacucuha ng̃ pagpapadalá sa Europa ng mgã bátà! Dapat ipagbawal iyán ng̃ gobierno.

—At ¿ang teniente?—ani Doña Victorinang nakikicampí sa franciscano—¡sa boong gabíng ito'y hindî inalís ang pagcucunót ng̃ pag-itan ng̃ canyáng mgã kilay; magalíng at tayo'y iniwan! ¡Matandâ na'y teniente pa hanggá ngãyón!

Hindî malimutan ng̃ guinoong babae ang pagcacabangguít sa mgã culót ng canyáng buhóc at ang pagcacayapac sa "encañonado" ng̃ canyáng mgã "enagua."

Ng̃ gabíng yaó'y casama ng̃ mgã ibá't ibáng bagay na isinusulat ng̃ binatang mapulá ang buhóc sa canyáng librong "Estudios Coloniales," ang sumúsunod: "Cung anó't macahihilahil sa casayahan ng̃ isáng piguíng ang isáng liig at isáng pacpác sa pinggán ng̃ tinola." At casama ng̃ mgã iba't ibáng paunáwà ang mgã ganitó:—"Ang taong lalong waláng cabuluhán sa Filipinas sa isáng hapunan ó casayahan ay ang nagpapahapon ó nagpapafiesta: macapagpapasimulâ sa pagpapalayas sa may bahay at mananatili ang lahát sa boong capanatagán."—"Sa mgã calagayan ngãyón ng̃ mgã bagay bagay, halos ay isáng cagalingãng sa canilá'y gágawin ang huwág paalisín sa caniláng lupaín ang mgã filipino, at huwág man lamang turúan siláng bumasa"....

Decorative motif

---

Decorative motif

# IV.

## HEREJE AT FILIBUSTERO

Nag-aalinlangãn si Ibarra. Ang hangĩn sa gabí, na sa mgã buwáng iyó'y caraniwang may calamigán na sa Maynilà, ang siyáng tila mandín pumawì sa canyáng noo ng̃ manipís na úlap na doo'y nagpadilím: nagpugay at humingã.

Nagdaraan ang mgã cocheng tila mgã kidlá't, mgã calesang páupahang ang lacad ay naghíhingãlô, mgã naglálacad na tagá ibá't ibáng nación. Tagláy iyáng paglacad na hindî nangãgcacawangĩs ang hacbáng, na siyáng nagpapakilala sa natitilihan ó sa waláng mágawà, tinungõ ng̃ binatà ang dacong plaza ng Binundóc, na nagpapalingãp-lingãp sa magcabicabilà na wari'y ibig niyáng cumilala ng̃ anó man. Yao'y ang mgã dating daan at mgã dating báhay na may mgã pintáng putî at azul at mgã pader na pinintahán ng̃ putî ó cung dilî caya'y mgã anyóng ibig tularan ang batóng "granito" ay masamâ ang pagcacáhuwad; nananatili sa campanario ng̃ simbahan ang canyáng relós na may carátulang cupás na; iyón ding mgã tindahan ng̃ insíc na iyóng may marurumíng tabing na násasampay sa mgã varillang bacal, na pinagbalibalicucô niyá isáng gabí ang isá sa mgã varillang iyón, sa pakikitulad niyá sa masasama ang pagcaturong mgã bátà sa Maynilà: sino ma'y waláng nagtowíd niyón.

—¡Marahan ang lacad!—ang ibinulóng, at nagtulóy siyá sa daang Sacristía.

Ang mgã nagbíbili ng̃ sorbete ay nananatili sa pagsigáw ng̃: ¡Sorbeteee! mgã huepe rin ang siyáng pang-ilaw ng̃ mgã dating nangãgtítindang insíc at ng mgã babaeng nagbíbili ng̃ mgã cacanin at mgã bungãng cahoy.

—¡Cahangãhangã!—ang sinabi niyá—¡itó rin ang insíc na may pitóng taón na, at ang matandáng babae'y ... siyá rin! Masasabing nanaguinip acó ng̃ gabíng itó sa pitóng taóng pagca pa sa Europa!.. at ¡Santo Dios! nananatili rin ang masamang pagcálagay ng̃ bató, na gaya rin ng̃ aking iwan!

At naroroon pa ngã't nacahiwalay ang bató sa "acera" ng̃ linílicuan ng daang San Jacinto at daang Sacristía.

Samantalang pinanonood niyá ang catacatacáng pananatiling itó ng̃ mgã báhay at ibá pa sa báyan ng̃ waláng capanatilihán, marahang dumapò sa canyáng

balicat ang isáng camáy; tumungháy siyá'y canyáng nakita ang matandáng Teniente na minámasdang siyáng halos nacangĩtĩ: hindî na tagláy ng̃ militar yaóng mabalasic niyáng pagmumukhâ, at walâ na sa canyá yaóng mg̃a kilay na totoong canyáng ikinatatang̃ĩ sa ibá.

—¡Bagongtao, magpacaing̃at cayó! ¡Mag-aral pô cayó sa inyóng amá—ang sinabi niyá.

—Ipatawad pô ninyó; ng̃ũni't sa acalà co'y inyóng pinacamahál ang aking amá; ¿maaarì pô bang sabihin ninyó sa akin cung ano ang canyáng kináhinatnan?—ang tanóng ni Ibarra na siyá'y minámasdan.

—¿Bakit? ¿hindî pô bâ ninyó nalalaman?—ang tanóng ng̃ militar.

—Itinanóng co cay Capitáng Tiago ay sumagót sa aking hindî niyá sasabihin cung dî búcas na. ¿Nalalaman po bâ ninyó, sacalì?

—¡Mangyari bagá, na gaya rin namán ng̃ lahát! ¡Namatáy sa bilangguan!

Umudlót ng̃ isáng hacbáng ang binatà at tinitigan ang Teniente.

—¿Sa bilangguan? ¿sinong namatáy sa bilangguan?—ang itinatanóng.

—¡Abá, ang inyó pong amá, na nábibilanggô!—ang sagót ng̃ militar na may cauntíng pangguiguilalás.

—Ang aking amá ... sa bilangguan ... ¿napipiít sa bilangguan? ¿Anó pô ang wicà ninyó? ¿Nakilala pô bâ ninyó ang aking amá? ¿Cayó pô ba'y ...? ang itinanóng ng̃ binatà at hinawacan sa brazo ang militar.

—Sa acalà co'y hindî acó námamalî; si Don Rafael Ibarra.

—¡Siyá ng̃ã, Don Rafael Ibarra!—ang marahang ùlit ng̃ binatà.

—¡Ang boong ísip co'y inyó pong nalalaman na!—ang ibinulóng ng̃ militar, na puspós ng̃ habág ang anyô ng̃ pagsasalitâ, sa canyáng pagcahiwatig sa nangyayari sa cálolowa ni Ibarra; ang acalà co'y inyóng ...; ng̃ũni't tapang̃ãn ninyó ang inyóng loob! ¡dito'y hindî mangyayaring magtamóng capurihán cung hindî nabibilanggô!

—¡Dapat cong acaláing hindî pô cayó nagbíbirô sa akin—ang mulîng sinabi ni Ibarra ng̃ macaraan ang iláng sandalíng hindî siyá umíimic! ¿Masasabi pô bâ ninyó sa akin cung bakit siyá'y nasasabilangguan?

Nag-anyóng nag-iisip-isip ang militar.

—Ang aking ipinagtátacang totoo'y cung bakit hindî ipinagbigay alam sa inyó ang nangyayari sa inyóng familia.

—¡Binatà, mag-íngãt pô cayó! ¡Mag-aral cayó sa inyóng amá!—anáng teniente sa canyá.—Imp. de M. Fernández Paz, 447, Sta Cruz.

—Sinasabi sa akin sa canyáng hulíng sulat, na may isáng taón na ngãyón, na huwág daw acóng maliligalig cung dî niya acó sinusulatan, sa pagcá't marahil ay totoong marami siyang pinakikialamán; ipinagtatagubilin sa aking magpatuloy acó ng͠pag-aaral ... at ¡benebendicìonan acó!

—Cung gayó'y guinawâ niyá ang sulat na iyán sa inyó, bago mamatay; hindî malalao't mag-íisang taón ng͠siyá'y aming inilibíng sa inyóng bayan.

—¿Anóng dadahilana't nábibilanggô ang aking amá?

—Sa cadahilanang totoong nacapagbíbigay puri. Ngũni't sumama pô cayó sa aki't acó'y paroroon sa cuartel; sasabihin có hang͠gáng tayo'y lumalacad. Cumapit pô cayó sa aking brazo.

Hindî nangãg-imican sa loob ng͠sandalî; may anyóng nagdidilidili ang matandâ at wari'y hiníhingĩ sa canyáng "perilla,"[99] na hinihimashimas, na magpaalaala sa canyá.

—Cawangĩs ng͠ lubós pô ninyóng pagcatalastás—ang ipinasimulâ ng͠ pagsasalitâ—ang amá pô ninyó'y siyáng pangũlo ng͠yaman sa boong lalawigan, at bagá man iniibig siyá't iguinagalang ng͠marami, ang mgã ibá'y pinagtatamnan namán siyá ng͠masamáng loob, ó kinaíinguitán. Sa casaliwàang palad, camíng mgã castilang naparito sa Filipinas ay hindî namin inuugalì ang marapat naming ugalíin: sinasabi co itó, dahil sa isá sa inyóng mgã nunong lalaki at gayón din sa caaway ng͠inyóng amá. Ang waláng licát na paghahalihalilí, ang capangĩtan ng͠ asal ng͠ mgã matataas na púnò, ang mgã pagtatangkilic sa di marapat, ang camurahan at ang caiclîan ng͠paglalacbay-bayan, ang siyáng may sála ng͠lahát; pumaparito ang lalong masasamâ sa Península, at cung may isáng mabaít na máparito, hindî nalalao't pagdaca'y pinasásamâ ng͠mgã tagarito rin. At inyóng talastasíng maraming totoong caaway ang inyóng amá sa mgã cura at sa mgã castílà.

Dito'y sandalíng humintô siyá.

—Ng͠macaraan ang iláng buwán, búhat ng͠cayó po'y umalís, nagpasimulâ na ang samàan ng͠loob nilá ni párì Dámaso, na dî co masabi ang tunay na

cadahilanan. Biníbigyang casalanan siyá ni párì Dámasong hindî raw siyá nagcucumpisal: ng̃ una'y dating hindî siyá nangũngũmpisal, gayón ma'y magcaìbigan siláng matalic, na marahil natatandaan pa pô ninyó. Bucód sa rito'y totoong dalisay ang capurihán ni Don Rafael, at higuít ang canyáng pagcabanál sa maraming nangãgcucumpisal at nangãgpapacumpisal: may tinútunton siyá sa canyáng sariling isáng cahigpithigpitang pagsunód sa atas ng̃magandáng asal, at madalás sabihin sa akin, pagca násasalitâ niyá ang mgã sámàang itó ng̃loob: "Guinoong Guevara, ¿sinasampalatayanan po bâ ninyóng pinatatawad ng̃Dios ang isáng mabigát na casalanan, ang isáng cusang pagpatáy sa cápuwâ táo, sa halimbáwà, pagcâ, nasabi na sa isáng sacerdote; na táo rin namáng may catungculang maglihim ng̃ sa canyá'y sinasaysay, at matacot másanag sa infierno, na siyáng tinatawag na pagsisising "atricion"? ¿Bucod sa duwag ay waláng hiyáng pumapanatag? Ibá ang aking sapantahà tungcól sa Dios—ang sinasabi niyá—sa ganáng akin ay hindî nasasawatâ ang isáng casam-an ng̃ casam-an din, at hindî ipinatatawad sa pamamag-itan ng̃mgã waláng cabuluháng pag-iyác at ng̃ mgã paglilimós sa Iglesia." At inilálagáy niyá sa akin ang ganitóng halimbáwà:—"Cung aking pinatáy ang isáng amá ng̃ familia, cung dahil sa catampalasanan co'y nabao't nálugamì sa capighatìan ang isáng babae, at ang mgã masasayáng musmós ay naguíng mgã dukháng ulila, ¿mababayaran co cayâ ang waláng hanggang Catowiran, cung aco'y cusang pabitay, ipagcatiwalà co ang líhim sa isáng mag-iingãt na howag máhayag, maglimós sa mgã cura na siyáng hindî tunay na nangãgcacailangãn, bumilí ng̃"bula de composición," ó tumangĩstangĩs sa gabí at araw? ¿At ang bao at ang mgã ulila? Sinasabi sa akin ng̃aking "conciencia"[100] na sa loob ng̃cáya'y dapat acóng humalili sa táong aking pinatáy, ihandóg co ang aking boong lacás at hanggáng aco'y nabubuhay, sa icágagalíng ng̃familiang itóng acó ang may gawâ ng̃pagcapahamac, at gayón man, ¿sino ang macapagbibigay ng̃capalít ng̃pagsintá ng̃amá?"—Ganyán ang pangãngãtuwiran ng̃ inyó pong amá, at ang anó mang guinagawa'y isinasangayong láguì sa mahigpit na palatuntunang itó ng̃wagás na caasalán, at masasabing cailán ma'y hindî nagbigáy pighatî canino man; baligtád, pinagsisicapan niyáng pawîin, sa pamamag-itan ng̃magagandáng gawâ, ang mgã tangĩng casawìan sa catuwirang, ayon sa canyá'y guinawâ raw ng̃canyáng mgã nunò. Datapuwa't ipanumbalic natin sa canyáng samaan ng̃loob sa cura, ang mgã pagcacaalit na ito'y lumúlubhà; binábangguit siyá ni párì Dámaso buhat sa púlpito, at cung dî tinutucoy siyá ng̃boong liwanag ay isáng himalâ, sa pagca't sa caugalian ng̃ paring iyá'y mahihintay ang lahát. Nakikinikinita co nang masamâ ang cahahangganan ng̃bagay na itó.

Muling humìntóng sandali ang matandáng Teniente.

—Naglílibot ng̃ panahón iyón ang isáng naguíng sundalo sa artillería, na pinaalís sa hucbó dahil sa malabis na cagaspang̃an ng̃ canyáng ásal at dahil sa camangmang̃ang labis. Sa pagca't kinacailang̃an niyáng mabuhay, at hindi pahintulot sa canyá ang magtrabajo ng̃ mabigát na macasisirà ng̃ aming capurihan[101], nagtamó siyá, hindî co alám cung sino ang sa canyá'y nagbigáy, ng̃ catungculang pagca maniningĩl ng̃ buwís ng̃ mg̃a carruaje, calesa at ibá pang sasacyán. Hindî tumanggáp ang abâ ng̃ anó mang túrò, at pagdaca'y napagkilala ng̃ mg̃a "indio" ang bagay na itó: sa ganang canilá'y totoong cahimahimalâ, na ang isang castilà'y hindî marunong bumasa't sumulat. Pinaglilibacan ang culang palad, na pinagbabayaran ng̃ cahihiyan ang násisingĩl na buwís, at nalalaman niyáng siyá ang hantung̃an ng̃ libác, at ang bagay na itó'y lalong nacáraragdag ng dating masamâ at magaspáng niyang caugalîan. Sadyang ibinibigay sa canyá ang mg̃a sulat ng̃ patumbalíc; nagpapaconwarî siya namáng canyang binabasa, at bago siyá pumifirma cung sáan nakikita niyang waláng sulat, na ang parang kinahig ng̃ manóc na canyáng mg̃a letra'y siyáng larawang tunay ng̃ canyáng cataohan; linálang̃ap niyá ang masasacláp na cairing̃ang iyón, ng̃uni't nacacasingĩl siyá, at sa ganitóng calagayan ng̃ canyang loob ay hindi siyá gumagalang canino man, at sa inyóng ama'y nakipagsagutan ng̃ lubhang mabibigat na mg̃a salitâ.

Nangyari isáng araw, na samantalang pinagpipihitpihit niyá ang isáng papel na ibinigáy sa canyá sa isáng tindahan, at ibig niyáng málagay sa tuwíd, nagpasimuláng kinawayán ang canyáng mg̃a casamahan ng̃ isáng batang nanasoc sa escuela, magtawá at itúro siya ng̃ dalirì. Nariring̃ig ng̃ táong iyón ang mg̃a tawanan, at nakikita niyáng nagsásaya ang libác sa mg̃a dî makikibuing mukhâ ng̃ nang̃aroroon; naubos ang canyang pagtitiis, bigláng pumihit at pinasimulâang hinagad ang mg̃a batang nang̃agtacbuhan, at sumísigaw ng̃ "ba," "be," "bi," "bo," "bu." Pinagdimlán ng̃ galit, at sa pagca't hindî siya mang-abot, sa canilá'y inihalibas ang canyáng bastón, tinamaan ang isá sa úlo at nábulagtâ; ng̃ magcagayo'y hinandulong ang nasusubasob at pinagtatadyacán, at alín man sa nang̃agsisipanood na nanglilibac ay hindî nagcaroon ng̃ tapang na mamag-itan. Sa casamaang palad ay nagdaraan doon ang inyóng amá. Napoot sa nangyari, tinacbó ang maniningĩl na castilà, hinawacan siyá sa brazo at pinagwicaan siyá ng̃ mabibigát. Ang castilàng marahil ang ting̃ín sa lahát ay mapulá na, ibinuhat ang camáy, ng̃uni't hindî siyá binigyang panahón ng̃ inyong amá, at tagláy iyáng lacás na nagcácanulô ng̃ pagca siyá'y apó ng̃ mg̃a vascongado ... anáng ibá'y sinuntóc daw, anáng ibá namá'y nagcasiyá, na lamang sa pagtutulac sa canyá; datapowa't ang nangyari'y ang tao'y umúgà, napalayô ng̃ iláng hacbáng at natumbáng tumamà, ang úlo sa bató. Matiwasay na ibinang̃on ni Don Rafael ang

batang may sugat at canyáng dinalá sa tribunal[102]. Sumuca ng̃ dugô ang naguing artillerong iyón at hindî na natauhan, at namatáy pagcaraan ng̃ iláng minuto. Nangyari ang caugalìan, nakialám ang justicia, piniit ang inyóng amá, at ng̃ magcagayo'y nangãgsilitáw ang mgã lihim na caaway. Umulán ang mgã paratang, isinumbóng na siyá'y FILIBUSTERO at HEREJE: ang maguing "hereje" ay isáng casawîang palad sa lahát ng̃ lugar, lalong lalo na ng̃ panahóng iyóng ang "alcalde"[103] sa lalawiga'y isáng taong nagpaparangãlang siyá'y mapamintacasi, na casama ang canyáng mgã alílang nagdárasal ng̃ rosario sa simbahan ng malacás na pananalitâ, marahil ng̃ marinig ng̃ lahat at ng̃ makipagdasal sa canya; datapuwa't ang maguíng FILIBUSTERO ay lalong masamâ cay sa maguíng "hereje," at masamâ pang lalò cay sa pumatáy ng̃ tatlóng mániningĩl ng̃ buwís na marunong bumasa, sumulat at marunong magtangĩtangì. Pinabayàan siyá ng lahát, sinamsám ang canyáng mgã papel at ang canyáng mgã libro. Isinumbóng na siyá'y tumátanggap ng̃ "El Correo de Ultramar" at ng̃ mgã periódicong gáling sa Madrid; isinumbóng siya, dahil sa pagpapadalá sa inyó sa Suiza alemana; dahil sa siyá'y násamsaman ng̃ mgã sulat at ng̃ larawan ng̃ isáng paring binitay, at ibá pang hindî co maalaman. Kinucunan ng̃ maisumbóng ang lahát ng̃ bágay, sampô ng̃ paggamit ng̃ bárong tagalog, gayóng siyá'y nagmulâ sa dugóng castilà[104]. Cung naguing ibá sana ang inyóng amá, marahil pagdaca'y nacawalâ, sa pagcá't may isáng málicong nagsaysáy, na ang ikinamatáy ng̃ culang palad na maniningĩl ay mulâ sa isáng "congestión"[105]; ngũni't ang canyáng cayamanan, ang canyáng pananalig sa catuwiran at ang canyáng galit sa lahát ng̃ hindî naaayon sa cautusán ó sa catuwiran ang sa canyáng nangãgpahamac. Acó man, sacali't malakí ang aking casuclamán sa pagluhog sa paggawâ ng̃ magalíng nino man, humaráp acó sa Capitán General, sa hinalinhan ng̃ ating Capitán General ngãyón; ipinaliwanag co sa canyáng hindî mangyayaring maguíng "filibustero" ang tumatangkilik sa lahát ng̃ castilang dukhâ ó naglalacbay rito, na pinatutuloy sa canyáng bahay at pinacacain at ang sa canyáng mgã ugát ay tumátacbo pa ang mapagcandiling dugóng castílà; ¡nawaláng cabuluháng isagót co ang aking úlo, at ang manumpâ acó sa aking carukhâan at sa aking capuriháng militar, at walâ acó ng̃ nasunduan cung dî magpakita sa akin ng̃ masamáng pagtanggáp, pagpakitâan acó ng̃ lalong masamâ sa aking pagpapaalam at ang pamagatán acó ng̃ "chiĩlado"[106]!

Humintô ang matandâ ng̃ pananalità upang magpahingã, at ng̃ canyáng mahiwatigan ang hindî pag-imíc ng̃ canyáng casama, na pinakikinggan siyá'y hindî siyá tinítinguan, ay nagpatuloy:

—Nakialam acó sa usapín sa cahingĩan ng̃ inyóng amá. Dumulóg acó sa bantóg na abogadong filipino, ang binatang si A—; ngũni't tumangguí sa

pagsasanggalang.—"Sa akin ay matatalo"—ang wicà sa akin.—Panggagalingãn ang pagsasanggaláng co ng̃isáng bagong sumbong na laban sa canyá at marahil ay laban sa akin. Pumaroon pô cayó cay guinoong M—, na masilacbóng manalumpátì, taga España at lubháng kinaaalang-alangãnan. "Gayón ngã ang aking guinawâ, at ang balitang abogado ang nangãsiwa sa "causa" na ipinagsanggalang ng̃boong catalinuhan at caningningãn. Datapwa't marami ang mgã caaway, at ang ilá'y mgã líhim at hindî napagkikilala. Saganà ang mgã sacsíng sabuát, at ang caniláng mgã paratang, na sa ibang lugar ay mawawal-ang cabuluhán sa isáng salitang palibác ó patuyâ ng̃ nagsásanggalang, dito'y tumitibay at tumítigas. Cung nasusunduan ng̃abogadong mawaláng cabuluhán ang caniláng mgã bintáng, sa pagpapakilala ng̃ pagcacalabán-lában ng̃ canicanilang saysáy at ng̃mgã saysáy niláng sarili, pagdaca'y lumálabas ang mgã ibáng sumbóng. Isinusumbóng niláng nangãmcám siyá ng̃ maraming lúpà, hiningãn siyáng magbayad ng̃mgã casiráan at mgã caluguiháng nangyari; sinabi niláng siya'y nakikipagcaibigan sa mgã tulisán, upang pagpitaganan nilá ang kanyáng mgã pananím at ang canyáng mgã hayop. Sa cawacasa'y nagulóng totoo ang usapíng iyón, na anó pa't ng̃ maguíng isáng taòn na'y waláng nagcacawatasáng sino man. Napilitang iwan ng̃ "alcade"[107] ang canyáng catungculan, hinalinhán siyá ng̃ibang, ayon sa balita'y, masintahin sa catuwiran, ngũni't sa casaliwâang palad, ito'y iláng buwán lamang nanatili roon, at ang napahalili sa canyá'y napacalabis naman ang pagca maibiguín sa mabuting cabayo.

Ang mgã pagtitiis ng̃hirap, ang mgã samâ ng̃loob, ang mgã pagdarálitâ sa bilangguan, ó ang canyáng pagpipighatî ng̃ canyáng mapanood ang gayóng caraming gumaganti ng̃ catampalasanan sa guinawâ niyá sa caniláng mgã cagalingãn, ang siyáng sumirà sa catibayan ng̃ canyáng catawang bacal, at dinapúan siyá, niyáng sakít na ang libingãn lamang ang nacagagamot. At ng̃ matatapos na ang lahát, ng̃ malapit ng̃ tamuhín niyá, ang cahatuláng siyá'y waláng casalanan, at hindî catotohanang siyá'y caaway ng̃Bayang España, at di siyá, ang may sala ng̃pagcamatáy ng̃máníningĩl, namatáy sa bilanggúang walâ sino man sa canyáng tabí. Dumatíng acó upang mapanood ang pagcalagót ng̃ canyáng hiningã.

Tumiguil ng̃pananalitâ ang matandâ; hindi nagsalitâ si Ibarra ng̃anó man. Samantala'y dumatíng silá sa pintúan ng̃cuartel. Humintô ang militar, iniabót sa canyá ang camáy at nagsabi:

—Binatà, ipagtanóng ninyó cay Capitang Tiago ang mgã paliwanag. Ngãyó'y ¡magandáng gabí pô! Kinacailangãn cong tingnán cung may

nangyayaring anó man.

Waláng imìc na hinigpît na mairog ni Ibarra ang payat na camáy ng͠ Teniente, at hindî cumikibo'y sinundán ng͠ canyáng mg͠a matá itó, hanggáng sa dî na mátanaw.

Marahang bumalíc at nacakita siyá ng͠ isáng nagdaraang carruaje; kinawayán niya ang cochero:

—¡Sa Fonda ni Lala!—ang sinabing bahagyâ na mawatasan.

—Marahil nanggaling itó sa calabozo—ang inisip ng͠ cochero sa canyáng sarili, sacá hinaplit ng͠ látigo ang canyáng mg͠a cabayo.

Decorative motif

Decorative motif

# V.

## ISANG BITUIN SA GABING MADILIM

Nanhíc si Ibarra sa canyáng cuarto, na nasadacong ilog, nagpatihulóg sa isáng sillón, at canyáng pinagmasdán ang boong abót ng̃ tingĩn, na malakí ang natatanaw, salamat sa nacabucás na bintanà.

Totoong maliwanag, sa caramihan ng̃ ilaw, ang catapát na báhay sa cabiláng ibayo, at dumárating hanggáng sa canyáng "cuarto" ang mgã masasayáng tínig ng̃ mgã instrumentong may cuerdas ang caramihan.—Cung hindî totoong guló ang canyáng isip, at cung siyá sana'y maibiguíng macaalam ng̃ mgã guinágawâ ng̃ capowâ táo'y marahil ninais niyáng mapanood, sa pamamag-itan ng̃ isáng gemelos[108], ang nangyayari sa kinalalagyán ng̃ gayóng caliwanagan; marahil canyáng hinangâan ang isá, riyán sa mgã cahimáhimaláng napapanood, isá riyán sa mgã talinghagang napakikita, na maminsanminsang nátitingnan sa mgã malalakíng teatro sa Europa, na sa marahan at caayaayang tínig ng̃ orquesta ay nakikitang sumisilang sa guitnâ ng̃ isáng ulán ng̃ iláw, ng̃ isáng bumúbugsong agos ng̃ mgã diamante at guintô, sa isáng cárikitdìkitang mgã pamuti, nababalot ng̃ lubháng manipís at nangãngãninag na gasa ang isáng diosa, ang isáng "silfide"[109] na lumalacad na halos hindî sumasayad ang paa sa tinatapacan, naliliguid at inagaapayanan ng̃ maningning na sinag: sa canyáng pagdatíng ay cusang sumisilang ang mgã bulaclác, nagbíbigay galác, ang mgã sayáw, nangãpupucaw ang matimyás na tugtugan, at ang mgã pulutóng ng̃ mgã díablo, mgã ninfa[110], mgã sátiro[111], mgã génio[112], mgã zagala[113], mgã ángel mgã pastor ay sumásayaw, guinagalaw ang mgã pandereta, nangãgpapaliguidliguid at inihahandog ng̃ bawa't isá sa paanan ng̃ diosa ang canícaniláng alay. Napanood sana ni Ibarra ang cagandagandahang dalagang timbáng at matowíd ang pangãngãtawán, tagláy ang mainam na pananamít ng̃ mgã anác na babae ng̃ Filipinas, na nangguíguitnâ sa nacaliliguid na sarisaring táo na masasayáng cumikilos at nangãgcucumpasan. Diyá'y may mgã insíc, mgã castilà, mgã filipino mgã militar, mgã cura, mgã matatandáng babae, mgã dalaga, mgã bagongtao, at ibá pa. Na sa tabí ng̃ diosang iyón si párì Dámaso, at si párì Dámaso'y ngũmíngĩting catulad ng̃ isáng nasacaluwalhatîan; si Fr. Sibyla ay nakikipagsalitaan sa canyá, at iniaayos ni Doña Victorina sa canyáng

pagcagandagandang buhóc ang isáng tuhog na mgã perla at mgã brillante, na cumíkislap ng̃ sarisaring kináng ng̃ culay ng̃ bahaghárì. Siyá'y maputî, nápacaputî marahil, ang mgã matáng halos laguing sa ibabâ ang tingĩ̃n ay pawang nangãgpapakilala ng̃ isáng cálolowang cálinislinisan, at pagcâ siyá'y ngũmíngĩtî at nátatanyag ang canyáng mapuputî at malilìt na mgã ngĩ̃pin, masasabing ang isáng rosa'y bulaclác lamang ng̃ cahoy, at ang garing ay pangĩl ng̃ gadya[114] lamang. Sa pag-itan ng̃ nangãngãninag na damít na piña at sa paliguid ng̃ canyáng maputî at linalic na líig ay "nangãgkikisapan," gaya ng̃ sabi ng̃ mgã tagalog, ang masasayáng mgã matá, ng̃ isáng collar na mgã brillante. Isáng lalaki lamang ang tila mandin hindî dumaramdam ng̃ canyáng maningníng na akit: itó'y isáng batà pang franciscano, payát, nanínilaw, putlâin, na tinátanaw na dî cumikilos ang dalaga, buhat sa maláyò, cawángĩs ng̃ isáng estátua[115], na halos hindî humíhingã.

Datapuwa't hindî nakikita ni Ibarra ang lahát ngĩtó: napapagmasdan ng canyáng mgã matá ang ibáng bagay. Nacúculong ang isáng munting luang ng apat na hubád at maruruming pader; sa isá sa mgã pader, sa dácong itáas ay may isáng "reja"; sa ibabaw ng̃ maramí at casuclamsuclam na yapacán ay may isáng baníg, at sa ibabaw ng̃ baníg ay isáng matandáng lalaking naghíhingãlô; ang matandáng lalaking nahihirapan ng̃ paghingã ay inililingãp sa magcabicabilà ang mgã mata at umiiyac na ipinangũngũsap ang isáng pangãlan; nag-íisa ang matandáng lalaki; manacanacang náriringĩg ang calansíng ng̃ isáng tanicalâ ó isáng buntóng-hiningã̃ng naglalampasan sa mgã pader ... at pagcatapos, doon sa maláyò'y may isáng masayáng piguíng, hálos ay isáng mahalay na pagcacatowâ; isáng binata'y nagtátawa, ibinubuhos ang álac sa mgã bulaclác, sa guitnâ ng̃ mgã pagpupuri at sa mgã tangĩ̃ng tawanan ng̃ mgã ibá. At ¡ang matandáng lalaki'y catulad ng̃ pagmumukhà ngã canyáng amá! ¡ang binata'y camukhâ niyá at canyáng pangãlan ang pangãlang ipinangũngũsap na casabáy ang tangĩs!

Itó ang nakikita ng̃ culang palad sa canyáng harapán.

Nangãmatáy ang mgã ílaw ng̃ catapát na báhay, humintô ang músìca at ang caingãyan, ngũni't náririnig pa ni Ibarra ang cahapishapis na sigáw ng̃ canyáng amá, na hinahanap ang canyáng anác sa canyáng catapusáng horas.

Inihihip ng̃ catahimicán ang canyáng hungcag na hiningã sa Maynilà, at warì mandi'y natutulog ang lahát sa mgã bísig ng̃ walâ; náriringĩg na nakikipaghalínhinan ang talaoc ng̃ manóc sa mgã relój ng̃ mgã campanario at sa mapangláw na sigáw na "alerta" ng̃ nayáyamot na sundalong bantáy; nagpapasimulâ ng̃ pagsungãw ang capirasong bowán; wari ngã'y nangãgpapahingãláy na ang lahát; si Ibarra man ay natutulog na ri't marahil ay

napagál sa canyáng malulungcot na mgã caisipán ó sa paglalacbáy.

Ngũni't hindî tumutulog, nagpúpuyat, ang batang franciscanong hindî pa nalalaong nakita nating hindî cumikilos at hindî umíimic. Napapatong ang síco sa palababahan ng˜durungãwan ng˜canyáng "celda" at saló ng˜pálad ng˜camáy ang putlai't payát na mukhâ, canyáng pinanonood sa maláyò ang isáng bituing numíningning sa madilím na langĩt. Namutlâ at nawalâ ang bituwin, nawalâ rin ang mgã bahagyáng sínag nang nagpápatay na bowán; ngũni't hindî cumilos ang fraile sa canyáng kinálalagyan: niyao'y minamásdan niyá, ang malayong abót ng tingĩng napapawî sa ulap ng˜umaga sa dacong Bagumbayan, sa dacong dagat na nágugulaylay pa.

Decorative motif

---

Decorative motif

# VI.

## CAPITANG TIAGO

*Sundin namán ang loob mo dito sa lupa*!

Samantalang natutulog ó nag-aagahan ang ating mgã guinoo'y si Capitang Tiago ang ating pag-usapan. Cailán ma'y hindî tayo naguíng panauhín niyá, walâ ngã tayong catuwiran ó catungculang siyá'y pawaláng halagá at huwág siyáng pansinín, cahi't sa mahalagáng capanahunan.

Palibhasa'y pandác, maliwanag ang culay, bilóg ang catawán, at ang mukhâ, salamat sa saganang tabâ, na alinsunod sa mgã nalúlugod sa canyá'y galing daw sa langĩt, at anáng mgã caaway niyá'y galing daw sa mgã dukhâ, siyá'y mukháng bátà cay sa tunay niyáng gulang: sino ma'y maniniwalang tatatlompo't limang taón lamang siyá. Táong banál ang laguing anyô ng˜canyáng pagmumukhâ ng panahóng nangyayari ang sinasaysay namin. Ang báo ng˜canyáng úlong bilóg, maliit at nalalaganapan ng˜buhóc na casing itím ng˜luyong, mahabà sa dacong harapán at totoong maiclî sa licuran; hindî nagbabago cailán man ng˜anyô ang canyáng mgã matang malilíit man ay dî singkít na gaya ng˜sa insíc, mahayap na hindî sapát ang canyáng ilóng, at cung hindî sana pumangĩt ang canyáng bibíg, dahil sa napacalabís na pagmamascada niyá at pagngãngã, na sinisimpan ang sapá sa isáng pisngĩ, na siyáng nacasisirà ng˜pagcacatimbang ng˜tabas ng˜mukhâ, masasabi naming totoong magalíng ang canyáng paniniwalà at pagpapasampalatayáng siyá'y magandáng lalaki. Gayón mang napapacalabis ang canyáng pananabaco't pagngãngã ay nananatiling mapuputî ang canyáng mgã sariling ngĩpin, at ang dalawang ipinahirám sa canyá ng˜dentista, sa halagáng tiglalabing dalawang piso ang bawa't isá.

Ipinalalagay na siyá'y isá sa mgã lalong mgã mayayamang "propietario"[116] sa Binundóc, at isá sa lalong mgã pangũlong "hacendero"[117], dahil sa canyáng mgã lúpà sa Capampangãn at sa Laguna ng˜Bay, lalonglalò na sa bayan ng˜San Diego, na doo'y itinataas taón taón ang buwis ng˜lúpà. Ang San Diego ang lalong naiibigan niyáng báyan, dahil sa caligaligayang mgã páliguan doon, sa balitang sabungãn, ó sa mgã hindî niyá nalilimot na canyáng naaalaala: doo'y nátitira siyá ng˜dalawáng buwán sa bawa't isáng taón, ang cadalian.

Maraming mgã báhay si Capitang Tiago sa Santo Cristo, sa daang Anloague at sa Rosario. Siyá't isáng insíc ang may hawác ng̃ "contrata" ng̃ opio at hindî ngã cailangãng sabíhing silá'y nangãgtutubò ng̃ lubháng malakí. Siyá ang nagpapacain sa mgã bilanggô sa Bilibid at nagpapádala ng̃ damó sa maraming mgã pangũlong báhay sa Maynilà; dapat unawâing sa pamamag-itan ng "contrata." Casundô niyá ang lahát ng̃ mgã pinunò, matalinò, magalíng makibagay at may pagcapangãhás, pagcâ nauucol sa pagsasamantalá ng̃ mgã pagcâ iláng ng̃ ibá; siyá ang tangĩng pinangãngãnibang capangãgáw ng̃ isáng nagngãngãlang Perez, tungcól sa mgã "arriendo" at mgã "subasta" ng̃ mgã sagutin ó pangãngãtungculang sa towi na'y ipinagcacatiwálâ ng̃ Gobierno ng Filipinas sa mgã camáy ng̃ mgã "particular"[118]. Cayâ ngã't ng̃ panahóng nangyayari ang mgã bagay na itó, si Capitang Tiago'y isáng taong sumasaligaya; ang ligaya bagáng macacamtan sa mgã lupaíng iyón ng̃ isáng táong maliit ang báo ng̃ úlo: siyá'y mayaman, casundô ng̃ Dios, ng̃ Gobierno at ng̃ mgã táo.

Na siyá'y casundô ng̃ Dios, itó'y isáng bagay na hindî mapag-aalinlangãnan: halos masasabing marapat sampalatayanan: waláng cadahilanan upang mácagalit ng̃ mabaít na Dios, pagcâ magalíng ang calagayan sa lúpà, pagcâ sa Dios ay hindî nakikipag-abot-usap cailán man, at cailán ma'y hindî nagpapautang sa Dios ng̃ salapî. Cailán ma'y hindî nakipag-usap sa Dios, sa pamamag-itan ng̃ mgã pananalangĩn, cahi't siyá'y na sa lalong malalakíng mgã pagcaguipít; siyá'y mayaman at ang canyáng salapî ang sa canyá'y humahalili sa pananalangĩn. Sa mgã misa at sa mgã "rogativa'y" lumaláng ang Dios ng̃ mgã macapangyarihan at mgã palalong mgã sacerdote. Lumaláng ang Dios, sa canyáng waláng hanggáng cabaitan, ng̃ mgã dukhâ, sa iguiguinhawa ng̃ mgã mayayaman, mgã dukháng sa halagáng piso'y macapagdarasal ng̃ cahi't labing anim na mgã misterio at macababasa ng̃ lahát ng̃ mgã santong libro, hanggáng sa "Biblia hebráica" cung daragdagan ang bayad. Cung dahil sa isáng malakíng caguipita'y manacánacáng kinacailangãn ang mgã saclolo ng̃ calangĩtan at waláng makita agád cahi't isáng candilang pulá ng̃ insíc, cung magcagayo'y nakikiusap na siyá sa mgã santo at sa mgã santang canyáng pintacasi, at ipinangãngãcò sa canilá ang maraming bagay upang silá'y mapilitan at lubós mapapaniwalaang tunay na magalíng ang canyáng mgã hangãd. Datapuwa't ang totoong lálò niyáng pinangãngãcuan at guináganapan ng̃ mgã pangãcò ay ang Virgen sa Antipolong Nuestra Señora de la Paz y Buen Viaje; sapagcá't sa iláng may caliliitang mgã santo'y hindî ngã lubháng gumáganap at hindî rin totoong nag-uugaling mahál ang táong iyón; ang cadalasa'y pagcâ kinamtán na niyá ang pinipita'y hindî na muling nágugunítà ang mgã santong iyón; tunay ngã't hindî na namán silá mulíng liniligalig niyá, at cung sacali't napapanaho'y talastás ni Capitáng Tiagong sa calendario'y

maraming mgã santong waláng guinágawâ sa langĩt marahil. Bucód sa roo'y sinasapantáhà niyáng malakí ang capangyariha't lacás ng̃ Virgen de Antipolo cay sa mgã ibáng Virgeng may dalá mang bastóng pilac, ó mgã Niño Jesús na hubó't hubád ó may pananamít, ó mgã escapulario, mgã cuintás ó pamigkís na cuero ("correa"): marahil ang pinagmumulaàn nitó'y ang pagcâ hindi mápalabirô ang Guinoong Babaeng iyón, mápagmahal sa canyáng pangãlan, caaway ng̃ "fotografía"[119], ayon sa sacristán mayor sa Antipolo, at sacâ, pagca siya'y nagagalit daw ay nangĩngĩtim na cawangĩs ng̃ luyong, at nanggagaling namán sa ang ibáng mgã Virgen ay may calambután ang púsò at mapagpaumanhin: talastás ng̃ may mgã táong iniibig pa ang isáng haring "absoluto"[120] cay sa isáng haring "constitucional"[121], cung hindî náriyan si Luis Catorce[122] at si Luis Diez y Seis[123], si Felipe Segundo[124] at si Amadeo Primero[125]. Sa cadahilanan ding itó marahil cayâ may nakikitang mgã insíc na di binyagan at sampóng mgã castilang lumalacad ng̃ paluhód sa balitang sambahan; at ang hindî lamang napag-uusísà pa'y ang cung bakit nangãgtatanan ang mgã curang dalá ang salapî ng̃ casindácsindác na Larawan, napasa sa América at pagdatíng doo'y napacácasal.

Ang pintuang iyán ng̃ salas, na natátacpan ng̃ isáng tabing na sutlâ ay siyáng daang patungõ sa isáng maliit na capilla ó pánalangĩnang dî dapat mawalâ sa alin mang báhay ng̃ filipino: naririyan ang mgã "dios lar"[126] ni capitan Tiago, at sinasabi naming mgã "dios lar," sa pagca't lalong minamágaling ng guinoong ito ang "politeismo"[127] cay sa "monoteismo"[128] na cailan ma'y hindî niyá naabót ng̃ pag-iisip. Doo'y may napapanood na mgã larawan ng̃ "Sacra Familia"[129] na pawang garing mulâ, sa ulo hangang dibdib, at gayon din ang mgã dacong dulo ng̃ mgã camáy at paa, cristal ang mgã matá, mahahabà ang mgã pilíc matá at culót at culay guintô ang mgã buhóc, magagandáng yárì ng̃ escultura sa Santa Cruz. Mgã cuadrong pintado ng̃ óleo ng̃ mgã artistang taga Pácò at taga Ermita, na ang naroroo'y ang mgã pagpapasakít sa mgã santo, ang mgã himalâ ng̃ Vírgen at iba pa; si Santa Lucíang nacatitig sa langĩt, at hawác ang ísáng pinggáng kinalalagyan ng̃ dalawá pang matáng may mgã pilìc-matá at may mgã kílay, na catulad ng̃ napapanood na nacapintá sa "triángulo" ng̃ Trinidad ó sa mgã "sarcófago egipcio"[130]; si San Pascual Baylon, San Antonio de Padua, na may hábitong guingón at pinagmámasdang tumatangĩs ang isáng Niño Jesús, na may damit Capitan General, may tricornio[131], may sable at may mgã botang tulad sa sayáw ng̃ mgã musmós na batà sa Madrid: sa ganáng cay Capitan Tiago, ang cahulugan ng̃ gayóng anyó'y cahi't idagdág ng̃ Dios sa canyáng capangyarihan ang capangyarihan ng̃ isáng Capitang General sa Filipinas, ay paglalaruan din siyá ng̃ mgã franciscano, na catulad ng̃ paglalarò sa

isáng "muñeca" ó larauang taotauhan. Napapanood din doon ang isáng San Antonio Abad, na may isáng baboy sa tabí, at ang ísip ng̃ carapatdapat na Capitan, ang baboy na iyó'y macapaghihimalâng gaya rin ni San Antonio, at sa ganitóng cadahilana'y hindî siyá, nangãngãhás tumawag sa hayop na iyón ng "baboy" cung dî "alágà ng̃ santo señor San Antonio;" isáng San Francisco de Asís na may pitông pacpác at may hábitong culay café, na nacapatong sa ibabaw ng̃ isáng San Vicente, na walâ cung dî dádalawang pacpac, ngũni't may dalá namáng isáng cornetín; isáng San Pedro Mártir na biyác ang ulo, at tangãn ng isáng dî binyagang nacaluhod ang isâng talibóng ng̃ tulisán, na na sa tabi ng isáng San Pedro na pinuputol ang taingã ng̃ isáng moro, na marahil ay si Malco, na nangãngãtlabi at napapahindîc sa sakít, samantalang tumatalaoc at namamayagpag ang sasabungĩng nacatuntong sa isáng haliguing "dórico"[132], at sa bagay na ito'y inaacalà ni Capitang Tiago, na nacararating sa paguiguîng santo ang tumagâ at gayon din ang mátagà. ¿Sino ang macabibilang sa hucbóng iyón ng̃ mgã larawan at macapagsasaysay ng̃ mgã canicanyáng túngõ't mgã cagalingãng doo'y natitipon?!Hindî ngã magcacasiyang masabi sa isáng capítulo lamang! Gayón ma'y sasabihin din namin ang isáng magandang San Miguel, na cahoy na dinorado at pinintahán, halos isáng metro ang táas: nangãngãtábì ang arcángel, nanglilisic ang mgã mata, cunót ang noo at culay rosa ang mgã pisngĩ; nacasuot sa caliwáng camay ang isáng calasag griego, at iniyayambâ ng̃ canan ang isang kris joloano, at handang sumugat sa namimintacasi ó sa lumapit sa canyá, ayon sa nahihiwatigan sa canyáng acmâ at pagtingĩng hindî ang tungõ'y sa demoniong may buntót at may mgã sungãy na ikinacagat ang canyáng mgã pangĩl sa bintíng dalaga ng̃ arcángel. Hindî lumalapit sa canyá cailán man si Capitang Tiago, sa tacot na bacâ maghimalâ. ¿Mamacailán bagáng gumaláw na parang buháy ang hindî lamang iisáng larawan, cahi't anóng pagcapangĩtpangĩt ang pagcacágawang gaya ng̃ mgã nanggagaling sa mgã carpintería sa Paete, at ng̃ mangãhiyâ at magcamít caparusahán ang mgã macasalanang hindî nananampalataya? Casabiháng may isáng Cristo raw sa España, na nang siyá'y tawaguing sacsí ng̃ mgã nangãcò sa pagsinta, siyá'y sumang-ayo't nagpatotoo, sa pamamag-itan ng̃ minsang pagtangõ̃ ng̃ úlo sa haráp ng̃ hucóm; may isáng Cristo namáng tinanggál sa pagcapácò ang canang camáy upang yacapin si Santa Lutgarda; at ¿anó? hindî ba nababasa ni Capitang Tiago sa isáng maliit na librong hindî pa nalalaong inilalathalà, tungcol sa isáng pagsesermong guinawâ sa pamamag-itan ng̃ tinangõ̃tangõ̃ at kinumpáscumpás ng̃ isáng larawan ni Santo Domingo sa Soriano? Waláng sinabing anó man lamang salitâ ang santo; ngũni't naacalà ó inacalà ng̃ sumulat ng̃ librito, na ang sinabi ni Santo Domingo sa canyáng mgã tinangõ̃tangõ̃ at kinumpáscumpás ay ipinagbibigay alâm ang pagcatapos ng̃ santinacpán[133] ¿Hindi ba sinasabi namáng malaki ang

pamamagà ng̃isáng pisngĩ cay sa cabilâ ng̃Virgen de Luta ng̃bayan ng̃Lipá at capol ng̃putic ang mgã laylayan ng̃canyáng pananamít? ¿Hindi bâ itó'y lubós na pagpapatotoong ang mgã mahál na larawa'y nagpapasial din namá't hindî man lamang itinataas ang caniláng pananamít, at sinásactan din namán silá ng bagang, na cung magcabihira'y tayo ang dahil? ¿Hindi bâ namasdán ng̃canyáng sariling matang maliliit ang lahát ng̃mgã Cristo sa sermón ng̃"Siete Palabra" [134] na gumágalaw ang úlo at tumatangõng macaitló, na siyáng nacaaakit sa pagtangĩs at sa mgã pagsigáw ng̃lahát ng̃mgã babae at ng̃mgã calolowang mahabaguing talagáng mgã taga langĩt? ¿Anó pa? Napanood din namán naming ipinakikita ng̃pári sa mgã nakíkinig ng̃sermón sa canyá sa oras ng̃pagpapanaog sa Cruz cay Cristo ang isáng panyóng punô ng̃dugô, at camí sana'y tatangĩs na sa malaking pagcaáwà, cung di lamang sinabi sa amin ng̃ sacristan, sa casaliwang palad ng̃aming cálolowa, na iyón daw ay birò lamang: ang dugóng iyon-anya-ay sa inahíng manóc, na pagdaca'y inihaw at kinain, baga ma't Viernes Santo ... at ang sacristan ay matabâ. Si Capitang Tiago ngã, palibhasa'y taong matalinò at banál, ay nag-iingãt na huwag lumapit sa Krís ni San Miguel.—¡Lumayô tayo sa mgã pangãnib!—ang sinasabi niyá sa canyáng sarili—nalalaman co ng̃isáng arcángel; ¡ngũni't hindî, walâ acong tiwalà! ¡walâ acong tiwalà!

Hindî dumaráan ang isáng taóng hindî siyá nakikidaló sa pagpasa Antipolong malaki ang nagugugol, na ang dalá'y isáng orquesta: cung nároroon na'y pinagcacagulan niyá ang dalawá sa lubháng maraming mgã misa de graciang guinágawâ sa boong tatlóng siyám, at sa mgã ibáng araw na hindî guinágawâ ang pagsisiyám, at nalíligò pagcatapos sa bantóg na "batis" ó bucál, na ayon sa pinasasampalatayana'y naligò roon ang mahál na larawan. Nakikita pa ng̃mgã mapamintacasing táo ang mgã bacás ng̃mgã páa at ang hilahis ng buhóc ng̃Vírgen de la Paz sa matigás na bató, ng̃pigaín niyá ang mgã buhóc na iyón, anó pa't waláng pinagibhan sa alín mang babaeng gumagamit ng̃langĩs ng niyóg, at para manding patalím ang canyáng mgã buhóc, ó cung dili cayá'y diamante at waláng pinag-ibhán sa may sanlibong tonelada ang bigát. Ibig sana naming ihaplít ng̃cagulatgulat na larawan ang canyáng mahál na buhóc sa mgã matá ng̃mgã táong mapamintacasing itó, at canyáng tuntungãn ang caniláng dilà ó úlo.—Doón sa tabí rin ng̃bucál na iyón ay dapat cumain si Capitang Tiago ng inihaw na lechón, dalág na sinigáng sa mgã dahon ng̃alibangbang, at ibá pang mgã lutong humiguít cumulang ang saráp. Mahiguíthiguít sa apat na raang piso ang nagugugol sa canyá sa dalawáng misang iyón, datapuwa't maipalálagay na múra, cung pag-iisip-isipin ang capuriháng tinatámo ng̃Iná ng̃Dios sa mgã ruedang apóy, sa mgã cohete, sa mgã "berso," at cung babalacbalakin ang

pakinabang na kinákamtan sa bóong isáng taón dahil sa mgã misang itó.

Ngũni't hindî lamang sa Antipolo guinagawâ niyá ang canyáng maingãy na pamimintacasi. Sa Binundóc, sa Capampangãn at sa bayan ng̃ San Diego: pagcâ magsasabong ng̃ manóc na may malalakíng pustahan, nagpápadala siyá sa cura ng̃ mgã salapíng guintóng úcol sa mgã misang sa canyá'y magpapálà, at tulad sa mgã romanong nangãgtátanong muna sa caniláng mgã "augur"[135] bago makipaghamoc, na pinacacaing magalíng ang caniláng mgã sisiw na iguinagalang; pinagtatanungãn din ni Capitang Tiago ang canyáng sariling mgã "augur"; ngũni't tagláy ang mgã pagbabagong hatol ng̃ mgã panahón at ng̃ mgã bagong catotohanan. Pinagmámasdan niyá ang ningãs ng̃ mgã candílà, ang úsoc ng̃ incienso, ang voces ng̃ sacerdote at ibá pa, at sa lahát ng̃ bagay pinagsisicapan niyáng mahiwatigan ang canyáng maguiguing palad. Pinaniniwalaang bihirang matalo si Capitáng Tiago sa mgã pakikipagpustahan, at ang canyáng manacânacang pagcatalo'y nagmúmulâ sa mgã cadahilanang ang nagmisa'y namámalat, cacaunti ang mgã ílaw, masebo ang mgã "cirio"[136], ó napahalò cayâ ang isáng achoy sa mgã salapîng ipinagpamisa, at ibá pa: ipinaaninaw sa canyá ng̃ celadon ng̃ isáng Cofradía, na ang gayóng pagcápalihis ng̃ palad ay mgã pagtikím lamang sa canyá ng̃ Langĩt, at ng̃ lalong mapapagtibay siyâ sa canyáng pananampalataya at pimimintacasi. Kinalúlugdan ng̃ mgã cura, iguinagalang ng̃ mgã sacristán, sinusúyò ng̃ magcacandiláng insíc at ng̃ mgã castillero, si Capitang Tiago'y lumiligaya sa religión dito sa lupà, at sinasabi ng̃ mgã matataas at banal na mgã táong sa langĩt man daw ay malakí rin ang lacás ng̃ canyáng capangyarihan.

Na siyá'y cásundò ng̃ Gobierno, ang baga'y na itó'y hindî dapat pag alinlangãnan, bagá man tíla mandín may cahirapang itó'y mangyari. Waláng cáyang umísip ng̃ anó mang bagong bagay, nagágalac na sa canyáng casalucuyang pamumuhay, cailán ma'y laguing laang tumalima sa catapustapusang Oficial quinto sa lahát ng̃ mgã oficina, maghandóg ng̃ mgã hítang jamón, mgã capón, mgã pavo, mgã bungãng cáhoy at halamang gáling sa Sunsông sa alin mang panahón ng̃ isáng taón. Cung náriringĩg niyáng sinasabing masasamâ ang mgã tunay na lahing filipino, siyáng hindî nagpapalagay sa sariling dî siyá dalisay na tagalog, nakikipintas siyá at lálò pa manding masamâ ang canyáng guinagawang pagpulà; sacali't ang pinipintasa'y ang mgã mestizong insíc ó mestizong castilà, siyá nama'y nakíkipintas, marahil sa pagca't inaacalà na niyáng siyá'y dalisay na "ibero"[137]: siyá ang unaunang pumupuri sa lahát ng̃ mgã pagpapabuwís, lalo't cung sa licuran nitó'y naáamo'y niyáng may "contrata" ó isáng "arriendo." Lágui ng̃ may handâ siyáng mgã orquesta upang bumatì at tumapát sa canino mang mgã gobernador, mgã alcalde, mgã fiscal, at iba pa, sa

caniláng mgã caarawán ng̃ santong calagyô, caarawán ng̃ capangãnacan, pangãngãnác ó pagcamatáy ng̃isáng camag-anac, sa maiclíng salitá'y ang anó mang pagbabagong lacad ng̃pamumuhay na caraniwan. Nagpápagawâ ng̃mgã tuláng pangpuri sa mgã táong sinabi na, ng̃mgã himnong ipinagdíriwang ang "mabait at mairog na Gobernador; matapang at mapagsicap na Alcalde, na pinaghahandaan sa langĩt ng̃palma ng̃mgã banál" (ó palmeta) at iba't iba pang mgã bagay.

Naguíng Gobernadorcillo siyá ng̃"gremio" ng̃mgã "mestizong sangley", bagá man maraming nagsitutol, sa pagca't hindî siya nilá ipinalálagay na mestizong insic. Sa dalawáng taóng canyáng pangãngãpita'y nacasirà siyá ng̃ sampóng frac, sampóng sombrerong de copa at anim na bastón: ang frac at sombrero de copa'y sa Ayuntamiento, sa Malacanyáng at sa cuartel; ang sombrero de copa at ang frac ay sa sabungãn, sa pamilihan, sa mgã procesión, sa mgã tindahan ng̃mgã insíc, at sa ilalim ng̃sombrero at sa loob ng̃frac ay si Capitang Tiagong nagpapawis at nag-eesgrima ng̃bastóng may borlas, na nag uutos, naghuhusay at guinugulo ang lahát, tagláy ang isáng cahangãhangãng casipagan at isáng pagcamatimtimang lalò pa manding cahangãhangã. Cayâ ngã't ipinalalágay ng̃mgã punong macapangyarihang siyá'y isáng magaling na táo, cagandagandahan ang púso, payápà, mápagpacumbabâ, masunurin, mapagpakitang loob, na hindî bumabasa ng̃anó mang libro ó periódicong galing sa España, bagá man magalíng mag-wícang castílà; ang tingĩn sa canyá, nilá'y tulad sa pagmamasíd ng̃isáng abáng estudiante sa gasgás na tacón ng̃canyáng lumà ng̃ zapato, pakilíng dahil sa anyô ng̃ canyáng paglacad:—Naguiguing catotohanan, sa calagayan niyá, ang casabihán ng̃ mgã cristianong "beati pauperis spiritu"[138] at ang caraniwang casabiháng "beati possidentes"[139], at mangyayaring maipatungcol sa canyá yaóng mgã sabing griego na anáng ibá'y malî ang pagcacahulog sa wicang castilà: "¡Gloria á Dios en las alturas y paz á los hombres de buena voluntad"[140]! sa pagca't ayon sa makikita natin sa mgã susunod dito, hindî casucatáng magcaroon ang táo ng̃magandáng calooban upang sumapáyapà. Ang mgã dî gumagalang sa religió'y ipinalálagay siyáng halíng; ipinalálagay siyá ng̃ mgã dukháng waláng awà, tampalasan, mapagsamantala ng̃ cahirapan ng̃ capuwà, at ipinalálagay naman ng̃ mgã mabababà sa canyáng siyá'y totoong malabis umalipin at mapagpahirap. At ¿ang mgã babae? ¡Ah, ang mgã babae! Umaalingãwngãw ng̃dî cawasà ang mgã paratang, na naririnig sa mgã mahihirap na mgã báhay na pawid, at pinagsasabihang may naririnig daw na mgã taghóy, mgã hagulhól, na manacànacang may casamang mgã uhâ ng̃isáng bagong caaanác. Hindî lamang íisang dalaga ang itinuturò ng̃daliring mapagsapantahà ng̃mgã namamayan:

malamlám ang matá at looy na ang dibdib ng̃ gayóng dalaga. Ng̃uni't hindî nacabábagabag ng̃ canyáng pagtulog ang lahát ng̃ itó; hindî nacaliligalig ng canyáng catahimican ang sino mang dalaga; isáng matandáng babae ang siyang nacapagpapahirap ng̃ canyáng loob, isáng matandáng babaeng nakikipagtaasan sa canyá ng̃ pamimintacasi na naguíng dapat magtamò sa maraming cura ng lalong malalaking pagpupuri at pagpapaunlác cay sa mgã kinamtán niyá ng panahóng siyá'y guinágaling. May banál na pag-uunaháng ikinágagaling ng Iglesia si Capitang Tiago at sacâ ang babaeng baong itóng pagmamanahan ng mgã capatíd at ng̃ mgã pamangkín, tulad namán sa pag-aagawán ng̃ mgã vapor sa Capangpangãng pinakikinabangãn ng̃ mgã táong báyan. ¿Naghandóg si Capitang Tiago sa isáng Vírgeng alín man ng̃ isang bastóng pílac na may mgã esmeralda at mgã topacio? Cung gayó'y pagdaca'y nagpapagawâ namán si Doña Patrocinio sa platerong si Gaudinez ng̃ isáng bastóng guintô na may mgã brillante. ¿Na nagtayô si Capitang Tiago ng̃ isáng arcong may dalawáng mukhâ, may balot na damít na pinabintógbintóg, may mgã salamín, mgã globong cristal, mgã lâmpara at mgã araña, handóg sa procesión nang naval? Cung gayó'y magpapatayô namán si Doña Patrocinio ng̃ isáng arcong may apat na mukhâ, matáas ng̃ dalawáng vara sa arco ni Capitang Tiago at lalong marami ang mgã bítin at ibá pang sarisaring mgã pamuti. Pagcâ nagcágayo'y guinagamit namán ni Capitang Tiago ang canyáng lalong nagágawang magalíng, ang bagay na canyáng ikinatatang̃ì: ang mgã misang may mgã bomba't ibá pang pangpasayáng guinagamitan ng̃ pólvora, at pagnangyari itó'y kinácagat ni Doña Patrocinio ng canyáng mgã ng̃ídng̃íd ang canyáng lábì, sa pagca't palibhasa'y totoong mayamutin ay hindî niyá matiis ang "repique" ng̃ mgã campanà, at lalò ng kinalúlupitan niyá ang ugong ng̃ mgã putucan. Samantalang si Capitang Tiago'y ng̃ um̃íng̃ìtì ay nag-iisip naman si Doña Patrocinio ng̃ pagganti, at pinagbabayaran niyá ng̃ salapì ng̃ mgã ibá ang lalong magagaling na magsermóng hirang sa limáng mgã capisanan ng̃ mgã fraile sa Maynilà, ang lalong mgã balitang mgã canónigo sa Catedral, at sampô ng̃ mgã Paulista, at ng mangãg sermón sa mgã dakilang araw tungcól sa mgã saysayin sa Teología[141], na lubhang malalalim sa mgã macasalanang waláng nalalaman cung dî wicang tindá lamang. Námasid ng̃ mgã cacampí ni Capitang Tiago, na si Doña Patrocinio'y nacacatulog samantalang nagsesermon, at sinaságot namán silá ng mgã cacampi ni Doña Patrocinio, na ang sermó'y bayád na, at sa ganang canyá'y ang pagbabayad ang siyáng lalong mahalagá. Sa cátapustapusa'y lubós na iguinupò si Capitang Tiago ni Doña Patrocinio, na naghandóg sa isáng simbahan ng̃ tatlóng andas na pilac, na dinorado, na ang bawa't isa'y pinagcagugulan niyá ng̃ mahiguít na tatlóng líbong piso. Hinihintay ni Capitang Tiago na bawa't araw ay titiguil ng̃ paghingã ang matandáng babaeng itó, ó matatalo cayâ ang limá ó

anim na usapín sa paglilincód lamang sa Dios; ang casamaang palad ay ipinagcásanggalang ang mg̃a usaping iyón ng̃ lalong magagalíng na abogado sa Real Audiencia, at tungcól sa canyáng búhay, waláng sucat na mapanghawacan sa canyá ang sakít, ang cawang̃is niyá'y cawad na patalím, marahil ng̃ may mapanghinularan ang mg̃a cálolowa, at cumacapit dito sa bayan ng̃ luhang gaya ng̃ mahigpit na pagcapit ng̃ galís sa balát ng̃ táo. Umaasa ang mg̃a cacampí ni Doña Patrociniong pagcamatáy nito'y maguiguing "canonizada"[142], at si Capitang Tiago ma'y sásamba sa canyá sa mg̃a altar, bagay na sinasang-ayunan ni Capitang Tiago at canyáng ipinang̃ãng̃ãco, mamatáy lamang agád.

Gayón ng̃â ang calagayan ni Capitang Tiago ng̃ panahóng iyón. Tungcól sa panahóng nacaraa'y siyá'y bugtóng na anác ng̃ isáng mag-aasucál sa Malabóng mayaman din namán ang pagcabuhay, ng̃uni't nápacaramot, na anó pa't hindî nagcagugol ng̃ isáng cuarta man lamang sa pagpapaaral sa canyáng anác, caya't naguíng alilâ si Santiaguillo ng̃ isang mabaít na dominico na pinagsicapang iturò ang lahát ng̃ maituturò at nalalaman niyá. Ng̃ magtátamo na si Santiago ng caligayaháng siyá'y tawaguing "lógico", sa macatuwíd bagá'y ng̃ siyá'y mag-aaral na ng̃ "Lógica",[143] ang pagcamatáy ng̃ sa canyá'y nagtatangkilíc, na sinundán ng̃ pagcamatáy ng̃ canyáng amá, ang siyáng nagbigáy wacás ng canyáng mg̃a pag-aaral, at ng̃ magcágayo'y napilitang siyáng mang̃ãsiwà sa paghahanap-buhay. Nag-asawa siyá sa isáng magandáng dalagang taga Santa Cruz, na siyáng tumulong sa canyá sa pagyaman, at siyáng sa canyá'y nagbigáy ng̃ pagcaguinoo. Hindî nagcásiya si Doña Pia Alba sa pamimili ng̃ azúcal, café at tínà: ninais niyáng magtaním at umani, at bumilí ang dalawáng bagong casál ng mg̃a lúpà sa San Diego, at mulâ niyao'y naguíng caibigan na siyá ni párì Dámaso at ni Don Rafael Ibarra, na siyáng lalong mayamang mámumuhunan sa bayan.

Naguiguing isáng gawáng dapat sisihin ang malabis niláng pag-susumakit sa pagpaparami ng̃ cayamanan, dahil sa silá'y hindî nagcacaanác, mulâ ng̃ silá'y mácasal na may anim na taón na, at gayón ma'y matuwid, matabâ at timbáng na timbáng ang pang̃ãng̃ãtawán ni Doña Pia. Nawaláng cabuluhán ang canyáng mg̃a pagsisiyám, ó "novenario," ang canyáng pagdalaw sa Virgeng Caysasay sa Taal, sa hatol ng̃ mg̃a mapamintacasi; ang pagbibigay niyá, ng̃ mg̃a limós, ang pagsasayáw niyá sa procesión ng̃ Virgeng Turumbá, sa Pakil, sa guitnâ ng̃ mainit na araw ng̃ Mayo. Nawal-ang cabuluháng lahát, hanggang sa siyá'y hinatulan ni párì Dámasong pumaroon sa Obando, at pagdatíng doo'y sumayáw sa fiesta ni San Pascual Baylón, at huming̃î ng̃ isáng anác. Talastás na nating sa Obando'y may tatlóng nagcacaloob ng̃ mg̃a anác na lalaki at ng̃ mg̃a anác na babae; ang ibiguin: Nuestra Señora de Salambaw, Santa Clara at San Pascual. Salamat sa hatol na ito'y nagdaláng táo si Doña Pía ... ¡ay! tulad sa máng̃ĩng̃ĩsdáng sinasabi

ni Shakespeare sa Macbeth, na tumiguil ng̃pag-aawít ng̃siyá'y macasumpong ng isáng cayamanan; pumanaw cay Doña Pia ang catowaan, namangláw ng̃dî anó lamang at hindî na nakita nino mang ngũmitî.—¡Talagáng ganyán ang mgã naglílihi—ang sinasabi ng̃ lahát, sampô ni Capitang Tiago. Isáng lagnát na dumapò sa canyá pagcapangãnác (fiebre puerperal) ang siyáng nagbigáy wacás sa canyáng mgã calungcutan, na anó pa't naiwan niyáng ulila ang isáng magandáng sanggól na babae, na inanác sa binyág ni Fr. Dámaso rin; at sa pagca't hindî ipinagcaloob ni San Pascual ang batang lalaking sa canyá'y hiníhingĩ, pinangãlanan ang sanggól ng̃MARIA CLARA, sa pagbibigáy unlác sa Virgen de Salambáw at cay Santa Clara, at pinarusahan ang may dalisay na capuriháng si San Pascual Baylón, sa hindî pagbangguît ng̃canyáng pangãlan.

Lumakí ang sanggól na babae sa mgã pag-aalagà ni tia Isabel, ang matandáng babaeng iyóng tulad sa fraile ang pakikipagcapuwà táo na nakita natin sa pasimulâ nitó.

Hindî tagláy ni María Clara ang maliliit na mgã matá, ng̃canyáng amá: gaya rin ng̃canyáng ináng malalakí ang mgã matá, maiitím, nalililiman ng mahahabang mgã pilíc-matá, masasayá at caayaaya pagcâ naglálarô; malulungcót, hindî mapagcurò at anyóng naggugunamgunam pagcâ hindî ngũmíngĩtî. Nang sanggól pa siyá'y culót ang canyáng buhác at halos culay guintô; ang ilóng niyáng magandá ang hayap ay hindî totong matangõs at hindî namán sapát; ang bibíg ay nagpapaalaala sa maliliit at calugodlugod na bibíg ng canyáng iná, tagláy ang mgã catowatowang bíloy sa mgã pisngĩ; ang balát niyá'y casíng nipís ng̃pang-ibabaw na balát ng̃sibuyas at maputíng culay búlac, anáng mgã nahihibáng na mgã camag-anac, na caniláng nakikita ang bacás ng̃pagcâ si Capitang Tiago ang amá, sa maliliit at magandáng pagcacaanyô ng̃mgã taingã ni María Clara.

Ipinalálagay ni tía Isabél na cayâ may pagca mukháng europeo si María Clara'y dahil sa paglilihí ni Doña Pía; natatandàang madalás nakita niyáng itó'y tumatangĩs sa harapán ni San Antonio, ng̃mgã unang buwán ng̃canyang pagbubuntís; gayón din ang isipan ng̃isáng pinsang babae ni Capitang Tiago, ang pinagcacáibhan lamang ay ang paghirang ng̃santo: sa ganang canyá'y naglihi sa Virgen ó cay San Miguel. Isáng balitang filósofong pinsan ni Capitang Tinong, at nasasaulo ang "Amat" [144], hinahanap ang caliwanagan ng̃gayóng bagay sa ikinapangyayari sa calagayan ng̃tao ng̃mgã "planeta"[145].

Lumakí si María Clarang pinacaiirog ng̃lahát, sa guitnâ ng̃mgã ngĩti at pagsinta. Ang mgã fraile ma'y linalarô siya pagcâ isinasama sa mgã procesióng puti ang pananamit, nalalala sa canyang malagô at culót na buhóc ang mgã

sampaga at mgã azucena, may dalawang maliliit na pacpac na pilac at guintóng nacacabit sa licuran ng̃canyang pananamít, at may tangãng dalawang calapating puting may mgã taling cintas na azul. At sacâ siya'y totoong masaya, may mgã pananalitang musmós na calugodlugod, na si Capitang Tiago, sa cahibangãn ng pag-ibig, ay walang guinagawà cung di pacapurihin ang mgã santo sa Obando at ihatol sa lahat na sila'y umadhicâ ng̃magagandang escultura nila.

Sa mgã lupaing na sa dacong ilaya ng̃daigdig, pagdating ng̃batang babae sa labing tatló ó labing apat na taón ay dinaratnan na ng̃sa panahon, tulad sa buco cung gabi na kinabucasa'y bulaclac na. Sa calagayang iyang pagbabagong anyò, puspós ng̃mgã talinghagà at ng̃pagcamaramdamin ang puso, pumasoc si Maria Clara, sa pagsunód sa mgã hatol ng̃cura sa Binundóc, sa beaterio ng̃Santa Catalina[146] upang tumanggap sa mgã monja ng̃mgã turong banal. Tumatangĩs si Maria Clarang nag-paalam cáy parì Dámaso at sa tangĩng catotong canyang calaró-larô buhat sa camusmusan, cay Crisôtomo Ibarra, na pagcatapos ay napa sa Europa naman. Doon sa conventong iyóng sacali't nakikipanayam sa mundo'y sa pamamag-itan ng̃mgã rejang lambal, at sa ilalim pa ng̃pagbabantay ng "Madre-Escucha", natira si María Clarang pitóng taón. Taglay ng̃bawa't isa ang canicanicalang inaacalang icagagalíng ng̃sariling pagcabuhay, at sa canilang pagcahiwatig ng̃hilig ng̃isa sa isa ng̃mgã batà, pinagcayarîan ni Don Rafael at ni Capitang Tiago, ang pagpapacasal sa canilang mgã anac, at sila'y nangãgtatag ng̃samahan. Ang pangyayaring itóng guinawâ ng̃macaraan ang ilang taón buhat ng̃umalís si Ibarra'y ipinagdiwang ng̃dalawang pusong na sa magcabilang dúlo ng̃daigdíg at na sa iba't ibang calagayang totoo.

Decorative motif

---

Decorative motif

# VII.

## MAIROG NA SALITAAN SA ISANG "AZOTEA"

Maagang nangãgsimbá ng̃ umagang iyón si tía Isabel at si María Clara: mainam na totoo ang pananamít nitó at may tangãng isáng cuintás na azúl ang mgã butil, na inaarì niyáng parang brazalete,[147] at may salamín sa matá si tía Isabel, upang mabasa ang daláng''Ancora de Salvación"[148], samantalang nagmimisa.

Bahagyâ pa lamang nacaaalís sa altar ang sacerdote, nagsabi ang dalagang ibig na niyáng omowî, bagay na totoong ipinangguilalás at isinamâ ng̃ loob ng mabaít na tíang waláng boong acalà cung dî ang canyáng pamangking babae'y mápagbanal at madasaling tulad sa isáng monja man lamang. Nagbubulóng, at pagcatapos na macapagcucrûz ay nagtindíg ang mabaít na matandáng babae.—¡Bah! patatawarin na acó ng̃ mabaít na Dios na dapat macakilala ng̃ púso ng̃ mgã dalaga cay sa inyó pô tía Isabel—Ang sasabihin sana ni María Clara sa canyá upang putlín ang canyáng matitindí, ngũni't sa cawacasa'y mgã pagsesermóng-ná.

Ngãyó'y nacapag-agahan na tila at nilílibang ni María Clara ang canyáng pagcainíp sa paggawâ ng̃ isáng sutláng "bolsillo", samantalang ibig pawìin ng̃ tía ang mgã bacás ng̃ nagdaang fiesta sa pagpapasimulâ ng̃ paggamit ng̃ isáng plumero. Sinisiyasat at inuusisa ni Capitang Tiago ang mgã iláng casulatan.

Bawa't lagunlóng sa daan, bawa't cocheng dumaraan ay nangãgpápacaba sa dibdib ng̃ vírgen at siya'y pinang̃ing̃ilabot. ¡Ah, ngãyó'y ibig niyáng maparoon ulî sa beaterio, sa casamahán ng̃ canyáng mgã caibigang babae! ¡Doo'y matitingnan niyá "siyáng" hindî mang̃ing̃inig, hindî magugulumihanan! Datapowa't ¿hindî bagá, siyá ang iyóng caibigan ng̃ panahóng musmus ca pa? ¿hindî bâ cayó'y nangãglálaro ng̃ laróng halíng at hanggáng sa cayó'y nag-aaway na manacànacâ? Ang dahil ng̃ mgã bagay na itó'y hindî co sasabihin; cung icáw na bumabasa'y umibig ay mapagkikilala mo, at cung hindî namán ay sayang na sa iyó'y aking sabihin; hindî mapag-uunawa ang mgã talinghagang itó ng̃ hindî na casisinta cailán man.

—"Sa acalà co María'y may catowiran ang médico—ani Capitang Tiago.

Dapat cang pasalalawigan, namumutlâ ca ng̃mainam at nagcacailangãn ca ng̃ mgã mabubuting hangĩn. Anó bang acalà mo: ¿sa Malabón ... ó sa San Diego?

Namulá si Maríang tulad sa "amapola"[149] pagcárinig niyá nitóng hulíng pangãlan, at hindî nacasagót.

—"Ngãyó'y páparoon cayó ni Isabel at icáw sa beaterio, at ng̃cunin ninyó roon ang iyóng mgã damít, at macapagpaalam ca sa iyóng mgã caibigan; hindî ca na papasoc ulî roon.

Dinamdam ni María Clara iyáng hindî malírip na calungcutang bumabalot sa cálolowa, pagcâ iniiwan ang isáng kinatirahang pinatamuhán natin ng̃ caligayahán; ngũni't nagpagaang ng̃canyáng pighatî ang pagcaalaala ng̃isáng bagay.

—At sa loob ng̃apat ó limáng araw, pagcâ may damít ca nang bágo'y paparoon tayo sa Malabón.... Walâ na sa San Diego ang iyóng ináama; ang curang nakita mo rito cagabí, iyóng paring bátà ay siyáng bagong cura natin doón ngãyón; siyá'y isáng santo.

—¡Lalong nacagágaling sa canyáng catawán ang San Diego, pinsan!—ang ipinaalaala ni tía Isabel;—bucód sa roo'y lalong mabuti ang bahay natin doón, at sacâ malapit na ang fiesta.

Ibig sanang yacapin ni María Clara ang canyáng tía; ngũni't narinig niyáng tumiguil ang isáng coche ay siyá'y namutlâ.

—¡Ah, siyá ngã!—ang isinagót ni Capitang Tiago, at nagbago ng̃pananalitâ at idinagdág:—¡Don Crisóstomo!

Nalaglág sa mgã camáy ni María Clara ang tangãng canyáng guinágawà; nag-acalà siyáng cumilos ay hindî nangyari: isáng pangĩngĩlabot ang siyáng tumátacbo sa canyáng catawán. Nárinig ang yabág ng̃ paa sa hagdanan at pagcatapos ay ang sariwà at voces lalaki. Tulad sa cung ang voces, na itó'y may capangyarihang hiwágà, iniwacsí ng̃dalaga ang laguím at nagtatacbó at nagtágò sa panalangĩnang kinálalagyan ng̃ mgã santo. Nagtawanan ang dalawáng magpinsan, at nárinig ni Ibarra ang ingãy ng̃sinásarhang pintuan.

Namúmutlà, humíhingã ng̃madalás, tinutóp ng̃dalaga ang cumácabang dibdíb at nag-acalang makiníg. Náriníg ang voces, yaóng voces na pinacasísinta't sa panag-ínip lamang niyá náririnig: ipinagtátanong siyá ni Ibarra. Sa pagcahibáng sa towâ ay hinagcán niyá ang santóng sa canyá'y nálalapit, si San Antonio Abad; santong mapalad ng̃nabubuhay at ngãyóng siyá'y cahoy; láguì ng̃

may magagandáng mgã tucsó! Pagcatapos ay humanap ng͠ isáng bútas ng͠ susîan, upang makita niya si Ibarra; mapagsiyasat ang canyáng anyô; ngũmíngĩtî si María Clara at ng͠ cunin siyá ng͠ canyáng tía sa gayóng panonood, sumabit sa líig ng͠ matandáng babae at sinisì itó ng͠ halíc na paulit-ulit.

—Ngũni't halíng, ¿anó ang nangyayari sa iyó?—ang sa cawacasa'y nasabi ng͠ matandáng babae, na pinapahid ang isáng lúhà sa mgã matá niyáng lantá na.

Nahiyâ si María Clara at tinacpán ang mgã matá, ng͠ canyáng mabibilog na mgã brazo.

—¡Halá, maghusay ca, halica!—ang sabi ng͠ matandáng babae ng͠ boong pag-irog.—Samantalang nakikipag-usap siyá sa iyóng amá ng͠ iyóng ... ¡halica at huwag cang magpahintay!

Napadalá ang dalagang tulad sa isáng musmós, at doon silá nagculóng sa canyáng "aposento."

Masayá ang salitaan ni Capitang Tiago at ni Ibarra ng͠ sumipót si tía Isabel na halos kinacaladcad ang canyáng pamangkíng babae, na nagpapalingãlingã cung saansaan, datapuwa't hindî tumítingĩn sa canino mang táo....

¿Anóng pinag-usapan ng͠ dalawáng cálolowang iyón, anó ang canicaniláng sinabi diyán sa salitaan ng͠ mgã matá, na lalong lubós ang galíng cay sa salitaan ng͠ bibíg, salitaang ipinagcaloob sa cálolowa at ng͠ huwag macaguló ang ingãy sa pagtatamóng timyás ng͠ damdamin? Sa mgã sandalíng yaón, pagca nagcacawatasán ang dalawáng linikháng sumasaligaya sa kilos ng͠ mgã balintataóng natatabingãn ng͠ mgã pilíc-matáng pinaglalampasanan ng͠ pag-iísip, ang pananalita'y mabagal, magaspáng, mahinà, wangĩs sa ugong ng͠ culóg na nangãngãlagcag at waláng tuos cung isusumag sa nacasisilaw na liwanag at mabilís ng͠ kidlát: nagsasaysay ng͠ isáng damdaming kilala na, isáng isipang napag-uunawà, na, at cayâ lamang guinagamit itó'y sa pagcá't ang mithî ng púsò'y siyáng nacapangyayari sa boong cataohang saganang saganà sa galác, íbig na ang boong catawán niyáng casama ang lahát ng͠ sancáp na lamán, butó at dugô at ang boong caisipán ay magsaysáy ng͠ hiwagang mgã catowâang inaawit ng͠ espíritu. Sa tanóng ng͠ pagsintá sa isáng sulyáp na numíningning ó lumálamlam, waláng mgã sagót ang salitâ: tumútugon ang ngĩtî, ang halíc ó ang buntóng hiningã.

At pagcatapos, sa pagtacas ng͠ dalawáng nagsisintahan sa "plumero" ng͠ tía Isabel na nagpapabangõn sa alicabóc, silá'y pumaroon sa azotea upang silá'y macapag-usap ng͠ boong calayâan sa silong ng͠ mgã bálag; ¿anó ang caniláng

pinag-usapan ng̃ marahan at nangĩngĩnig cayó, mg̃a maliliit na bulaclác ng "cabello-de-ángel"? Cayó ang magsabi't may bang̃o cayó sa inyóng hining̃a at may mg̃a cúlay cayò sa inyóng mg̃a labì; icáw, "cefiro"[150] ang magsabi yamang nag-aral ca ng̃ di caraniwang mg̃a tínig sa líhim ng̃ gabíng madilim at sa talinghagà ng̃aming mg̃a cagubatang virgen; sabihin ninyó, mg̃a sinag ng̃áraw, maningníng na tagapagpakilala sa lúpà ng̃ Walang Hanggán, tang̃ing hindî nahahawacan sa daîgdig ng̃mg̃a natátangnan: cayó ang mang̃ágsabi, sa pagca't walâ acóng nalalamang isaysáy cung dî mg̃a cahaling̃áng hindî mainam dingguín.

Ng̃uni't yamang áayaw ninyóng sabihin, aking títingnan cung aking maisásaysay.

Ang lang̃it ay azul: nagpápagalaw ng̃mg̃a dáhon at ng̃mg̃a bulaclac ng halamang gumagapang ang isáng malamig na amihang hindî amóy rosa,—dahil dito'y nang̃ágsisipang̃inig ang mg̃a cabello—de—ángel—ang mg̃a halamang nacabitin, ang mg̃a tuyúng isdâ at ang mg̃a lámparang galing sa China. Ang ing̃áy ng̃ sagwáng humahalò ng̃ malabong tubig ng̃ ílog, ang dagundong ng pagdaan ng̃mg̃a coche at mg̃a carretón sa tuláy ng̃Binundóc ay maliwanag na dumárating hanggang sa canilá; ng̃uni't hindî ang mg̃a ipinagbúbubulong ng̃tía.

—Lalong magalíng—ang wicà nitó—diyá'y ang boong bayan ang siyáng bábantay sa inyó.

Nang magpasimulá'y walâ siláng pinagsalitaanan cung di pawang mg̃a cahaling̃an—iyáng mg̃a cahaling̃áng totoong nacacawang̃is niyáng mg̃a cayabang̃an ng̃ mg̃a nación sa Europa: masasarap at lásang pulót sa mg̃a magcacanación, datapuwa't nacapagtátawa ó nacapagpapacunót sa kilay ng̃mg̃a taga ibang lupaín.

Ang babae, palibhasa'y capatíd ni Cain ay panibughuin, caya't dahil dito'y tumanong sa nang̃ing̃ibig sa canyá:

—¿Laguì bang isinaisip mo acó? ¿hindi mo ba acó linimot sa gayóng caraming mg̃a paglalacbá'y mo? ¡Pagcaramiraming malalakíng mg̃a ciudad na may pagcaramiraming magagandang mg̃a babae!...

Ang lalaki namán, palibhasa'y isá pa ring capatíd ni Caín ay marunong umiwas sa mg̃a tanóng at may caunting pagca sinung̃áling, cayâ ng̃a:

—Laguì bang isinaísip mo acó? ¿Hindî mo ba acó linimot?...—Imp de M. Fernandez, Paz 442 Sta.Cruz

—¿Mangyayari bagáng catá'y limutin?—ang sagót na nangãngãanino ng boong ligaya sa mgã maiitím na balíngtatao ng̃ dalaga;—¿mangyayari bagáng magculang acó sa panunumpâ, sa isáng panunumpang dakila? Natátandaan mo ba ang gabíng yaon, ang gabíng yaóng sumísigwa, na icáw, ng̃ makita mo acóng nag-íisang tumatangĩs sa siping ng̃ bangcáy ng̃ aking iná'y lumapit ca sa akin, ilinagáy mo ang iyong camáy sa aking balícat, ang camáy mong malaon nang ayaw mong ipahintulot na aking mátangnan, at iyong sinabi sa akin: "Nangũlila ca sa iyong iná, acó'y hindî nagcainá cailán man.": at dumamay ca sa akin ng pag-iyác. Iniirog mo ang aking iná at icáw ay pinacaibig niyáng tulad sa isáng anác. Sa dacong labás ay umúulan at cumíkidlat; ngũni't sa acalà co'y nacárinig acó ng̃ música, at nakita cong ngũmíngĩtî ang maputláng mukhâ ng̃ bangcáy ... ¡oh, cung buháy sana ang aking mgã magulang at mapanood nila icáw! Nang magcagayó'y tinangnán co ang iyóng camáy at ang camáy ng̃ aking iná, nanumpâ acóng sísintahin catá, catá'y paliligayahin, anó man ang capalarang sa aki'y ipagcaloob ng̃ Langĩt, at sa pagca't hindî nacapagbigáy pighati cailán man sa akin ang sumpáng itó; ngãyó'y mulíng inuulit co sa iyó. ¿Mangyayari bagáng limutin co icáw? Laguing casamasama co ang pag-aalaala co sa iyo; iniligtás acó sa mgã pangãnib ng̃ paglalacad maguíng caaliwan co sa pag-iisá ng̃ aking cálolowa sa mgã ibáng lupain; ¡ang pag-aalaala sa iyo ang pumawì ng̃ bísà ng "loto" ng̃ Europa na cumacatcat ng̃ mgã pag-asa at ng̃ casaliwaang palad ng kinaguisnang lúpà sa caisipán ng̃ maraming mgã cababayan! Sa mgã panaguimpan co'y nakikita co icáw na nacatindig sa tabíng dagat ng̃ Maynilà, nacatanaw sa malayong abót ng̃ paningĩ̃ng nababalot sa malamlam na liwanag ng̃ maagang pagbubucang liwayway; aking náririnig ang isáng aaying-aying at malungcot na awit na sa aki'y pumupucaw ng̃ nagugulaylay ng̃ mgã damdamin, at tinatawag co sa alaala ng̃ aking púsò ang mgã unang taón ng̃ aking camusmusán, ang ating mgã catuwâan, ang ating mgã paglalarô, ang boong nacaraang maligayang panahóng binigyán mong casayahan, samantalang doroon ca sa bayan. Sa aking sapantaha'y icáw ang "hada"[151], ang espíritu, ang caayaayang kinácatawan ng̃ aking Bayang kináguisnan, magandá, mahinhín, masintahin, lubós calinisan, anác ng̃ Filipinas, niyáng cagandagandahang lupang bucód sa mgã dakilang cagalingãn ng̃ Inang Españang[152] tagláy rin niyá'y may maririkít pang mgã hiyas ng̃ isáng bayang bátà, tulad sa pagcacapisan sa iyong cataohan ng̃ lahát ng̃ cagandahan at carikitang nacapagpapaningning sa dalawang láhì; cayâ ngã't nabubuò lamang sa isá ang pagsinta co sa iyo't ang

pagsinta co sa aking tinubuang lúpà ... ¿Maaari ba catáng limutin? Macáilang ang boong ísip co'y aking náririnig ang mgã tunóg ng̃iyóng piano at ang mgã tínig ng̃iyong voces, at cailán mang tinatawag co ang iyóng pangãlan ng̃acó'y na sa Alemania, sa dacong hápon, pagca naglalacad acó sa mgã caparangãng napúpuspos ng̃ mgã talinghagang likhâ ng̃ mgã poeta roon at ang mgã cahimahimalang salitsaling sabi ng̃ mgã táong nangãunang nabuhay, nakikinikinita co icáw sa úlap na sumisilang at napaiimbulóg sa dúyo ng capatagan, wárì náriringĩg co ang iyong voces sa pagaspás ng̃mgã dahon, at pagcâ umuuwî na ang mgã tagabukid na galing sa caniláng sinasacang lúpà at caniláng ipinaríringĩg buhat sa maláyò ang caniláng caraniwang mgã awit, sa aking acala'y pawang nakikisaliw silá sa mgã voces ng̃caibuturan ng̃aking dibdib, na nag-aalay na lahat sa iyo ng̃awit at siyáng nagbíbigay catotohanan sa aking mgã nais at mgã panaguimpán. Cung minsa'y náliligaw acó sa mgã landás ng̃mgã cabunducan, at ang gabíng doo'y untîuntì ang pagdatíng ay naráratnan acóng naglácad pa't hinahanap co ang aking daan sa guitnâ ng̃mgã "pino," ng mgã "haya"[153] at ang mgã "encina"[154]; cung nagcácagayón, cung nacalúlusot ang iláng mgã sínag ng̃buwán sa mgã puáng ng̃masinsíng mgã sangã, wari'y nakikinikinita co icáw sa sinapupunan ng̃ gubat, tulad sa isáng nagpapagalagalang aninong gágalawgaláw at nagpapacabicabilâ sa liwanag at sa mgã carilimán ng̃malagóng caparangãn, at sacâ ipinarírinig ng̃"ruiseñor"[155] ang canyáng ibá't ibáng cawiliwiling huni, inaacálà cong dahil sa icáw ay nakikita't icáw ang siyáng sa canyá'y nacaaakit. ¡Cung inalaala co icáw! ¡Hindî lamang pinasásaya sa aking mgã matá ng̃lagabláb ng̃sa iyó'y pagsinta ang úlap at pinapamúmula ang hielo[156]! Sa Italia, ang magandáng langĩt ng̃Italia, sa canyáng cadalisaya't cataasa'y nagsasálitâ sa akin ng̃ iyong mgã matá; ang canyáng masayáng pánoorin ay nagsasaysay sa akin ng̃iyong ngĩtî, wangĩs ng mgã halamanan sa Andalucíang nalalaganapan ng̃hangĩng may kipkíp na bangõ, puspós ng̃mgã pangdilidiling casilangãnan, saganà sa hiwagà at sa calugodlugód na mgã tanghalin, pawang nangãgsasalita sa akin ng̃sa iyó'y pagsintá! Sa mgã gabíng may bowán, yaóng bowang wari'y nagtútucà, sa aking sinagwánsagwáng nacalulan acó sa isáng sasakyáng malíit sa ilog Rhin, itinátanong co sa aking sarili cung dî cayâ marayà acó ng̃aking guníguní upang makita co icáw sa, guitnâ ng̃mgã álamong[157] na sa pampang, sa bató ng̃Lorelay ó sa guitnâ ng mgã alon at icáw ay umaawit sa catahimican ng̃gabí, tulad sa dalagang hadang mápang-aliw, upang bigyáng casayahan ang pag-iisá at ang calungcutan ng̃mgã guibáng castillong iyón.

—Hindî acó naglacbáy-bayang gaya mo, walâ acóng nakikita cung dî ang iyóng bayan, ang Maynila't Antipolo—ang sagót ni María Clarang ngũmíngĩtî,

palibhasa'y naniniwalà sa lahát ng̃ sinasabi ni Ibarra,—ng̃uni't mulâ ng̃ sabihin co sa iyóng ¡paalam! at pumasoc acó sa beaterio, láguì nang naaalaala catá at hindî co icáw nilimot, bagá man ipinag-utos sa akin ng̃ confesor at pinarusahan acó ng̃ maraming mg̃ã pahírap. Nagúgunitâ, co ang ating mg̃ã paglalarô, ang ating mg̃ã pag-aaway ng̃ tayo'y mg̃ã musmós pa. Hinihirang mo ang lalong magagandáng sigay at ng̃ tayo'y macapaglarô ng̃ siclót, humahanap ca sa ílog ng lalong mabibilog at makikinis na batóng maliliit na may iba't ibang cúlay at ng macapaglarô tayo ng̃ sintác; icáw ay nápacawaláng tuto, láguì cang natatalo, at ang parusa'y binábantilan catá ng̃ pálad ng̃ aking camáy, ng̃uni't dî co inilálacas, sa pagca't naaawà acó sa iyo. Napacamagdarayà, icáw sa laróng chongca't dináraig mo pa ang pagcamagdarayà co, at caraniwang agawán ang naguiguing catapusán. ¿Natátandaan mo bâ ng̃ icáw ay magalit ng̃ totohanan? Niyó'y pinapagpighatî mo acó; ng̃uni't ng̃ matapos, pagcâ naaalaala co iyón sa beaterio, acó'y ng̃umíng̃î dinaramdam cong icáw ay walâ, at ng̃ macapag-away ulî catá ... at ng̃ pagdaca'y mágawà natin ang pagcacásundô. Niyó'y mg̃ã musmós pa tayo, naparoon tayong naligong casama ang iyóng iná sa batis na iyóng nalililiman ng mg̃ã cawayanan. Sa mg̃ã pampáng ay may mg̃ã sumisibol na mg̃ã bulaclác at mg̃ã halamang sinasabi mo sa akin sa wicang latín at wicang castilà ang canícanilang mg̃ã cacaibáng pang̃ãlan, sa pagca't niyó'y nag-aaral ca na sa Ateneo. Hindî catá pinápansin; naglílibang acó sa panghahagad ng̃ mg̃ã paroparó at ng̃ mg̃ã tutubí, na sa canyáng catawáng maliit na tulad sa alfiler ay tagláy ang lahát ng̃ mg̃ã culay ng̃ bahagharì at ang lahát ng̃ mg̃ã kintáb ng̃ gáring, mg̃ã tutubíng gumágalaw at nang̃ãgháhagaran sa magcabicabilang mg̃ã bulaclác; cung minsa'y ibig cong masubucan at hulihin ng̃ camáy ang maliliit na isdáng matuling nang̃ãgtatacbuhan sa mg̃ã lumot at sa mg̃ã batuhán sa pampáng. Caguinsaguinsa'y nawalâ ca, at ng̃ icáw ay bumalíc, may dalá cang coronang mg̃ã dahon at mg̃ã bulaclác ng̃ dalandáng ipinutong mo sa aking úlo, at tinatawag mo acóng "Cloe"[158], at gumawâ ca namán ng̃ coronang damóng gumagapang. Ng̃uni't kinuha ng̃ iyóng nanay ang aking corona, pinucpóc ng isáng bató at sacâ inihalò sa gugò na ipinaglilinis ng̃ ating úlo; tumulò ang mg̃ã luhà sa iyóng mg̃ã matá, at sinabi mong hindî nacaaalam ang iyóng iná ng "mitología"[159].—¡"Halíng!—ang isinagót ng̃ nanay mo—makikita mo't mababang̃õ pagcatapos ang inyóng mg̃ã buhóc."—Nagtawá acó, naghinanakít icáw, at ayaw mo na acóng causapin, at sa boong maghapo'y nagpakita ca ng poot, na siyang ikìnaibig co namang umiyác.

Ng̃ bumalíc tayo sa bayan, at sa pagca't mainit na totoo ang araw, nuha acó ng̃ mg̃ã dahon ng̃ sambóng nasumísibol sa mg̃ã tabíng daan, ibinigáy co sa iyó't ng̃ ilagáy mo sa loob ng̃ iyóng sombrero, at ng̃ di sumakít ang iyóng ulo.

Ngũmitî icáw ng̃magcágayo'y tinangnán co ang camáy mo at nagcásundô na catá.

Ngũmitî ng̃boong ligaya si Ibarra, binucsán ang canyang cartera, kinuha sa loob niyón ang isáng papel at sa loob nito'y may nababalot na mgã dahong nangĩngĩtim, tuyô at mababangõ.

—¡Ang iyóng mgã dahon ng̃sambóng!—ang isinagót ni Ibarra sa titig ni María Clara,—itó lamang ang naibigáy mo sa akin.

Dalidalí namáng kinuha ni María Clara sa canyáng dibdíb ang isáng bolsitang rasong maputî.

—¡Ps!—ani María Clara at tinampál ang camáy ni Ibarra;—hindî ipinahihintulot ang paghípò: ito'y isáng sulat ng̃pagpapaalam.

—¿Iyán bâ ang isinulat co sa iyo bago acó pumanaw?

—¿At sumulat pó bâ cayó sa akin ng̃ibá pa, aking guinoo?

—¿At anó bâ ang sinasabi co sa iyo ng̃panahóng iyón?

—¡Maraming cabulastugan! ¡mgã dahilan ng̃masamáng mángũngũtang—ang isinagót ni María Clarang ngũmíngĩtì, na ipinakikilalang totoong ikinasásaya ng̃ canyáng loob ang gayóng mgã cabulaanan.—¡Howág cang malicot! ¡babasahin co sa iyo ang sulat na ito! ¡ngũni't ilílingĩd co ang iyóng mgã pagpuri at ng̃dî ca magdalità!

At itinaás ang papel sa tapát ng̃canyang mgã matá at ng̃huwag makita ng binatà ang canyáng mukhâ, at nagpasimulâ:

—"Aking ..." ¡hindî co babasahin sa iyo ang sumúsunod, sa pagca't isáng cabulastugán!—at pinaraanan ng̃mgã matá ang iláng talatà.—"Ibig ng̃aking amá, ang acó'y yumao, bagá man ipinamamanhic cong huwag"—"Icáw ay lalaki—ang sabi sa akin, dapat mong isipin ang panahóng dárating at ang iyong mgã lacás. Dapat mong pag-aralan ang dunong sa pamumuhay, ang dî maibibígay sa iyo ng̃iyong kinamulatang lúpà, at ng̃balang araw ay makapaglingcod ca sa canyá. Cung mananatili ca sa aking tabí, sa aking lilim, sa impapawíd na ito ng mgã hínalâan, hindî ca matututong tumanáw sa malayò, at sa araw na cata'y maiwan sa ibabaw ng̃lupa'y maitutulad ca sa halamang sinasalitâ ng̃ating poetang si Baltazar;

"Para ng̃halamang
lumakí sa tubig,

daho'y nalálanta muntíng
dî madilig,
ikinalolooy ang sandalíng
init...."

—¡Nakita mo na! binatà ca na halos ay tumatangĩs ca pa! —"Nacapagpasakit sa aking loob ang ganitóng pag-wiwicà, caya't ipinahayag co sa canyáng icáw ay aking sinísinta. Hindî umimíc ang aking amá, naglining-lining, ilinagáy sa aking balicat, ang canyáng camáy at nagsalitâ sa aking nangĩngĩnig ang voces:—Ang ísip mo ba'y icáw lamang ang marunong umibig at hindî ca iniibig ng̃iyóng amá at hindî dináramdam ang sa iyó'y paghiwaláy?" Hindî pa nalalaong nang̃ulila tayo sa iyóng iná; tumutung̃o acó sa catandàan, diyán sa gulang na ang hinahanap ay ang tulong at pagbibigay alíw ng̃cabatâan, at gayón ma'y tinatanggap co ang pag-iisá at dî co talós cung catá'y makikita pa ulì. Ng̃uni't dapat cong isipin ang mg̃a ibáng bágay na lalong malalakí.... Bumúbucas sa iyo ang panahóng sasapit, samantalang sumásara sa akin; sumisilang sa iyo ang mg̃a pagsinta, ang mg̃a pag-ibig co'y nang̃amámatay; cumúculô ang apóy sa iyóng mg̃a ugát sa aki'y nagsisimulá, ang calamigán, at gayón ma'y icáw ay umíiyac at hindî ca marunong maghandóg ng̃ng̃ayón, at ng sa búcas ay makinabang ca at pakinabang̃an icáw ng̃ iyóng kinaguisnang lúpà."—Napunô ng̃lúhà ang mg̃a matá ng̃aking amá, naluhód acó sa canyáng paanan, siyá'y aking niyacap at sinabi co sa canyáng acó'y nahahandáng yumao".

Napatiguil ang pagbasa, dahil sa pagcaligalig ni Ibarra: namumutlâ ang binatà at naglálacad ng̃paroo't parito sa magcabicabilang dúlo ng̃azotea.

—¿Anó ang iyóng damdám? ¿anó ba ang nangyayari sa iyo?—ang tanóng ni María Clara cay Ibarra.

—¡Dahil sa iyó'y nalimutan co ang aking mg̃a catungculan; dapat acóng pumaroon ng̃ayón din sa aking bayan! Búcas ang fiesta ng̃mg̃a namatáy.

Hindî umimíc si María Clara, itinitig niyáng iláng sandalî ang canyáng malalaki't mapupung̃ay na mg̃a matá cay Ibarra, cumuha ng̃ilang bulaclác at sinabi sa canyáng nababagbag ang loob:

—Lumacad ca, hindî na catá pinipiguil; magkikita ulî tayo sa loob ng̃iláng áraw! ¡Ilagáy mo itóng bulaclac sa ibabaw ng̃libing̃an ng̃iyong mg̃a magulang!

Nang macarâan ang iláng minuto, ang binata'y nananaog na sa hagdanang casabay si Capitang Tiago at si tía Isabel, samantalang nagcuculong sa pánalang̃inan si María Clara.

—¡Ipakisabi ngã pô ninyó cay Andéng na canyáng ihandâ ang bahay at mangãgsisirating si María at si Isabel!—¡Dumatíng nawâ cayóng maluwalhati! —ani Capitang Tiago, samantalang sumásacay si Ibarra sa coche, na yumaong ang tungõ'y sa plaza ng̃ San Gabriel.

At sinabi pagcatapos ni Capitang Tiago cay María Clara na umíiyac sa tabí ng̃ larawan ng̃ isáng Vírgen:

—Halá, magsindí ca ng̃ dalawáng candilang mangãhatì, ang isáy sa Señor San Rafael, pintacasi ng̃ mgã naglálacbay. Isindi mo ang lámpara ng̃ Nuestra Señora de la Paz y Buen Viaje. ¡Lalong magalíng ang magcagugol ng̃ isáng salapî sa pagkít at anim na cuarta sa lang̃ís, cay sa magbayad pagcatapos ng̃ isáng mahalagáng tubós.

Decorative motif

---

Decorative motif

# VIII.

## MANGA ALAALA

Pinagdaraanan ng̃ coche ni Ibarra ang bahagui ng̃ lálong masayáng nayon ng̃ Maynilà; ang nacapagbíbigay pangláw sa canyá ng̃ gabíng nagdaan, sa liwanag ng̃ araw ay nacapagpapangĩtî sa canyá cahi't sìyá'y áayaw.

Ang casayahang hindî naglílicat sa lahát ng̃ panig, ang lúbháng maraming cocheng nagpaparoo't paritong sacdal ng̃ tutulin, ang mgã carromata, ang mgã calesa, ang mgã europeo, ang mgã insíc, ang mgã dalisay na tagarito, na bawa't isá'y may canícanyang sariling pananamit, ang mgã naglalacô ng̃ mgã bungãng-cahoy at halaman, mgã corredor[160], hubád na cargador[161], mgã tindá ng̃ mgã cacanín, mgã fonda[162], mgã restaurant[163], mgã tindahan, sampô ng̃ mgã carretóng híla ng̃ mgã mápagpaumanhin at waláng damdaming calabáw na tila mandín naglílibang sa paghìla ng̃ mgã "bulto" samantalang naglilíninglining, ang lahát ng̃ íngãy at calugcóg, pati ng̃ araw, isáng amó'y na tángĩ, ang sarisaring mgã culay, pawang pumupucaw sa canyáng alaala ng̃ isáng daigdig na nagugupiling na mgã gunità.

Walâ pang latag na mgã bató ang mgã daang iyón. Dalawâng araw lamang sunód na uminít, ang mgã daa'y naguiguíng alabóc ng̃ tumátakip sa lahát, nag-papaubò at bumubulag sa mgã naglálacad: isáng araw lamang umulán ay naguiguing láwà na, ano pa't cung gabí ay naaanino roon ang mgã farol ng̃ mgã coche at tumítilamsic buhát sa limáng metrong layò sa mgã naglálacad sa mgã makikipot na mgã acera. ¡Gaano caraming mgã babae ang nangãg-iwan sa mgã along putic na iyón ng̃ caniláng mgã chinelas na bordado! Pagcacágayo'y nangãpapanood na pìnípison ang mgã daan ng̃ hanáyhanáy na mgã presidiarong ahit ang ulo, na ang mgã mangás ng̃ baro'y maíiclî at tòcong ang salawál na may mgã número at may mgã letrang azul, sa mgã binti'y may mgã tanicaláng halos nababalot ng̃ maruruming mgã basahan upang huwag na totoong macasakít ang pagkiskís ó ang lamig marahil ng̃ bacal; dalawa't dalawá ang pagcacácabit, mgã sanág sa araw, mgã hapóng-hapô sa init at sa pagod, pinapagmámadalî at silá'y hináhampas ng̃ pamalò ng̃ isáng presidiario ring marahil nagcácámit casayahan, sa pagca't sa ganáng canyá nama'y nacapagpapahirap sa mgã cawangĩs din niyáng presidiario. Matatangcád silá, madidilím ang pagmumukháng cailán ma'y

hindî námasdang lumiliwanag sa pagsilang ng̃ isáng ngĩtî; numíningning, gayón man ang caniláng mg̃a balingtataó, pagccâ dumarapò sa caniláng mg̃a balicat ang humahaguing na pamálò, ó pagcâ hinahaguisan silá ng̃ isáng naglálácad ng upós ng̃ isáng tabacong basâ-basâ at nacácalas na, dinárampot ang upós ng lalong nálalapit at itinatagò sa canyáng salacót: ang mg̃a ibá'y minámasdan ang mg̃a nagdaraan ng̃ pagtingĩng cacaibá. Warî'y náriringĩg pa niyá ang caniláng caing̃ayang guinágawâ sa pagduduróg ng̃ batóng itatabon sa mg̃a lubác at ang nacalálaguim na calansíng ng̃ mabibigát na mg̃a tanicalâ sa namámagà na niláng mg̃a bucóng-búcong. Kinikilabutan si Ibarra cung naaalaala niyá ang isáng nangyaring sumugat sa canyáng pag-iisip-musmós; niyó'y catánghalian at ibinábagsac ng̃ araw sa lúpà ang canyáng lalong maiinit na mg̃a sínag. Sa lílim ng̃ isáng carretóng cahoy nacabulagtâ ang isá sa mg̃a táong iyón, waláng malay táo, bucás ng̃ cauntî ang mg̃a matá; pinagbubuti naman ng̃ dalawáng presidiario rin ang isáng hihigáng cawayan, waláng galit, waláng pighatî, waláng yamót, anó pa't waláng pinag-ibhán sa sinasabing caugalia't anyô ng̃ dalisay na mg̃a tagarito. "Ng̃ayó'y icáw, búcas nama'y camí," marahil siyáng sinasabi sa canícanilá. Hindî pinápansin ng̃ mg̃a táong nagdudumaling dumaraan ang bagay na iyón; nagdaraan ang mg̃a babae, tinítingnan silá at nang̃agpapatuloy ng paglacad, caraniwan ng̃ mapanood ang mg̃a bagay na yaón, linipacán na ang mg̃a púsò; nang̃agtatácbuhan ang mg̃a coche, ipinaaanino sa caniláng catawáng may barniz ang mg̃a sínag ng̃ araw na iyóng maningníng sa isáng langĩt na waláng alapaap; sa canyá lamang, batang may labíng isáng taón at bágong carárating na galing sa canyáng bayan, nacalálaguim ang napapanood na iyón; sa canyá lamang nacapagbigáy bangũngõt ng̃ kinágabihan.

Walâ na ang mabaít at may wagás na puring "Puente de Barcas," yaóng tuláy filipinong-mabaít na nagsusumakit maglingcód, bagá man tagláy niya ang catutubong mg̃a capintasang tumataas at bumábabâ alinsunod sa maibigan ng ilog Pasig na dî miminsang nagpahirap at gumibâ sa tuláy na iyon.

Hindî lumálagô ang mg̃a talisay sa plaza ng̃ San Gabriel; nananatili silá sa pagcacúyagutin.

Sa ganáng canya'y nagbawas ang gandá ng̃ Escolta, bagá man ng̃ayó'y may isáng malaking bahay na may mg̃a "cariatide"[164] sa dating kinatatayuan ng̃ mg̃a lumang camalig. Tinakhán niyá ang bagong "Puente de España"[165]; nang̃agpaalaala sa canyá ng̃ mg̃a maguiguináw na umaga, cung doo'y dumaraang namamangcâ siláng patung̃õ sa mg̃a paliguan sa Ulì-ulì, ang mg̃a bahay na na sa pangpáng na dacong canan ng̃ ílog, na napapag-itanan ng̃ mg̃a cawayanan at mg̃a punong cahoy, doon sa wacás ng̃ Escolta at pasimulâ ng̃ Isla del Romero.

Nasasalubong niyá ang maraming mgã cocheng hinihila ng̃mgã maiinam na mgã cabayong maliliít, lulan ng̃ mgã coche ang mgã empleadong nacacatucatulog pa marahil ay pumapatungõ na sa caniláng mgã oficina; mgã militar, mgã insíc na may anyóng hambóg at catawatawá ang pagcacaupô; mgã fraileng hindî maimikin, mgã canónigo at iba pa. Tila mandin canyáng namataan sa isáng marikit na "victoria"[166] si párì Dámasong mabalasíc ang mukhá't cunót ang mgã kílay; ngũni't siyá'y nacaraan na at ngãyo'y masayáng bumabati sa canyá, búhat sa canyáng carretela[167] si Capitan Tinong na casacáy ang canyáng asawâ't dalawáng mgã anác na babae.

Ng̃macababâ na ng̃tuláy, tumacbó ang mgã cabayo't tinungõ ang paseo ng Sabána[168]. Sa caliwa'y ang fábrica ng̃tabaco sa Arroceros, na pinanggagalingãn ng̃malakíng úgong na guinágawa ng̃mgã cigarrera sa pagpucpóc ng̃mgã dahon ng̃tabaco. Napangĩtî si Ibarra, sa pagca alaala ng̃masangsáng na amóy na iyóng sa tuwíng icalimáng oras ng̃hapo'y lumalaganap sa tuláy ng̃Barcas at humihilo sa canyá ng̃panahóng siyá'y musmós pa. Ang masasayáng mgã salitâan, ang mgã catatawanan ang siyáng cahi't hindî niyá sinasadya'y nacapaghatíd sa canyáng guníguní sa nayon ng̃ Lavapiés, sa Madrid, sampô ng̃ doo'y mgã pangliligalig ng̃mgã cigarrera, na totoong nacacapahamac sa sawíng palad na mgã "guindilla"[169] at iba pà.

Ipinagtabuyan, ang canyáng caayaayang mgã naaalaala ng̃ Jardín Botánico[170]; iniharáp sa canyáng pag-iísip ang demonio ng̃ mgã pagsusumagsumag; ang mgã Jardín Botánico sa Europa, sa mgã lupaing nangãgcacailangãn ng̃malacás na calooban at saganang guintô upang mapasibol ang isáng dahon at mapabucás ang isáng bulaclác; hindî lamang doon, cung dî sa mgã "colonia" man ay may mabubuti ang alagà at mgã mahahalagáng Jardín Botánicong bucás na lagui sa sino mang ibig manood. Inihiwaláy doón ni Ibarra ang canyáng mgã matá at inilingãp niyá sa dacong canan, at doo'y canyáng nakita ang matandáng Maynilàng naliliguid ng̃mgã cútà at mgã bangbáng, tulad sa isáng dalagang culang sa dugô, na nababalot ng̃isáng pananamit ng̃canyáng nunong babae ng̃panahong itó'y sumasacagarâan.

¡Natanawan niyá ang dagat na hindî maabot ng̃tanáw ang guilid na lubháng maláyò!...

—¡Na sa cabiláng ibayo ang Europa!—ang inisip ng̃binatà! ¡Ang Europang may magagandáng mgã nacióng hindî nangãglílicat ng̃ pagsusumicap sa paghanap ng̃caligayahán, nagsisipanaguinip pagcacaumaga at nangãgdáramdam cabiguan sa towíng lumúlubog ang araw ... lumiligaya sa guitnâ ng̃canyáng mgã capahamacán! ¡Tunay ngã, sa cabilang ibayo ng̃ dagat na dî maulata'y

nangãroroon ang mgã nacióng mapagmahal sa espíritu, at bagá man hindî nilá minámasamâ ang catawán, lálò pa mandíng mápagmahal sa espíritu cay sa mgã nagpapanggáp na lubháng umiirog sa espíritu.

Ngũni't nangãgsitacas ang canyáng mgã pagdidilidiling itó ng̃ canyáng makita ang muntíng bundúc-bunducan sa capatagan ng̃ Bagumbayan. Ang namûmucod na bundúc-bunducan sa isáng tabí ng̃ paseo ng̃ Luneta ang siyá ng yóng umaakit sa canyáng ísip at siyáng sa canyá'y nagpapagunamgunam.

Canyáng guinugunitâ ang táong nagbucás ng̃ canyáng pag-íisip at nagpakilala sa canyá, ng̃ magalíng at ng̃ nasacatuwiran. Tunay ngã't cácauntî ang mgã caisipáng sa canyá'y iniaral, ngũni't hindî ang mgã waláng cabuluháng pag-ulit lamang ng̃ mgã sinabi ng̃ ibá; pawang mgã caisipáng galing sa pananalig na hindî nangãgculabô sa liwanag ng̃ lalong matitindíng ílaw ng̃ dakilang pagsulong. Ang táong yaó'y isáng matandáng sacerdote, ang mgã pangũngũsap na sa canyá'y sinabi ng̃ siyá'y pagpaalaman ay umaalingãwngãw pa sa canyáng mgã taingã: "Huwág mong calimutang bagá man pag-aarì ng̃ sangcataohan ang carunungãn, "minamana lamang ang carunungãng iyán ng̃ mgã táong may púsò,?—ang paalaala niyá.—"Pinagsicapan cong ilipat sa iyo ang aking tinanggáp sa aking mgã maestro; ang cayamanang iyó'y pinagsicapan co namáng dagdagán sa boong abót ng̃ aking cáya at inililipat co sa mgã táong humahalili; gayón din ang gágawin mo sa mangãgsisihalili sa iyo, at mapagtátatlong ibayo mo, sa pagcá't icáw ay paparoon sa mgã lubháng mayayamang lupaín."—At ngũmíngĩting idinagdág; "Nangãgaisiparito silá sa paghanap ng̃ guintô; ¡mangãgsiparoon namán cayó sa caniláng lupaí't hanapin ninyó roon ang ibáng guintóng ating kinacailangãn! Alalahanin mo, gayón mang hindî ang lahát ng cumíkinang ay guintô. Namatáy riyán ang paring iyón."[171]

Sa mgã gunità niyáng itó'y sumásagot siyá:

—¡Hindî, anó mang caratnan, ang una'y ang kinaguisnang lúpà, ang una'y Filipinas, anác ng̃ España, ang una'y ang lupaíng castílà. ¡Hindî, ang bagay na iyáng isáng casaliwaang palad ay hindî nacarurungĩs sa Bayang kináguisnan, hindî. Hindî nacahahalina sa canyáng paggugunamgunam ang Ermita, iyáng Fénix[172] na pawid, na mulîng sumisilang sa canyáng mgã abó sa anyóng mgã bahay na may mgã pintáng putî at azul at ang bubóng ay zinc na may pintáng pulá. Hindî nacaaakit sa canyáng pagmamalasmalas ang Maalat, ni ang cuartel ng̃ caballeríang may mgã punong cahoy sa tapát, ni ang mgã tagaroon, ni ang mgã maliliit na bahay na pawid na may matitibong na bubungãng nangãcúcubli sa mgã púnò ng̃ saguing at mgã bungã, na guinagawang tulad sa mgã pugad ng̃ bawa't amá ng̃ isáng mag-anac.

Tulóy ang paggulong ng̃coche: nacasasalubong ng̃isáng carromatang híla ng̃ isá ó dalawang cabayo, na napagkikilalang galing lalawigan, dahil sa guarnición at iba pang cagamitáng pawang abacá. Pinagpipilitang makita ng carromatero ang naglálacbay na nacasacáy sa maningning na coche at nagdaraang hindî nakikipagpalitan ng̃cahi't isáng pananalitâ, ng̃cahi't isang pakikipagbatîan. Cung minsa'y isáng carretóng híla ng̃ isáng calabaw na marahan ang lacad at parang waláng anó man ang siyáng nacawawalâ ng capanglawan ng̃maluluang at maalicabóc na mg̃ã lansangãng napapaliguan ng makináng na araw ng̃ mg̃ã "trópico"[173]. Nakikisaliw sa malungcót at dî nagbábagong anyô ng̃awit ng̃namamatnugot na nacasacáy sa calabaw ang matinding calairit ng̃tuyóng rueda sa pag-íkit na casama ang kinsékinsé ng mabigát na carretón; cung minsan nama'y ang malagáslas na tunóg ng̃gasgás na mg̃ã paa ng̃ isáng paragos, niyáng trineong[174] sa Filipinas ay hinihilang napacabanayad sa ibabaw ng̃alabóc ó ng̃mg̃ã lubác sa daan. Sa mg̃ã capatagan, sa mg̃ã malilinis na lupang pinaghahalamanan ay nang̃ĩng̃ĩnain ang mg̃ã hayop na casama ng̃mg̃ã tagác, na payapang nacadapò sa ibabaw ng̃mg̃ã vacang capóng ng̃ũmúng̃ũyâ at linalasa ang mg̃ã sariwang damó ng̃ parang, na ipinipikítpikít ang mg̃ã matá,; sa dacong malayo'y mg̃ã babaeng cabayong nang̃ãgdadambahan, nang̃ãglulucsuhan at nang̃ãgtatacbuhang hagad ng̃isáng masival na potrong mababà ang buntót at malagô ang kilíng: humahalinghíng ang potro at pinasasambulat ang lúpà ng̃canyáng malalacás na mg̃ã cucó.

Pabayáan nating maglacbáy ang binatang nagdidilidili ó nacacatulog: ang hiwagang malungcót ó masayá ng̃catapang̃ãng hindî nacacaakit ng̃canyáng gunamgunam: ang araw na iyóng nagpapapakintab sa mg̃ã dulo ng̃mg̃ã cahoy at nagpapatacbò sa mg̃ã tagabukid na nang̃ãpapasò ang mg̃ã paa sa nagbabagang lúpà, bagá mán silá'y may panyapác na mg̃ã lipác; ang araw na iyóng pumipiguil sa isáng babaeng tagabukid sa lilim ng̃isáng talisay ó cawayanan, at sa canya'y nagpapaísip ng̃mg̃ã bagaybagay na walang catuturán at dî mapagwarì, ang isip na iyo'y hindi nacalulugod sa ating binatà.

Bumalíc tayo sa Maynilà samantalang gumugulong ang coche't nagpapaguiray-guiray, túlad sa isáng lasíng, sa buról-bùról na lupà, at samantalang tumátawid sa tuláy na cawayan, pumapanhic sa mataríc na ahunín ó bumábabâ sa totoong malalim na lusung̃ĩn.

Decorative motif

---

Decorative motif

# IX.

## MANGA CAUGALIAN NG BAYANG ITO

Hindî nagcámalî si Ibarra; nalululan ngã si "victoriang" iyón si parì Dámaso at tumutungõ sa báhay na canyáng bágong caíiwan.

—¿Saan bâ cayó paroroon?—ang tanóng ng̃ fraile cay María Clara at cay tía Isabel, na mangãgsisisacay na sa isáng cocheng may mgã pamuting pílac, at tinatampîtampì ni párì Dámaso ang mgã pisngĩ ni María Clara, sa guitnâ ng canyang mgã caguluhan ng̃ ísip.

—Cucunin co sa beaterio ang aking mgã bagaybagay roon—ang sagót ni María Clara.

¡Aháaá! ¡ahá! tingnán natin cung sino ang mananalo sa amin, tingnan natin!—ang ipinagbububulóng na hindî nápapansin ang sinasabi, na anó pa't nagtacá, ang dalawang babae. Tinúngõ ang hagdanan at nanhíc doon si párì Dámasong nacatungõ ang úlot't madálang-dalang ang hacbáng.

¡Marahil siya'y magsésermon at canyáng isinasaulo ang canyáng ipangãngãral!—aní tía Isabel;—sacáy na María at tatanghalíin tayo ng pagdatíng.

Hindî namin masábi cung magsesermón ngã ó hindî; datapuwa't inaacala naming mgã dakílang bagay ang mgã pinag-íisip-ísip niyá, sa pagcá't hindî man lamang naiabot niyá, ang canyáng camáy cay capitang Tiago, cayá't napilitang yumucód pa itó ng̃ cauntî upáng hagcán ang camáy na iyón.

—¡Santiago!—ang únang sinabi niyá—may pag-uusapan tayong mahahalagang bagay; tayo na sa iyong oficina.

Maligalig ang lóob ni Capitang Tiago, hindî nacaimíc ngũni't sumunód sa napacalakíng sacerdote, at sinarhán ang pintô pagcapásóc nilá.

Samantalang nagsasalitaan silá ng̃ líhim, siyasatin nátin cung anó ang kinaratnan ni Fr. Sybila.

Walâ sa canyang convento ang pantás na dominico; maagang maaga,

pagcapagmisa, siyá'y napatungõ sa convento ng̃ canyáng capisanang na sa macapasoc ng̃ pintuan ni Isabel Segunda, ó ni Magallanes, alinsunod sa naghaharing familia, sa Madrid.

Hindî niya pinansin ang masaráp na amóy-chocolate, at gayón ding dî niya ininó íngãy ng̃ mgã cajón at ang salapìng náriringĩg mulâ, sa Procuración, at bahagyâ ng̃ sumagót sa mapitagan at maguíliw na batì ng̃ uldóg na procurador, nanhíc si Fr. Sybila, tinahac ang ilang mgã "corredor" at tumuctóc ng̃ butó ng mgã dalírì sa isáng pintûan.

—¡Tulóy!—anang isáng voces na wari'y dumaraing.

—¡Pagalingĩn nawâ cayó ng̃ Dios sa inyóng sakít!—ang siyáng batì ng batang dominico pagpasoc.

Nacaupo sa isáng malaking sillón ang isáng matandáng párì, culubót at gá namúmutlâ na ang balát ng̃ mukhâ, cawangĩs ng̃ isá riyán sa mgã santong ipinintá ni Rivera. Nang̃ĩálalalim ang mgã matáng napuputungãn ng̃ lubháng málalagong kilay, na palibhasa'y láguing nacacunót ay nacapagdáragdag ng ningníng ng̃ paghíhingãlô ng̃ canyang mgã matá.

Nabábagbag ang lóob na pinagmasdán siyá ni párì Sibilang nacahalukipkíp ang mgã camáy sa ilalim ng̃ cagalanggalang na escapulario ni Santo Domingo. Inilungãyngãy pagcatapos ang úlo, hindî umíimic at wari'y naghíhintay.

—¡Ah!—ang buntóng hiningã ng̃ maysakít—inihahatol sa akin, Hernando; na akin daw ipahíwà! ¡Ipahiwà sa tandâ co ng̃ itó! ¡Itóng lupaíng ito! ¡Ang cagulatgulat na lupaíng itó! ¡Muhang ulirán ca sa nangyayari sa akin, Hernando!

Dahándáhang itinàas ni Fr. Sybila ang canyáng mgã matá at itinitig sa mukhà ng̃ may sakít:

—At ¿anó pô ang inyóng minagaling?—ang itinanóng.

—¡Mamatáy! ¡Ay! ¿May nálalabi pa bagá sa aking ibáng bágay? Malábis na totoo ang aking ipinaghihirap; datapuwa't.... pinapaghirap co namán ang marami.... ¡nagbabayad-útang lamang acó! At icáw, ¿cumustá ca? ¿anó ang sadyâ mo?,

—Naparíto pô acó't sasabihin co sa inyó ang ipinagcatiwalang bílin sa akin.

—¡Ah! ¿at anó ang bagay na iyón?

—¡Psh!—sumagót na may samâ ang loob, umupô at ilining̃õn ang mukhâ,

sa ibáng panig,—mgã cabulastigan ang sinabi sa atin; ang binatang si Ibarra'y isang matalínong bagongtao; tila mandín hindì halíng; ngũni't sa acálà co'y isáng mabaít na bagongtao.

—....Mananatili ang ating capangyarihan hanggang sa capangyarihang iya'y nananalig......

—¿Sa acálà mo?

—¡Nagpasimulâ cagabí ang caniláng pagcacáalit!

—¡Nagpasimulâ na! ¿at bákit?

Sinaysay ni Fr. Sibyla, sa maiclíng pananalitâ, ang nangyari cay párì Dámaso at cay Crisóstomo Ibarra.

—Bucód sa rito—ang idinugtóng na pangwacás—mag-aasawa ang binatà sa anác na babae ni Capitang Tiago, na nag-aral sa colegio ng̃ating mgã capatid na babae; siyá'y mayaman at dî ngã niyá iibiguing magcaroon ng̃mgã caaway upang siyá'y mawal-án ng̃caligayahán at cayamanan.

Itinangỗ ng̃may sakít ang canyang úlo, sa pagpapakìlalang siyá'y sang-áyon.

—Siyâ ngã̂, gayón din ang áking acálà ... Sa pamamag-itan ng̃gayóng babae at isáng bianáng lalaking gayón, maguiguing atin ang canyáng catawá't cálolowa. At cung hindî ¡lálong magalíng cung siya'y magpakitang kaaway natin!

Minamasdáng nagtátaca ni Fr. Sibyla ang matandâ.

—Unawàing sa icagagaling ng̃ating Santong Capisanan—ang idinugtóng na naghihirap ng̃paghingã̃.—Minámagaling co pa ang makilaban sa átin, cay sa mgã halíng na pagpupuri at paimbabáw na panghihinuyò ng̃mgã caibigan.... tunay at silá'y may mgã bayad.

—¿Inaacalà pô bâ ninyóng gayón?

Tiningnán siyá ng̃boong lungcót ng̃matandâ.

—¡Tandaân mong magalíng!—ang isinagót na nagcácangpapagál—Manacatilî ang ating capangyarihan samantalang sa capangyarihang iya'y nananalig. Cung táyo'y labánan, ang sasabihin ng̃Gobierno'y: "Nilalabanan silá, sa pagca't ang mgã fraile'y isáng hadláng sa calayaan ng̃mgã filipino; at sa

pagca't gayo'y papanatilihin natin ang mgã fraile."

—At ¿cung silá'y pakinggán? Manacânacang ang Gobierno'y....

—¡Hindî silá pakíkingan!

—Gayón man, cung sa udyóc ng̃casakimá'y nasáin ng̃Gobiernong maowî sa canyá ang ating inaani ... cung magcaroon ng̃isáng pangãhás at walang gúlat na....

—Cung magcágayo'y ¡sa abâ niyá!

Capuwâ hindî umimíc.

—Bucód sa roón—ang ipinatúloy ng̃ may sákít—kinacailangãn nating tayó'y labánan, táyo'y pucáwin: nagpapakilala sa atin ang mgã labanáng ito ng cung saan naroon ang ating cahinaan, at ang gayó'y nacapagpapagalíng sa atin. Nacararayà sa átin at nacapágpapahimbing ang malábis na mgã pagpúri: datapowa't sa lábás ay nacapagpapapangĩt ng̃ating anyô, at sa araw na mahúlog táyo sa capangĩtang anyô, táyo'y mapapahamac, na gáya ng̃pagcapahamac natin sa Europa. Hindî na papasoc ang salapí sa ating mgã simbahan; sino ma'y walâ ng̃bíbili ng̃mgã escapulario, ng̃mgã correa at ng̃anó man, at pagcâ hindî na tayo mayaman, hindî na natin mapapapanalig ang mgã budhî.

—¡Psh! Mananatili rin sa atin ang ating mgã "hacienda," ang ating mgã báhay!

—¡Mawáwala sa ating lahát, na gaya ng̃pagcawalâ sa átin sa Europa! At ang lálong masamá'y nagpapagal táyo at ng̃ táyo'y mangguípuspós. Sa halimbáwà: iyáng nápacalabis na pagsusumakit na dagdagan sa taóntaón, ayon sa ating maibigan, ang halagá ng̃buwís ng̃ating mgã lúpà, ang pagsusumakit na iyáng aking sinalansáng sa lahát ng̃ mgã malalaking pulong natin; ¡ang pagsusumakit na iyán ang siyáng macapapahamac sa atin! Napipilitan ang "indiong" bumilí sa ibang daco ng̃mgã lúpang casíng galíng din ng̃ating mgã lupà ó lálò pang magalíng. Nangãngãnib acóng bacâ táyo'y nagpapasimulâ na ng pagbabâ: "Quos vult perdere Jupiter dementat prius."[175] Dahil dito'y huwág ngã nating dagdagán ang ating bigát; ang báya'y nagbububulóng na. Mabúti ang inisip mo: pabayâan natin ang ibáng makikipaghusay doón ng̃ canícanilang sagutin; papanatilihin natin ang sa ati'y pagpipitagang nálalabi, at sa pagcá't hindî malalao't makíkiharáp táyo sa Dios, linísin nátin ang ating mgã cama'y ... ¡Maawà nawâ sa áting mgã kahinàan ang Dios ng̃mgã pagcahabág!

—Sa macatuwíd ay inaaacalà pó bâ ninyóng ang buwís ay ...

—¡Howág na tayong mag-úsap ng̃ tungcól sa salapî!—ang isinalabat ng may sakít na masamâ ang lóob.—Sinasabi mong ipinang̃ãcò ng̃teniente cay párì Dámaso..?

—Opo, amá—ang sagot ni párì Sibylang gá ng̃ũmíng̃ĩtî na. Ng̃ũni't nakita co caninang umága ang teniente, at sinábi sa áking dináramdam daw niyá ang lahat ng̃ nangyári cagabí, na umímbulog daw sa canyáng úlo ang Jerez, at sa acálà niya'y gayón din ang nangyári cay párì Dámaso.—At ang pang̃ãco?—ang tanóng cong pabirô.—Padre cura ang isinagót:—marunong pô acóng tumupád ng̃ áking wicâ, pagcâ sa pagtupád na iya'y hindî co dinurung̃ĩsan ang aking capurihán; cailan ma'y dî co naguing ugálì ang magcanulô canino man, at dàhil dito'y teniente acó hanggá ng̃ãyón.

—Ng̃ macapagsalitaan silá ng̃ mg̃ã ibá't ibáng bágay na waláng cabuluhán, nagpaalam sì Fr. Sibyla.

Hindî ng̃ã namán naparoón ang teniente sa Malacanyáng; ng̃ũnit naalaman din ng̃Capitan General ang nangyari.

Nang nakikipagsalitaan siyá sa canyáng mg̃ã ayudante tungcól sa mg̃ã pagbangguít na sa canya'y guinágawá ng̃ mg̃ã páhayagan sa Maynilà, sa ilalim ng̃ mg̃ã pamagat na mg̃ã "cometa"[176] at iba pang mg̃ã napakikita sa lang̃ĩt, sinabí sa canyá ng̃ isá sa mg̃ã ayudanteng iyón ang pakikipagcagalit ni párì Dámaso, na pinalubhâ pa ang cabigatán ng̃ mg̃ã pananalitâ, bagá man pinakinis ng̃ cauntî ang mg̃ã bigcás ng̃ sabi.

—Síno ang sa iyo'y nagsábi—ang tanong ng̃ Capitán General na ng̃ũming̃ĩtî.

—Naring̃ĩg co pô cay Laruja, na siyáng nagbabalità caninang umága sa pásulatan ng̃ pámahayagan.

Mulíng ng̃ũmitî ang Capitan General at idinagdág:

—¡Hindî nacasásakit ang babae't fraile! Ibig cong manahimic sa nátitirang panahón ng̃ pagtirá co sa lupáng itó, at aayaw na acóng makipag-alít sa mg̃ã lalaking gumagamit ng̃ sáya. At lálong lálò na ng̃ãyóng áking natalastás na pinaglalaruan lamang ng̃ provincial ang aking mg̃ã útos; hining̃ĩ cong pinacaparusa ang paglilipat sa ibáng bayan ng̃ fraileng iyán; at siyá ng̃ã namán, siya'y inilipat, ng̃ũni't doon siya inilagay sa lalong magaling na báyan: ¡frailadas! [177] na sinásabi natin sa España.

Ng̃ũni't humintô ng̃ pagng̃ĩtì ang Capitan General ng̃ nagíisa na.

—¡Ah! ¡cung hindî sána nápacatangã ang báyang ito'y pasusucuin co ang aking mgã cagalanggalang na iyán!—ang ipinagbuntóng hiningã.—Datapuwa't carapatdapat ang báwa't báyan sa kinasasapitan niyá; gawin nátin ang inuugalì ng̃lahát.

Samantala'y natápos si Capitang Tiago ng̃pakikipulong cay pári Dámaso, ó sa lalong magalíng na sabi, ang pakikipulong ni párì Dámaso cay Capitang Tiago.

—¡Ng̃ãyo'y napagsabihan na catá!—ang sabi ng̃ franciscano ng magpaalam. Naílágan sana ang lahát ng̃itó, cung nagtanóngtanóng ca múna sa akin, cung dî ca sana nagsinungãling ng̃icáw ay tinatátanong co. ¡Pagsicapan mong howag ca nang gumawâ ng̃mgã cahalingãn, at manálig ca sa canyáng ináama!

Lumibot ng̃macaalawa ó macaatló sa salas si Capitang Tiagong nag-iísip-isip at nagbúbuntóng hiningã; di caguinsaguinsa'y párang may naisip siyáng magalíng, tumacbó sa pánalangĩnan at pinatáy ang mgã candílà at ang lámparang canyáng pinasindihán upang siyáng macapagligtás cay Ibarra.

—May panahón pa, sa pagca't totoong malayò ang linálacbay—ang ibinulóng.

Decorative motif

Decorative motif

# X.

## ANG BAYAN

Hálos sa pampáng ng̃dagátan ang kinálalagyan ng̃báyang San Diego[178], na sumasaguitnâ ng̃mgã capatágang hálamanan at mgã paláyan. Nagpápadala sa ibáng mgã báyan ng̃asúcal, bigás, café at mgã búngang haláman, ó ipinagbíbili cayâ ng̃ múrangmúra sa insíc na nagsasamantalá ng̃ cawal-áng málay ó ng pagcahilig sa mgã masasamang pinagcaratihan ng̃magsasacá.

Pagcá áraw na mabúting panahón at umáacyat ang mgã batà sa caitaasan ng campanario ng̃simbahan, na napapamutihan ng̃lúmot at ng̃damóng hatíd ng hángĩn; pagcacágayo'y masayáng nangãgsisigawan, sa udyóc ng̃cagandáhan ng nátatanaw na humáhandog sa caniláng mgã matá. Sa guìtná ng̃caráming mgã bubungãng páwid, tísà, "zinc" at yúnot, na napapaguitnaan ng̃mgã bulaclác natátalastas ng̃bawa't isá ang paraan ng̃pagcakita sa canícanilang báhay na maliliit, ang canilá bagáng malilingguít na púgad. Nagagamit niláng panandâ ang lahát: isáng cáhóy, isáng sampáloc na may maliliit na dáhon, ang nióg na puspós ng̃mgã búco, tulad sa maanaking si Astarté[179] ó cay Diana[180] sa Efeso[181] na may maraming súso, isáng humáhabyog na cawáyan, isáng búngã, isáng cruz. Naroroón, ang ílog, calakilakihang ahas na cristal na natutulog sa verdeng alfombra: pinaaalon ang canyáng ágos ng̃mgã pirápirasong malalakíng batóng nagcacapatlángpatláng sa mabuhangĩng inaagusan ng̃túbig; cumikipot ang ílog sa dáco roón, at may mgã pangpáng na matatáas na kinacapitang nangpapalícò-lícò ng̃mgã cahoy na nacalitáw ang mgã ugát, at sa dáco rito'y lumálaylay ang mgã panabí at lumuluang at tumitining ang ágos. May nátatanaw sa dácong maláyong isáng maliit na bahay, na itinayô sa pangpáng na hindî natacot sa cataasan, sa hangĩng malacás at sa pinanununghang bangĩng malálim, at masasabi, dahil sa canyáng malilíit na haligui, na siyá'y isáng cálakilakihang zancuda[182] na nag-aabang ng̃ahas upang daluhúngĩn. Mgã catawán ng̃púnò ng nióg ò ng̃cahoy na may balát pa, na gumágalaw at gumiguiwang ang siyang naghúhugpong ng̃ magcabilang ibayo, at cahi't sila'y masasamáng tuláy, datapuwa't maiínam namáng cagamitán sa circo sa pagpapatiwatiwáric, bagay na hindî dapat pawal-áng halagá: nangãgcacatwâ ang mgã bátà, búhat sa ílog na pinaliliguan, sa mgã pagcalaguím ng̃nagdaraang babaeng may súnong na bacol,

ó ng̃matandáng lalaking nangi̇̃ngi̇̃nig sa paglácad at pinababayâang mahúlog ang canyang tungcód sa túbig.

Ngũni't ang lálong nacahihicayat ng̃pagmamasíd ay ang isáng matatawag nating náiimos na gúbat sa dágat na iyón ng̃mgã lúpang lináng. Diya'y may mgã cátandâtandàang mgã cáhoy, na guáng ang catawán, at cayâ lámang namámatay ay pagcâ tinámâan ng̃lintíc ang matàas na dúlo at nasusunog: ang sabihana'y hindî lumalakit sa îbá ang apóy na iyón at namámatay doón din; diyá'y may mgã pagcálalaking mgã batóng dinároamtan ng̃terciopelong lúmot ng̃panahón at ng "naturaleza": humíhimpil at nagpapatongpatong sa caniláng mgã gúang ang alabóc na pinacacapit ng̃ulán at ang mgã íbon ang siyáng nagtátanim ng̃mgã binhî. Malayang lumalagô ang mgã cacahuyan: mgã damó, mgã dawag, mgã tabing na damóng gumagapang na nangãgsasalasalabat at nagpapalipatlipat sa isá't isáng cahoy, bumibitin sa mgã sangã, cumacapit sa mgã ugát, sa lupà, at sa pagcá't hindî pa mandin nasisiyahan sa ganitó si Flora[183], ay nagtátanim siyá ng mgã damó sa ibábaw ng̃damó; nabubuhay ang lúmot at ang cábuti sa mgã gahác-gahác na balát ng̃cáhoy, at ang mgã damóng dápò, mgã cawilíwíling manunuluyan, ay napapagcamal-an sa canilang mgã pagcâyacap sa cahoy na mápagpatuloy.

Iguinagalang ang gúbat na iyón: may mgã sali't-sáling sabing sinásalitâ tungcól doon; ngũni't ang lâlong malápit sa catotohanan, at sa pagca't gayó'y siyang hindî lubhang pinaniniwalaan at hindî naman napag-aalaman, ay ang sumusunod:

Nang ang baya'y walâ cung dî isang walang halagang tumpóc ng̃mgã dampâ, at saganang sumísibol pa sa pinacalansangãn ang damó; ng̃panahóng yaóng pagcagabi ay nanasoc doón ang mgã usá at mgã baboy-ramó, dumatíng isáng áraw ang isáng matandáng castilang malalálim ang mgã matá at totoong magalíng magwícang tagalog. Pagcatápos na matingnán at malíbot ang mgã lúpà sa magcabicabilà, ipinagtanóng niyá cung sinosino ang may arì ng̃cagubatang inaagusan ng̃ tubig na malacúcò. Nangãgsiharáp ang iláng nangãgsabing umanó'y silá raw ang may árì, at ang guinawâ ng̃matandá'y binilí sa canilá ang gúbat na iyón, sa pamamag-ítan ng̃mgã damít, mgã híyas at cauntíng salapî. Nawalâ pagcátapos ang matandâ na hindî maalaman cung paáno. Pinananaligan na ng̃táong siyá'y "encantado", ng̃máino ng̃mgã pastól ang isáng caangũtáng nagbubuhat sa carátig na gúbat; caniláng binacás, at ang násumpungãn nila'y ang matandáng lalaking bulóc na at nacabítin sa sangã ng̃isáng "balítì". Nacatatacot na siyá ng̃panahóng buháy pa, dáhil sa canyáng malalim at malagunlóng na voces, dáhil sa malalim niyang mgã matá at dáhil sa táwa niyáng waláng íngãy;

ngũni't ngãyóng siyá'y magbigtí ay lumiligalig siyá sa pagtulog ng̃mgã babae. Itinapon ng̃iláng babae sa ílog ang mgã híyas at sinunog ang damít na canyáng bigáy, at mulà ng̃ilibíng ang bangcáy sa púnò ng̃balítì ring iyón, sino mang táo'y walâ ng̃ mangãhás na doo'y lumápit. Isáng pastól na nagháhanap ng canyáng mgã hayop, ibinalitang nacakita raw siyá roón ng̃ mgã ílaw; nangãgsiparoón ang mgã bínatà at nacárinig na silá ng̃mgã daíng. Isáng cúlang pálad na nangĩngĩbig, na sa pagmimithî niyáng mápuna ng̃ sa canyá'y nagwáwalang bahálà, nangãcong mátitira siyáng magdamág sa lílim ng̃cáhoy at ipupulupot niyá sa punò nitó ang isáng mahabang yantóc, namatáy dahil sa matindíng lagnát na sa canya'y dumápò kinabucasan ng̃ gabí ng̃ canyáng pakikipagpustahan. May pinagsasalitaanan pang mgã catha't sali't saling sabi tungcól sa gubat na iyón.

Hindî nag-iláng buwán at naparoon ang isáng binatang wari'y mestizong castílà, na ang sabi'y anác daw siyá ng̃nasírà, at nanahán sa súloc na iyón at nangãsíwà sa pagsasaca, lalonglalò na sa pagtataním ng̃tínà. Si Don Saturnino'y isáng binatang malungcót ang asal at lubháng magagalitín, at cung minsa'y malupít; datapuwa't totoong masipag at masintahin sa paggawâ: binacuran ng pader ang pinaglibingãn sa canyáng amá, na manacânacâ lamang dinadalaw. Nang may cagulangãn na'y nag-asawa sa isáng batang dalagang taga Maynílà, at dito'y naguíng anác niya si Don Rafael, na amá ni Crisóstomo.

Batangbatà pa si Don Rafael ay nagpílit nang siyá'y calugdán ng̃mgã táong bukid: hindî nalao't pagdaca'y lumagô ang pagsasacang dinalá at pinalaganap ng canyáng amá, nanahán doon ang maraming táo, nangãgsiparoon ang maraming insíc; ang pulô ng̃mgã dampá'y naguíng isáng nayon, at nagcaroon ng̃isáng curang tagalog; pagcatapos ay naguíng isáng bayan, namatáy ang cura at naparoon si Fr. Dámaso; ngũni't ang libingã't caratig na lupa'y pawang pinagpitaganan. Nangãngãhas na maminsanminsan ang mgã batang lalaking mangãgsiparoong may mgã daláng panghampás at mgã bató, upang lumiguid sa palibot libot at mangũha ng̃bayabas, papaya, dúhat at iba pa, at cung minsa'y nangyayaring sa casalucuyan ng̃ caniláng guinàgawà, ó cung caniláng pinagmámasdang waláng imíc ang lubid na gagalawgalaw buhat sa sangã ng cáhoy, lumálagpac ang isá ó dalawáng batóng hindi maalaman cung saán gáling; pagcacagayo'y casabay ng̃sigáw na:—¡ang matandâ! ¡ang matanda!—caniláng ipinagtatapunan ang mgã bungãng cáhoy at ang mgã panghampás, lumúlucso silá sa mgã cáhoy at nangãgtatacbuhan sa ibabaw ng̃malalakíng bató at sa mgã cacapalán ng̃damó, at hindî silá tumitiguil hanggáng sa macalabás sa gubat, na nangãmúmutlâ, humihingãl ang ibá, ang iba'y umíiyac, at cácauntî ang nangãgtátawa.

Decorative motif

Decorative motif

# XI.

## ANG MANGÃ MACAPANGYARIHAN

*Mangãghati-hati cayó at cayó'y mangãghari.—(Bagong Machiavelo)*[184]

¿Sinosino bagá ang mgã nacapangyayari sa bayan?

Cailán ma'y hindî nacapangyari si Don Rafael ng̃nabubuhay pa siyá, bagá man siyá ang lalong mayaman doon, malakí ang lúpá at hálos may útang na loob sa canyá ang lahát. Palibhasa'y mahinhíng loob at pinagsisicapang huwág bigyáng cabuluhán ang lahát ng̃ canyáng mgã guinágawà, hindî nagtatag sa báyan ng̃canyáng partido [185], at nakita na natin cung paano ang mgã paglaban sa canyá ng̃makita nilang masamâ ang canyáng calagayan.—¿Si Capitang Tiago caya?—Totoo't cung siyá'y dumárating ay sinasalubong siyá ng̃orquesta ng̃mgã nagcacautang sa canyá, hináhandugan siyá ng̃piguíng at binúbusog siyá sa mgã álay. Inilalatag sa canyáng mesa ang lalong magagalíng na búngãng cáhoy; cung nangãcacahuli sa pangãngãso ng̃isáng usá ó baboy-ramó'y sa canyá ang icapat na bahagui; cung nababatì niyá ang cainaman ng̃cabayo ng̃isáng sa canyá'y may utang, pagdatíng ng̃calahating horas ay sumásacanyang cuadra[186] na: ang lahát ng̃itó'y catotohanan; ngũni't siyá'y pinagtátawanan at tinatawag siyá sa lihim na Sacristan Tiago.

¿Ang gobernadorcillo bagá cayâ?

Itó'y isáng cúlang palad na hindî nag-uutos, siyá ang sumúsunod; hindî nacapagmúmura canino man, siyá ang minumura; hindî nagágawa niyá ang maibigan, guinágawâ sa canyá ang calooban ng̃ibá; ang capalít nitó'y nanánagot siyá sa Alcalde mayor ng̃lahát ng̃sa canyá'y ipinag-utos, ipinagawâ at ipinatatag sa canyá ng̃mgã ibá, na para manding nanggaling sa bungõ ng̃canyáng úlo ang lahát ng̃iyon; ngũni't dápat sabihin, sa icapupuri niyá, na ang catungculang canyáng háwac ay hindî niyá ninacaw ó kinamcám: upang tamuhi'y nagcagugol siyá ng̃limáng libong piso, at maraming cadustâan, ngũni't sa napapakinabang

niyá'y canyáng inaacalang murangmura ang mgã gugol na iyón.

¿Cung gayo'y bacâ cayâ ang Dios?

¡Ah! hindî nacatitigatig ang mabait na Dios ng̃ mgã conciencia at ng pagcacatulog ng̃ mgã mámamayan doon: hindî nacapangĩng̃ĩlabot man lamang sa canila; at sacali't másalitâ sa canilá ang Dios sa alin mang sermón, waláng sálang naiisip niláng casabáy ang pagbubuntóng hiningã: ¡Cung íisa sana ang Dios!... Bahagyâ na nilá nagugunitâ ang Dios: lalong malakí pa ngã ang capagurang sa canila'y ibiníbigay ng̃ mgã santo at mgã santa. Nápapalagay ang Dios sa mgã táong iyóng tulad diyán sa mgã haring naglálagay sa canyáng paliguid ng̃ mgã tinatangĩ sa pagmamahal na mgã lalaki't babae: ang sinusuyò lamang ng̃ baya'y itóng canilang mgã tinatangĩ.

May pagcawangĩs ang San Diego sa Roma; ngũni't hindî sa Roma ng panahóng guinuguhitan ng̃ araro ng̃ cuhilang si Rómulo[187] ang canyáng mgã cútà; hindî rin sa Romang nacapaglalagdâ ng̃ mgã cautusan sa sandaigdíg sa palilígò sa sarili't sa mgã ibáng dugô, hindî: wangĩs ang San Diego sa casalucuyang Roma, at ang bilang caibhán lamang ay hindî mgã monumentong mármol at mgã coliseo ang naroon, cung dî sawaling monumento at sabung̃ãng pawid. Ang pinaca-papa sa Vaticano'y[188] ang cura; ang pinaca hárì sa Italiang na sa Quirinal[189] ay ang alférez ng̃ Guardia Civil; datapowa't dapat unawâing ibabagay na lahát sa sawálì at sa sabung̃ãng pawid. At dito'y gaya rin doong palibhasa'y ibig macapangyari ang isá't isá, nangãgpapalagayang ang isá sa canila'y labis (sa macatuwid ay dapat mawalâ ang isá sa canila), at dito nanggagaling ang wálang licát na samaan ng̃ loob. Ipaliliwanag namin ang aming sabi, at sásaysayín namin ang caugalìa't budhî ng̃ cura at ng̃ alférez.

Si Fr. Bernardo Salví ay yaong batà at hindî makibuing franciscanong sinaysay na namin sa unahán nitó. Natatangĩ siya, dahil sa canyáng mgã ásal at kílos sa canyáng mgã capowâ fraile, at lálongláló na sa napacabalasic na si párí Dámasong canyáng hinalinhán. Siyá'y payát, masasactín, halos laguì na lamang nag-íisip, mahigpít sa pagtupád ng̃ canyáng mgã catungculan sa religión, at mapag-ingãt sa carilagán ng̃ canyáng pangãlan. May isáng buwan lamang na nacararating siyá roón, halos ang lahát ay nakicapatid na sa V.O.T.[190], bagày na totoong ipinamamangláw ng̃ canyáng capangãgáw na cofradía ng̃ Santísimo Rosario. Lumúlucso ang cálolowa sa catuwâan pagcakita ng̃ nacasabit sa bawa't liig na apat ó limáng mgã escapulario, at sa bawa't bayawáng ay isáng cordóng may mgã buhól, at niyóng mgã procesión ng̃ mgã bangcáy ó mgã fantasma[191] na may mgã hábitong guinggón. Nacatipon ang sacristán mayor ng̃ isáng mabutíbutí ng̃ puhunan, sa pagbibilí ó sa pagpapalimós, sa pagca't ganitó ang

marapat na pagsasalitâ, ng̃mg̃a casangcapang kinakailang̃an upáng mailigtás ang cálolowa at mabáca ang diablo: talastás ng̃ ang espíritung itó, na ng̃ una'y nang̃ang̃ahas na sumalansáng ng̃ pamukhâan sa Dios, at nag-aalinlang̃an sa pananampalataya sa mg̃a wicà nitó, ayon sa sabi sa librong santo ni Job, na nagpailangláng sa aláng-álang sa ating Pang̃inoong Jesucristo, na gaya ng guinawâ namán ng̃Edad Media[192] sa mg̃a bruja[193], at nananatili, ang sabihan, hanggá ng̃ayón sa paggawa ng̃ gayón din sa mg̃a asuang[194] sa Filipinas; datapowa't tila mandín ng̃ayón ay naguíng mahihiyâing totoo na, hanggáng sa hindî macatagál sa pagting̃in sa capirasong damít na kinalalarawanan ng dalawáng brazo, at natatacot sa mg̃a buhól ng̃isáng cordón: ng̃uni't dito'y waláng napagkikilala cung dî sumusulong namán ang dunong sa panig na itó, at ang diablo'y aayaw sa pagsúlong, ó cung dilî caya'y hindî malulugdín sa pagbabagong asal, tulad sa lahát ng̃namamahay sa mg̃a cadiliman, sacasacali't hindî ibig na sapantahain nating tagláy niyá ang mg̃a cahinàan ng̃loob ng̃isáng dalagang lálabing-limáng taón lamang.

Alinsunod sa aming sinabi, si párì Salví'y totoong masigasig gumanap ng canyáng mg̃a catungculan; napacasigasig namán, ang sabi ng̃ alfèrez,—Samantalang nagsesermon—totoong siya'y maibiguíng magsermon—pinasasarhan niyá, ang mg̃a pintuan ng̃simbahan. Sa ganitóng gawá'y natutulad siyá cay Nerón[195] na ayaw magpaalis canino man, samantalang cumacanta sa teatro: ng̃uni't guinagawa iyón ni Nerón sa icágagaling, datapuwa't guinágawà ang mg̃a bagay na iyón ng̃cura sa icasasamâ ng̃mg̃a calolowa. Ang lahát ng caculang̃an ng̃canyáng mg̃a nasásacop, ang cadalasa'y pinarurusahan ng̃mg̃a "multa"; sa pagcá't bihírang bihirang namamalò siyá,; sa bagay na ito'y náiiba siyáng lubhâ cay pári Dámaso, na pinaghuhusay ang lahát sa pamamag-itan ng mg̃a panununtóc at panghahampás ng̃ bastong nagtátawa pa at taglay ang magandáng hang̃ád. Sa bagay na itó'y hindî siya mapaghihinanactán: lubós ang canyáng paniniwalang sa pamamálò lamang pinakikipanayaman ang "indio"; ganitó ang salitâ ng̃isáng fraileng marunong sumulat ng̃mg̃a libro, at canyáng sinasampalatayanan, sa pagcá't hindî niyá, tinututulan ang anó mang nálilimbag: sa hindî pagcámasuwayíng ito'y macaráraing ang maraming tao.

Bihírang bihírang namamalo si Fr. Salví, ng̃uni't gaya na ng̃a ng̃sabi ng isáng sa baya'y matandáng filosofo[196], na ang naguiguing caculang̃an sa bílang ay pinasasaganà namán sa tindí; datapuwa't hindî rín namán siyá mapaghihinanactan tungcól sa ganitóng gawâ. Nacapang̃ing̃ilis ng̃canyáng mg̃a ugát ang canyáng mg̃a pag-aayuno[197] at pang̃ing̃ilin ng̃ pagcain ng̃ mg̃a lamáng-cáti na siyáng ikinapaguíguing dukhâ ng̃ canyáng dugô, at, ayon sa sabihan ng̃táo, pumápanhic daw ang hang̃in sa canyáng úlo.

Ang alférez, na gaya na ngã ng̃ sinabi namin, ang tangĩng caaway ng̃ capangyarihang ito sa cálolowa, na may pacay na macapangyari namán sa catawán. Siyá lamang ang tangĩ, sa pagca't sinasabi ng̃ mgã babae na tumatacas daw sa cura ang diablo, dahiláng sa ng̃ minsang nangãhás ang diablo na tucsuhín ang cura, siyá'y hinuli nitó, iguinapos sa paa ng̃ catre at sacá pinálò ng̃ cordón, at cayâ lamang siyá inalpasán ay ng̃ macaraan na ang siyám na araw.

Yaya mang gayó'y ang táong pagcatapos ng̃ ganitóng nangyari, makipagcagalít pa sa cay párì Salvî ay maipapalagay na masamâ pa sa mgã abáng diablong hindî marunong mag-ingãt, cayâ ngã't marapat na magcaroon ng̃ gayóng capalaran ang alférez. Doña Consolación cung tawaguin ang canyáng guinoong asawa, na isáng matandáng filipina, na nagpapahid ng̃ maraming mgã "colorete"[198] at mgã pintura; ibá ang ipinangãngãlan sa canyá ng̃ canyáng esposo at ng̃ ibá pang mgã táo. Nanghihigantí sa sariling catawán ang alférez, sa canyáng pagcawaláng palad sa matrimonio, na nagpapacalasíng hanggang sa dî macamalay-táo; pinag-"eejercicio"[199] ang canyáng mgã sundalo sa arawan at siyá'y sumisilong sa lílim, ó cung dilî cayâ, at itó'y siyáng lalong madalás, pinapagpag niyá ng̃ pálò ang licód ng̃ canyáng asawa, na cung dî man isáng "cordero" (tupa) ng̃ Dios na umáalis ng̃ casalanan nino man, datapuwa't nagagamit namán sa pagbabawas sa canyá ng̃ maraming mgã cahirapan sa Purgatorio, sacali't siyá'y máparoon, bagay na pinag-aalinlangãnan ng̃ mapamintacasing mgã babae. Nangãghahampasang magalíng ang alférez at si Doña Consolacióng parang nangãgbíbiruan lamang, at nag-aalay siláng waláng bayad sa mgã capit-bahay ng̃ mgã pánoorin: "concierto vocal" at "instrumental" [200] ng̃ apat na camáy, mahinà, malacás, na may "pedal"[201] at lahát.

Cailán mang dumárating sa taingã ni párì Salví ang mgã escándalong[202] itó, siyá'y ngũmíngĩtî at nagcucruz at nagdárasal pagcatapos ng̃ isáng Amá namin; cung tinatawag siyáng "carca"[203], mapagbanalbanalan, "carlistón"[204], masakím, ngũmíngĩtî rin si párì Salvì at lalong nagdárasal. Cailán ma'y ipinagbibigay alám ng̃ alférez sa íilang castilang sa canyá'y dumadalaw ang sumusunod na casabihán:

—¿Paparoon bâ cayó sa convento upang dalawin ang "curita"[205] "Mosca, muerta[206]? ¡Mag-ingãt cayó! Sacali't anyayahan cayóng uminóm ng̃ chocolate, ¡bagay na aking pinag-aalinlangãnan!.. ngũni't gayón man, cung cayó'y aanyayahan, cayó'y magmasíd. ¿Tinawag ang alila't sinabing: "Fulanito, gumawâ ca ng̃ isáng "jícarang"[207] chocolate; ¿eh?"—Cung gayó'y mátira cayóng waláng anó mang agam-agam; ngũni't cung sabihing: "gumawâ ca ng̃ isáng "jícarang" chocolate, ¿"ah"?"—Pagcâ gayó'y damputin ninyó ang inyóng sombrero at

yumao cayóng patacbó.

—¿Bakit?—ang tanóng ng̃ causap na nagugulat—¿nanglalason pô bâ sa pamamag-itan ng̃ chocolate? ¡Carambas[208]!

—¡Abá, hindî namán nápacagayón!

—¡At paano, cung gayón?

—Pagca chocolate ¿eh? ang cahuluga'y malapot, at malabnáw pagca chocolate ¿ah?[209]

Ngũni't inaacalà naming ito'y bintáng lamang ng̃ alferez; sapagcá't ang casabiháng ito'y cabalitàang guinagawà rin daw ng̃ maraming mgã cura. Ayawán lamang cung ito'y talagáng ugalì na ng̃ boong capisanan ng̃ mgã fraile ...

Upang pahirapan ang cura, ipinagbabawal ng̃ militar, sa udyóc ng̃ canyáng asawa, na sino ma'y huwag macagalà pagcatugtóg ng̃ icasiyam na horas ng̃ gabi. Sinasabi ni Doña Consolacióng dî umano'y canyang nakita ang cura, na nacabarong pinya at nacasalacót ng̃ nítò't ng̃ huwag siyang makilala, na naglíbot na malalim na ang gabí. Nanghíhiganti naman ng̃ boong cabanalan si Fr. Salví: pagcakita niyang pumapasoc sa simbahan ang alférez, lihim na nag-uutos sa sacristang isará ang lahát ng̃ mgã pintò, at nagpapasimulâ ng̃ pagsesermón hanggáng sa mápikit ang mgã matá ng̃ mgã santo at ibulóng sa canyá ng̃ calapating cahoy na na sa tapát ng̃ canyáng úlo, ang larawán bagá ng̃ Espíritung Dios, na ¡siyá na, alang-alang! Hindî dahil dito'y nagbabagong ugáli ang alférez, na gaya rin ng̃ lahát ng̃ hindî marurunong magbalíc-lóob: lumálabas sa simbahang nagtútungãyáw, at pagcásumpong sa isáng sacristan ó alilà ng̃ cura'y pinipiit, binúbugbog at pinapagpupunas ng̃ sahíg ng̃ cuartel at ng̃ bahay niyáng sarili, na pagcâ nagcacagayo'y lumilinis. Pagbabayad ng̃ sacristan ng̃ multang ipinarurusa ng̃ cura, dahil sa hindî niyá pagsipót, canyáng ipinauunáwâ, ang cadahilanan. Diníringĩg siyáng waláng kibô ni Fr. Salví, iliníligpit ang salapî, at ang únang guinágawa'y pinawáwal-an ang canyáng mgã cambíng at mgã túpa at ng̃ doon silá mangĩnain sa halamanan ng̃ alférez, samantalang humahanap siyá ng̃ isáng bagong palatuntunan sa isáng sermóng lalong mahabâ at nacapagpapabanal. Datapuwa't hindî naguiguing hadláng ang lahát ng̃ itó, upang pagcatapos ay mangãgcamá'y at magsalitaan ng̃ boong cahinusayan, cung silá'y magkita.

Pagcâ, itinutulog ng̃ canyang asawa ang calasingãn ó humíhilic cung tanghalì, hindî maaway ni Doña Consolación ang alférez, pagcacágayo'y lumálagay sa bintanà't humíhitit ng̃ tabaco at nacabarong franelang azul.

Palibhasa'y kinasúsusutan niyá ang cabataan, mulâ sa canyáng kinálalagya'y namamanà, siyá ng̃ canyáng mg̃a matá, sa mg̃a dalaga, at silá'y canyáng pinípintasan. Ang mg̃a dalagang itóng sa canyá'y nang̃atatacot, dumaraang kimingkimî, na dî man lamang maitungháy ang mg̃a matá, nang̃agdudumalî ng paglacad at pinipiguil ang paghing̃á. May isáng cabanalan si Doña Consolación: tila mandin hindî siyá nananalamin cailán man.

Ito ang mg̃a macapangyarihan sa bayang San Diego.

Decorative motif

---

Decorative motif

# XII.

## ANG LAHAT NANG MANGA SANTO[210]

Marahil ang bugtóng na bagay na hindî matututulang ikinatatangĩ ng̃táo sa mgã háyop ay ang paggalang na iniháhandog sa mgã namamatay.

Sinásaysay ng̃ mgã historiador[211] na sinasamba at dinídios nilá ang caniláng mgã núnò at magugulang; ngãyó'y tumbalíc ang nangyayari: ang mgã patáy ang nagcacailangãng mamintuhô sa mgã buháy. Sinasabi rin namáng iniingãtan ng̃mgã taga Nueva Guinea sa mgã caja ang mgã but-ó ng̃caniláng mgã patáy at nakikipagsalitaan sa canilá; sa pinacamarami sa mgã bayan ng Asia, Africa at América'y hinahayinan ang caniláng mgã patáy ng̃ lalong masasaráp niláng mgã pagcain, ó ang mgã pagcaing minámasarap ng̃mgã patáy ng̃panahóng silá'y nabubuhay, at nangãgpípiguing at inaacalà niláng dumádalo sa mgã piguíng na itó ang mgã patáy. Ipinagtátayô ng̃mgã taga Egipto ng̃mgã palacio ang mgã patáy, ang mgã musulmán nama'y ipinagpápagawâ, silá ng maliliit na mgã capilla, at ibá pa; datapowa't ang bayang maestro sa bagay na itó, at siyáng lalong magalíng ang pagcakilala sa púsò ng̃ tao'y ang bayan ng Dahomey[212]. Natátalastas ng̃mgã maiitím na itó, na ang táo'y mapanghigantí, at sa pagca't gayó'y sinasabi niláng upang mabigyang catowâan ang namatáy, walâ ng̃lalong magalíng cung dî ang patayín sa ibabaw ng̃pinaglibingãn sa canyá ang lahát ng̃canyáng mgã caaway; at sa pagcá't ang táo'y malulugdíng macaalam ng̃ mgã bagay-bagay, sa taón-tao'y pinadadalhán siyá ng̃ isáng "correo" sa pamamag-itan ng̃linapláp na balát ng̃isáng alipin.

Tayo'y náiiba sa lahát ng̃ iyán. Bagá man sa nababasa sa mgã sulat na nauukit sa mgã pinaglibingãn, halos walâ sino mang naniniwalang nagpapahingãlay ang mgã patáy, at lalò ng̃hindî pinaniniwalâang sumasapayápà. Ang lalong pinacamagalíng mag-ísip ay nangãg-aacalang sinásanag pa ang caniláng mgã núnò sa túhod sa Purgatorio, at cung di siyá mápacasamâ (mapasainfierno bagá), masasamahan pa niyá, silá roon sa mahábang panahón. At ang sino mang ibig tumutol sa amin, dalawin niyá ang mgã simbahan at ang mgã libingãn sa boong maghapong itó, magmasíd at makikita. Datapowa't yamang tayo'y na sa bayan ng̃San Diego, dalawin natin ang libingãn dito.

Sa dacong calunuran, sa guitnâ ng̃mg̃a palaya'y nároroon, hindî ang ciudad, cung dî ang nayon ng̃mg̃a patáy: ang daan ng̃pagparoo'y isáng makitid na landás, maalabóc cung panahóng tag-ínit, at mapamámangcàan cung panahóng tag-ulán. Isáng pintûang cahoy, at isáng bácod na ang calahati'y bató at ang calahati'y cawayan ang tila mandin siyáng ikináhihiwalay ng̃libing̃ang iyón sa bayan ng̃mg̃a buháy; datapowa't hindî nahihiwalay sa mg̃a cambíng ng̃cura, at sa iláng baboy ng̃mg̃a calapít báhay, na pumapasoc at lumálabas doon upang mang̃agsiyasat sa mg̃a libing̃an ó mang̃agcatowâ sa gayóng pag-iisá.

Sa guitnâ ng̃malúang na bacurang iyón may nacatayóng isáng malaking cruz na cahoy na natitiric sa patung̃ang bató. Inihapay ng̃unós ang canyáng INRI na hoja de lata, at kinatcát ng̃ulán ang mg̃a letra. Sa paanan ng̃cruz, túlad sa túnay na Gólgota[213], samasamang nábubunton ang mg̃a bung̃ô ng̃úlo at mg̃a but-ó, na ang waláng malasakit na maglilíbing ay itinatapon doon ang canyáng mg̃a nahuhucay sa mg̃a libing̃an. Diyá'y mang̃aghíhintay silá, ang lalong malapit mangyari, hindî ng̃pagcabúhay na mag-ulî ng̃mg̃a patáy, cung dî ang pagdatíng doon ng̃mg̃a háyop at ng̃silá'y painitin ng̃caniláng mg̃a tubíg at linisin ang caniláng malalamig na mg̃a cahubdán.—Námamasdan sa paliguidliguid ang mg̃a bagong hûcay: sa dáco rito'y hupyác ang lúpà, sa dáco roo'y anyóng bundúc-bunducan namán. Sumísibol doo't lumálagô ng̃ máinam ang tarambulo't pandacákì; ang tarumbulo'y ng̃tundûin ang mg̃a bintî ng̃canyáng matitiníc na mg̃a búng̃a, at ng̃dagdág namán ng̃pandacakì ang canyáng amóy sa amóy ng libing̃an, sacali't itó'y waláng casucatáng amoy. Gayón ma'y nasasabúgan ang lúpà ng̃iláng maliit na mg̃a bulaclac, na gaya rin namán ng̃mg̃a bung̃ong iyóng ang Lumikhâ lamang sa canilá ang nacacakilala na: ang ng̃itî ng̃mg̃a bulaclác na iyó'y maputlâ at ang halimúyac nilá'y ang halimúyac ng̃mg̃a baunan. Ang damó at ang mg̃a gumagapang na damó'y tumátakip sa mg̃a súloc, umuucyabit sa mg̃a pader at sa mg̃a "nicho"[214], na anó pa't dinároamtan at pinagáganda ang hubád na capang̃itan; cung minsa'y pumapasoc sa mg̃a gahác na gawà ng̃mg̃a lindól, at inililihim sa mg̃a nanonood ang mg̃a cagalanggalang na mg̃a libing̃ang waláng lamán.

Sa horas ng̃ pagpasoc namin ay binúgaw ang mg̃a hayop; ang mang̃isang̃isang baboy lamang, hayop na mahirap papaniwalâin, ang siyáng sumisilip ng̃ canyáng maliliit na mg̃a matá, isinusung̃aw ang úlo sa isáng malakíng gúang ng̃bacod, itinataás ang ng̃usò sa háng̃in at wari'y sinasabi sa isáng babaeng nagdárasal:

—Howág mo namáng cacanin lahát, tirhán mo acó nang cauntî, ¿ha?

May dalawáng lalaking humuhucay ng̃isáng baunan sa malapit sa pader na

nagbabalang gumúhò: ang isá, na siyáng maglilíbing ay waláng cabahábahálà; iniwawacsi ang mgã gulogód at ang mgã butó, na gaya na pag-aabsáng ng̃isáng maghahalamán ng̃ mgã bató at mgã sang̃ang tuyô; ang isá'y nang̃ang̃aningãní, nagpapawis, humíhitit at lumúlurâ mayá't mayâ.

—¡Pakinggán mo!—anang humíhitit, sa wícang tagalog.—¿Hindî cayâ magalíng na catá'y humúcay sa ibang lugar? Ito'y bagóng bágo.

—Pawang bágo ang lahát ng̃ libíng.

—Hindî na acó macatagál. Ang but-óng iyáng iyóng pinutol ay dumúrugò pa ... ¡hm! ¿at ang mgã buhóc na iyán?

—¡Nacú, napacamaselang ca naman!—ang ipinagwícà sa canyá ng̃ isá—¡Ang icaw ma'y escribiente sa Tribunal! Cung humúcay ca sanang gáya co ng̃ isáng bangcáy na dadalawampong araw pa, sa gabí, ng̃ĩtng̃ĩt ng̃ dilím, umúulan ... namatáy ang farol cong dalá....

Kinilabutan ang casama.

—Naalís ang pagcapacò ng̃ cabaong, umaaling̃asaw ... at mapilitan cang pasanín mo ang cabaong na iyón, at umúulan at camíng dalawá'y cápuwà basâ at....

—¡Kjr!....At ¿bákit mo hinúcay?...!

Tiningnan siyá ng̃ maglilíbing ng̃ boong pagtatacá.

—¡Ah! at ¿anó ang guinawâ mo sa bangcay pagcatapos?—ang ipinagpatuloy na pagtanóng ng̃ maselang.—Imp de M. Fernández. Paz 447. Sta. Cruz.

—¿Bákit?...¿nalalaman co bâ? ¡Ipinag-útos sa áking hucáyin co!

—¿Sino ang nag-útos sa iyó?

Napaurong ng̃ cauntî ang maglilíbing at pinagmasdán ang canyáng casama, mulâ sa páa hangáng úlo.

—¡Abá! ¡tila ca namán castilà! ang mgã tanóng díng iyán ang siyáng guinawâ sa akin pagcatapos ng̃ isáng castilà, datapuwa't sa lihim. Ng̃ãyó'y sásagutín catá, ng̃ gaya ng̃ pagcásagot co sa castilà: ipinag-útos sa akin ng̃ curang malakí.

—¡Ah! at ¿anó ang guinawâ mo sa bangcáy pagcatápos?—ang

ipinagpatúloy na pagtatanóng ng̃maselang.

—¡Diablo! cung dî co lamang icáw nakikilala at natatalastas cung icáw ay "lalaki", sasabihin cung icáw ay túnay ngãng castilang civil: cung magtanóng ca'y túlad din sa canyá. Gayón ...ipinag-utos sa akin ng̃curang malakíng siyá'y ilibíng co sa libingãn ng̃mgã insíc, ngũni't sa pagcá't totoong mabigát ang cabaong at maláyò ang libingãn ng̃mgã insíc....

—¡Ayaw! ¡ayaw! ¡ayaw co ng̃humúcay!—ang isinalabat ng̃causap na lipós ng̃pangĩngĩlabot, na binitiwan ang pála at umahon sa húcay;—akíng nábaac ang bá-o ng̃isáng úlo at nangãngãnib acóng bacâ hindî acó patuluguín sa gabíng itó.

Humalakhác ang maglilíbing ng̃canyáng makitang samantalang umaalis ay nagcucruz.

Unti-unting napúpunô ang libingãn ng̃mgã lalaki't mgã babáeng páwang nangãcalucsâ. Ang ibá'y nangãgháhanap na maluat ng̃baunan; silá-silá'y nangãgtatatalo, at sa pagca't hindî mandín silá mangãgcasundò, silá'y nangãghíhiwalay at bawa't isá'y lumúluhod cung saán lalong minamagaling niyá,; ang mgã ibá, na may mgã "nicho" ang caniláng mgã camag-anac, nangãgsísindi ng̃malalakíng candilà at nangãgdárasal ng̃taimtím; naririnig din namán ang mgã buntóng hiningã at mgã hagulhól, na pinacalalabis ó pinipiguil. Naríringĩg na ang alingãwngãw ng̃"orápreo, orápresis" at "requiemeternams."

Násoc na nacapugay ang isáng matandáng lalaki. Marami ang nangãgtawá pagcakita sa canyá, ikinunót ang mgã kílay ng̃iláng mgã babae. Tila mandín hindî pinúpuna ng̃matandáng lalaki ang gayóng mgã ipinakikita sa canyá, sa pagcá't napatungõ siyá sa buntón ng̃mgã bungõ ng̃úlo, lumuhód at may hinanap sa loob ng̃iláng sandalî sa mgã but-ó; pagcatapos ay maingãt na inisaisáng ibinucód ang mgã bungõ ng̃úlo, at sa pagca't hindî mandín makita niyá ang canyáng hinahanap, umilíng, lumíngãp sa magcabicabilà at nagtanóng sa maglilíbing.

—¡Oy!—ang sinabi sa canyá.

Tumungháy ang maglilíbing.

—¿Nalalaman mo bâ cung saan naroon ang isáng magandáng bungô ng̃úlo, maputíng tulad sa lamán ng̃niyóg, waláng caculangculang ang mgã ngĩpin, na inalagáy co sa paanán ng̃cruz, sa ilalim ng̃mgã dahong iyón?

Ikinibít ng̃maglilibing ang canyáng mgã balícat.

—¡Masdán mo!—ang idinugtóng ng̃ matandâ, at ipinakita sa canyá, ang isáng pílac na salapî,—walâ aco cung hindî itó, ng̃uni't ibíbigay co sa iyó cung makita mo ang bung̃ong iyón.

Pinapagdilidili siyá, ng̃ ningníng ng̃ salapî, tinanáw ang buntunan ng̃ mg̃a, butó, at nagsalitâ:

—¿Walâ bâ roon? Cung gayó'y hindî co nalalaman. Ng̃uni't cung ibig ninyó'y bíbigyan co pô cayó ng̃ ibá.

—¡Catulad ca ng̃ baunang iyóng hinuhucay!—ang winíca sa canyá ng̃ matandáng lalaking nang̃ing̃inig ang voces;—hindî mo nalalaman ang halagá ng̃ nawawalâ sa iyo. ¿Sino ang  inililibing sa húcay na iyán?

—¿Nalalaman co bâ cung sino? Isáng patáy ang ilílibing diyan!—ang sagót na nayáyamot ng̃ maglilibing.

—¡Tulad sa baunan! ¡tulad sa baunan!—ang inulit ng̃ matandáng lalaking nagtátawa ng̃ malungcot;—hindî mo nalalaman ang iyong hinuhucay at ang iyong nilalamon! ¡Húcay! ¡húcay!

Samantala'y natapos ng̃ maglilíbing ang canyáng gawâ; dalawáng nacatimbóng lupang basâ at mapulápulá ang na sa magcabilang tabí ng̃ húcay. Cumúha sa canyáng salacót ng̃ hichó, ng̃umang̃a at pinagmasídmasíd na may anyóng tang̃a ang mg̃a nangyayari sa canyáng paliguid.

Decorative motif

---

Decorative motif

# XIII.

## MGA PAUNANG TANDA NANG UNOS

Nang sandalíng lumálabas ang matandáng lalaki, siyá namáng pagtiguil sa pasimulâ ng̃ bagtás ó landás ng̃ isáng cocheng tila mandín maláyò ang pinanggalingãn, punóngpunô ng̃alabóc at nagpapawis ang mgã cabayo.

Umibís si Ibarra sa cocheng casunód ng̃isáng alílang matandáng lalaki; pinaalis ang coche sa isáng galáw lamang ng̃úlo at napatungõ sa libingãng waláng kibò at malungcót.

—¡Hindî itinulot ng̃aking sakít at ng̃aking mgã pinangãngãsiwâang acó'y macabalíc dito!—ang sinasabi ng̃matandáng lalaki ng̃boong cakimîan;—sinabi ni Capitang Tiagong siyá na ang bahalang magpatayô ng̃ isáng "nicho"; datapuwa't tinanimán co ng̃mgã bulaclác at isáng cruz na acó ang gumawâ....

Hindî sumagót sí Ibarra.

—¡Diyan pô sa licód ng̃malakíng cruz na iyán—ang ipinagpatuloy ng̃alilà, na itinuturò ang isáng súloc ng̃silá'y macapasoc na sa pintûan.

Lubháng natitigagal ngã̂ ang caisipán ni Ibarra, cayá't hindî niyá nahiwatigan ang pagtatacá ng̃iláng táo ng̃siyá'y caniláng makilala, na tumiguil sa caniláng pagdarasál at sinundán siyá ng̃tingĩ̂n, sa lakí ng̃pangguiguilalas.

Nag-iingãt ang binatà ng̃ paglacad, pinangĩ̂ngĩ̂lagan niyáng dumaan sa ibabaw ng̃mgã pinaglibingãn, na madalíng nakikilala sa cahupyacán ng̃lúpà. Tinatapacan niyá ng̃ una, ngãyó'y iguinagalang niyá; gayón din ang pagcacálibing sa canyang amá. Humintô siyá pagdatíng sa cabiláng daco ng̃cruz at tumingĩ̂n sa palibotlibot. Námanghâ at napatigagal ang canyáng casama; hinahanap niyá ang bacás sa lúpa ay walâ siyáng makitang cruz saan man.

—¿Dito cayâ?—ang ibinúbulong;—hindî doon; ngũni't hinúcay ang lúpà.

Tinitingnan siyá ni Ibarra, na totoong masamâ ang lóob.

—¡Siyá ngã̂!—ang ipinagpatuloy,—natátandaang cong may isáng bató sa tabí; may caiclîan ang húcay niyao'y may sakít ang maglilibing, cayá't isáng

casamá ang siyáng napilitang humúcay datapuwa't itátanong natín sa canyá cung anó ang guinawâ sa cruz.

Pinatungũhan nilá ang maglilibíng, na nagmámasid sa canilá ng̃ boong pagtatacá.

Yumucód itó sa canilá, pagcapugay ng̃ canyáng salacót.

—Maipakikisabi pô bâ ninyó sa amin cung alín ang húcay na doó'y dating may isáng cruz?—ang tanong ng̃ alílà.

Tiningnan ng̃ tinatanong ang lugar at nag-isíp ísip.

—¿Isáng cruz bang malakí?

—¿Opò, malakí,—ang pinapagtibay na sagót ng̃ matandáng lalaki ng̃ boong catuwâan, at tinitingnan niyá ng̃ macahulugán si Ibarra, at sumayá namán ang mukhâ nitó!

—¿Isáng cruz na may labor at may taling oway?

—¡Siyá ngã̂! ¡siyá ngã̂! ¡iyán ngã̂! ¡iyán ngã̂!—at iguinuhit ng̃ alilà sa lupà ang isáng anyóng cruz bizantina[215].

—¿At may taním na mgã bulaclác sa húcay?

—¡Mgã adelfa, mgã sampaga at mgã pensamiento! ¡iyán ngã̂!—ang idinugtóng na malakí ang towâ, at inalayan niyá ng̃ isáng tabaco ang maglilíbing.

—Sabihin ngã ninyó sa amin cung alín ang húcay at cung saán naroon ang cruz.

Kinamot ng̃ maglilíbing ang taingã't sumagót na naghíhicab:

—¡Abá ang cruz!... ¡akin ng̃ sinúnog!

—¿Sinúnog? at ¿bákit ninyó sinúnog?

—Sa pagcá't gayón ang ipinag-útos ng̃ curang malakí.

—¿Síno bâ ang curang malakí?—ang tanóng ni Ibarra.

—¿Síno? Ang nangháhampas, si parì Garrote.

Hinaplós ni Ibarra ang canyáng nóo.

—Datapuwa't ¿masasabi pô bâ ninyó sa amin man lamang ang kinalalagyan ng̃ húcay? Dapat ninyóng matandaan.

Ngũmitî ang maglilíbing.

—¡Walâ na riyán ang patáy!—ang mulíng isinagót ng̃ boong catahimican.

—¿Anó pô ang sabi ninyó?

—¡Abá!—ang idinugtóng ng̃ táong iyóng ang anyó'y nagbíbirô;—ang naguing capalít niyá'y isáng babaeng inilibíng co roong may isáng linggó na ng̃ayón.

—¿Nauulól pô bâ cayó?—ang itinanong sa canyá ng̃ alílà,—diyata't walâ pa namáng isáng taóng siyá'y aming inilílibing.

—¡Tunay ng̃a iyón! marami ng̃ buwan ang nacaraan mulâ ng̃ siyá'y aking hucayi't cuning ulî sa baunan. Ipinag-utos sa aking siyá'y hucayin co ng̃ curang malakí, upang dalhin sa libing̃an ng̃ mg̃a insíc. Ng̃uni't sa pagká't mabigát at umúulan ng̃ gabíng yaón....

Hindî nacapagpatuloy ng̃ pananalitâ ang táo; umudlót sa pagcáguitlá ng makita ang anyô ni Crisóstomo, na dinaluhóng siyá't sacá siyá tinangnán sa camáy at ipinágwagwagan.

—At guinawâ mo ba?—ang tanóng ng̃ binatang ang anyô ng̃ pananalita'y hindî namin maisaysay.

—Howág po cayóng magalit, guinoo—ang sagót ng̃ maglilíbing na namumutla't nang̃íng̃ĩnig;—hindî co po namán siyá inilíbing sa casamahán ng mg̃a insíc. Mabuti pa ang malúnod cay sa mapasama sa mg̃a insíc—ang wica co—at siyá'y iniabsáng co sa tubig!

Inilagáy ni Ibarra ang canyáng mg̃a camay sa magcabilang balicat ng maglilíbing at mahabang oras na siyá'y tinitigan ng̃ ting̃ĩng hindî maisaysay cung anóng íbig sabihin.

—¡Icáw ay walâ cung dî isáng culang palad!—ang sinabi, at umalís na dalîdaling tinatahac ang mg̃a butó, mg̃a húcay, mg̃a cruz, na paráng ísang sirâ ang ísip.

Hináhaplos ng̃ maglilíbing ang canyáng bísig at bumúbulong:

—¡Ang guinágawang mg̃a caligaligán ng̃ mg̃a patáy! Binugbóg acó ng bastón ng̃ páring malakí, dahiláng ipinahintulot cong ilibíng ang patáy na iyón ng̃ aco'y may sakít; ng̃ayo'y cauntí ng̃ balîin nitó ang aking bísig, dahil sa pagcahucay co ng̃ bangcáy. ¡Itó ng̃a namáng mg̃a castilà! ¡Marahil pa'y alisán

acó nitó ng̃aking hánap-búhay!

Matúlin ang lacad ni Ibarra na sa maláyò ang tanáw; sumúsunod sa canyáng umíiyac ang alílang matandáng lalaki.

Lúlubog na lamang ang áraw; macacapál na mg̃a dilím ang siyáng lumalatag sa Casilang̃anan; isáng hang̃ing mainit ang siyáng nagpapagalaw sa dúlo ng̃mg̃a cáhoy at nagpaparaíng sa mg̃a cawayanan.

Nacapugay na lumalacad si Ibarra; sa canyáng mg̃a matá'y walang bumabalong na isáng lúhà man lamang, waláng tumatacas sa canyáng dibdib cáhi't isáng buntóng hining̃a. Lumalacad na parang may pinagtatanauan, marahil sa pagtacas sa anino ng̃canyáng amá, ó bacâ namán cayà sa dumádating na unós. Tináhac ang báya't lumabás sa luwál, tinung̃o yaóng lúmang báhay na malaon ng̃panahông hindî tinutungtung̃an. Naliliguid ang bahay na iyón ng pader na sinísibulan ng̃mg̃a damóng macacapál ang dahon, tila mandin siyá'y hinuhudyatán; bucás ang mg̃a bintánà; umúugoy ang iláng-ílang at ipinápagaspas ng̃boong casayahan ang canyáng mg̃a sang̃ang hític ng̃mg̃a calapati na nagpapaliguidliguid sa matibong na bubóng ng̃caniláng tahanang na sa guitna ng̃halamanan.

Ng̃uni't hindî pinápansin ng̃binatà ang caligayaháng itóng iníháhandog sa canyáng pagbalíc sa lúmang báhay: nacapácò ang canyáng mg̃a matá sa anyô ng isáng sacerdoteng canyáng macacasalubong. Itó'y ang cura sa San Diego, yaong laguing nagdidilidiling franciscano na ating nakita, ang caaway ng̃alférez. Tiniticlop ng̃hang̃in ang canyáng malapad na sombrero; ang canyáng hábitong guinggo'y dumirikit sa canyáng catawán at ipinakikita ang anyo nito; na anó pa't námamasid ang canyáng mg̃a payát na hítang may pagcá sacáng. Sa cána'y may háwac na isáng bastóng palasang may tampóc na gáring. Noón lamang nagcakita siláng dalawá ni Ibarra.

Pagsasalubong nilá'y sandalíng humintô ang binata't siyá'y tinitigan; iniiwas ni Fr. Salví ang canyáng mg̃a matá at nagpaconowaríng nalílibang.

Sandalíngsandali lamang tumagál ang pag-aalinlang̃an: malicsíng linapitan siyá ni Ibarra, pinatiguil at idiniín ng̃boong lacás ng̃canyáng camáy na ipinatong sa balicat ng̃párì, at nagsalitáng halos bahagyâ na mawatasan:

—¿Anó ang guinawâ mo sa aking amá?—ang itinanóng.

Si Fr. Salvíng namutlâ, at nang̃ãtál ng̃mabasa niyá ang mg̃a damdaming nalalarawan sa mukhâ ng̃binátà'y hindi nacasagót; nawalán ng̃diwâ.

—¿Anó ang guinawâ mo sa aking amá?—ang mulíng itinanóng na nalulunod ang voces.

Ang sacerdoteng untîunting nahútoc, dahil sa camáy na sa canyá'y nagdíriin ay nagpumilit at sumagót:

—¡Cayó po'y nagcacamalî; walâ acóng guinagawang anó man sa inyóng amá.

—¿Anóng walâ?—ang ipinagpatuloy ng̃ binátà, at sacâ siyá idiniín hanggáng sa siyá'y mápaluhod.

—¡Hindî pó, sinasabi co sa inyó ang catotohanan! ang aking hinalinhán, si párì Dámaso ang may cagagawán....

—¡Ah!—ang sinabi ng̃binata't siyá'y binitiwan at bago tumampál sa noo. At iniwan ang abáng si Fr. Salví at dalidáling tinungõ ang canyáng sariling báhay.

Samantala'y dumatíng ang alilà at tinulungãn sa pagtindíg ang fraile.

—¿Inanó mo ang aking amá—ani Ibarra sa fraile.—Imp. de M. Fernandez Paz 447. Sta. Cruz

---

Decorative motif

# XIV.

## ANG ULOL NA SI TASIO Ó ANG FILOSOFO

Naglálacad sa mgã lansángãng waláng tinutungõ't waláng iniisip ang cacaibáng matandáng lalaki.

Nag-aral siyá ng̃una ng̃Filosofía, at iníwan niya ang pag-aáral sa pagsunód sa canyáng ináng matandâ na; at hindî niyá ipinagpatuloy ang pag-aaral, hindî sa caculangãn ng̃ magugugol at hindî rin sa caculangãn ng̃ cáya ng̃ pag-iísip: tumíguil siyá ng̃pag-aáral, dahilán ngẫ sa pagcá't mayaman ang canyáng iná, at dahilan sa ayon sa sabiha'y matalas ang canyáng ísip. Natatacot ang mabaít na babaeng maguíng pantás ang canyáng anác at macalimot sa Dios, cayâ ngã't siyá'y pinapamilì, sa siyá'y magpárì ó íwan niyá ang colegio ng̃San José. Nang panahón pa namáng iyó'y siyá'y may naiibigang babae, cayá't pinilì niyá ang íwan ang colegio at nag-asawa siyá. Hindî lumampás ang isáng taón at siyá'y nabáo at naulila; guinawâ niyáng aliwan ang mgã libro upang siyá'y macaligtás sa calungcutan, sa sabong at sa pagca waláng guinágawâ. Datapowa't lubháng nawili sa mgã pag aaral at sa pamimilí ng̃mgã libro, hanggáng sa mapabayaan niyá ang sariling pamumuhay, cayá't siyá'y unti-unting naghírap.

Tinatawag siyáng Don Anastasio ó filósofo Tasio ng̃ mgã táong may pinagaralan, at ang mgã masasamâ ang tûrò, na siyáng lalong marami, tinatawag siyáng Tasiong ul-ól, dahil sa hindî caraniwang canyáng mgã caisipán at cacaibang pakikipagcapowa-táo.

Ayon sa sinabi na namin, ang hapo'y nagbabalang magca unôs; liniliwanagan ang abó abóng langĩt ng̃iláng kidlát; mabigát ang aláng-álang at totoong maalis-ís ang hangĩn.

Wari'y nalimutan na ng̃filósofo Tasio ang canyáng kinalúlugdang bungỗ ng̃ ulo; ngãyó'y ngũmingĩting pinagmámasdan ang maiitim na pangãnurin.

Sa malapít sa simbaha'y nasalubong niyá ang isáng táong naca chaqueta ng̃ alpaca at daladala sa camáy ang may mahiguít na isáng arrobang candílà at isáng bastóng may borlas, bílang saguísag ng̃punong may capangyarihan.

—¿Tila po cayo'y natótowâ?—ang tanóng nitó sa wícang tagalog.

—Siya ngã pô, guinoong capitan; natótowâ acó sa pagcá't may isá acóng inaasahan.

—¿Ha? ¿at alin ang inyóng inaasahang iyán?

—¡Ang unós!

—¡Ang unós! ¿Nag-aacálà bâ cayóng maligò?—ang tanóng ng gobernadorcillo ng̃ palibác, na minamasdan ang dukháng pananamít ng matandáng lalaki.

—Malígò acó ... ¡hindî masamâ, lalong lalô na pagcâ nacatitisod ng̃ isáng dumi!—ang sagôt ni Tasio, na palibác din namán ang anyô ng̃ pananalita, bagá man may pagca pagpapawaláng halagá sa canyáng causap—ngũni't naghíhintay acó ng̃ lálong magalíng.

—¿At anó pô bâ iyón?

—Iláng mgã lintíc na pumatáy ng̃ mgã táo at sumúnog ng̃ mgã báhay.

—¡Hingĩn na ninyóng paminsanan ang gúnaw!

—¡Nararapat tayong lahát, cayó at acóng gunawin! Dalá pô ninyó riyan, guinoong capitan, ang isáng arrobang candílang gáling sa tindahan ng̃ insíc; may mahiguít ng̃ sampóng taóng aking ipinakikiusap sa bawa't bágong capitang bumíbili ng̃ pararrayos[216], at pinagtatawanan acó ng̃ lahát; gayón ma'y bumibili ng̃ mgã "bomba" at mgã "cohete", at nangãgbabayad ng̃ mgã repique ng̃ mgã campánà. Hindî lamang itó: kinábucasan ng̃ pakikiusap co sa inyó, nagbilin pô cayó sa mgã magtutunáw na insíc ng̃ isáng "esquilang" álay cay Santa Bárbara, gayóng nasiyasat na ng̃ carunungãng mapangãnib ang tumugtóg ng̃ mgã campanà sa mgã araw na may unós. At sabihin pô ninyó sa akin, ¿bakit pô bâ ng taóng 70 ng̃ mahulog ang isáng lintíc sa Binyáng, doon pa namán nahúlog sa campanario at iguinibâ ang relój sacâ isáng altar? ¿Anó ang guinagawâ ng esquilita ni Santa Bárbara?

Nang sandalíng iyo'y cumisláp ang isáng kidlát.

—¡Jesús, María y José! ¡Santa Bárbarang mahál!—ang ibinulóng ng capitang namutlâ at nagcruz.

Humalakhác si Tasio.

—¡Cayó'y carapatdapat sa pangãlan ng̃ inyóng pintacasi!—aní Tasio sa wicang castilà, tinalicdán ang capitan at tumúngõ sa simbahan.

Nagtátayo ang mgã sacristan sa loob ng̃ simbahan ng̃ isáng "túmulo"[217] na nalilibot ng̃ mgã malalaking candilang natitiric sa mgã candelabrong cáhoy. Ang túmulong yao'y dalawáng mesang malalakíng pinagpatong at natátacpan ng̃ damít na maitím, na may mgã listóng puti; sa magcabicabila'y may napipintang mgã bungõ ng̃ úlo.

—¿Iyán ba'y patungcól sa mgã cálolowa ó sa mgã candilâ?—ang itinanóng.

At ng̃ makita niyá ang dalawáng batang lalaking may sampóng taón ang isá at ang isá'y may malapit sa pitó, lumapit sa caniláng hindî na hinantay ang sagót ng̃ mgã sacristán.

—¿Sasama ba cayó sa akin, mgã báta?—ang itinanóng sa canilá. May handâ sa inyó ang inyóng nanay na isáng hapunang marapat sa mgã cura.

—¡Aayaw po caming paalisin ng̃ sacristan mayor hanggang hindî tumutugtog ang icawalóng horas—ang sagót ng̃ pinacamatandâ.—Hinihintay co pong másingĩl ang aking "sueldo" upang maibigay co sa aking iná.

—¡Ah! at ¿saán bâ cayó paparoon?

—Sa campanario pô upang dumublás sa mgã cálolowa.

—¿Pasasacampanario cayó? ¡cung gayó'y cayó'y mag-ingãt! ¡howág cayóng lalapit sa mgã campanà hanggáng umúunos!

Umalís sa simbahan, pagcatapos na masundán ng̃ isáng titíg na may habág ang dalawáng batang pumapanhic sa mgã hagdanang patungõ sa coro.

Kinuscós ni Tasio ang mgã matá, tumingĩn ulî sa langĩt at bumulóng: —Ngãyó'y dáramdamin cong mahulog ang mgã lintíc.

At nacatungõng pumaroon sa labás ng̃ báyang nag-iisip-isip.

Dumáan pô muna cayó!—ang sabi sa canyá sa wicang castílà ng̃ isáng matimyás na voces mulâ sa isáng bintanà.

Tumungháy ang filósofo, at canyáng nakita ang isáng lalaking may tatlompô ó tatlompo't limang taóng sa canyá'y ngũmitî.

—¿Anó pô bâ ang inyóng binabasa riyán?—ang tanóng ni Tasio, na itinuturò ang isáng librong hawac ng̃ lalaki.

—Isáng librong pangcasalucuyan: ¡"Las penas que sufren las benditas ánimas del Purgatorio!"[218]—ang isinagót ng̃ causap na ngũmingĩtî.

—¡Nacú! ¡nacú! ¡nacú!—ang wicâ ng̃ matandáng lalaki sa sarisaring "tono" ng̃ voces, samantalang pumapasoc sa báhay;—totoong matalas ang ísip ng̃ cumathâ niyán.

Pagcapanhíc niyá ng̃ hagdanan ay tinanggáp siyá ng̃ boong pakikipag-ibigan ng̃ may báhay na lalaki at ng̃ canyáng asawa. Don Filipo Lino ang pangãlan ng̃ lalaki at Doña Teodora Viña namán ang babae. Si Don Filipo ang siyáng teniente mayor at siyáng púnò ng̃ isáng "partidong" halos ay "liberal"[219], sacali't matatawag itó ng̃ gayón, at cung sacaling mangyayaring magcaroon ng̃ mgã "partido" sa mgã bayan ng̃ Filipinas.

—¿Nakita pô ba ninyó sa libingãn ang anác ng̃ nasirang si Don Rafael na bagong carárating na galing sa Europa?

—Opò, nakita co siyá, ng̃ siyá'y lumúlunsad sa coche.

—Ang sabihana'y naparoo't upang hanapin ang pinaglibingãn sa canyáng amá ... Marahil cakilakilabot ang canyáng pighatî ng̃ maalaman....

Ikinibít ng̃ filósofo ang canyáng mgã balicat[220].

—¿Hindî pô bà dináramdam ninyó ang casaliwâang palad na iyan?—ang tanóng ng̃ guinoong babaeng bátà pa.

—Talastás na pô ninyóng acó'y isá sa anim na nakipaglibing sa bangcáy; acó ang humarap sa Capitan General ng̃ aking makitang ang lahát dito'y hindî umíimic sa gayóng calakilakihang capusungãn, gayóng cailán ma'y minamagaling co ang paunlacán ang táong mabait cung nabubuhay pa cay sa cung patáy na.

—¿Cung gayó'y bakit?

—Datapuwa't hindî pô acó sang-ayon sa pagmamanamana ng̃ caharîan. Alang-álang sa caunting dugong insíc na bigáy sa akin ng̃ aking iná, sumasang-ayon acó ng̃ cauntî sa caisipan ng̃ mgã insíc: pinaúunlacan co ang amá dahil sa anác, ng̃ũni't hindî ang anác dahil sa amá. Na ang bawa't isá'y tumanggáp ng ganting pálà ó ng̃ caparusahán dahil sa canyáng mgã gawâ; datapuwa't hindî dahil sa mgã gawà ng̃ ibá.

—¿Nagpamisa pô bâ cayó ng̃ patungcol sa inyóng nasírang asawa, alinsunod sa hatol co sa inyó cahápon?—ang itinanóng ng̃ babae nagbago ng̃ pinasasalitaanan:

—¡Hindî!—ang sagót ng̃ matandáng lalaking ng̃ũmingĩti.

—¡Sayang!—ang isinagót ng̃babaeng tagláy ang túnay na pagpipighatî;—casabiháng hanggang sa icasampong oras ng̃umaga búcas, ang mgã calolowa'y malayang naglilibot at naghihintay ng̃sa canilá'y pagbibigáy guinhawa ng̃mgã buháy; na ang isáng misa sa mgã panahóng itó'y catimbáng ng̃limá ó anim na misa sa mgã ibáng araw ng̃isáng taón, ayon sa sabi ng̃cura, caninang umaga.

—¡Mainam! ¿Sa macatuwíd ay mayroon tayong isáng caaliw-alíw na taning na dapat nating samantalahin?

—¡Ng̃ũni't Doray!—ang isinabad ni Don Filipo;—talastas mo ng̃ hindî naniniwálà si Don Anastasio sa Purgatorio.

—¿Na hindî acó naniniwalà sa Purgatorio?—ang itinutol ng̃ matandáng lalaking tumitindig na sa canyáng upuan.—¡Diyata't pati ng̃ "historia" ng Purgatorio'y aking nalalaman!

—¡Ang historia ng̃Purgatorio!—ang sinabing puspós ng̃pagtatacá ng̃mag-asawa. ¡Tingnán ngã natin! ¡Saysayin ninyó sa amin ang historiang iyán!

—¿Hindî palá ninyó nalalaman ay bakit cayo'y nangãgpapadalá roon ng mgã misa at inyóng sinasabi ang mgã pagcacahirap doon? ¡Magaling! yamang nagpapasimulâ na ng̃ pag-ulán at tíla mandín tátagal, magcacapanahón tayo upang howag tayong mayamót—ang isinagót ni Tasio, at saca nag-isíp-ísip.

Itiniclóp ni Don Filipo ang librong canyáng tangãn, at umupô sa canyáng tabi si Doray, na náhahandang huwag maniwálà sa lahát ng̃sasabihin ni Tasio. Nagpasimulâ itó sa paraang sumusunod:

—Malaon pang totoo bago manaog ang ating Pangĩnoong Jesucristo'y may Purgatorio na, at ito'y na sa calaguitnaan ng̃lúpà, ayon cay párì Astete, ó sa malapit sa Cluny, ayon sa monjang sinasabi ni párì Girard, datapuwa't hindî ang may cahulugan dito'y ang kinalalagyan. Magaling, ¿sinosino ang mgã nasásanag sa apoy na iyóng nag-aalab mulâ ng̃lalangĩn ang sanglibutan? Pinapagtitibay ang caunaunahang pagcacatatág ng̃ Purgatorio ng̃ Filisofía Cristiana na nagsasabing walâ raw guinágawang bagong anó man ang Dios mulâ ng magpahingãláy siyá.

—Mangyayaring nagcaroong "in potentia"[221]; datapuwa't hindî "in actu" [222], ang itinutol ng̃teniente mayor.

—¡Magalíng na magalíng! Gayón ma'y sasagutin co cayóng may iláng nacakilala ng̃Purgatorio na talagang mayroon na "inactu", ang isá sa canilá'y si Zarathustra ò Zoroastro[223], na siyang sumulat ng̃isáng bahagui ng̃"Avestra"

[224] at nagtatag ng̃isáng religióng sa mg̃a tangĩng bagay nacacahawig ng̃atin at alinsunod sa mg̃a pantas, si Zarathustra'y sumilang na nauna cay Jesucristo ng walóng daang taón ang cauntian. Ang cauntian ang wícà co, sa pagca't pagcatapos na masiyasat ni Platón[225], Xanto de Lidia Plinio[226], Hermipos at Eudoxio,[227] inaacalà niláng nauna si Zarathustra cay Jesucristo ng̃dalawang libo at limáng daan taón. Sa papaano mang bagay, ang catotohana'y sinasabi na ni Zarathustra ang isáng bagay na nawawangĩs sa Purgatoria, at naghahatol siyá ng̃mg̃a paraan upang macaligtás doon. Matútubos ng̃mg̃a buháy ang mg̃a calolowang namatáy sa casalanan, sa pagsasalitâ ng̃mg̃a nasasaysay sa "Avestra" at gumawâ ng̃mg̃a cagalingãn; datapuwa't kinacailangãng ang mananalangĩn ay isáng camág-ánac ng̃nasírà hanggang sa icaapat na salin. Ang panahóng táning sa bágay na itó'y sa taón taón, tumátagal ng̃limáng áraw. Nang malaon, ng̃tumibay na sa bayan ang gayóng pananampalataya, napagwárì ng mg̃a sacerdote sa religióng iyóng malakíng dî anó lamang ang pakikinabangĩn sa gayóng pananampalataya, caya't kinalacal nilá yaóng mg̃a "bilangguang ngĩtngĩt ng̃dilím na pinaghaharìan ng̃mg̃a pagng̃ãng̃ãlit sa nagawang casalanan", ayon sa sabi ni Zarathustra. Ipinaalam ng̃ã niláng sa halagáng isáng "derem", salapíng bahagyâ na ang halagá'y nababawas sa calolowa ang isáng táong pagcacasakit ng dî cawásà; ng̃ũni't sa pagca't ayon sa religiong iyó'y may mg̃a casalanang pinarurusahan ng̃ tatlóng daan hanggáng isáng libong taón, gaya ng pagsisinung̃ãlíng, ng̃pangdaráyà, at ng̃hindî pagganáp sa naipang̃ãcò, at ibá pa, ang nangyari'y tumátanggap ang mg̃a balawîs na sacerdote ng̃maraming millong "derems." Dito'y mapag-wawari na ninyó ang caunting bagay na nawawangĩs sa Purgatorio natin, bagá man mapagtatantò na ninyóng ang pinagcacaibha'y ang mg̃a religión.

Isáng kidlát na may casunód agád agád na isáng maugong na culóg ang siyáng nagpatindig cay Doray na nagsalitáng nagcucruz:

—¡Jesús, Maria y José! Maiwan co muna cayó; magsusunog acó ng benditang palaspás at ng̃mg̃a "candilang perdón".

Nagpasimulâ ng̃pag-uláng tila ibinubuhos. Nagpatúloy ng̃pananalitâ ang filósofo Tasio, samantalang sinusundan niyá ng̃tingĩn ang paglayô ng̃may asawang babáeng bátà pa.

—Ng̃ãyóng walâ na siyá'y lalong mapag-uusapan na natin ng̃boong caliwanagan ang dahil ng̃áting salitaan. Cahi't may cauntíng pagcamapamahîin si Doray, siyá'y magalíng na católica, at hindî co íbig na pumacnít sa púsò ng pananampalataya: naíiba ang isáng pananampalatayang dalísay at wagás sa halíng na pananampalataya, túlad sa pagcacaiba ng̃níngãs at ng̃úsoc, wángĩs sa

caibhán ng̃música sa isáng gusót na caingãyan: hindî napagkikilala ang ganitong pagcacaiba ng̃mgã halíng, na túlad sa mgã bingĩ. Masasabi náting sa ganáng átin ay magalíng, santo at na sa catuwiran ang pagcacahácà ng̃Purgatorio; nananatili ang pagmamahalan ng̃mgã patáy at ng̃mgã buháy at siyáng nacapipilit sa lálong calinisan ng̃ pamumuhay. Ang casam-a'y na sa tacsil na paggamit ng Purgatoriong iyán.

Ngũni't tingnán natin ngãyón cung bakit pumasoc sa catolicismo ang adhicáng itóng walâ sa Biblia at walâ rin sa mgã Santong Evangelio. Hindî binábangguit ni Moisés at ni Jesucristo caunti man lamang ang Purgatorio, at hindî ngã casucatán ang tangĩng saysay na canilang sabing na sa mgã Macabeo, sa pagca't bucód sa ipinasiyá sa Concilio ng̃Laodicea, na hindî catotohanan ang librong ito, ay nitó na lamang huling panahón tinanggap ng̃ Santa Iglesia Católica. Walâ ring nacacatulad ng̃ Purgatorio sa religión pagana. Hindî mangyayaring panggalingãn ng̃pananampalatayang itó ang casaysayang "Aliæ panduntor inanies" na totoong madalás bangguitín ni Virgilio[228] na siyáng nagbigáy dahil sa dakilang si San Gregorio[229] na magsalitâ ng̃tungcól sa mgã cálolowang nalunod, at idagdág ni Dante[230] ang bagay na itó sa canyáng "Divina Comedia".

Walâ rin namáng nacacawangĩs ng̃ganitóng caisipán sa mgã "brahman"[231], sa mgã "budhista"[232] at sa mgã egipcio mang nagbigáy sa Roma ng̃ caniláng "Caronte"[233] at ng̃caniláng "Averno"[234]. Hindî co sinasaysay ang mgã, religión ng̃ mgã bayan ng̃ Ibabâ ng̃ Europa: ang mgã religióng itó, palibhasa'y religión ng̃ mgã "guerrero"[235], ng̃ mgã "bardo"[236] at ng̃ mgã mángãngãso[237], datapuwa't hindî religión ng̃mgã filósofo, bagá man nananatili pa ang caniláng mgã pananampalataya at patí ng̃caniláng mgã "rito"[238] na pawang nangálangcap na sa religión cristiana; gayón ma'y hindî nangyaring sumama silá sa hucbó ng̃mgã tampalasang nangloob sa Roma, at hindî rin silá nangyaring lumuclóc sa Capitolio[239]: palibhasa'y mgã religión ng̃mgã úlap, pawang nangãpápawì sa catanghaliang sícat ng̃ araw.—Hindî ngã sumasampalataya sa Purgatorio ang mgã cristiano ng̃ mgã unang siglo: nangãmámatay siláng tagláy iyáng masayáng pag-asang hindî na malalao't silá'y háharap sa Dios at makikita nilá ang mukhâ nitó. Si San Clemente na taga Alejandría[240], si Orígenes[241] at si San Irineo[242] ang siyáng mgã unang mgã párì ng̃ Iglesiang tila bumábangguít ng̃ Purgatorio, marahil sa pagcadalá sa canilá ng̃ akit ng̃ religión ni Zarathustra, na namumulaclac at totoong lumalaganap pa ng̃panahóng iyón sa boong Casilangãnan, sa pagca't malimit nating nababasa ang mgã pagsisi cay Orígenes, dahil sa canyáng malabis na paghílig sa mgã bagay sa Casilangãnan. Guinagamit ni San Irineong pangpatibay

sa pananampalataya sa Purgatorio, ang "pagcátira ni Jesucristong tatlóng araw sa cailaliman ng̃ lúpà," tatlóng araw na pagcapasa Purgatorio, at canyáng inaacála, dahil dito, na bawa't cálolowa'y dapat manatili sa Purgatorio hanggáng sa mabuhay na mag-ulî ang catawán, bagá man tila laban mandin sa bagay na itó ang "Hodie mecum eris in Paradiso[243]." Nagsasaysay rin namán si San Agustín, tungcól sa Purgatorio; datapowa't sacali't hindî niyá pinagtibay na tunay na mayroon ngã, gayón ma'y ipinalálagay niyang mangyayari ngãng magcaróon, sa pag-aacálà niyáng maipagpapatuloy hanggáng sa cabilang búhay ang tinátanggap nating mgã caparusahan sa búhay na itó, dahil sa ating mgã casalanan.

—¡Nacú namán si San Agustin!—ang sinabi ni Don Filipo;—¡hindî pa siyá magcacásiya sa tinitiis nating mgã hirap sa búhay na itó't ibig pa niyá ang magpatuloy hanggáng sa cabiláng-búhay!

—Ganyán ngã ang calagayan ng̃ bagay na ito: sumasampalataya ang ibá at ang ibá'y hindî. Bagá ma't sumáng-áyon na si San Gregorio, alinsunod sa canyáng "de quibusdam levibus culpis esse ante judicium purgatorius ignis credendus est," hindî rin nagcaroon ng̃ patuluyang catibayan ang Purgatorio, hanggang sa ng̃ ipasiyá ng̃ Concilio sa Florencia ng̃ taóng 1439, sa macatuwíd ay ng̃ macaraan na ang walóng daang taón, na dápat magcaroon ng̃ isáng apóy na pangdalísay ó panglínis sa mgã cálolowang bagá ma't namatáy na sumísinta sa Dios, ngũni't hindî pa lubós napagbabayaran ang Justicia ng̃ May Capal. Sa cawacasa'y ang Concilio Tridentino[244], sa ilalim ng̃ pangũngũlo ni Pio IV ng taóng 1563, sa icalabinglimáng púlong ay ilinagdâ ang cautusán tungcól sa Purgatorio, na ang pasimula'y: "Cum catholica ecclesia Spiritu Sancto edocta etc.," na doo'y sinasabing ang mgã patungcól ng̃ mgã buháy, ang mgã panalangĩn, ang mgã paglilimós at iba pang mgã gawáng cabanalan ay siyáng mabibísang paraan upang mailigtás sa Purgatorio ang mgã cálolowa, bagá man sinasabing ang paghahayin ng̃ misa'y siyang lalong cagalinggalingãn sa lahat. Gayón ma'y hindî sumasampalataya ang mgã protestante[245] sa Purgatorio, at gayon dín ang mgã páring griego[246], sa pagca't walâ siláng nakikitang pagbibigay catotohanan ng̃ Biblia[247], at sinasabi niláng binibigyáng wacás ng camatayan ang taning upang macagawâ ng̃ mgã carapatán ó ng̃ mgã laban sa mgã carapatán, at ang "Quodcumque ligaberis in terra" hindî ang cahulugá'y "usque ad purgatorium" etc.; ngũni't dito'y maisásagot na sa pagcá't na sa calaguitnàan ng̃ lúpa ang Purgatorio, talagáng dapat mapasailalim ng capangyarihan ni San Pedro. Datapuwa't hindî acó matatapos ng̃ pagsasaysay, cung sasalitain co ang lahát ng̃ mgã sabi tungcol sa bagay ni ìtó. Isáng araw na ibiguin pô ninyóng pagmatuwiranan natin ang bagay sa Purgatorio, magsadyâ,

cayó sa aking báhay at doo'y babasahin natin ang mg̃a libro at tayo'y maláyà at payapang macapagpapalagayan ng̃ canícanyang catuwiran. Ng̃ayó'y yayao na acó: hindî co mapaghúlò cung bakit itinutulot ng̃ cabanalan ng̃ mg̃a crístiano ang pagnanacaw sa gabíng itó.—Cayóng mg̃a punong báyan ay nang̃agpapabayà sa ganitóng gawâ, at aking ipinang̃ang̃anib ang aking mg̃a libro. Cung sana'y nanacawin nilá sa akin upang caniláng basahin ay aking ipauubayà, datapuwa't marami ang nang̃ag-iibig na tupukin ang aking mg̃a libro, sa hang̃ad na gumanáp sa akin ng̃ isáng pagcacaawang gawâ, at dapat ng̃ang catacutan ang ganitóng pagcacaawang gawang carapatdapat sa califa[248] Omar[249]. Dahil sa mg̃a librong itó'y ipinalálagay ng̃ ibáng linagdaan na aco ng̃ parusa ng̃ Dios....

—¿Ng̃uni't inaacalà cong cayó po'y sumasampalataya sa parusa ng̃ Dios?—ang tanóng ni Doray na ng̃umíng̃itî at lumálabas na may dalang lalagyán ng̃ mg̃a bágang pinagsusunugan ng̃ mg̃a tuyóng dahón ng̃ palaspás, na pinagbubuhatan ng̃ nacayáyamot ng̃uni't masaráp na amóy na úsoc.

—¡Hindî co po alám, guinoong babae, cung anó ang gágawin sa akin ng̃ Dios!—ang isinagót ni matandáng Tasio na nag-iísip-ísip. Pagcâ acó'y naghihing̃alô na, iháhandog co sa canyá ang aking cataohang waláng camuntî mang tacot; gawín sa akin ang bawa't ibiguin. Ng̃uni't ma'y naiisip aco ...

—At ¿anó po ang naíisip ninyóng iyán?

—Cung ang mg̃a católico lamang ang tang̃ing mapapacagaling, at limá lamang sa bawa't isáng daang católico ang siyáng mápapacagaling, at sa pagca't ang dami ng̃ mg̃a católico'y icalabingdalawang bahagui ng̃ mg̃a nabubuhay na táo sa lúpà, sacali't paniniwalaan natin ang sinasabi sa mg̃a estadística[250], ¿ang mangyayari'y pagcatapos na mapacasamâ ang yuta-yutang mg̃a táong nabuhay sa daigdig sa boong dî mabilang na mg̃a siglong nagdaan, bago nanaog sa lúpà ang Mananacop, at pagcatapos na mamatay dahil sa atin ang Anác ng̃ isáng Dios, ng̃ayó'y lílima lamang ang mapapacagaling sa bawa't isáng libo't dalawáng daang táo? ¡Oh, tunay na tunay na hindî! ¡Minámagaling co pa ang magsaysay at sumampalatayang gaya ni Job: "¿Diyata't magpapacabagsíc icáw sa isáng inilílipad na dahon at pag-uusiguin mo ang isáng tuyóng layác?" ¡Hindî, hindî mangyayari ang gayóng casaliwaang pálad na calakilakihan! ¡Cung sampalatayanan ito'y isáng capusung̃an; hindî, hindî!

—¿Anóng inyóng gágawin? Ang Justicia, ang cadalisayan ng̃ Dios ...

—¡Oh, datapuwa't nakikita ng̃ Justicia at ng̃ Cadalisayan ng̃ Dios ang darating bago guinawâ ang paglikhâ sa Sangsinucob!—ang isinagót ng̃ lalaking matandang nang̃ing̃ilabot na tumindíg.—Ang boong kinapal, ang táo ay isáng

linaláng sa isáng nais lamang ng̃ calooban; ng̃uni't hindî niyá kinacailang̃an, cayá't hindî ng̃â marapat na likhaín niyá, hindî, cung cacailang̃aning mapacasamâ sa waláng hanggáng casaliwaang palad ang daándaáng táo upang mapaligaya ang isá lamang, at ang lahát ng̃ itó'y dahil sa mg̃a minanang casalanan ó sa sandalíng pagcacasala, ¡Hindî! Cung iyá'y maguiguing catotohanan, sacalín na ninyo't patayin iyáng inyóng anác na lalaking diya'y tumutulog; cung ang ganyáng pananampalataya'y hindî isáng malaking capusung̃ang lában sa Dios na iyáng dapat na maguíng siyáng Dakilang Cagaling̃an; pagcacágayó'y ang Molok fenicio na ang kinacai'y ang inihahayin sa canyáng mg̃a pinápatay na táo at ang dugóng waláng-malay-sála, at sinususunog sa canyáng tiyán ang mg̃a sanggól na inagaw sa dibdib ng̃ caniláng mg̃a iná, ang mamamatay-táong dios na iyán, ang dios na iyáng calaguimlaguím, cung isusumag sa Canyá'y masasabing isáng dalagang mahinà ang loob, isáng caibigang babae, ang iná ng̃ Sangcataohan!

At puspós ng̃ panghihilacbót, umalís sa báhay na iyón ang ul-ól ó ang filósofo, at tumacbó sa lansang̃an, bagá man umuulan at madilím.

Isáng nacasisilaw na kidlát na caacbáy ng̃ isáng cagutlaguitlang culóg na nagsabog sa impapawid ng̃ pangpatáy na mg̃a lintic ang siyáng tumangláw sa matandáang lalaking nacataás ang mg̃a camáy sa lang̃it, at sumísigaw:

—¡Tumututol icaw! ¡Talastas co nang hindî ca mabang̃is; talastas co nang ang dapat co lamang itawag sa iyo'y SI MABAIT!

Nag-iibayo ang mg̃a kidlát, lalong lumálacas ang unós....

Decorative motif

Decorative motif

# XV.

## ANG MGA SACRISTAN

Bahagyâ na ang patláng ng̃dagundóng ng̃mg̃ã culóg, at pinangũng̃ũnahan bawa't culóg ng̃cakilakilabot na namimilipit na lintíc: masasabing isinusulat ng Dios ang canyáng pangãlan sa pamamag-itan ng̃ isáng súnog at ang waláng hanggáng bubóng ng̃ lángĩt ay nangĩngĩnig sa tacot. Ang ula'y parang ibinubuhos, at sa pagca't hináhampas ng̃ hángĩng humahaguing ng̃ lubháng malungcót, báwa't sandali'y nagbabago ng̃ tinutungõ. Ipinaríringĩg ng̃ mgã campána, ng̃voces na tagláy ang malaking laguím, ang caniláng mapangláw na hibíc, at sa sandasandalíng ínihihimpil ng̃ nangãgbábangĩs na mgã culóg ang caniláng matunóg na atúngãl, isáng malungcót na tugtóg ng̃campánà, na daíng ang catúlad, ang siyáng humahagulgól.

Nangãsaicalawáng sáray ng̃campanario ang dalawáng bátang nakita náting caúsap ng̃filósofo. Ang pinacabátà sa canilá, na may malalakíng matáng maitím at matatacutíng mukhâ, pinipilit na idigkít niyá ang canyáng catawán sa catawán ng̃ canyáng capatîd, na totoong nacacawangĩs niyá ang pagmumukhâ, at ang caibhán lamang ay malálim tumingĩn at may pagcaanyóng matápang. Ang pananamit ng̃dalawá'y dukháng-dukhâ at puspós ng̃mgã sursi at tagpî. Nangã-uupô sa capirásong cáhoy at capuwâ may tangãng isáng lubid na ang dúlo'y na sa icatlóng sáray, doon sa itáas, sa guitnâ ng̃cadilimán. Ang uláng itinutulac ng hángĩn ay dumárating hanggáng sa canilá at pinapamímisic ang isáng upós ng candilang nag-aalab sa ibábaw ng̃isáng malakíng bató na caniláng pinagugulong sa coro, upang huwarán ang úgong ng̃culóg, cung Viernes Santo.

—¡Batakin mo ang iyóng lúbid, Crispin!—anáng capatíd na matandâ sa bátà niyáng capatíd.

Nag-alambitin sa lúbid si Crispin, at nárinig sa itáas ang isáng daíng na mahinà, na pagdáca'y natacpán ng̃ isáng culóg, na ang úgong ay pinarami ng libolibong alingãwngãw.

—¡Ah! ¡cung na sa báhay sana táyong casáma ng̃nánay!—ang ibinuntóng hiningã ng̃ maliit na tinítingnan ang canyáng capatíd;—doo'y hindî acó matatacot.

Hindî sumagót ang matandáng capatíd; minámasdan cung paáno ang pagtúlò ng̃pagkit at tíla mandin may pinag-iisip.

—¡Doo'y walà sino mang nagsasabi sa aking acó'y nagnanácàw!—ang idinugtóng ni Crispin;—¡hindî itutulot ng̃nánay! ¡Cung maalaman niyáng aco'y pinapalò....!

Inihiwaláy ng̃matandáng capatíd ang canyáng mg̃a matá sa ning̃as ng̃ílaw, tuming̃alâ, pinang-guiguílan ng̃ cagát ang malaking lúbid at bago bigláng binaltác, at ng̃magcagayo'y náring̃ig ang matunóg na tugtóg ng̃campánà.

—¿Mananatilî bâ tayo sa ganitóng pamumúhay, cacâ?—ang ipinatúloy ni Crispin. ¡Ibig co sánang magcasakit acó búcas sa báhay, ibig cong magcasakít acó ng̃malaón at ng̃acó'y alagâan ng̃nánay at huwág na acóng pabalikín ulî sa convento! ¡Sa ganitó'y hindî acó pang̃ang̃anlang magnanácaw at waláng háhampas sa akin! At icáw man, cacâ, ang mabuti'y magcasakit cang casáma co.

—¡Howag!—ang sagót ng̃matandáng capatíd;—mamámatay táyong lahát: mamámatay sa pighatî ang nánay at cata'y mamámatay ng̃gútom.

Hindî na sumagót ulî si Crispin.

—¿Gaáno bâ ang sasahurin mo sa bowáng ito?—ang tanóng ni Crispin ng macaraan ang sandalî.

—Dalawáng piso: tatlóng multa ang ipinarusa sa akin.

—Bayaran mo na ang sinasabi niláng ninácaw co, at ng̃huwag táyong tawáguing mg̃a magnanacaw; ¡bayáran mo na, cacâ!

—¿Naúulol ca bâ, Crispín? Waláng macacain ang nánay; ang sabi ng sacristan mayor ay nagnacaw ca raw ng̃dalawáng onza, at ang dalawang onza ay tatlompo't dalawáng piso.

Bumilang ang malíit sa canyáng mg̃a dalírì hanggáng sa dumating sa tatlompo't dalawá.

—¡Anim na camáy at dalawáng dalírì! At bawa't dalírì ay piso—ang ibinulóng na nag-iisip-iísip.—At bawa't piso ... ¿iláng cuarta?

—Isáng dáan at anim na pô.

—¿Isáng dáa't ánim na pong cuarta? ¿Macasandaan at ánim na pong isáng cuarta? ¡Nacú! ¿At gaano ang isáng dáa't ánim na pô?

—Tatlompô at dalawáng camáy—ang sagót ng̃ matandáng capatíd.

Sandalíng pinagmasdán ni Crispín ang maliliit niyáng camáy.

—¡Doo'y walâ sino mang nagsasabi sa aking aco'y magnanacaw!—ang idinuctóng ni Crispín;—¡hindî itutulot ng̃ nanay! ¡Cung maalaman niyang aco'y pinapalò....—Imp de M Fernández, Paz 447, Sta. Cruz.

—¡Tatlompô at dalawáng camáy!—ang inuulit úlit—ánim na camáy at dalawang dalírì, at bawa't dalírì ay tatlompô at dalawáng camáy ... at bawa't dalírî ay isáng cuarta ...¡Nacú gaáno caráming cuarta niyán! Hindî mabibilang ng̃ isá sa loob ng̃ tatlông áraw ...at macabíbili ng̃ sinelas na úcol sa mg̃a paa at sombrerong úcol sa úlo, pagcâ umiinit ang áraw, at isáng malakíng páyong pagca umúulan, at pagcain, at mg̃a damít na úcol sa iyo at sa nánay at....

Nag-isíp-ísip si Crispin.

—¡Ng̃ayó'y dináramdam co ang hindî co pagnanácaw!

—¡Crispin!—ang ipinagwícà sa canyá ng̃ canyáng capatíd!

—¡Huwág cang magálit! Sinabi ng̃ curang pápatayin daw acó ng̃ pálò pag hindî sumipót ang salapî; cung ninácaw co ng̃a sána ang salapíng iyó'y aking maisisipot ...¡at cung sacali't mamatáy acó, magcaroon man lamang icáw at ang nánay ng̃ mg̃a damít!...

—¡Sáyang at hindî co ng̃â ninácaw!

Hindî umimíc ang pinacamatandâ at hiníla ang canyáng lúbid. Pagcatapos ay nagsalitáng casabáy ang buntóng hiningã.

—¡Ang ikinatatacot co'y bacâ, cagalitan ca ng̃ nánay cung maalaman!

—¿Sa acálà mo cayâ?—ang tanóng ng̃ malíit na nagtátaca.—Sabíhin mong maigui ang pagcabugbog sa akin, ipakikita co ang aking mg̃a pasâ at ang punít cong bulsá: hindî acó nagcaroon cailan man cung dî isáng cuarta lámang na ibinigay sa akin niyóng pascó at kinúha sa akin cahapon ng̃ cura ang isáng cuartang iyón. ¡Hindî pa acó nacacakita ng̃ gayón cagandáng isáng cuarta! ¡Hindî maniniwálà ang nánay! ¡hindî maniniwalà!

—Cung ang cura ang magsabi....

Nagpasimulâ, ng̃ pag-iyác si Crispín, at ibinúbulong sa guitnâ ng̃ paghagulhól:

—Cung gayó'y umuwî ca ng̃mag-isá; aayaw acóng umuwî. Sabihin mo sa nánay na acó'y may sakít; aayaw acóng umuwî.

—¡Crispín, huwág cang umiyác!—anang matandáng capatíd.—Hindî maniniwalà ang nánay; huwág cang umiyác; sinabi ni matandáng Tasiong may handâ raw sa ating masaráp na hapúnan.

Tumingãlâ si Crispín at pinagmasdán ang capatíd.

—¡Isáng masaráp na hapúnan! Hindî pa acó nanananghalîan: áayaw acóng pacanin hanggáng hindî sumísipot ang dalawáng onza ... Datapuwa't ¿cung maniwalà ang nánay? Sabíhin mong nagsisinungãlíng ang sacristan mayor, at ang curang maniwalà sa canyá'y sinungãling din, na siláng lahát ay sinungãling; na sinasabi niláng magnanacaw daw tayong lahát, sa pagca't ang tátay natin ay "viciosong".

Ngũni't sumúngãw ang isáng úlo sa maliit na hagdáng patungõ sa pangũlong aáray ng̃ campanario, at ang úlong itó, na cawangĩs ng̃ cay Medusa[251], ang siyáng bigláng humárang ng̃salitâ sa mgã lábì ng̃bátà. Yaó'y isáng úlong habâ, payát, na may mahahabang buhóc na maitím; salamíng azul sa matá ang siyáng cumúcublí ng̃pagca bulág ang isáng matá. Yaón ang sacristán mayor, na talagáng gayón cung pakita, waláng íngãy, hindî nagpáparamdam ng̃ pagdatíng.

Nanglamíg ang magcapatíd.

—¡Minumultahán catá, Basilio, ng̃caháti, dáhil sa hindî mo pagtugtóg ng̃ maayos!—ang sábi ng̃ voces na malagunlóng na tíla waláng campanà sa lalaugan.—At icáw, Crispín, mátira ca rito ngãyóng gabí hanggáng sa sumipót ang iyóng ninácaw.

Tiningnán ni Crispín ang canyáng capatíd, na parang siyá'y humihingĩng tangkílic.

—Binigyán na camí ng̃capahintulutan ... hiníhintay pô camí ng̃nánay sa á las ocho—ang ibinulóng ni Basiliong tagláy ang boong cakimîan.

—¡Icáw man namán ay hindî macaaalís sa icawalóng oras; hanggáng sa icasampô!

—Ngũni't talastás na pô ninyóng hindî nacapaglálacad pagca á las nueve na, at maláyò ang báhay.

—At ¿ibig mo yatang macapangyari pa cay sa ákin?—ang itinanóng na

galít ng̃táong iyón. At hinawacan si Crispín sa bísig at inacmàang caladcarín.

—¡Guinoo! ¡may isáng linggó na pô ng̃ãyóng hindî namin nakikita ang aming iná!—ang ipinakiusap ni Basilio, at tinangñán ang canyáng bátang capatíd na ang anyó'y íbig ipagsanggaláng itó.

Nailayô ang canyáng camáy ng̃sacristán mayor sa isáng tampál, at sacâ kinaladcád si Crisping nagpasimulâ ng̃pag-iyác, at nagpatinghigâ, samantalang sinasabi sa canyáng capatíd:

—¡Huwág mo acóng pabayâan, pápatayin acó nilá!

Ng̃ũni't hindî siyá pinansín ng̃sacristan, kinaladcád at nawalâ siyá sa guitnâ ng̃cadilimán.

Nátira si Basiliong hindî man lamáng macapagsalitâ. Nárinig niyá, ang mgã pagcacáhampáshampás ng̃catawán ng̃canyáng capatíd sa mgã baitang ng̃maliit na hagdanan, isáng sigáw, iláng tampál, at unti-unting napáwì sa kanyáng taingã ang gayóng mgã pagsigáw na nacaháhambal.

Hindî humíhingã ang bátà: nacatindíg na nakíkinig, dilát na dilát ang mgã matá, at nacasuntóc ang mgã camáy.

—¿Cailán bagá cayâ acó macapag aaráro ng̃isáng búkid?—ang maráhang ibinúbulong, at dalîdaling nanáog.

Pagdatíng sa coro'y nakiníg ng̃maigui: lumálayô ng̃boong catulinan ang voces ng̃canyáng capatíd, at ang sigáw na: "¡nánay!" "¡cacâ!" ay nawaláng lubós pagcasará ng̃pintô. Nang̃ãng̃ãtal, nagpapawis, sandalî siyáng tumiguil; kinácagat niyá ang canyáng camao upang lunúrin ang isáng sigáw na nagtutumácas sa canyáng púsò at pinabayaan niyáng magpalingãplingãp ang canyáng mgã matá sa nag-aagaw dilím at liwanag na simbahan. Doo'y malamlám ang ningãs ng̃ íliaw na lang̃ĩs sa "lámpara"; na sa guitnâ, ang "catafalco"; sará ang lahát ng̃mgã pintuan, at may mgã rejas ang mgã bintánà.

Dî caguinsaguinsa'y nanhíc sa maliit na hagdán, linampasán ang pangãlawang sáray, na kinalalagyan ng̃ nagniningãs na candílà, nanhíc sa icatlóng sáray. Kinalás ang mgã lúbid na nacatálî sa mgã "badajo" (pamaltóc ng campánà), at pagcatapós ay mulíng nanáog na namúmutlâ; ng̃ũni't cumíkinang ang canyáng mgã matá'y hindî sa mgã lúhà.

Samantala'y nagpapasimulâ ng̃pagtílà ang ulán at untiunting lumiliwanag ang lángĩt.

Pinagdugtong ni Basilio ang mgã lubid, itinálì ang isáng dúlo sa isáng maliit na pinacahalígui ng̃"barandilla", at hindî man lámang naalaalang patayín ang ílaw, umus-ós sa lubid sa guitnâ ng̃cadilimán.

Nang macaraan ang iláng minuto, sa isá sa mgã dáan sa báyan, ay nacárinig ng̃ mgã voces at tumunóg ang dalawáng putóc; ngũni't síno ma'y waláng natigatig, at mulíng tumahimic na lahát.

Decorative motif

---

Decorative motif

# XVI.

## SI SISA

Madilim ang gabí: tahimic na tumutulog ang mgã namamayan; ang mgã familiang nag-alaala sa mgã namatay na'y tumulog na ng̃ boong capanatagán at capayapaan ng̃ loob: nangãgdasál na silá ng̃ tatlóng bahagui ng̃ rosario na may mgã "requiem", ang pagsisiyám sa mgã cálolowa at nangãgpaníngãs ng maraming candilang pagkít sa haráp ng̃ mgã mahál na larawan. Tumupád na ang mgã mayayaman at ang mgã nacacacaya sa pagcabûhay sa mgã nagpamana sa canilá ng̃ caguinhawahan; kinabucasa'y sísimba silá sa tatlóng misang gágawin ng̃ báwa't sacerdote, mangãgbíbigay silá ng̃ dalawáng piso at ng̃ ipagmisa ng isáng patungcól sa cálolowa ng̃ mgã namatáy; bíbili sila, pagcatapos, ng̃ bula sa mgã patáy na puspós ng̃ mgã indulgencia. Hindî ngã totoong nápacahigpit ang Justicia ng̃ Dios na gáya ng̃ justicia ng̃ táo.

Ngũni't ang dukhâ, ang mahírap, na bahagyâ nanacacakita upang may maipag-agdóng-búhay, at nangãngailángãng sumúhol sa mgã "directorcillo," mgã escribiente at mgã sundalo, upang pabayaan siláng mamúhay ng̃ tahimic, ang táong iyá'y hindî tumutulog ng̃ panatag, na gaya ng̃ inaacála ng̃ mgã poeta sa mgã palacio, palibhasa'y hindî pa silá maráhil nacapagtitiis ng̃ mgã hagpós ng carálitâan. Malungcót at nag-iisíp-ísip ang dukhâ. Nang gabíng iyón, cung cácauntí ang canyáng dinasál ay malakíng lubhâ ang canyáng dalángĩn, tagláy ang hírap sa mgã matá at ang mgã lúha sa púsò. Hindî siyá nagsísiyam, hindî siyá marunong ng̃ mgã "jaculatoria", ng̃ mgã tulâ at ng̃ mgã "oremus," na cathâ ng̃ mgã fraile, at iniuucol sa mgã táong waláng sariling caisipán, waláng sariling damdámin, at hindî rin namán napag-uunawà ang lahát ng̃ iyón. Nagdárasal siyá ng̃ áyon sa pananalitâ ng̃ canyáng caralitaan; ang cálolowa niyá'y tumatangĩs dáhil sa canyáng sariling calagayan, at dáhil namán sa mgã namatáy, na ang pagsintá nilá sa canyá'y siyáng canyáng cagalingãn. Nangyayaring macapagsaysáy ang mgã lábì niyá ng̃ mgã pagbátì; ngũni't sumísigaw ang canyang ísip ng̃ mgã daing at nagsásalitâ ng̃ mgã hinanakít. ¿Cayó bagá'y mangãsísiyahan. Icáw na pumuri sa carukhâan, at cayó namán, mgã aninong pinahihirapan, sa waláng pamúting panalangĩn ng̃ dukhâ, na sinasaysay sa haráp ng̃ isáng estampang masamâ ang pagcacágawâ, na liniliwanagan ng̃ ílaw ng

isáng timsím, ó bacâ cayâ ang ibig ninyo'y ang may mgã candílang malalakí sa haráp ng͂mgã Cristong sugatán, ng͂mgã Virgeng malilíit ang bibíg at may mgã matáng cristal, mgã misang wícang latíng ipinangũngũsap ng͂mgã sacerdoteng hindî inuunawà ang sinasabi? At icáw, Religióng ilinaganap na talagáng úcol sa sangcataohang nagdaralità, ¿nalimutan mo na cayâ ang catungculan mong umalíw sa naaapi sa canyáng carukhâan, at humiyâ sa macapangyarihan sa canyáng capalalûan, at ngãyó'y may laan ca lamang na mgã pangãcò sa mgã mayayaman, sa mgã táong sa iyó'y macapagbabayad?

Ang caawaawang tao'y nagpúpuyat sa guitnâ ng͂ canyáng mgã anác na nangãtutulog sa canyáng síping; iniisip ang mgã bulang dapat bilhín upang mápahingãláy ang mgã magulang at ang namatáy na esposo.—"Ang píso—anyá—ang píso'y isáng linggóng caguinhawahan ng͂aking mgã anác; isáng linggóng mgã tawanan at mgã catuwâan, ang aking inimpóc sa bóong isáng buwan, isáng casuutan ng͂ aking anác na babaeng nagdádalaga na."—Datapuwa't kinacailangãng patayín mo ang mgã apóy na itó—ang wícà ng͂voces na canyáng nárinig sa sermón—kinacailangãng icáw ay magpacahírap. "¡Tunay ngã! ¡kinacailangãn! Hindî ililigtas ng͂Iglesia ng͂waláng bayad ang mgã pinacasisinta mong cálolowa: hindî ipinamímigay na waláng báyad ang mgã bula. Dápat mong bilhín ang bula, at hindî ang pagtulog cung gabí ang iyóng gágawin, cung dî ang pagpapagal. Samantala'y mailálantad ng͂iyóng anác na babae ang bahágui nang catawáng dapat ilíhim sa nanonood; ¡magpacagútom ca, sa pagca't mahál ang halagá ng͂lángĩt! ¡Tunay na túnay ngã yátang hindî pumapasoc sa lángĩt ang mgã dukhâ!

Nangãgliliparan ang mgã caisipáng itó sa alang-alang na pag-itang mulâ sa sahíg na kinalalatagan ng͂ magaspáng na baníg, hanggáng sa palupong kinatatalîan ng͂dúyang pinag-úuguyan sa sanggól na laláki. Ang paghingã nitó'y maluág at payápà; manacânacang ngĩnungũyâ ang láway at may sinasabing dî mawatasan: nananaguinip na cumacain ang sicmurang gutóm na hindî nabusóg sa ibinigáy sa canyá ng͂mgã capatíd na matatandâ.

Ang mgã culiglíg ay humuhuning hindî nagbabago ang tínig at isinasaliw ang caniláng waláng humpáy at patupatuloy na írit sa mgã patlángpatláng na tin-ís na húni ng͂ cagaycáy na nacatagò sa damó ó ang butiking lumálabas sa canyáng bútás upang humánap ng͂macacain, samantalang ang tucô, na wala ng͂ pinangãngãnibang túbig ay isinusungãw ang canyáng ulo sa gúang ng͂bulóc na púnò ng͂cáhoy. Umaatungãl ng͂lubháng mapanglaw ang mgã áso doon sa daan, at sinasampalatayanan ng͂mapamahíing nakikinig na silá'y nacacakita ng͂mgã espíritu at ng͂mgã anino. Datapuwa't hindi nakikita ng͂mgã áso at ng͂ibá pang

mgã háyop ang mgã pagpipighatî ng̃mgã tao, at gayón man, ¡gaano carami ang canilang mgã cahirapang tinítiis!

Doon sa maláyò sa bayan, sa isáng láyong may isáng horas, nátitira ang iná ni Basilio at ni Crispín, asáwa ng̃isáng laláking waláng puso, at samantalang ang babae nagpipilit mabúhay at ng̃ macapag-arugà sa mgã anác, nagpapagalâgala at nagsasabong namán ang lalaki. Madalang na madálang silá cung magkíta, ng̃ũni't lágui ng̃kahapishapis ang nangyayari pagkikita. Unti-unting hinubdán ng̃ lalaki ang canyáng asáwa ng̃ mgã híyas upang may maipagvicio siyá at ng̃walâ nang caanoano man si Sisa, upang magugol sa masasamáng mgã hingguíl ng̃canyáng asawa, pinagpasimulâan nitóng siyá'y pahirapan. Mahinà, palibhasà, ang loob, malakí ang cahigtán ng̃púsò cay sa pag-iísip, walâ siyáng nalalaman cung dĩ sumintá at tumángĩs. Sa ganáng canyá'y ang canyáng asawa ang siyáng dios niyá,; ang mgã anác niyá'y siyáng canyang mgã ángel. Sa pagca't talastás ng̃lalaki cung hanggáng saan ang sa canya'y pag-íbig at tacot, guinágawa namán niyá ang catulad ng̃asal ng̃lahát ng̃mgã diosdiosan: sa aráw-áraw ay lumálalâ ang canyáng calupitan, ang pagca waláng áwà at ang pagcapatupatuloy ng̃bawa't maibigan.

Ng̃múhang tanóng sa canyá si Sisa ng̃minsang siyá'y sumipót sa báhay, na ang mukha'y mahiguít ang pagdidilim cay sa dati, tungcól sa panucalang ipasoc ng̃sacristan si Basilio, ipinatúloy niyá ang paghahagpós ng̃manóc, hindî siyá sumagot ng̃ oo ó ayaw. Hindî nangãhás si Sisang ulítin ang canyang pagtatanong; datapuwa't ang lubháng mahigpít na casalatán ng̃ caniláng pamumúhay at ang hangãd na ang mgã báta'y mangãg-áral sa escuelahan ng̃ bayan ng̃pagbasa't pagsúlat, ang siyang sa canya'y pumílit na ipalútoy ang panucalà niya. Ang canyang asawa'y hindî rin nagsabi ng̃anó man.

Nang gabíng yaon, icasampó't calahatî ó labíng-isá ang horas, ng̃ numiningning na ang mgã bituin sa langĩt na pinaliwanag ng̃unós, nacaupô si Sisa sa isáng bangcóng cahoy na pinagmamasdan ang ilang mgã sangã ng̃cahoy na nagniningãsningãs sa calang may tatlóng batóng-buhay na may mgã dunggót. Nacapatong sa tatlóng batóng itó ó tungcô ang isang palayóc na pinagsasaingãn, at sa ibabaw ng̃mgã bága'y tatlóng tuyóng lawlaw, na ipinagbíbili sa halagang tatló ang dalawang cuarta.

Nacapangãlumbabà, minámasdan ang madilawdilaw at mahinang níngãs ng̃ cawayang pagdaca'y naguiguing abó ang canyang madalíng malugnaw na bága; malungcót na ngĩtî ang tumatanglaw sa canyang mukhâ. Nagugunità niya ang calugodlugód na bugtóng ng̃palayóc at ng̃apóy na minsa'y pinaturan sa canya ni Crispin. Ganitó ang sinabi ng̃batà:

"Naupô si Maitím, sinulót ni Mapula.
Nang malao'y cumaracara."

Batà pa si Sisa, at napagkikilalang ng̃dacong úna'y siya'y maganda at nacahahalina cung cumílos. Ang canyang mgã mata, na gaya rin ng̃canyang calolowang ibibigay niyang lahat sa canyang mgã anac, ay sacdal ng̃gaganda, mahahabà ang mgã pilíc-mata at nacauukit cung tumingĩn; mainam ang hayap ng̃ilóng; marikít ang pagcacaanyô ng̃canyang mgã labing namumutlâ. Siya ang tinatawag ng̃mgã tagalog na "cayumanguing caligatan," sa macatuwid baga'y cayumangguí, ngũni't isang cúlay na malínis at dalísay. Baga man batà pa siya'y dahil sa pighatî, ó dahil sa gútom, nagpapasimulâ na ng̃paghupyac ang canyang namumutlang mgã pisngĩ; ang malagóng buhóc na ng̃úna'y gayac at pamuti ng canyang cataóhan, cung cayâ husay hindî sa pagpapaibiíg, cung dî sa pagca't kinaugalîang husayin: ang pusód ay caraniwan at walang mgã "aguja" at mgã "peineta."

May ilang araw nang hindî siya nacacaalis sa bahay at canyang tinatapos tabìin ang isang gawang sa canya'y ipinagbiling yarîin sa lalong madalíng panahóng abót ng̃caya. Sa pagcaibig niyang macakita ng̃salapî, hindî nagsimba ng̃umagang iyón, sa pagca't maaabala siya ng̃dalawang horas ang cauntian sa pagparoo't parito sa bayan:—¡namimilit ang carukhâang magcasala!—Ng matapos ang canyang gawa'y dinala niya sa may-arì, datapuwa't pinangãcuan siya nitó sa pagbabayad.

Walâ siyang inísip sa boong maghapon cung dî ang mgã ligayang tatamuhin niya pagdatíng ng̃gabí: canyang nabalitaang óowî ang canyang mgã anac, at canyang inísip na sila'y canyang pacaning magalíng. Bumilí ng̃mgã lawlaw, pinitas sa canyang malíit na halamanan ang lalong magagandang camatis, sa pagca't nalalaman niyang siyang lalong minamasarap ni Crisping pagcain, nanghingĩ sa canyang capit bahay na si filósofo Tasio, na tumitira sa may mgã limangdaang metro ang layò sa canyang tahanan, ng̃tapang baboy-ramó, at isang hità ng̃patong-gubat, na pagcaing lalong minamasrap ni Basilio. At puspós ng̃pag-asa'y isinaing ang lalong maputíng bigas, na siya rin ang cumúha sa guiícan. Yaón ngã nama'y isang hapúnang carapatdapat sa mgã cura, na canyang handâ sa caawaawang mgã batà.

Datapuwa't sa isang sawîng palad na pagcacatao'y dumatíng ang asawa

niya't kinain ang canin, ang tapang baboy ramó, ang hità ng̃ pato, limang lawlaw at ang mgã camatis. Hindî umiimic si Sisa, baga man ang damdam niya'y siya ang kinacain. Nang busóg na ang lalaki'y naalaalang itanóng ang canyang mgã anac. Napang̃itî si Sisa, at sa canyang catowâa'y ipinang̃acò sa canyang sariling hindî siya maghahapunan ng̃ gabíng iyón; sa pagca't hindî casiya sa tatló ang nalabi. Itinanóng ng̃ ama ang canyang mgã anac, at ipinalalagay niya itóng higuít sa siya'y cumain.

Pagcatapos ay dinampót ng̃ lalaki ang manóc at nag-acalang yumao.

—¿Ayaw ca bang makita mo sila?—ang itinanóng na nang̃ang̃ãtal;—sinabi ni matandang Tasiong sila'y malalaon ng̃ cauntî; nacababasa na si Crispin ... marahil ay dalhín ni Basilio ang canyang sueldo.

Ng̃ marinig itóng huling cadahilanan ng̃ pagpiguil sa canya'y humintô, nag-alinlang̃an, ng̃uni't nagtagumpay ang canyang mabuting angel.

—¡Cung gayó'y itira mo sa akin ang piso!—at pagcasabi ay umalis.

Tumang̃is ng̃ bóong capaitan si Sisa; ng̃uni't pagcaalaala sa canyang mgã anac ay natuyô ang mgã luhà. Mulî siyang nagsaing, at inihandâ ang tatlong lawlaw na natira: bawa't isa'y magcacaroon ng̃ isa't calahatì.

—¡Darating silang malakí ang pagcaibig na cumain!—ang iniisip niya:—malayò ang pinangagalingãn at ang mgã sicmúrang gutóm ay walang púsò.

Pinakingan niyang magalíng ang lahat ng̃ ingãy, masdan natin at hinihiwatigan niya ang lalong mahinang yabag:

—Malacas at maliwanag ang lacad ni Basilio; marahan at hindî nacacawang̃is ang cay Crispin—ang iniisip ng̃ ina.

Macaalawa ó macaatló ng̃ humúni ang calaw sa gúbat, mulâ ng̃ tumilà ang ulan, at gayón ma'y hindî pa dumarating ang canyang mgã anac.

Inilagay niya ang mgã lawlaw sa loob ng̃ palayóc at ng̃ huwag lumamig, at lumapit sa pintuan ng̃ dampâ upang siya'y malibang ay umawit ng̃ marahan. Mainam ang canyang voces, at pagcâ narìrinig nilang siya'y umaawit ng "cundiman", nangãgsisiiyac, ayawan cung bakit. Ng̃uni't ng̃ gabing iyó'y nang̃ang̃ãtal ang canyang voces at lumalabas ng̃ pahirapan ang tínig.

Itiniguil ang canyang pag-awit at tinitigan niya ang cadiliman. Sino ma'y walang nanggagaling sa bayan, liban na lamang sa hang̃ing nagpapahulog ng tubig sa malalapad na mgã dahon ng̃ mgã saguing.

Caracaraca'y biglang nacakita ng̃isang ásong maitím na sumipót sa harap niya; may inaamoy ang hayop na iyón sa landas. Natacot si Sisa, cumúha ng isang bató at hinaguis. Nagtatacbó ang asong umaatungãl ng pagcapanglawpanglaw.

Hindî mapamahîin si Sisa, ngũni't palibhasa'y maráming totóo ang canyáng nárinig na mgã sinasabi tungcol sa mgã gunígunî at sa mgã ásong maiitím' caya ngã't nacapangyári sa canyá ang laguím. Dalidaling sinarhán ang pintô at naupô sa tabí ng̃îlaw. Nagpapatíbay ang gabí ng̃mgã pinaniniwalaan at pinupuspos ng panimdím ang aláng-álang ng̃mgã malicmátang aníno.

Nag-acálang magdasál, tumáwag sa Vírgen, sa Dios, upang calingãin nilá ang canyáng mgã anác, lálonglalò na ang canyáng bunsóng si Crispín. At hindî niyá sinásadya'y nalimutan niyá ang dasál at napatungõ ang bóong pag-iisip niyá sa canilá, na anó pa't canyáng naaalaala ang mgã pagmumukhâ ng̃báwa't isá sa canilá, yaóng mgã mukháng sa towî na'y ngũmíngĩtî sa canyá cung natutulog, at gayón din cung nagíguising. Datapuwa't caguinsaguinsa'y naramdaman niyáng naninindíg ang canyáng mgã buhóc, nangdidilat ng̃maínam ang canyáng mgã matá, malicmátà ó catotohanan, canyáng nakikitang nacatìndíg si Crispin sa tabí ng̃calan, doón sa lugar na caraníwang canyáng inúup-an upang makipagsalitaan sa canyá. Ngãyó'y hindî nagsasabi ng̃anó mán; tinititigan siyá niyóng mgã matáng malalakí at ngũmíngĩtî.

—¡Nánay! ¡bucsán ninyó! ¡bucsán ninyó, nánay!—ang sabi ni Basilio, búhat sa labás.

Kinilabútan si Sisa at nawalâ ang malícmatà.

Decorative motif

Decorative motif

# XVII.

## BASILIO

Bahagyâ pa lamang nacapapasoc si Basiliong guiguirayguiray, nagpatínghulóg sa mgã bísig ng̃ canyáng iná.

Isáng dî masábing panglalamíg ang siyáng bumálot cay Sisa ng̃ makita niyáng nag-íisang dumatíng si Basilio. Nagbantáng magsalitâ ay hindî lumabás ang canyáng voces; iníbig niyáng yacápin ang canyáng anác ay nawal-án siyá ng̃ lacás; hindî namán mangyaring umiyác siyá.

Ng̃ũni't ng̃ makita niyá ang dugóng pumapalígò sa noo ng̃ bata'y siyá'y nacasigáw niyáng tínig na wári'y nagpapakilala ng̃ pagcalagót ng̃ isáng bagtìng ng̃ púsò.

—¡Mgã anác co!

—¡Howág pô cayông mag-ala ala ng̃ anó man, nánay!—ang isinagót ni Basilio;—nátira pô sa convento pô si Crispin.

—¿Sa convento? ¿nátira sa convento? ¿Buháy?

Itiningãlâ ng̃ bátà sa canyáng iná ang canyáng mgã matá.

—¡Ah!—ang isinigaw, na anó pa't ang lubháng malaking pighati'y naguing lubháng malaking catowâan. Si Sisa'y umiyác, niyácap ang canyáng anác at pinuspós ng̃ halíc ang may dugóng nôo.

—¡Buháy si Crispin! Iniwan mo siyá sa convento ... at ¿bákit may súgat ca, anác co? ¿Nahúlog ca bâ?

At siniyasat siyá ng̃ boong pag-iíngãt.

—Ng̃ dalhín pô si Crispin ng̃ sacristan mayor ay sinábi sa áking hindî raw acó macaaalis cung dî sa icasampóng horas, at sa pagcá't malálim na ang gabí, acó'y nagtánan. Sa baya'y sinigawán acó ng̃ mgã sundalo ng̃ "Quien vive," nagtatacbó acó, bumaríl silá at nahilahisan ng̃ isáng bála ang áking nóo. Natatacot acóng mahuli at papagpupunásin acó ng̃ cuartel, na abóy ng̃ pálò, na gaya ng̃ guinawâ cay Pablo, na hanggá ng̃ãyó'y may sakít.

—¡Dios co! ¡Dios co!—ang ibinulóng ng̃ ináng kiníkilig—¡Siyá'y iyóng iniligtas!

At sacâ idinugtóng, samantalang, humahanap ng̃ panaling damit, túbig, súcà, at balahibong maliliit ng̃ tagác:

—¡Isáng dálì pa at nápatay ca sana nilá, pinatáy sana nilá ang aking anác! ¡Hindî guinúgunitâ ng̃ mg̃a guardia civil ang mg̃a iná!

—Ang sasabihin ninyó'y nahulog acó sa isáng cáhoy; huwág pô sánang maalaman nino mang acó'y pinaghágad.

—¿Bákit bâ nátira si Crispin?—ang itinanóng ni Sisa pagcatapos magawâ ang paggamot sa anác.

Minasdán ni Basiliong isáng sandalî ang canyáng iná, niyácap niyá itó at sacâ, untiunting sinaysáy ang úcol sa dalawáng onza, gayón ma'y hindî niyá sinabi ang mg̃a pagpapahirap na guinagawà sa canyáng capatíd.

Pinapaghálò ng̃ mag-iná ang caniláng mg̃a lúhà.

—¡Ang mabaít cong si Crispin! ¡pagbintang̃ãn ang mabaít cong si Crispin! ¡Dahiláng tayó'y dukhâ, at ang mg̃a dukháng gáya natin ay dapat magtiís ng̃ lahát!—ang ibinulòng ni Sisa, na tinitingnan ng̃ mg̃a matáng punô ng̃ lúhà ang tinghóy na nauubusan ng̃ lang̃ís.

Nanatiling malaónlaón ding hindî silá nag-imican.

—¿Naghapunan ca na bâ?—¿Hindî? May cánin at may tuyóng lawláw.

—Walâ acóng "ganang" cumain; túbig, túbig lámang ang íbig co.

—¡Oo!—ang isinagót ng̃ iná ng̃ boong lungcót;—nalalaman co ng̃ hindî mo ibig ang tuyóng lawláw; hinandâan catá ng̃ ibáng bágay; ng̃uni't naparíto ang iyòng tátay, ¡caawaawang anác co!

—¿Naparito ang tátay?—ang itinanòng ni Basilio, at hindî kinucusa'y siniyasat ang mukhâ at ang mg̃a camáy ng̃ canyang iná. Nacapagsikíp sa púsò ni Sisa ang tanóng ng̃ canyáng anác, na pagdaca'y canyáng napag-abót ang cadahilanan, cayá't nagdumalíng idinugtóng:

—Naparito at ipinagtanóng cayó ng̃ mainam, ibig niyáng cayó'y makita; siya'y gutóm na gutóm. Sinabing cung cayó raw ay nananatili sa pagpapacabaít ay mulî siyáng makikisama sa átin.

—¡Ah!—ang isinalabat ni Basilio, at sa samâ, ng̃canyáng lóob ay iningĩwî ang canyáng mgã labî.

—¡Anác co!—ang ipínagwícà ni Sisa.

—¡Ipatáwad pô ninyó, nánay!—ang mulíng isinagót na matigás ang anyô—¿Hindî bâ cayâ lálong magalíng na táyong tatlò na lámang, cayó, si Crispin at acó?—Ngũni't cayó po'y umíiyac; ipalagáy ninyóng walâ acóng sinabing anó man.

Nagbuntóng-hiningã si Sisa.

Sinarhán ni Sisa ang dampâ at tinabunan ng̃abó ang caunting bága sa calán at ng̃huwág mapugnáw, túlad sa guinagawâ ng̃táo sa mgã damdámin ng cálolowa; tacpán ang mgã damdaming iyán ng̃abó ng̃búhay na tinatawag na pag-wawalang-bahálâ, at ng̃huwág mapugnáw sa pakikipanayám sa aráw-áraw sa áting mgã capowâ.

Ibinulóng ni Basilio ang canyáng mgã dasál, at nahigâ sa tabí ng̃canyáng iná na nananalangĩn ng̃paluhód.

Nacacaramdam ng̃ínit at lamíg; pinagpilitang pumíkit at ang iniisip niyá'y ang canyáng capatîd na bunsô, na nag-aacalang tumulog sana ng̃gabíng iyón sa sinapupunan ng̃canyáng iná, at ngãyó'y marahil umíiyac at nangãngãtal ng̃tácot sa isáng súloc ng̃convento. Umaalingãwngãw sa canyáng mgã taíngã ang mgã sigáw na iyón, túlad sa pagcárinig niyá ng̃siyá'y dóroon pa sa campanario; datapuwa't pinasimulâang pinalábò ang canyáng ísip ng̃pagód na naturaleza at nanáog sa canyáng mgã matá ang "espíritu", ng̃panaguimpán.

Nakita niyá ang isáng cuartong tulugán, at doo'y may dalawáng candílang may níngãs. Pinakíkinggán ng̃curang madilím ang pagmumukhâ at may hawac na yantóc ang sinasabi sa ibáng wicà ng̃sacrístan mayor, na cakilakilabot ang mgã kílos. Nangãngãtal si Crispin, at palingãplingãp ang matáng tumatangĩs sa magcabicabilâ, na párang may hinahanap na táo, ó isáng tagúan. Hinaráp siyá ng cura at tinatanong siyáng malakí ang gálit at humaguinît ang yantóc. Ang bata'y tumacbó at nagtagò sa licuran ng̃sacristan; ngũni't siyá'y tinangnán nitó at inihandâ ang canyáng catawán sa sumusubong gálit ng̃cura; ang caawaawang báta'y nagpupumiglás, nagsísicad, sumísigaw, nagpápatinghigâ, gumugulong, tumitindíg, tumatacas, nadudulas, nasusubasob at sinásangga ng̃mgã camáy ang mgã hampás na sa pagca't nasusugatan ay bigláng itinatagò at umaatungãl. Nakikita ni Basiliong namimilipit si Crispin, iniháhampas ang úlo sa tabláng yapacán; nakikita niyá at canyáng náririnig na humáhaguinit ang yantóc! Sa

lakíng pagngãngãlit ng̃canyáng bunsóng capatíd ay nagtindíg; sirâ ang isip sa dî maulatang pagcacahirap ay dinaluhong ang canyáng mgã verdugo, at kinagat ang cura sa camáy. Sumigáw ang cura't binitiwan ang yantóc; humawac ang sacristan mayor ng̃isáng bastón at pinálò sa úlo si Crispin, natimbuang ang bátà sa pagcatulíg; ng̃ makita ng̃ curang siyá'y may sugat ay pinagtatadyacán si Crispin; ngũni't itô'y hindî na nagsásanggalang, hindî na sumísigaw: gumugulong sa tabláng parang isáng bagay na hindî nacacaramdam at nag-iiwan ng̃bacas na basâ ...

Ang voces ni Sisa ang siyáng sa canyá'y gumísing.

—¿Anó ang nangyayari sa iyo? ¿Bakit ca umíiyac?

—¡Nanag-ínip acó!... ¡Dios!—ang mariíng sábi ni Basilio at humílig na basâ ng̃páwis. Panag-ínip iyón; sabihin pô ninyóng panag-ínip lámang, nánay, iyón; panag-ínip lámang!

—¿Anó ang napang-ínip mo?

—Hindî sumagót ang bátà. Naupô upang magpáhid ng̃lúhà at ng̃páwis. Madilím sa loob ng̃dampâ.

—¡Isáng panag-ínip! ¡isáng panag-ínip!—ang inuulit-úlit ni Basilio sa marahang pananalitâ.

—¡Sabihin mo sa akin cung anó ang iyóng pinanag-ínip; hindî acó mácatulog!—ang sinábi ng̃iná ng̃mulíng mahigâ ang canyáng anác.

—Ang napanag-ínip co, nánay,—ani Basilio ng̃ maráhan—camí raw ay namumulot ng̃ úhay sa isáng tubigang totoong maraming bulaclác, ang mgã babae'y may mgã daláng bacol na punô ng̃mgã úhay ... ang mgã lalaki'y may mgã dalá ring bácol na punô ng̃úhay ... at ang mgã bátang lalaki'y gayón din ... ¡Hindî co na natatandâan, nánay; hindî co na natatandâan, nánay, ang mgã ibá!

Hindî na nagpílit ng̃pagtatanóng si Sisa; hindî niyá pinápansin ang mgã panag-ínip.

—Nánay, may naisip acó ngãyóng gabíng itó,—ani Basilio pagcaraan ng̃ iláng sandalíng hindî pag-imíc.

—¿Anó ang naisip mo?—ang itinanóng niyá.

Palibhasa'y mapagpacababà si Sisa sa lahát ng̃bágay, siyá'y nagpapacababà patí sa canyáng mgã anác; sa acálà niyá mabuti pa ang caniláng pag-iísip cay sa

canyá.

—¡Hindî co na ibig na magsacristan!

—¿Bákit?

—Pakinggán pô ninyó, nánay, ang aking náisip. Dumatíng pô ritong galing sa España ang anác na lalaki ng̃ nasirang si Don Rafael, na inaacalà cong casingbaít din ng̃ canyáng amá. Ang mabuti pô, nánay, cúnin na ninyó búcas si Crispin, sing̃ilín ninyó ang aking sueldo at sabihin ninyóng hindî na acó magsasacristan. Paggalíng co'y pagdaca'y makikipagkita acó cay Don Crisóstomo, at ipakikiusap co sa canyáng acó'y tanggapíng tagapagpastól ng̃ mg̃a vaca ó ng̃ mg̃a calabaw; malakí na namán acó. Macapag-aaral si Crispin sa báhay ni matandáng Tasio, na hindî namamalò at mabaít, cahit ayaw maniwálà ang cura. ¿Maaarì pa bang tayo'y mapapaghírap pa ng̃ higuít sa calagayan natin? Maniwalà, pô cayó, nánay, mabaít ang matandâ; macáilang nakita co siyá sa simbahan, pagcâ síno ma'y walâ roon; nalúluhod at nananalang̃in, maniwalà pô cayó. Nalalaman na pô ninyó, nánay, hindî na acó magsasacristan: bahagyâ na ang pinakikinabang ¡at ang pinakikinabang pa'y naoowî lámang sa kinamumulta! Gayón din ang idináraing ng̃ lahát. Magpapastol acó, at cung aking alagaang magalíng ang ipagcacatiwalà sa akin, acó'y calúlugdan ng̃ may-arì; at marahil ay ipabáyang ating gatásan ang isáng vaca, at ng̃ macainom tayo ng̃ gátas; íbig na íbig ni Crispin ang gátas. ¡Síno ang nacacaalam! marahil bigyán pa pô cayó ng isáng malíit na "guyà," cung makita nilá ang magalíng cong pagtupád; aalagaan nátin ang guya at áting patatabaíng gáya ng̃ áting inahíng manóc. Mang̃ung̃uha acó ng̃ mg̃a bung̃ang cáhoy sa gúbat, at ipagbíbili co sa báyang casama ng̃ mg̃a gúlay sa ating halamanan, at sa ganito'y magcacasalapî táyo. Maglalagay acó ng̃ mg̃a sílò at ng̃ mg̃a balatíc at ng̃ macahuli ng̃ mg̃a ibon at mg̃a alamíd, mang̃ing̃isdâ acó sa ílog at pagcâ acó'y malakí na'y mang̃ang̃aso namán acó. Macapang̃ang̃ahoy namán acó upang maipagbilí ó maialay sa may-árì ng̃ mg̃a vaca, at sa ganyá'y matótowâ sa atin. Pagcâ macapag-aararo na acó'y aking ipakikiusap na acó'y pagcatiwalâan ng̃ capirasong lúpà at ng̃ áking matamnan ng tubó ó mais, at ng̃ hindî pô cayó manahî hanggang hating gabí. Magcacaroon táyo ng̃ damít na bágong úcol sa bawa't fiesta, cacain táyo ng̃ carne at malalakíng isdâ. Samantala'y mamumuhay acóng may calayâan, magkikita táyo sa aráw-áraw at magsasalosalo táyo sa pagcain. At yamang sinasabi ni matandáng Tasiong matalas daw totóo ang úlo ni Crispin, ipadalá natin siyá sa Maynílà at ng̃ mag-aral; siyá'y paggugugulan ng̃ búng̃a ng̃ aking pawis; ¿hindî ba, nánay?

—¿Anó ang aking wiwicain cung dî oo?—ang isinagót ni Sisa niyacap ang

canyáng anác.

Nahiwatigan ni Sisang hindî na ibinibilang ng̃ anác sa hináharap na panahón, ang canyáng amá, at itó ang nagpatulò ng̃ mg̃a lúhà niyá sa pagtang̃is na dî umíimic.

Nagpatuloy si Basilio ng̃ pagsasaysay ng̃ canyáng mg̃a binabantá sa hináharap na panahón, tagláy iyang ganáp na pag-asa ng̃ cabataang waláng nakikita cung dî ang hinahang̃ad. Walang sinasabi si Sisa cung dî "oo" sa lahát, sa canyáng acala'y ang lahát ay magalíng. Untiunting nanaog ang pagcáhimbing sa pagál na mg̃a bubông ng̃ matá ng̃ bátà, at ng̃ayo'y binucsán ng̃ Ole-Lukoie, na sinasabi ni Anderson, at isinucob sa ibabaw niyá ang magandáng payong na puspós ng̃ masasayáng pintura.

Ang acálà niyá'y siya'y pastol ng̃ casama ng̃ canyáng bunsóng capatíd; nang̃ung̃uha silá ng̃ bayabas, ng̃ alpáy at ng̃ ibá pang mg̃a paroparó sa calicsihán; pumapasoc silá sa mg̃a yung̃ib at nakikita niláng numiningning ang mg̃a pader; naliligò silà sa mg̃a bucál, at ang mg̃a buháng̃in ay alabóc na guintô at ang mg̃a bato'y túlad sa mg̃a bató ng̃ corona ng̃ Vírgen. Silá'y inaawitan ng̃ mg̃a maliliit na isdâ at nang̃ag̃tatawanan; iniyuyucayoc sa canila ng̃ mg̃a cahoy ang canilang mg̃a sang̃ang humihitic sa mg̃a salapî at sa mg̃a búng̃a. Nakita niya ng̃ matapos ang isang campanang nacabitin sa isang cahoy, at isang mahabang lubid upang tugtuguin: sa lubid ay may nacataling isang vaca, na may isang púgad sa guitnâ ng̃ dalawang sung̃ay, at si Crispin ay nasa loob ng̃ campanà at iba pa. At nagpatuloy sa gayóng pananaguinip.

Ng̃uni't ang inang hindî gaya niyang musmós at hindî nagtatacbó sa loob ng isang horas ay hindî tumutulog.

Decorative motif

Decorative motif

# XVIII.

## MGA CALOLOWANG NAGHIHIRAP

Magcacaroon na ng̃icapitong horas ng̃umaga ng̃matapos ni Fr. Salví ang canyang catapusáng misa: guinawà niyá ang tatlóng misa sa loob ng̃isáng oras.

—May sakít ang párì—anang madadasaling mg̃ã babae; hindî gaya ng dating mainam at mahinhín ang canyáng kílos.

Naghubad ng̃canyáng mg̃ã suot na di umíimic, hindî tumitingĩn sa canino man, hindî bumabatì ng̃cahi't anó.

—¡Mag-ingãt!—anáng bulungbulungãn ng̃ mg̃ã sacristan;—¡lumulúbhâ ang samâ ng̃úlo! ¡Uulan ang mg̃ã multa, at ang lahát ng̃ito'y pawang casalanan ng̃dalawáng magcapatíd!

Umalís ang cura sa sacristía upang tumungõ sa convento; sa sílong nitó'y nangãcaupô sa bangcô ang pitó ó walóng mg̃ã babae at isáng lalaking nagpapalacadlacad ng̃paroo't parito. Nang makita niláng dumarating ang cura ay nangãgtindigan; nagpauna sa pagsalubong ang isáng babae upang hagcán ang canyang camáy; ng̃ũni't gumamit ang cura ng̃isáng anyóng cayamután, caya't napahintô ang babae sa calaguitnaan ng̃canyáng paglacad.

—¿Nawalan yatà ng̃sicapat si Curiput?—ang mariíng sabi ng̃babae sa salitáng patuyâ, na nasactán sa gayóng pagcá tanggáp. ¡Huwag pahagcán sa canyá ang cama'y, sa gayóng siyá'y celadora ng̃"Hermandad", gayóng siya'y si Hermana Rufa! Napacalabis namang totóo ang gayóng gawâ.

—¡Hindî umupô ngãyóng umaga sa confesonario!—ang idinugtóng ni Hermana Sípa, isáng matandáng babaeng walâ ng̃ ngĩpin;—ibig co sanang mangũmpisal at ng̃macapakinabang at ng̃magcamit ng̃ngã "indulgencia".

—Cung gayo'y kinahahabagan co cayó!—ang sagót ng̃isang babaeng batà pa't ma'y pagmumukhang tangã; nagcamít acó ngãyóng umaga ng̃ tatlóng indulgencia plenaria na aking ipinatungcól sa calolowa ng̃aking asawa.

—¡Masamang gawâ, hermana Juana!—ang sabì ng̃nasactán ang loob na si Rufa.—Sucat na ang isang indulgencia plenaria upang mahangõ siya sa

Purgatorìo; hindî dapat ninyóng sayangĩn ang mgã santa indulgencia; tumúlad cayó sa akin.

—¡Lalong magalíng ang lalong marami: ang sabi co!—ang sagót ng̃ waláng málay na si hermana Juana, casabáy ang ngĩtî.

Hindî agád sumagót si hermana Rufa: nanghingî muna ng̃ isáng hitsó, ngĩnángã̀, minasdán ang nagcacabilog na sa canyá'y nakikinig ng̃ dî cawasà, lumurâ sa isáng tabí, at nagpasimulâ, samantalang ngũmángãtâ ng̃ tabaco:

—¡Hindî co sinasayang cahi't isáng santong araw! Nagcamít na acó, búhat ng̃ acó'y mapanig sa Hermandad, ng̃ apat na raa't limampo't pitóng mgã indulgencia plenaria, pitóng daá't anim na pong libo, limáng daa't siyám na po't walóng taóng mgã indulgencia. Aking itinátalâ ang lahát ng̃ aking mgã kinácamtan, sa pagca't ang ibig co'y malinis na salitaan; ayaw acóng mangdáyà, at hindî co rin ibig na acó'y dayâin.

Tumiguil ng̃ pananalitâ si Rufa at ipinatuloy ang pagngũyâ; minámasdan siyá, ng̃ boong pagtatacá ng̃ mgã babae; ngũni't humintô sa pagpaparoo't parito ang lalaki, at nagsalitâ cay Rufa ng̃ may anyóng pagpapawalang halagá.

—Datapuwa't nacahiguít acó sa inyó, hermana Rufa, ng̃ taóng itó lamang sa mgã kinamtan co, ng̃ apat na indulgencia plenaria at sangdaang taón pa; gayóng hindî lubhang nagdárasal acó ng̃ taóng itó.

—¿Higuít cay sa ákin? ¿Mahiguít na anim na raa't walompo't siyám na plenaria, siyám na raa't siyám na po't apat na libo walóng daa't limampo't ánim na taón?—ang ulit ni hermana Rufang wari'y masamâ ng̃ cauntî ang loob.

—Gayón ngã̀, walóng plenaria at sangdaa't labing limáng taón ang aking cahiguitán, at itó'y sa íilang buwán lamang—ang inulit ng̃ lalaking sa líig ay may sabit na mgã escapulario at mgã cuintas na punô ng̃ libág.

—¡Hindî dapat pagtakhan—ani Rufang napatalo na;—cayó pô ang maestro at ang púnò sa lalawigan!

Ngũmingĩtî ang lalaking lumakí ang loob.

—Hindî ngã̀ dapat ipagtacáng acó'y macahiguít sa inyó ng̃ pagcacamit; halos masasabi cong cahi't natutulog ay nagcácamit acó ng̃ mgã índulgencia.

—¿At anó pô bâ ang guinágawâ ninyó sa mgã indulgenciang iyán?—ang tanóng na sabáysabáy ng̃ apat ó limáng voces.

—¡Psh!—ang sagót ng̃ lalaking umanyô ng̃ labis na pagpapawalang halagá; —aking isinasabog sa magcabicabilà!

—¡Datapuwa't sa bágay ng̃ang iyán hindî co mangyayaring cayó'y puríhin, mâestro—ang itinutol ni Rufa,—¡Cayó'y pasasa Purgatorio, dahil sa inyóng pagsasayáng ng̃ mg̃a indulgencia. Nalalaman na pô ninyóng pinagdurusahan ng apat na pong áraw sa apóy ang bawa't isáng salitáng waláng cabuluhán, ayon sa cura; ánim na pong áraw sa bawa't isáng dangcal na sinulid; dalawampo, bawa't isáng patác na tubig. ¡Cayó'y pasasa Purgatorio!

—¡Malalaman co na cung paano ang paglabás co roôn!—ang sagót ni hermano Pedro, tagláy ang dakilang pananampalataya.—Lubháng marami ang mg̃a cálolowang hinángõ co sa apóy! ¡Lubháng marami ang guinawâ cong mg̃a santo! At bucód sa rito'y "in articulo mortis" (sa horas ng̃ camatayan) ay macapagcácamit pa acó, cung aking ibiguìn, ng̃ pitóng mg̃a "plenaria", ¡at naghihíng̃alô na'y macapagliligtas pa acó sa mg̃a ibá!

At pagcasalitâ ng̃ gayó'y lumayóng tagláy ang malakíng pagmamataas.

—Gayón ma'y dapat ninyóng gawín ang catulad ng̃ aking gawâ, na dî acó nagsásayang cahit isáng áraw, at magalíng na bilang ang aking guinágawâ. Hindî co ibig ang magdayâ, at áyaw namán acóng marayà nino man.

—¿At paano pô, bâ ang gawâ ninyó?—ang tanóng ni Juana.

—Dapat ng̃â pô ninyóng tularan ang guinágawâ co. Sa halimbawà: ipalagáy pô ninyóng nagcamít acó ng̃ isáng taóng mg̃a indulgencia: itinatalâ co sa aking cuaderno at aking sinasabi:—"Maluwalhating Amáng Poong Santo Domingo, pakitingnán pô ninyó cung sa Purgatorio'y may nagcacailang̃an ng̃ isáng taóng ganáp na waláng labis culang cahi't isáng áraw."—Naglálarô acó ng̃ "cara-y-cruz;" cung lumabás na "cara" ay walâ; mayroon cung lumabás na "cruz." Ng̃ayó'y ipalagáy nating lumabás ng̃ "cruz", pagcágayo'y isinusulat co: "násing̃il na;" ¿lumabás na "cara"? pagcágayó'y iniing̃atan co ang indulgencia, at sa ganitóng paraa'y pinagbubucodbucod co ng̃ tigsasangdaaag taóng itinátalâ cong magalíng. Sayang na sayang at hindî magawâ sa mg̃a indulgencia ang cawang̃is ng̃ guinágawâ sa salapî: ibibigay cong patubuan: macapagliligtas ng̃ lalong maraming mg̃a cálolowa. Maniwálà cayó sa akin, gawín ninyó ang áking guinágawâ.

—¡Cung gayó'y lalong magalíng ang áking guinágawâ!—ang sagót ni hermana Sípa.

—¿Anó? ¿Lálong magalíng?—ang tanóng ni Rufang nagtátaca.—¡Hindî mangyayari! ¡Sa guinágawâ co'y walâ ng̃gágaling pa!

—¡Makiníg pô cayóng sandalî at paniniwalâan ninyó ang áking sábi, hermana!—ang sagót ni hermana Sípang matabáng ang pananalitâ.

—¡Tingnán! ¡tingnán! ¡pakinggán natin!—ang sinabi ng̃mgã ibá.

Pagcatapos na macaubó ng̃ boong pagpapahalaga'y nagsalitâ ang matandáng babae ng̃ganitóng anyô:

—Magalíng na totoo ang inyóng pagcatalastas, na cung dasalín ang "Bendita-sea tu Pureza," at ang "Señor-mio Jesu cristo,—Padre dulcísimo-por el gozo," nagcacamit ng̃sampóng taóng indulgencia sa bawa't letra..

—¡Dálawampo!—¡Hindî!—¡Cúlang!—¡Lima!—ang sabi ng̃ iláng mgã voces.

—¡Hindî cailangãn ang lumabis ó cumulang ng̃ isá! Ngãyón: pagca nacababasag ang aking isáng alilang lalaki ó isáng alilang babae ng̃ isáng pinggán, váso ó taza, at ibá pa, ipinapupulot co ang lahát ng̃mgã piraso, at sa bawa't isá, cahi't sa lalong caliitliitan, pinapagdárasal co siyá ng̃"Bendita-sea-tu-Pureza" at ng̃ Señor-mio-Jesu cristo Padre dulcísimo por el gozo", at ipinatútungcol co sa mgã cálolowa ang mgã indulgenciang kinácamtan co. Nalalaman ng̃lahát ng̃taga báhay co ang bagay na itó, tángĩ lamang na hindî ang mgã púsà.

—Ngũni't ang mgã alilang babae ang siyáng nagcácamit ng̃ mgã indulgenciang iyán, at hindî cayó, Hermana Sipa—ang itinutol ni Rufa.

—At ¿sínong magbabayad ng̃aking mgã taza at ng̃aking mgã pinggan? Natótowa ang mgã alilang babae sa gayóng paraang pagbabayad, at acó'y gayón din; silá'y hindî co pinapálò; tinutuctucan co lamang ó kinúcurot ...

—¡Gagayahin co!—¡Gayón din ang aking gágawin!—¡At acó man!—ang sabihan ng̃mgã babae.

—Datapuwa't ¿cung ang pinggán ay nagcacádalawa ó nagcácatatatlong piraso lamang? ¡Cacauntî ang inyóng cácamtan!—ang ipinaunawà pa ng̃maulit na si Rufa.

—Itulot pô ninyóng ipagtanóng co sa inyó ang isáng pinag-aalinlangãnan co—ang sinabi ng̃totoong cakimîan ng̃bátà pang si Juana.—Cayó pô mgã guinoong babae ang nacacaalam na magalíng ng̃mgã bagay na itóng tungcól sa

Langĩt, Purgatorio at Infierno,.... ipinahahayag cong acó'y mangmang.

—Sabihin ninyó.

—Madalás na aking nakikita sa mgã pagsisiyám (novena) at sa mgã ibá pang mgã libro ang ganitong mgã bilin: "Tatlóng amánamin, tatlóng Abáguinoong Maria at tatlóng Gloria patri.."

—¿At ngãyón?....

—At ngãyó'y ibig cong maalaman cung paano ang gágawing pagdarasal: ¿Ó tatlóng Amanaming sunôd-sunód, tatlóng Abaguinoong Mariang sunôd-sunód; ó macaatlóng isáng Amanamin, isáng Abaguinoong María at isáng Gloria Patri?

—Gayó ngã̄ ang marapat, macaitlóng isáng Amanamin....

—¡Ipatawad ninyó, hermana Sípa!—ang isinalabat ni Rufa: dapat dasaling gaya ng̃ganitóng paraan: hindî dapat ilahóc ang mgã lalaki sa mgã babae: ang mgã Amanamin ay mgã lalaki, mgã babae ang mgã Abaguinoong María, at ang mgã Gloria ang mgã anác.

—¡Ee! ipatawad ninyó, hermana Rufa; Amanamin, Abaguinoong-María at Gloria ay catulad ng̃canin, ulam at patís, isáng súbò sa mgã santo ...

—¡Nagcácamalî cayó! ¡Tingnán na pô lamang ninyó, cayóng nágdárasal ng paganyán ay hindî nasusunduan cailán man ang inyóng hiníhingî!

—¡At cayóng nagdárasal ng̃paganyá'y hindî cayó nacacacuha ng̃anó man sa inyóng mgã pagsisiyám!—ang mulíng isinagót ng̃matandáng Sípa.

—¿Sino?—ang wicà ni Rufang tumindíg—hindî pa nalalaong nawalan acó ng̃isáng bíic, nagdasál acó cay San Antonio ay aking nakita, at sa catunaya'y naipagbilí co sa halagang magalíng, ¡abá!

—¿Siya ngã ba? ¡Cayâ palá sinasabi ng̃inyóng capit-bahay na babaeng inyó raw ipinagbilí ang isang bíic niya!

—¿Sino? ¡Ang waláng hiyâ! ¿Acó ba'y gaya ninyó ...?

Nacailangãng mamaguitnâ ang maestro upang silá'y payapain: sino ma'y walâ ng̃nacágunitâ ng̃mgã Amanamin, walang pinag-uusapan cung dî mgã baboy na lamang.

—¡Aba! ¡aba! ¡Huwág cayong mag-away dahil sa isáng bíic lamang!

Binibigyan tayo ng̃ mg̃a Santong Casulatan ng̃ halimbáwà; hindî kinagalitan ng̃ mg̃a hereje at ng̃ mg̃a protestante ang ating Pang̃inoong Jesucristo na nagtapon sa tubig ng̃ isáng càwang mg̃a baboy na caniláng pag-aarì, at tayong mg̃a binyagan, at bucod sa roo'y mg̃a hermano ng̃ Santísimo Rosario pa, ¿táyo'y mang̃ag-aaway dahil sa isáng bíic lamang? ¿Anóng sasabihin sa atin ng̃ ating mg̃a capang̃ag̃aw na mg̃a hermano tercero?

Hindî nang̃ag̃si-imîc ang lahat ng̃ mg̃a babae at canilang tinátakhan ang malalím na carunung̃an ng̃ maestro, at caniláng pinang̃ang̃aniban ang masasabi ng̃ mg̃a hermano tercero. Násiyahan ang maestro sa gayóng pagsunód, nagbágo ng̃ anyô ng̃ pananalitâ, at nagpatuloy:

—Hindî malalao't ipatatawag tayo ng̃ cura. Kinacailang̃ang sabihin natin sa canya cung sino ang íbig nating magsermon sa tatlong sinabi niyá sa atin cahapon: ó si párì Dámaso, ó si párì Martin ó cung ang coadjutor. Hindî co maalaman cung humírang na ang mg̃a tercero; kinacailang̃ang magpasiyá.

—Ang coadjutor—ang ibinulong ni Juanang kimingkimî.

—¡Hm! ¡Hindî marunong magsermón ang coadjutor!—ang wíca ni Sipa;—mabuti pa si párì Martin.

—¿Si párì Martin?—ang maríing tanong ng̃ isang babae, na anyóng nagpápawaláng halagâ;—siyá'y waláng voces; mabuti si párì Dámaso.

—¡Iyán, iyan ng̃â!—ang saysáy ni Rufa.—¡Si párì Dámaso ang tunay na marunong magsermon, catulad siya ng̃ isang comediante; iyan!

—¡Datapuwa't hindî natin maunáwà ang canyáng sinasabi!—ang ibinulong ni Juana.

—¡Sa pagcá't totoong malalim! ng̃uni't magsermon na lamang siyang magaling....

Nang gayó'y siyáng pagdatíng ni Sisang may sunong na bacol, nag-magandang araw sa mg̃a babae at pumanhíc sa hagdanan.

—¡Pumápanhic iyón! ¡pumanhíc namán tàyo!—ang sinabi nilá.

Nárararamdaman ni Sisang tumítiboc ng̃ bóong lacás ang canyáng púsò, samantalang pumapanhíc siyá sa hagdanan; hindî pa niyá nalalaman cung anó ang canyáng sasabihin sa párì upang mapahupâ ang galit, at cung anó ang mg̃a catuwirang canyáng isasaysay upang maipagsanggaláng ang canyáng anác. Nang umagang iyon, pagsilang ng̃ mg̃a unang sínag ng̃ liwáywáy, nanaog siya sa

canyáng halamanan upang putihin ang lalong magagandáng gúlay, na canyáng inilagay sa canyang bacúlang sinapnan ng͂ dáhong ságuing at mg͂a bulaclac. Nang͂uha siyá sa tabíng ilog ng͂ pacô, na talastas niyang naiibigan ng͂ curang cáning ensalada. Nagbihis ng͂ lalong magagalíng niyáng damít, sinunong ang bacol at napasabayang hindî guinising muna ang canyang anác.

Nagpapacarahan siyá ng͂ boong cáya upang huwag uming͂ay, untî-unting siyá'y pumanhíc, at nakikinig siya ng͂ mainam at nagbabacâ-sacaling marinig niyá ang isáng voces na kilalá, voces na sariwà voces batà.

Ng͂uni't hindî niyá nárinig ang sino man at sino ma'y hindî niyá nasumpungán, caya't napatung͂o siya sa cocínà.

Diya'y minasdán niyá ang lahát ng͂ mg͂a súloc; malamíg ang pagcacátanggap sa canyá ng͂ mg͂a alilà at ng͂ mg͂a sacritan. Bahagyâ na siyá sinagot sa báti niyá sa canilá.

—¿Saan co mailálagay ang mg͂a gúlay na itó?—ang itinanóng na hindî nagpakita ng͂ hinanakit.

—¡Diyán..! sa alin mang lugar.—ang sagot ng͂ "cocinero", na bahagyá na sinulyáp ang mg͂a gúlay na iyón, na ang canyáng guinágawa ang siyáng totoong pinakikialaman: siya'y naghihimulmol ng͂ isáng capón.

Isinalansáng mahusay ni Sisa sa ibabaw ng͂ mesa ang mg͂a talòng, ang mg͂a "amargoso", ang mg͂a patola, ang zarzalida at ang mg͂a múrang múrang mg͂a talbós ng͂ pacô. Pagcatápos ay inilagáy ang mg͂a bulaclác sa ibabaw, ng͂umitî ng bahagyâ at tumanóng sa isáng alílà, na sa tingín niya'y lalong magalíng causapin cay sa cocinero.

—¿Maaarì bang macausap co ang párì?

—May sakít—ang sagót na marahan ng͂ alílà.

—At ¿si Crispin? Nalalaman pô bâ ninyo cung na sa sacristía.

Tiningnán siyá ng͂ alílang nagtátaca.

—¿Si Crispin?—ang tanóng na pinapagcunót ang mg͂a kílay.—¿Walâ ba sa inyóng bahay? ¿Ibig ba ninyóng itangguí?

—Nasabáhay si Basilio, ng͂uni't nátira rito si Crispin—ang itinútol ni Sisa; —ibig co siyáng makita....

—¡Abá!—anáng alílà;—nátira ng͂â rito; ng͂uni't pagcatapos ... pagcatapos ay

nagtanan, pagcapagnacaw ng̃ maraming bagay. Pinaparoon acó ng̃ cura sa cuartel pagca umagang umaga ngãyón, upang ipagbigáy sabi sa Guardia Civil. Marahil silá'y naparoon na sa inyóng bahay upang hanapin ang mgã bátà.

¡Tinacpán ni Sisa ang mgã taingã, binucsán ang bibíg, ngũni't nawalang cabuluhán ang paggaláw ng̃ canyáng mgã lábì: waláng lumabás na anó mang tíni!

—¡Tingnán na ngã ninyó ang inyóng mgã anác!—ang idinugtóng ng̃ cocinero. ¡Napagkikilalang cayó'y mápagtapat na asawa; nagsilabás ang mgã anác na gaya rin ng̃ caniláng amá! ¡At mag-ingãt cayó't ang maliit ay lálampas pa sa amá!

Nanambitan si Sisa ng̃ boong capaitan, at nagpacáupô sa isáng bangcô.

—¡Howág cayóng manángĩs dito!—ang isinigáw sa canyá ng̃ cocinero:—¿hindî ba ninyó alám na may sakít ang párì? Doon cayó manangĩs sa lansangãn.

Nanaog sa hagdanan ang abang babaeng halos ipinagtutulacan, samantalang nagbubulungbulungãn ang mgã "manang" at pinagbabalacbalac nilá ang tungcól sa sakit ng̃ cura.

Tinacpán ng̃ panyô ng̃ culang pálad na iná ang canyáng mukhâ at piniguil ang pag-iyác.

Pagdatíng niyá sa dâan, sa pag-aalinlangã'y nagpalíngãplíngãp sa magcabicabilà; pagcatapos, tîla mandin may pinacsâ na siyáng gágawin, cayá't matulin siyáng lumayô.

Decorative motif

# XIX.

## MGA KINASAPITAN NG ISANG MAESTRO SA ESCUELA

*Caraniwang tao'y haling ang isípan*
*at sa pagca't silá'y nagbabayad mandin,*
*carampatang silá'y pag-salitang hangãl*
*ng̃upang matowa sa ga-yóng pagbágay.*

(LOPE DE VEGA.)

Natutulog ng̃ tahímic, na tagláy iyáng pagpapaimbabaw ng̃ mgã elemento[252], ang dagatang nalilibot ng̃canyang mgã cabunducan, na anó pa't tila mandin hindî siyá nakialam sa malacás na unós ng̃gabíng nagdâan. Sa mgã únang sínag ng̃liwánag na pumupucaw sa túbig nang mgã nagkintábkintáb na mgã lamáng-dágat, naaaninagnagán sa maláyò, hálos sa wacás ng̃abót ng̃tanáw, ang abó-abóng mgã aníno: yaó'y ang mgã bangcâ ng̃ mgã mángĩngĩsdang naglíligpit ng̃canilang lambát; mgã cascó at mgã paráw na nangãgláladlad ng̃ caniláng mgã láyag.

Pinagmámasdan ang túbig ng̃dalawáng táong capuwà páwang lucsâ, ang pananamít mulâ sa isáng mataas na kinálalagyan: si Ibarra ang isá sa canilá, at ang isá'y isáng binatang mápagpacumbabâ ang anyô at mapanglaw ang pagmumukhâ.

—¡Dito ngã̂—ang sabi nitóng hulí—dito iniabsáng ang bangcáy ng̃inyóng amá. Dito camí ng̃teniente Guevara at acó ipinagsama ng̃tagapaglibíng!

Pinisíl ni Ibarra ng̃boong pag-íbig ang camáy ng̃binátà.

—¡Walâ pô cayóng súcat kilanlín sa áking útang na lóob!—ang mulíng sinabi nitó.—Marámi pong totoo ang utang na lóob co sa inyóng amá, at ang tangĩng guinawâ co'y ang makipaglibíng sa canyá. Acó'y naparitong walâ acóng cakilala síno man, waláng tagláy na anó mang súlat upang may magtangkílic sa

ákin, salát sa carapatán, waláng cayamanang gaya rin ngãyón. Iníwan ng̃áking hinalinhán ang escuela upang maghánap búhay sa pagbibilí ng̃tabaco—Inampón acó ng̃inyóng amá, inihanap acó ng̃isáng báhay at binigyán acó ng̃lahát cong kinacailangãn sa icasusulong ng̃ pagtutúrò; siyá'y napapasa escuela at namamahagui sa mgã bátang mahihírap at mapagsakit sa pag-aaral ng̃iláng mgã cuadro; silá'y biníbigyan niyá ng̃mgã libro't mgã papel. Datapuwa't itó'y hindî naláon, cawángĩs din ng̃lahát ng̃bágay na magalíng!

Nagpugay si Ibarra't anaki'y nanalangĩng mahabang horas. Hinaráp pagcatapos ang canyáng casama at sa canya'y sinabi:

—Sinasabi pô ninyóng sinasaclolohan ng̃aking amá ang mgã batang dukhâ, at ¿ngãyón pô?

—Ngãyó'y guinagawâ nilá ang boong cáya, at sumusulat silá cailán man at macasusulat,—ang isinagót ng̃binatà.

—At ang dahil?

—Ang dahil ay ang caniláng gulanít na mgã bárò at nangãhihiyang mgã matá.

Hindî umimíc si Ibarra.

—¿Ilán bâ ang inyóng mgã batang tinuturuan ngãyón?—ang tanóng na wari'y may hangãd na macatalós.

—¡Mahiguít pong dalawáng dâan sa talâan, at dalawampò at limá ang pumapasoc!

—¿Bákit nagcacáganyan?

Mapangláw na ngũmitî ang maestro sa escuela.

Cung sabíhin co po sa inyó ang mgã cadahilana'y cailangãng magsalitâ acó ng̃isáng mahábà at nacayáyamot na casaysayan—ang sinabí niyá.

—Huwág po ninyóng ipalagay na ang tanóng co'y dahil sa isang hangãd na walang catuturán—ang muling sinabi ni Ibarra ng̃ boong cataimtiman, na canyáng minámasdan ang maláyong abot ng̃tanâw.—Lálong mabuti ang aking mapaglining, at sa acala co'y cung áking ipatúloy ang láyon ng̃aking amá ay lalong magalíng cay sa siyá'y tangĩsan, lálò pa mandin cay sa siya'y ipanghigantí. Ang libingãn niya'y ang mahál na Naturaleza, at ang bayan at isáng sacerdote ang siyáng canyáng mgã caaway: pinatatawad co ang bayan sa

canyáng camangmangãn, at iguinagalang co ang sacerdote dahil sa canyáng catungculan at sa pagcá't ibig cong igálang ang Religióng siyáng nagturò sa mgã namamayan. Ibig cong gawíng patnubay ang panucalà ng˜sa aki'y nagbigáy búhay, at dáhil dito'y ibig co sánang maunáwà ang mgã nacaháhadlang dito sa pagtutúrò.

[—At cayóng nacacakita ng̃casam-an, ¿anó't hindî ninyo pinag-isip na bigyang cagamutan?—Imp. de M Fernandez, Paz 447, Sta. Cruz.]

—Pacapupurihin at dî po cayó calilimutan ng̃ bayan cung inyóng papangyarihin ang magagandang mg̃a panucálà ng̃ inyóng nasírang amá!—anáng maestro.—¿Ibig pô bâ ninyóng mapagkilála cung anó ang mg̃a hadláng na natatalisod ng̃ pagtutúrò? Cung gayó'y tantuin ninyóng cailan ma'y hindî mangyayari ang pagtuturong iyán sa mg̃a calagayan ng̃ayón cung waláng isáng macapangyarihang túlong; unauna'y cahi't magcaroon, itó'y sinisira ng caculang̃an ng̃mg̃a sucat na magamit at ng̃maraming panírang malíng caisipan. Sinasabing sa Alemania'y nag-aaral daw sa escuela ng̃bayan sa loob ng̃walóng taón ang anác ng̃tagabúkid; ¿sino ang macacaibig ditong gumámit ng̃calahatì man lamang ng̃panahông iyán sa gayóng lubháng bábahagyâ ang inaaning mg̃a búng̃a? Nang̃ãgsisibasa, nang̃ãgsisisulat at caniláng isinasaulo ang malalakíng bahagui at ng̃madalás pang isinasaulo ang mg̃a boong librong wícang castílà, na hindî nawawatasan ang isá man lamang salitâ ng̃mg̃a librong iyón? ¿anó ang pinakikinabang sa escuela ng̃anác ng̃ating mg̃a tagabúkid?

—At cayóng nacacakita ng̃ casam-an, ¿anó't hindî ninyó pinag-ísip na bigyáng cagamutan?

—¡Ay!—ang isinagót na iguinágalaw ng̃ boong calungcutan ang úlo:—hindî lámang nakikibunô ang isáng abáng maestro sa mg̃a malíng caisipán, cung dî namán sa mg̃a tang̃ing lakás na macapangyarihan. Ang unang kinacailang̃a'y magcaroón ng̃ escuelahan, isáng báhay, at hindî gáya ng̃ayóng doón acó nagtutúrò sa tabí ng̃coche ng̃párì cura, sa sílong ng̃convento. Doo'y ang mg̃a bátang talagáng maibiguíng bumasa ng̃malacás, nacaliligalig ng̃a namán sa párì, na cung minsa'y nananaog na may daláng gálit, lalonglálò na cung sumásakit ang úlo, siníisigawan ang mg̃a bátà at madalás na acó'y linalait. Inyóng natatalastas na sa ganyá'y hindî maaaring macapagtúrò at macapag-áral; hindî iguinagalang ng bátà ang maestro, mulâ sa sandalíng nakikitang linalapastang̃an at hindî siyá pinagbíbigyang catuwiran. Upang pakinggán ang maestro, ng̃ hindî pag-alinlang̃anan ang canyáng capangyarihan, nagcacailang̃ang siyá'y caaláng-alang̃anan, magcaroón ng̃dang̃al, magtagláy ng̃lacás dahil sa pagpipitagan sa canyá, magcaroon ng̃ calayâang táng̃ì, at ipahintulot pô ninyóng sa inyó'y ipahayag ang mg̃a malulungcót na nangyayari. Inacálà cong magbagong palácad ay acó'y pinagtawanán. Upang mabigyáng cagamutan ang casamâang sa inyó'y sinasabi co, aking minagalíng na magtúrò ng̃wícang castílà sa mg̃a bátà, sa pagca't bucód sa ipinag-uutos ng̃ Gobierno, inacálà co namáng itó'y isáng

cagalingãn ng̃lahát. Guinamit co ang paraang lalong magaang, na mgã salitâ at mgã pangãlan, na anó pa't hindî co isinangcap ang mgã dakílang palatuntunan, at ang talagá co'y sacâ co na itúrò ang "gramática", pagca nacauunawà na silá ng̃ wícang castílà.

Nang macaraan ang iláng linggo'y halos nawawatasan na acó ng̃ lalong matatalas ang ísip at silá'y nacapag-uugnay-ugnay na ng̃ iláng mgã salitâ.

Humintô ang maestro at tila nag-aalinlangãn; pagcatapos, tila mandin minagaling niyá ang sabihing lahat, caya't nagpatuloy:

—Hindî co dapat icahiyâ ang pagsasaysay ng̃ mgã caapiháng aking tinítiis, sino mang málagay sa kinálalagyan co'y gayón din maráhil ang uugalîin. Ayon sa sinábi co, ang pasimula'y magalíng; datapowa't ng̃ macaráan ang iláng áraw, ipinatawag acó sa sacristan mayor ni pári Dámaso, na siyáng cura ng̃ panahóng iyón. Palibhasa'y talastas co ang canyáng ásal at nangãngãnib acóng siyá'y papaghintáy-hintayin, pagdaca'y nanhíc acó at nagbìgay sa canyá ng̃ magandáng áraw sa wicang castílà. Ang cura, na ang boong pinacabatì ay ang paglalahad sa akin ng̃ camáy upang áking hagcán, pagdaca'y iniurong itó at hindî acó sinagót, at ang guinawa'y ang magpasimulâ ng̃ paghalakhác ng̃ halakhac-libác. Nápatangã acó; náhaharap ang sacristan mayor. Sa sandaling iyó'y walâ acóng maalamang sabihin; natigagal acó ng̃ pagtitig sa canyá; datapuwa't siyá'y nagpatúloy ng̃ pagtatawá. Aco'y nayáyamot na, at nakikinikinita cong acó'y macagagawâ ng̃ isáng dî marapat; sa pagca't hindî ng̃â nangagcacalaban ang maguing mabuting cristiano at ang matutong magmahál ng̃ sariling carangãlan. Tatanungĩn co na sána siyá, ng̃ di caguinsaguinsa'y inihalíli sa táwa ang pag-alimura, at nagsabi sa ákin ng̃ patuyâ:—"BUENOS DIAS palá, ha? ¡BUENOS DIAS! ¡nacacatawá ca! ¡marunong ca ng̃ magwicang castílà palá!"—At ipinatuloy ang canyáng pagtatawa.

Hindî napiguil ni Ibarra ang isáng ngĩtî.

—Cayô po'y nagtátawa—ang mulíng sinabi ng̃ maestro na nagtátawa rin namán:—ang masasabi co pô sa inyó'y hindî acó macatawa ng̃ mangyari sa akin ang bagay na iyón. Nacatindíg acó; náramdaman cong umaacyát sa aking úlo ang dugô at isáng kidlát ang nagpapadilím sa aking ísip. Nakita cong maláyò ang cura, totoong maláyò; lumapit aco't upang tumútol sa canyá, na dî co maalaman cung anó ang sa canyá'y aking sasabihin. Namaguitnâ ang sacristan mayor, nagtinig ang cura at sinabi sa akin sa wícang tagalog na nagagalit:—"Howág mong paggamitan acó ng̃ hirám na mgã damít; magcásiya ca na lámang sa pagsasalitâ ng̃ iyóng sariling wícà, at howág mong sirâin ang wícang castilang

hìndî ucol sa inyó. ¿Nakikilala mo bâ si maestrong Ciruela? Unawain mong si Ciruela'y isáng maestrong hindî marunong bumasa'y naglalagay ng escuelahan."—Inacalà cong siyá'y piguilin, ngũni't nasoc siyá sa canyáng cuarto at biglang isinará ng̃ boong lacas ang pintô. ¿Anó ang aking magágawâ acóng bahagyâ na magcásiya sa ákin ang áking sueldo, na upang másingĩl co ang sueldong itó'y aking kinacailangãn ang "visto bueno" ng̃ cura at maglacbay acó sa "cabecera" (pangũlong báyan) ng̃ lalawigan; anó ang magágawâ cong laban sa canyá, na siyang pangũlong púnò ng̃ calolowa, ng̃ pamamayan at ng̃ pamumuhay sa isáng báyan, linálampihan ng̃ canyáng capisanan, kinatatacutan ng̃ Gobierno, mayaman, macapangyarihan, pinagtatanungãn, pinakikinggan, pinaniniwalâan at linilingãp ng̃ lahát? Cung inaalimura acó'y dapat acóng howág umimíc; cung tumutol aco'y palalayasin acó sa áking pinaghahanapang-búhay at magpacailan ma'y mawawalâ na sa akin ang catungculan co, datapuwa't hindî dahil sa pagcacágayón co'y mápapacagaling ang pagtúturò, cung dî baligtád, makikicampí ang lahát sa cura, caririmariman acó at acó'y tatawaguing hambóg, palálò, mápagmataas, masamáng cristiano, masamâ, ang túrò ng̃ magúlang, at cung magcabihirà pa'y sasabihing caaway acó ng̃ castilà at "filibustero." Hindî hinahanap sa maestro sa escuela ang marunong at masípag magtúrò; ang hiníhingĩ lámang sa canyá'y ang matutong magtiís, magpacaalimura, huwág cumilos, at, ¡patawárin nawâ, acó ng̃ Dios cung aking itinacuíl ang aking "conciencia" at pag-iísip! datapuwa't ipinangãnác acó sa lupaíng itó, kinacailangãn cong mabuhay, may isáng iná acó, caya't nakikisang-ayon na lámang acó sa aking capalaran, túlad sa bangcáy na kinácaladcad ng̃ álon.

—¿At dahil po bâ sa hadláng na itó'y nanglupaypáy na cayó magpacailan man?

—¡Cung acó ngã disin ay nagpacadalâ!—ang isinagót;—¡hanggang doon na lamang sána sa mgã nangyaring iyón ang dinating cong mgã casaliwàang palad! Túnay ngã't mulâ, niyaó'y totoong kinasusutan co na ang aking catungculan; nag-isip acóng cumita ng̃ ibáng hánap-búhay na gáya ng̃ aking hinalinhán, sa pagca't isáng pahírap ang gawâ, pagcâ guináganap ng̃ masamâ sa loob at nacapagpapaalaala sa akin ang escuelahan sa aráw-áraw ng̃ aking pagcaalimúra, na síyáng naguiguing dahil ng̃ aking pag-langãp ng̃ totoong capaitpaitang mgã pagpipighatî sa mahahábang horas. Ngũni't ¿anó ang aking gágawin? Hindî co mangyaring masabi ang catotohanan sa aking iná; kinacailangãng cong sabihing nacapagbíbigay ligáya ngãyón sa akin ang canyáng tatlóng taóng mgã pagpapacahírap upang acó'y magcaroon ng̃ ganitóng catungculan; kinacailangãng papaniwalâin co siyáng ang hanap-búhay co'y totoong nacapagbíbigay dangãl; na ang pagpapacapagod co'y cawiliwíli;

nasasabugan ng̃ mgã bulaclac ang landás; na waláng naguiguing bungã ang aking pagtupad ng̃ mgã catungculan cung dî ang pagcacaroon ng̃ mgã caibigan; na aco'y iguinagalang ng̃ bayan at pinupuspos ng̃ mgã paglíngãp; sa pagca't cung hindî gayón ang aking gawin, bucod sa acó'y na sa casawíang palad na'y papagdadalamhatîin co pa ang ibá, bágay na bákit walâ na acóng capakinabangãn ay ipagcacasala co pa. Nananatili ngã aco sa aking calagayan at hindî co mìnagalíng na acó'y manglupaypáy: binantâ cong makilában sa masamang pálad.

Tumíguil na sandali ang maestro, at saca nagpatúloy:

—Mulâ ng̃ aco'y maalimura ng̃ gayóng pagcágaspang-gaspáng, sinúlit co ang áking sarili, at nakita kong tunay ngã̂ namáng nápacahangãl acó. Pinág-arálan co áraw-gabi ang wicang castílà, at ang lahát ng̃ mgã nauucol sa áking catungculan; pinahihiram acó ng̃ mgã libro ng̃ matandáng filósofo, binabasa co ang lahát ng̃ áking násusumpong, at sinisiyasat co ang lahát ng̃ áking binabasa. Dáhil sa mgã bágong caisipáng násunduan co sa isa't isá ay nagbágo ang áking palácad ng̃ bait, at áking nakita ang maraming bagay na ibá ang anyô cay sa pagcâtingĩn co ng̃ úna. Nakita cong mgã camalian ang mgã dating ang boong acála co'y mgã catotohanan, at nakita cong pawang mgã catotohanan ang mgã ipinalálagay co ng̃ únang mgã camalian. Ang mgã pamamálò, sa halimbawà, na búhat sa caunaunáhang mulá'y siyáng saguísag ng̃ mgã escuélahan, at ang ísip co ng̃ úna'y siyáng tangĩng paráang lálong malacás sa pagcatuto,—binihasa tayo sa ganyáng ang paniniwálà,—aking napagwarì ng̃ matápos, na dî lámang hindî nacatutulong ng̃ pagsulong ng̃ bátà sa pag-aaral, cung dî bagcós pang nacasisirà sa canyá ng̃ di anó lamang. Napagkilála cong maliwanag na hindî ngã̂ mangyayaring macapag-isip cung na sa mgã mata ang "palmeta" ó ang mgã pamálò; ang tácot at ang pangĩngĩlabot ay nacagúgulo ng̃ bait canino man, bucód sa ang panimdim ng̃ bátà, palibhasa'y lálong guisíng ay lálò namáng madalíng cálimbagan ng̃ anó man. At sa pagcá't ng̃ mangyáring malimbag sa úlo ang mgã caisipán ay kinacailangãng maghári ang catiwasayan, sa labás hanggáng sa loob, na magcaroon ng̃ catahimican ang isip, magtamasa ng̃ capayayapaan ang catawán at ang cálolowa at magtaglay ng̃ masigláng loob, inacála cong ang únang dápat cong gawin ay ang maguing carayámà co ang mgã bátà, sa macatuwid baga'y huwag nilá acóng catacutan at ipalagáy nilá acóng caibigan, at ang silá'y matutong magmahál sa caniláng saríli. Napagkilala co rin namáng ang caniláng pagcakita sa araw-araw ng̃ pamamalo'y pumápatay sa caniláng púsò ng̃ áwà, at pumúpugnaw niyáng ningãs ng̃ dangãl, macapangyaríhang panggaláw ng̃ daigdig, at nálalakip sa gayón ang pagcawalâ ng̃ hiyâ, na mahirap ng̃ totoong mulíng magbalíc. Naliwanagan co rin namang pagcâ napapálo ang isá,

nagtátamong caaliwan pagcâ napapalò namán ang mgã ibá, at ngũmingĩtî sa towâ pagcâ náriringĩg niyá ang canilang pag-iyac; at ang pinapamámalò, bagá ma't masamâ sa loob ang pagsunód sa únang áraw, nabibihása na cung matápos at ikinaliligaya ang cahapishapis niyáng tungculin. Ikinalaguím co ang nagdaang panahón, aking pinagsicapang pagbutihin ang casalucuyan sa pagbabago ng dating cagagawán. Pinacsâ cong calugdán at cawilihan ang pag-aáral, áking tinícang ang "cartilla'y" huwág málagay na librong maitím na napapaligûan ng mgã lúhà ng̃ camusmusán, cung dî isáng caibigang sa canyá'y mag-uulat ng caguiláguìlalas na mgã líhim; na ang escuelaha'y huwág maguíng púgad ng̃ mgã capighatîan, cung dî isáng paraisong libangãn ng̃ ísip. Untîuntî ngãng inalís co ang mgã pamamálò, dinalá co sa áking báhay ang mgã pamálò, at ang inihalíli co'y ang pagbíbigáy unlác sa masisipag mag-áral at ng̃ caigayahan ng̃ ibá at ang pagpapakilala ng̃ caníncanílang sariling dangãl. Cung hindî natututo sa pinag-aaralan, ipinalálagay cong sa caculangãn ng̃ pagsusumákit, cailan ma'y hindî co sinasabing dahil sa capurulán ng̃ ísip; pinapaniniwalà co siláng caniláng tagláy ang lálong masaganang cáya, cay sa tunay na abót ng̃ caniláng lacás, at ang paniniwalang itóng caniláng pinagsisicapang papagtibayin, ang siyáng sa canilá'y pumipilit na mag-áral, túlad namán sa pagcacatiwálà sa sariling lacás na siyáng nagháhatid sa cabayaníhan. Ng̃ nagpapasimulâ pa lámang acó'y tíla mandín hindî lálabas na magalíng ang áking bágong palácad: marámi ang hindî na nag-áaral; datapowa't ipinatuloy co, at aking námasid na untî-unting sumásaya ang mgã loob, dumarami ang pumapasoc na mgã bátà at lálong nagmamálimit, at ang minsang mapuri sa harapán ng̃ lahát, kinabucasa'y nag-iibayo ang natututuhan. Hindî nalao't cumalat sa bayang hindî acó namamalò; ipinatawag acó ng̃ cura, at sa pangãngãnib cong bacâ mangyari na namán ang gaya ng̃ úna, bumatì acó sa canyá ng̃ mapangláw sa wícang tagalog. Nito'y hindî siyá nanglibác sa ákin. Sinábi sa áking pinasásamâ co raw ang mgã bátà; na sinasayang co ang panahón; na hindî acó gumáganap sa áking catungculan; na ang amáng hindî namamálò ay napopoot sa canyáng anác, ayon sa Espíritu Santo; na ang letra'y pumapasoc sa pamamag-itan ng̃ dugô, at ibá't ibá pa; sinaysay sa ákin ang isáng buntóng mgã casabihán ng̃ panahón ng̃ mgã catampalasanan, na anó pa't wari'y casucatan ng̃ nasabi ang isáng bágay ng̃ mgã táo sa úna upang huwág ng̃ matutulan, at alinsunod sa ganitóng palácad ng̃ ísip ay dapat na ngã̂ marahil nating paniwalâang nagcaroon sa daigdíg ng̃ mgã cakilakilabot na anyô ng̃ mgã háyop na kinathâ ng̃ ísip ng̃ mgã táo ng̃ mgã panahóng iyón at caniláng iniukit sa caniláng mgã palacio at mgã catedral. Sa cawacasa'y ipinagtagubilin sa áking aco'y magsípag at manumbalic acó sa unang caugalîan, sa pagca't cung hindî, siya'y magsusumbong sa alcalde lában sa ákin. Hindî humintô ríto ang áking casaliwâang pálad: ng̃ macaraan ang iláng áraw ay

nangãgsirating sa sílong ng̃ convento ang mgã amá ng̃ mgã bátà, at nangãilangãn acóng pasaclólo sa boong aking pagtitiis at pagsang-ayon. Nangãgpasimula ng pagpupuri sa mgã panahóng únang ang mgã maestro'y may matigás na loob at ang pagtúturong guinagawa'y tulad sa pagtutúro ng̃ caniláng mgã núno."—¡Ang mgã taóng yaón ang túnay na mgã marurunong!—ang sábi nilá;—ang mgã táong yaó'y namamalò at tinútuwid ang licóng cáhoy. ¡Silá'y hindî mgã bátà, silá'y matatandáng malakí ang pinagdanasan, may mgã buhóc na putî at mababalásic! Si Don Catalinong hárì niláng lahát na nagtátag ng̃ escuélahang iyón, hindî nagcuculang sa dalawampo't limá ang pálong ibinibigay, caya't naguing marurunong at mgã pári ang canyáng mgã anác. ¡Ah! mahahalagá cay sa átin ang mgã táo sa úna, ópò, mahahalagá cay sa átin."—Hindî nangãgcásiya ang mgã ibá sa ganitóng magagaspáng na mgã pasáring; sinabi nilá sa áking maliwanag, na cung ipatutuloy co ang aking palácad, ang caniláng mgã anác ay hindî matututo, at mapipilitan siláng alisín sa áking escuélahan. Nawalang cabuluhan ang aking mgã pagmamatuwíd sa canilá: palibhasa'y batà acó'y hindî nila binibigyan ng̃ malaking catuwiran. ¡Gaano calaki ang aking iaalay, magcaroon lamang acó ng̃ mgã úban! Binábangguit nila sa akin ang minamagalíng nilang pangãngãtuwiran ng̃ cura, ni Fulano, ni Zutano, at binabangguit naman nila ang canilang saríling catawan, at sinasabi nilang cung hindî sa mgã pamamalò ng̃ canicanilang mgã maestro'y hindî sana sila nangãtúto ng̃ anó man. Nacabawas ng̃ cauntî ng̃ capaitan ng̃ capighatîan cong itó ang magandang paglíngãp na ipinakita sa akin ng̃ ilan.

Dahil sa nangyaring itó, napilitan acóng huwag gumamit ng̃ isang palacad, na pagcatapos ng̃ malaking pagpapagal ay nagpapasimulâ na ng̃ pamumungã. Sa aking pagngãngãlit, dinalá co kinabucasan sa escuelahan ang mgã pamalò, at mulíng sinimulâan co ang aking catampalasanang gawâ. Nawalâ ang catiwasayan, at mulíng nagharì na naman ang capanglawan sa mgã mukhâ ng mgã batang nagpapasimulâ na ng̃ pagguíliw sa akin: sila ang tangĩng mgã carayamà co, ang tangĩ cong mgã caibigan. Baga man pinagsisicapan cong magdamót ng̃ pamamalò, at cung namamalò man aco'y pinagágaang co hanggang sa abot ng̃ caya; gayón ma'y dinaramdam nila ng̃ malabis ang canilang pagcaamís, ang canilang pagcaimbí at nangãgsisitangĩs ng̃ dî ugaling saclap. Dumarating sa aking púsò ang bagay na iyón, at cahit nagngĩtngĩtngĩt acó sa sariling calooban ng̃ laban sa canilang halíng na magúgulang, gayón ma'y hindî acó macapanghiganti sa mgã walang malay-salang tinatampalasan ng̃ maling mgã caisipan ng̃ canilang mgã ama. Nacapapasò sa akin ang canilang mgã lúhà: hindî magcasiya sa loob ng̃ aking dibdíb ang aking púsò, at ng̃ araw na iyo'y iniwan co ang pagtuturò, baga man dî pa sumasapit ang horas, at omowî acó sa

aking bahay upang tumangĩs na nagíisa.... Marahil mamanghâ pô cayó sa aking pagcamaramdamin, ngũni't cung cayó'y malagay sa aking catayua'y inyóng mapagcucúrò. Sinasabi sa akin ng̃ matandang Don Anastasio:—"¿Humíhingĩ ng palò ang mgã ama? ¿Bakit hindî ninyó sila ang pinalò?" Dahil dito'y nagsasakit acó.

Nakíkinig si Ibarrang nag-iisíp ísip.

—Bahagyâ pa lamang acóng gumágaling sa sakít ay nagbalíc acó sa escuélahan at nasumpungãn cong icalimang bahagui na lamang ang natitira sa canila. Nangãgsitacas ang mgã pinacamagaling, dahil sa panunumbalic ng̃ dating palacad, at sa mgã natitira, sa ilang batang cayâ pumapasoc sa escuélaha'y ng hindî macagawâ sa canilang bahay, síno ma'y walang bumatì sa akin sa aking paggalíng: sa ganang canila'y walang malasakit ang gumalíng acó ó hindî; marahil lalong inibiig sana nila ang acó'y manatili sa pagcacasakít, sa pagca't tunay ngã't lalong mainam mamalò ang maestrong panghalíli sa akin, ngũni't ang capalít naman nito'y bihirang pumaroon sa pagtutúrò sa escuélahan. Ang mgã ibang tinuturuan co, yaóng mgã batang napipilit ng̃ canilang mgã magulang na pumasoc sa escuelahan, ang guinagawa'y nangãglalagalag sa ibang daco. Binibigyang casalanan nila acó, na sila'y aking pinagpakitaan ng̃ mairuguíng loob at sinisisi nila acó ng̃ maínam. Gayón man, ang isang anac ng̃ tagabúkid, na dumadalaw sa akin sa boong aking pagcacasakít, cayâ hindî na pumapasoc ay dahil sa siya'y nagsacristan: sinasabi ng̃ sacristan mayor na hindî raw marapat na magmaranî sa escuélahan ang mgã sacristan, sa pagca't bababà ang canilang urì.

—At ¿nagcásiya na pô bâ cayó sa inyóng mgã bagong tinuturuan?

—¿May magagawâ pa pô ba acóng ibang bagay?—ang isinagót.—Gayón man sa pagca't maraming nangyaring mgã bagay-bagay, samantalang may sakít acó'y nahalinhan camí ng̃ cura. Sumibol sa akin ang isang bagong pag-asa, at guinawâ co na naman ang isang pamulíng pagtikím, at ng̃ huwag malubos na totóo ang pagcasayang ng̃ panahón ng̃ mgã batà at pakinabangãn hanggang sa abót ng̃ caya ang mgã palò; na ang mgã pagcahiyang iyó'y mapag-anihan man lamang nilá ng̃ cahi't cacaunting búngã, ang siya cong inísip. Yamang hindî nila acó mangyaring caguiliwan ngãyón, ninais cong may maalaala sila sa aking hindî napacasacláp cung may maisimpan silang anó mang bagay na pakikinabangãng acó ang may túrò. Talastas na po ninyóng na sa wícang castílà ang mgã libro sa caramihan ng̃ mgã escuelahan, líban na lamang sa catecismong tagalog na nagbabago, alinsunod sa samahan ng̃ mgã fraileng kinapapanigan ng cura. Ang caraniwan ng̃ mgã librong itó'y mgã "novena" mgã, trisagio, ang catecismo ni pari Astete, na ang nacucuba nilang cabanalan doo'y cawangĩs din

cung naguing sa mgã hereje ang mgã librong iyón. Sa pagca't hindî manyaring sila'y aking maturuan ng̃wicang castíla, at hindî co rin naman maisatagalog ang gayóng caraming mgã libro, pinapilitan cong halinhang untî-untî ng̃maiiclíng bahaguing sipi sa mgã napapakinabangãng mgã librong tagalog, gaya baga ng maliit na casaysayan ng̃pakikipagcapuwâ tao ni Hortensio at ni Feliza[253], ilang mgã maliliit na librong patnugot sa pagsasaca, at iba pa. Manacanacang isinasatagalog co ang malilíit na libro, gaya ng̃Historia ng̃Filipinas ni parî Barranera, at pagcatapos ay aking idinídicta, upang canilang tipuning na sa mgã cuaderno, at cung minsa'y aking dinaragdagan ng̃saríling mgã pagpapahiwatig. Sa pagca't walâ acong mgã "mapa" upang sa canila'y macapagtúrô acó ng Geografía, sinalin co ang isang mapang nakita co sa "cabecera" (pangũlong bayan ng̃lalawigan), at sa pamamag-itan ng̃sinalin cong itó, at ng̃mgã baldosa ng̃yapacan, na iulat co sa canila ng̃cauntî ang anyô nitông ating lupaín. Ngãyó'y ang mgã babae naman ang nangãgcaguló; nangãgcasiya ang mgã lalaki sa pag-ngĩtî, dahil sa gayóng gawâ co'y canilang namamasdan daw ang isa sa aking mgã caululan. Ipinatawag acó ng̃bagong cura, at cahi't hindî acó pinag-wicâan, gayón ma'y sinabi sa aking ang religión daw ang dapat cong pagsicapan, at bago co iturò ang mgã bagay na itó'y dapat na ipakilala ng̃mgã batà, sa pamamamag-itan ng̃isang pagsusulit, na totoong nasasaulo na nila ang mgã Misterio, ang Trisagio at ang Catolicismo ng̃Doctrina Cristiana.

Samantala'y nagpapagal ngã acô at ng̃maguíng "papagayo"[254] ang mgã batà, at canilang masaulo ang lubhang maraming bagay na hindî napagtatalós isa man lamang salitâ[255]. Marami sa canila ang nacasasaulo ng̃mgã "Misterio" at "Trisagio", datapuwa't nangãngãnib acóng masáyang ang áking mgã pagpupumilit tungcól sa cay párì Astete, sa pagca't hindî pa totoong napag-wawarì ng̃marámi sa áking mgã tinuturúan ang pagcacaiba't ibá ng̃mgã tanóng at ng̃mgã sagót, at ang dapat na maguíng cahulugán ng̃dalawáng itó. ¡At sa ganitóng calagaya'y mamámatay táyo, at ganyán din ang gágawin ng̃mgã ipangãngãnac, samantalang sa Europa'y pinag-uusapan ang nauucol sa pagsúlong.

—¡Howág bagá namán táyong napacamahiliguín sa pag-ásang dito sa átin ay walâ ng̃cagalingãng mangyayári!—ang itinútol ni Ibarra, at sacâ nagtindíg. Pinahatdán acó ng̃isáng anyáya ng̃teniente mayor upang acó'y dumaló sa isáng púlong sa tribunal ... ¿Síno ang nacaaalam cung doo'y magcacaroon pô cayó ng sagót sa inyóng mgã tanóng?

Nagtindig din ang maestro sa escuela, ngũni't umíiling, tandâ ng pagcuculang tiwála, at sumagót:

—Makikita ninyo't matutulad sa aking mgã binálac ang láyong caniláng sinábi sa akin, at cung hindî, ¡tingnan natin!

Decorative motif

---

Decorative motif

# XX.

## ANG PULONG SA TRIBUNAL

Yaó'y isang salas na may labíngdalawá ó labíng-limáng metro ang hábà may waló ó sampóng metro ang lúang. Ang mgã pader ng̃ salas na iyó'y pinaputî ng̃ pintáng ápog at punóng-punô ng̃ mgã dibujong úling ang iguinúhit na humiguít cumúlang ang capangĩtan, humiguít cumúlang ang casalaulàan, na may mgã cahalong paunawang súlat upang mapag-unáwang magalíng ang mgã cahulugán noón. Namamasdan sa iságng suloc na nacasandál ng̃ mahúsay na pagcacahanay ang may sampóng mgã lúmang fusil na batóng pingkian ang pangpaputóc na cahálò ng̃ sableng cálawangĩn, mgã espadin at mgã talibóng: yaón ang mgã sandata ng̃ mgã "cuadrillero."

Sa iság dúlo ng̃ salas na napapapamutihan ng̃ maruruming mgã "cortinang" pulá, natatagò ang larawan ng̃ hári, na nacasábit sa pader, nacapatong sa iság tarímang cáhoy ang iság lúmang sillóng nacabucá ang canyáng wasác na mgã brazo; sa harapa'y may iság malakíng mesang cáhoy na narurungĩsan ng̃ tinta na may mgã úkit na mgã salitâ at mgã únang letra ng pangãlan cawangĩs ng̃ marami sa mgã mesa sa mgã tindahan ng̃ álac at cerveza sa Alemania, na caraniwang paroonan ng̃ mgã estudiante. Mangã siráng banccô at silla ang siyáng nacahúhusto ng̃ mgã casangcapan.

Itó ang salas na pinagpupulungãn ng̃ tribunal, ng̃ mgã pagpapahirap at ibá pa. Dito nagsasalitaan ngãyón ang mgã púno ng̃ báyan at ng̃ mgã nayon: hindî nakikihálò ang pangcát ng̃ mgã matatanda sa pangcát ng̃ mgã báta, at hindî nangãgcacasundò ang isá't isá; silá ang mgã kinácatawan ng̃ partido conservador at ng̃ partido liberal, ang naguiguing catangîa'y totoong napapacalabis sa mgã bayan ang caniláng mgã pagtatalotalo.

—¡Nacacapagcúlang-tiwálà sa ákin ang asal ng̃ gobernadorcillo!—ani Don Filipong púno ng̃ partido liberal sa canyáng mgã catoto; may dáti siyáng talagang pacay siya totoong ipinagpahuli niya ang pagtutuos ng̃ bálac na gúgugulin. Unawàin ninyóng labing-isáng araw na lamang ang sa áti'y nátitira.

—At ¡nátira siya sa convento upang makipagsalitaan sa curang may sakit! —ipinaalaala ng̃ ĩsa sa mgã batà.

—¡Hindî cailangãn!—ang sinábi namán ng̃ isá;—ang lahát, ay naihandâ na natin. Huwág bâ lamang magcaroon ng̃ lálong maráming "voto" ang bálac ng̃ mgã matatandá....

—¡Hindî co inaacalang magcaroon!—ani Don Filipo;—acó ang magháharap ng̃ bálac ng̃ mgã matatandâ....

—¿Bakit? ¿anó ang sábi pô ninyó?—ang sa canyá'y mgã tanóng ng̃ mgã nakikinig sa canyáng páwang nangãgtátaca.

—Ang sinasabi co'y cung acó ang únang magsasalita'y áking iháharap ang bálac ng̃ ating mgã caáway.

—At ¿ang bálac natin?

—Cayó pô namán ang magháharap ng̃ bálac natin—ang sagót ng̃ tenienteng ngũmingĩti, na ang pinagsasabiha'y isáng bátang cabeza de barangay;—magsasalità pô cayó, pagcâ aco'y natálo na.

—¡Hindî pô namin mawatasan ang inyóng caisipán!—ang sábi sa canyá ng mgã causap, na minámasdan siyáng puspos ng̃ pag-aalinlángãn.

—¡Pakinggan ninyó!—ang marahang sinabi ni Don Filipo sa dalawá ó sa tatlóng nakikinig sa canyá—Nacausap co canínang úmaga si matandáng Tasio.

—At ¿anó?

—Sinabi sa akin ng̃ matandà: "Kinapopootan pô cayó ng̃ inyóng mgã caaway ng̃ higuit sa pagcapóot sa inyóng mgã caisipán. ¿Ibig bagá ninyóng howag mangyári ang isáng bágay? Cung gayó'y cayó ang humicayat na gawín ang bágay na iyán, at cáhi't ang bágay na iyá'y pakikinabangãng higuít cay sa isáng "mitra" ay ipagtatacwilan. Cung cayó'y matálo na, inyóng ipasábi ang inyóng linalayon sa lalong cabababababaan sa lahát ninyóng mgã casamahán, at sasang-ayunan ang inyóng láyong iyón ng̃ inyóng mgã caaway, sa hangãd niláng cayó'y hiyâin." Datapuwa't inyó sánang ingãtan ang líhim cong itó.

—Ngũni't....

—Cayâ ngã acó ang siyáng magsasalitâ upang gawín ang panucálà ng̃ ating mgã caáway, na anó pa't pacalalabisin co ang pangãngãtuwíran hanggang sa catawá-tawá. ¡Howág cayóng maingãy! Narito na si Guinoong Ibarra at ang maestro sa escuela.

Bumáti ang dalawáng binátà sa isá't isáng pulutóng; ngũni't hindî nakialám

sa mgã salitâan.

Hindî naláo't pumásoc ang gobernadorcillong malungcót ang pagmumukhâ: siyá rin ang nakita nátin cahapong may daláng isáng arrobang candilà. Humintô ang mgã alingãwngãw pagpásoc niyá; bawá't isa'y naupô at untiunting naghárì ang catahimícan.

Naupô ang gobernadorcillo sa sillóng nacalagáy sa ibabâ ng̃ larawan ng harì, macaapat ó macálimang umubó, hinaplós ang úlo at ang mukhâ, inilagáy ang síco sa ibabaw ng̃ mesa, inalís, mulíng umubó at gayón ang paúlit-ulit na guinawâ.

—¡Mgã guinoó!—ang sinábi sa cawacasang nanglulupaypay ang voces:—nangãhás acóng anyayáhan co cayong lahát sa pagpupulong na itó ... ¡ejem!... ¡ejem!... gágawin natin ang fiesta ng̃ ating pintacasing si San Diego sa ica 12 nitong buwán.... ¡ejem!... ¡ejem!... ngãyo'y ica 2 tayo ¡ejem!... ¡ejem!...

At dito'y inubó siyá ng̃ mahabà at tuyô na siyang pumíguil ng̃ canyáng pagsasalitâ.

Nang magcagayo'y tumindíg sa bangcô ng̃ mgã matatandâ ang isáng táong may anyong makísig, na may mgã apat na pong taón ang gúlang. Siya ang mayamang si capitang Basilio, caaway ng̃ nasírang si Don Rafael, isáng taong nagsasabing umanó'y mulâ ng̃ mamatay si Santo Tomás de Aquino, ang mundo'y hindî sumusulong ng̃ cahi't iisang hacbang, at mulâ ng̃ canyáng íwan ang San Juan de Letrán, nagpasimulâ ang Sangcataóhan ng̃ pag-udlót.

—Itúlot pô ng̃ mgã camahalan ninyóng magsaysay acó tungcól sa isáng bágay na totoong mahalagá—anyá. Acó ang náunang nagsalitâ, bagá man lálong may carapatáng mangũna sa ákin ang mgã caumpóc dito, ngũni't acó ang únang nagsalitâ, sa pagca't sa acalà co'y sa mgã ganitóng bágay, ang magpasimulà ng pananalita'y hindî ang cahuluga'y siyáng nangũngũna, at gayón ding hindî ang cábuntutan ang cahulugán ng̃ cahulihulihang magsaysáy. Bucód sa rito'y ang mgã bágay na sasabihin co'y lubháng napacamahalagá upang maipagpaubáyà ó sabihin cayâ sa cahulihulihan; itó ang dáhil at íbig co sánang magpáuna ng pananalitâ, at ng̃ máibigay ang dápat na cauculán. Itulot ngã ninyóng acó ang máunang magsalitâ sa púlong na itóng kinakikitaan co ng̃ mgã nalílimping totoóng mgã litáw na mgã táo, gáya na ngã ng̃ guinoong casalucuyang capitan, ng̃ capitan pasado, ng̃ caibigan cong tángĩng si Don Valenting capitan pasado, ang aking caibigan sa camusmusáng si Don Julio, ang ating bantóg na capitan ng mgã cuadrillerong si Don Melchor, at marami pang mgã caguinoohang dî co na sasabihi't ng̃ huwág acóng humábà, na nakikita ng̃ inyóng mgã camahalang

pawang caharap natin ngãyón ípinamanhic co pô sa inyóng mgã camahalan ipahintulot na acó'y macapagsalitâ bago magsalitâ ang ibáng síno man ¿Magtátamo cayâ acó ng̃ capalarang pahinuhod ang capulungãn sa áking mapacumbabang capamanhican?

At sacâ yumucod ang mananalumpátì ng̃ bóong paggálang at ga ngũmingĩtî na.

—¡Macapagsasalitâ na cayó, sa pagcá't cayó'y pinakíkinggan námìn ng̃ boong pagmimithî!—ang sinábi ng̃ mgã binangũít na mgã caibigan, at iba pang mgã táong nangãgpápalagay na siya'y dakílang mananalumpatî: nangãg-úubo ng̃ bóong ligaya ang mgã matatandâ at caniláng pinagpípisil ang dalawáng camáy. Pagcatápos na macapagpáhid ng̃ páwis si capitán Basilio ng̃ canyáng panyóng sutlâ, ay nagpatúloy ng̃ pananalitâ:

Yamang lubháng nápacaganda ang inyong calooban at mapagbigay lugod sa ating abáng cataohan, sa pagcacaloob sa aking acó ang macapagsalitáng máuna sa sino mang náririto, sasamantalahin co ang capahintulutang itóng sa aki'y ipinagcaloob ng̃ bóong cagandáhan ng̃ pusó at aco'y magsasalitâ. Iniisip ng̃ aking isip na aco'y sumasaguitnâ ng̃ cagalanggalang na Senado romano, "senatus populusque romanus", na sinasabi nátin niyóng mgã caayaayang panahóng sa caculangãng pálad ng̃ Sangcataóha'y hindî na magbábalic, at aking híhingĩn sa "Patres Conscripti", ang sasabihin marahil ng̃ pantás na si Ciceron, cung siyá ang málagay sa catayuan co ngãyón; hihíngĩn co, sapagca't capós táyo sa panahón, at ang panaho'y guintô, áyon sa sábi ni Salomón na sa mahalagang pinag uusapan ngãyo'y sabíhing maliwanag, maiclí at walang ligóy-lígoy ng̃ báwa't isá ang canyang panucalà. Sinabi co na.

At tagláy ang bóong pagcalugód sa canyáng sariling cataóhan at sa magaling na pakikinig sa canyá ng̃ nangãroroon, naupô ang mananalumpatî, datapuwa't canyáng tiningnán múna si Ibarra at anyóng nagpapakilala siya ng̃ canyáng cataásan, at canyáng tiningnán din namán ang canyáng mgã caibigan, na pára mandíng sa canilá'y canyáng sinasabi: ¡Há! ¿Mabuti ba ang áking pagcacásalitâ? ¡há!

Inilarawan namán ng̃ canyáng mgã caibigan sa caniláng mgã matá ang dalawáng pagtingĩng iyón, sa caniláng pagsulyáp sa mgã bátang guinóo, na ibig niláng patayín sa caingguitán.

—Ngãyó'y macapagsasalitâ na ang bawa't may ibig, na ... ¡ejem!—ang sinabi ng̃ gobernadorcillo, na hindî natápos ang sinásalitâ, mulíng siyá'y inihít ng̃ ubó at ng̃ mgã pagbubuntóng hiningã.

Ayon sa hindî pag-imíc na námamasid, sino ma'y áyaw na siyá'y tawagguin "patres conscripti", síno ma'y waláng tumítindíg: ng̃magcagayó'y sinamantala ni Don Filipo ang nangyayari at humingĩng pahintúlot na macapagsalitâ.

Nangãgkindátan at nangãghudyátan ng̃macahulugán ang mgã conservador.

—¡Iháharap co, mgã guinóo, ang áking panucalang gugugulin sa fiesta! ani don Filipo.

—¡Hindî námin masasang-ayunan!—ang sagót ng̃ isáng natutuyong matandáng conservador na hindî mapaclihán ng̃anó man.

—¡Lában sa panucalang iyán ang áming voto!—ang sábihan ng̃ibáng mgã caaway.

—¡Mgã guinoo!—ani Don Filipong pinipiguil ang pagtáwa;—hindî co pa sinasabi ang panucalang dalá rito naming mgã "bátà". "Lubós" ang aming pagása na siyáng mamagalingĩn ng̃"lahat" cay sa pinapanucálà ó mapapanucálà ng áming mgã catálo.

Ang palálong pasimuláng itó ang siyáng nacapuspós ng̃gálit sa caloóban ng mgã conservador, na nagsisipanumpâ sa caniláng sariling caniláng gagawín ang catacottacot na pagsalangsáng. Nagpatuloy ng̃pananalitâ si Don Filipo:

—Tatlong libo't limandáang piso ang inaacálà náting gugúlin. Mangyayaríng macagawâ ngã táyo, sa pamamag-itan ng̃salapíng ito ng̃isang fiestang macahihiguit ng̃di anó lamang sa caningningãn sa lahát ng̃hanggá ngãyó'y napanood dito sa ating lalawigan at sa mgã lalawigang carátig man.

—¡Hmjn!—ang pinagsabihan ng̃mgã hindî naniniwálà; gumugugol ang bayang A. ng̃ limáng libo, ang bayang B. nama'y ápat na libo—¡Hmjn! ¡cahambugán!

—¡Pakinggán ninyó acó, mgã guinoo, at cayô'y maniniwálà. Aking iniaakit sa inyóng tayo'y magtayô ng̃ isáng malakíng teatro sa guitnâ ng̃ plaza, na maghalagáng isáng dáa't limampóng píso!

—¡Hindî cásiya ang isáng dáa't limampô, kinacailangãng gumugol ng̃isáng dáa't anim na pô!—ang itinutol ng̃isáng matigás ang úlong conservador.

—¡Itític pô ninyó, guinoong director, ang dalawang daang pisong iniuucol sa teatro!—ani Don Filipo.—Iniaanyaya cong makipagcayárì sa comedia sa Tundó upang magpalabás sa pitóng gabíng sunod sunod. Pitóng palabás na

tigdadalawang daang píso bawa't gabí, ang cabooa'y isáng libo at ápat na ráang píso: ¡isulat pô ninyó, guinoong director, isáng libo't ápat na raang píso!

Nangãgtingĩnan ang matatandá't ang mgã bátà sa pangguiguilalás; ang mgã nacatatalos lamang ng̃ líhim ang hindî nangãgsikílos.

Iniaanyaya co rin namáng magcaroon tayo ng̃ maraming totoong mgã paputóc; huwág ngã táyong gumamit ng̃ malilíit na "luces" at ng̃ mgã malilíit na "ruedang" kinalúlugdan lamang ng̃ mgã musmós at ng̃ mgã dalága, huwag táyong gumamit ng̃ lahat ng̃ itó. Malalakíng mgã bomba at sadyáng malalakíng mgã cohatón ang ibig natin. Iniaanyaya co ngã sa inyó ang pagcacagugol sa dalawang daang malalakíng bomba na tigalawang píso báwa't isá at dalawang daang cohatong gayón din ang halagá. Ipagawà natin sa mgã castillero sa Malabón.

—¡Hmjn!—ang isinalábat ng̃ isáng matandâ:—hindî nacacagulat sa ákin at hindî rin nacabibingĩ ang isáng bombang tigalawang piso; kinacailangãng maguíng tigatlóng piso.

—¡Isulat pô ninyó ang isáng libong pisong gugugulin sa dalawang daang bomba at dalawáng daang coletón!

Hindî na nacatiís ang mgã conservador; nangãgtindigan ang ilan at nangãgsalitaan ng̃ bucód.

—Bucód pa sa roon, upang makita ng̃ ating mgã capit-bayang tayo'y mgã taong walang hinayang at nagcacanlalabis sa atin ang salapî—ang ipinagpatuloy ni Don Filipo, na itinaas ang voces at matúling sinulyap ang pulutóng ng̃ mgã matatandâ,—aking iniaanyaya: una, apat na "hermano mayor" sa dalawáng áraw na fiesta, at icalawa, ang itápon sa dagatan sa aráw áraw ang dalawáng dáang inahíng manóc na pinirito, isang daang capóng "rellenado" at limampóng lechón, gáya ng̃ guinagawà ni Sila, sa panahón ni Ciestón, na bágong casasabi pa lámang ni capitang Basilìo.

—¡Siya ngã̑, gáya ni Sila!—ang iculit ni capitang Basilio, na na totowâ ng pagcábangguit sa canyá.

Lumálaki ng̃ lumálaki ang pagtatacá.

—Sa pagca't marámi ang dádalong mayayaman at bawa't isa'y may daláng libolíbong piso, at sacâ ang caniláng lalong magalíng na sagabungĩn, at ang "liampó" at mgã baraja, ini anyaya co sa iyó na tayo'y magpasabong ng labínglimáng áraw, at magbigay calayaang mabucsan ang lahát ng̃ mgã bahay ng

sugalan....

Ngũni't nangãgtindíg ang mgã cabatáan at siya'y sinalabát: ang boóng acálà nilá'y nasirá ang ísip ng̃ teniente mayor. Nangãgtatalotalo ng̃ mainam ang mgã matatandâ.

—At sa cawacasan, ng̃ huwág mapabayaan ang mgã caligayahan ng̃ cálolowa....

Natacpáng lubos ang canyáng voces ng̃ mgã bulongbulungãn at ng̃ mgã sigawang sumiból sa lahat ng̃ súloc ng̃ sálas: yao'y naguing isáng caguluhan na lámang.

—¡Hindî!—ang isinígaw ng̃ isang matálic na conservador;—ayaw cong maipangãlaratac niyang siya ang nacagawa ng̃ fiesta, ayaw. Pabayaan, pabayaan ninyong aco'y macapagsalitâ.

—¡Dináyà táyo ni Don Filipo!—ang sinásalitâ naman ng̃ mgã liberal. Bovoto cami ng̃ laban sa canya! ¡Cumampí siya sa matatandâ! ¡Bomoto tayo ng̃ laban sa canya!

Ang gobernadorcillo, na higuít ang panglulupaypay sa cailan man; walang guinawa cahi't anó upang manag úli ang catiwasayan: naghíhintay na sila ang cusang tumiwasay.

Humingĩng pahintulot ang capitan ng̃ mgã cuadrillero upang magsalíta; pinagcalooban siya, datapuwa't hindî binucsan ang bibig, at mulíng naupóng nakikimî at puspós cahihiyan.

Ang cabutiha'y nagtindîg si capitang Valenting siyang pinacamalamíg ang loob sa lahat ng̃ mgã conservador, at nagsalitâ.

Hindi camí macasang-ayon sa palagáy na munacalà ng̃ teniente mayor, sa pagca't sa ganang amin ay napaca labis naman. Ang gayóng mapacaraming mgã bomba at ang gayong napaca raming gabi ng̃ pagpapalabas ng̃ comedia'y ang macacaibig lamang ay ang isang batang gaya ng̃ teniente mayor, na macapagpúpuyat ng̃ maraming gabí at macapakíkinig ng̃ maraming putóc na dî mabíbingĩ. Itinanóng co ang pasiya ng̃ mgã taong matalino at nagcacaisa ang lahat sa hindî pagsan-ayon sa panucalâ ni Don Felipo. ¿Hindí bâ ganito, mgã guinóo?

—¡Tunay ngã! ¡tunay ngã! ang sabay sabay na pinagcaisahang sagót ng̃ mgã bata't matandâ. Nangãlulugod ang mgã bata sa pakikiníg sa gayóng

pananalitâ ng̃isang matandâ.

—¡Anó ang ating gagawín sa apat na mg̃a hermano mayor!—ang ipinatúloy ng̃matandâ.—¿Anó ang cahulugan niyóng mg̃a inahíng manóc, mg̃a capón at mg̃a lechóng itatapon sa dagatan? ¡Cahambugan! ang sasabihin ng̃mg̃a calapit-bayan natin, at pagcatapos ay magsásalat tayo sa pagcain sa loob ng̃calahating taón. ¿Anó't makikiwang̃is táyo cay Sila ó sa mg̃a romano man? ¿Tayo ba'y inanyayahan minsan man lámang sa canilang mg̃a fiesta? Acó sa gannang akin, lamang, caílan ma'y hindî pa acó nacatatanggap ng̃anó mang canílang líham na pang-anyaya, ¡gayóng aco'y matanda na!

—Ang mg̃a romano'y tumahan sa Roma. Kinalalagyan ng̃ papa!—ang marahang sa canya'y ibinulóng ni capitáng Basilio.

—¡Ng̃ayon co napagkilala!—ang sinabi ng̃ matandang hindî nagulomihanan. Marahil guinawa ang canilang fiesta cung "vigilia" at ipinatatapon ng̃ papa ang pagcain at ng̃howag magcasala. Ng̃uni't sa paano mang bágay, hindî mangyayaring masang-ayunan ang inyong panucalang fiesta, sa pagca't isáng caulúlan!

Napilitan si Don Filipong iurong ang canyáng panucálà; dahil sa totoong sinásalansang.

Ang mg̃a lalong matatalic na mg̃a conservador sa caniláng caaway, hindî nang̃ãgdamdam ng̃anó mang pag-aalap-ap ng̃makita niláng tumindig ang isáng bátang cabeza de barangay at huming̃ĩng pahintúlot na macapagsalitâ.

—Ipinamámanhic co sa inyóng mg̃a camahalang ipagpaumanhíng bagá ma't bátà acó'y mang̃ãhás magsalitâ sa haráp ng̃lubháng maráming táong totóong cagalanggalang dáhil sa canilang gúlang at dáhil namán sa catalinuhan at carunúng̃ãng magpasiyá ng̃ tapát sa lahát ng̃ bagay, ng̃uni't sa pagca't ang caayaayang mananalumpatìng si capitang Basilio'y nag-aanyayang saysayin dito ng̃ lahát ang canicanilang mg̃a panucálà, maguíng pinacacalásag ng̃ aking cauntîan ang canyáng mahalagang pananalitâ.

Tumátang̃ô, sa pagcalugod, ang mg̃a conservador.

—¡Magalíng magsalitâ ang bátang itó!—¡Siya'y mápagpacumbabá!—¡Caguiláguilalás cung mang̃ãtuwíran!—ang sabihan ng̃isa't isá.

—¡Sayang at hindî marunong cumíyang magalíng!—ang pasiyá ni capitan Basilio.—Ng̃uni't nangyayari itó dahil sa hindî siya nag-aral cay Cicerón, at sacâ totoong bátà pa.

—Hindî cayâ isinásaysay co sa inyó ang isáng palatuntunan ó panucálà,—ang ipinatuloy na salitâ ng̃ bátang cabeza,—ay hindî dahil sa ang isip co'y inyóng mámagalingĩn ó inyó cayáng sasang-ayunan: ang aking hangãd, casabáy ng̃ aking mulî pang pangãngãyupápà sa calooban ng̃ lahát, ay patotohanan sa mgã matatandang sa tuwî na'y sang-ayon ang aming isípan sa caniláng ísip, sa pagcá't áming ináangkin ang lahát ng̃ mgã adhicáng isinaysay ng̃ boong caningningãn ni capitang Basilio.

—¡Mabuting pananalitâ! ¡mabuting pananalitâ!—ang sabihanan ng̃ mgã pinauunlacáng mgã conservador. Hinuhudyatán ni capitang Basilio ang bátà upáng sa canyá'y sabihin cung paano ang marapat na paggaláw ng̃ bísig at cung paano ang acmâ ng̃ páa. Ang gobernadorcillo ang tangĩng nananatili sa hindî pagpansín, nalílibang ó may ibáng iniisip: nahihiwatigan ang dalawang bagay na itó sa canyá. Nagpatuloy ang bátà ng̃ pagsasaysay, na nalalao'y lalong sumásaya ang pananalitâ:

—Náoowî, mgã guinóo, ang aking panucála sa sumusunod: mag-ísip ng mgã bagong pánooring hindî caraniwan at laguing nakikita natin sa aráw-áraw, at pagsicápang huwág umalís díto sa báyan ang salapîng nalicom, at huwág gugúlin sa waláng cabuluháng mgã pólvora, cung hindî gamítin sa ano mang bagay na pakinabangãn ng̃ lahat.

—¡Iyán ngã̂! ¡iyán ngã̂!—ang isináng-áyong salitâ ng̃ mgã bátà; iyáng ang ibig ngã namin—totoong magalíng—ang idinugtóng ng̃ mgã matatandâ.

—¿Anó ang máhihitâ nátìn sa isáng linggóng comediang hiníhingĩ ng teniente mayor? ¿Anó ang matututuhan natin sa mgã hárì sa Bohemia at Granada, na nangãg-uutos na putlín ang úlo ng̃ canilang mgã anác na babae, ó cung dìlì caya'y ikinacarga sa isáng cañón ang mgã anác na babaeng iyán at bágo naguiguing trono ang cañón? Tayo'y hindî mgã hárì, hindî tayo mgã tampalasang táong-párang, walâ namán táyong mgã cañón, at cung sila'y ating paráhan ay bibitayin táyo sa Bágongbayan. ¿Anó bagá ang princesang iyáng nakikihalobílo sa mgã paghahámoc, namamahagui ng̃ tagâ at úlós, nakikipag-away sa mgã principe at naglilibot na nangãg-íisa sa mgã bundóc at parang, na cawangĩs ng nangãtitigbalang? Kinalulugdan natin, ayon sa ating caugalian, ang catamisan at ang pagcamasintahin ng̃ babae, at mangãngãnib tayong tumángãn sa mgã camáy ng̃ isáng biníbining narurungĩsan ng̃ dugô, cahi't na ang dugong ito'y sa isáng moro ó gigante; bagá man ang dugóng itó'y sa pinawawal-an nating halagá, palibhasa'y ipinalálagay náting imbí ang lalaking nagbubuhat ng̃ camá'y sa isáng babae, cahi't siya'y príncipe, alférez, ó tagabúkid na waláng pinag-aralan. ¿Hindî cayâ libolibong magalíng na ang palabasin natin ay ang laráwan ng̃ ating sariling

mgã caugalîan, upang mabágo nátin ang ating masasamang mgã pinagcaratihan at mgã lihís na hílig at purihin ang magagandang gawâ at caugalian?

—¡Iyan ngã̂! ¡iyan ngã̂!—ang inúlit ng̃canyáng mgã cacampí.

—¡Sumasacatuwíran!—ang ibinulóng na nangãgdidilidili ang iláng matatandâ.

—¡Hindî co naisip cailán man ang bágay na iyán!—ang ibinulóng ni capitang Basilio.

—Datapuwa't ¿paano ang paggawâ ninyó niyán?—ang itinutol sa canyá ng isáng mahirap sumang-ayon.

—¡Magaang na magaang!—ang sagót ng̃bátà. Dalá co rito ang dalawang comedia, na marahil pasisiyahang totoong masasangayunan at catowatowa ng mgã cagalanggalang na matatandang dito'y nalilimpî, palibhasa'y lubós ang pagcatalós nilá sa bawa't magandá at kilalá namán ng̃ lahát ang caniláng catalinuhan.

Ang pagmagát ng̃isá'y ANG PAG-HAHALAL NG̃GOBERNADORCILLO, ito'y isáng comediang patupatuloy ang pananalitâ, nababahagui sa limang pangcat, cathâ ng isá sa mgã náriritong caharáp. At ang isa'y may siyam na bahagui, úcol sa dálawáng gabi, isang talinghagang "drama" na ang pamimintás ang tucoy, sinulat ng̃isá sa lalong magalíng na poeta dito sa lalawigan at MARIANG MAKILING ang pamagát. Nang áming mámasdang naluluatan ang pagpupulong ng̃nauucol sa paghahandâ ng̃ fiesta, at sa pangãngãnib naming bacâ culangĩn ng̃ panahón, líhim na humánap camí ng̃aming mgã "actor" at pinapag-aral namin silá ng canicanilang "papel". Inaasahan naming sucat na ang isáng linggóng pagsasánay upang silá'y macaganáp ng̃magalíng sa canicanilang ilálabas. Itó, mgã guinoo, bucód sa bágo, pakikinabangãn at sang-ayon sa mahúsay na caisipán at may malakíng cagalingãng hindî malakí ang magugugol: hindî natin cailangãn ang pananamit: magagamit natin ang ating suot na caraniwan sa pamumuhay.

—¡Acó ang gugugol sa teatro!—ang isigaw na malaking tawa ni capitang Basilio.

—¡Sacali't may lumalábas na mgã cuadrillero, akíng ipahihiram ang aking mgã nasásacop—ang sabi namán ng̃capitán ng̃mgã cuadrillero.

—At acó ... at acó ... cung nagcacailangãn ng̃isáng matandâ ... ang sinabing hindî magcatutó ng̃isá, at naghuhumiyád ng̃pagmamakisíg.

—¡Sang-áyon camí! ¡sang-áyon cami!—ang sigawan ng̃marami.

Namúmutlâ ang teniente mayor: napunô ng̃ mg̃a lúhà ang canyáng mg̃a matá.

—¡Siyá'y tumatang̃is sa pagng̃ing̃itng̃it!—ang inísip ng̃ mahigpít na conservador, at sumigaw:

—¡Sang-áyon camí, sang-áyon camí, at hindî cailang̃ang pagmatuwiranan pa!

At sa canyáng galác sa canyáng pagcapanghigantí at sa lubós na pagcatálo ng̃canyáng caáway, pinasimulán ng̃laláking iyón ang pagpapaunlác sa panucálà ng̃bátà. Nagpatuloy itó ng̃pananalitâ:

—Magagamit ang ikalimáng bahagui ng̃ salapíng nalilicom sa pamamahagui ng̃iláng gantíng pálà, sa halimbáwà, sa lalong mabuting batang nag-aral sa escuela, sa lálong mabúting pastól, magsasacá, mánging̃isdâ, at ibá pa. Macapagtatatag tayo ng̃isáng unahán ng̃patacbuhan ng̃mg̃a bangcâ sa ílog at sa dagatan, patacbuhan ng̃mg̃a cabayo; magtayô ng̃mg̃a "palosebo" at mag-anyô ng̃mg̃a laróng mangyayaring makísama ang tagabukid natin. Sumasang-áyon na acó, álang-álang sa totoóng pinagcaugalian na, ang tayo'y magcaroon ng̃ mg̃a paputóc: marikit at catuwá-tuwang panoorín ang mg̃a "rueda" at mg̃a "castillo", ng̃uni't inaacalà cung hindî natin cailang̃an ang mg̃a bombang panucalà ng̃teniente mayor. Casucatan na, sa pagbibigay casayahan sa fiesta, ang dalawáng bandang música, at sa ganya'y maiilagan natin iyang mg̃a pag-aaway at pagcacagalít, na ang kinahihinatna'y ang mg̃a caawa-awang músicong naparirito't ng̃bigyang galác ang ating mg̃a pagpifiesta, sa pamamag-itan ng̃ canilang pagpapagal, naguiguing tunay na mg̃a sasabung̃ing manóc, na nang̃ãgsisiowî, pacatapos, na masamâ, ang sa canila'y pagcacabayad, masamâ ang pagcacapacain, bugbóg ang catawán at sugatán pa cung macabihirà. Mapasisimulâan ang pagpapagawâ ng̃isang maliit na bahay na magamit na escuelahan, sa pamamag-itan ng̃lalabis na salapî, sa pagca't hindî ng̃ã natin hihintaying ang Dios ay manaog at siyang gumawâ ng̃ escuelahang iyán: capanglaw-panglaw ng̃ãng bagay, na samantalang tayo'y may isáng sabung̃ãng pang̃ulo sa lakí at gandá, ang mg̃a batâ natin ay nang̃ãg-aáral halos doón sa alagaan ng̃mg̃a cabayo ng̃cura. Sa maiclíng salita'y narito ang panucalâ: ang pagpapainam nito'y siyáng pagcacapaguran.

Maaliw na bulungbulung̃an ang siyáng sumilang sa salas; halos ang lahát ay sumasang-ayon sa bátà: iilan lamang ang bumúbulong:

—¡Mgã bágong bagay! ¡mgã bágong bagay! ¡Sa ating mgã kinabataa'y!...

—¡Ating sang-ayúnan na muna ngãyón iyán!—ang sabihan ng̃ mgã ibá;—áting hiyâin iyón.

At caniláng itinutúrò ang teniente mayor.

Nang manumbalic ang catahimican, ang lahát ay sumang-ayon na. Cúlang na lamang ang pasiya ng̃ gobernadorcillo.

Ito'y nagpapawis, hindî mápacali, hináhaplos ang noo at sa cawacasa'y nasabi ng̃ pautal-utal, na nacatung̃õ:

—¡Acó ma'y sang-ayon din!... ng̃uni't ¡ejem!

Hindî umíimic ang boong tribunal ng̃ pakikiníg sa canyá.

—¿Ng̃uni't?—ang tanóng ni capitang Basilio.

—¡Totoong sang-ayon acó!—ang inulit ng̃ gobernadorcillo;—sa macatuwid baga'y ... hindî acó sang-ayon ... ang sinasabi co'y sang-ayon acó; ng̃uni't ...

At kinuscos ang mgã matá ng̃ camaoo.

—Ng̃uni't ang cura,—ang ipinagpatuloy ng̃ cúlang pálad—ibáng bágay ang íbig ng̃ párì cura.

—¿Nagcacagugol bâ ang cura sa fiesta ó tayo ang nagcacagugol? ¿Nagbigáy bâ siyá ng̃ isáng cuarta man lamang?—ang sigaw ng̃ isáng voces na nanunuot sa taingã.

Tuming̃ín ang lahát sa dacong pinanggagalingãn ng̃ mgã tanóng na iyón: si filósofo Tasio ang nároroon.

Hindî cumikilos ang teniente mayor at nacatitig sa gobernadorcillo.

—¿At anó ang íbig ng̃ cura?—ang itinanong ni capitang Basilio.

—¡Abá! ang íbig ng̃ cura'y ... anim na procesión, tatlóng sermón, tatlóng malalaking misa ... at cung may lumabis na salapî, comediang Tundó at cantá sa mgã pag-itan.

—¡Ayaw namáng camí ng̃ lahát ng̃ iyán!—ang sinábi ng̃ mgã bátà at ng iláng matandâ.

—¡Siyáng ibig ng̃ párí cura!—ang inulit ng̃ gobernadorcillo.—Aking ipinangãcò sa curang magaganap ang canyang calooban.

—Cung gayó'y ¿bakin inanyayahan pa ninyóng cami magpúlong?

—¡Inanyayahan co cayó't ... ng̃sa inyo'y áking sabihin ang gayóng bágay!

—At ¿bákit hindî ninyó sinábi sa pagsisimulâ pa ng̃salitaan?

—Ibig co sánang sabihin, mgã guinóo, ngũni't nagsalita si capitáng Basilio'y ¡hindî na acó nagcapanahón ...! ¡kinacailangãng sumunód sa curá!

—¡Kinacailangãng sumunód tayó sa canyá!—ang inúlit ng̃iláng matatandâ.

—¡Kinacailangãng sumunod, sa pagca't cung hindî, tayo'y ibibilanggong lahát ng̃ alcalde!—ang idinugtóng ng̃ boóng capanglawan ng̃ ibá, namáng matatandâ.

—¡Cung gayo'y sumunód, cayó at cayó na lámang ang gumawa ng̃fiesta!—ang ipinagsigawan ng̃mgã báta—¡iniuurong namin ang aming mgã ambág!

—¡Nasingĩl ng̃lahat!—ang sinabi ng̃gobernadorcillo.

Lumapit si Don Filipo sa gobernadorcillo at saca sinabi niya rito ng̃boóng capaítan.

—Inihándog co sa pagcaamís ang pag-ibig co sa aking sarilí upang magtagumpay lamang ang magandang caisipan; cayô namá'y inihayin ninyó sa pagcaapí ang inyóng camahalan upáng manálo ang masamáng panucála, at inyóng iniwasác ang lahát.

Samantala'y—isinasabi namán ni Ibarra sa maestro ng̃escuela:

—¿May-ibig bâ cayóng ipagbilin sa pangũlong báyan ng̃ lalawigan? Paroroon acó ngãyón din.

—¿Mayroon pô bâ cayóng pakikialaman doón?

—¡Mayroon pô táyong pakikialaman doón!—ang talinghagang sagót ni Ibarra.

—Sa daa'y sinasabi ng̃matandang filósofo cay Don Filipong sinusumpa ang sarilíng pálad.

—¡Tayo ang may casalanan! ¡Hindî cayó tumutol ng̃cayo'y bigyán nila ng aliping sa inyo'y magpúnò, at aking nalimutan ang bagay na ito, sa aking cahalingãn!

Decorative motif

Decorative motif

## XXI.

## CASAYSAYAN NANG BUHAY NANG ISANG INA

*Waláng tinutungõ sa canyang paglacad,*
*walang linalayon sa linipadlipad,*
*susumandali ma'y di napapanatag.*
(Alaejos)

Tumatácbo si Sisang patungõ sa canyáng báhay, tagláy iyóng caguluhan ng baít na nangyayari sa ating cataohan, pagcâ sa guitnâ ng̃isáng casacunaán ay walâ sino mang nagmamalasakit sa atin at sa ati'y tumatacas ang mgã pag-asa. Cung nagcacagayo'y anaki'y dumidilim na lahát sa ating paliguid, at sacali't macakita tayo ng̃isáng máliit na ilaw sa maláyò, tinátacbo natin ang ilaw na iyón, pinag-uusig natin, at hindî natin alumana cáhi't makitang sa calaguitnâan ng̃landás ay may isang malalim na bangĩn.

Ibig ng̃ ináng iligtás ang canyáng mgã anác, ngũni't ¿paano? Hindî itinátanong ng̃mgã iná ang gágawing mgã paraan, pagca nanucól sa canilang mgã anác.

Tumátacbong nagsísikip ang dib-dib, palibhasa'y pinag-uusig ng̃ mgã guniguníng calaguímlaguim. ¿Nárakip na cayâ ang anác niyang si Basilio? ¿Saán tumácas ang canyáng anác na si Crispin?

Nang malápit na siyá sa canyáng báhay ay canyáng natanawan ang mgã capacete ng̃ dalawáng sundalong na sa ibábaw ng̃ bacuran ng̃ canyáng halamanan. Hindî mangyayaring maisaysay cung anó ang dinamdám ng̃canyáng pusó: nalimutan niyá ang lahát. Hindî cailâ sa canyá ang canpangãhasan ng̃mgã táong iyóng hindî nangãgpipitagan cahi't sa lálong mayayaman sa bayan, ¿anó cayâ ang mangyayari sa canyá at sa canyáng mgã anác na pinagbibintangãn nangãnácaw? Hindî mgã táo ang mgã guardia civil, sila'y mgã guardia civil lamang: hindî nilá diníringĩg ang mgã panghihimanhic at sila'y bihasang macapanood ng̃mgã lúhà.

Hindî sinásadya'y itinaás ni Sisa ang canyáng mgã matá sa langĩt, at ang langĩt ay ngũmíngĩtî ng̃caayaayang caliwanagan; lumalangõ'y ang ilang maliliit at mapuputing alapaap sa nangãngãninag na azúl. Humintò siyá upang piguilin ang pangãngãtal na lumalaganap sa canyáng boong katawán.

Iniiwan na ng̃mgã sundalo ang canyáng báhay at silá'y waláng casama; walâ siláng hinuli cung dî ang inahíng manóc na pinatátabâ ni Sisa. Nacahingã siyá at lumacás ang canyáng loób.

—¡Pagcábabait nilá at pagcágaganda ng̃ caniláng mgã calooban!-ang ibinulóng na hálos umíiyac sa catowáan.

Cahi't sunuguin ng̃mgã sundalo ang canyáng báhay, huwag lámang piitín nilá ang canyáng mgã anác, ay silá'y pacapupuspusin dín niyá ng̃pagpupuri.

Muling tinitigan niyá, sa pagpapasalamat, ang langĩt na pinagdaraanan ng̃ isang cawan ng̃mgã tagác, iyáng matutûling mgã alapaap ng̃mgã lángĩt ng̃ Filipinas, at sa pagca't nanag-úli sa canyáng púsó ang pananálig ay ipinagpatúloy niyá ang paglácad.

Nang malapit na si Sisa sa mgã catacot-tacot na mgã táong yao'y nagpalingãplingãp sa magcabicabíla at nagcóconowáng hindî niyá nakikita ang canyáng inahing manóc na pumípiyac at humihingĩng sáclolo. Bahagya pa lamang nangãcacaraan sa canyáng tabí ay nag-acála siyang tumacbó, ngũni't piniguil ang tulin ng̃canyáng paglacad ng̃pagiingãt na bacâ siyá'y máino.

Hindî pa siyá nacalálayô ng̃ malaki ng̃ márinig niyáng siyá'y caniláng tinatawag ng̃boong cabangĩsán.

Hindî kinukusa'y lumapit si Sisa, at náramdaman niyáng hindî niyá maigaláw ang canyáng dilà sa tácot at natútuyô ang canyáng lalamunan.

—¡Sabìhin mo sa amin ang catótohanan ó cung hindî itatáli ca namin sa cáhoy na iyon at papuputucán ca namin ng̃dalawa!—anang isá sa caniláng may pagbabálà ang tunóg ng̃voces.

Tumingĩn ang babae sa dacong kinalalagyan ng̃cáhoy.

—¿Icaw bâ ang iná ng̃mgã magnanacaw, icáw?—ang tanóng naman ng̃isá.

—¡Iná ng̃mgã magnanacaw!—ang di sinásadya'y inúlit ni Sisa.

—¿Saán nároon ang salapíng iniuwî sa iyo cagabí ng̃iyóng mgã anác?

—¡Ah, ang salapi!...

—¡Howag mong itangguí ang salapíng iyán, sa pagca't lálong mápapasamá icaw!—ang idinugtóng ng̃isá. Naparíto cami't ng̃dacpín ang iyóng mg̃ã anác; ang pinacamatanda'y nacatanan sa amin, ¿saan mo itinágò ang bunsô?

Humingã si Sisa ng̃máringĩg ang gayong sabi.

—¡Guinoó!—ang isinagot—¡malaon na pong araw na hindî co nakikita ang aking anác na si Crispín: ang boóng acálà co'y masusumpungãn co siyá caninang umaga sa convento, doo'y ang sinábi lamang sa aki'y....

—Nagsuliapan ang dalawang sundálo ng̃macahulugán.

—¡Magaling!—ang bigláng sinabi ng̃isá sa canilá; ibigay mo sa amin ang salapi, at hindî ca na namin babagabaguin.

—¡Guinoo!—ang isinamò ng̃cúlang palad na babae!—ang aking mg̃ã anac ay hindî nagnanacaw cahi't madayucdóc; bihasa caming magútom. Hindî nag-uuwî sa akin si Basilio cahi't isang cuarta; halughuguín ninyó ang boong bahay, at cung cayo'y macasumpong cahi't sisicapat man lamang, gawín ninyó sa amin ang bawa't maibigan. ¡Caming mg̃ã dukhâ ay hindî magnanacaw!

—Cung gayón—ang ipinagpatuloy ng̃sundálo ng̃madálang na pananalitâ, at canyáng tinititigan ang mg̃ã matá ni Sisa,—icáw ay sumáma sa amin; pagsisicapan na ng̃iyóng mg̃ã anác na humarap at isísipót ang salaping ninacaw: ¡Sumama ca sa amin!

—¿Acó? ¿sumama acó sa inyó?—ang ibinulóng ng̃babae na umudlót at minamasdan ng̃boong pagcagulat ang mg̃ã pananamít ng̃sundalo.

—¿At bakit hindî?

—¡Ah! ¡mahabág cayó sa akin!—ang ipinamanhíc na halos lumúluhod.—Totoong acó'y mahírap; walâ acóng guintô ó hiyas man lamang na súcat maialay sa inyó: nacúha na ninyó ang aking tangĩng pag-aarì, ang inahíng manóc na inacala co sanang ipagbili ... dalhín na ninyó ang lahat ng̃inyóng masumpong sa aking dampâ; ngũni't ¡pabayaân na ninyó rito acóng pumayapâ; pabayaan na ninyóng mamatay acó rito!

—¡Súlong na! kinacailangãng sumama ca sa amin; at cung aayaw cang sumama ng̃sa magalingãn, icaw ay gagapusin namin.

Tumangĩs si Sisa ng̃capaitpaitan. Hindî nababagbag ang loob ng̃mg̃ã taong iyón.

—¡Ipaubayà man lamang ninyóng acó'y mauna ng̃ malayô-layô!—ang ipinakiusap ng̃ maramdaman niyang siya'y tinatangnan ng̃ boong calupitan at siya'y itinutulac.

Naawà ang dalawang sundalo at nag-usap sila ng̃ marahan.

—¡Hala!—ang wíca ng̃ isá—sa pagca't buhat dito hanggang sa pumasoc tayo sa bayan ay macatátacbo ca, icaw ay lalagay sa pag-itan naming dalawâ. Cung naroroon na tayo, macapagpapauna ca sa amin ng̃ may mg̃ã dalawampong hakbang; ng̃ũni't ¡mag-ing̃ãt ca! ¡huwag cang papasoc sa alín mang tindahan at huwag cang hihintô. ¡Hala, lacad na at magmadalî ca!

Nawal-ang cabuluhan ang mg̃ã pagsamò, nawal-ang cabuluhan ang mg̃ã pang̃ãng̃ãtuwiran, hindî pinansin ang mg̃ã pang̃ãcò. Sinasabi ng̃ mg̃ã sundalong lumalagay na silá sa pang̃ãnib at malabis ng̃ totoo ang canilang ipinagcacaloob.

Nang malagay na siya sa guitna ng̃ dalawa'y naramdaman niyang siya'y namámatay ng̃ hiyâ. Tunay ng̃ã't walâ sino mang lumalacad sa daan, ng̃ũni't ¿ang háng̃ĩn at ang liwánag ng̃ áraw? Ang tunay na cahihiya'y nacacakita ng̃ tumiting̃ĩn sa alin mang dáco. Tinacpán ng̃ panyô ang mukhâ, at sa paglácad niyáng waláng nakikitang anó man ay tinang̃ĩsan ng̃ waláng imic ang canyáng pagcaamís. Napagtatalastas niyá ang canyáng cahirapan, nalalaman niyáng sa canyá'y walá sino mang tumiting̃ĩn at sampò ng̃ canyáng asawa'y hindî siyá ipinagmamalasakit; ng̃ũni't tunay na alám niyáng siya'y ma'y capurihan at kinalulúgdan ng̃ madlá hanggáng sa horas na iyón; hanggang sa horas na iyó'y canyáng kinaháhabagan yaóng mg̃ã babaeng nang̃ãgdáramit ng̃ catawatawá na pinamámagatan ng̃ bayang caagulo ng̃ mg̃ã sundalo. Ng̃ãyó'y tila mandin sa ganáng canyá'y napababâ siyá ng̃ isáng baytang sa kinálalagyan ng̃ mg̃ã babaeng iyón sa hagdanan ng̃ búhay.

Narinig niya ang yabág ng̃ lácad ng̃ mg̃ã cabayo: yaó'y ang mg̃ã nagdádala ng̃ mg̃ã isdâ sa mg̃ã báyang dáco roon. Guinágawa nilá ang gayóng mg̃ã paglalacbáy na nagpupulupulutong ng̃ maliliit ang mg̃ã lalaki't babae, na nang̃ãcasacay sa masasamáng cabayo, sa guitnâ ng̃ dalawáng bákid na nang̃ãcabítin sa magcábilang taguiliran ng̃ háyop. Ang ilán sa canilá'y ng̃ magdaan isáng áraw sa harapán ng̃ canyáng dampâ ay nang̃ãgsihing̃ĩ ng̃ tubig na inumin, at siyá'y hinandugán ng̃ iláng isdâ. Ng̃ãyó'y ng̃ mang̃ãgdaan silá sa canyáng tabi, sa acálà niyá'y siyá'y tinatahac at guiniguiic, at ang caniláng mg̃ã ting̃ĩng may calakip na habág ó pagpapawaláng halagá ay lumálampas sa panyó at tinutudlâ ang canyáng mukhâ.

Sa cawacasa'y lumayô ang mg̃ã maglalacbay at nagbuntóng hining̃ã si Sisa.

Inihiwalá niyáng sandalî ang panyô sa canyang mukhâ upang canyáng matingnán cung silá'y maláyò pa sa báyan. May nátitira pang iláng mgã halígui ng̃ telégrafo bago dumating sa "bantayan". Cailan ma'y hindî niyá náramdaman ang caunatan ng̃ gayong láyò, cung dî niyón lamang.

Sa tabi ng̃ daa'y may isáng malagóng cawayanang sa lilim niyó'y nagpapahingã siyá ng̃ unang panahón. Diya'y pinakikiusapan siyá ng catamistamisan ng̃ sa canyá'y nangĩng̃ĩbig; tinutulungãn nito siyá ng̃ pagdadalá ng̃ cáhoy at mgã gúlay; ¡ay! nagdaan ang mgã áraw na iyóng túlad sa panag-inip; ang nangĩng̃ĩbig ay canyáng naguing asawa, at ang asawa'y inatangãn ng catungculang "cabeza de barangay" at ng̃ magcagayó'y nagpasimula ang casaliwaang pálad ng̃ pagtawag sa caniláng pintuan.

Sa, pagca't nagpapasimulâ ang áraw ng̃ pag init na totoo, siya'y tinanóng ng mgã sundalo cung ibig niyang magpahingã.

—¡Salamat!—ang canyáng isinagót na nangĩng̃ĩlabot.

Datapuwa't ng̃ totoong siya'y mapuspos ng̃ malaking pangguiguipuspos ay ng̃ malapit na siyang dumating sa bayan. Sa malakíng samâ ng̃ canyáng loob ay siya'y lumíngãp sa magcabicabilâ; malalawac na mgã paláyan, isáng maliit na sangháng inaagusan ng̃ tubig na pangdilíg, salupanít na mgã cáhoy; ¡walâ siyáng makitang isáng bang̃ĩng pagpatibulirán ó isáng malakí't matigás na batóng paghampasán ng̃ sariling catawán! Canyáng pinagsisihan ang canyáng pagcasama sa mgã sundalo hanggáng doon; ¡ngãyó'y pinanghihinayangãn niyá ang malalim na ilog na tumátacbo sa malapit sa canyáng dampâ, sapagca't ang matataas na mgã pampangĩn niyao'y nasasabugan ng̃ mgã matutulis na buháy na batóng nangãgháhandog ng̃ catamistamisang camatayan. Ngũni't ang pagcaalaala niyá sa canyáng mgã anác, sa anác niyáng si Crisping hindî pa niya natatalos ng sandalíng iyón ang kinasapitan, ang siyáng tumangláw sa canyá ng̃ gabíng iyón ng̃ canyáng búhay cayá't canyáng naibulong sa pag-sang-ayon sa marawal na palad:

—¡Pagcatapos ... pagcatapos ay mananáhan camí sa guitnâ ng̃ cagubatan!

Pinahíran ng̃ lúha ang canyáng mgã matá, pagpílit na tumiwasáy at nagsabi sa mgã guardia ng̃ marahang tínig:

—¡Na sa bayan na tayo!

Hindî mapaglírip ang anyô ng̃ canyáng pagcápanalitâ; yao'y daing, sisi, hibic, yaó'y dalángĩn, yaón ang pighatíng binuò sa tínig.

Sinagót siyá ng̃ isáng tangỗ ng̃ mgã sundalong sa canyá'y naháhabag. Nagmadaling nagpauna si Sisa at pagpílit na mag-anyóng tiwasáy ang loob.

Nang sandalíng iyó'y pagpasimulâ ang pagrepique ng̃ mgã campana't ipina-aalam ang pagcatapos ng̃ mísa mayor. Tinulinan ni Sisa ang paglacad, at ng̃ cung mangyayari'y huwag niyáng macasalubong ang mgã táong lalabas sa simbahan. Datapuwa't ¡hindî nangyari! waláng nakitang paraan upang maiwasan ang gayóng pagcasalubong.

Bumatì ng̃ masacláp na ngĩti sa dalawáng cakilala niyá, na sa canyá'y nag-uusísa sa pamamag-itan ng̃ tingĩ̃n, at mulâ niyó'y ng̃ canyáng mailágan ang gayóng mgã cahirápan ng̃ loob, tumungỗ siyá at ang lúpang tinutuntungãn niyá ang canyáng minasdán, at ¡bagay na caguilaguilalas! natitisod siyá sa mgã bató ng̃ lansángãn.

Tumiguil ng̃ sandalî ang mg̃ táo pagcakita sa canyá, silá-silá'y nangãg-uusap at sinusundan siyá ng̃ caniláng títig: nakikita niya ang lahát ng̃ itó, nárararamdaman niya, bagaman siyá'y laguing nacatingĩ̃n sa lúpà.

Naringĩg niyá ang voces ng̃ isáng waláng cahihiyang babae, na nasalicuran niyá at nagtátanong ng̃ hálos pasigáw:

—¿Saan ninyó nahuli ang babaeng itó? ¿At ang salápi?

Yaó'y isáng babaeng waláng tápis, dilaw at verde ang sáya at ang báro'y gasang azul; napagkikilala sa canyang pananamít na siyá'y isáng caagulo ng sundalo.

Nacaramdam si Sisa ng̃ isáng parang tampál: wari'y hinubdán siyá ng babaeng iyón sa haráp ng̃ caramíhan. Sandalíng tumungháy upang siyá'y magsáwa sa libác at pag-amís: nakita niyang ang mgã táo'y maláyò, totoong maláyò sa canyá; gayôn ma'y náramdaman niyá ang calamigán ng̃ caniláng tingĩn at canyang náriringĩg ang caniláng mgã bulungbulungãn. Lumalacad ang abáng babaeng hindî nararamdaman ang pagtungtóng sa lúpa.

—¡Uy, dito ca tumúngõ!—ang isininigáw sa canya ng̃ isáng guardia.

Tulad sa waláng pag-íisip na nawasac ang nacapagpapagalaw, biglangbiglang ipinihit niyá ang canyáng mgã paa. At hindî siyá nacakikita ng anó man, waláng anó mang iniisip, siya'y tumacbo at nagtágò; nakita niyá ang isáng pintuang may isáng sundalong bantáy, nag-acála siyang pumasoc doon; ngũni't siya'y inilihís sa canyang paglacad ng̃ isá pang voces na lalò pa manding mabalasíc. Tinunutón niya ang pinanggalingãn ng̃ voces, na humáhacbang

siyáng halos masungãbà sa panglulupaypáy; naramdaman niyang siya'y itinutulac sa licuran, siya'y pumikit, humacbáng ng̃ dalawá at sa pagca't kinúlang siya ng̃ lacás, nagpacálugmóc na siyá sa lúpà, paluhód muna at paupô pagcatápos. Isang pagtángĩs na waláng lúha, walang sigáw, walang hibíc, ang siyang sa canya'y nagpapacatal.

Yáón ang cuartel: doo'y may mgã sundalo, mgã babae, mgã baboy at mgã inahíng manóc. Nangãgsisipanahî ng̃ canicanilang mgã damít ang ibáng mgã sundálo, samantalang nacahiga sa bangcô ang canilang mgã caagulong babae, na ang híta ng̃ lalaki ang inuunan, nangãghihithiitan ng̃ tabaco ó cigarrillo at minámasdang ang bubungãng nangãyáyamot sa búhay: Tumutulong namán ang mgã ibáng babae sa paglilinis ng̃ damit ng̃ mgã sandata at iba pa, at inaaguing-íng ang mgã mahahalay na awit.

—¡Tila mandin nacatacas ang mgã sisiw! ¿Ang inahíng manóc lamang ang inyong dalá?—anang isang babae sa mgã sundalong bagong dating; na hindî napagsi siyasat cung ang sabi niya'y dahil cay Sisa ó sa inahíng manóc na nagpapatuloy ng̃ piniyácpiyác.

—¡Siya ngã namán! cailan ma'y mahalagá ang inahíng manóc cay sa sisiw—ang isinagot niyá sa canyá ring tanong, ng̃ makita niyáng hindî umiimic ang mgã sundalo.

—¿Saan naroon ang sargento?—ang tanóng na may anyóng samâ ang loob ng̃ isá sa mgã guardîa cívil—¿Nagbigay sabi na bâ sa alferez?

Mgã kibit ng̃ balícat ang siyáng sa canya'y sagót ng̃ nangãroon, sino ma'y walang nagmamalasakit ng̃ camuntî man lamang tungcól sa calagayan ng̃ abáng babáe.

Dalawáng horas ang itinagal doon ni Sisa, sa isáng anyóng halos ay hibáng, nacauncót sa isáng súloc, nacatágo ang ûlo sa mgã camay, gusót at gusamót ang buhóc. Natanto ng̃ alférez ang padakip na iyon ng̃ pagcatanhaling tapát, at ang únang guinawâ niyá'y ang huwag paniwalâan ang sumbóng ng̃ cura.

—¡Bah! ¡iya'y mgã caul-ulan lamang ng̃ curipot na fraile!—anyá, at ipinag-utos na alpasán ang babae, at sino ma'y huwag ng̃ makialam ng̃ bagay na iyon.

—¡Cung ibig niyáng másumpong ang sa canyá'y nawalâ—ang idinugtong—hingĩn niya sa canyáng San Antonio ó magsacdál cayà siya sa nuncio! ¡Iyan!

Dahil sa mangyaring ito, si Sisa'y pinalayas sa cuartel na halos ipinagtutulacan, sa pagca't aayaw siyang cumílos.

Nang mákita ni Sisang siya'y sumasaguitna ng̃daan lumacad na siyáng dî alam ang guinágawa, at tumúngõ sa canyang báhay, nagmámadalî, walang anó mang takip ang úlo at ang tinititiga'y ang maláyong tan-awin. Nagniningãs ang araw sa taluctóc ng̃ langĩt at walang anó mang alapaap na nacacucublí sa maningníng niyang cabilugan; bahagyâ na pinagágalaw ng̃hangĩn ang dáhon ng mgã cahoy; hálos tuyô na ang mgã daan; waláng mangãhas cahi't isang ibon man lamang na iwan ang lilim ng̃mgã sangã.

Sa cawacasa'y dumating din si Sisa sa canyang maliit na bahay. Pumásoc siyá roong pipí, hindî umiimic, nilibot ang cabahayan, umalís, nagpalacadlacad sa magcabicabila. Tumacbó, pagcatapos sa bahay ni matandang Tasio, tumáwag sa pintuan; ngũni't walâ roon ang matandà. Bumalic sa canyáng báhay ang culang palad at nagpasimulâ ng̃ pagtáwag ng̃ pasigáw: ¡Basilio! ¡Crispín! at maya't maya'y humihinto at nakikinig ng̃ mainam. Inuulit ng̃ alingãngãw ang canyáng voces: ang matimyas na lagaslas ng̃tubig sa calapit na ílog, ang música ng̃mgã dahon ng̃mgã cawayan; itó ang tangĩng mgã voces ng̃pag-iisa. Mulíng tumatawag, umaacyá't sa isáng mataas na lúpa, lumulusong sa isang bangĩn, nananaog sa ilog; nagpapalíngãplingãp ang canyáng mgã matáng may anyóng mabangĩs; ang mgã matá ring iyo'y manacanacang nag-aalab ng̃ mainam, pagcatapos ay nagdídilim, tulad sa langĩt cung gabíng sumísigwa: masasabing namímisic ang liwanag ng̃pag-iísip at malapit ng̃magdilím.

¡Nasirà ang isip ni Sisa! ¡Higuít ang calungcutan ng̃canyang hinibíc-hibíc cay sa capanglaw-panglawang náririnig na mgã daíng cung gabíng ngĩtngĩt ng̃dilím at umaatungãl ang lacás ng̃unós!

Mulíng pumanhíc sa canyáng maliit na báhay, naupô sa baníg na caniláng hinig-án ng̃ nagdaang gabí, itinungháy ang mgã matá at nakita niyá ang capirasong napunit sa bárò ni Basilio sa dúlo ng̃isáng cawayan ng̃dingding, na na sa tabí ng̃ bangĩn. Nagtinding, kinuha ang pilas na damit na iyon at pinagmasdan sa ínit ng̃áraw: may mgã bahid, na dugò.

Datapwa't marahil hindî nakita ni Sisa ang gayong mgã bahid, sa pagca't nanaog at ipinagpatuloy ang pagsisiyasat sa pílas, sa guitnâ ng̃nacasusunog na ínit ng̃araw, na canyáng itinataas, at sa pagca't tila mandin ang tingĩn niya'y madilím na lahát, tinitigan niyá ng̃paharap ang araw ng̃dilát na dilát.

Nagpatúloy rin siya ng̃pagpapalacadlacad sa magcabicabilá, na sumísigaw ó umaatungãl ng̃cacaibang tunóg; marahil siya'y catatacutan cung sa canya'y may macarinig; may isáng tínig ang canyáng voces na hindî caraniwang

manggaling sa lalamunan ng̃ táo. Sa boong gabí, pagca umaatungãl ang unós, at lumilipad ang hangĩn ng̃ calaguimlaguim na catulinan, at ipinagtatabuyan ng canyáng hindî nakikitang mgã pacpac ang isáng hucbóng mgã aninong sa canyá'y humahagad, cung sacali't cayo'y na sa isáng báhay na guibâ at nag-íisa, at nacacarinig cayó ng̃ mgã cacaibang daing, mgã cacaibang buntóng-hiningãng ipinalálagay ninyóng yaó'y ang hilahis ng̃ hihip ng̃ hangĩn sa pagtámà sa matataas na mgã torre ó siráng mgã pader, datapuwa't sa inyó'y pumupuspos ng tacot at sa inyó'y nagpapakilabot na hindî ninyó mapiguilan; talastasin ngã ninyóng higuit ang lungcót ng̃ tínig ng̃ ináng iyón, cay sa hindî mapaglírip na mgã hibíc sa mgã gabíng madilím pagcâ umaatungãl ang unós.

Sa gayóng calagaya'y inábot si Sisa ng̃ gabí. Pinagcalooban siyá marahil ng Lángĩt ng̃ iláng horas na pagcacatulog, at samantalang siya'y nahihimbing, hinilahihisan ng̃ pacpác ng̃ isang ángel ang namumutlâ niyáng mukhâ, upang macatcát sa canyá ang alaala, na waláng ibáng tinátaglay cung dî pawang capighatîan; marahil hindî cásiyang macáya ng̃ mahinang lacás ng̃ táo ang gayóng caraming mgã pagcacasákit, caya't ng̃ magcágayo'y na mag-itan marahil ang Inang-Talagá ng̃ Dios na tagláy ang canyang matimyás na pangpagaang ng hírap, ang pagcalimot; datapuwat sa papaano man, ang catotohana'y ng kinabucasan, si Sisa'y nagpapalacádlácad na nacangĩtî, nag-aawit ó cung hindî nakikipag-usap sa lahát ng̃ mgã may búhay na kinapál.

Decorative motif

---

Decorative motif

# XXII.

## MANGA ILAW AT MGA DILIM

Nacaraan ang tatlóng áraw mulâ ng̃ mangyari ang mgã bagay na aming sinaysay. Guinamit ng̃ bayan ng̃ San Diego ang tatlong araw na ito, na casama ang mgã gabí sa paghahanda ng̃ fiesta at sa mgã salitaan, casabay ang mgã pag-uupasálà.

Samantalang caniláng nilalasap-lasap na ang mgã mangyayaring mgã casayahan, pinipintasan ng̃ ibá ang gobernadorcillo, ang ibá namá'y ang teniente mayor, at ang ibá'y ang mgã batà, at hindî nawawalan ng̃ binibigyang casalanan ng̃ lahát ang lahát.

Pinag-uusap-usapan ang pagdating ni María Clara, na casama ng̃ tía Isabel. Sila'y nangãtutúwâ sa gayong pagdatíng, palibhasa'y caniláng kinalúlugdan siyá, at casabáy ng̃ caniláng malaking pangguiguilalás sa canyáng cagandahan, ang canilá namáng pagtatacá sa mgã pagbabagobago ng̃ caugalian ni pári Salví. —"Madalás na siyá'y natitigagal at anaki'y nakalilimot samantalang nagmimisa; hindi na lubháng nakikipagsalitaan sa amin, at kitangkita ang canyang pagyayat at ang canyáng pagcawaláng catiwasayan ng̃ loob,"—ang sabihan ng̃ mgã nagcucumpisal sa canyá. Namamasid ng̃ "cocinerong" siya'y namamayat ng namamayat, at dumaraing ng̃ dî pagpapaunlac sa canyáng mgã inilulutong pagcain. Ng̃uni't ang lalong nacapagpapaalab ng̃ mgã bulong-bulungã'y ang canilang namamasdang mahiguít sa dalawáng ilaw sa convento cung gabí, samantalang si párì Salví'y dumadalaw sa isang bahay ng̃ mámamayan ... ¡sa báhay ni María Clara! ¡Nangãgcucruz ang mgã mápagbanal, ng̃uni't ipinatutuloy nila ang pagbubulong-bulungãn.

Tumelégrama si Juan Crisóstomo Ibarra buhat sa pang̃ulong bayan ng lalawigan, na bumabati siyá cay tía Isabel at sa pamangkin nito; ng̃uni't hindî ipinaliliwanag cung bakit walâ siyá roon. Ang acálà ng̃ marami siya'y nabibilango dahil sa ginawâ niya cay parì Salví ng̃ hapon ng̃ araw ng̃ "Todos los Santos".

Datapuwa't lalò ng̃ lumakí ang mgã usap-usapan ng̃ makita nila ng̃ hapon ng̃ icatlóng araw na lumúlunsad si Ibarra sa isang coche, sa harapan ng̃ munting

bahay na tinitirahan ng̃ dalagang canyang maguiguing asawa, at bumabati ng boong pitagan sa fraile, na tumutung̃o rin sa bahay na iyón.

Sino ma'y walang nacacagunitâ cay Sisa at sa canyang mg̃a anac.

Cung pumaroon tayo ng̃ayón sa bahay ni María Clara, isang magandang púgad na na sa guitna ng̃ mg̃a dalandan at ilang-ilang, mararatnan pa natin ang binata't dalagang capuwâ nacasung̃aw sa isang bintana sa dacong dagatan. Lumililim sa bintanang iyon ang mg̃a bulaclac at mg̃a halamang gumagapang sa mg̃a cawayan at sa mg̃a cawad, na pawang nang̃agsasabog ng̃ pihícang bang̃o.

Bumubulong ang canilang mg̃a labi ng̃ mg̃a salitang higuit ang cagandahang dingguín cay sa halishísan ng̃ mg̃a damó, at lalong mahalimuyac cay sa hang̃ing may taglay na bang̃ong handog ng̃ mg̃a bulaclac halamanan.

Sinasamantala ng̃ mg̃a "sirena" sa dagatan ang pag-aagaw-dilím ng̃ oras na iyon ng̃ matúling pagtatakíp-sílim ng̃ hapon, upang isung̃aw sa ibabaw ng̃ mg̃a alon ang canilang masasayáng maliliit na úlo at pangguilalasan at bumatì ng̃ canilang mg̃a awit sa araw na naghihing̃alô. Mg̃a azúl daw ang canilang mg̃a mata at ang canilang mg̃a buhóc; na sila'y may mg̃a pútong na coronang halaman sa tubig na may mg̃a bulaclac na mapuputi't mapupula; manacanacâ raw ipinamamalas ng̃ mg̃a bulâ ang canilang parang linalic na catawang higuit sa bulâ ang caputian at cung ganap ng̃ gabi'y canilang pinasisimulaan ang canilang mg̃a calugodlugod na paglalarô, at canilang ipinarírinig ang mg̃a tinig na talinghagang tulad sa mg̃a arpa sa lang̃it; sa bihanan din namang ...; ng̃uni't pagbalican natin ang ating mg̃a kinabataan pakinggan natin ang wacas ng̃ canilang salitaan. Sinasabi ni Ibarra cay María Clara:

—Búcas, bago magbucáng liwayway, magáganap ang hang̃ad mo. Iháhandâ cong lahát ng̃ayóng gabí at ng̃ huwag magculang ng̃ anó man.

—Cung gayó'y susulat acó sa aking mg̃a caibigang babae at ng̃ mang̃agsiparito. ¡Gawín mo ang bagay na itó sa isang parang howag sanang macasunód ang cura!

—At ¿bakit?

—Sa pagca't tila mandin acó'y binábantayan niyá. Nacasásamâ sa ákin ang canyáng mg̃a matang malalálim at malulungcót, pagca itinititig niya sa akin ay acó'y natatacot. Pagcâ acó'y kinacausap niyá, siya'y may isáng voces na ... sinasabi sa akin ang mg̃a bagay na totoong cacaiba, na hindî mapaglirip, na totoong cacatuwâ ... minsa'y itínanóng niya sa akin cung hindî co nananag-ínip

ng̃tungcól sa mgã súlat ng̃nanay; sa aking acala'y halos nasisíra ang canyang baít. Sinasabi sa akin ng̃caibigan cong si Sinang at saca ni Andeng na aking capatíd sa gatas, na siya'y may pagcaculang-culang ang ísip. ¡Gawín mo sana ng̃ paraang siya'y howag pumarito!

—Hindî maaaring siya'y hindî natin anyayahan—ang sagot ni Ibarrang nag-iisip-ísip.—Catungculang atang ito ng̃caugalian ng̃bayan; siya'y nasa bahay mo at bucod sa rito'y nag-ugaling mahal siya sa akin. Nag magtanóng sa canya ang Alcalde tungcól sa bagay na sinabi co na sa iyó, walang sinabi siya cung dî pawáng mgã pagpuri sa akin, at hindi nag-acalang maglagay ng̃cahit caunting hadlang man lamang. Ng̃uni't namamasid cong icaw ay namúmuhî; howag cang manimdím at hindî macasasama siya sa atin sa bangcâ.

Narinig ang marahang lacad; yao'y ang curang lumalapit na taglay ang ng̃iting pilit.

—¡Maguinaw ang hang̃in!—anyá;—pagcâ nacacáhaguíp ng̃isáng sipón, ay hindî bumíbitiw cung dî dumatíng ang tag-ínit. ¿Hindî ba cayó nangãngãnib na baca cayó'y malamigan?

Nangãngãtal ang voces niyá at sa maláyò ang canyáng tanáw: hindî siyá tumiting̃in sa binata't dalága.

—¡Tumbalíc; ang pakiramdám namin ay caayaaya ang gabi at masarap ang háng̃in. Itó ang pinacá "otoño" at "primavera"[256] namin, nanlálaglag ang iláng mgã dahon, datapuwa't laguing sumisilang ang mgã bulaclac.

Nagbuntóng hiningã si párì Salví.

—Ipinalálagay cong carikitdikitan ang pagcacálangcap ng̃ dalawáng bahaguing itó ng̃taóng hindî nangguíguitnâ, ang "invierno" (tagguinaw)—ang ipinagpatuloy ni Ibara.—Sisilang, pagdating ng̃Febrero, ang mgã bagong sangã ng̃ mgã cahoy at pagdating ng̃ Marzo'y may mgã bungãng hinog na tayo. Pagdating ng̃mgã buwang tag-init ay paparoon cami sa ibang daco.

Ng̃umitî si Fray Salví. Nagpasimulâ sila ng̃pagsasalitaan ng̃mgã bagay-bagay na walang cabuluhan, ng̃nauucol sa panahón, sa bayan at sa dárating na fiesta; humanap si María Clara ng̃dahilán at umalís.

—At yamang mgã fiesta ang ating mgã pinag-uusapan, itulot pô ninyóng cayo'y anyayahan co sa gagawin namin búcas. Ito'y isáng fiestang búkid na aming iaalay sa aming mgã caibigan at iniaalay namán nilá sa amin.

—At ¿saan pô ba gagawin?

—Ibig ng̃mg̃ã cabataang gawín sa bátis sa umaagos sa malapit ditong gubat at na sa tabi ng̃ balítì: cayâ magbangõn tayo ng̃ maaga at ng̃ huwag táyong abútin ng̃áraw.

Nag-ísip-ísip ang fraile, at dî nalaon at sumagót:

—Mápanucsong totoo ang anyáya at aco'y napahihinuhod, upang sa inyo'y patotohanang hindî po acó nagtátanim sa inyó. Datapuwa't kinakailangãng dumaló roon pagcatapos na aking maganáp ang aking mgã catungculan. ¡Cayó'y mapálad, sa pagca't may calayâan, lubos na may calayâan!

Nang macaraan ang iláng sandalî ay nagpaalam si Ibarra upang pangãsiwâan ang paghahandâ ng̃fiesta sa kinabucasan. Madilím na ang gabí.

Lumapit sa canyá sa daan ang isáng sa canya'y naghandóg ng̃ boong paggálang.

—¿Sino pô bâ cayó?—ang sa canya'y tanóng ni Ibarra.

—Hindî pô ninyó alam, guinoo, ang aking pangãlan,—ang sagót ng̃hindî kilalá.—Dalawáng áraw na pong hinihintay co cayó.

—¿At bakit?

—Sa pagca't sa alin mang daco'y hindî acó kinahahabagán, palibhasa'y acó raw po'y tulisán, guinoo ¡Datapuwa't nawalan acó ng̃mgã anác, sirâ ang isip ng aking asawâ, at ang sabihan ng̃lahát ay carapatdapat acó sa nangyayarî sa akin!

Madaling pinagmasdán ni Ibarra ang taong iyón, at tumanóng:

—¿At anó bâ ang íbig ninyó ngãyon?

—¡Ipagmacaáwa co po sa inyó ang aking asawa at ang aking mgã anác!

—Hindî acó macatiguil,—ang sagot ni Ibarra. Cung íbig po ninyóng sumunód sa akin, habang tayo'y lumalacad ay masasabi ninyó ang sa inyó'y nangyayari.

Napasalamat ang tao at pagdaca'y nangãwalâ silá sa guitnâ ng̃cadilimán ng mgã daang bahagyâ na may ílaw.

Decorative motif

Decorative motif

# XXIII.

## ANG PANGIGISDA

Numíningning pa ang mg̃a bituin sa lang̃ĩt "zafir",[257] at nang̃agugulaylay pa ang mg̃a ibon sa mg̃a sang̃ã ng̃cahoy, ay nang̃aglilibot na sa mg̃a lansang̃an ng̃bayang ang tung̃õ'y sa dagatan, ang isang masayáng cawang naliliwanagan ng nacagagálac na liwanag ng̃mg̃a huepe.

Silá'y limáng mg̃a batang dalagang nang̃ãgmámadalî ng̃ paglacad, na nagcacacapitcapit ó nacayacap cayá sa bayawang ng̃calapít, na iláng matandang babae ang sumúsunod at saca iláng mg̃a babaeng alilang sunong ng calugodlugod na anyô ang mg̃a bácol na punô ng̃mg̃a báon; mg̃a pinggán at iba pa. Pagcakita sa caniláng mg̃a mukháng ang cabatáa'y tumatawa at ang pag ása'y maníningning; sa panonood ng̃linipadlipad ng̃caniláng malalagò't maiitim na buhóc at malalapad na cunót ng̃canilang mg̃a damít, marahil ipalagáy nating silá'y mg̃a diosa ng̃gabí, cung dî sana talastás nating silá'y si María Clara na casama ang canyáng ápat na caibigan: ang masayáng si Sinang na canyáng pinsan, ang hindî makíbuing si Victoria, ang magandáng si Iday at ang mahinhing si Neneng na matimtiman at kimî ang cagandahan.

Nang̃ãgsasalitaan ng̃ boong ligaya, nang̃ãgtatawanan, nang̃ãgcucurutan, nang̃ãg-aanasan at pacatapos naghahalakhacan.

—¡Guiguising̃ĩn ninyó ang taong natutulog pa!—ang ipinagwiwicà sa canilá ni tía Isabel;—ng̃cabataan namin ay hindî camí nagcacaing̃ãy ng̃ganyán.

—¡Marahil hindî namán cayó gumiguising ng̃ maagang gaya namin, at marahil hindî namán nápacamatuluguín ang mg̃a matatanda!—ang panagót ng maliit na si Sinang.

Sandaling hindî silá nang̃ãgsásalitâ, pinagpipilitan cayâ nilang magsalitâ ng marahahan; ng̃ũni't hindî nalalao't nang̃ãcalilimot, nang̃ãgtatawanan, at pinúpunô ang daan ng̃caniláng mg̃a bátà at sariwang tínig.

—Conowarì magtampó ca; huwág mo siyáng causapin!—ang sabi ni Sinang cay María Clara;—cagalitan mo siyá at ng̃huwág mamihasa sa casam-an ng̃ásal.

—¡Howag mo pacahigpít namán!—ani Iday,

—¡Magmahigpít ca, howag cang haling! Dapat magmasunurin ang nangĩngĩbig samantalang nangĩngĩbig; sa pagca't cung asawa na'y gagawin ang bawa't maibigan niya!—ang hatol ng̃ maliit na si Sinang.

—¿Anó ang kinalaman mo niyan, bátà?—ang ipinagwíca ng̃ canyáng pinsang si Victoria.

—¡Ssst! ¡huwag cayóng maingãy at dumarating silá!

Dumarating ng̃â namán ang isáng pulutóng ng̃ mg̃a binatang nangãgtátanglaw ng̃ sigsig. Nangãgsisilacad siláng hindî umíimic na tinutugtugan ng̃ isáng guitarra.

—¡Tila guitarra ng̃ pulubi!—ani Sinang na nagtatawa.

Nang mag ábot na ang dalawáng pulutóng, ang mg̃a babae ay siyáng nag-anyóng hindî makibuin at matimtiman, na pára manding hindî pa silá nacacapag-aral na tumawa; tumbalíc, ang mg̃a lalaki namán ang nangãgsasalitâ, nangãgsisingĩtî at tumátanong ng̃ macaanim upang magtamó ng̃ isáng casagutan.

—¿Tahímic bagá cayâ ang dagâtan? ¿Inaacála bagá ninyóng magcacaroon tayo ng̃ mabuting panahón?—ang tanóng ng̃ mg̃a iná.

—¡Huwág pô sana cayóng maligalig, mg̃a guinoong babae, mabuti acóng lumang̃õy!—ang sagót namán ng̃ isáng binátang payát at matangcád.

—¡Dápat sanang tayo'y nagsimbá múna!—ang buntóng-hining̃ã ni tía Isabel na pinagduduop ang camáy.

—Nasasapanahón pa, guinoong babae: si Albinong ng̃ panahón niyá'y naguing "seminarista," macapagmimisa sa bangcâ,—ang isinagót ng̃ isá, na itinuturò ang binatang payát at matangcád.

Si Albinong may pagmumukháng palabirô, ng̃ márinig na siyá'y binábangguit, nag-anyóng mapanglaw at banál, na anó pa't guinágagad niyá si párì Salví.

Bagá ma't hindî nililimot ni Ibarra ang cahinhinán, nakikisalamuhà siyá sa casayahan ng̃ canyáng mg̃a casamahán.

Pagdatíng nilá sa pasígan, hindî sinásadyá'y tumácas sa mg̃a lábi ng̃ mg̃a babae ang mg̃a sigáw ng̃ pagtatacá at catowâan. Doo'y caniláng nakita ang dalawáng bangcáng nagcacácabit, na mainam ang pagcacágayac ng̃ mg̃a

pinagtuhóg-túhog na mgã bulaclác at mgã dahon, casama ng̃ mgã sarisaring cúlay na mgã damít na pinacumbô: nacasabit sa bagong lagáy na bubóng ng sasacyáng iyón ang mgã maliliit na farol na papel, na may mgã casal-ít na mgã rosas at mgã clavel, mgã bungãng halamang gáya ng̃ pinyá, casúy, saguing, bayabas, lanzones at ibá pa. Dinalá roón ni Ibarra ang canyáng alfombra, mgã maririkit na panábing at mgã cogín at ang lahát ng̃ itó'y siyáng guinawang upuang maguinháwa ng̃ mgã babae. Napapamutihan din ang mgã tikín at mgã sagwán. Sa isáng bangcáng lalong marikit ang pagcacágayac ay may isáng arpa, mgã guitarra, mgã acordeón at isáng sungãy ng̃ calabaw; sa isáng bangcâ nama'y nagniningãs ang mgã caláng lúpà at doo'y iniháhandâ ang chá, café at salabát na gágawing agáhan.

—¡Dito ang mgã babae, diyán ang mgã lalaki!—ang sabi ng̃ mgã iná paglulan nilá sa bangcâ.—¡Mangãtali cayó! ¡Howag sana cayóng lubháng magaláw at málulubog tayo!

—¡Mangãgcruz muna cayó!—ang sabi ni tía Isabel na nagcucruz.

—¿At tayo ba'y mangãg-íisa lamang dito?—ang tanóng ni Sínang, na pinasásama ang mukhâ—¿Tayo ba lamang ...? ¡Aráy!

Ang cadahilanan ng̃ "¡aráy!" na itó'y gawâ ng̃ isáng curót na sa capanahuna'y ibinigáy cay Sínang ng̃ canyáng iná.

Lumálayong untîuntî ang mgã bangcâ sa pasigan at naaanino ang iláw ng mgã farol sa salamín ng̃ dagatang waláng caalon-alon. Sa silangãna'y sumusungãw ang mgã unang cúlay ng̃ liwayway.

Naghaharì ang malakíng catahimican; ang mgã binata't dalagang nagcacabucod-bucod, ayon sa calooban ng̃ mgã ina'y tila nangãggugunamgunam.

—¡Mag-ingãt ca!—ani Albinong seminarista ng̃ sabing malacás sa isáng capuwà binátà;—yapacan mong magaling ang mgã bunót na pangsicsíc na na sa ilalim ng̃ iyóng paa.

—¿Bakit?

—Sa pagca't maaaring mabunglós at pumasoc ang túbig; maraming bútas ang bangcáng itó.

—¡Ay, at tayo'y lumúlubog!—ang sigawan ng̃ mgã babaeng malakí ang gulat.

—¡Huwág cayóng mabahála, mgã guinoong babae!—ang pangpayapang sa canila'y sinabi ng̃seminarista. Ang bangcáng iyá'y hindî maáano; waláng bûtas cung dî lílima lamang, na hindî naman totoong malalakí.

—¡Limáng bútas! ¡Jesús! ¿At ibig ba ninyóng lunurin camí?—ang sigawan ng̃mgã babaeng nangãtatacot.

—¡Walâ pô namán cung dî lílima, mgã guinoong babae, at ganyán calaki lamang!—ang patibay na sabi ng̃seminarista, at sa canilá'y itinuturo ang maliit na bílog na gawâ ng̃canyang hinlalakí at hintutúró na pinaghúhugpong ang capuwâ dulo. Yapácan ninyóng mabuti ang bunót na sicsíc at ng̃ hindî mabunglós.

—¡Dios co! ¡María Santísima! ¡Pumapasoc na ang tubig!—ang sigaw ng isáng matandáng babaeng ang pakiramdam niya'y nabábasâ na siyá.

Nagcaroon ng̃caunting caguluhan, ang iba'y tumitil-î, ang ibá namá'y íbig lumucsó sa túbig.

—¡Yapácan ninyóng magaling ang bunót diyan!—ang patuloy na sigáw ni Albino, at canyang itinuturò ang dácong kinalalagyán ng̃mgã dalaga.

—¿Saan? ¿saan? ¡Dios! ¡Hindî namin nalalaman! ¡Parang áwa na ninyó, cayo'y pumarini't hindî namin nalalaman!—ang pamanhíc ng̃matatacutíng mgã babae.

Kinailangãng lumipat ang iláng bagongtáo sa cabiláng bangcâ upang papanataguin ang loob ng̃mgã natatacot na mgã iná. ¡Laking pagcacátaon! Tila mandin may isáng pangãnib sa tabí ng̃ bawa't dalaga. Walâ cahi't isáng nacapagbibigay pangãnib na bútas sa tabí ng̃lahat ng̃matatandang babae. ¡At lalo pa manding malakíng pagcacátaon! Umupô si Ibarra sa tabí ni María Clara; naupo si Albino sa tabi ni Victoria at ibá pa. Mulíng naghárì ang catahimican sa cabilugan ng̃mapag-ingãt na mgã iná. Datapuwa't hindî sa limpî ng̃mgã dalaga.

Sa pagca't hindî gumágalaw ng̃ camuntî man lamang ang tubig, hindî nálalayô ang mgã baclád at sacâ totoo pang maaga, pinagcayarîang bitiwan ang mgã gaod at mangãg-agáhan ang lahat. Pinatay ang ílaw ng̃mgã farol, sapagca't nililiwanagan na ang alang-alang ng̃liwaywáy.

—¡Waláng casinggalíng ng̃ salabát cung inumín cung umaga bago magsimbá!—ani capitana Tikâ na iná ng̃masayáng si Sinang;—uminom pô cayó ng̃ salabát na may cahalong puto, Albino, at makikita ninyóng hangang sa sisipaguin pa cayóng magdasál.

—Iyán ngã pô ang guinagawâ co—ang sagot naman nito;—caya't ibig co na tulóy magcumpisál.

—¡Huwag!—ani Sinang,—uminôm cayó ng̃ caféng nacapagpápasayá ng calooban.

—Ngãyón din, sa pagca't ganacacaramdam na acó ng̃calungcutan.

—¡Huwag cayóng uminòm niyán—ang paalaala ni tía Isabel;—uminóm cayó ng̃chá at cumain cayó ng̃galletas; nacapagpapatahímic daw ng̃ísip ang chá.

—¡Iinom din acó ng̃ chá at cacain acó ng̃ galletas!—ang sagót ng mapagbigay loob na seminarista—ang cabutiha'y hindî catolicismo ang alín man sa mgã inumíng iyán.

—Ngũni't ¿mangyayari ba ninyóng ...? ang tanóng ni Victoria.

—¿Cung macaíinóm namán acó ng̃chocolate? ¡Mangyayari rin! Huwag lámang na mapacalaon bago mananghalîan....

Maganda ang umaga: nagpapasimulâ na ng̃pagtinggád ang túbig, at sa liwanag na nanggagaling sa langĩt at sa sinag na sa tubig nagmúmulâ, ang nangyayari'y isáng caliwanagang tumátanglaw sa mgã bagaybagay, na halos hindî nagcacaanino, isáng maningning at malamíg na liwanag, na nahahaluan ng mgã culay na ating napagwawari sa mgã tangĩng pintura tungcol sa dagat.

Hálos nangãgagalac ang lahát, sinasanghod nilá ang mahínang amíhang untîunting napupucaw; sampóng ang mgã ináng puspós sa paninimdim at mgã pagpapaalaala'y nangãgtatawanan at nangãgbìbiruan silasilá.

—¿Natátandaan mo bâ? anang isá cay capitana Ticâ—¿natátandaan mo bâ ng̃tayo'y nangãliligo sa ilog ng̃panahóng dalaga pa tayo? Di caguinsaguinsa'y dumárating na dalá ng̃agos ang malilit na bancang úpac ng̃saguing, na may lúlang iba't ibang bungãng halámang nangãsasalansan sa ibabaw ng̃ mgã mababangõng bulaclac. Bawa't isa sa mgã bangcâ ay may maliliit na banderang kinasusulatan ng̃ating canicanyang pangãlan....

—¿At cung bumábalic na tayo sa báhay?—ang isinalabat namán ng̃isá, na hindî nagpabayang macatapos ang nagsásalitâ; náraratnan nating wasác ang mgã tuláy na cawayan, at pagcacagayo'y napipilitan táyong tumawíd sa ílat ... ¡ang mgã tampalasan!

—¡Siya ngã̂—ani capitana Ticâ;—datapuwa't iniibig co pang mabasâ ang

laylayan ng̃aking sáya cay sa ipakita ang aking paa: nalalaman co ng̃may mgã matáng nagmámasid na nagtatago sa mgã damuhán sa pampáng.

Nangãgkikindatan at nangãgngĩngĩtîan ang mgã dalagang nacacárinig ng mgã bagay na ito: hindî pumapansin ang mgã ibá, sa pagca't may saríli namán siláng mgã pinag-uusapan.

Isá lámang táo, ang gumáganap ng̃pagcapiloto, ang nananatili sa hindî pag-imíc at hindî nakikisama sa gayóng mgã pagcacatuwâ. Siya'y isáng binatang napagkikilalang malacás sa canyáng pangãngãtawan, mgã camay at paa, at may pagmumukháng nacacaakit ng̃pagmamasid dahil, sa canyáng mapanglaw na malalakíng mata at mainam na tabas ng̃canyang mgã labì. Nahuhulog sa canyang malusóg na líig ang canyang mgã buhóc na maiitim, mahahaba at hindî inaalagaan; napagwawarì sa mgã cunót ng̃canyang itimang barong damít na magaspang ang canyang macapangyarihang mgã casucasuang sumapi sa canyang maugat at lilís na mgã bísig upang magamit na parang isang balahìbong ibon lamang ang malapad at pagcálakilaking sagwang canyáng itinítimon upang mapatnugutan ang dalawáng bangcâ.

Hindî miminsang nasubucan ang táong itó ni María Clarang siyá'y pinagmámasdan: cung nagcacágayo'y dalidaling tumítingĩn siyá sa ibáng dáco at tumátanaw sa maláyò, sa bundóc, sa pampáng. Nahabág ang dalaga sa canyáng pag-íisa, cayá't cumúha ng̃iláng galleta at sacá inialay. Tiningnán siyá ng pilotong wari'y nagtátaca; ngũni't sandalíng sandalî lámang tumagál ang gayóng tingĩn: nuha ng̃isáng galleta, at napasalamat sa maiclíng salitâ na bahagyâ na mawatasan sa cahinâan ng̃voces.

At sino ma'y hindî na mulíng naalaala siyá. Hindî nacapagpapacunót ng̃alín mang bahagui ng̃canyáng mukhâ ang masasayáng tawanan at mgã birûan ng mgã binata't dalaga; hindî nacapagpapangĩtî sa canyáng matatawaníng si Sínang, na napipilitang sumandalíng icucót ang kílay cung tumátanggap ng̃mgã curót, upang manag-úlì sa dating casayahan.

Ipinagpatuloy ang caniláng pagparoon sa mgã baclád, pagcatapos na macapagagahan.

Dalawá ang baclád na iyóng nátatayô sa catatagáng pagcacáalayô, at capuwâ pag-aarî ni capitang Tiago. Natatanaw buhat sa maláyò ang iláng tagác na nacadápò sa ibabaw ng̃mgã dúlo ng̃mgã cawayang tólos, na ang anyó'y nagsisipanood, samantalang nangãgliliparang ang tungõ'y sa iba't ibáng dáco ang mgã "kalaway" na hinihilahisan ng̃caniláng mgã pacpác ang dacong ibabaw ng dagatan at pinúpuspos ang impapawid ng̃caniláng mgã húning nanunuot sa

taingã.

Sinundán ng̃tingĩn ni María Clara ang mgã tagác, na ng̃málapit ang bangcâ ay nagliparang ang tungõ'y sa calapít na bundóc.

—¿Nangãgpupugad ba ang mgã ibóng iyan sa bundóc? ang tanóng ni María Clara sa piloto.

—Marahil pô, guinoo,—ang isinagót—ngũni't sino ma'y walâ pang nacacakita ng̃mgã pugad na iyan.

—¿Walâ bang pugad ang mgã ibong iyan?

—Inacalà cong silá'y may pugád, sa pagca't cung hindî totoong culang-pálad silá.

Nahiwatigan nî María Clara ang malungcót na pangũngũsap ng̃piloto ng̃ gayóng mgã salitâ.

—¿Cung gayo'y paano?

—Hindî raw, po, guinoo, nakikita ang mgã pugad ng̃mgã ibong iyan, at taglay namán ang bísà na huwag makita ang may dalá ng̃púgad ng̃"calaway", at túlad sa cálolowang hindî nakikita cung dî sa makínis na salamín ng̃mgã matá; gayon din namáng hindî nakíkita ang mgã púgad na iyan cung hindî lamang sa salamín ng̃tubig.

Nag-anyóng nag-iísip-isip si María Clara.

Samantala'y dumating silá sa bangcâ; itinálì ng̃matandang bangkero ang mgã sasacyan sa isang tolos na cawayan.

—¡Hintay muna!—ani tía Isabel sa anác na lalaki ng̃matandang talagang aacyat na sanang dalá ang panáloc,—kinacailangãng mahandâ muna ang sinigáng at ng̃tulóy-tulóy sa sabáw ang mgã isdâ panggagaling sa tubig.

—¡Mabaít na tía Isabel!—ang bigláng sinabi ng̃seminarista;—aayaw na susumandalî ma'y damdamín ng̃isdâ ang pagcáhiwalay sa tubig.

Balitang magalíng na maglútò, baga ma't may malínis na mukhâ, si Andeng na capatid sa gatas ni María Clara. Naghanda ng̃húgas-bigas, mgã camatis at camìas, at tinutulungãn ó inaabala caya siya ng̃iláng marahil nangãgnanais na sila'y canyang calugdán. Linilinis ng̃mgã dalaga ang mgã talbós ng̃calabaza, hiníhimay ang mgã patánì at pinapuputolputol ang mgã paayap ng̃casinghahabà ng̃cigarrillo.

Upang libangĩn ang cainipán ng̃ mgã nagmímithing makita cung paano lálabas sa canilang bilangguan ang mgã isdang buháy at nangãggagalawan, kinuha ng̃ magandang si Iday ang canyang arpa. Hindî lamang mainam tumugtóg si Iday ng̃ instrumentong itó, cung hindî bucod sa rito'y may magagandang dalírì.

Nangãgpacpacan ang mgã cabataan, hinagcán siya ni María Clara: ang arda ang siyang instrumentong lalong tinútugtog sa lalawigang iyon at siyang nauucol sa gayóng mgã sandalî.

—¡Cantahin mo, Victoria, "Ang canción ng̃ Matrimonio"!—ang hiningĩ ng mgã iná.

Tumutol ang mgã lalaki, at si Victoriang may mainam na voces ay dumaíng na siya'y namamalat daw. "Ang canción ng̃ Matrimonio'y" isáng magandáng tuláng tagalog na nagsasaysay ng̃ mgã cahirapan at mgã calungcutan ng̃ matrimonio, na hindî binábangguit ang alìn man sa canyang mgã catuwaan.

Nang magcagayo'y hiningĩ niláng cumantá sí María Clara.

—Pawang malulungcot na lahát ang aking mgã "canción".

—¡Hindî cailangãn! ¡hindî cailangãn!—ang sabíhan ng̃ lahát.

Hindî na siya napapamanhic; tinangnan ang arpa, tumugtóg ng̃ isáng "preludio" ó páng̃unahin at cumantang ang voces ay mataguinting, calugodlugod nat agad ang damdamin:

¡Sa sariling Báya'y cátamistamisan
Ang lahát ng̃ horas na nangãgdaraan,
Palibhásà roo'y pawang caibigan
Ang lahát ng̃ abót ng̃ sícat ng̃ araw.
Pangbuhay na lubós, ang hangĩng amihang
Lumilipadlipad sa bundóc at parang,
Lubháng maligáya sampong camatayan
At lalong matimyás ang pagsintang tunay!

---

Nagsisipagsaya sa labing marikit
Ang ganáp sa ningãs at wagás na halík
Nang mapag-arugang iná sa pag-íbig
Cung siya'y máguising na calong sa dibdib,
Tuloy hinahanap maguiliw na bísig
Na iniyayacap sa liguid ng̃ liig
At ang mgã mata'y pagcâ tumititig
Pawang ngũmingĩtî sa galác na akit.

---

¡Yaong camataya'y catamistamisan
Pagca nahahandog sa sariling Bayang
Ang lahat ng̃abot ng̃ sinag ng̃araw
Ating cakilala't pawang caibigan:
¡Pangpatay na lubós ang háng̃ing amihan
Sa sino mang táong waláng maisaysay
Na Bayang sariling pinacamamahal,
Inang maaruga't isang casintahan!

Natápos ang voces, humintô, napipí ang arpa, at gayon ma'y nagsisipanatili sa pakikiníg; sino ma'y waláng pumalacpác. Naramdaman ng̃ mgã dalagang napúpúno ng̃lúhà ang canilang mgã matá. Tila mandín nabábagot si Ibarra at ang binatang piloto'y nacatanaw sa maláyò at hindî cumikilos.

Dî caguinsaguinsa'y nárinig ang isáng tunóg na nacabíbing̃î; sumigaw ang mgã babae at tinacpan ang canilang mgã taingã. Yao'y gawà ng̃ naguíng seminaristang si Albino, na hinihipan ng̃boong lacás ng̃canyáng lalamunan ang sungãy ng̃calabaw, na "tambúlì" cung tawaguin. Nanag-ulì ang tawanan at ang galak; ang mgã matang dating punô ng̃lúhà ay sumayá.

—Datapuwa't ¿cami ba'y bíbing̃ihin mo, hereje?—ang sigáw sa canyá ni tia Isabel.

—¡Guinoong babae!—ang sagót ng̃ naguing seminarista ng̃ boong cataimtiman;—may náring̃ig acóng sinasabing isá raw dukháng trompetero doon sa mgã pampang̃in ng̃ Rhin, na nacapag-asawa, sa isáng dalagang mahal at mayaman, dahil sa pagtugtóg ng̃trompeta lamang.

—¡Tunay ngã, ang trompetero sa Sackingen!—ang idinugtóng ni Ibarra, na hindî mangyaring dî makipanayam sa bagong casayahan.

—¿Nárinig na ninyo?—ang ipinagpatuloy ni Albino;—cayâ ngã ibig cong tingnan cung magcacaroon acó ng̃gayón ding capalaran.

At mulî na namang hinipan ng̃ lálò pa mandíng malacás ang matunóg na sungãy, at sinasadyang ilapít sa mgã taingã ng̃ mgã dalagang nagpapakita ng capanglawan. Sa gayó'y nagcaroon ngã̃ ng̃ caunting caguluhan; siya'y pinahimpíl ng̃ mgã iná sa cáhahampas ng̃ chinelas at cácucurot.

—¡Aráy! ¡aráy!—ang sinabi niya, na hinihipò ang canyang mgã bísig—¡Gaano ang láyong ikinahihiwalay ng̃ Filipinas sa mgã pampangĩn ng̃ Rhin! "¡Oh tempora! ¡oh mores!" Binibigyán ang ibá ng̃ gantíng-pálà at balabal ng cahihiyan ang ibiníbigay namán sa ibá.

Nangãgtatawanan na ang lahát sampô ni Victoria, gayón ma'y sinasabi ng may masasayáng matá na si Sinang cay María Clara ng̃ sabing marahan:

—¡Mapalad icáw! ¡Ay, acó ma'y cacanta rin cung mangyayari sána!

Sa cawacasa'y ipinagbigay alám ni Andeng, na nacahandâ na ang sabáw upang matanggáp ang doo'y ilalagay.

Nanhíc, ng̃ magcagayon, ang nagbíbinatâ ng̃ anác ng̃ mangĩngĩsdâ, sa pabahay ng̃ baclád, na na sa dácong dulong pinagtatalicupan nitó at doo'y maisusulat ang "Lasciate ogni speranza voi ch'entrate", cung marunong sana at nacacawatas ng̃ wícang italiano ang mgã culang pálad na mgã isdâ: ang pumapasoc sa canilá roo'y hindî lumálabas cung dî ng̃ mamatay. Yaó'y isáng culóng na may mgã isáng metro ang lúang, na ang pagcacaanyó'y macatítindig ang isáng táo sa itaas upang buhat doo'y mahaguíp ng̃ sáloc ang mgã isdâ at maitaas.

—¡Diyán ang tunay na hindî acó mayáyamot na mamingwit!—ang sabi ni Sinang na nangĩ̃ngĩnig sa galác.

Nangãgmámasid ng̃ dî cawásà ang lahát: nakíkinikinita na ng̃ ibáng nangãgpapalagan at naglulucsuhan ang mgã isdâ sa loob ng̃ lambát ng̃ panaloc, cumikináng ang caniláng makikintab na caliskís at iba pa. Gayón man, ng̃ isisilíd ng̃ binátà ang lambát ay waláng anó mang lumúlucsong isdâ.

—Marahil punô,—ang marahang sábi ni Albino; mahiguit ng̃ limáng araw na hindî pinapandaw.

Itinaas ng̃ mangĩngĩsdâ ang sáloc.... ¡ay! cahi't isáng isdâ man lamang ay waláng nacapamuti sa lambát; sa pagcahúlog ng̃ masaganang patác ng̃ túbig na liniliwanagan ng̃ araw ay wari'y nagtátawa ng̃ mataguintíng. Isáng "¡ah!" ng pagtatacá, ng̃ samâ ng̃ loob, ng̃ pagcabigô ang tumácas sa mgã lábì ng̃ lahát.

Inulit ng̃ binátà ang paglulubog ng̃ sáloc, at gayón din ang kináhinatnan.

—¡Hindî mo nalalaman ang iyóng hánap-búhay!—ang sa canya'y sinabi ni Albino, at umukyábit itó sa pabahay ng̃ baclád at inagaw ang sáloc sa camá'y ng binátà—¡Makikita ninyó ng̃ayón! ¡Andeng, bucsán mo na ang palayóc!

Datapuwa't si Albino ma'y hindî nacacaalam: nanatíli sa pagcawaláng lamán ang sáloc. Pinagtawanán siya ng̃ lahát.

—¡Huwág cayóng maíng̃ay at náriրinig cayó ng̃ mg̃a isdâ ay ayaw pahúli! —¡Marahil punít ang lambát na ito!

Ng̃ũni't waláng casirasirà ang lambat.

—Pabayaan mo't acó,—ang sa canya'y sinabi ni Leóng nang̃ĩng̃ĩbig cay Iday. Siniyasat na magalíng nitó ang calagayan ng̃ baclád, minasdán ang lambát, at ng̃ matantô na niyáng páwang magalíng ang calagayan ay tumanóng:

—¿Talastás ba ninyóng magaling na may limang áraw ng̃ hindî pinapandaw itó?

—¡Totoong nalalaman namin! Niyong áraw na bago mag "Todos los Santos" ang cáhulihulihang pagcápandaw nito.

—Cung gayo'y ó encantado ang dagatan ó macacahuli acó ng̃ cahí't iilán.

Inilubog sa tubig ni León ang sáloc; datapuwa't nalarawan sa mukhâ niyá ang panguiguilalas. Sandaling tiningnan niyá ng̃ waláng imíc ang calapít na bundóc at ipinagpatuloy ang pag paparoo't paríto ng̃ sáloc sa tubig: pagcatapos ay umanás na hindî inaalis sa tubig ang sáloc:

—¡Isang buaya!

—¡Isang buaya!—ang caniláng inúlit.

Nagpalipatlipat ng̃ boong tulin sa mg̃a bibig ang salitáng iyón, sa guitnà ng pagcatácot at pagcamanghâ ng̃ lahát.

—¿Anó ang sábi ninyó?—ang itinanong nilá sa canyá.

—Ang sábi co'y may isáng buayang nahuli,—ang ipinagmatigas na sabi ni León, sacâ inilubóg sa tubig ang tagdáng cawayan ng̃ sáloc, at nagpatúloy ng pagsasalitâ:

—¿Naririníg ba ninyó ang tunóg na iyán? Iya'y hindî ang buhang̃ĩn; iyán ang matigás na balát, ang licód ng̃ buaya. ¡Nakikita ba ninyó ang paggaláw ng

mgã cawáyan? Iya'y siyá na nagpupumiglás, datapuwa't siya'y nababaluctot; ¡hintay cayó ...! malakí: may isang dangcál hálos ó mahiguit pa ang lápad ng̃ canyáng catawán.

—¿Anó ang marapat gawin?—ang tanungãn.

—¡Hulihin!—ang sabi ng̃ isáng voces.

—¡Jesús! at ¿sino ang huhuli?

Sino ma'y waláng humahandóg na sumisid sa calaliman. Ang tubig ay malalim.

—¡Dapat na itáli natin siyá sa ating bangcâ at sacâ caladcarin ng̃ boong pagdiriwang!—ani Sinang.—¡Dapat bang cánin ang mgã isdáng talagáng cacanin natin!

—¡Hindî pa acó nacacakita hanggá ngãyón ng̃ isáng buayang buháy!—ang ibinulóng ni María Clara.

Nagtindig ang piloto, cumuha ng̃ isáng mahabang lúbit at malicsíng pumanhíc sa pinacabatalán ng̃ baclad. Ipinagcaloob ni Leóng ang piloto'y siyáng humalili sa canyáng kinalalagyán.

Lumucsó ang piloto sa loob ng̃ pabahay ng̃ baclád, sa guitnâ ng̃ pagtatacá at baga man nangãgsisigawan ang lahat.

—¡Dalhin po ninyó ang sundáng na itó!—ang sigáw ni Crisóstomo, at sa canya'y iniaabot ang binunot na isang malapad na sundáng na gawâ sa Toleod.

Datapuwa't napaiimbulog na ang libolibong patác, at naghílom na ang túbig ng̃ boong talinghagà.

—¡Jesús, María y José!—ang sigawan ng̃ mgã babae.—¡Magcacasacunâ tayo! ¡Jesús, María y José!

—Huwág cayóng mabahálà, mgã guinoong babae,—ang sa canila'y sinabi ng̃ matandang bangkero,—cung sa lalawiga'y may isáng macagágawâ ng ganyáng bagay, iyá'y "siyá."

—¿Anó ang pangãlan ng̃ binatang iyán?—ang itinanóng nilá.

—Tinatawag namin siyáng si "Piloto": sa mgã pilotong nakilala co'y siyá ang magalíng sa lahát; ang casam-an lámang ay hindî niyá kinaguiguiliwan ang hánap-búhay na iyán.

Ang túbig ay gumágalaw, umáalimpuyó ang túbig: tila mandin may nagbubunô sa ilalim; umuugâ ang baclád. Hindî umíimic ang lahát, pinipiguil ang paghingã. Pinípisil ni Ibarra ng̃ nangãngãtal niyang camáy ang puluhan ng matalas na sundáng.

Tila mandin ang pagbubuno'y natapos na. Sumungãw sa ibabaw ng̃ túbig ang úlo ng̃ binátà, na binátì ng̃ masayang sigawan: punóng-punô ng̃ mgã lúhà ang mgã matá ng̃ mgã babae.

Umakyat ang piloto na hawak ang dúlo ng̃ lúbid, at ng̃ na sa batalán na'y sacá hínila ang lúbid na iyón.

Lumitáw ang buaya: nacátalì ang lubid ng̃ lambal na pahilís sa líig at sa dacong buntót. Malakíng buaya iyón, na gaya na ngã ng̃ ibinalítà na ni León may mgã pintá, at sa ibabaw ng̃ canyáng licód ay may sumisibol ng̃ lúmot, na sa mgã buaya'y siyáng pinacauban cung bagá sa táo. Umaatungãl na parang vaca, hinahagkis ng̃ canyáng buntót ang mgã dinding ng̃ baclád, cumacapit doon, at ingĩnanángãngã ang canyáng maitim at cagulatgulat na bungãngã na anó pa't ipinakikita ang canyáng mahahabang mgã pangĩl.

Nag-iisa ang piloto sa paghila sa buaya sa ítaas: waláng nacacagunitang sa canyá'y tumúlong.

Nang walâ na sa túbig at ng̃ mailagáy na sa ibabaw ng̃ batalán, tinapacan ng piloto ang buaya ng̃ canyáng paa; tinícom ng̃ canyáng malacás na camáy ang pagcálalaking mgã pangã, at binantang talían ang ngũsò ng̃ matibay na gápos. Tinicmán ng̃ buaya ang hulíng pagpipiglás, ibinalantóc ang catawá't sacâ ipinálò sa batalán ang malacás niyang buntót, at pagcacawala'y sumibát at nilucsó ang dagátan, sa dacong labás ng̃ baclád, na anó pa't nacaladcad ang sa canya'y nagpapasúcò. Waláng salang mapapatay ang piloto; isáng sigáw ng panghihilacbót ang tumacas sa lahát ng̃ mgã dibdib.

Matuling tulad sa lintíc ay bigláng nahúlog sa túbig ang isáng catawán; bahagyâ na silá nagcapanahóng makitang si Ibarra iyón. Hindî hinimatáy si María Clara, sa pagca't hindî pa natututo ang mgã filipinang maghimatay.

Nakita niláng namulá ang mgã alon, nadampol ng̃ dugô ang tubig. Lumucsó sa malalim na tubigang binatang mangĩngĩsda na hawac ang canyáng gúloc, sumunód sa canyá ang canyáng amá; datapuwa't bago pa lamang nacasisisid silá'y siyáng paglutang namán ni Crisóstomo at ng̃ piloto na capuwà nacacapit sa bangcáy ng̃ buaya. Ang boong tiyang maputî nito'y baác at nacapacò sa lalamunan ang sundáng.

Hindî maisaysay ang catowâan: libolibong camáy ang sa canilá'y umabót upang iahon silá sa túbig. Nahihibang hálos ang matatandang babae at silá'y nangãgtatawanan at nangãgdárasal. Nalimutan ni Andeng na macaatlo ng sumulác ang canyáng sinigáng: nábubô ang lahát ng̃ sabáw at namatáy ang apóy. Si María Clara lámang ang hindî macapagsalitâ.

Hindî naano si Ibarra; nagcaroon ng̃ bahagyáng galos sa bisig ang piloto.

—¡Cayó ang pinagcacautangãn co ng̃ aking buhay!—ang sabi ng̃ piloto cay Ibarrang nagbabalot ng̃ mgã mantang lana at mgã "tapiz".

Ang anyó ng̃ voces ng̃ piloto'y tila mandín may pighatî.

—Totoong masúlong pô cayó sa pangãnib,—ang sa canya'y isinagot ni Ibarra;—ulî-ulî huwag pô ninyong tútucsuhín ang Dios.

—¡Cung dî ca sana nacabalíc!...ang ibinulóng ni María Clarang namumutlâ at nangãngãtal pa.

—¡Cung di sana acó nacabalíc at icáw ay sumunod sa akin,—ang isinagot ng̃ binátà, na canyáng ipinagpatuloy ang caisipán,—sa ilalim ng̃ dagata'y "mapapasama acó disin sa aking familia!"

Hindî nalilimutan ni Ibarrang doon humíhimlay ang mgã but-ó ng̃ canyang amá.

Aayaw ng̃ pumaroon ang matatandang babae sa cabilang baclád, íbig na nilang umuwî, at ang caniláng minámatuwid ay nagpasimulâ raw ng̃ masamâ ang araw, at baca may mangyaring maraming sacunâ.

—¡At ang lahát ng̃ iya'y dahil, sa hindî tayo nagsimba muna!—ang ibinubuntong hiningã ng̃ isáng matandáng babae.

—Datapuwa't ¿ano pô bang sacunâ ang nangyari sa atin, mgã guinoong babae?—ang tanóng ni Ibarra.—¡Ang buaya ang siya lamang kinulang pálad!

—At ang bagay na ito'y nagpapatotoo,—ang iniwacás ng̃ naguing seminarista,—na sa boong canyáng macasalanang buhay hindî nagsimbá cailan man ang sawing palad na buayang ito. Cailan ma'y hindî co makitang siya'y nácasama ng̃ lubháng maraming mgã buayang malimit na pasasimbahan.

Nagsiparoon ngã ang mgã bangcâ sa cabiláng baclad, at kinailangãng mulíng maghandâ si Andeng ng̃ ibáng sabáw na pagsisigangãn.

Umaaraw na; humihihip ang amihan: napupucaw at namamasag ang mgã

álon sa paliguid ng̃ buaya, at nagtátayo ng̃ "ngã bundóc ng̃ bulâ, na doo'y cumíkintab ng̃boong casaganaan sa mgã culay ang liwanag ng̃araw", ayon sa saysáy ng̃poetang si P.A. Paterno.

Muling tumunóg ang música: tumutugtog si Iday ng̃arpa, at ang mgã lalakí namá'y mgã acordeón at mgã guitarra, na humiguit cumúlang ang "afinación;" datapuwa't si Albino ang magaling tumugtóg sa lahát, sa pagca't tunay na kinacamot ang guitarra, nagcuculang sa "tono" at mayatmaya'y sumisinsay sa compás, at caguinsaguisa'y nacalilimot, caya't lumilipat sa sonatang ibang ibá sa dating tinútugtog.

Pinaroonan ang cabiláng baclád na may malaking pag-aalinlangãn; marami ang umaasang naroroon doon ang babaeng buayang asawa ng̃nápatay, ng̃uni't mápagbirô ang "Naturaleza", caya't laguing punô ng̃isda ang sáloc cailanis ma't ililitaw.

Nag-uutos si tia Isabel:

¡Mabuting isigang ang "ayung̃in"; pabayaan ninyó ang "biyâ" at ng mágawang "escabeche", ipasà ninyó ang "dalag" at ang "buwan-buwan": mahábà ang búhay ng̃dalág. Ilagay ninyó silá sa lambát at ng̃manatili silá sa túbig. ¡Ilagay ninyó ang mgã "sugpô" sa cawáli! Ucol na iíhaw ang "bánac" na may camatis sa tiyan, at nacabálot sa dáhon ng̃ságuing.

Pabayâan ninyó ang ibá at ng̃maguing pain. Hindî magalíng na pabayâang ang waláng calamánlaman ang baclád,—ang idinugtóng.

Ng̃magcágayo'y nangãg-acálà siláng lumunsád sa pampáng, sa gubat na iyón ng̃matatandang cáhoy na pag-áarì ni Ibarra. Doo'y sa lílim at sa tabí ng malínaw na bátis ay manananghalian silá sa guitnâ ng̃mgã bulaclác ó sa ilalim ng̃itatayô agad-agad na mgã palapala.

Umaalingãwngãw sa alang-alang ang música; napaimbulog ng̃ boong casayahan ang úsoc ng̃mgã caláng ang anyó'y manipís na ipoipo: umaawit ang túbig sa loob ng̃mainit na palayóc; marahil ay mgã salitáng pang-alíw sa mgã isdáng patáy, marahil ay libác at cutyâ: nagpapapihitpihit ang bangcáy ng̃buaya, cung minsa'y bigláng ipinakikita ang maputi at wacwác na tiyán, cung minsan nama'y bigláng ipinakikita ang may pintá at namemerdeng licód, ng̃uni't hindî nagugulumihanan ang táong minamahal ng̃ Naturaleza, sa gayóng caraming pagpatáy na cúsà sa mgã capatíd, ayon sa sasabihin marahil ng̃mgã "bramin" ó ng̃mgã "vegetariano."

Decorative motif

Decorative motif

# XXIV.

## SA GUBAT

Maaga, maagang maaga ng̃ magmisa si párì Salvî, at sa iláng sandali'y canyáng nilínis ang may labingdalawáng calolowang marurumí, at ang ganitóng gawa'y hindî niyá nauugalîan.

Tila mandín nawal-an ng̃ gánang cumain ang carapatdapat na cura, dahil sa pagcabasa ng̃ iláng súlat na dumatíng na may mg̃ã "sello" at mabuti ang pagcacalagay ng̃ "lacre;" sa pagca't pinabayâang lubós na lumamíg ang "chocolate."

May sakít ang párì,—ang sinasabi ng̃ "cocinero," samantalang nagháhandà ng̃ ibáng "taza" ng̃ chocolate;—mahábà ng̃ áraw na hindî cumacain, sa anim na pinggang inihahayin co sa canyá sa "mesa," waláng dalawáng pinggán ang canyáng sinásalang.

—Dahil sa hindî siyá nacacatulog ng̃ mahusay,—ang sagót ng̃ alilang lalaki;—siyá'y binabang̃ung̃õt mulâ ng̃ magbago ng̃ tinutulugan. Nalalao'y lalong nanglalalim ang canyáng mg̃ã matá, at totoong nanínilaw.

Tunay ngã namáng nacaháhabag tíngnan si párì Salví. Hindî man lamang sinalang ang pang̃ãlawáng taza ng̃ chocolate, hindî tinicmán man lamang ang mg̃ã hojaldeng Cebú; nagpaparoo't parito sa malúang na sálas at kinucuyumos ng̃ canyáng mabut-ong mg̃ã camáy ang isáng sulat na manacânacang binabasa. Hiningî, sa cawacasan, ang canyáng "coche", nag-ayos at sacâ nag-utos na siyá'y ihatîd sa gubat na kinalalagyan ng̃ nacapamámanglaw na cáhoy at sa malapit doo'y nang̃ãgcacatuwa ng̃ paglalakbay sa caparang̃ãn.

Pinaalis ni pári Salví ang "coche", pagdatíng sa lugar na iyón, at pumásoc siyang nag-íisa sa gubat.

Isáng mapangláw na landás na bahagyâ na nabucsán sa casucalan ang pinagdáraanang patung̃õ sa isáng bátis, na ang tubig na umaagos doo'y gáling sa iláng bucál ng̃ malacúcong tubig, tulad sa mg̃ã na sa taguiliran ng̃ Makíling. Mg̃ã bulaclác na cusang sumisibol na ang marami sa canila'y hindî pa napapang̃ãlanan, ang siyang pamuti ng̃ mg̃ã pangpang ng̃ batis na iyón; ng̃ũni't

marahil ay kilalá na ng̃mg̃a doradong maliliit na háyop, ng̃mg̃a paróparóng sarisarì ang lalakí, at may mg̃a cúlay na azúl at guintô, mapuputî at maiitím, sal-it sal-ít na cúlay maniningning, makikintab, may mg̃a tagláy na mg̃a rubí at mg̃a esmeralda sa caniláng mg̃a pacpác, at ng̃ mg̃a libolibong mg̃a tutubíng cumikinang ng̃tulad sa metal, at wari nasasabugan ng̃totoong mataas na guintô. Ang tunog ng̃pagaspas ng̃mg̃a maliliit na mg̃a hayop na ito, ang irit ng̃yayay na nag-iing̃ay sa araw at gabí, ang huni ng̃ibon, ó ang lagapák ng̃bulók na sang̃a ng̃cahoy na nahuhulog at nagcacasabitsabit sa lahat ng̃lugar ang siyang tang̃ing sumisirà ng̃catahimican ng̃talinghagang lugar na iyón.

Malaónlaon din siyáng nagpalacadlacad sa casucalan ng̃mg̃a gumagapang na damó, na canyáng pinang̃ing̃ilagan ang mg̃a dawag na cumacapit sa canyáng hábitong guingón na tíla mandin ibig siyáng piguilin, at pinatitisodtisod maya't mayâ ang mg̃a para ninyóng dî bihasang maglacád ng̃mg̃a ugát ng̃mg̃a cáhoy na lumálabas sa lúpà. Biglâ siyáng tumiguil: masasayáng mg̃a hálakhakan at mg̃a sariwang voces ang dumatíng sa canyáng mg̃a taing̃a, at nanggagaling ang mg̃a voces at ang mg̃a halakhakan sa bátis, at nalalao'y lálong nálalapit.

—Titingnan co cung acó'y macacásumpong ng̃isáng púgad,—ang sinásabi ng̃isáng magandá at matimyás na voces na nakikilala ng̃cura;—íbig co siyá makita na hindî "niyá" acó nakikita, íbig co siyáng sundán sa lahát ng̃dáco.

Nagtágo si párì Salví sa licód ng̃malakíng púnò ng̃isáng cáhoy at sacâ nakinig.

—¿Sa macatuwíd ay íbig mong gawín sa canyá ang sa iyó'y guinágawa ng̃ cura, na binábantayan ca saan ca man pumaroon?—ang itinugón ng̃ isáng masayáng voces.—¡Mag-ing̃ãt ca, sa pagca't nacayayayat at nacapagpapalalim ng̃mg̃a matá ang panibughô!

—Hindî, hindî panibughô; cung dî pagcaibig lámang na macaalam ng̃dî co talós!—ang isinásagot ng̃ mataguintíng na voces, samantalang, inuulit ng̃ masayá:

—¡Siya ng̃ã, panibughô, panibughô!—at humahalakhak ng̃táwa.

—Cung acó'y naninibugho, hindî acó ang hindî pakikita; ang hindî co ipakikita'y siyá, ng̃hindî siyá mámasdan nino man.

—Ng̃ũni't icáw may hindî mo siya makikita, at iya'y hindî magalíng. Ang lálong magalíng, cung macacasumpong táyo ng̃púgad, ay ating "iregalo" sa cura, at sa gayo'y canyáng mabábantayan tayo, na hindî magcacailang̃ãng siya'y

makita, ¿anóng acalà mo?

—Hindî acó naniniwalà sa mgã púgad ng̃mgã tagác—ang sagót ng̃isáng voces; ngũni't cailan ma't aco'y manibughô matututo acóng magbantay na hindî acó makikita.

—At ¿paano? ¿at paano? ¿Bakit, gaya bâ ng̃isáng Sor Escucha?

Nacapagpahakhak ng̃masayá ang gayóng alaala sa pagcacolegiala.

—¡Nalalaman mo na cung paano ang pagdayà cay Sor Escucha!

Nakita ni párì Salví, mulâ sa canyáng pinagtataguan si María Clara, si Victoria si Sinang na naglílibot sa ílog. Lumalacad ang tatlóng ang tingĩn ay sa salamín ng̃túbig at nangãgháhanap ng̃talínghágang púgad ng̃tagác: Basâ silá hangáng sa tuhod, na ano pa't nahihiwatigan sa mgã malalapad na cunót ng canilang mgã sáyang pangpalígo ang calugódlugód na húbog ng̃caniláng mgã bintî. Nacalugay ang caniláng buhóc at hubád ang caniláng mgã bísig, at natátacpan ang catawán ng̃isáng bárong may malalapad na gúhit at masasayang mgã cúlay. Samantalang nagháhanap silá ng̃isáng bágay na hindî mangyayaring masumpungãn ay namumuti tulóy silá ng̃mgã bulaclác at nangũngũha ng̃mgã gúlay sa pampáng.

Pinanonood ng̃ fraileng Acteón na namúmutlâ at hindî cumikilos ang mahinhing Dianang iyón; ang mgã matá niyáng numíningning sa madilím na hungcág na kinálalagyan ay hindî nangãpapagal ng̃pagtatacá sa mgã mapuputî at parang linalic na mgã bísig, yaóng magandang liig hanggang pa pasimulâ ng dibdíb; ang malíliit at culay rosang mgã paang nangãglálarò sa tubig, pawang pumupucaw sa abang cataohan niyá ng̃ cacaibang mgã damdamin at nagpapapanaguinip ng̃mgã bágong caisipán sa nilálagnat niyang budhî.

Sa licód ng̃isáng pag-licô sa ílat, sa guitnâ ng̃masucal na cawayanan; nangãwalâ ang mgã matitimyás na mgã dalagang iyón, at hindî na maringĩg ang caniláng malulupit na mgã parungguít. Halíng, nanglulupaypay, pigtâ ng̃pawis umalís si párì Salví sa canyáng pinagtataguan, at nagpalingãplingãp sa canyáng paliguidliguid, na ang mgã mata'y hibáng. Humintóng hindî cumikilos, nagaalinlangãn; humakbang ng̃ilán at anaki'y íbig sumunód sa mgã dalaga, ngũni't nagbalic at naglacad sa pampáng at ang ibáng mgã casama ng̃mgã dalagang iyón ang siyáng hinanap.

Nakita niya sa malayô-layô roón, sa guitnâ ng̃bátis, ang isáng wari'y paliguang magaling ang pagcacabacod, at ang pinacabubóng ay isáng malagong

cawayan; may nanggagaling doong masasayáng mgã voces ng̃ babae. Napapamutihan ang paliguang iyón ng̃ dahon ng̃ mgã niyog, mgã bulaclac at mgã bandera. Nacatanaw namán siyá sa daco pa roon ng̃ isáng tuláy na cawayan at sa dacong malayo'y mgã lalaking nangãliligo, samantalang nangãgcácagulo ang caramihang mgã alilang lalaki at mgã alílang babae sa palíbót ng̃ mgã caláng biglaan ang pagcacágawâ at nangãgsusumakit ng̃ paghihimulmol sa mgã inahíng manóc, nangãghuhugas ng̃ bigás, nag-iiháw ng̃ "lechón" at ibá pa. At doon sa cabiláng ibayo, sa isáng calinisang caniláng hináwan, sa loob ng̃ lilim ng̃ isáng palapalang caniláng bagong itinayóng ang mgã haligui'y cahoy at ang bubóng ay "lona" na" ang isang bahagui at ang isáng bahagui'y mgã dahon ng̃ malalakíng cáhoy, nangãgcacatipon ang maraming mgã lalaki't mgã babae. Doo'y naroroon ang alférez, ang coadjutor, ang gobernadorcillo, ang teniente mayor, ang maestro sa escuela at ang maraming mgã capitan at tenienteng "pasado", patí ni capitang Basiliong amá ni Sínang, na dating caaway ng̃ nasírang si Don Rafael sa malaon ng̃ pinag-uusapan. Sa canyá'y sinabi ni Ibarra: "Pinag-uusapan natin ang isang catuwiran, at hindî mag-caaway ang cahulugan ng̃ pag-uusapín. At napahinuhod ng̃ boong galác ng̃ loob ang balitang mánanalumpatì ng̃ mgã "conservador" sa anyaya ni Ibarra, at tulóy nagpadalá ng̃ tatlong payo at sacâ ipinanalim sa capangyarihan ng̃ binatà ang paglilingcód ng̃ canyáng mgã alilà.

Sinalúbong ang cura ng̃ boong galac at pagpipitagan ng̃ lahát, patí ng̃ alférez.

—¿Ngũni't saan pô nanggaling ang cagalanggalang na camahalan pô ninyó? —ang itinanóng sa canya ng̃ alférez, ng̃ makita nitó ang canyáng mukháng punô ng̃ gálos, at ang canyáng habito'y puspós ng̃ mgã dahon at ng̃ mgã tuyóng sangã —¿Naparapâ pô ba ang cagalanggalang na camahalan ninyó?

—¡Hindî! ¡náligaw acó!—ang isinagót ni párì Salví, at ibinabâ ang canyáng mgã matá upang siyasatin ang canyáng pananamít.

Nangãgbúbucas ng̃ mgã botella ng̃ limonada, nangãgbíbiyac ng̃ mgã niyog na múrà at ng̃ ang mgã natatapos ng̃ paliligo'y macáinom ng̃ canyáng malamíg na túbig at ng̃ macacain ng̃ canyáng malambót na lamang higuít ang caputian sa gatas; at bucód sa roo'y pinag-aalayan pa ang mgã dalaga ng̃ isáng cuintas na sampaga, na nasasal-itan ng̃ mgã rosa at iláng-ilang, na siyang nagbibigay bangõ sa nacalúgay na buhóc. Sila'y naúupô ó humihilig sa mgã dúyang nacabitin sa mgã sangã ng̃ mgã cahoy, ó nangãglilibang sa paglalaro sa paliguid ng̃ isáng batóng malapad, na may nacalagay sa ibabaw nitong mgã baraja, mgã tablero, maliliit na mgã libro, mgã sigay at mgã batóng malilíit.

Ipinakita nila sa cura ang buaya, datapuwa't tila mandin nalílibang ang ísip sa ibáng bagay, at cayâ lamang pinansin ang sinalita sa canyá'y ng̃sa canya'y sabihing si Ibarra ang may gawâ ng̃ gayóng calakíng súgat. Ng̃uni't hindî mangyaring makita ang bantóg at hindî napagkikilalang piloto; bago dumatíng ang alférez ay siyá'y walâ na.

Sa cawacasa'y lumabás si María Clara sa páliguan, casama ang canyáng mg̃a caibigang babae, saríwang túlad sa isáng rosa sa únang umágang pamumucadcad na numíningning ang hamóg na ang cawáng̃is ay kisláp ng diamante sa caayaayang ulbós ng̃bulaclác. Inihandóg niya ang únang ng̃itî cay Crisóstomo, at naucol ang únang pagdidilím ng̃canyáng nóo cay párì Salví. Nahiwatigan nitó, ng̃uni't hindî nagbuntunghining̃a.

Dumatíng ang oras ng̃pagcáin. Nang̃ag̃siupô sa mesang pinang̃ung̃uluhan ni Ibarra, ang cura, ang coadjator, ang alférez, ang gobernadorcillo at ilán pang mg̃a capitan, sampô ng̃teniente mayor. Hindî ipinahintulot ng̃mg̃a ináng cumáin ang sinomang lalaki sa mesa ng̃mg̃a dalága.

—Hindî ca na ng̃ayón, Albino, macapag panucálà ng̃mg̃a bútas, pa na gáya ng̃sa mg̃a bangcâ,—ani León sa nagseminarista.

—¿Anó? ¿ano iyón?—ang tanung̃an ng̃mg̃a matatandang babae.

—Na ang mg̃a bangcâ, mg̃a guinoong babae, ay páwang mg̃a buong-búò na túlad sa pinggâng ito;—ang ipinaliwanag ni León.

—¡Jesús, saramullo!—ang sigaw ni tia Isabel na ng̃umíng̃itî.

May nabábatid na pô bâ cayóng ano man, guinóong alférez, tungkól sa tampalásang nagpahírap sa catawán ni párì Dámaso?—ang tanóng sa alférez ni párì Salví, sa horas na iyón ng̃pagcain.

—¿Síno pô bang tampalásan iyón, padre cura?—ang tanóng ng̃alférez, na tinítingnan ang fraile, na guinágawang pinacasalamín sa matá ang vaso ng̃álac na canyang iníinom.

—¡Abá, at síno pa pô ba? ¡Yaong tampalásang camacalawá ng̃hapon ay bumuntal cay párì Dámaso sa daan!

—¿Bumuntal cay párì Dámaso?—ang tanung̃an ng̃iláng voces.

Warì'y ng̃umitì ang coadjutor.

—¡Túnay pô, caya't nararatay ng̃ayón si párì Dámaso! Sinasapantahang ang

gumawâ ng̃gayo'y si Elias ding sa inyo'y naglublób sa pusáw, guinoong alférez.

Namulá sa hiya ó sa álac ang alférez.

—Ang boong ísip co,—ang ipinagpatuloy ni párì Salví, na ang anyó'y warì nanglílibac;—ay nalalaman po ninyó ang nangyayari. Ang wícà co'y alférez ng Guardia Civil....

Nagcagát-lábì ang militar at ibinulóng ang isáng halíng na pagtaliwacás.

Sa ganito'y siyang pagsipot ng̃isang babaeng namumutla, payat, abang aba ang pananamit; sino may waláng nacakita ng̃canyáng pagdaíng; palibhasa'y lumalacad siyáng waláng imíc at napácawaláng ingãy ang canyang paglacad, na cung naguing gabí sána'y marahil ipalagáy na siya'y isáng "fantasma."

—¡Pacanin ninyó ang cahabaghabág na babaeng iyán!—ang sabihan ng mgã matatandâ:—¡uy, pumarito cayó!

Ngũni't ipinagpatuloy ng̃babae ang canyáng paglácad, at siya'y lumapit sa mesang kinalálagyan ng̃cura; ito'y lumingõn, at nákilala siyá at nalaglág sa canyáng camáy ang cuchillo.

—¡Inyong pacánin ang babaeng itó!—ang ipinag-utos ni Ibarra.

—¡Madilim ang gabí at nangãwáwalâ ang mgã bátang lalaki!—ang ibinúbulong ng̃magpapalimos na babae.

Ngũni't ng̃makita ang alférez, na sa canya'y nagsásalitâ, náguitlá ang babae at nagtatacbó, at nawalâ sa guitnâ ng̃cacahuyan.

—¿Sino ang babaeng iyón?—ang itinanóng.

—Isáng cahabaghabág na babaeng pinílit sirâin ang ísip sa cagugulat at cápapahírap!—ang isinagót ni don Filipo;—may ápat na áraw nang iya'y ganyán.

—¿Iyan bagá ang isáng nagngãngãlang Sisa?—ang tanong ni Ibarra ng boong pagmamalasakit.

—Ang babaeng iyá'y dinakip ng̃ inyó pong mgã sundalo,—ang ipinagpatuloy ng̃sabing may capaitan ng̃teniente mayor;—siya'y inilibot sa boong báyang batíd, dáhil sa hindî co maalamang mgã bagay ng̃canyáng mgã anác na lalaki, na ... hindî nangãgcaroon ng̃caliwanagan.

—¿Bakit?—ang itinanóng ng̃alférez na humaráp sa cura:—¿iyán pô bagá ang iná ng̃inyóng dalawáng sacristán?

Sumáng-áyon ang cura sa pamamag-ítan ng̃pagtang̃ô.

—¡Na nang̃ãwaláng hindî man lamang guinawâ ang anó mang pagsisiyásat tungcól sa canilá!—ang idinugtong ni Don Filipo ng̃wári may poot, at tinititigan ang gobernadorcillo na ibinabâ ang mgã matá.

—¡Hanápin ninyó ang babaeng iyán—ang ipinag-utos ni Crisóstomo sa mgã alílang lalaki:—Aking ipinangãcong pagpapagalan co ang pag-uusísà cung saan naroon ang canyáng mgã anac na lalaki.

—¿Nangãwalà, ang wicà ninyó?—ang itinanóng ng̃alférez.—¿Nangãwalà ang inyóng mgã sacristan, padre cura?

Inúbos ininóm ng̃cura ang vaso ng̃álac na na sa canyáng haráp, at sacâ tumang̃ô, bilang sagót na oo.

—¡Carambas, párì cura!—anáng alférez na casabáy ang táwang libác, at natútuwa, dahil sa siya'y nacacaganti,—pagca nawáwalâ ang iláng píso lámang ng̃ cagaláng-gálang na camahalan pô ninyo'y maagang maaga pa'y inyóng guiniguising ang aking sargento, upang hanapin ang inyóng salapî; ngũni't nawáwalâ ang dalawang sacristan ninyo'y hindî pô cayó nagsasabi; at cayó pô, guinoong capitán ... totoo ngãng cayó po'y....

At hindî tinapos ang canyang salitâ cung dî ang guinawa'y nagtawá, casabay ng̃paglulubóg ng̃canyang cuchara sa mapuláng lamán ng̃papaya.

Sumagot ang curang malakí ang hiyâ at natútulig.

—Nagcágayon acó't dahil sa acó ang nanánagot ng̃salapî....

—¡Mabúting sagót, cagalanggalang na pastól ng̃ mgã cáluluwa!—ang salabat sa canyá ng̃ alférez na namumualan ng̃ kinacain.—¡Mabúting sagót, banál na laláki!

Nag-acalang mamaguitna si Ibarra, ngũni't nagpilit si párì Salving manag-úli sa dating catahimican ng̃loob, at sumagot na caacbay ang ng̃iting pílit:

—At ¿nalalaman pô bâ ninyó, guinóong alférez, cung anó ang sabihanan tungcól sa pagcawalâ ng̃mgã bátang iyan? ¿Hindî? ¡Cung gayo'y ipagtanong pô ninyó sa inyóng mgã sundálo!

—¿At ano?—ang sigaw ng̃alférez na nawala ang towa.

—¡Ang sabihana'y ng̃ gabing iyón mawala ang mgã bata'y may mgã tumunóg na ilang putóc ng̃fusil!

—¿Iláng putóc?—ang inúlit ng̃ alférez na canyang minámasdan ang mgã cahárap.

Nangãgsitangõ ang nangãroroon, bilang pagpapatunay na may náringĩg ngã silá.

Nang magcágayo'y sumagót si párì Salví ng̃ madalang na pananalita, taglay ang malupit na paglibac.

—Sa nangyayari'y aking nakikitang bucod sa hindî cayó nacacahuli ng̃ mgã gumágawa ng̃ masamá'y hindî po ninyó nalalaman ang mgã guinagawa ng inyóng mgã capamahay, at gayón ma'y íbig po ninyóng masoc na tagapangãral at magtúrò sa mgã iba ng̃ canilang mgã catungculan: dapat po ninyong maalaman ang casabihang; lalong nacacaalam ang ulól sa canyang sariling bahay....

—¡Mgã guinoo!—ang isinalabat ni Crisóstomo ng̃ canyang makitang namumutla na ang alférez;—tungcol ngã sa bagay na itó'y ibig cong maalaman cung anó ang inyóng pasiyá sa isang aking panucálà. Inaacalà cong ipagcatiwálà ang pag-aalágà sa babaeng diyáng sira ang ísip sa isang mabúting manggagamot at samantala'y hahanapin co ang canyang mgã anác, sa pamamag-ítan ng̃ túlong at mgã hatol ninyóng dalawá.

Ang pagbabalíc ng̃ mgã alílang nangãgsabing hindî nilá nasumpungãn ang sirá ang ísip na babáe ang siyáng nacalubós ng̃ pagcapayapà sa dalawáng nagcacagalit, at caniláng dinalá ang salitaan sa ibang bagay.

Nangãgbahabahagui sa iláng pulutong ang mgã matanda't mgã bátà ng matápos ang pagcain at samantalang sila'y biníbigyan ng̃ chá at café. Cumuha ang ibá ng̃ mgã "tablero" at ang ibá nama'y nangãgsicuha ng̃ "baraja," ngũni't lalong minagaling ng̃ mgã dalagá ang mangãtanóng sa "Rueda de la Fortuna" (gulong ng̃ capalaran), sa pagcaibig niláng maalaman ang sa canila'y mangyayari sa panahóng hínaharap.

—¡Hali cayó, guinoong Ibarra.—ang sigáw namán ni cápitang Basilio, na langõ na ng̃ cauntî. May usapín tayong labing limáng taóng taón na ngãyón ang itinátagal, at waláng hucóm sa Audienciang súcat macahátol: ¿mangyayari bang tingnan natin cung áting mabíbigyang hanggá sa "tablero"?

—¡Ngãyón din pô, at sumasang-ayon acó ng̃ boong catowaan!—¡Hintayín po ninyó acóng saglít, sa pagca't nagpapaalam ang alférez!

Nang maalaman nilá ang gayóng paglalarô, nangãgcapísan ang lahát ng matatandáng lalaking marúnong ng̃ "ajedrez" sa palíguid ng̃ "tablero"; mahalagá

ang laróng iyón, caya't nacaakit patí sa mgã hindî nacacaalam. Hinaráp ng̃ mgã matatandáng babae, gayón man, ang cura, upang makipagsalitaán sa canyá tungcól sa mgã bagay na nauucol sa religión; datapuwa't hindî marahil minámagaling ni fray Salví ang lugar na kinálalagyan at ang capanahunang iyón, cayâ ngã't pawang mgã malalábò ang caniyáng mgã isinásagot at mapapanglaw at may gálit na hálò, at ang canyang mgã matáng hindî tumitingĩn man lamang sa canyáng mgã kinacausap ay nagpapalingãplingãp sa magcabicábilâ.

Nagpasimulâ ang larô ng̃ boong cacadakilâan.

—Cung magtablá ang larô, papagtatablahín naman natin ang áting usapín—ang sabi ni Ibarra.

Nang na sa calaghatîan na ang larô, tumanggap si Ibarra ng̃ isáng telegrama na nagpaningning ng̃ canyang mgã matá at nacapagbigáy sa canyá ng pamumutlà. Itinagó niyá sa canyáng "cartera" ang telegrama, na hindî binucsán, at canyáng sinulyáp ang pulutong ng̃ mgã cabatâang nagpapatuloy ng pagtatanóng cay Capalaran, sa guitnâ ng̃ mgã tawanan at mgã sigawan.

—"¡Jaque" sa "Hári!"—anang binatà.

Napilitang itagò ni capitang Basilio ang "Hari" sa licód ng̃ "Reina."

—¡"Jaque" sa "Reina"!—ang muling sinábi ni Ibarra, na pinagbabalâan ng canyáng "Torre" ang "Reina," na ipinagsasanggalang ng̃ isang "Peón."

Sa pagca't hindî matacpán ni capitang Basilio ang "Reina" at hindî namán niyá maiurong itó, dahil sa "Haring na sa sa licód, humingî siyá ng̃ panahón upang siya'y macapa-isip.

—¡Sumasang-ayon pô acó ng̃ boong tuwâ!—ang sagót ni Ibarra;—mayroon pa namang sasabihin acó ngãyón din sa iláng lalaki sa pulutóng na iyón.

At nagtindíg siyá, pagcapagcaloob sa canyáng calaban ng̃ icaapat na bahágui ng̃ isang oras upang mag-ísip.

Tangãn ni Idáy ang mabílog na cartóng kinasusulatan ng̃ apat na po't walóng tanóng, at si Albino ang may tangãn ng̃ libro ng̃ mgã sagót.

—¡Casinungãlingãn! ¡hindî totoo! ¡casinungalingãn!—ang isinísigaw ni Sinang na halos umíiyac.

—¿Anó bâ ang nangyayari sa iyo?—ang sa canyá'y tanóng ni María Clara.

—Tingnán mo, aking itinanóng: "¿Cailán bagá acó magcacabait?" binitiwan

có ang mg̃a "dado", at ang guinawa niyang curang iyang bantilaw ay binasa sa libro ang ganito: "¡Pagca nagcabuhóc ang palaca!" ¿Itó ba'y mabuti?

At saca ngĩniwian ni Sinang ang naguíng seminarista, na hindî tumitiguil ng pagtatawa.

Ngũni't ¿Síno ba ang may utos sa iyong magtanong ca ng̃ gayon?—ang sinabi sa canya ng̃ pinsan niyang si Victoria—¡Súcat na ang magtanóng ng gayón upang marapat sa gayóng mg̃a sagót!

—¡Tumanóng pô cayó!—ang sinabi nila cay Ibarra, casabay ng paghahandog sa canya ng̃ "rueda"—Pinagcayarian naming cung sino ang magcamit ng̃ lalong magaling na sagót ay tatangap sa mg̃a iba ng̃ isang handóg. Nacatanóng na camíng lahat.

—¿At Sino ang nagcamit ng̃ lalong magalíng na sagót?

—¡Si María Clara! ¡si María Clara!—ang isinagót ni Sinang.—Ibiguin man niya't hindî'y siya'y pinatanong namin: "¿Tapát baga't hindî magmamaliw ang canyáng pagliyag?" at ang libro'y sumagót....

Ngũni't tinacpan ni María Clarang namúmulang mainam ang bibíg ni Sinang, at hindî itinulot na maipatuloy ang sinasabi.

—¡Cung gayo'y ibigay ninyó sa akin ang "rueda"!—ani Crisóstomong ngũmingĩtî.

Tumanóng: "¿Lalabas ba ng̃ magalíng ang casalucuyan conglinalayon?"

—¡Napacapangĩt naman ng̃ tanóng na iyan!—ang sigaw ni Sinang.

Iniabsang ni Ibarra ang mg̃a "dado" at alinsunod sa canyang "numero" ay hinanap ang mukha at ang talata ng̃ na sa libro.

—"¡Ang mg̃a panaguinip ay pawang mg̃a panaguinip ng̃a!"—ang binása ni Albino.

Kinúha ni Ibarra ang telegrama at nang̃ãng̃ãtal na bínucsán.

—¡Ng̃ãyó'y nagsinung̃ãlíng ang libro ninyó!—ang isinigaw na puspós ng tuwâ.—Basahin ninyo:

"Sinang-ayunan ang panucálang escuela, hinatúlang cayó ang nanálo sa usapin."

—¿Anó ang cahulugán nitó?—ang itinanóng nilá sa canyá.

—¿Hindî bâ ang sábi ninyo'y bibigyan ng̃ pabúya (regalo) ang magtamó ng lalong mabúting sagót?—ang itinanóng niyá, na nangãngãtal ang voces sa lakí ng̃ canyáng tuwâ, samantalang hinahati ng̃ boong ingãt ang papel.

—¡Siyá ngã! ¡siya ngã!

—Cung gayó'y nárito ang aking pabúyà,—ang sinabi, at ibinigay cay María Clara ang calaháti;—magtátayô acó sa báyan ng̃ isáng páaralang úcol sa mgã bátang lalaki't babáe; ang páaralang itó'y siyáng áking pabúyà.

—At ¿anóng cahulugan niyang calahátì ng̃ papel?

—¡Itó'y iháhandog co namán sa nagcaroón ng̃ lalong masamâ sa mgã sagót!

—¡Cung gayó'y acó! ¡sa akin marapat ibigáy!—ang sigáw ni Sínang.

Ibinigáy sa canyá ni Ibarra ang papel at matúling lumayô.

—¿At anó ang cahulugán nitó?

Datapowa't maláyò na ang mapalad na bináta, at nagbalíc na mulî siyá sa pakikilarô ng̃ "ajedrez."

Lumapit si Fr. Salví na wari'y nag-wáwalang anó man sa masayáng lúpon ng̃ mgã cabatâan. Pinapahid ni María Clara ang isang lúha sa catuwâan.

Humintô ng̃ magcágayon ang tawanan at napipí ang salitàan. Tumítingĩn ang cura sa mgã bagongtao't dalaga, na di niyá matutuhan cung anó ang sasabihin; hiníhintay namán niláng magsalitâ ang cura at hindî silá umíimic.

—¿Anó itó?—ang sa cawacasa'y naitanong ng̃ cura, at kinúha ang libro at canyang binúbuclatbuclat.

—¿Ang "Rueda de la Fortuna",—isáng librong libangãn, ang sagót ni León.

—¿Hindî ba ninyó nalalamang casalanan ang maniwála sa mgã bágay na ganitó?—ang winicà, at sacâ pinunitpunit ng̃ boong gálit ang mgã dáhon ng libro.

Nagpumiglás sa mgã lábi ng̃ lahat ang mgã sigáw ng̃ pagtatacá at samâ ng loob.

—¡Lálong malakíng casalanan ang gawín ang maibigan sa bágay na hindî canyá't lában sa calooban ng̃ túnay na may árì!—ang itinútol ni Albinong nagtindig.—Amang cura, nácaw ang táwag sa ganyáng gawâ at ito'y bawal ng Dios at ng̃ mgã táo.

Pinapapgdaóp ni María Clara ang mgã camay, at tinitigang tumatangĩs ang mgã wacás ng̃librong iyóng hindî pa nalalaong nag-alay sa canya ng̃lubháng malakíng ligaya.

Hindî sumagót cay Albino si fray Salví, laban sa inaasahan ng̃ mgã nanonood; nátira siyá sa panonood cung paano ang linipadlipad ng̃ mgã pinagpunitpunit na mgã dáhon ng̃libro, na ang ibá'y ipináwid ng̃hángĩn sa gúbat at ang ibá namá'y sa túbig; pagcatápos ay lumayóng guíguirayguíray at nacapatong ang dalawáng camáy sa ulo. Humintong sandalî at nakipág-usap cay Ibarra na naghatíd sa canyá sa isá sa mgã cocheng náhahandang pangdalá ó panghatid sa mgã panauhín.

—¡Mabuti at lumayas ang pang-abóy-galác na iyán,—ang ibinulóng ni Sinang.!May pagmumukháng wári'y sinasabing: "Huwág cang tatawa't nalalaman co ang iyong mgã casalanan."

Sa malakíng catuwâan ni Ibarra, sa pagcapagbigay niyá sa canyáng maguiguing asawang si María Clara ng̃canyang pabuyà, nagpasimulâ siyá ng paglalaróng hindî na iniisip ang guinágawá, at hindî na nag-aabalá ng pagbabálacbalac ng̃ pagwawárì ng̃ boong pag-iingãt ng̃ calagayan ng̃ mgã "pieza."

Dahil sa ganito'y ang nangyari, baga man si capitang Basilio'y báhagyâ ng nacapagsásangalang, ang laro'y nagcapantay, salamat sa maraming pagcacamaling sa huli'y guinawâ ng̃binátà.

¡Papagtablahin natin! ¡papagtablahin natin! ang sabi ni capitang Basiliong malakí ang tuwâ.

—¡Papagtablahin natin!—ang inulit ng̃binátà,—cahi't maguíng anó man ang inihatol ng̃mgã hucóm sa ating usapín.

Nangagcamáy ang dalawa na nangãgpisilan ng̃boong pagguiguiliwan.

Samantalang ipinagcacatuwa ng̃ mgã caharap ang nangyaring itó na nagbíbigay wacás sa isáng usapíng totoong nagpapahírap na sa dalawang magcalaban, ang bigláng pagdating ng̃apat na guardia civil at isáng sargento, na pawang sandatahan at nacalagay sa dúlo ng̃fusil ang bayoneta, siyáng sumirà ng casayahan at nagdúlot ng̃panghihilacbót sa pulutóng ng̃mgã babae.-

—¡Huwág kikilos ang sino man!—ang sigaw ng̃sargento.—¡Papúputucan ang cumilos!

Hindî inalintana ni Ibarra ang gayóng paháyop na pagmamatapang, tumindig siyá at lumápit sa sargento.

—¿Anó pô ang inyóng ibig?—ang itinanóng.

—Na ngãyón din ay ibigáy sa amin ang isáng may casalanang nagngãngãlang Elías, na sa inyó'y namimiloto canínang umaga,—ang isinagót na may anyóng pagbabálà.

—¿Isáng may casalanan?... ¿Ang piloto? ¿Cayó po'y nagcacamali marahil! —ang itinugón ni Ibarra.

—Hindî pô; ngãyo'y isinumbóng na naman ang Elías na iyáng nagbúhat ng camáy sa isáng sacerdote....

—¡Ah! ¿at iyán ba ang piloto?

—Iyán ngã, áyon sa sábi sa amin; tumátanggap pô cayó sa inyong mgã pagsasaya, guinoong Ibarra, ng̃ táong may masamang caasalan.

Tiningnan ni Ibarra ang sargento mulâ sa mgã paa hanggáng sa úlo at sinagót siyá ng̃ lubháng malaking pagpapawaláng halagá:

—Hindî co cailangãng acó'y magsúlit sa inyó ng̃ áking mgã guinágawâ! Tinatangggap namin ng̃ boong cagandahan ng̃ loob ang sino man sa áming mgã pagsasayá, at cayó man, cung cayó'y pumaríto sana, inyó disíng nasunduan ang isáng luclucan sa mesa, na gáya naman ng̃ inyóng alférez na capanayám namin ditong dalawáng horas lámang ang calálampas.

At pagcawicà nito'y tinalicuran siyá.

Kinagát ng̃ sargento ang canyáng mgã bigote, at sa pagca't napagdilidili niyáng siyá ang lalong mahínà, ipinag útos na paghanapin sa magcabicabilâ at sa mgã cacahuyan ang piloto, na ang anyô nitó'y nacatitic sa capirasong papel na canyáng dalá. Itó ang sinabi ni Don Filipo sa canyá:

—Inyóng talastasing naaangcap ang mgã anyó't calagayang iyán sa siyám ng̃ bawa't sampong dalisay na filipino; ¡bacâ pô cayó'y magcamalî!

Sa cawacasa'y bumalíc ang mgã sundalo, at caniláng sinabing waláng nakita silang bangcâ ó táong síno mang macapagbigáy hinála; nagsabi ng̃ pautál-utál ang sargento ng̃ iláng salitâ at sacâ umalis na tulad ng̃ pagdating: ása guardia civil.

Untîuntíng nanag-úli ang katuwâan, umulán ang mgã tanóng at sumagána

ang mgã salisalitaan tungcól sa nangyári.

—¡Cung gayo'y iyán palá ang Elías na naghúlog sa alférez sa isáng pusáw! —ang sábi ni Leóng nag-iísip-isip.

—¿At paáno bâ ang nangyaring iyón, paano?—ang tanóng ng̃ iláng ibig macatantò ng̃ líhim.

—Ang sabi'y násalubong daw ng̃ alférez ang isáng táong may pas-áng cáhoy na panggátong, ng̃ isáng áraw na umuulan ng̃ mainam ng̃ buwán ng̃ Septiembre. Totoong mapútic ang daan at sa tabí lamang may makipot na landás na malalakaran ng̃ iísang táo. Ang guinawâ raw ng̃ alférez ay hindî piniguil ang cabayo na siyáng dápat sana, cung dî bagcós pinatulin at sumigáw sa táong siya'y umudlót: tíla mandin hindî íbig ng̃ taong iyóng bumalíc sa pinanggalíng̃an ó áayaw na málubog sa pusáw, caya't nagpatúloy ng̃ paglacad. Sa gálit ng̃ alférez ay inacálang siya'y ipatáhac, ng̃uni't cumúha ang táo ng̃ caputol na cáhoy at pinacapalòpálô ang úlo ng̃ háyop nang boong lakás, na anó pa't nábulagtâ ang cabayo't napatapon sa pusáw ang alférez. Sinasabi ring ipinagpatuloy daw ng̃ táong iyón ang paglacad ng̃ boong tiwasáy, na hindî niyá alumana ang limáng balang ipinahabol sa canyá ng̃ alférez na nabulagan sa marubdób na gálit at sa lúsac. Sa pagca't túnay na hindî kilalá ng̃ alférez cung síno ang táong iyón, hininalang marahil ay ang bantóg na si Elías, na gáling sa lalawígang may iláng buwán pa lamang, na dî alám cung tagasaán, at napakilala sa mgã guardia civil sa iláng báyan dáhil sa mgã cawang̃is ng̃ gayon din mgã cagagawán.

—¿Cung gayó'y tulisán palá siyá?—ang itinanóng ni Victoriang kiníkilig.

—Sa acálà co'y hindî, sa pagcá't minsan daw ay siyá'y nakilaban sa mgã tulisán isáng araw na caniláng linolooban ang isáng báhay.

—¡Walang mukháng masamáng táo!—ang idinugtóng ni Sínang.

—¡Walâ, totóo lamang mapangláw ang canyáng ting̃ín: hindî co nakitang siyá'y ng̃umitî man lamang sa boong umaga,—ang sinábî ni María Clara.

Sa gayó'y nagdáan ang hápon at dumatíng ang horas ng̃ pag-owî sa bayan.

Nangãgsialís silá sa gúbat ng̃ iliníliwanag ang mgã hulíng sínag ng̃ naghíhingãlong áraw, at nagdaan siláng hindî umíimic sa malapit sa mahiwágang pinaglibíng̃an ng̃ núnò ni Ibarra. Pagcatápos ay nanag-úlì ang masayang mgã salitaang maíngãy, puspós ng̃ caningãsan, sa sílong ng̃ mgã sangã ng̃ cáhoy na iyong hindî totóong sanáy na macárinig ng̃ gayóng caráming mgã voces. Tila mandin namámanglaw ang mgã cáhoy, umúugoy ang mgã gumagapang na mgã

damó at warí'y sinasabi: ¡Paalam cabatâan! ¡Paalam, panag-ínip na isáng áraw!

At ngãyón, sa liwanag ng˜mapupulá at malalakíng ningãs ng˜mgã sigsíg; at sa tugtog ng˜mgã guitarra, bayaan natin siláng lumácad na patungõ sa bayan. Nagbababawas ang mgã pulutóng, namámatay ang mgã ilaw, napípipi ang guitarra, samantalang silá'y nálalapit sa tahanan ng˜mgã táo. ¡Ilagáy ninyó ang inyóng "máscara", sa pagca't cayo'y makikipanayam na namán sa inyóng mgã capatíd!

Decorative motif

# XXV.

## SA BAHAY NG FILOSOFO

Pagca umaga ng̃kinabucasan, pagcatapos na madálaw ni Juan Crisóstomo Ibarra ang canyang mg̃ã lúpà, siyá'y tumúng̃õ sa báhay ni mátandang Tasio.

Lubós na lubós ang catahimican sa halamánan, sa pagca't ang mg̃ã lang̃ãy-lang̃ãyang nang̃ãgsasalimbayan sa palibót ng̃balisbisa'y bahagyâ na umiing̃ãy. Sumísibol ang malilit na damó sa lúmang pader na guinagapang̃ãn ng̃cawáng̃ĩs ng̃báguing na bumubordá sa mg̃ã bintánà, malíit na bahay na anaki'y siyáng tahanan ng̃catahimícan.

Maíng̃ãt na itináli ni Ibarra ang canyáng cabáyo sa isáng halígui, siyá'y lumacad ng̃ hálos patiad ng̃ pagdadahandahan at canyáng tináhac ang halamanang malínis at totoong magaling ang alágà; pinanhíc ang hagdánan, at siya'y pumasoc, sa pagca't bucas ang pintô.

Ang únang nakita niyá'y ang matandâ, na nacayucód sa isang libro na tíla mandín canyáng sinusulatan. May napanood sa mg̃ã pader na tinitipong mg̃ã maliliit na mg̃ã háyop at mg̃ã dahon ng̃mg̃ã cáhoy at damó, sa guitnâ ng̃mg̃ã "mapa" at lúmang estanteng punô ng̃mg̃ã libro at ng̃mg̃ã súlat-camáy.

Lubhang nalilibang ang matandâ sa canyang guinagawâ, na ano pa't hindî naino ang pagdating ng̃binatà, cung dî ng̃ito'y aalis na sana, sa pagcaibig na huwag macagambalà sa matandang iyón.

—¡Abá! ¿nariyan pó bâ cayó?—ang itinanóng, at tiningnan si Ibarra ng wari'y nangguiguilalás.

—Ipagpaumanhin pô ninyó,—ang isinagót nitó,—cayó pô pala'y maraming totoong guinagawâ....

—Siya ng̃ã pô, sumusulat acó ng̃cauntî, datapuwa't hindî dalî-dalì at ibig cong magpahing̃ã. ¿May magagawâ pô bâ acóng anó mang sucat ninyóng pakinabang̃ãn cahi't babahagyâ?

—¡Malaki pô!—ang isinagót ni Ibarra at saca lumapít;—datapuwa't....

At sinulyáp ang librong na sa ibabaw ng̃mesa.

—¡Aba!—ang biglang sinabing nangguíguilalas; guinagamít po ba ninyo ang inyong panahon sa pagsisiyasat cung anó ang cahulugán ng̃ mg̃ã "geroglífico?"

—Hindî pô!—ang isinagót ng̃matandáng laláki, at tuloy nag-álay sa kanyá ng̃isáng "silla";—hindî nacacawatas acó ng̃egipcio ó ng̃copto man lamang, datapuwa't may cauntì akóng nalalamang paraan sa pagsulat niyan, caya acó'y sumulat ng̃mg̃ã "geroglífico."

—¿Sumusulat pô cayó ng̃mg̃ã "geroglifico"? ¿At bákit pô?—ang itinanóng ng̃binatang nag-aalinlang̃an sa nakikita't nariring̃ig.

—Ng̃huwag mabasa nino man sa mg̃ã panahóng itó ang aking sinusulat.

Tinitigan ni Ibarra ang matandang lalaki, at ang ísip niya'y bacâ nasisirà ang ísip nitó. Madaling madalíng siniyásat ang aclat, sa pagca íibig niyang maalaman cung nagsisinung̃ãling, at canyang námasdang totoong magalíng ang doo'y pagcacaguhit ng̃mg̃ã hayop, mg̃ã gúhit na bilóg, mg̃ã gúhit na anyóng pabilóg, mg̃ã bulaclac, mg̃ã paa, mg̃ã camay, mg̃ã bisig, at iba pa.

—¿At bakit pô cayó sumusulat cung talagang aayaw cayóng mabasa nino man ang inyóng sinusulat?

—Sa pagca't hindî co iniuucol ang áking sinusulat sa mg̃ã taong nabubuhay ng̃ãyón; sumusulat acó at ng̃mabasa ng̃mg̃ã taong ipang̃ãng̃ãnak pa sa mg̃ã panahong sasapit. Cung mababasa ng̃mg̃ã tao ng̃ãyon ang aking mg̃ã sinusulat ay canilang susunuguin ang aking mg̃ã aclat, na siyang pinagcagugulan co ng pagal ng̃boong aking búhay; datapuwa't hindi gayón ang gagawin ng̃mg̃ã taong ipang̃ãng̃ãnak pang macababasa ng̃aking mg̃ã sinusulat ng̃ãyón; sa pagca't ang mg̃ã taong ipang̃ãng̃ãnak pang iyo'y pawang maguiguing mg̃ã pantas at mauunawâ nila ang aking mg̃ã adhicâ at canilang wiwikain: HINDI NATULUG NA LAHAT SA GABI NG̃AMING MG̃Ã NUNO! Ililigtas ng̃talinghagà ó ng̃ mg̃ã cacaibang mg̃ã letrang itó ang aking gawâ, sa camangmang̃an ng̃mg̃ã tao, na gaya naman ng̃pagcaligtas sa maraming mg̃ã catotohanan ng̃talinghaga ó ng mg̃ã cacaibang mg̃ã pagsambá at ng̃di sirain ng̃mapangwasak na mg̃ã camay ng mg̃ã sacerdote.

—At ¿sa anóng wica sumusulat po cayo?—ang itinanong ni Ibarra, pagcatapos ng̃isang sandalíng hindî pag-imíc.

—Sa wica natin, sa tagalog.

—¡At nagagamit pô ba sa bagay na iyan ang mgã "geroglifico"?

—Cung di lamang sa cahirapan ng̃ magdibujo, nagcacailangãn ng̃ panahón at tiyaga, halos masasabi co sa inyóng lalong magaling na gamitin ang mgã "geroglifico sa pagsulat ng̃ ating wikà cay sa "alfabeto latino". Tagláy ang mgã "vocal" ng̃ dating "alfabeto egipcio"; ang ating o na pangwacas na vocal na na sa calaguitnàan ng̃ o at ng̃ u; wala rin sa egipciong túnay na tunóg ang E; na sa "alfabeto egipcio" ang ating HA at ang ating KHA na wala sa "alfabetong latín" ayon sa paggamit natin sa castila. Sa halimbawà; sa sabing MUKHA,—ang idinugtong na itinuro ang libro—lalong nababagay na aking isulat ang sílabang HA sa pamamag-itan nitóng anyóng isdâ cay sa letrang latina na ipinang̃ung̃usap sa Europa sa pamamag-itan ng̃ iba't ibáng paraan. Sa isáng pang̃ung̃usap na hindî totoong ipinahahalatâ ang letrang itó, gáya sa halimbáwa dito sa sábing HAIN, na dito'y hindî totooog mariin ang pang̃ung̃usap ng̃ H, ang guinagamit co'y itóng "busto" ng̃ leó ó itóng tatlóng bulaklak ng̃ LOTO, ayon sa bilang ng̃ "vocal." Hindî lámang itó, nagágawâ co rito ang pagsúlat ng̃ tínig na sa ilóng lumálabas, letrang walâ sa "alfabeto latinong" kinastilà. Inuulit cong cung hindî ngã̂ lámang sa cahirápan ng̃ pagdidibujo na kinacailangãng pacabutihin, hálos magagamit ngã̂ ang mgã "geroglifico;" datapowa't ang cahirapang ding itó ang siyang pumimipilit sa aking huwag magsalitâ ng̃ maláwig at huwag magsaysay cung dî iyóng catatagán at kinakailangãn lámang: bucód sa rito'y sinasamahan acó ng pinagpapagalan cong itó, pagca umáalis ang áking mgã panauhing tagá China at tagá Japón.

—¿Anó pong sábi ninyó?

—Hindî pô ba ninyo náriringĩg? Mgã langãylangãyan ang áking mgã panauhin; ng̃ taóng itó'y nagcúlang ng̃ isá; maráhil siyá'y hinúli ng̃ síno mang masamáng bátang insíc ó japonés.

—¿Bakit pô nalalaman ninyóng silá'y nanggagaling sa mgã lupaíng iyán?

—Dahil pô sa isáng magaáng na paraan: may iláng taón na ngãyóng bágo silá umalís ay itinatalì co sa caniláng paa ang isáng maliit na papel na may nacasúlat na "Filipinas" sa wicang inglés, at inaacalà cong hindî totóong maláyò ang caniláng pinaroroonan, at sa pagcá't sinásalita ang wicang inglés hálos sa lahát ng̃ pánig ng̃ mgã dácong itó. Hindî nagcamít casagutan ang maliit cong papel sa loob ng̃ mahabang panahón, hanggáng sa cawacasa'y ipinasulat co sa wicang insíc, at ang nangyari'y silá'y bumalic ng̃ noviembreng sumunód na may mgã daláng ibáng mgã maliliit na papel, na aking ipinabasa: nacasúlat ang isá sa wícang insíc, at yaó'y isáng báti magmula sa mgã pampangĩn ng̃ Hoangho, at

ang isá, alisunod sa insíc na áking pinagtanungãn, yaón daw marahil ay wicang japonés. Datapuwa't cayó po'y áking linílibang sa mgã bagay na itó, at hindî co itinatanong sa inyó cung sa paanong bagay macapaglílingcod acó sa inyó.

—Naparito pô acó't ibig cong makipag-úsap acó sa inyó tungcól sa isang bagay na mahalaga,—ang isinagót ng̃ binatà;—cahapon ng̃ hapo'y....

—¿Hinúli pó ba ang cúlang pálad na iyan?—ang isinalabat ng̃ matandang lalaking malaking totóo ang pagca ibig na macaalam.

—¿Si Elías pô ba ang inyóng sinasabi? ¿Bakin pô ninyó naalaman?

—¡Aking nakita ang Musa ng̃ Guardia Civil.

—¡Ang Musa ng̃ Guardia Civil! ¿At sino pô ba ang Musang iyan?

—Ang asawa ng̃ alférez, na inyóng inanyayahan sa inyóng pagcacatuwa. Cumálat cahapon sa báyan yaong nangyari sa buwaya. Cung gaano ang catalásan ng̃ ísip ng̃ Musa ng̃ Guardia Civil ay gayon din ang catampalasanan ng̃ canyáng budhî, at hininálà na maráhil ang piloto'y yaong napacapangãhas na nag-abaáng sa canyang asawa sa pusaw at bumuntál cay párî Dámaso; at sa pagca't siya ang bumabasa ng̃ mgã "parte" (casulatang nagbibigay álam ng̃ anó mang bagay na nangyayari) na dapat tanggapin ng̃ canyáng asáwa, bahagyà pa lamang dumarating itó sa canyang bahay na langõ at walang malay, inutusan ang sargento, sampô ng̃ mgã soldado, at ng̃ bagabaguin ang fiesta, upang macapanghigantí sa inyó, ¡Mag-ingãt pó cayó! Si Eva'y mabait na babae, palibhasa'y nanggâling sa mgã camay ng̃ Dios ... Masama raw babae si doña Consolación, at waláng nacacaalam cung caninong camáy siya nanggáling! Kinacailangãng naguing "doncella" ó naguíng ina, minsan man lámang, upang gumalíng ang isang babae.

Ngũmitî ng̃ cauntî si Ibarra, sacâ súmagót, casabay ang pagcuha sa canyang cartera ng̃ iláng mgã papel.

—Malìmit na nagtátanong pô sa inyó ang aking nasírang amá sa iláng mgã bagay, at natátandaan cong páwang casayahan ang canyang tinamó lamang sa pagsunód sa inyong mgã cahatulan. May casalucuyan acóng isang munting gawain íbig cong papagtibayin ang magandang calalabasan.

At sinabi ni Ibarra sa matandang lalaki sa maiclíng pananalitâ, ang pinagbabalac na escuelahang canyang inihandóg sa canyang pinangĩngĩbig, at inilahad sa mgã mata ng̃ nagtatacang filósofo ang mgã planong galing Maynila na sa canya'y ipinadala.

—Ibig co sanang ihatol pô ninyó sa akin cung sinosino sa bayan ang mg̃a taong aking susuyuin, at ng̃lalong lumabás na magalíng ang gawaing itó. Kilalá pô ninyóng totóo ang mg̃a táong nananahan dito; acó'y bágong carárating at hálos acó'y isáng manunuluyang tagá ibang lupaín sa aking sariling bayan.

Sinisiyásat ni matandáng Tasiong sa mg̃a mata'y nangguiguilid ang mg̃a lúhà, ang mg̃a planong na sa canyáng haráp.

—¡Ang inyóng ipagpapatuloy na yariin ay ang aking panaguinip, ang panaguinip ng̃isáng abáng sirâ ang ísip!—ang bigláng sinábing nabábagbag ang lóob;—at ng̃ayó'y ang únang ihahatol co pô sa inyó'y ang huwág na mulíng cayó'y magtanóng sa ákin magpacailan man!

Tiningñán siyá ng̃binátang nangguíguilalas.

—Sa pagcá't ang mg̃a táong matitinó'y ipalalagay pô cayóng sirâ rin ang pag-iísip,—ang ipinagpatuloy ng̃ pananalitáng masacláp na pagpalibhásà.—Inaacalà ng̃táong páwang mg̃a sirâ ang ísip ng̃síno mang hindî nag-iisip ng̃ wang̃is na canilá; itó ang dahilán at ipinalálagay nilá acóng ul-ól, at ang gayó'y kinikilala cong útang na lóob, sa pagcá't ¡ay, sa aba co! sa araw na ibig niláng ibalic sa aking boo ang sirâ cong ísip; sa araw na iyá'y áalsan acó ng̃cauntíng calayâang áking binilí sa halagá ng̃pagca-acó'y táong may cálolowa. ¿At síno ang nacacaalam cung silá ng̃â ang may catuwiran? Hindî acó nag-iisip at hindî acó nabubuhay alinsunod sa caniláng mg̃a cautusán; pawang mg̃a ibá ang áking sinúsunod na mg̃a palatuntunan, ang áking mg̃a adhicâ. Sa ganáng canilá'y ang túnay na matinó'y ang gobernadorcillo, sa pagca't palibhása'y waláng ibáng pinagaralan cung dî ang magdúlot ng̃chocolate at magtiis ng̃casam-án ng̃asal ni párì Dámaso, ng̃ayó'y mayaman, liníligalig niyá ang mg̃a maliliit na capaláran ng̃canyáng mg̃a cababáyan at cung magcabihirà pa'y nagsásalitâ ng̃tungcól sa catuwíran. "Matalas ang pag-iísip ng̃táong iyán" ang inaacalà ng̃mg̃a hang̃al; "tingnan ninyó't sa waláng anó ma'y nacapagpalakî sa sarili!" Datapuwa't acóng nagmána ng̃ cayamanan, mg̃a pagca-aláng-álang ng̃ cápuwà, acó'y nag-áral, ng̃ayó'y isáng mahírap acó, at hindî acó pinagcatiwalâan ng̃ lálong waláng cabuluháng tungcúlin, at ang sinasabi ng̃lahát: "¡Iyá'y isáng ul-ól, iyá'y hindî nacauunawà cung anó ang pamumuhay!" Tinatawag acó ng̃curang "filósofo" ng̃ palibác, na ang ipinahihiwatig ay acó'y isáng madaldal na ipinagmámayabang ang mg̃a pinagarálan sa Universidad, gayóng siyá pa namáng lálong waláng cabuluhán. Marahil ng̃â namá'y acó ang túnay na báliw at silá ang mg̃a tinô, ¿síno ang macapagsasabi?

At pinaspás ng̃matandâ ang canyáng úlo, na anàkí ibig niyang palayuin ang

isáng pag-iísip, at sacâ nagpatúloy ng̃pananalitâ:

—Ang icalawáng maihahatol co sa inyó'y magtanóng pô cayó sa cura, sa gobernadorcillo, sa lahát ng̃mg̃a táong nacacacaya; bibigyan cayó nilá ng̃mg̃a masasamâ, hang̃al at waláng cabuluháng mg̃a cahatulán; datapuwa't hindî pagtalîma ang cahulugán ng̃ pagtatanóng, magpacunuwarî cayóng sinúsunod ninyó silá cailan man at mangyayaring gawin ninyo, at inyóng ipahayag na iniaalinsunod ninyó sa canilá ang inyóng mg̃a gawâ.

Naglininglínìng ng̃sandali si Ibarra at nagsalitâ, pagcatapos:

—Magalíng ang inyóng hátol, ng̃ũni't mahirap sundin. Dapuwa't ¿hindî ng̃â cayâ maipagpatuloy co ang aking panucálà na hindî tumakip sa panúcalang iyán ang isáng dilím? ¿Hindî bagá cayâ magawâ ang isáng cagalingãn cahi't tahákin ang lahát, yámang hindî cailang̃an ng̃catotohanang manghirám ng̃pananamit sa camalîan?

—¡Dáhíl diyá'y walâ sino man sumisinta sa catotohanang hubád! Magalíng ang bágay na iyán sa salitâ, mangyayari lamang sa daigdîg na pinápanaguimpan ng̃cabatâan. Náriyan ang maestro sa escuela, na walang tumútulong síno man, sangól na púsong nagmithî ng̃cagalingãn ay walang ináni cung di libác at mg̃a halakhác; sinábi ninyó sa áking cayó'y taga ibang báyan sa inyóng sariling lupaín, at naniniwalâ acó. Mulâ sa únang áraw ng̃ inyóng pagdatíng díto'y inyóng sinactán ang calooban ng̃isáng fraileng cabalitaan sa mg̃a táong siya'y isáng banál, at ipinalalagay ng̃canyáng mg̃a cápuwâ fraileng siyá'y isáng pantás. Loobin nawâ ng̃ Dios na ang guinawâ ninyóng itó'y huwág siyáng maguing cadahilanan ng̃mg̃a mangyayari sa inyó sa hináharap na panahón. Huwág po ninyóng acalâing dáhil sa pinawawal-áng halagá ng̃mg̃a dominico at agustino ang guinggóng hábito, ang cordón at ang salaulang pangyapác, na dahil sa minsang ipinaalaala ng̃isáng dakílang doctor sa Santo Tomás, na ipinasiyá ng̃ papa Inocencio III, na lalong nauucol daw sa mg̃a baboy cay sa mg̃a tao ang mg̃a palatuntunan ng̃mg̃a franciscano'y hindî silá mang̃ãgcácaisa upang papagtibayin yaóng sábi ng̃isáng fraileng procurador: "Higuit ang ikinapangyayari ng̃lálong walang cabuluháng uldóg cay sa Gobierno, cáhi't maguing casama pa nitó ang lahát niyáng mg̃a soldado "Cave ne cadas". Totóong macapangyarihan ang guintô; madalás na inihápay ng̃ gúyang vacang guintô ang túnay na Dios sa canyáng mg̃a altar, at nangyayari itó búhat pa sa panahón ni Moísés.

—Hindî acô lubháng mapangláwin sa pag-iísip ng̃mangyayari sa anó mang bágay, at sa gánang ákin ay hindî namán napacapang̃ãnib ang pamumuhay sa áking lupaín,—ang isínagót ni Ibarrang ng̃ũmingĩtî.—Inaacalà cong

nápacalampas namán ang mgã tácot na iyán, at umaasa acóng áking magágawâ ang aking mgã panucála, na hindî acó macacakita ng̃ malalaking mgã hadláng sa dácong íyan.

—Hindî ngã, sacali't cayó'y tangkilikin nilá; datapuwa't magcacaroon cayó ng̃ mgã hadláng cung cayo'y hindî tangkilin. Casucatán na upang madúrog na lahát ang inyóng mgã pagsusumicap sa mgã pader ng̃ bahay ng̃ tinatahanan ng̃ cura, ang iwaswás ng̃ fraile ang canyáng cordón ó ipagpág cayâ niyá ang canyáng hábito; itátanggui ng̃ alcalde bucas, sa papaano mang dahilán, ang sa inyo'y ipinagcaloob ngãyon; hindî itutulot ng̃ síno mang ináng pumásoc ang canyáng anác sa páaralan, at cung macágayo'y baligtád ang ibubungã ng̃ inyóng lahát na mgã pagpapagal: macapanghihinà ng̃ lóob sa mgã magpapanucálà pagcatapos, na tumikím gumawâ ng̃ anó mang bagay na cagalingãn.

—Bagá man sa inyóng sabí,—ang tugón ng̃ binátà, hindî acó macapaniwálà sa capangyarihang iyang sinabi ninyó, at cáhit ipagpalagáy ng̃ catotohanan, cahi't paniwalâan túnay ngã, mátitira rin sa áking pinacalábis ang bayang may pag-iísip, ang Gobiernong may maningãs na hangãd sa pagtatátag ng̃ mgã panucalang totoong maiinam, taglay niyá ang mgã dakilang adhicâ at talagáng ibig ngã niya ang icágagaling ng̃ Filipinas.

—¡Ang Gobierno! ¡Ang Gobierno!—ang bulóng ng̃ filósofo, at sacà tumingãlà upang tingñán ang bubungãn.—Bagá man túnay na magcaróon ng̃ maningãs na nasang padakilâin ang lupaíng itó sa icágagaling ng̃ mgã taga rito rin at ng̃ Ináng Báyan; bagá man manacanacang alalahanin ng̃ mangĩsangĩsang mgã nangãngãtungcũlan ang magagandang caisipán ng̃ mgã háring católico, at bangguitín cung siya'y napapag-isá, ang Gobierno'y hindî nacakikita, hindî nacaririnig, hindî nagpapasiyá, liban na lamang sa ibiguin ng̃ cura ó provincial na canyáng makita, mápakinggan at mápasiyahán; lubós ang pagsampalatayang cayâ lamang siyá matíbay ay dahil sa canilá; na cung siya'y nananatili'y sa pagca't siya'y inaalalayan nilá; cung siya'y nabubuhay, sa pagca't ipinahihintulot niláng siyá'y mabuhay, at sa araw na iwan siyá ng̃ mgã fraile'y siya'y matútumbang gáya ng̃ pagcatumbá ng̃ isang taotaohan pagca walâ ng̃ sa canya'y pang-alalay. Tinatacot ang Gobierno sa panghihimagsík ng̃ bayan, at tinatacot ang bayan sa mgã hucbó ng̃ Gobierno: nagmulà rito ang isang magaang na laróng nacacatulad sa nangyayari sa mgã matatacutin cung sila'y pumapasoc sa mgã malulungcót na lúgar; ipinalálagay niláng mgã "fantasma" ang canilang sarilíng mgã anino, at ipinalálagay niláng mgã voces ng̃ ibá ang mgã alíngãwngãw ng̃ caniláng sariling mgã voces. Hindî macawáwalà ang Gobierno sa pananalima sa mgã fraile, samantalang hindî siyá nakikipag-alam sa bayáng

itó; mabubuhay siyang catúlad niyáng mgã bátang báliw, na pagdaca'y nangãngãtal márinig lámang ang voces ng̃sa canya'y tagapag-alágà, na caniláng pinacasusuyò ng̃ dî anó lámang at ng̃ sa canila'y magpaumanhin. Hindî nagháhangãd ang Gobiernong siya'y magtamó sa hináharap na panahón ng sariling lacás na sagánà, siya'y isáng bísig lámang, sa macatuwíd ay tagaganáp; ang úlo'y ang convento, sa macatuwíd ay siyáng tagapag-utos, at sa ganitóng hindî niyá pagkilos, nagpapaubayà siyáng siya'y caladcarín sa magcabicabilang bangĩng malalalim, siya'y naguiguing lilim lamang, nawáwal-an siyang cabuluhán, at sa canyáng cahinaan at casalatan sa caya'y ipinagcacatiwalà niyang lahát sa mgã camáy na upáhan. Cung hindî'y inyó pong isúmag ang anyô ng pamamahálà sa atin ng̃ating Pámunuan sa mgã ibang lupaíng inyóng linacbáy ...

—¡Oh!—ang isinalabat ni Ibarra,—mapapacalabis namán ang mgã cahingĩang iyan; magcásiya na lámang táyo sa pagcakitang ang baya'y hindî dumáraing, at hindî nagcacahirap na gaya ng̃mgã ibáng lupaín, at ito'y salámat ngã sa Religión at sa cabaîtan ng̃mgã púnong dito'y namamahálà.

—¡Hindî dumáraing ang bayan, sa pagcá't waláng voces, hindî cumikilos sa pagca't hindî nacacaramdam sa mapangãnib na pagtulog, at hindî nahihirapan, ang wicà po ninyó, sa pagca't hindî niyá nakikita cung paano ang pagdurugô ng canyáng púsò, ¡Ngũni't makikita't mariringĩg isáng áraw at ¡sa abá ng̃ mgã lumiligaya sa pagdaráyà at sa gabí cung mangãgsigawâ, dahil sa ang acálà nilá'y natutulog na lahát. ¡Pagca naliwanagan ng̃sícat ng̃áraw ang carumaldumal na anác ng̃ mgã cadilimán, cung magcágayo'y dárating ang cakilakilabot na pananag-úlì ng̃ ísìp, búbugsô at sasambulat ang hindî maulátang lacás na kinulóng sa lubháng mahábang panahón, ang napacaraming camandág na isaisang patác na sinálà, ang di masayod na mgã himutóc na linunod ... ¿Cung magcágayo'y sino cayâ ang magbabayad niyang mgã útang na manacânacang siníсingĩl ng̃báyan ayon sa ating nababasa sa pigtâ ng̃dugong mgã dahon ng Historia?

—¡Hindî ipahihintulot ng̃Dios, ng̃Gobierno at ng̃Religióng dumating ang araw na iyan!—ang mulíng isinagót ni Crisóstomo, na nalálaguim ng̃laban sa canyang saríling calooban.—Sumasampalataya sa religión at sumisinta sa España ang Filipinas; talastas ng̃ Filipinas cung gaano calakí ang mgã cagalingãng guinágawâ ng̃nación sa canya. Tunay ngã't may mgã capaslangãng nagagawa, hindî co rin naman icacailang siya'y may mgã caculangãn; datapuwa't nagpapagal ang España ng̃ pagbabago ng̃ mgã cautusán at mgã palácad na námamasid niyáng dî totóong wastô upang mabigyáng cagamutan ang gayóng mgã capaslangãn at mgã caculangãn; nagbabalac ng̃ mgã bago't bagong

panucálà, hindî masamang asal.

—Nalalaman co, at nárito ang casám-ang lálò. Ang mgã pagbabagong utos na nanggagaling sa mataas, pagdatíng sa baba'y nawawal-ang cabuluhán, dahil sa mgã pangit na pinagcaratihan ng̃ lahát, sa halimbawa, ang maningãs na hangãd na pagdaca'y yumaman at ang camangmangãn ng̃ bayang ipinauubáya ang lahat ng̃ gawín ng̃ may mgã salanggapang na budhî. Hindî nasasalansà ng̃ isáng tadhanà ng̃ hárì ang mgã gawang lisyà ng̃ mgã namiminúnò, samantálang hindî abangãn ng̃ isáng mapagmalasakit na macapangyarihan ang lubós na pagtalima sa tadhánang iyón ng̃ hárì, samantalang hindî ipinagcacaloob ang calayâang magsalitâ laban sa malalabis na mgã cagagawan ng̃ nangãglúlupit na mgã harîharían sa bayan: mátitira sa pagcapanucála, ang mgã panucála, ang mgã capaslangã'y mananatili't hindî masasawatâ, at gayón ma'y tahímic na matutulog ang ministro, sa galác na siya'y nacatupád ng̃ canyáng catungcúlan. Hindî lamang ito, sacali't pumarito ang isáng guinóong may mataas na catungcúlang may taglay na mgã dakila't magagandáng mgã hangãd, samantalang sa licura'y tinatawag siyáng-ulól, sa haráp niya'y ganitó ang ipasísimulang sa canya'y iparinig: "hindî po nakikilala ng̃ inyóng camahalan, ang lupaing ito, hindî pô nakikilala ng̃ inyóng camahalan ang mgã "indio", pasasamain pô ng̃ camalian ninyó silá, ang mabuti po'y magcatiwalâ cayó cay "fulano" at cay "zutano" at ibá pa," at sa pagca't hindî ngã naman nakikilala ng̃ camahalan niya ang lupaing hangga ngãyo'y na sa América ang canyáng boong acálà, at bucod sa roo'y ma'y mgã caculangãn at may mgã hindî mapagtagumpayán ng̃ marupóc niyáng lóob, na gaya rin naman ng̃ lahát ng̃ táo, siya'y napahihinuhod. Nadidilidili naman ng̃ camahalan niyang kinailangãng siya'y magpatúlò ng̃ maráming páwis at magcahírap ng̃ dî cawásà upang camtán niyá ang catungculang hinahawácan, na tatlóng taón lamang ang itátagal ng̃ catungculang iyón, na sa pagca't siyá'y may catandaan na'y kinacailangãng huwag ng̃ mag-íisip ng̃ mgã pagtutuwid ng̃ licô at ng̃ mgã pagsasanggalang sa naaapi, cung dî ang iguiguinhawa niya sa panahông darating; isáng malíit na "hotel" (magandang bahay) sa Madrid, isáng mainam na tahanan sa labás ng̃ ciudad at isáng magaling na pakikinabang sa taóntaón sa patubuang salapi upang macapagbúhay-guinháwa sa pangũlong báyang tahanan ng̃ hárì ang mgã bagay ngãng itó ang dapat paghanapin sa Filipinas. Huwág táyong humingĩ ng̃ mgã cababalaghán, huwág nating hingĩng magmalasakit sa icagagaling ng̃ lupaíng itó ang tagá ibáng lupaíng naparirito at ng̃ macakita ng̃ cayamanan at pagcatapos ay aalis. ¿Anóng cahalagahan sa canyá ng̃ pagkilalang lóob ó ng̃ mgã sumpâ ng̃ isáng bayang hindî niya kilalá, na walâ síyáng ano mang súcat alalahanin at walâ naman doon ang canyáng mgã sinisinta? Upang tumimyas ang dangãl ay kinacailangãn umalingãwngãw sa mgã taingã ng̃ ating

mgã iniibig, sa hangĩng sumisimoy sa ating tahanang bahay ó sa kinamulatang bayang mag-iingãt ng̃ating bungô at mgã but-ó, ... ibig nating maramdaman ang pagcaunlac sa ibabaw ng̃ating libingãn, at ng̃mapapag-init ng̃canyáng mgã sinag ang calamigán ng̃camatayan, ng̃huwag namang totoong mauwi na ngã tayo sa wala, cung di may matirang anó mang macapagpapaalaala sa atin. Alin man dito'y walâ tayong maipangãcò sa pumaparito upang mamanihalà ng̃ating capalaran. At ang lalò pang kasamasamaan sa lahát ay nangãgsisi-alis pagka nagpapasimulâ na ng̃pagcaunawà ng̃canilang catungculan. Ngũni't lumálayô tayo sa ating pinag-uusapan.

—Hindî, bago tayo magbalíc sa pinag-uusapan natin ay kinacailangãng cong pagliwanaguin ang iláng mgã tangĩng bagay,—ang dalidaling isinalabat ng binatà. Mangyayaring sumang-ayon acóng hindî nakikilala ng̃Pamahalaan ang calagayan, caugalian at minimithî ng̃bayan, datapuwa't sa acala co'y lalong hindî nakikilala ng̃ bayan ang Pamahalaan. May mgã cagawad ang Pamahalaang walang cabuluhan, masasamâ, cung itó ang ibig ninyóng aking sabihin, datapuwa't mayroon namang mgã cagawad na magagalíng, at ang magagalíng na ito'y waláng magawâ, sa pagca't sumasaguitnâ sila ng̃ caramihang hindî gumágalaw, aayaw gumalaw, ang mgã mamamayan bagang bahagyâ, na nakikialam sa mgã bagay na sa canya'y nauucol. Ngũni't hindî acó naparito't ng̃ makipagmatuwiran sa inyo tungcol sa bagay na itó; naparito acó't ng̃sa inyo'y humingĩng cahatulan, at ang inyong sabi'y yumucód acó sa mgã diosdiosang catawatawá.

—Tunay ngã, at itó rin ang aking inuulit, sa pagca't dito'y kinacailangãng ibabâ ang ulo ó pabayaang ilagpác.

—¿Ibaba ang ulo ó pabayaang ilagpac?—ang inulit ni Ibarrang nag-iisip-isip.—Totoong napacahigpit ang páhirangãng iyán! Ngũni't ¿bakit? Diyata't ¿hindî ngã cayâ mangyayaring magcaayos ang pagsinta sa aking tinubuang lupa at ang pagsinta sa España? ¿Kinacailangãn bagang magpacaîmbi upang maguing magalíng na binyagan, papangĩtin ang sariling budhi upang macagawa ngã ng̃ isáng magaling na panucalà? Sinisinta co ang aking tinubuang lúpà, ang Filipinas, sa pagca't siya ang pinapacacautangãn co ng̃ buhay at ng̃ aking caligayahan, at sa pagca't dapat sintahin ng̃lahat ng̃tao ang canyang tinubuang lúpa; sinisinta co ang España, ang lupang tinubuan ng̃aking magugulang, sa pagca't baga man sa lahat ng̃bagay na nangyayari, pinagcacautangãn siya at pagcacautangãn ng̃Filipinas ng̃canyáng caligayahan at ng̃canyang cagalingãn sa panahong dárating; católico acó, nananatili sa aking dalisay ang pananampalataya ng̃aking mgã magugulang, at hindî co maalaman cung anóng

cadahilanan at aking ibábabâ ang aking úlo, gayóng mangyayari namang aking itunghay; cung anong cadahilanan at aking ihahayin ang aking ulo sa aking mgã caaway, gayong sila'y mangyayari co namang yurakin!

—Sa pagca't na sa camay ng̃ inyóng mgã caaway ang linang na ibig ninyóng pagtamnan, at walâ cayóng lacás na mailalaban sa canilá.... Kinacailangãn munang hagcan ninyó ang camay na iyang....

—¡Hagcán! Datapuwa't ¿nalilimutan na ba ninyong silasila ang pumatáy sa aking amá, at siya'y caniláng hinucay at inalis sa canyang libingãn? Ngũni't acóng canyáng anác ay hindî co nalilimutan, at cung hindî co siya ipinanghihiganti'y, dahil sa linilingãp co ang capurihan ng̃ religión.

Itinungõ ang úlo ng̃ matandáng filósofo.

—Guinoong Ibarra.—ang canyang isinagót ng̃ madalang na pananalitá:—cung nananatili sa inyong alaala ang mgã gunitaing iyan, mgã gunitaing hindî co maihahatol na inyóng limutin; huwag pô ninyóng ipagpatuloy ang panucalang inyóng binabantang gawín, at hanapin ninyó sa íbang dáco ang icagagaling ng̃ inyóng mgã cababayan. Humihingĩ ang panucalà ninyo na ang ibang tao ang gumawâ, sa pagca't upang mayarì, hindi lamang salapi at hangãd na macayari ang kinacaìlangãn; bucód sa rito'y kinacailangãn dito sa ating lupaín ang pagca matiisin, malabis na catiyagaa't pagsusumicap at matibay na pag-asa, sa pagca't hindî nahahanda ang linang; pawang mgã dawag lamang ang nacatanim.

Napag-uunawà ni Ibarra ang cahalagahan ng̃ mgã salitang itó; datapuwa't hindî siya macapanglulupaypá'y; na sa canyang gunita ang alaala cay María Clara; kinacailangãng mayari ang canyang inihandóg na pangãcò.

—¿Wala na bagáng ibang sa inyo'y maihatol ang dinanas ninyó cung di ang mahigpít na paraang iyan?—ang itinanong sa mahinang pananalita.

Tinangnán siyá ng̃ matandáng lalaki sa bísig at saca siya dinalá sa bintanà. Isang hangĩng malamig na pangũnahin ng̃ timog ang siyang humihihip; nalalatag sa mgã mata niya ang halamang ang hangganan ay ang malawac na gubat na siyang pinacabacod.

—¿Bakit pô ba hindî natin tutularan ang gawa niyáng mahinang catawán ng halamang iyang humihitic sa dami ng̃ bulaclac at mgã búco?—anang filósofo, na itinuturò ang isang magandang púnò ng̃ rosa.—Pagcahumihihip ang hangĩn at ipinagwawagwagan siya, ang guinagawa niya'y yumúyucod, anaki'y itinatagò ang canyang mahalagang taglay. Cung manatili ang punò ng̃ rosa sa pagcatuwid,

siya'y mababali, isasabog ng̃ hang̃in ang mg̃a bulaclac at maluluoy ang mg̃a búco. Pagcaraan ng̃ hang̃in, nananag-uli ang punò ng̃ rosa sa pagtuwid, at ipinagmamalaki ang canyang cayamanan, ¿sino ang sa canya'y macacapípintas dahil sa canyang pahihinuhod sa pang̃ang̃ailang̃an, sa macatuwid baga'y sa pang̃ang̃ailang̃ang pagyucod? Tan-awain po ninyo roon ang lubhang mayabong na cáhoy na "cúpang" na iyón, na iguinagalaw ng̃ boong cadakilaan ang canyang na sa caitaasang mg̃a dahong pinagpupugaran ng̃ lawin. Ang "cúpang" na iya'y dinala co ritong galing sa gubat ng̃ panahong siya'y mahinà pang usbóng; inalalayan co ang canyang catawan ng̃ maliliit na mg̃a patpat sa loob ng̃ di cacaunting panahón. Cung dinalá co rito ang cahoy na iyang malaki na't sagana sa buhay, wala ng̃ang salang hindi sana siya nabuhay: ipinagwagwagan disin siya ng̃ hang̃in ng̃ panahóng hindi pa nacacacapit ang canyang mg̃a ugat sa lupa upang macapagbigay sa canya ng̃ kinacailang̃ang icabubuhay, alinsunod sa canyang laki at taas. Ganyan din pô naman ang maguiguing wacas ninyo, halamang inacat na nanggalíng sa Europa at inilipat sa mabatóng lupaíng itó, cung hindî cayó hahanap ng̃ sa inyo'y aalalay, at hindî cayó magpapacalíit. Masama pô ang inyóng calagayan, cayó'y nag-íisá, mataas; umuugà ang lúpà, nagbabalità ang lang̃it ng̃ malakíng unós, at napakita ng̃ nacahihicayat ng paglapit ng̃ lintíc ang maruruclay na dulo ng̃ inyong angcán. Hindî catapang̃an, cung di capang̃ahasang tacsil ang mag-isang makihamoc sa boong casalucuyang náririto; wala sino mang pumipintas sa pilotong nang̃ung̃ubli sa isang doong̃an sa unang hihip ng̃ hang̃ing nagbabalita ng̃ darating na bagyó. Hindî caruwagan ang yumucod cung nagdaraan ang punglo (bala); ang masama'y ang lumantad upang mahandusay at huwag na muling bumang̃on.

—¿At magcacaroon cayâ ng̃ inaasahan cong bung̃a ang pag-amis sa sariling itó?—ang itinanóng ni Ibarra;—¿maniniwalà cayâ sa akin at lilimutin cayâ ng sacerdote ang guinawâ co sa canyang pag-imbi? ¿Tunay ng̃â cayang tutulong sila sa akin sa icalalagô ng̃ pagpapaaral sa mg̃a batà, na siyáng makikipang̃ag̃aw sa convento ng̃ mg̃a cayamanan ng̃ bayan? ¿Hindî caya mangyaring sila'y magpacunwarî ng̃ pakikipag-ibigan, magpaimbabaw ng̃ pagtatangkilic, at sa ilalim, sa mg̃a cadiliman ay siya'y bacahin, siraing unti-unti, sugatan ang canyang bucóng-búcong at ng̃ lalong madaling maibuwal siyá, cay sa labanan ng pamukhaan? ¡Alinsunod sa iniacalà po ninyong mg̃a anyo'y maaasahang mangyayari ang lahat!

Nanatili ang matandang lalaki sa hindî pag-imíc at hindî macasagót. Nag-isip-isíp ng̃ ilang sandalî at sacâ nagsalitâ ulî:

—Cung gayón ang mangyari, cung maluoy ang inyóng panucalà,

macaaaliw sa inyong hapis ang pagcaalam ninyong inyong guinawâ ang lahat ninyong macacaya, at gayon man ang cahinatna'y may cauntî ring pakikinabangĩn: itatag ang unang bató, magtanim, at marahil cung macaraan na ang sigabo ng̃ unós ay sumibol ang iláng butil, magnawnaw pagcalampas ng capahamacán, máligtas ang angcan sa pagcapahamac at sa cawacasa'y maguing binhi ng̃ mg̃a anac ng̃ maghahalamáng namatay. Mangyayaring macapagpalacás ng̃ loob ang gayóng ulirán sa mg̃a ibáng nang̃atatacot lamang magpasimulâ.

Pinaglininglining ni Ibarra ang mg̃a catuwirang itó, napagmasid ang canyáng calagayan at napagwaring totoong na sa catwiran ang matandáng lalaki sa guitnâ ng̃ canyang pagcamahiliguin sa paniniwala sa mapapanglaw na casasapitan ng̃ anó mang panucalà.

—¡Naniwalâ acó sa inyó!—ang bigláng sinabi, at pinacahigpit ni Ibarra ang camay ng̃ matandáng lalakì.—Hindi nasayang ang aking pag-asang bibigyan pô ninyô acó ng̃ magalíng na cahatulán. Ng̃ayón dín ay paparoón acó sa cura't aking bubucsán sa canyá ang nilalaman ng̃ aking pusò, sa pagca't ang catotohana'y walà naman siyáng guinagawâ sa aking anó mang bágay na masamâ, sa pagca't hindî naman maguiguing cawang̃is na lahat ng̃ nag-usig sa aking amá. Bucód sa rito'y may ipakikiusap pa acó sa canyá tungcól sa icagagalíng niyáng culang palad na ulol na babaeng iyán at ng̃ canyáng mg̃a anác; ¡nananalíg acó sa Dios at sa mg̃a tao!

Nagpaalam sa matandáng lalaki, sumacay sa cabayo at yumao.

—¡Masdán nating magaling!—ang ibinulóng ng̃ mapag-isip ng mapapanglaw na filósofo; na sinusundán si Ibarra ng̃ canyáng tanaw;—hiwatigan nating mabuti cung paano cayâ ang gagawín ni Capalarang pagyarì ng pinasimulaang "comedia" sa libang̃an.

—Ng̃ayo'y tunay na siya'y nagcacámali: pinasimulaan ang "comedia" ng caunaunahan pa bago nangyari ang sa libing̃an.

Decorative motif

---

Decorative motif

# XXVI.

## ANG "VISPERA" NG "FIESTA."

Tayo'y na sa icasampô ng̃ Noviembre, vispera (araw na sinusundan) ng fiesta (pagsasayá).

Iniiwan ang caugaliang anyó sa araw-araw, at gumagamit ang bayan ng isáng waláng cahulilip na casipagan sa bahay, sa daan, sa simbahan, sa sabungãn at sa cabukiran; pinupunô ang mgã bintanà (durungãwán ó linib) ng̃ mgã "bandera" at ng̃ mgã "damáscong may iba't ibang culay; napupuspos ang alang-alang ng̃ mgã ugong ng̃ mgã putóc at ng̃ música; nasasabugan at nalalaganapan ang hangĩn ng̃ mgã cagalacan.

Sarisaring minatamis na mgã bungãng cahoy rito ang nangãcalagay sa mgã "dulcerang" (lalagyán ng̃ matamís) cristál na may sarisáring masasayáng cúlay na pinag aayos-áyos ng̃ dalaga sa isang "mesita" (maliít na mesa), na natátacpan ng̃ maputing "mantel" na "bordado." Sumisiap sa "pátio" ang mgã sisiw, cumacacac ang mgã inahing manóc, humagukhoc ang mgã baboy, na nangãguíguitla sa catuwaan ng̃ mgã tao. Nagmamanhic manaog ang mgã alilang may mgã daláng doradang "vagilia" (sasisaring bágay na lalagyan ng̃ pagcaing napapamutihan ng̃ mgã dibujong dorado), pilac na mgã "cubierto" (cuchara, cuchillo at tenedor) dito'y may kinagagalitan dahil sa pagcabasag ng̃ isang pingan, doo'y pinagtatawanan ang isang babayeng tagabukid; sa lahat ng̃ daco'y may nangãg-uutos, nangãg-uusapan, sumisigaw, nangãgpipintasan, nangagbabalacbalac, nangãg-aaliwan ang isa't isá, at pawang caguluhan, ugong, caingãyán. At ang lahat ng̃ pagsusumicap na itó at itong lahat na pagpapagal ay dahil sa panauhing kilala ó hindî kilala; ang cadahilana'y ng̃ pagpakitaan ng magandang loob ang taong marahil ay hindî pa nakikita cailan mán, at marahil cailan man ay hindî na pakikita pagcatapos; ng̃ ang tagaibang bayan, ang naglalacbay-bayan, ang caibigan, ang caaway, ang filipino, ang castila, ang dukhâ, ang mayaman ay umalis doon pagcatapos ng̃ fiestang natutuwa at walang maipintas: hindî man lamang hinihingĩ sa canilang cumilala ng̃ utang na loob, at hindî hinihintay sa mgã panauhing yaong huwag gumawâ ng̃ anó mang isasamâ ng̃ mapagcandiling magcacasambaháy samantalang tinutunaw ó cung matunaw na sa tiyan ang canilang kinain. Ang mgã mayayáman, ang mgã nacakita ng̃

higuit cay sa mgã ibá, palibhasa'y nangãparoon sa Maynilà, nangãgsisibili ng cerveza, champagne, mgã licor, mgã alac at mgã pagcaing galing Europa, mgã bágay na bahagyà na nilá natiticman ang isáng subò ó isáng lagóc. Magandang totoó ang pagcacahanda ng̃ canyáng mesa.

Sa dacong guitnâ'y naroroon ang isáng "pinya-pinyahang" kinatutusucan ng mgã panghiningãng marikít na lubhâ ang pagcacagawâ ng̃ mgã "presidiario" sa mgã horas ng̃ caniláng pagpapahingãlay. Ang mgã panghiningãng itó'y may mgã anyong "abanico," cung minsa'y catulad ng̃ mgã pinagsalitsalit na mgã bulaclac, ó isáng ibon, isáng "rosa", isáng dahon ng̃ anahaw, ó mgã tanicalâ, na pinapagmulâ ang lahát ng̃ itó sa isáng caputol na cahoy lamang: isáng bilanggong pinarurusahan sa sapilitang pagtatrabajo ang may gawâ, isáng pangãl na "cuchillo" ang gamit na casangcapan at ang voces ng̃ bastonero ang siyang nagtuturò.—Sa magcabilang tabí ng̃ pinyang itó, na tinatawag na "palillera", nacalagáy sa mgã cristal na "frutero" (lalagyan ng̃ bungãng-cahoy) ang nacatimbóng mgã "naranjitas" (santones ang tawag ng̃ iba), lansones, ates, chicos at manggá pa cung magca minsan, bagá man buwan ng̃ Noviembre. Sacâ sa mangã bandeja sa ibabaw ng̃ mgã papel na may burdang inukit at may mgã pintáng makikináng na mgã cúlay, nacahayin ang mgã "jamong" galing Europa ó galing China, isáng malaking "pastel" na ang anyó'y "Agnus Dei," (tupang may tangãy na banderang may nacadibujong isang cruz), ó cayá'y calapati, ang Espíritu Santo marahil, mgã "pavo rellenado," at ibá pa; at sa casamahan ng̃ lahat ng̃ ito'y ang pangpagana sa pagcaing mgã frasco ng̃ mgã "achara" na may caayaayang mgã dibujong gawâ sa bulaclac ng̃ bungã at ibá pang mgã gúlay at mgã bungãng halaman na totoong mainam ang pagcacahiwà na idinigkít ng "almibar" sa mgã taguiliran ng̃ mgã garrafón.

Linilinis ang mgã globong vidrio, na pinagmanamana ng̃ mgã ama't ng̃ mgã anác, pinakikintab ang mgã tansong aro; hinuhubdan ang mgã lampara ng petróleo ng̃ canilang mapupuláng mgã funda, na sa canila'y naglalagac sa loob ng̃ isang taón sa mgã langãw at sa mgã lamoc na sa canila'y sumisirâ; umuugoy, cumacalansing, umaawit ng̃ caligaligaya ang mgã "almendra" at mgã palawit na cristal na nagkikinagan ng̃ sarisaring maniningning na cúlay dahil sa anyô ng pagcacatapyas; na ano pa't anaki'y nangãkikisaliw sa pagcacatuwâ, nangãgsasayá pinagpag-iiba't-iba ang ningning at pinasisinag sa ibabaw ng̃ mapuputing mgã pader ang mgã cúlay ng̃ bahag-hari.

Ang mgã bata'y nangãglalarô, nangãgcacatuwâan, hinahabol ang maniningning na mgã cúlay, nangãtitisod, nababasag ang mgã tubo, datapuwa't ito'y hindî nacacagambalà upang ipagpatuloy ang catuwaan ng̃ fiesta: ibáng ibá

ang caniláng casasapitan at ang mg̃a luhà ng̃ caniláng mabibilog na mg̃a matá, ang siyang magsaysay cung mangyari ang ganitóng pagbabasag sa ibáng panahon ng̃ isáng taón.

Lumalabás, na gaya rin ng̃ mg̃a cagalang-galang na mg̃a lámparang itó, sa mg̃a pinagtatagúan, ang mg̃a pinagtiyagaang gawín ng̃ dalaga: mg̃a "velo" na sa "crochet" ang pagcacayarì, maliliit na mg̃a alfombra, mg̃a bulaclac na gawáng camay; inilalabás din ang mg̃a caunaunahang bandejang sa calaguitnaa'y may nacapintáng isáng dagatang may mg̃a maliliit na isda, mg̃a buaya, mg̃a lamáng dagat, mg̃a lúmot, mg̃a coral at mg̃a batóng vidriong maniningning ang mg̃a cúlay. Namamauló ang mg̃a bandejang itó sa mg̃a tabaco, mg̃a cigarrillo at maliliit na hitsóng pinilí ng̃ maiínam na mg̃a dalirì ng̃ mg̃a dalága.

Cumikintáb na parang salamín ang tablá ng̃ báhay; mg̃a cortinang júsi ó piña ang mg̃a pamuti ng̃ mg̃a pintúan, sa mg̃a bintana'y nacasabit ang mg̃a farol cristal, ó papel rosa, azul, verde ó pulá: napupuspos ang bahay ng̃ mg̃a bulaclac at ng̃ mg̃a lalagyan ng̃ mg̃a halamang namumulaclac ó magaling na mg̃a pamuti na ipinapatong sa mg̃a pedestal na loza sa China; pati ng̃ mg̃a santo'y nang̃gsisigayac, ang mg̃a larawan at ang mg̃a, "reliquia" ay nang̃gsásaya namán, pinapagpagán silá ng̃ alabóc at binibitinan ng̃ pinagsalitsalit na mg̃a bulaclac ang caniláng mg̃a marco.

Nang̃gtátayô sa mg̃a daán, sa láyong hálos nagcacatuladtulad, ng̃ maiinam na mg̃a arcong cawayang binurdahan sa libolibong paraang tinatawag na "sincában", at naliliguid ng̃ mg̃a caluscós, na makita lámang ng̃ mg̃a bata'y nang̃gsasayahan na. Sa paliguid ng̃ patio ng̃ simbaha'y naroon ang malaking toldang pinagcagugúlan ng̃ mainam, na mg̃a punò ng̃ cawayan ang mg̃a túcod, at ng̃ doon magdáan ang procesion. Sa ilalim ng̃ toldang ito'y nang̃glalaró ang mg̃a báta, nang̃gtatacbuhan, nang̃g-aacayatan, nang̃glulucsuhan at caniláng pinupunit ang mg̃a bagong barong talagáng caniláng pagbibihisan sa caarawan ng̃ fiesta.

Nang̃gtayô doon sa plaza ng̃ tablado, palabasan ng̃ comediang ang mg̃a guinamit na kasangcapa'y cawáyan, páwid at cáhoy. Diyan magsasaysay ng̃ mg̃a cahang̃hang̃ ang comediang Tundo, at makikipag-unahan sa mg̃a dios sa cababalaghan: diyán cácanta at sásayaw si na Marianito, Chananay, Balbino, Ratia, Carvajal, Yeyeng, Liceria at iba pa. Kinalulugdan ng̃ Filipino ang teatro at nang̃gsusumicap ng̃ pagdaló sa mg̃a guinágawang palabas na mg̃a drama; pinakikinggang hindî umiimíc ang cantá, kinatutuwâan ang sayáw at ang "mímica", hindî-sumusutsot, (tandâ ng̃ pagpintas,) ng̃uni't hindi namán pumapacpac (tanda ng̃ pagpupuri) ¿Hindî niyá naibigan ang pinalabas? Ang

guinágawa'y ngĩnangãngãngã̃ ang canyáng hitsó, ó cung dílì cayá'y umaalis na hindî guinagambálà ang ibáng maráhil ay nangãlúlugod sa pinalálabas na iyón. Manacanacang humíhiyaw lámang ang mgã mámamayang hangãl, pagcâ hináhagcan ó niyayacap ng̃ lumálabas na mgã laláki ang lumálabas na mgã babae; datapwa't hindî lumálampas sa gayóng gawâ. Ng̃ úna'y walang pinalálabas cung hindî mgã drama lamang; gumágawa ang poeta ng̃bayan ng̃ isáng cathang doo'y hindî naaaring hindî magcaroon ng̃ labanán, pagcacadalawang minuto, isang mapagpatawang "túpay at cakilakilabot na mgã malicmatang pagbabagobago ng̃ anyô. Datapwa't mula ng̃ maisipan ng̃ mgã artista sa Tundóng gumawa ng̃labanán bawa't icalabing limáng "segundo" at maglagay ng̃dalawang túpay, at magpalabas ng̃mgã cathang lálò ng̃dî súcat mapaniwalâan, mulâ noó'y caniláng natabúnan ang caniláng mgã capangãgáw na mgã tagá lalawígan. Sa pagca't totoóng malulugdin sa bagay na gayón ang gobernadorcillo, ang guinawâ niya'y canyang piniling camalam ang cura, ang comediang "Principe Villardo, ó ang mgã pácong binúnot sa imbíng yungĩb," dramang may "magia" at may mgã "fuegos artificiales."

Mayá't mayá'y nirerepique ng̃boong galác ang mgã campanà, ang mgã campanà ring iyón ang dumúdoblas ng̃camacasampong araw. Mgã ruedang may mgã bomba at mgã "verso" (morterete) ang siyáng umu-ugong sa împapawid; ipakikita ang canyáng dunong ng̃ "pirotécnico" ó castillerong filipino, na natutuhan ang canyáng "arte" na sino ma'y waláng nagtuturo, naghahanda ng̃ mgã toro, mgã castillong may mgã paputóc at may mgã "luces de Bengala", mgã globong papel na pinapantog ng̃hangĩng mainit, mgã "rueda de brillante," mgã bomba, mgã cohetes at ibá pá.

¿Tumútunog sa maláyò ang caayaayang alingã̃wngã̃w? Pagdaca'y nangãg tatácbuhan ang mgã batang lalaki at nangãg-úunahan sa pagtúngõ sa labás ng báyan upang salubúngĩn ang mgã banda ng̃música. Limá ang inupahan, bucód sa tatlóng orquesta. Hindî dapat mawala ang música ng̃ Pagsanghang ang escribano ang siyang may arì, at gayón din ang música ng̃S.P. de T., na balitang totoo ng̃panahóng iyón, dahil sa ang namamatnugot ay ang maestro Austria ang lagalag bagáng si "cabo Mariano," na ayon sa sabihana'y dala raw niya sa dulo ng̃canyáng batuta ang pagcabantog at ang magagandang tínig. Pinupúri ng̃mgã musico ang canyáng marcha fúnebre "El Sauce", at canilang pinanghihinayang siya'y hindî nacapag-aral ng̃música, sa pagcá't sa cagalingãn niyáng umísip ay macapagbibigay dangãl sana siyá sa canyáng kináguisnang báyan.

Pumasoc na ang música sa bayan at tumutugtog ng̃ masayang mgã "marcha" na sinúsundan ng̃mgã bátang marurumi ang pananamit ó halos mgã

hubo't hubád: may ang bárò ng̃canyáng capatíd ang suot, may ang salawál ng canyáng amá. Pagdacang tumitiguil ang música'y nasasaulo na nilá ang tugtuguing caniláng nárinig, caniláng inuulit na sa aguing-íng ng̃ bibig ó isinusutsot ang tugtuguing iyón ng̃lubós na cakinisan, at caniláng pinasisiyahan na cung magandá ó pangĩt.

Samantala'y nangãdaratingãn ang mgã carromata, mgã calesa ó mgã coche ng̃mgã camag-anac, ng̃mgã caibigan, ng̃mgã hindî cakilala ng̃mgã tahur na dalá ang canicanilang lalong magagaling na mgã manóc at mgã supot ng̃guintô, at nangãháhandang ipangãnib ang caniláng pamumúhay sa sugalan ó sa loob ng "rueda" ng̃sabungãn.

—¡Tumatanggap ang alférez sa gabigabí ng̃ limáng pong piso!—ang ibinúbulong ng̃isáng laláking pandác at matabâ sa taingã ng̃mgã bágong dating;—paririto si capitang Tiago at maglálagay ng̃bangcâ; may labíng-walóng libong dalá si capitang Joaquin. Magcacaroon ng̃"liampó," sampóng líbo ang ilálagay na puhúnan ni insíc Carlos. Magsisirating na gáling sa Tanawan, sa Lipá at sa Batangãn at gayón din sa Santa Cruz, ang malalacás na mgã "punto" (mananayà). Ngũni't magchocolate cayó. Hindî tayo aanitan ni capitang Tiago, na gaya ng̃ taóng nagdaan: tátatlong misa de gracia ang canyáng pinagcagugulan, at aco'y may mutyâ sa cacáw. At ¿cumusta pô bâ ang familia?

—¡Mabuti po! ¡mabuti po! ¡salamat!—ang isinásagot ng̃mgã nangĩngĩbang báyan;—at ¿si párì Dámaso?

—Magsesermón sa umaga si pári Dámaso at pagcágabí casama nating siya'y magbábangcâ.

—¡Lalong mabuti! ¡lalong mabuti! ¡cung gayo'y walang ano mang pangãnib!

—¡Panátag, totoóng panatag tayo! ¡Bucód sa roo'y susubò si insic Carlos!

At inaacma ng̃matabang tao ang canyáng mgã daliring warì'y nabibilang ng salapî.

Sa labas ng̃bayan ang nangyayari nama'y nabibihis ang mgã tagabundoc ng lalong magagaling nilang pananamit upang dalhín sa bahay ng̃ canicanilang mamumuhunan ang pinatabang magalíng na mgã inahing manoc, mgã baboy-ramó, mgã usa, mgã ibon; inilululan ng̃mgã ibá sa mabibigat ng̃hilahing mgã carretón ang cáhoy na panggátong; ang mgã iba'y mgã búngãng cáhoy, bihirang makitang mgã dápò na nasusumpungãn sa gúbat; at ang mgã iba'y nagdádala

namán ng̃ bigà na may malalápad na mgã dáhon, ticás ticas na may mgã bulaclac, na cúlay apóy upang ipamúti sa mgã pintuan ng̃mgã báhay.

Ng̃ũni't ang kinaroroonan ng̃ lálong malakíng casayahang hálos ay caguluhan na'y doón sa isang malápad na capatágang mataas, na iláng hacbáng lámang ang láyò sa báhay ni Ibarra. Cumacalairit ang mgã "polea", umaalingãwngãw ang mgã sigawan, ang mataguintíng na tunóg ng̃ batóng nilalabrá, ang martillong pumúpucpoc ng̃ pácò, ang palacól na inilalabrá ng̃ cahab-an. Caramihang táo ang dumúducal ng̃lupa at gumágawâ silá ng̃isáng maluang at malálim na húcay naghahanay ang ibá ng̃mgã batóng tinibág sa tibagan ng̃ báyan, nagbábaba ng̃ lulan ng̃ mgã carretón, nagbúbunton ng̃ buhang̃in, nangãglálagay ng̃mgã torno at mgã cabrestante....

—¡Dito! ¡doón iyan! ¡Madali!—ang isinísigaw ng̃ isáng maliit na matandáng laláking ang pagmumukhá'y masayá at matalínò, na ang háwac na pinacatungcód ay isáng metro na may tansô ang mgã cantó at nacabilíbid doón ang lúbid ng̃ isáng plomada. Iyón ang maestro ng̃ paggawâ, si ñor Juang arquitecto, albañil, carpintero, blanqueador, cerrajero, pintor, picapedrero at manacánacâ pang escultor.

—¡Kinacailangãng itó'y mayari ngãyón din! ¡Hindî macapagtatrabajo búcas at gágawin na ang ceremonia sa macalawa! ¡Madalî!

—¡Gawín ninyó ang hoyo sa isáng paraang maipasoc na angcáp na angcáp ang tila híhip na itó!—ang sinasabi sa iláng mgã picapedrero na nangãgpapakinis ng̃ isang malaking batóng parisucát;—¡sa loob nitó iingãtan ang ating mgã pangãlan!

At inuulit sa báwa't tagaibáng báyang lumalapit, ang macalilibong canyáng sinábi na:

—¿Nalalaman bâ ninyó ang áming itátayô? Talastasín ninyóng itó'y isáng escuélahan, huwáran ng̃mgã ganitóng bágay rin, catúlad ng̃mgã escuélahan sa Alemania, higuít pa ang cabutihan! ¡Ang arquitectong si guinóong R. at acó ang gumuhit ng̃plano, at acó ang namamatnugot sa paggawâ! Siyá ngã̂, pô; tingnán ninyo. Itó'y maguiguing isáng palaciong may dalawáng pinacapacpác; úcol ang isa sa mgã bátang lalaki at ang isá'y sa mgã bátang babae. Magcacaroon dito sa guitnâ ng̃isáng malaking halamanang may tatlóng huwád sa bucál ng̃túbig na sumusumpít na paitaas, at caligaligaya ang sambúlat ng̃mgã patác; mgã púnò ng cáhoy diyan sa mgã taguilíran, maliliit na halamanan, at ng̃ ang mgã báta'y magtatanim at mag-aalágà ng̃ mgã halaman sa mgã horas ng̃ paglilibáng, sasamantaláhin ang panahón at hindi sasayáng̃in. ¡Tingnán ninyó't malalalim ang

mgã simiento! Tatlóng metro at pitompó't limáng centímentro. Magcacaroon ang bahay na itó ng̃tatlóng bodega, mgã yungĩb sa ilálim ng̃lúpà mgã bilangguan sa mgã tamád mag-aral sa malapít, sa totóong malapit sa mgã pinaglalaruan at sa "gimnasio", at ng̃ márinig ng̃ mgã pinarurusahang bátà cung paano ang guinágawang pagcacatuwâ ng̃mgã masisipag-mag-áral. Nakikita pô bâ ninyó ang malaking lugar na iyáng waláng caanoano man? Itinátalaga ang capatagang iyáng lampaslampasan ang hangĩn upang diyán mangãgtacbúhan at mangãglucsuhan ang mgã bátà. Magcacaroon ang mgã batang babae ng halamanang may mgã uupán, mgã "columpio", mgã cacahúyan at ng̃doon silá macarapaglarô ng̃"comba", mgã bucál ng̃túbig na pumapaimbulog, culungãn ng mgã ibon at ibá pa. Itó'y maguiguing isang bágay na cárikitdikitan.

At pinapagkikiskis ni ñor Juan ang mgã camáy sa galác, at ang iniisip niya'y ang pagcabantóg na mátatamo. Magsisìparito ang mgã tagá ibáng lupain upang daláwin iyón at sila'y mangãgtatanong:—¿Síno ang dakilang arquitectong gumawâ nitó?—¿Hindî bâ ninyó nalalaman? ¡Tila mandin hindî catotohanang; hindî ninyó makilala si ñor Juan! ¡Marahil totoóng maláyò ang inyong pinangalingãn!—ang isásagot ng̃lahát.

Nagpaparoo't paríto sa magcabicabilang dúlong taglay ang ganitong mgã pagdidilidili, na canyang inuusisang lahat, at ang lahát ay canyáng minámasdan.

—Sa ganáng ákin ay napacarami namang cahoy ang gamit na iyan sa isang cabria—ang canyáng sinabi sa isang taong nanínilaw, na siyang namamatnubay sa ilang mgã manggagawà;—casucatan na, sa ganang akin, ang tatlóng mahahabang trozo na papagtutungcuíng-calan ó "trípode", at sacâ tatló pang cahoy na papagcapitcapitin!

—¡Aba!—ang isinagót ng̃laláking nanínilaw na ngũmíngĩtî ng̃cacaibá;—lálong malakíng pangguiguilalás ang áting tátamuhin samantalang lálong marámi ang mgã casangcapang gamítin nátin sa gawaing itó. Lálong maínam ang anyô ng̃caboôan, lálong mahalagá at caniláng wiwicâin: ¡gaano calakíng págod ang guinúgol díto! ¡Makikita ninyo cung anó ang cábriang áking itátayô! At pagcatápos ay áking pamumutihan ng̃mgã banderola, ng̃mgã guirnaldang mgã dáhon at mgã bulaclác ...; masasabi ninyó pagcatapos na nagcaróon cayó ng magandáng caisipán ng̃pagcacátanggap ninyó sa ákin sa casamahán ng̃inyóng mgã manggagáwa, at walâ ng̃maháhangãd pa si guinóong Ibarra!

Sa dácong malayôlayô roo'y may natatanawáng kiosko, na nagcacahugpong sa pamamag-itan ng̃isáng bálag na nahahabungãn ng̃mgã dáhon ng̃ságuing.

Ang maestro sa escuélahang may mgã tatlompóng bátang laláki ay

nangãggágawâ ng̃mgã corona, nangãgtatali ng̃mgã bandera sa mgã malilíit na mangã halíguing cawáyang napupuluputan ng̃damít na putíng pinacumbô.

—¡Pagsicápan ninyóng umínam ang pagcacasulat ng̃ mgã letra!—ang sinasabi sa mgã nagpípinta ng̃mgã salitáng itátanyag sa lahát;—¿paririto ang Alcalde, maráming mgã cura ang magsísidalo, maráhil patí ng̃Capitan General na ngãyo'y na sa lalawigan! Cung makita niláng magalíng cayóng magdibújo, marahil cayo'y puríhin.

—¿At handugán camí ng̃isáng pizarra ...?

—¿Síno ang nacaaalam! datapuwa't humingĩ na si guinoong Ibarra ng̃isá sa Maynilà. Dárating búcas ang iláng bágay na ipamamahágui sa inyóng pinacaganting pálà.... Datapuwa't pabayaan ninyó ang mgã bulaclác na iyán sa túbig, gágawin natin búcas ang mgã ramillete, magdádala pa cayó ríto ng̃mgã bulaclác, sa pagca't kinacailangãng malatagan ang mesa ng̃mgã bulaclac, ang mgã bulaclác ay nacapagbíbigay sayá sa mgã matá.

—Magdádala ríto ang áking amá búcas ng̃mgã bulaclác ng̃bainô at sacâ isáng bácol na mgã sampaga.

—Hindi tumatanggáp ng̃ báyad ang aking amá sa tatlóng carritóng buhangĩng dinalá rito.

—Ipinangãcò ng̃aking tiong siya ang magbabayad sa isáng maestro,—ang idinugtong ng̃pamangkin ni capitang Basilio.

At túnay ngã namán; kinalugdán ang panucálang iyón ng̃ lahát hálos. Hiningĩ ng̃ curang siyá ang mag-áamang-binyág at magbebendición sa paglalagáy ng̃únang bató, pagdiriwáng na gágawin sa catapusáng araw ng̃fiesta, at siyáng gágawing isá sa mgã pinacamalaking pagsasaya. Patí ng̃coadjutor ay lumápit ng̃boóng cakimîan cay Ibarra, at sa canya'y inihandóg ang lahát ng̃mgã pamisang pagbayaran sa canyá ng̃mgã mapamintacasi hanggáng sa mayarì ang báhay na iyón. Mayroon pa, sinabi ni hermana Rufa, ang mayaman at mapag-impoc na babaeng sacali't cuculangĩn ng̃ salapî, canyáng lilibutin ang iláng báyan upang magpalimós, sa ilálim ng̃ tángĩng pagcacasunduang sa canyá'y babayaran ang paglalacbáy, ang mgã cacánin at ibá pa. Pinasalamatan siyá ni Ibarra at siyá'y sinagót:

—Walâ táyong macucuhang mahalagáng bágay, sa pagcá't hindi acó mayáman at hindî namán simbahan ang báhay na itó. Bucód sa rito'y hindî co ipinangãcong áking itátayô ang báhay na itóng ibá ang magcacagugol.

Pinagtatakhan siyá at guinagawang ulirán ng̃ mg̃ã bináta, ng̃ mg̃ã estudianteng gáling Maynilang pumaroón doón at ng̃makipagfiesta; ng̃uni't gaya ng̃nangyayari hálos cailán man, pagca ibig nating tuláran ang mg̃ã tinátakhang mg̃ã táo, ang nagágagad lámang natin ay ang canyáng waláng cabuluháng mg̃ã guinágawâ, at cung magcaminsan pa'y ang canyáng mg̃ã sawíng caasalan, nangãgtataca palibhasa'y walá táyong cáya sa ibáng bágay, minámasdan ng maraming sa canya'y nangãgtátaca cung paano ang pagtatali ng̃binátang iyón ng canyáng corbata, ang mg̃ã ibá nama'y ang anyô ng̃ cuello ng̃ bárò, at hindî cácaunti ang nagmámasid cung ilán ang mg̃ã botón ng̃canyáng americana at chaleco.

Tila mandin pawang nangãpawi magpacailán man ang mg̃ã masasamáng nangyayari sa panahóng hináharap na guinuguniguni ni matandáng Tasio. Iyán ng̃ã ang sinabi ni Ibarra isáng áraw sa canyá; ng̃uni't siyá'y sinagót ng̃matandáng mapag-ísip ng̃malulungcót:

—Inyó pô sánang alalahanin ang sinasabi ni Baltazar:

"Cung ang isalubong sa
iyong pagdatíng
Ay masayáng mukhá't
may pakitang guìliw,
Lálong pag-ingã̆ta't
caaway na lihim..."

Cung gaano ang galíng ni Baltazar sa pagca poeta ay gayón din sa catalinuhang umísip.

Itó at ibá pang mgã bágay ang mgã nangyari sa áraw na sinusundan ng fiesta bago lumubóg ang áraw.

Decorative motif

Decorative motif

# XXVII.

## SA PAGTATAKIPSILIM.

Gumawâ rin namán ng̃ malaking handâ sa báhay ni capitang Tiago. Nakikilala natin ang may báhay; ang canyáng hilig sa caparangãlanan, at dápat na hiyaín ng̃canyáng capalaluang pagca tagá Maynila, sa caríkitan ng̃piguing, ang mgã tagalalawigan. May isá pang cadahilanang sa canya'y pumipilit na pagsicapan niyáng siya'y macapangĩbabaw na lubos sa mgã ibá: casáma niyá ang canyáng anác na si María Clara at sacâ naroroon ang canyáng mamanugangĩn, caya't waláng pinag uusapan ang mgã tao cung dî siyá lámang.

At siyá ngã namán: hinandugan ang canyáng mamanugangĩn ng̃ isá sa lálong mgã dalubasang pámahayagan sa Maynilà ng̃isáng "artículo" (casulatan) sa canyáng únang mukhâ, na ang pamagát (ng̃ artículong iyón) ay "¡Siya'y inyong tularan!" pinuspos siya ng̃mgã pangãral at inaalayan siyá ng̃iláng mgã papuri. Tinawag siyáng "marilag na binata at mayamang mamumuhunan;" pagcatapos ng̃ dalawáng renglon ay sinabing siya'y "tangĩng mapagcaawang-gawâ"; sa sumúsunod na párrafo'y ikinápit namán sa canyá ang saysay na: "alagad ni Minervang naparoon sa Ináng Bayan upang bumátì sa wagás na lúpà ng̃mgã arte at mgã carunungãn" at sa dácong ibabà pa'y "ang español filipino" at iba't ibá pa. Nag-aalab ang loob ni capitang Tiago sa magandang pakikipag-unahán sa gawáng magaling, at canyáng iniísip na bacá magalíng na canyáng pagcagugulan ang pagtatayô namán ng̃isáng convento.

Nang mgã nagdaáng áraw ay dumatíng sa báhay na tinatahanan ni María Clara at ni tía Isabel ang maraming caja ng̃mgã cacánin at mgã inumíng gáling Europa, mgã salaming pagcálalaki, mgã cuadro at ang piano ng̃dalaga.

Dumatíng si capitang Tiago ng̃áraw rin ng̃vispera: paghalíc sa canyá ng camáy ng̃canyang anác na babae, hinandugán niyá itó ng̃isáng magandang relicariong guintô na may mgã brillante at mgã esmeralda, na ang lamá'y isáng tatal ng̃bangca ni San Pedro, sa dacong inup-án ng̃ating Pangĩnoong Jesucristo ng̃panahón ng̃pangĩngĩsda.

Walâ ng̃ lalalò pa sa galing ng̃ pagkikita ng̃ bibiananin at ng mamanugangĩn; cauculán ngãng silá'y mag-úsap ng̃nauucol sa escuelahan. Ang

ibig ni capitang Tiago'y tawaguing "Escuela ni San Francisco."

—Maniwalà cayó sa ákin,—ang sabi ni capitang Basilio,—¡isáng magalíng na pintacasi si San Francisco! Wala cayong pakikinabangĩn cung tatawaguin ninyong "Escuela ng̃Instrucciôn Primaria". ¿Sino pô si Instrucción Primaria?

Dumating ang iláng mgã caibigang babáe ni María Clara at caniláng inanyayahan itong magpasial.

—Ngũni't bumalic ca agád,—aní capitang Basilio sa canyáng anác na babáe na sa canyá'y humihingĩng pahintulot;—nalalaman mo ng̃ sasalo sa átin sa pagháponsi parì Dámasong bágong carárating.

At canyáng liningõn si Ibarrang nag-anyóng may iniísip, at idinugtóng:

—Cayó po namán ay sumalo ng̃pagháponsa amin; magiisa cayó sa inyóng báhay.

—Malakíng totóo po ang áking pagca ibig, datapwa't dápat pong sumaaking bahay acó't bacá sacáling may dumating na mgã "visita,"—ang isinagót ng binatang nagcacang-uútal, at iniiwasan ang títig ni María Clara.

—Dalhín po ninyó rito ang inyóng mgã caibigan, ang itinútol ng̃ boóng capanatagán ni capitang Tiago;—May sagánang pagcain sa áking bahay.... Bucód sa roó'y ibig cong cayó at si párì Dámaso'y magcáwatasan....

—¡Magcacaroon na pô ng̃ panahón sa bágay na iyán!—ang isinagót ni Ibarrang ngũmingĩti ng̃ sapilitang pagngĩtî, at humandáng samáhan ang mgã dalaga.

Nanaog silá sa hagdanan.

Nangguiguitnâ si María Clara cay Victoria at cay Iday, sumusunod sa licuran si tía Isabel.

Nagwawahi ang tao sa udyóc ng̃ paggálang, at ng̃ sila'y mabigyáng daan. Puspós ng̃ catacatacang cagandahan si María Clara: napáwi ang canyáng pamumutlâ, at cung nananatiling tila may iniísip ang canyáng mgã mata, ang canyáng bibig namán ay warì'y waláng ibang nakikilala cung hindî ang ngĩtî. Tagláy iyáng cagandahan ng̃loob ng̃isáng lumiligayang dalaga, siya'y bumabatì sa canyáng mgã dating cakilala mulâ pasa camusmusan, at ngãyo'y nagsisipangguilalás sa canyáng mapálad na cabatâan. Sa cúlang pang labíng limáng áraw ay nanag-úlì sa canyá yaóng lubós na pagpapalagay ng̃loob, yaóng catabiláng musmos na tila mandin nagulayláy sa guitnâ ng̃ makikipot na

tahanang nalilibot ng̃ pader sa beaterio; masasabing kinikilala ng̃ paroparó ang lahat ng̃ mgã bulaclac pagcaalís niya sa canyáng bahay-uod; nagcasiya sa canyá ang lumipád na sumandali at magpainit sa mgã doradong sínag ng̃ áraw upang mawalâ ang catigasan ng̃ mgã casucasuan ng̃ bágong nagcacapacpác. Cumikisláp ang bágong búhay sa boong cataohan ng̃ dalaga: pawang magaling at maganda ang canyang tingĩn sa lahát; isinasaysay ang canyáng pagsintá sa pamamag-itan niyang calugodlugód na asal ng̃ isáng virgeng palibhasa'y waláng namamasdán cung dî mgã budhîng dalísay, hindî nakikilala cung anó ang dáhil ng̃ mgã paghihiyahiyâan. Gayón man, pagca siya'y inaalayan ng̃ masasayáng mgã aglahi'y tinatácpan niya ang canyáng mukhâ ng̃ abanico; datapuwa't pagca nagcacagayó'y ngũmingĩtî ang canyáng mgã matá at lumalaganap sa canyáng boong cataohan ang bahagyang kilabot.

Pinasimulaang lagyán ng̃ mgã ílaw ang mgã pangũlong báhay, at sa mgã daang pinagdaraanan ng̃ mgã música ay sinisìndihan ang mgã ílaw ng̃ mgã arañang cawayan at cahoy na inihuwad sa mgã araña ng̃ simbahan.

Natatanaw buhat sa daan, sa mgã bintanang bucás, ang hindî naglilicat na pagpaparoo't parito ng̃ mgã tao sa mgã bahay, sa guitnâ ng̃ caliwanagan ng̃ mgã ílaw at halimuyac ng̃ mgã bulaclac, sa caayaayang tínig ng̃ piano, arpa ú orquesta. Nangãglalacaran sa mgã daan ang mgã insíc, mgã castila, mgã filipinong may suot europeo ó suot tagalog. Nangãgcacahalòhalò sa paglacad, na nangãgcacasicuhan at nangãgtutulacán ang mgã alilang lalaking may dalang carne ó mgã inahíng manóc, mgã estudianteng nacaputî ang pananamit, mgã lalaki't mgã babae, na nangãgsisipangãnib na sila'y matahac ng̃ mgã coche at mgã calesa, na cahit sumisigaw ng̃ "tabì" ang mgã cochero'y nahihirapan din silang macapaghawì ng̃ daan.

Bumati sa ating mgã cakilala, ng̃ na sa tapát silá ng̃ báhay ni capitang Basilio, ang iláng mgã kinabataan, at inaayayahang pumanhic muna sa báhay. Ang masayáng voces ni Sinang, na tumatacbóng papanaog sa hagdanan, ang siyáng nagbigay wacás sa mgã pagdadahilan upang huwag pumanhic.

—Pumanhíc muna cayóng sandalî upang aco'y macasama sa inyó,—ang sinasabi niya. Nababagot acó sa pakikipanayam sa gayóng caraming hindî co mgã cakilalang walang pinag-uusapan cung di mgã sasabungĩn at mgã baraja.

Nangãgsipanhic silá.

Punongpuno ang salas ng̃ mgã tao. Nangãgpauna ang ilán upang bumati cay Ibarra, na kilala, ang pangãlan ng̃ lahat; canilang pinagmamasdan ng̃ boong pagcahangã ang cagandahan ni María Clara, at nangãgbubulungbulungãn ang

ilang mgã matatandang babae, samantalang ngũmangãngã: ¡mukhang vírgen!"

Napilitan silá roong uminóm ng̃chocolate. Naguing matalic na caibigan at taga pagsanggalang ni Ibarra si capitang Basilio, mula ng̃ araw na sila'y maglibang sa caparangãn. Naalaman niya, sa pamamag-itan ng̃ telegramang inihandóg sa canyang anac na babaeng si Sinang, na natatalos ni Ibarra ang canyang pananalo sa usapin, ayon sa hatol ng̃hucom, at dahil dito'y sa pagca't aayaw siyang pagahis sa cagandahan ng̃loob, canyang ipinakiusap na pawalang cabuluhan ang pinagcayarian ng̃sila'y maglarò ng̃ajedrez. Datapwa't sa pagca't aayaw pumayag si Ibarra sa gayóng bagay, ipinakiusap naman ni capitang Basiliong ang salaping dapat na ibayad sa mgã costas ay gamitin sa pagbabayad ng̃isang maestro sa gagawing escuela ng̃bayan. Dahil sa gayóng nangyayari, guinagamit ni capitang Basilio ang canyang mainam na mgã pananalita, at ng̃ huwag ng̃ ipagpatuloy ng̃ ibang mgã causapin ang canilang mgã cacaibang adhica, at sa canila'y sinasabi:

—¡Maniwala cayó sa akin: sa mgã usapín ang nananalo'y siyang nahuhubdan!

Datapwa't wala siyang mapahinuhod na sino man, baga man canyang sinasambit ang mgã romano.

Ng̃ macatapos ng̃ macainom ng̃ chocolate, napilitan ang ating mgã cabataang pakingan ang pianong tinutugtog ng̃organista ng̃bayan.

Pagca siya'y pinakikinggan co sa Simbahan ani Sinang, nacacaibig acong magsayaw; ngãyong piano ang canyang tinutugtóg ang naiisipan co nama'y magdasal. Dahil dito'y sasama acó sa inyó.

—¿Ibig pô ba nínyóng pumarito sa amin ngãyóng gabí?—ang inianás ni capitang Basilio sa taingã ni Ibarra ng̃itó'y magpaalam na—maglalagáy si parì Dámaso ng̃isáng maliit na bang̃câ.

Ngũmitî si Ibarra at sumagót ng̃isáng tangõ ng̃úlo, na mangyayaring ang maguing cahuluga'y pagsang-ayon, at mangyayari namang hindî pagsang-ayon.

—Sino ba iyan?—ang tanóng ni María Clara cay Victoria, na itinurò sa isáng mabilís na sulyáp ang isáng binatang sa canilá'y sumusunod.

—Iyan ... iya'y isáng pinsan co,—ang isinagót na halos nagugulumihanan.

—¿At ang isá?

Iya'y hindî co pinsan.—ang dalidaling isinagót ni Sinang;—iyá'y isáng anác

ng̃aking tía.

Nagdaan silá sa harapán ng̃ conventong tahanan ng̃ cura, na ang catotohanan ay hindî sahól sa mgã ibáng lugar sa casayahan. Hindî napiguilan ni Sinang ang isáng sigaw ng̃pangguiguilalás ng̃canyáng makitang may mgã ílaw ang mgã lámpara, mgã lámparang ang mgã anyó'y sa caunaunahan pa, na hindî pinababayaan cailan man ni párì Salving siyang pag-ilawan at ng̃ huwag magcagugol sa petróleo. May nangãriring na mgã sigawan at malalacás na halakhacan, napapanood na ang mgã fraile'y lumalacad ng̃ mahinà, at iguinagalaw ang úlo ng̃ayon sa compás, at malakíng tabaco ang napapamuti sa mgã lábì. Pinagsisicapan ng̃hindî páring sa canila'y nakikipanayam, na caniláng gagarin ang lahát ng̃guinágawà ng̃mgã mababait na fraile. Ayon sa mgã damit europeong caniláng casuutan, marahil sila'y mgã cawanì (empleado) ng̃gobierno ó mgã punong lalawigan.

Natanawan ni María Clara ang mabilog na pangãngãtawán ni parì Dámaso sa tabí ng̃ makisig na tindíg ni parì Sibyla. Hindî cumikilos sa canyáng kinalalagyán ang matalinghaga at mapanglawing si parì Salví.

—¡Nalulungcot!—ang ipinahiwatig ni Sinang;—canyáng pinag-iisip-isip ang canyáng magugugol sa gayóng caraming mgã panauhín. Ng̃ũni't makikita rin ninyóng hindî siyá ang magbabayad cung hindî ang mgã sacristán. Sa tuwituwi na'y cumacain ang canyáng mgã panauhin sa ibáng lugar.

—¡Sinang!—ang ipinagwicâ sa canyá ni Victoria.

—Totoóng aco'y galít sa canyá mulâ ng̃iwasac ang "Rueda de la Fortuna," hindî na acó mang̃ũng̃ũmpisal sa canyá.

Natang̃î sa lahát ng̃mgã bahay ang isáng waláng cailaw-ilaw, at hindî man lamang bucás ang mgã bintana; ang bahay na iyón ang sa alférez. Nagtacá sa bágay na itó si María Clara.

—¡Ang asuang! ¡ang Musa ng̃Guardia Civil, ang wicà ngã ng̃matandáng lalaki!—ang bigláng sinabi ng̃ catacot tacot na si Sinang.—¿Anó ang ipakikialam niyá sa ating mgã catuwaan? ¡Marahil ay nagngãngãlit! Pabayaan mong dumating ang cólera at makikita mong siya'y mag-aanyaya.

—Cailán ma'y kinasusutan co siyá, at lalonglalo na ng̃guluhin ang ating pagcacatuwa sa pamamag-itan ng̃canyáng mgã guardía civil. Cung Arzobispo lamang aco'y ipacacasal co ang babaeng iyán cay parì Salvi.... ¡makikita mo cung anó ang caniláng maguiguing mgã anác! Sucat bang ipahuli ang

caawaawang piloto, na sumugbá sa tubig macapagbigay loob lamang....

Hindî niyá natapos ang sinasabi; sa suloc ng̃plaza na pinagcacantahan ng isáng bulág na lalakî, na isáng guitarra ang catono, ng̃casaysayang ucol sa mgã isdà, may isáng hindî caraniwang napapanood.

Yayó'y isáng lalaking ang nacapatong sa úlo'y isáng malapad na salacót na dáhon ng̃ bulí, at dukhang totoo ang pananamít. Ang suut niya'y isáng gulagulanit na levita at salawal na maluang, na cawangĩs ng̃salawal ng̃mgã insic, na punít sa ibá't ibáng lugar. Carukharukhaang mgã panyapác ang nacasuut sa canyáng mgã paa. Sumasadilím ang canyáng mukhâ dahil sa canyáng salacót; ngũni't manacanacang nagmumulâ sa cadilimáng iyón ang dalawang kisláp, na pagdaca'y napapawi. Siya'y matangcád, at napagkikikilalang siya'y bátà pa, dahil sa canyáng mgã galáw. Inilalagáy sa lúpà ang ísang baculan, at pagcatapos ay lumalayo't nagsasalitâ ng̃mgã cacaibang tínig na hindì mawatasan; nananatiling nacatindíg, lubós ang pagcalayô sa mgã ibá, na anaki'y siya at ang caramihang tao'y talagáng nangãgpapangĩlagan ang isá't isá. Pagcacagayo'y nangãgsisilapit ang iláng mgã babae sa canyáng baculan at inilalagáy doon ang mgã bungãng cáhoy, isdâ, bigás at ibá pa. Pagcâ walâ ng̃ lumalapit na sino man, nangãgsisilabás sa mgã cadilimang iyón ang ibáng mgã tínig na lalong malulungccót, ngũni't hindî na totoong nacalulunos, napasasalamat marahil; dinarampot ang canyang baculan at sacâ lumalayô upang ulitin ang gayón ding gawâ sa ibáng lugar naman.

Nagunitâ ni María Clara sa gayóng nakita ang isáng sacunâ, at pinagsumakitang itanóng cung anó anó nangyayari sa cacaibáng táong iyón.

—Iyan ang sanlázarohin,—ang isinagót ni Iday.—May apat na taón na ngãyóng kinapitan siyá ng̃sakit na iyan: ang wicà ng̃ibá'y dahil sa pag-aalagà, sa canyáng iná, at anáng ibá namá'y dahil sa pagcapiit niya sa malamíg na bilangguan. Siya'y doon tumatahan sa cabukiran, sa malapit na sa libingãn ng̃ mgã insíc; hindî siya nakikipag-abot-usap canino man, nangãgsisilayóng lahát sa canyá sa tacot na bacá mahawahan. ¡Cung makita mo sana ang canyang dampâ! Iyón ang dampâ ni Guiríng-guiríng: ang hangĩn, ang ulán at ang araw ay pawang pumapasoc at lumalabas na catulad ng̃ carayom sa damít. Ipinagbawal sa canyáng humipò ng̃anó mang bagay na pag-aari ng̃sino mang tao. Nahulog isáng áraw sa sangĥá ang isáng batà; hindî naman malalim ang sangĥá, datapuwa't nagcátaong siya'y dumaraan doon, ang guinawâ niya'y tinulungãn niya ang batà sa pag-ahon doon. Napagtantô ng̃amá ng̃batà ang nangyaring iyón, pagsacdal sa gobernadorcillo, at ipinapalò siya nito ng̃anim sa guitnà ng̃ daan at sacâ ipinasunog pagcatapos ang yantóc. ¡Cakilakilabot iyón! Tumatacbó

sa pagtacas ang sanlazarohin, hinahabol siya ng̃ tagapalo at sinisigawan siya ng gobernadorcillo: "¡Mag-aral ca! mabuti pang malunod na ngã ang isang tao, huwag lamang magcasakit na gaya ng̃ sakit mo."

—¡Tunay ngâ!—ang ibinulóng ni María Clara.

At hindî nalalaman ang canyang guinagawa'y dalidaling lumapit sa baculan ng̃ cúlang palad, at inilagay roon ang relicario na bago pa lamang cahahandóg sa canya ng̃ canyang ama.

—¿Anó ang guinawâ mo?—ang sa canyá'y itinanóng ng̃ canyáng mgã caibigang babae.

—¡Walâ acóng ibang sucat máibigay!—ang isinagót, at canyáng inilihim sa pamamag-itan ng̃ isáng tawa ang luhà ng̃ canyáng mgã matá.

—¿At anó ang canyáng gágawin sa iyong relicario?—ang sa canyá'y sinabi ni Victoria.—Binigyán siyá isáng araw ng̃ salapî. Ng̃uni't ang guinawâ ng sanlazarohin ay inilayô sa canyá ang salapíng iyón sa pamamag-itan ng̃ isáng patpat: ¿anó ang gágawin niyá sa salapî sa gayóng walâ sino mang tumangáp ng anó mang bágay na gáling sa canyá? ¡Cung macacain sana ang relicario!

Tiningnán ni María Clara ng̃ boong pananaghilì ang mgã babaeng nagbibilí ng̃ mgã cacanín, at ikinibít ang mgã balicat.

Ng̃uni't lumápit ang sanlazarohín sa baculan, kinuha ang hiyás na cumináng sa canyáng mgã camáy, lumuhód, hinagcán ang hiyás na iyón, at saca nagpugay at bago isinubsób ang canyáng noó sa alabóc ng̃ bacás ng̃ dalaga.

Ikinublí ni María Clara ang canyáng mukhâ sa canyáng abanico at dinalá ang panyô sa canyáng mgã matá.

Samantala'y lamapit ang isáng babae sa culang palad na anaki'y nagdárasal. Lugáy at gusamót ang canyáng mahabang buhóc, at sa liwanag ng̃ ilaw ng̃ mgã faról ay napanood ang payát at namumutlâ ng̃ mainam na pagmumukhâ ng̃ ul-ol na si Sisa.

Ng̃ maramdaman ng̃ sanlazarohin ang paghipò sa canyá, nagpacasigawsigaw, at tumindíg sa isáng lucsó. Ng̃uni't humawac sa canyáng bísig ang ul-ol na babae, sa guitnâ ng̃ malakíng pang̃ing̃ilábot ng̃ tao, at itó ang canyáng sinabi:

—¡Magdasál tayo! ¡magdasál tayo! ¡Ngãyón ang caarawan ng̃ mgã patáy! Ang mgã ilaw na iyá'y siyáng mgã búhay ng̃ mgã tao; ¡ipagdasál natin ang aking

mgã anác na lalaki!

—¡Ilayô ninyó ang babaeng iyán, papaglayuin ninyó silá! sa pagca't mahahawa ang ul-ol na babae!—ang sigawan ng̃ caramihang tao, datapwa't waláng mangãhás na lumapit sino man.

—¿Nakikita mo ba ang ilaw na iyón sa campanario? ¡Ang ilaw na iyón ang aking anác na si Basiliong nananaog sa pamamag-itan ng̃ isáng lúbid! ¿Nakikita mo ba ang ilaw na iyón na convento? Ang ilaw na iyón ang aking anác na si Crispín, ng̃uni't hindî co silá paroroonan sa pagca't may sakit ang cura at siya'y maraming mgã onza, at ang mgã onza'y nangãwawalâ. ¡Magdasal tayo at ating ipatungcol sa caluluwá ng̃ cura! Dinadalhán co siyá ng̃ amargoso at zazalidas; punongpunô ang aking halamanan ng̃ mgã bulaclac at dating may dalawa acong anác na lalaki. ¡Dati acóng may halamanan, nag-aalagà aco mgã bulaclac at dating may dalawá acóng anác na lalaki!

At binitawan ang sanlazarohin at lumayóng cumacantá:

—¡Dáting may halamanan aco't mgã bulaclác, aco'y dating may mgã anác na lalaki, halamanan at mgã bulaclác!

—¿Anó na ba ang nagawâ mong magaling sa cahabághabág na babaeng iyán?—ang tanóng ni María Clara cay Ibarra.

—¡Walâ pa! siya'y nawala ng̃ mgã araw na itó sa bayan at hindi nangyaring siya'y masumpungãn!—ang isinagót ng̃ binatang nagdadaláng cahihiyan—Bucod sa roo'y totoong marami ang aking guinawâ, ng̃uni't huwág ca sanang mahapis; ipinangãcò sa akin ng̃ curang tutulungãn niyá acó, tulóy ipinagtagubilin niyá sa akin ang malaking pag-iingãt at paglilihim sa pagca't tila mandin isang cagagawán ng̃ guardia civil ¡Totoong ipinagmamalasakit ng̃ cura ang babaeng iyán!

—¿Hindî ba sinasabi ng̃ alférez na canyáng ipahahanap ang mgã bátà?

—¡Oo, ng̃uni't ng̃ sabihin iyo'y may caunting....calang̃uhan siyá!

Casasabi pa ng̃ gayóng bágay ng̃ caniláng makitang hindî inihahatíd cung di kinacaladcad ang ul-ol na babae ng̃ isáng soldado: aayaw sumama si Sisa.

—¿Bákit ba ninyó hinuli ang babaeng iyán? ¿Anó ang canyáng guinawá? ang tanong ni Ibarra.

—¿Cung bákit? ¿Hindî ba ninyô nakita cung paano ang guinágawâ niyáng pag-iingãy?—ang sagót ng̃ tagapag-ingãt ng̃ catahimican ng̃ bayan.

Dalidaling kinuha ng̃ sanlazarohin ang canyáng baculan at lumayô.

Minagalíng ni María Clarang umuwî na, sa pagca't lumipas sa canyá ang tuwá at casayahan.

—¿Mayroon din palang mg̃ã taong hindî lumiligaya! ang canyáng ibinulóng.

Pagdatíng niyá sa pintuan ng̃ canyáng bahay, canyáng naramdamang naragdagan ang canyáng capanglawan, ng̃ canyáng mahiwatigang aayaw pumanhíc at nagpapaalam ang nang̃ĩng̃ĩbig sa canyá.

—¡Kinacailang̃ãn!—ang sabi ng̃ binatà.

Pumanhíc sa hagdanan si María Clarang ang sumasaisip ay totoong nacayayamot ang mg̃ã araw ng̃ fiesta, pagcá dumarating ang mg̃ã panauhing tagaibang bayan.

Decorative motif

---

Decorative motif

# XXVIII.

## MANGÃ SULAT

*Ang bawa't tao'y nagsasaysay*
*ayon sa kinasasapitan*
*sa fiestang pinaroroonan.*

Sa pagca't waláng anó mang mahalagang nangyayari sa mgã taong sinasaysay natin ang buhay na pinagdaanan, sa gabí ng̃ sinusundang araw ng̃ fiesta at gayón din sa kinabucasan, magalac na lalactawan namin ang araw na itó ng̃ pagsasayá, cung di lamang inaacala naming baca sacalì hangãring maalaman ng̃ sino mang bumabasang taga ibang lupaín cung paano ang guinagawá ng̃ mgã filipino sa caniláng mgã pagpifiesta. Sa ganitóng cadahilana'y sisipiin naming hindî daragdaga't hindî babawasan ang iláng mgã sulat, na ang isá sa canila'y ang sa "corresponsal" ng̃ isang pamahayagang matimtiman at tinatangĩ sa Maynilà, na cagalanggalang dahil sa canyang cataasan at cahigpitang manalitá. Ang mgã bumabasa sa amin ang siyá ng̃ bahalang magpunô sa ilang maliliit at calacarang mgã cauculan.

Narito ang sulat ng̃ carapatdapat na "corresponsal" ng̃ mahal na pamahayagan:

"Guinoong Namamatnugot....

"Tangĩ cong caibigan: cailan ma'y hindî pa acó nacapapanood, at inaacalà cong hindî na acó macapapanod pa sa mgã lalawigan ng̃ isáng fiestang tungcòl sa religióng totoong dakilà, maningning at nacababagbag ng̃ loob, na gaya ng̃ pagsasayáng guinagawa sa bayang ito ng̃ mgã totoong cagalanggalang at mgã banal na mgã paring Franciscano."

"Pagcaramirami ng̃ dumalo: nagtamó acó rito ng̃ ligayang bumati sa halos lahát ng̃ mgã castilang tumitira sa lalawigang ito, sa tatlong cagalanggalang na mgã Paring Agustino na na sa lalawigang Batangãn, sa dalawang cagalanggalang na mgã Paring Dominico, na ang isá sa canila'y ang totoong cagalanggalang na si Pári Fray Hernando de la Sibyla, nasa canyáng pagparito'y canyang pinaunlacan

ang bayang itó, bagay na hindî dapat calimutan magpacailan man ng̃ mg̃ã carapatdapat na mg̃ã tagarito. Nakita co rin naman ang lubhang maraming mg̃ã caguinoohang taga lalawigang Tangũay, Capangpang̃ãn, ang maraming mayayamang mg̃ã taga Maynilà at maraming mg̃ã banda ng̃ música, at ang isá sa canila'y ang lubháng mainam na banda sa Pagsanghán, pag-aari ng̃ guinoong Escribanong si guinoong Miguel Guevara at ang caramihang mg̃ã insic at mg̃ã indio, na taglay ng̃ mg̃ã insíc ang canilang talagang dating caugaliang pagca maibiguíng macakita ng̃ iba't ibang bagay, at ng̃ mg̃ã indio ang caniláng asal na mapamintacasi, hinihintay nilá ng̃ maalab na pagmimithî ang pagdating ng̃ araw na ipagsasaya ang dakilang fiesta, upang caniláng mapanood ang palalabasing "comico-mímico-lirico-coreográfico-dramático," at ng̃ magawá ang bágay na itó'y sila'y nagtayò ng̃ isáng malaki at maluang na tablado sa guitnâ ng̃ plaza."

"Ng̃ icasiyam na oras ng̃ gabi ng̃ araw na icasampô nitóng buwan, araw na sinusundan ng̃ fiesta, pagcatapos ng̃ isáng masaráp at saganang hapunang inihandóg sa amin ng̃ Hermano Mayor, tinakhan naming lahát na mg̃ã castila't mg̃ã fraileng na sa convento, ang caaliw-aliw na tugtóg ng̃ musicang may casabay na nagsisiksicang caramihang tao at ng̃ úgong ng̃ mg̃ã cohete at malalaking bomba, at pinamamatnugutan ng̃ mg̃ã guinoo ng̃ bayan, ang tinutung̃õ'y ang convento upang cami'y sunduin at ihatíd sa lugar na nahahandâ at iniuucol sa amin at ng̃ doo'y panoorin namin ang catuwaang palalabasin."

"Napilitan caming pahinunod sa gayóng magandáng anyaya, bagá man lalo sanang minamagaling co pa ang magpahing̃ãlay sa mg̃ã bisig ni Morfeo, at pagcalooban ng̃ masanghayang pagpahing̃ãlay ang aking nananakit na mg̃ã laman at buto, salamat sa nilundaglundag ng̃ lulanáng sa ami'y ipinagcaloob ng̃ Gobernadorcilio sa bayan ng̃ B."

"Nanaog ng̃ã camí at aming hinanap ang aming mg̃ã casamang humahapon bahay na pag-aari rito ng̃ mapamintacasi at mayamang si don Santiago de los Santos. Ang totoong cagalanggalang na si Párì Fray Bernardo Salvi na cura nitóng bayan, at ang totoóng cagalanggalang na si Párì Fray Damaso Verdolagas, na sa tanging biyayà ng̃ Cataastaasan ay magaling na sa dinaramdam na sa canya'y guinawa ng̃ camáy na pusóng, na ang casama'y ang totoong cagalanggalang na si Párì Fray Hernando de la Sibyla at ang banál na cura sa Tanawan at iba pang mg̃ã castilà, ang siyang mg̃ã panauhín ng̃ mayamang filipino. Diya'y nagtamó caming capalarang pangguilalasan, hindî lamang ang lubhang mahahalagang casangcapan at cagaling̃ãng magpamuti ng̃ may-ari ng̃ bagay, bagay na hindî caraniwan sa mg̃ã taong tubò rito, cung di naman ang camahálmahalan, cágandagandahan at mayamang dalagang magmamana, na

nagpakilalang siya'y tunay at ganáp na alagad ni Santa Cecilia sa pagtugtóg ng lalong caayaayang músicang likhá ng̃mgã alemán at ng̃mgã italiano, sa canyáng mainam na piano, na anó pa't ang canyáng cagalingãng tumugtóg ay nagpaalaala sa akin sa babaeng si Galvez. Sayang at napacatimtiman naman ang gayong lubós sa cagalingãng binibini, at inililihim ang canyang mgã carapatán sa madláng caguinoohang pawang pagpupuri lamang ang sa canya'y handóg. Hindî co dapat iwan sa tintero, na sa bahay ng̃ nag-anyaya'y pinainóm cami ng champaña at masasarap na mgã licor ng̃boong casaganaan at cagandahang loob na siyang caugaliang hindî nagbabago ng̃kilalang mamumuhunan."

"Pinanood namin ang palabás. Kilala na po ninyó ang ating mgã artistang si na Ratia, Carvajal at Fernandez; camí lamang ang nacaunawa ng̃ canilang carikitang lumabas, sa pagca't ang mgã taong walang pinag-arala'y walang napagtantò cahi't babahagya. Magaling ang pagcacalabas ni Chananay at ni Balbino, baga man may caunting pamamaos nilá: isang pagcantáng hidwa ng caunti sa música ang guinawa ni Balbino, datapuwa't catacatacá ang cabooan at ang canilang pagpupumilit sa mabuting pagganap. Lubháng naibigan ng̃mgã indio at lalong-lalò na ng̃gobernadorcillo ang comediang tagalog: nagpakita ng malaking catuwaan ang gobernadorcillo at sinasabi sa aming sáyang daw at hindi pinapakipag-away ang princesa sa gigante na sa canya'y umagaw, bagay na sa canyáng balac ay lalò sanang caguilaguilalas, at higuit pa, cung hindî mangyaring talban ang gigante cung di sa púsod lamang, na gaya baga ng̃isang nagngãngãlang Ferragús, ayon sa nababasa sa casaysayan ng̃buhay ng̃Doce Pares. Nakikisang-ayon sa acala ng̃gobernadorcillo ang totoong cagalanggalang na si Parì Fray Damaso, taglay iyáng cagandahan ng̃púsong siyang ikinatatangì niyá, at ang idinagdag pa'y cung sacali't magcagayon daw, ang princesa na ang hahanap ng̃paraan at ng̃canyáng masunduan ang púsod ng̃gigante upang sa gayo'y canyang mápatay."

"Hindî co pô kinacailangãng sabihin sa inyong samantalang guinágawâ ang pagpapalabas ay di itinulot ng̃Rothschild na filipinong magculang ng̃ano man sa cagandahan ng̃canyang loob: ang mgã sorbete, mgã limonada gaseosa, mgã refresco, mgã matamis, mgã alac at iba't iba pa'y saganang ipinamamahagui sa aming lahat na nangaroon. Ininóng totoó, at na sa catuwiran ngã ang gayong pag-ino, ang pagcawala roon ng̃kilala at marunong na binatang si don Juan Crisostomo Ibarra, na ayon sa talos na ninyo, ay dapat na siyáng manguló búcas sa pagbebendición ng̃unang bató na nauucol sa dakilang "monumento" na canyang ipinatatayò sa udyóc ng̃malaking nais na macagawâ ng̃magalíng. Ang carapatdapat na calahing itó ng̃mgã Pelayo at ng̃mgã Elcano, (sa pagca't ayon sa napagtantò co'y tubò sa ating bayani at uring mahál na mgã lalawigan sa

dacong Timugan ng̃España ang isá sa canyáng mgã nunò sa amá, na marahil ay isá sa mgã unang kinasama ni Magallanes ó ni Legaspi) ay hindi rin napakita sa mgã nalalabing oras ng̃araw, dahil sa caunting sakit na canyáng dinaramdam. Nagpapalipatlipat sa mgã bibig ang canyáng pangãlang ipinangũngũsap lamang upang purihin, mgã pagpupuring hindî mangyayaring di mauuwî sa icararangãl ng̃España at ng̃tunay na mgã castilang gaya na ngâ natin, na cailan ma'y hindî natin pinasisinungãlingãn cailan man ang ating dugô, cahit magpacáramirami ang mgã maguing cahalò."

"Napanood namin ngãyóng icalabing isá ng̃buwan, sa dácong umaga, ang isáng nangyaring lubháng nacababagbag ng̃loob. Hayág ngâ at talastás ng̃lahát na sa araw na itó'y cafiestahan ng̃Virgen de la Paz (Virgen ng̃Capayapaan), at itó'y ipinagsasayá ng̃mgã Hermano (capatíd) ng̃Santisimo Rosario Búcas ang cafiestahan ng̃ Pintacasing si San Diego, at sa fiestang iyá'y lubhang nakikitulong ang mgã Hermano ng̃V.O.T. (Venerable Orden Tercera; Cagalang-galang na Pangãtlóng Hanáy). May isáng malaking pagpapataasang banal ang dalawang Capisanang itó sa paglilingcód sa Dios, at dumaratíng ang ganitóng gawáng cabanalan hanggang sa panggalingãn ng̃santong pagcacasamaan ng̃ loob nilá, gaya na ngâ nitong hulíng nangyari dahil sa pakikipagtalo sa salitaan ng̃dakilang taga pagsermong kinikilalang talagang balità, na hindî iba't ang di mamakailang aking binangguit, na totoong cagalanggalang na si Párì Fray Damaso, na siyáng lalagay búcas sa sadyang licmúan ng̃Espiritu Santo, at ayon sa maacalà ng̃ lahát ay hindî malilimutang paunlacán ng̃ religión at ng̃ literatura."

"Alinsunod ngâ sa aming sinasaysay, napanood namin ang isáng nangyaring lubháng nacapagtuturò at nacababagabag ng̃loob. Lumabas sa sacrista ang anim na mgã bata pang mgã "religioso" (fraile), ang tatlo sa canila'y upang mangagmisa at ang tatló ng̃mag-"acolito", nanicluhod sila sa harap ng̃altar, at kinanta ng̃ "celebrante" (ang magmimisa) na itó ngã'y ang totoong cagalanggalang na si párì Fray Hernando Sibyla, ang "Surge Domme", na siyang dapat maging pasimulâ ng̃procesión sa paliguid ng̃simbahan, taglay yaóng mainam na voces at anyong mataimtin na sa canyá'y kinikilala ng̃lahat at siyang lubós na ipinaguiguing dapat niyá sa pangguiguilalas ng̃madla. Pagca tapos ng̃ "Surge Domine", pinasimulan ang procesión ng̃gobernadorcillo, na nacafrac, dalá ang "guión" at may casunod na apat na sacristang may hawac na mgã insensario. Sumusunod sa caniláng licuran ang mgã cirial na pilac, ang caguinoohan ng̃bayan, ang mahahalagang mgã larawang nasusuutan ng̃sutlang raso at guintô ni na Santo Domingo at San Diego, at ng̃Virgen de la Paz na may isáng carikitdikitang balabal (manto) na azul at may mgã planchang pilac na

dinorado, handóg ng̃ banál na capitang paradong si don Santiago de los Santos, na totoong carapatdapát uliranin at hindî casiya ang siyá'y ibantog magpacailán man. Nalululan ang lahát ng̃ mg̃a larawang itó sa mg̃a carrong pílac. Sumusunod caming mg̃a castilà at ang ibáng mg̃a religioso sa licuran ng̃ Iná ng̃ Dios: tinatangkililc ng̃ isáng páliong dalá ng̃ mg̃a cabeza de barangay ang "oficiante" at ang wacás ng̃ procesio'y ang may mabuting carapatang capisanan ng̃ Guardia Civil. Inaacalà cong hindî na cailang̃ang sabihing caramihang mg̃a "indio" ang siyáng bumubuo ng̃ dalawang hanay ng̃ procesión, na pawang may tang̃ang candílang may ning̃as at taglay ang boong pamimintacasi. Tumutugtog ang música ng̃ mg̃a marcha religiosa; ulit-ulit na putóc ang siyáng guinágawa ng̃ mg̃a bomba at ng̃ mg̃a apóy na rueda. Nacapangguiguilalás ang panonood ng cahinhinán at níng̃as ng̃ loób na iniuudióc sa pusò ng̃ mg̃a nanampalataya sa caniláng wagás at malaking pananalig sa Vírgen de la Paz ang pagdiriwang na lubós at marubdób na pamimintacasing guinágawâ nating nagtamó ng̃ palad na ipang̃ánác sa lílim ng̃ casantasantahan at waláng báhid na dung̃ís na bandera ng España sa ganitong mg̃a cafiestahan."

"Ng̃ matapos ang procesio'y pinasimulán ang misa, na sinasaliwan ng orquesta at ng̃ mg̃a artista ng̃ teatro. Ng̃ matapos na ang Evangelio'y pumanhík sa púlpito ang totoong cagalanggalang na si Párì Fray Manuel Martín, agustinong nanggáling sa lalawigang Batang̃an, na pinagtakhán ng̃ mg̃a nakikinig na páwang nang̃abitin sa canyáng pananalitâ, lalonglalò na ang mg̃a castíla, sa pagpapasimulâ ng̃ pang̃ang̃aral ng̃ wícang castílà, na sinaysay ng boong cabayanihan sa mg̃a pananalitang magagaang ang pagcacataglay, at totoong angcáp na ancáp, na anó pa't pinúpuspos ang aming mg̃a púsò ng mataimtim na pamimintacasi at pag-aalab. Ang ganitóng pang̃ung̃usap ng̃â ang siyáng marapat ilagdâ sa dinaramdam, ó ating dinaramdam pagcâ nauucol ang sinasaysay sa Vírgen ó sa ating sinisintang España, at lálongláló na pagcâ naisasal-it sa sinasabi, yamang mangyayari namán sa bagay na itó, ang mg̃a caisipán ng̃ isáng príncipe ng̃ Iglesia, na si "señor Monescillo," na mapapagtitibay na siyáng dináramdam ng̃ lahát ng̃ mg̃a castilà."

"Ng̃ matápos ang misa'y pumanhíc camíng lahát sa convento, na casama ng mg̃a caguinoohan sa bayan at ibá pang mahahalagáng mg̃a tao, at doo'y hinandugán silá ng̃ boong cagandahan ng̃ loob, pagpipitagan at casaganaang siyáng kinaugalian ng̃ totoong cagalanggalang na si Párì Fray Salví, na inalayan nilá ng̃ mg̃a tabaco at mg̃a pagcaing inihandâ ng̃ Hermano Mayor sa sílong ng Convento na handâ sa lahát ng̃ mg̃a nagcacailang̃ang patahimikin ang mg̃a pang̃ang̃ailang̃an ng̃ sicmurà."

"Waláng naguíng caculangãng anó man sa loob ng̃ maghápon upang bigyáng casiyahan ang fiesta at ng̃ upang manatili ang masayáng caasalán ng mgã castilà, na sa mgã gayóng capanahuna'y hindî mangyaring mapiguilan, na ipinakikilala, cung minsa'y sa mgã "canción" ó mgã sayaw, at cung minsa'y sa mgã waláng cahulugan at masayáng mgã paglilibáng, palibhasa'y may mgã púsong mahál at malacás, na anó pa't hindî nacararaig sa canilá ang mgã pighati, at sucat na ang magcapisan ang tatlóng castilà sa alin mang lugar, upang doo'y tumácas ang calungcutan at samâ ng̃ loob. Pinag-aláyan ngâ sa maraming bahay si Terpsícore datapuwa't lalonglalo na sa marilág na cayamanyamanang filipino na pinagpiguingãn sa amin sa pagcain. Hindî co na kinacailangãng sabihin pô sa inyóng lubháng masaganà at masaráp ang mgã ipinacain sa piguing na iyón, na masasabing pangãlawa na ng̃ mgã piguing sa casalan sa Caná ó cay Camacho, na pinagbuti at dinagdaran pa mandin. Samantalang nagtatamasa cami ng̃ mgã caligayahan ng̃ pagcaing pinamamatnubayan ng̃ isáng tagalútò ng̃ "La Campana," tumútugtog naman ang orquesta ng̃ mgã cawiliwiling tinig. Tagláy ng̃ cagandagandahang dalaga sa bahay, ang isáng casuutang mestiza, at isáng warí'y ágos ng̃ mgã brillante, at siyá ngâ, ayon sa pinagcaratihan na, ang reina ng̃ fiesta. Dinamdám naming lahát na dahil sa isáng hindî namán malubháng pagcápatapiloc ng̃ canyáng magandang paa'y hindî siya nangyaring nagcamit ng̃ mgã ligaya sa pagsasayáw, sa pagca't cung ayon sa aming nahiwatigang siyá'y ganáp sa cagalingãng gumawâ ng̃ anó man, ang guinoong binibining de los Santos, cung sumayaw marahil ay catulad ng̃ isáng "silfide"."

"Dumating ng̃ hapong itó ang Alcalde ng̃ lalawigan, upang bigyán ng̃ cadakilaan sa canyáng pagharáp ang gagawing "ceremonia" búcas. Dinamdám niyá ang pagsamâ ng̃ damdám ng̃ hirang na mamumuhunang si guinoong Ibarra, na salamat sa Dios, at ayon sa sabihana'y magalíng na."

"Nagcaroon ng̃ gabíng itó ng̃ mainam na procesión, datapuwa't sasabihin co na ang bagay na itó sa aking sulat búcas, sa pagca't bucód sa mgã malalaking bombang sa aki'y nacatulíg at halos nacabingĩ, acó'y totoong pagód at nahahapay na acó sa pag-aantoc. Samantalang binababawì co ang lacás sa mgã bisig ni Morfeo, sa macatuwid baga'y sa catre ng̃ convento, hinahangãd co, tangĩ cong caibigang cayó'y matamó ng̃ magandang gabi at hanggang búcas, isáng araw na dakilà."

"Ang mairuguin ninyóng catotong nakikiramá'y.

"Ang Corresponsal.

San Diego, 11 ng̃ Noviembre."

Itó ang isinulat ng̃ mabait na corresponsal. Tingnán namán natin ng̃ayón cung anó ang isinulat ni capitang Martín sa canyáng catotong si Luis Chiquito.

"Minamahal cong Choy: Magmadalî cang pumaríni, cung mangyayari; sapagca't ang fiesta'y totoong masayá; súcat ang matantô mong hálos natumbá ang bangcâ ni capitang Joaquin: macaitlong pinagulong ni capitang Tiago ang canyáng tayâ, at sa tatlong iyó'y tumamà, at pintô ng̃ pintóng palagui, caya't sa gayóng nangyari lalong nangliliit sa catuwâan si cabezang Manuel na may arì ng̃ bahay. Binasag ni Párì Dámaso, sa isáng dagoc, ang isáng ilawán, sa pagca't hanggá ng̃ayó'y hindî pa siyá tumatamà miminsan man lamang. Natalo ang Cónsul sa canyáng mg̃ã sasabung̃in, at natalo sa bangcâ ang lahát ng̃ pinanalunan sa atin sa fiesta ng̃ Binyáng at sa fiesta ng̃ Pilar, sa Santa Cruz."

"Inaasahan naming isasama rito sa amin ni capitang Tiago ang canyáng mamanugang̃in, ang mayamang nagmana cay Don Rafael, datapuwa't wari'y ibig manding tumulad sa canyáng amá, sa pagca't hindî man lamang napakita ¡Sayang! Sa masíd co'y hindî siya pakikinabang̃an cailan man."

"Malakíng totoong cayamanan ang nakikita ng̃ insíc na si Cárlos sa "liampó"; naghihinala acóng may taglay siyáng anó mang lihim, isáng bato-balanì marahil: waláng tíguil ang canyáng pagdaing ng̃ sakit ng̃ úlo, na may taling panyô pagcâ tumitiguil na ng̃ untiuntî ang umíikit na sangkap ng̃ "liampó," pagcacagayo'y tumútung̃o siyá ng̃ mainam hanggáng sa halos mápabunggô na sa canyáng noo, na anaki'y ibig na totoong hiwatigan ang pag-inog na iyón. Nagcuculang tiwalà acó, dahil sa may nalalaman acóng mg̃ã cawang̃is ng̃ bagay na iyóng guinágawâ."

"Paalam, Choy; magaling ang calagayan ng̃ aking mg̃ã sasabung̃in, at ang aking asawa'y masayá at naglilibang."

"Ang iyóng catotoo.

Martín Aristorenas."

Tumanggap naman si Ibarra ng̃ isáng maliit na liham na may pabang̃o, na ibinigay sa canyá ng̃ gabí ng̃ unang araw ng̃ fiesta ni Andéng, na capatíd sa suso ni María Clara. Ganitó ang sabî ng̃ liham:

"Crisóstomo: Mahiguít ng̃ isáng araw na hindî ca napakikita; nahiguing̃an cong may caunting dinaramdam icáw, cata'y ipinagdasal at ipinagsindi cata ng̃

dalawang malalaking candilà, bagá man sinasabi ng̃tatay na hindî raw mabigát namán ang sakít mo. Totoong niyamót nilá acó cagabí at ngãyón; pinatutugtog nilá acó ng̃piano at canilá acóng inaanyayahang sumayáw. Hindî co nalalamang lubhang marami sa ibabaw ng̃lupà ang mgã nacapagbíbigay yamót. Cung hindî lamang cay Párì Dámaso na pinagpipílitang acó'y libang̃ín sa pagsasaysay ng̃ maraming bagay, acó sana'y magcuculóng sa aking silíd upang matulog. Isulat mo sa akin cung anó ang dinaramdam mo, sa pagca't sasabihin co sa tatay na icáw ay dalawin. Samantala'y inutusan cong pumaryan sa iyo si Andéng, at ng̃ ipaglutò ca ng̃chá; magalíng siyáng maglutò at marahil ay daig ang iyong mgã alilà."

"MARIA CLARA."

"Pahabol. Pagca hindî ca naparini búcas, hindî acó paparoon sa ceremonia. Calakip."

Decorative motif

Decorative motif

# XXIX.

## ANG UMAGA.

Tinugtóg ng̃ mgã banda ng̃ música ang "diana" sa unang pagsilang ng̃ liwayway, na anó pa't pinucaw ng̃ masasayáng tugtuguin ang mgã pagál na mgã mamamayan. Nanag-uli ang búhay at casayahan, mulíng nirepique ang mgã campanà at nagpasimulâ ang mgã putucan.

Yaon ang catapusang áraw ng̃ fiesta, yaón ang tunay na araw ng̃ cafiestahan. Inaasahang lalong marami ang mapapanood, higuít pa sa nacaraang araw. Lalong marami ang mgã "manong" ng̃ V.O.T. (Venerable Orden Tercera; Cagalanggalang na Pangãtlong Hánay) cay sa mgã manong ng̃ Santísimo Rosario, at nangãgsisingĩtî ng̃ boong cabanalan ang mgã manong na iyon ni San Francisco, sa caniláng paniniwalang sa gayo'y caniláng mahihiyâ, ang caniláng mgã capangãgaw. Lalong marami ang bilang ng̃ mgã candilang caniláng binilí: nag-ani ng̃ malaking pakinabang ang mgã insíc na magcacandilâ, at nangag-iisip siláng pabinyag upang máipakilala nilá ang canilang pagtumbás, baga man sinanabi ng̃ ilang yao'y hindî raw sa caniláng pananampalataya sa pagca católico cung dî sa canilang nais na macapag-asawa. Datapawa't sa gayó'y sumásagot ang mgã babaeng banal:

—Cahi't magcagayon man, hindî mangyayaring hindî maguíng isang himala ang sabaysabáy na pag-aasawa ng̃ gayong caraming mgã insíc; papagbabaliking loob na silá ng̃ canicanilang mgã esposa.

Isinuot ng̃ mgã tao ang caniláng lalong magagaling na mgã bihisan; lumabás sa kinatataguang mgã cajita ang lahát ng̃ mgã hiyas. Sampô ng̃ mgã "tahur" at ng̃ mgã sugarol ay nagbihis ng̃ mgã barong bordado na may malalaking brillante, mabibigat na tanicalang (cadena) guintô at mapuputing sombrerong jipijapa. Ang matandáng filósofo lamang ang nananatili sa dating suot; ang baro'y sinamáy na may mgã guhit na itim, nabobotones hanggang sa liig maluang na zapatos at malapad na sombrerong fieltro na culay abó.

—¡Ngãyó'y lalò pa manding mapanglaw cayó cay sa dati!—ang sabi sa canyá ng̃ teniente mayor,—¿aayaw pô ba cayóng manacanacâ tayong magsayá, yamang maraming tayong lubhang sucat na itangĩs?

—¡Hindî ang cahulugan ng̃ pagsasaya'y dapat na gumawâ ng̃ mg̃a caululan! —ang isinagot ng̃ matandâ.—¡Itó rin ang halíng na pagtatapon ng̃ salapî sa taôn-taón! At ang lahat ng̃ ito'y ¿bakit? iwaldás ang salapî, sa gayóng macapál na totoo ang carukhaân at mg̃a pang̃ang̃ailang̃an. ¡Abá! nalalaman co na; ¡itó ang pagtatapón, ang maruming paggagalac upang matacpán ang mg̃a caraing̃an ng̃ lahát!

—Nalalaman na pô ninyóng sumasang-ayon acó sa inyóng mg̃a caisipan,—ang mulíng sinabi ni don Filipo, na tíla ibig magpakitang galit at tíla ng̃ũmingĩti. —Cayó'y aking ipinagsasanggalang, datapuwa't ¿anó ang aking magagagawâ sa gobernadorcillo at sa cura?

—Magbitiw ng̃ tungcól—ang sinundán ng̃ filósofo, at saca lumayò.

Natigagal si Don Filipo, at sinundán ng̃ matá ang matandâ.

—Magbitiw ng̃ tungcól!—ang ibinúbulong, samantalang tumutung̃õ sa simbahan,—¡magbitíw! ¡Oo! cung isá sanang bagay na nagbibigay dang̃ãl ang tungcúling itó at hindî isáng pas-anin, ¡oo, bibitiwan co!

Punô ng̃ tao ang patio ng̃ simbahan: mg̃a lalaki't mg̃a babae, mg̃a bata't mg̃a matatanda, taglay ang lalong magagaling na pananamit, na nang̃ãgcacahalo-halò, pumapasoc at lumalabas sa makikipot na mg̃a pintúan. Amóy pólvora, amóy bulaclác, amóy incienso, amóy pabang̃õ; pinatatacbó at pinasisigaw ang mg̃a babae at pinapagtatawá ang mg̃a batâ ng̃ mg̃a bomba, ng̃ mg̃a cohete at ng̃ mg̃a buscapiés. Isáng banda ng̃ música ang tumútugtog sa tapát ng̃ convento, isáng banda namán ang naghahatid sa mg̃a nang̃ang̃ãtungculan sa bayan, ang mg̃a ibáng banda'y naglilibót sa mg̃a daang kinalaladlaran at winawagaywayan ng̃ maraming mg̃a bandera. Lumilibang sa paniñgĩn ang liwanag at cúlay na sarisarì, at sa pangpakinig nama'y mg̃a tínig at mg̃a úgong. Hindî nagtitiguil ang mg̃a campanà ng̃ carerepique, nagcacasalasalabat ang mg̃a coche at mg̃a calesa, na manacanacáng ang mg̃a cabayong humihila sa canilá'y nangáguiguitla dumádamba, humuhulay, mg̃a bagay na bagá man hindî casangcáp sa palatuntunan ng̃ fiesta, gayón ma'y naguiguing isáng pánooring hindî pinagbabayaran at siyáng lalong mahalaga.

Nag-utos ang Hermano Mayor sa áraw na itó ng̃ mg̃a alilà upang mang̃ãghanáp sa mg̃a daan ng̃ mg̃a inaanyayahan, túlad sa nagpiguing na sinasabi sa atin ng̃ Evangelio. Hálos sápilitan ang pag-aanyaya upang uminóm ng̃ chocolate, café, chá, cumain ng̃ matamis, at iba pa. Madalás na naguiguing cawang̃ĩs ng̃ isáng pakikipagcagalít ang guinagawang pag-aanyaya.

Gágawin na ang misa mayor, ang misang tinatawag na "de dalmática", catulad ng̃ misa cahapong sinasaysay ng̃ carapatdapat na corresponsal, at ang bílang caibhán lámang, ang magmimisa ngãyo'y si Parì Salví, at sa mgã taong makikiníg ng̃ misa ngãyo'y casama ang Alcalde ng̃ lalawigan, caacbáy ang maraming mgã castílà at mgã táong marurunong, upang pakinggán si Párì Dámaso na totoong bantóg sa lalawigan. Sampô ng̃ alférez, bagá man siya'y lubháng dalá na sa mgã pangãngãral ni Párì Salví, pumaroon din, sa pagpapatotoo niya ng̃ cagalingãn ng̃ canyang loob at ng̃ cung mangyayari, macapanghiganti siyá sa mgã pagbibigay galit na sa canyá'y guinawâ ng̃ cura. Sa calakhán ng̃ pagcábantog ni Párì Dámaso'y ipinag-páuna na ng̃ corresponsal ang pagsúlat namamatnugot ng̃ pamahayagan ng̃ sumúsunod:

"Alinsunod sa aking ipinagpáuna na sa inyo sa waláng wastô cong mgã talata cahapó'y gayón ngã ang nangyari. Nagcamít cami ng̃ tangĩng capalarang mápakinggan ang totoong cagalanggalang na si Párì Fray Damaso Verdolagas, na nagcurang malaon sa bayang itó, at ngãyó'y inilipat sa lálong malaki, bílang ganting pala sa canyang mabuting pagtupad sa canyang mgã catungculan. Lumagáy ang maningning na mananalumpati ng̃ mgã mahal na bagay sa paaralang Espiritu Santo ang nagtuturo, at nagsaysay ng̃ carikitdikitan at cálalim-lalimang sermon, na nagbigay cabanalan sa madlâ at pinagtakhán ng lahát ng̃ mgã binyágang naghihintay ng̃ boong pagmimithî ng̃ pagsilang sa lubhang mapagbungãng mgã labi ng̃ nacaguiguinhawang bucál ng̃ waláng hanggáng-búhay. Cadakilaan sa mgã cahulugan, capangãhasan sa mgã munacalà, mgã bagong pananalitâ, cagandahan sa anyô, catutubong mgã galaw, pagsasaysay na calugodlugód, calusugán ng̃ mgã adhicâ, nárito ang mgã híyas ng̃ Bossuet na castilà, na talagáng carapatdapat ngã̃ ang canyáng malakíng pagcábantog hindî lamang sa mgã marurunong na mgã castila, cung di naman sa mgã waláng pinag-aralang mgã "indio" at sa mgã mapanglinlang na mgã anác ng̃ "calangĩtang imperio" (imperio ng̃ cainsican)."

Gayon man, unti ng̃ mapilitan ang mapagcatiwalang corresponsal na canyang sirain ang calahatlahatan niyang sinulat. Idinaraing ni Párì Damaso ang isáng magaang na sipóng canyang nasaguip ng̃ gabing nagdaan: pagcatapos na siya'y macapagcantá ng̃ masasayáng mgã "petenera", (caraniwang kinacanta sa mgã lalawigang andalus, sa España), siya'y uminóm ngã tatlong vásong sorbete at sandali siyang nanood ng̃ pinalalabas sa teatro. Dahíl sa bagay na ito'y ibig sana niyang magbitíw ng̃ pagca tagasalitâ ng̃ mgã wicà ng̃ Dios sa mgã tao, ngũni't sapagca't waláng ibáng makitang nacacaalam ng̃ búhay at mgã himalâ ni San Diego,—túnay ngã't natátalos ang mgã bagay na itó ng̃ cura, ngũni't kinacailangãng siyá'y magmisa,—pinagcaisahan ng̃ ibáng mgã fraile na walâ ng

gagaling pa sa tínig ng̃ voces ni Párí Dámaso, at lubhang túnay na cahinahinayang na huwag italumpati ang totoong mainam na sermóng gaya na ngã ng̃naisulat at naisaulo na. Dahil dito'y ang babaeng dating tagapag-ingãt ng susi'y siya'y ipinaghandâ ng̃mgã limonada, pinahiran ang canyang dibdib at liig ng̃mgã unguente at mgã langĩs, binalot siyá ng̃maiinit na mgã cúmot, siya'y hinilot at iba pa. Umínóm si Parî Dámaso ng̃hiláw na itlóg na binati sa álac, at sa boong umaga'y hindî nagsalitâ at hindî man lamang nag-agahan; bahagyâ na uminóm ng̃ isáng vasong gatas, isáng tazang chocolate at lalabin-dalawang biscocho, na anó pa't tiniis niya ng̃boong cabayanihang huwag cumain ng̃isáng sisiw na frito at calahating quesong gawang Laguna, na canyang kinaugaliang canin pagcacaumaga, sapagca't ayon sa canyang catiwalang babae, maaaring macapagpaubó ang sisiw at ang queso, dahil sa capuwâ may asin at may tabá.

—¡Guinágawá ang lahat ng̃itó't ng̃camtan natin ang calangĩtan at magbalíc loob tayo!—ang sabi ng̃mgã Hermana ng̃V.O.T., ng̃caniláng maalaman ang ganitóng canyáng mgã pagpapacahirap.

—¡Siyá'y pinarurasahan ng̃Virgen de la Paz!—ang ibinúbulong naman ng mgã Hermana ng̃Santisimo Rosario, palibhasa'y hindî nilá maipatawad ang canyang pagkiling sa canilang mgã caaway na capuwà babae.

Lumabás ang procesión pagca alas ocho y media sa lilim ng̃mgã toldang lona. Nacacahawig din ng̃guinawâ, cahapon, baga man may isáng bagay na nabago: ang mgã Hermano ng̃ V.O.T., na mgã matatandang lalaki't babae, casama ang iláng mgã dalagang patungó na sa pagtandá, ang pananamit na dalá'y mahahabang hábitong guingón: damít na guingóng magaspáng ang sa mgã mahihirap, at ang sa mgã mayayama'y guingóng sutlâ, sa macatuwid baga'y ang tinatawag na "guingông franciscano", sa pagca't siyang lalong caraniwang gamitin ng̃mgã cagalanggalang na mgã fraileng franciscano. Ang lahat ng̃mgã mahal na hábitong iyó'y mgã dalísay, sa pagca't pawang galing sa convento sa Maynilà, na siyáng kinucunan ng̃mgã mamamayan sa limós na ang capalit ay salapíng isinasang-ayon sa táning na halagang hindî natatawaran, cung bagá mangyayaring sabíhing cawangĩs ng̃sa isáng tindahan. Ang halagang itóng hindî nababawasa'y mangyaring maragdagan, ngũni't hindî nababawasan. Tulad sa mgã habitong itó'y nagbibilí ng̃gayón ding mgã hábito sa monasterio ng̃Santa Clara, na tagláy, bucód ang mgã tangĩng biyáyang nacapagbibigay ng̃maraming mgã indulgencia sa mgã patáy na pinagsasaputan, ang biyáyang lalò pa manding tangĩ: na lalò pang mahál ang halagá paga lalong lumà, gulanit at hindî na magagamit. Itinititic namin itó at baca sacaling banal na bumabasang nagcacailangãn ng̃ gayóng mgã mahál na "reliquia" (anó mang bagay na

guinamit ó linangcáp na ngã ibá), ó baca caya may matalas na isip casam-ang mámumulot ng̃mgã basahang taga Europa, na ibig yumaman sa pagdadalá sa Filipinas ng̃isáng "cargamento"" (maraming yácos na catatagang lúlan sa íśáng daóng) ng̃mgã hábitong masurot at malibág, sa pagca't nagcacahalagá ng̃labíng anim na píso ó higuit pa, ayon sa calakhán ng̃ pagcalibaguing humiguít cumulang.

Nacapatong si San Diego de Alcalá sa isáng carrong napapamutihan ng̃mgã planchang pílac na nabuburdahan. May malaking capayatán ang Santo, garing mulá sa úlo hanggáng bay-awang, magagalitín at nacacaaalang-alang ang anyô ng̃ pagmumukhâ, baga mán culót ang buhóc sa úlo, na catulad ng̃ mgã ita. Sutlang raso na nabuburdahan ng̃guintô ang canyáng pananamit.

Sumusunod ang ating cagalang-galang na Amang si San Francisco, pagcatapos ay ang Virgeng gaya cahapon, ang caibhán lamang ay si Párì Salví ngãyón ang sumasailalim ng̃palio at hindî ang makisig na si Párì Sibyla na mainam cumíyà. Ngũni't cung di tagláy ni Párì Salví ang magandang anyô ni Párì Sibyla, datapuwa't nagcacanlalabis naman sa canyá ang pagca anyóng banál: nacatungõ ang mgã matá; nacadoop ang mgã camay na ang anyó'y matimtiman at lumalacad na nacayucód. Ang mgã may dalá ng̃palio'y yaón ding dáting mgã cabeza de barangay, na nagpapawis ng̃boong ligaya, sa caniláng panunungcól na nakikisacristán, bucód sa silá'y maniningĩl ng̃ buwis, manunubos ng̃mgã taong lagalág at mgã dukhâ, sa macatuwid baga'y mgã Cristong nagbibigay ng̃dugô dahil sa mgã casalanan ng̃mgã ibá. Ang coadjutor, na nacasobrepelliz, ay nagpaparoo't parito sa iba't ibáng mgã carro, na dalá ang incensario, at canyáng manacanacang hinahandugan ng̃úsoc nitó ang pangãmoy ng̃cura, na pagca nagcacagayo'y lalong lalong ng̃nagmumukhang caaway ng tawa at magagalitín.

Dahándahán ngã at matimtiman ang lacad ng̃procesióng inaacbayan ng ugong ng̃mgã bomba at ng̃tinig ng̃mgã cantá at músicang tungcol sa religióng ilinalaganap sa impapawid ng̃mgã banda ng̃músicang sumusunod sa licurán ng bawa't carro. Samantala'y napakasipag na totoo ang pamamahagui ng̃Hermano Mayor ng̃malalaking mgã candila, na ang marami sa mgã nakipagprocesio'y nag-uwi sa canilang mgã bahay ng̃maipag-iilaw sa apat na gabi samantalang nangãgsusugál. Nagsisiluhód ng̃ boong gálang ang mgã nanonood pagca nagdaraan ang carro ng̃Ina ng̃Dios at nangãgdarasal silá ng̃taimtim sa loob ng mgã Sumasampalataya ó ng̃mgã Aba pô.

Tumiguil ang carro sa tapát ng̃ isáng báhay na sa mgã bintanang napapamutihan ng̃maririkit na mgã pangsampáy (colgadura) ay nacasungãw ang

Alcalde, si capitang Tiago, si María Clara, si Ibarra, ilang mgã castilà at mgã dalaga; nágcataong tumungháy si Párì Salví, datapuwa't hindî gumawâ ng̃ cahi't munting kilos na magpahalatang siya'y bumabatì ó nakikilala niyá silá; ang tangĩng guinawá niyá'y lumindíg lamang, tinuíd ang catawán at sa gayo'y sumabalicat niyá ng̃ lalong caayusan at gandá ang "capa pluvial."

Sa dacong ibabâ ng̃ bintana'y may isáng dalagang nacalúlugód ang gandá ng̃ mukhâ, mahalagá ang suut na damít at may kílic na isáng musmós na lalaki. Marahil siyá'y sisiwa ó taga pag-alagà lamang, sa pagca't ang sanggól na iyó'y maputi at mapulá ang buhóc, samantalang ang dalaga'y caymangguí at mahiguít pa sa caitimán ng̃ azabache ang canyáng mgã buhóc.

Pagcakita sa cura, iniunat ng̃ musmós ang canyáng maliliit na bísig, tumawa niyáng táwang hindî nacapagbibigay sákit at hindî namán pighati ang nacapagpapatawá, at sumigáw ng̃ pautál sa guitna ng̃ isáng sandalíng catahimican: ¡Tá ...tay! ¡Tatay! ¡Tatay!

Kinilabutan ang dalaga, dalidaling inilagay ang canyang camay sa ibabaw ng̃ bibig ng̃ sanggól na lalaki at patacbóng lumayô roong taglay ang totoong malaking cahihiyan. Umiyác ang bátà.

Nangãgkindatan ang mgã mapaghinala, at nangãgsingĩtí ang mgã castilang nacamasid ng̃ gayóng maiclíng pangyayari. Naguing pulá ang catutubong pamumutla ni Párì Salví.

At gayón ma'y wala sa catuwiran ang táo: hindî man lamang nakikilala ng̃ cura ang babaeng iyón, siya'y taga-ibang bayan.

Decorative motif

# XXX.

## SA SIMBAHAN.

Mulâ sa isá hanggang sa cabiláng dúlo'y punô ang camálig na ípinalalagá'y ng̃mgã táong yaó'y bahay ng̃Lumaláng sa lahát.

Nangãgtutulacán, nagsisicsican, nangãgdudurugan ang isá't isá, at nangãgdaraingãn ang iláng lumálabas at ang maraming nagsisipasoc. Malayò pa'y iniuunat na ang camáy sa pagbabasâ ng̃mgã dalirì ng̃túbig na bendita, ngũni't caguinsaguinsa'y dumárating ang isáng álon ng̃ pagtutulacán at napapalayô ang camay: Nariringĩg pagca nagcacagayon ang isáng ángĩl, nagmúmura ang isáng babaeng nayapacan, datapuwa't hindî tumitiguil ang pagtutulacán. Ang iláng matandang lalaking naisasawsaw ang mgã dalirì sa tubig na iyóng culay pusalí na, palibhasa'y naghúgas ng̃camáy roon ang boong báyan, bucód pa sa mgã taga-ibáng báyang doo'y dumarayo, ipinapahid ang túbig na iyón ng̃boong pamimintacasi, baga mán sila'y nahihirapan dahil sa casicpán, sa caniláng bátoc, sa puyó, sa noo, sa ilóng, sa babà, sa dibdib at sa púsod, sa caniláng pananalig na sa gayó'y caniláng nabebendita ang mgã bahaguing iyón ng̃catawán, bucód sa hindî silá magcacasakit ng̃paninigás ng̃liig, ng̃sakít ng úlo, ng̃pagcatuyô, ng̃hindî pagcatúnaw ng̃kinacain. Ang mgã cabataan, marahil sa sila'y hindî totoong masasactín ó baca cayâ naman hindî silá naniniwala sa mahal na gamót na íyón, bahagyâ na niláng binabasâ ang cáduloduluhan ng caniláng daliri—at ng̃ walang anó mang masabi sa canilá ang mgã mapamintacasing tao,—at cunuwa'y canilang ipinapahid sa caniláng noó, na, ang catotohana'y hindî nilá isinasayad. "Marahil ngã'y bendita ang túbig na iyán at taglay ang lahát ng̃mgã sinasabi",—ang iniisip marahil ng̃sino máng dalaga, —"ngũni't may isáng culay na" ...!

Bahagyâ na macahingã roon, mainit at amóy háyop na dalawá ang páa; datapuwa't catumbás ng̃lahá't ng̃pagcacahirap na iyón ang magsesermong as sermông yao'y dalawang daa't limampung piso ang bayad ng̃bayan. Ito ang sinabì ng̃matandáng Tasio.

—¡Dalawang daa't limampung piso ang bayad sa isang sermôn! ¡Isá lamang táo at sa minsan lamang na paggawâ! ¡Ang icatlóng bahagui ng̃ibinabayad sa

mgã comediante na mangagpapagal sa loob ng̃ tatlóng gabí!... ¡Tunay ngã marahil na cayo'y mayayaman!

—¿At bakit namán mawawangĩs ang bagay na iyán sa isáng comedia?—ang isinagót na masamá ang loob ng̃ mapúsoc na maestro ng̃ mgã Hermano ng̃ V.O.T.; ¡nacahuhulog ng̃ mgã caluluwa sa infierno ang comedia, at nacapapasalangĩt ang sermón! Cung humingĩ siyá ng̃ sanglibo'y babayaran din namin, at kikilalanin pa naming utang na loob ...

—¡Cahi ma't comedia, cung sa ganáng akin!—ang isinisigaw naman sa galit ng̃ isá.

—¡Naniniwalà acó, palibhasa'y magalíng na totoo ang inyóng pagca unawà sa kinauuculan ng̃ comedia at ng̃ sermón!

At yumao ang pusóng, na hindî inalumana ang guinagawâ ng̃ magagaliting maestro na mgã paglait at masasamang húlang mangyayari sa daratning búhay ni matandáng Tasio sa hinaharáp na panahón.

Samantalang hinihintay ang Alcalde, nágpapawis at naghihicab ang mgã tao; iguinagalaw sa hangĩn ang mgã paypáy, mgã sombrero at mgã panyô; nangãgsisigawan at nangãg-iiyacan ang mgã batà, bagay nagbíbigay pagál sa mgã sacristan na pagpapalabas sa mgã batang iyón sa simbahan. Ang gawáng ito'y siyang umaakit sa pagdidilidili ng̃ matalas na caisipan at malumanay na maestro ng̃ Cofradía ng̃ Santisimo Rosario:

—"Pabayaan ninyóng lumapit sa akin ang mgã báta," anáng áting Pangĩnoong Jesucristo, ngũni't dito'y dapat ng̃ unawaing yaó'y ucol lamang "sa mgã batang hindî umiiyac."

Ganitó ang sinasabi ng̃ isá sa mgã matatandang babaeng nanánamít ng guingón, si Hermana Pute bagá, sa isáng babaeng may anim na taón na ang gúlang na canyáng apó, na nacaluhód sa canyáng tabi:

—¡Condenada! ¡itahimic mo ang iyóng isip, at macaririnig ca ng̃ isáng sermóng gáya ng̃ sa Viernes Santo!

At sacâ pinacacurotcurót, na anó pa't pinucaw ang cabanalan ng̃ batang babae, na ikinibit ang mukhâ, pinahabà ang ngũso at pinapagcunót ang mgã kílay.

Humihimláy ang iláng mgã lalaking nacapaningkayád sa tabí ng̃ mgã confesionario. Ang acalà ng̃ ating matandang babaeng nagngũngũngũya ng̃ mgã

dasal at pinatatacbó sa canyáng mg̃a dalírì ang mg̃a butil ng̃canyáng cuintás, na ang guinágawang pagtang̃ô ng̃isáng matandáng lalaking malaki ang pag-aantoc, ay talagáng gayón ang lalong magalíng na pagsang-ayon sa mg̃a calooban ng Lang̃it, caya't ang guinawâ niya'y untitunti niyáng guinagád ang gayóng anyô.

Na sa isáng sûloc si Ibarra; nacaluhód si María Clara sa malapit sa altar mayor, sa isáng lugar na nagmagandang loob ang curang paalsan ng̃mg̃a tao sa pamamag-itan ng̃mg̃a sacristán. Nacaupô si capitang Tiagong nacasúot ng̃frac sa isá sa mg̃a bangcóng laan sa mg̃a pinunò, dahil sa bagay na itó'y ang isip ng mg̃a insíc na sa canyá'y hindî nacakikilala'y gobernadorcillo rin siyá cayá't hindî nang̃ang̃ahás na sa canyá'y lumapit.

Sa cawacasa'y dumating ang Alcalde na casama ang canyáng Estado Mayor, (ang mg̃a guinoong sa canyá'y umaacbay), doon sa sacristía silá nagmulà at siyá'y lumucloc sa isá sa mg̃a maiinam na mg̃a sillóng nacapatong sa ibabaw ng isáng alfombra. Pangdakilà ang casuutan ng̃Alcalde at sa canyá'y nacalagáy ang banda ni Cárlos III at apat ó limáng mg̃a condecoración (mg̃a saguisag na inilalagáy sa dibdib, tandâ ng̃sa nagdadala'y pagbibigay unlác ng̃isáng harì ó ng cataastaasang pûnò sa isáng nación.)

Hindî siyá nakikilala ng̃bayan.

—¡Abá!—ang bigláng sinabi ng̃isáng tagabukid; ¡isáng civil na nacasuot comediante!

—¡Tangá!—ang isinagót ng̃canyáng calapit at siyá'y sinicó;—¡iyán ang principe Villardo na ating nakita cagabí sa teatro!

Tumaas ng̃â ang calagayan ng̃Alcalde sa mg̃a matá ng̃báyan at siyá'y ipinalagay na encantadong principe, na nácapanalo sa mg̃a gigante.

Nagpasimula ang misa. Nagsitidindig ang mg̃a nauupô, ang mg̃a natutulog ay nang̃aguisíng dahil sa cacacampanilla at sa matunóg na voces ng̃mg̃a cantór. Tila totoong natutuwâ si Párì Salví, baga man siyá'y may mukhang walang caibigan, sa pagca't sa canyá'y naglilingcód na diácono at subdiácono ang dalawá pa namáng agustino.

Bawa't isá'y nagcantâ, ng̃ dumatíng ang úcol na panahón, baga man humiguit cúmulang na nagdaraan sa ilóng ang caniláng voces at malabò ang pang̃ung̃usap, liban na lamang sa nagmimisa na may pagca nang̃ing̃inig ang voces at hindî mamacáilang nasirà ang tono, na anó pa't malaki ang ipinagtataca ng̃mg̃a táong sa canyá'y nacakikilala. Gayón ma'y gumágalaw siya ng̃makinig

na anyô at hindî nag-aang-ang; ikinácanta ang "Dominus vobiseum" ng̃ taimtim sa loob, ikinikiling ng̃ caunti ang úlo at tumitingãla sa "boveda," (bubungãn ng simbahan). Sa pagmamasid ng̃ pagtanggáp niyá ng̃ asó ng̃ incienso, masasabing totoo ngã ang sabi ni Galeno, na naniniwaláng pumapasoc daw ang úsoc sa bao ng̃ úlo, pagcaraan sa bútas ng̃ ilóng na ang tulóy ay sa salaang but-ó, sa pagca't siya'y lumilindig, iniiling-ay ang úlo sa lícod, pagcatapos ay lumalacad na patungõ sa guitnâ ng̃ altar ng̃ lubháng malakíng pagmamakisig at caguilasan, hanggang sa acalain ni capitan Tiagong daig niya sa cagalingãng cumíyà ang comedianteng insíc ng̃ gabing nagdaang nacadamít emperador, may pintá ang mukhâ may maliliit na bandera sa licód, ang balbás ay buntót ng̃ cabayo at macapal ang "suclas" ng̃ sapín.

—Hindî ngã mapag-alinlangãnan, higuit ang camahalang umanyô ng̃ isáng cura namin cay sa lahat ng̃ mgã emperador.

Sa cawacasa'y dumating ang pinacananasang sandali na marinig, na si Párì Dámaso. Nangãgsiupô sa caniláng mgã sillón ang tatlóng sacerdote, na ang anyó'y nacapag-bibigáy ulirán sa cahinhinan, ayon sa sasabihin marahil ng̃ may malinis na caloobang "corresponsal;" tinularan silá ng̃ Alcalde at ibá pang mgã taong may vara at may bastón; humintô ang música:

Pamucaw ang paghaliling iyón ng̃ catahimican sa úgong sa ating matandáng Hermana Pule, na humihilic na, salamat sa música. Túlad cay Segismundo ó gaya ng̃ "cocinero" sa kinathang búhay ni Dornroscheu, ang unang guinawa pagcaguising ay tuctucan ang canyáng apóng babae, na nacatulog din. Ito'y umatungãl, datapuwa't pagdaca'y nalibang ng̃ makitang nagdaragoc sa dibdib ang isang babae sa lubós na pananalig at sa caalaban ng̃ loob.

Pinagsicapan ng̃ lahat na maipacaguinhawa ng̃ anyô; naningcayad ang mgã waláng bangcô, umupô sa lupà ó sa caniláng sariling paa ang mgã babae.

Tináhac ang caramihan ni Párì Dámaso, na pinangũngũnahan ng̃ dalawáng sacristan at sinusundan ng̃ isáng capuwa niya fraileng may daláng isáng malaking cuaderno. Nawala siyá pagpanhíc sa hagdanang palicawlicaw, ngũni't pagdaca'y mulíng sumipót ang canyáng mabilog na úlo, pagcatapos ay ang canyáng macacapal na bátoc at sumunod agad-agad ang canyáng catawan. Tumingĩn sa magcabicabila ng̃ boong capanatagan ng̃ loob at uubo-ubó; nakita niya si Ibarra. Ipinahiwatig niya sa isáng tangĩng kiráp, na hindî calilimutan sa canyáng mgã pananalangĩn ang casintahan ni María Clara; tinitigan ng̃ tingĩng may towa si Párì Sibyla at saca niya sinulyap ng̃ tingĩng calakip ang pagpapawalang halagá si Párì Manuel Marsing cahapo'y nagsermón. Ng̃ matapos

ang ganitóng pagsisiyasat; liningõn ang casama ng̃ paalimís at sa canyá'y sinabi: "Magpacatalino, capatid!—Binucsan nitó ang cuaderno.

Datapuwa't carapatdapat na isaysay sa isáng bahaguing bucód ang sermóng itó. Isáng binatang nag aaral ng̃ panahóng iyón ng̃ taquigrafia at malakíng totoo ang pagcalugód sa mg̃ã dakilang mananalumpati ang siyáng umalalay ng pagtititic samantalang nagsasaysay si Párì Dámaso; at salamat sa ganitóng guinawa'y mailalagdâ namin dito ang isáng bahagui ng̃ pang̃ãng̃ãral tungcól sa religión sa mg̃ã lupaing iyón.

Decorative motif

Decorative motif

# XXXI.

## ANG SERMON.

Nagpasimulâ si Párì Dámaso, ng̃madalang at mahinang pangũngũsap:

"Et spiritum tuum honum dedisti, qui doceret eos, et manna tuum non prohibuisti ab ore corum, et aquam dedisti eis in siti".—"At ibinigay mo sa canilá ang espíritu mong magaling upang caniláng iturò at hindî mo inalís sa caniláng bibig ang iyóng maná at binigyán mo silá ng̃ tubig sa caniláng pagcauhaw!"

"Mg̃a salitang ipinangũsap ng̃ Pangĩnoon sa pamamag-itan ng̃ bibig ni Esdras, icalawáng aclát, icasíyám na bahagui, icadalawampong tulâ."

Sa udyóc ng̃pangguiguilalás ay sinulyáp ni Párì Sibyla ang nagsesermón; namutla at lumun-oc ng̃laway sa Párì Manuel Martin: marikit ang sermóng iyón cay sa canyáng sermón.

Ayawan cong nahiwatigan ni Párì Dámaso ang gayóng bagay ó baca cayâ naman talagang namamaos pa, datapuwa't ang guinawa niya'y umubóng macailan at ikinapit ang dalawang camáy sa palababahan ng̃púlpitong mahal. Sumása tapat ng̃ canyáng úlo ang Espiritu Santo na bago lamang capípinta: maputi, malinis at culay rosa ang maliliit na paa at ang tucâ.

"¡Cárilagdilagang Guinoo (sa Alcalde), cábanalbanalang mg̃a sacerdote, mg̃a cristiano, mg̃a capatid cay Jesucristo!"

Gumawa rito ng̃dakiláng paghintô, at maling inilacad niya ang canyáng paning̃in sa mg̃a nakikinig, at sa canya'y nacagalác ang pag-ulinig sa canya at canilang taimtim na pagtahimic.

Wicang castilà ang unang bahagui ng̃canyáng sermón at wicáng tagalog ang icalawang bahagui: "loquebantur omnes linguas".

Pagcatapos ng̃mg̃a ¡oh! at ô ng̃paghinto dakilang iniunat niya ang canyang canang camáy sa dacong altar at tumitig sa Alcalde, naghalukipkip pagcatapos, na waláng anó mang sinasabi; ng̃uni't caguinsaguinsa'y inihalili sa mahinhing kilos ang cagalawán, iniling-ay sa licód ang úlo, itinuró ang dacong pintóng

malakí na pinutol ang hangĩn sa pamamag-itan ng̃ taguiliran ng̃ camáy ng̃ boong cabilisán, hanggang sa acalain ng̃ mgã sacristang ang cahulugán ng̃ gayong galáw ay ipinag-uutos sa caniláng ísará ang mgã pinto, at gayón ngã ang caniláng guinawâ; nagdamdam ligalig ang alférez at nag-alinlangãn cung siyá'y lálabas ó hindî; datapuwa't nagpapasimulá na ang nagsesermón ng̃ pananalitang malacás, punô at mataguinting: tunay ngã palá namáng totoong matalinò sa panggagamót ang dating canyáng tagaalagang babae.

"¡Nagnininingning at cumikislap ang altar, malapad ang malaking pintô, ang hangĩn ang sasacyan ng̃ santong wica ng̃ Dios na búbucal sa aking bibig, pakinggán ngã ninyó ng̃ mgã pangdingĩg ng̃ caluluwa at ng̃ púsò at ng̃ hindî mangãlaglag ang mgã salitâ ng̃ Pangĩnoon sa lupang batuhán at canin ng̃ mgã ibon sa Infierno, cung dî ang cayó'y lumagô at sumibol na catulad ng̃ isáng santong binhî sa lináng ng̃ ating cagalanggalang at huwad sa serafing Amáng si San Francisco! Cayóng mgã malalaking macasalanan, mgã bihag ng̃ mgã moro ng̃ cálolowa, na siyang lumalaganap sa mgã dagat ng̃ waláng hanggang búhay, na pawang nacalulan sa macapangyarihang mgã sasacyán ng̃ sa táong catawán at ng̃ mgã lugód sa búhay na itó, cayóng hindî magcandadala ng̃ mgã tanicalâ ng̃ mahahalay na hilig at ng̃ mgã calibugan, at nangãgsisigaod sa daóng ng̃ taga Infiernong si Satán, masdán ninyó riyan ng̃ mapitagang pagcahiyâ ang tumutubós sa mgã cálolowa sa pagcabihag ng̃ demonio, ang matapang na Gedeón, ang malacás na loob na David, ang mapagwaguing Roldan ng̃ cacristianohan, ang tagalangĩt na guardia civil, na higuít ang catapangãn sa lahat ng̃ mgã guardia civil cahi't pagsamasamahin ang mgã guardia civil ngãyón at ang sa búcas pa".—(Pinapagcunót ng̃ alférez ang noo)—"Siya ngã̃, guinoong alférez, higuít ang canyáng tapang at lacás, na cahi't walâ siyáng fusil cung di isáng cruz na cahoy, canyáng guinágahis ng̃ boong cabayanihan ang walang hanggang tulisán ng̃ mgã cadilimán, at gayón din ang lahát ng̃ mgã cacampí ni Luzbel, at cung dî lamang hindî nangãmamátay ang mgã espiritu, siláng lahat ay nangãlipol na magpacailan man! Ang caguilaguilalás na laláng na itó ng̃ Dios, itóng hindî mapaglírip na himalâ ay ang maluwalhating si Diego de Alcalá, na, gagamit acó ng̃ isáng pagsusumag, sa pagca't nacatutulong na magalíng ang mgã pagsusumag sa pagca unawà ng̃ mgã bagay na hindî mapag-abót ng̃ ísip, ayon sa wicà ngã̃ ng̃ ibá, sinasabi co ngã na ang dakilang santong itó'y isáng catapustapusang cawal, isáng "ranchero" (tagapagpacain) lamang sa aming lubháng macapangyarihang hucbóng pinag-úutusan ng̃ aming tulad sa serafing Amáng si San Francisco, na siyang ikinararangãl cong kinapapanigang acó'y cabo ó sargento sa talaga't awà ng̃ Dios."

Ang mgã hangãl na "indio", ayon sa sabi ng̃ "corresponsal", walang

nábingwit sa sinaysay na iyón, liban na lamang sa mgã salitang "guardia civil", "tulisan", "San Diego" at "San Francisco"; namasid nilá ang pagsamà ng̃ mukhá ng̃ alférez, ang anyóng bayani ng̃ nagsesermón, at sa gayo'y inacala niláng kinagagalitan ng̃ Párì ang alférez dahil sa hindî niyá inuusig ang mgã tulisán. Si San Diego at si San Francisco ang gaganap ng̃ bagay na iyón, at silá ngã ang túnay na macagagawa, tulad sa pinatototohanan ng̃ isáng pinturang na sa convento ng̃ Maynila, na sa pamamag-itan lámang ng̃ canyáng cordón ay nahadlangãn ni San Francisco ang paglúsob ng̃ mgã insíc ng̃ mgã unang taón ng pagcatuclás sa Filipinas ng̃ mgã castila. Hindì ngã cacaunti ang catuwaang tinamó ó ng̃ mgã namimintacasi, kinilala niláng utang na loob sa Dios ang ganitóng túlong, at hindî silá nag-aalinlangãn sa paniniwalang pagca walâ ng mgã tulisán, ang mgã guardia civil naman ang lilipulin ni San Francisco. Lalong pinagbuti ngã nilá ang pakikinig, sinundan nilá ang mgã sinasaysay ni Párì Dámaso, na nagpatuloy ng̃ pananalitâ:

"Cárilagdilagang guinoo: Ang malalaking mgã bagay talagáng malalakíng mgã bagay cahi't na sa tabí ng̃ mgã maliliit, at ang mgã maliliit cailan ma'y maliliit din na sa siping man ng̃ mgã malalaki. Itó ang sabi ng̃ Casaysayan, (Historia), at sa pagca't ang Casaysayan, sa sandaang palo'y isá lamang ang tumatamà, palibhasa'y bagay na gawâ ng̃ mgã tao, at ang mgã tao'y nagcacamaling "errare es hominum" ayon sa sabi ni Ciceron, ang may dilà ay nahihidwâ, ayon sa casabihan sa aking bayan, ang nangyayari'y may lalong malalalim na catotohanang hindî sinasabi ng̃ Historia. Ang mgã catotohanang itó, Cárilagdilagang Guinoo, ay sinabi ng̃ Espíritu Santo, sa canyáng cataastaasang carunungãng cailan ma'y hindî naabót ng̃ pag iisip ng̃ tao mulâ pa sa mgã panahón, ni Séneca at ni Aristóteles, iyang mgã pantás na mgã fraile ng unang panahón hanggang sa macasalanang mgã panahón natin ngãyón, at ang mgã catotohanang itó'y hindî ngã ibá cung di hindî palaguing ang mgã maliliit na bagay ay maliliit ngã, cung di pawang malalakí, hindî cung isusumag sa mgã mumuntî, cung di cung isusumag sa lalong malalakí sa lúpà at sa langĩt at sa hangĩn at sa mgã pangãnurin at sa mgã tubig at sa alang-alang at sa buhay at sa camatayan.

—¡Siya nawa!—ang isinagót ng̃ maestro ng̃ V.O.T., at saca nagcruz.

Ibig ni Párì Dámasong papangguilalasin ang mgã nakikinig sa ganitóng anyô ng̃ pananalitáng canyáng napag-aralan sa isáng dakilang tagapagsermón sa Maynilà, at siya ngãng nangyari, na sa pagcápatangã sa gayóng caraming mgã catotohanan, kinailangãn niyang dunggulín ng̃ paa ang canyáng "espiritu santo" (ang fraile bagáng sa canyá'y tagadictá) upang sa canyá'y maipaalaala ang

canyáng catungculan.

—Maliwanag na nakikita ng̃inyóng mg̃a matá!—ang sinabi ng̃"espiritu" búhat sa ibabá.

"Maliwanag na nakikita ng̃inyóng mg̃a matá ang sumasacsing ganáp at napapaukit na itóng waláng hanggáng catotohanang naalinsunod sa Filosofía! Maliwanag na nakikita iyáng áraw ng̃mg̃a cabanalan, at sinabi cong áraw at hindî buwán, sa pagca't waláng malaking carapatang numingning ang buwán sa boong gabî; sa lupà ng̃mg̃a bulág ang dalawáng mata'y harì ang bulág ang isáng matá lamang (nacapangyayari sa bayan ng̃mg̃a hang̃al ang may caunting dunong na pinag-aralan); mangyayaring numingníng ang isáng ílaw cung gabí, ó ang isáng maliit na bituin; ang lalong mahalaga'y ang macapagningníng cahi't catanghaliang tulad sa guinagawâ ng̃áraw: ¡ganitó ng̃a ang pagniningníng ng̃ capatid na si Diego cahi't sa guitna ng̃lalong mg̃a dakilang santo! ¡Nariya't nacahayág sa inyóng mg̃a matá, sa inyóng pusóng na hindî pananampalataya sa uliráng gawà ng̃Cataastaasan upang mabigyáng cahihiyan ang lalong mg̃a dakila sa lupà; oo, mg̃a capatid co, hayag, hayag sa lahát, hayag!"

Nagtindíg ang isáng lalaking namumutlâ at nanginginig at nagtagò sa isáng confesionario. Siya'y isáng maglalacò ng̃álac na nag-aagaw-tulog at nananag-inip na hinihing̃an siyá ng̃mg̃a caribinero ng̃"patente" na hindî niyá taglay. Hindî na raw siyá umalís sa canyáng pinagtaguan hanggang sa hindî natapos ang sermón. [258]

—"Mapagpacumbabà at maligpiting santo, ang iyóng cruz na cáhoy"—(ang dalá ng̃larawan ni San Diego'y cruz na pilac),—"ang iyóng mahinhíng hábito'y pawang nagbibigay dang̃al sa dakilang si Francisco, na camí canyáng mg̃a anac at nakikiwang̃is sa canyáng mg̃a guinagawá! Inilalaganap namin ang layong santong lahi sa boong daigdig, sa lahát ng̃mg̃a suloc, sa mg̃a ciudad, sa mg̃a bayan at hindî namin tiniting̃ ang maputi sa maitim"—(piniguil ng̃Alcalde ang canyáng paghing̃a)—"sa pagtitiis ng̃hindî pagcain at ng̃mg̃a pagpapacahirap, santong lahi mo na sa pananampalataya at sa religióng may taglay na sandata"—(¡Ah! ang hining̃a ng̃Alcalde)—"na pinapananatili ang sangcataohan sa matatag na calagayan at pumipiguil na mabulíd sa malalim na bang̃in ng̃capahamacán!"

Untiunting naghihicab ang mg̃a nakikinig, sampo ni capitang Tiago: Hindî pinakikinggan ni María Clara ang sermón: nalalaman niyang malapit sa canyáng kinalalagyán si Ibarra at siyáng sumasaisip niya, samantalang siyá'y nag-aabanico at canyáng minámasdan ang toro ng̃isá sa mg̃a Evangelista, na waláng pinag-ibhán sa anyó ng̃isáng calabaw na maliit.

"Dapat nating masaulong lahát ang mgã Santong Casulatan, ang búhay ng mgã santo, at sa ganitó'y hindî co kinacailangãng sa inyó'y mangãral, mgã macasalanan; dapat ninyóng maalaman ang mgã bagay na itóng totoong mahalagá at kinacailangãng gaya ng̃ pagcasaulo sa Ama namin, bagá man nacalimutan na ninyó itó at nagbubuhay protestante ó hereje na cayó, na hindî nagsisigalang sa mgã ministro (cawaní ng̃ Dios, na gaya ng̃ mgã insíc), ngũni't cayó'y mangãgpapacasama, lálò ng̃ mangãpapahamac cayó, mgã sinumpa!"

—Abá, cosa ese pale Lámaso, ese! (Abá anó ba namán ang párì Dámasong iyán)—ang ibinulóng ng̃ insíc na si Cárlos, na iniirapan ang nagsesermóng nagpapatuloy ng̃ mgã pananalitáng naiisip niya ng̃ sandalíng iyón, at nagbúbubuga siyá ng̃ mgã licaw-licaw na mgã paglait at pagmumurá.

¡"Mamamatáy cayóng hindî macapagsisisi ng̃ inyóng mgã casalanan, mgã lahi ng̃ mgã hereje! Mulâ pa rito sa lupa'y pinarurusahan na cayó ng̃ Dios ng̃ mgã pagcapiit at pagcabilanggô! ¡Ang mgã mag-amag-anac, ang mgã babae ay dapat lumayô sa inyó: dapat cayóng bitayíng lahát ng̃ mgã namummunô at ng hindî lumaganap ang binhî ni Satanás sa halamanan ng̃ Pangĩnoon!... Sinabi ni Jesucristo: Cung cayó'y may masamáng casangcapan ng̃ catawáng humihicayat sa inyó sa pagcacasala, putulin ninyó, iabsáng ninyó sa apóy!..."

Nangĩngĩnig si fray Dámaso, nalimutan niyá ang canyáng sermón at ang maayos na pananalitâ.

—Náriníg mo ba?—ang itinanóng sa canyáng casama ng̃ isáng binatang estudianteng taga Maynílà;—¿puputulin mo ba ang iyo?

—¡Ca! siyá na muna ang magputol!—ang isinagót ng̃ causap, na itinuturò ang nagsesermon.

Naligalig si Ibarra; lumingãp sa canyáng paliguid at humahanap ng̃ alin mang súloc, datapwa't punôngpunô ang boong simbahan. Walang nárîrinig at waláng nakikita si María Clara, na pinagsisiyasat ang cuadro ng̃ pinagpalang mgã cáluluwa sa Purgatorio, mgã cáluluwáng ang anyó'y mgã lalaki't mgã babaeng hubó't hubad na may nacapatong sa úlong "mitra," (sombrero ng̃ papa,) "capelo" (sombrero ng̃ cardenal), ó "toca" (talucbóng ng̃ monja), na nangãiihaw sa apóy at nangãgsisicapit sa cordón ni San Francisco, na hindî nalalagot cahi't lubháng napacabig-at ang mgã nacabiting iyón.

Sa gayóng pagdaragdag ni Fray Dámaso ng̃ canyáng mgã naisipa'y nag-caligáw-ligáw ang espíritu santong fraile sa pagcacasunodsunód ng̃ sermón hanggang sa siya'y lumactaw ng̃ tatlóng mahahabang pangcát at sumamâ ang

pagdidictá cay Párì Dámaso, na humihingãl at nagpapahingã sa canyang maalab na pagmumurá.

"¿Sino sa inyó, mgã makasalanang nakikinig sa akin, ang hihimod sa mgã súgat ng̃ isáng dukhâ at libaguing magpapalimos? ¿Sino? Sumagót at itaas ang camáy cung sino! ¡Walâ sino man! Dati co nang nalalaman; walâ ngãng macagagawâ ng̃ gayón cung dî ang isáng santong gaya ni Diego de Alcalá; canyáng hinimuran ang boong cabulucán, at tulóy sinabi niyá sa isang capatid na nangguiguilalás; ¡Ganitó ang paggamot sa may sakít na itó! ¡Oh pagcacacawang gawâ ng̃ cristiano! ¡Oh pagcahabág na waláng cahulililip! ¡Oh cabanalan ng̃ mgã cabanalan! ¡Oh cagalinggalingãng hindî matutularan! ¡Oh waláng bahid na lunas!...."

At ipinagpatuloy ang isáng mahabang tanicalang mgã ¡oh! na idiniripa ang mgã camáy, at itinataas at ibinababa na anaki mandin ibig na lumipad ó bumugaw ng̃ mgã ibon.

"Nagsalitâ siyâ ng̃ latin bago mamatáy, ¡bagá man dating hindî murunong ng̃ latin! Mangguilalás cayó mgã macasalanan! ¡Hindî cayô macapagsasalitâ ng latin, baga man pinag aaralan ninyó, at sa pag aaral na ito'y pinapalò cayó, hindî cayó macapagsasalitâ ng̃ latin, mamamatay cayóng hindî macapaglálatin! ¡Isáng biyaya ng̃ Dios ang macapagwicang latin, cayâ nagsasalita ng̃ latín ang Iglesia! ¡Acó ma'y nagwiwicang latin din! ¿Bakit ipagkakait ng̃ Dios ang caaliwang itó ng̃ loob sa canyáng minamahal na si Diego? Mangyayari ba siyáng mamatáy, mapababayaan ba siyáng hindî nagwiwicang latín? Hindî ngã mangyayari! Cung magcagayó'y hindî gaganáp sa catuwiran ang Dios, hindî sa totohanang siyá'y Dios! ¡Nagwicang latín ngã̄ siyá at nagpapatotoo ang mgã sumulat ng̃ aclat ng mgã panahóng iyón!" At canyáng binigyáng wacás ang canyang pasimula ng pangãngãral ng̃ lalong pinaghirapan niya na canyáng inumit sa titic ng̃ isáng dakilang manunulat, na si Guinoong Sinibaldo de Más.

"¡Binabatì ngã̄ cata, marilág na Diego, dangãl ng̃ aming samahán! Puspós ca ng̃ cabanalan, mahinhing may capurihán; mapagpacumbabang may camahalan; masunuring boo ang loob; mapagtiis sa cacaunting bagay na mapagmithi; caaway na tapát ang loob; maawaing nagpapatawad; fraileng lubháng maselang; mapanampalatayang namimintacasi; mapaniwalaíng waláng málay; waláng bahid calupaang sumisinta; hindî maimiking may tinagong líhim; mapagtiis na matiyagá; matapang na natatacot; mapagpiguil na may calooban; mápangãhás na masulong; mapanalimang nagpapacatinô; mahiyaing may carangãlan; mapag-ingãt ng̃ iyóng pag-aaring hindî mahinayangĩn; maliksing tagláy ang cáya; mapagbigáy galang na marunong makipagkapuwa-tao; matalas

ang ísip na ma-ingãt; mahahabaguing may awa, matimtimang may hiyá; mapanghigantíng matapang; sa casipaga'y dukhâ na mapagsang-ayon; mapag-impoc na mapagbiyaya; waláng malay na nacacatalós; mapagbagong may kinauuwian; mapagwalangbahalang nagmimithíng matuto: ¡linaláng ca ng̃ Dios upang camtán ang mgã caayaayang lugód ng̃ pagsintang malamlam!...Tulungãn mo acóng umawit ng̃ iyóng mgã cadakiláan at ng̃ ang iyóng pangãla'y lalong mataas cay sa mgã bituin at lalong lumiwanag cay sa araw na umiinog sa iyong paanan! Tulungãn ninyó acóng humingĩ sa Dios ng̃ cauculáng tálas ng̃ ísip, sa pamamag-itan ng̃ pagdarasal ng̃ isáng Aba Guinoong María!...

Nangãgsiluhód na lahát at bumángõn ang isáng hûgong na catúlad ng̃ sabay-sabáy na húgong ng̃ sanglíbong bubúyog. Iniluhód ng̃ Alcalde ng̃ malakíng pag-hihirap ang isáng páa, na iniíiling ang úlo sa samâ ng̃ lóob; namutlá at nagsisisi ng̃ taimtim sa púsò ang alférez.

—¡Napacadiablo ang curang iyán!—ang ibínulóng ng̃ isá sa mgã binatang galing Maynílà.

—¡Huwág cang maingãy!—ang sagót ng̃ casáma,—naririnig táyo ng̃ canyáng asawa.

Samantala'y hindî ang pagdarasál ng̃ Abá Guinoong María ang guinágawâ ni Párì Dámaso, cung dî ang pag-away sa canyáng "espíritu santo," dáhil sa paglactaw na guinawâ sa tatlóng pinacamainam na pangcát ng̃ canyáng sermón, sacâ cumáin ng̃ tatlóng merengue at uminóm ng̃ isáng vasong álac na Málaga, sa canyang lubós na pananalig na masusundûan niyá sa canyáng kináin at ininóm na iyon ang magagalíng na salitáng canyáng sasaysayin, ng̃ higuít sa maibubulóng sa canyá ng̃ lahát ng̃ mgã "espiritu santong" cáhoy na may anyóng calapati ó may but-ó't may lamáng may anyóng malibangĩng fraile. Pasisimulan niya na ang sermóng wícang tagalog.

Tinuctucán ng̃ matandáng mapamintacasi ang canyáng apóng babae, na naguising na masamâ ang loob at nagtanóng:

—¿Dumating na ba ang oras ng̃ pag-iyác?

—Hindî pa, ngũni't huwag cang matulog ¡"condenada"!—ang isinagót ng mabait na núnong babae.

Babahagyâ lamang ang naitandá namin sa pangãlawang bahágui ng̃ sermón, sa macatwíd bagá'y ang sa wícang tagalog. Hindî nagsasaulo ng̃ pinag-ayos sa wicang tagalog si Párì Dámaso, cung dî ang maisipan na lamang niyá sa oras ng̃

pagsesermón, hindî sa dahiláng malakî ang dunong niyá sa pananagalog cay sa pangãngãstila, cung dî palibhasa'y ipinalálagay niyáng páwang hangãl ang mgã filipinong mgã taga lalawigan sa maayos na pananalitâ, hindî siyá nangãngãnib macapagsalitâ ng̃ mgã caul-ulán sa haráp nilá. Sa mgã castila'y ibá ng̃ bagay, may naringgan siyáng may palatuntunan daw na sinusunod sa magalíng na pananalumpatì, at hindî ngã malayong magcaroón sa mgã nakikinig ng̃ isá man lamang na nacapag-aral sa colegio, marahil ang guinoong Alcalde Mayor ang isá sa canilá; at dahilán dito'y isinusulat muna niyá ang canyáng mgã sermón, pinagsisicapang pagbutíhin, kinikikil at sacâ isinasaulo pagcatápos, at guinágawâ niyá ang pagsasanay sa loob ng̃ mgã dalawáng áraw bágo dumatíng ang pagsesermón.

Naguíng cabalitaàng sino man sa nakikinig ay hindî nacaunawa ng̃ caboóan ng̃ sermóng iyón: at gayón ang nangyari, palibhasa'y mapupuról ang caniláng ísip at totoong malalalim ang mgã sinabi ng̃ nagsermón, ang sabi ngã ni Hermana Rufa, cayâ ngã't nasáyang lámang ang paghihintáy ng̃ mgã nakikinig ng̃ pagdatíng ng̃ mgã pananalitáng kinararapatang iyacán, at bucód pa sa roo'y mulíng natúlog ang "condenadang" apó ng̃ matandáng mápagbanal.

Gayón man, itóng huling bahaguing itó'y namungãng hindî gáya, ng̃ úna, cahi't sa mgã tangĩng nakikinig man lamang, ayon sa makikita natin sa dacong súsunod.

Nagpasimulâ ng̃ isáng: "Maná capatir con cristiano", at sacá isinunod dito ang dugyóng-dugyóng mgã salitáng hindî maihuhulog sa anô mang wicà; nagsalita ng̃ tungcól sa cáluluwa, sa Infierno, sa "mahal na santo pintacasi, sa mgã macasalanang mgã "indio" at sa mgã banal na mgã Páring Franciscano.

—¡Menche!—anáng isá sa dalawáng mgã waláng galang na tagá Maynila sa canyáng casama:—wicang griego sa ganáng ákin ang lahat ng̃ iyán, yayao na acó.

At sa pagca't nakita niyang nacasará ang lahát ng̃ pintuan, doón siyá lumabás sa sacristía, na ano pa't malaking totoo ang ipinagcasala ng̃ mgã tao at ng̃ nagsesermón, sa dahil sa gayo'y namutlâ at itiniguil ni Párì Dámaso sa calahati ang isáng salitâ niyá; inacálà ng̃ ilang magsasalitâ siyá ng̃ isáng mabalásic na múra, ngũni't nagcásiya na lamang si Párì Dámaso na pasundan niyá ng̃ tingĩn ang umalís, at sacâ ipinagpatúloy ang pagsesermón.

Ibinulusoc niyá ang mgã sumpâ lában sa lácad ng̃ mgã caasalan ng sangcataohan, lában sa pagwawaláng gálang, lában sa bagong sumísilang na paglabág sa religión. Tila mandîn ang ganitóng bágay ang siyang totóong

canyáng cáya, sa pagca't nag-aalab ang canyáng ísip, at nagsásalitâ ng̃ boóng caríinan at caliwanagan. Tinúcoy ng̃ canyáng pananalitâ ang mg̃ã macasalanang, hindî nagsisipang̃ũmpisal, na nang̃ãmamatay sa bilangguang hindî nacatatanggap ng̃ mg̃ã sacramento, ng̃ mg̃ã familiang sinumpâ ng̃ Dios, ng̃ mg̃ã palalo't mg̃ã sopladong "mesticillo" ng̃ mg̃ã binatang nagdudunongdunung̃ãn, mg̃ã "filosofillo" ó "pilosopillo", ng̃ mg̃ã "abogadillo", mg̃ã "estudiantillo" at iba pa. Hindî cailâ ang caugalîang tagláy ng̃ marami, pagcà ibig niláng libakín ang caniláng mg̃ã caaway: dinuduluhan nilá ang mg̃ã pananalitâ ng̃ "illo", palibhasa'y walâ na mandíng mapigâ sa caniláng útac, at sa ganitóng gawá'y lubos na siláng lumiligaya.

Naririnig na lahát ni Ibarra at canyáng nalalaman ang mg̃ã pasaring na iyón. Nananatili sa canyá ang paimbabáw na catahimican ng̃ lóob, hinahanap ng canyáng mg̃ã matá ang Dios at ang mg̃ã púnong may capangyarihan, datapuwa't doo'y walà cung dî mg̃ã laráwan ng̃ mg̃ã santo at ang humihímlay na Alcalde.

Samantala'y nárararagdagan ng̃ nárararagdagan ang silacbó ng̃ álab ng̃ loob ng nagsesermón. Sinasabi niyáng ng̃ mg̃ã unang panahón daw, ang lahát ng̃ filipino, cung nacacasalubong ang isáng sacerdote ay nagpupugay, iniluluhód ang isáng páa sa lúpà at hinahagcán ang camáy ng̃ párì.—"Datapua, gayón, ang idinugtóng—an gawa nínyo láman, inaális nínyo an salácot ó an "sombrero de castorillo", na nalalágay nínyo nacakilin sa ibabaw nan ínyo úlo, para húwac masisíra ang súclay nan ínyon búhoc! Hústo na sabihin nínyo: ¡Magandanaraw, "amon"! at may maná palalo, na maná "estudiantillos de poco latin", na dahil sila naaáral sa Manila ó sa Europa, acala na níla mayron na sila catuwiran makicámay síla sa ámin, sa lugar na síla mahahálic nan cámay sa amin ...¡Ah! madáli na darásin an paghuhúcom, matatápos an múndo, maramî maná sánto an huhúla níto uúlan nan ápoy, báto, sáca ábo, para parusahan an capalaluan nínyo!"

At bago niyá iniaral sa báyang huag tuláran ang gayóng mg̃ã "salvaje", cung dî bagcós pang lumayô at casusutan ang gayóng mg̃ã táo, sa pagcá't silá'y páwang mg̃ã "excomulgado."

—"Din-guin ninyo an sabi nan maná "santos concillos!"—anya—"Cun nasasalûbun nan ísan indio sa calle an ísan cura, itutún-go an úlo, ihahánda an cányan lilo, at nan an amon ay cumapît dóon; pácca nacacabayo capuwa, an cura saca an indio, pacca gáyon, hihinto an indio, mapupúgay nan salácot ó sombrero nan boon gálan; sa catapúsan, cun an indio nacacabáyo at nadlalácat an cura, iíbis sa cabayo an indio at hindî sasácay úli hángan híndî nasasábi sa cánya nan cura ¡sólon! ó cun totoo maláyo na an cura. Maná sabi íto ng̃ santos concillos, at an hindî nasusúnod, síya maguiguin "excomulgado."

—At ¿pagca ang sinasacyán ng̃ isá'y isáng calabaw?—ang tanóng ng̃ isáng masuring magsasacá sa canyáng calapít.

—¡Cung gayó'y ... macapagpapatuloy ca!—ang isinagót nitó na totoong marúnong umíbag.

Datapuwa't marami ring nacacatulog ó nalilibang, bagá man nagsisisigaw ang nagsesermón at cumikiyang magalíng; paano'y iyón ng̃ iyón ang isenesermón sa anó mang áraw at sa anó mang bagay: nawalán ng̃ cabuluháng magbuntóng-hiningã at magtangĩstangĩsan ang iláng mápagbanal na babae, dahil sa mgã casalanan ng̃ mgã pusóng, napilitang itiguil nilá ang caniláng gawâ dáhil sa walâ sino mang sa caníláy makisapì. Si Hermana Putî ma'y laban doon ang iniisip. Nacatulog ng̃ mainam ang isáng lalaking nacaupô sa canyáng tabí, na waláng ánó-anó'y natumbá sa canyáng ibabaw, na anó pa't nalúcot ang canyáng hábito: dinampót ng̃ mabait na matandáng babae ang canyáng bacyâ at guinísing sa cáhahampas ang lalaking iyón, casabay ng̃ sigaw na:

—¡Ay! ¡láyas, salvaje, háyop, demonio, calabáw, áso, condenado!

Nagcaguló ngã dahil dito. Humintô ang nagsesermón, itinaás ang mgã kílay, sa pagtatacá niyá sa gayóng calakíng caligaligan. Linúnod ng̃ cagalitan ang salitâ sa canyang lalamúnan, caya't walâ siyang nagawâ cung dî umatúngãl at, suntukín ang palababahan ng̃ púlpito. Namúngã ang gayóng gawâ: binitiwan ng̃ matandang babae ang bacyâ, nagbubulóng at pagcatapos na macapagcruz na macailan, naluhód siya ng̃ boong cataimtiman.

—"¡Aaah! ¡aaah! ¡ang sarisawa'y!—naisigaw ng̃ nagagalit na sacerdote, na naghalukípkip at naipailíng-ilíng;—¡sa ganyan baga cun caya acó nangagaral dito sa inyó sa boon umaga, maná salvajes! Dito sa baháy nan Dios cáyo naaáway at cayo nasasábi nan maná salitan masasáma, maná walan híya! ¡Aaaah! cayo wála nan iguinágalan!....Ito an maná gawa nan calibugan at nan hindî paglayo sa calupaan nan panahon ito! Sinasabi co na sa inyo ¡aah!

At ipinatuloy niya ang pagsesermón tungcól sa bagay na itó sa loob ng̃ calahating oras. Humihilic na ang Alcalde, tatangõtangõ na si María Clara sa pagcaantoc, hindî na mapaglabanan ng̃ abang dalaga ang pagtutucá, palibhasa'y walâ ng̃ ano mang pintura at ano mang larawan man lamang na mapagsiyasat sa mapaglibangãn. Hindî na nacalingit cay Ibarra ang mgã sinasabi at gayón din ang mgã pasaring; ang canyang iniisip ngãyó'y isang maliit na bahay sa taluctóc ng̃ isang bundóc, at doo'y nakikita niyang si María Clara'y na na sa halamanan. ¡Anóng masakit sa canya cung doon sa capataga'y gumagapang ang mgã tao sa canilang mgã imbing bayan!

Macaalawang ipinatugtóg ni Párì Sibyla ang campanilla, ngũni't itó'y parang guinagatungãn ng̃cahoy ang apóy: palibhasa'y "tercero" si fray Dámaso'y lalò nang pinahabà niya ang sermón, Nangãngãgat-labi si Fray Sibyla, at ulit-ulit na pinagbubuti niya ang canyáng salamín sa matáng "cristal de roca", na guintô ang kinacacabitan. Si Fray Manuel Martín ang tangĩng tíla mandín nakikinig ng boóng ligaya, sa pagca't ngũmingĩti.

Sa cawacasa'y sinabi ng̃ Dios na siya na, napagal ang nagsesermón at nanaog sa púlpito.

Nangãgsiluhód ang lahat upang magpasalamat sa Dios. Kinuscós ng Alcalde ang canyang mgã mata, inúnat niya ang isang brazo na para manding nag-iinat, nagbitiw ng̃isang malalim na ¡"ah"! at naghicab.

Ipinagpatuloy ang misa.

Nang cantahín na ni Balbino at ni Chananay ang "Incarnatus est", ng magasiluhód na ang lahat, at ng̃magsitungõ na ang mgã sacerdote, ibinulóng ng isang lalaki sa taingã ni Ibarra ang ganitó:—"Sa ceremonia ng̃bendición ay huwag pô cayóng lálayô sa cura, huwag cayóng lulusong sa húcay, huwag cayóng lalapit sa bató; mapapangãnyayà ang inyóng búhay cung di ninyó acó sundin!".

Nakita ni Ibarrang nawalâ si Elias sa caramihan, pagcasabi sa canya ng bagay na iyón.

Decorative motif

---

Decorative motif

# XXXII.

## ANG "CABRIA".

Guinanáp ng̃taong naniniláw ang canyáng pangãcò: hindî isáng madaling wariing "cábria" (pangbabâ ó pangtaas ng̃anó mang bágay na mabigát) ang itinayô sa ibábaw ng̃ nacabucás na húcay upang ibabâ roon ang lubháng malaking batóng "granito"; hindî ang panukalang "trípode" (tatlóng tungcóng caláng mgã mahahabang cahoy) ni ñor Juan, upang ibitin sa dúlo niyá ang isáng "polea," yao'y mahiguít, yao'y bucód sa isáng máquina'y isáng pamuti, ngũni't isáng dakílà at nacahahangãng pamúti.

Sa ibábaw ng̃walóng metro ang táas ay nátatayô roón ang totoóng maguló at mahírap na liríping mgã "andamlo": apat na malalaking cáhoy na nacabaón sa lúpà ang siyáng mgã pinacahalígui, na nagcacacabitcabit sa pamamag-itan ng mgã malalakíng cahab ang pahaláng, na nagcacacabit cabit namán sa pamamag-tan ng̃malalaking pácong hanggáng sa calahatì lamang ang nacabaón, marahil sa pagcá't aalisin din lamang agad ang bagay na iyón, ay ng̃ magaang na mapagcalás-calás. Ang malalaking mgã lubid na nacabitin sa lahát ng̃mgã panig, ang siyáng nacapagbíbigay anyóng catibáyan at cadakilâan ng̃ caboôang nacocoronahan doón sa itáas ng̃mgã banderang may sarisaring cúlay; mangã gallardete na nagsisiwagaywáy at lubháng malalakíng mgã guirnaldang bulaclác at mgã dahong totoóng nacalulugod panoorin.

Doon sa caitaasan, sa lilim ng̃mgã anino ng̃mgã malalaking cáhoy, ng̃mgã guirnalda at ng̃mgã bandera, nacabiting ang tálì ay mgã lúbid at mgã ganchong bácal, ang isáng pagcálakilakíng "polea" na may tatlóng "rueda," at sa mgã nagniningning na taguiliran nito'y nacasulót at nacasacáy ang tatlóng lúbid na lálò pa mandíng malalaki cay sa mgã ibá, at nacabitin sa tatlóng pagsálalaking mgã lúbid na itó ang isáng pagcálakilaking "sillar" na buò na may hucay sa dácong guitnâ, na cung itámà sa cápuwâ gúang ng̃isáng bátong capapatungãng na sa ilálim na ng̃húcay, siyang maguiguing gúang na láang paglálagyan ng casaysayang casalucuyan, ng̃mgã pámahayagan, ng̃mgã casulatan, ng̃mgã salapi, ng̃mgã medalla at ibá pa, at ng̃maibalità ang mgã bagay na iyôn sa mgã táong mabubuhay sa cáhulihulihang panahón. Nagmumulâ ang mgã malalakíng lúbid na itó sa itáas na patungõ sa ibabá, at nasusulot sa isá pang "poleang"

malaki ring nacagápos sa paanan ng̃"aparatong" iyón, at ang dácong dúlo ng̃ mg̃a lúbid na iyó'y nacabilibid sa "cilindro" ng̃isáng "torno", na nacapacò sa lúpà ng̃malalaking cáhoy. Ang tornong itó, na napagagalaw sa pamamag-itan ng̃ "dalawáng manubrio" ay nagdáragdag sa lacás ng̃tao ng̃macasandaang ibayo, dahil sa nagcaca-camá-camáng mg̃a ruedang may ng̃ipin, bagá man ang nasusunduang lacás ay naguiguing cabawasán namán sa catulínan.

—Tingnán pô ninyó,—ang sabi ng̃taong nanínilaw samantalang pinipihit ang "manubrio;"—tingnán pó ninyó, ñor Juan, cung di sa lacás co lamang ay laking naitátaas at naibábabâ ang calakilakihang bató.... Nápaca buti ang pagcacaanyô-anyô, na áyon sa maibigan co'y aking naitátaas ó naibábabâ ng̃isá ng̃isáng dálì, at ng̃magawâ ng̃boóng caal-wanan ng̃isáng táong nasasailalim ng̃ hûcay ang paglalapat ng̃dalawáng bató, samantalang aking pinang̃ang̃asiwáan búhat díto.

Hindî ng̃â mangyayaring dî pangguilalasán ni ñor Juan ang taong ng̃umíng̃iti ng̃ anyóng totoóng cacaibá. Nang̃ag-uusap-usapan ang mg̃a nanónood, at caniláng pinupuri ang lalaking naninilaw.

—¿Sino pó bâ ang nagtúrò sa inyó ng̃"maquinaria?"—ang tanóng sa canyá ni ñor Juan.

—¡Ang aking amá, ang aking nasirang amá!—ang sagót na casabáy ang canyáng cacatuwáng ng̃itî.

—¿At sa inyóng amá?...

—Si Don Saturnino, ang núnò ni Don Crisóstomo.

—Hindî co nalalamang si Don Saturnino'y....

—Oh! maraming bagay ang canyang nalalaman! Hindî lámang mainam mamalò at ibinibilad sa araw ang canyang mg̃a trabajador; bucód sa roo'y marunong pumúcaw sa natutulog, at magpatulog sa naguiguising. Darating ang panahóng inyó ring makikita cung anó ang itinurò sa akin ng̃aking amá,—¡makikita rin pô ninyó!

At ng̃umingitî ang lalakíng nanínilaw, ng̃uni't sa isáng cacatuwang anyò.

Sa ibabáw ng̃isáng masang natatacpan nang isáng "lapíz" (pangladlad sa mg̃a dingding ó pangtakip sa mg̃a mesa) na galing sa Persia'y nacalagáy roon ang cawang̃is ng̃ hihip na tinggâ, at ang mg̃a bagay na iing̃atan sa pinacalibing̃ang iyón: isáng caja na ang mg̃a pinacadingding ay macacapal na

cristal ang siyang paglalagyan ng̃pinacabangcáy na iyóng hindî mabubulóc ng isang panahón at siyáng caliligpitan ng̃mgã macapagpapaalaala sa mgã tao sa haharapíng panahón ng̃mgã bagay na ucol sa isáng panahóng nacaraan na. Itó ang ibinúbulong ng̃filósofo Tasio na doroon naglalacadlacad.

—Marahil isáng áraw, pagca ang gawang nagpapasimulá ng̃ayón ng pagsilang sa maliwanag ay cung matandâ na at maguibâ dahil sa iláng mgã sacunáng sa canyá'y nagdaan, cung magcabihira'y dahil sa mgã pagpapagpág (paglindol) ng̃Naturaleza, cung magcabihira'y dahil sa mapagwasac na camay ng̃tao, at sumiból sa ibabaw ng̃mgã casangcapan ng̃guibáng itó ang damó at baguing; at pagcatapos, cung pugnawin na ng̃panahón ang damó, ang baguing at ang mgã siráng casangcapan ng̃bahay na itó, at catcatin sa mgã dahon ng Casaysayan (Historia) ang sa canyá'y gunitâ, at gayón din ang mgã gumawâ sa canyá, na malaon ng̃panahóng nawalâ sa alaala ng̃mgã tao: marahil, cung napalibing na ó nawala na ang mgã lahing casama ng̃mgã pinacabalát ng̃lúpà, sa isá lamang pagcacataon, cung pasilang̃in ang tilamsíc ng̃apóy sa batóng matigás ng̃pico ng̃sino mang manghuhucay ng̃mina, mangyayaring masunduan sa sinapupunan ng̃malakíng bató ang mgã talinghagà at mgã lihim. Marahil ang mgã pantás ng̃isáng nacióng dito'y tumirá'y mang̃ãgsisicap, na gaya naman ng pagsisicap ng̃ãyón ng̃mgã "egiptólogo" (ang mgã malulugdin sa mgã bagay na na sa Egipto) sa nang̃ãtiráng bagay ng̃isáng dakilang "civilizaciong" nagpagal sa pagsisiyasat ng̃waláng hanggan, at hindî sinapantahang sa canya'y bababá ang isáng pagcahabàhabang gabi. Marahil sabihin ng̃isáng paham na "profesor" (tagapagturò) sa canyáng mgã alagàd, na may limá hanggang pitóng taon, sa isang wicang siyang sinasalita ng̃lahát ng̃mgã tao;—"Mga guinoo! Pagcatapos na matingnán at mapagsiyasat ng̃ boong catiyagaan ang mgã bagay na nasumpung̃ãn sa ilalim nitóng ating lupà, pagcatapos na mausisà ang cahulugán ng̃iláng mgã tandà, at pagcatapos na maihulog sa wica natin ang iláng mgã salitâ, masasapantahâ nating walang anó mang tacot na magcamalî, na nauucol ang mgã bagay na iyon sa panahón nang cahunghang̃ãn nang tao, sa madilim na panahóng caraniwan nating tawaguing panaguinip nang isip. Tunay ng̃ã, mgã guinoo; sucat na ang sabihin sa inyó, upang mapagcuròcurò ninyo cung gaano ang cahang̃ãlan ng̃mgã canúnonunuan natin, na ang tumira rito'y hindî lamang cumikilala pa silá ng̃mgã hari, cung di upang macapagpasiyâ silá ng̃anó mang bagay na nauucol sa pamamahalâ sa caniláng sariling bayan, kinacailang̃ãn pa niláng dumaló sa cabilang dulo ng̃daigdíg, na ano pa't masasabi nating sila'y catulad ng̃isáng catawang upang gumaláw ay kinacailang̃ãng magtanóng sa canyáng ulo, na na sa cabílang ibayo ng̃Sanglibután, marahil sa mgã lupaing itinatagò ng̃ãyón ng̃mgã alon. Itong di mandin mapaniniwalaang cahidwaan ng

ísip, cahi't acalain ninyóng hindi sucat mangyari, inyóng kilalaning gayón ngã cung didilídilihin ang calagayan ng͠mgã kinapal na iyóng bahagyâ na lamang nangãngãhas acóng tawaguing tao! Ng͠mgã caunaúnahang panahóng iyón, ang mgã kinapal na ito'y nakipag-uusap pa (ganitó marahil ang caniláng boong acalà) sa Lumikhâ sa canilá, sa pagca't silá'y may mgã kinikilálang mgã Ministro (kinacatawan) ng͠Lumikhá iyán, mgã kinapal na iba cay sa mgã ibá na caniláng sa tuwi na'y pinangãngãlanan ng͠mgã talinghagang letrang M. R. P. Fr., na sa pagbibigay cahulugan sa mgã letrang ito'y hindî nangãgcacaisa ang ating mgã marurunong. Alinsunod sa pangcaraniwang profesor ng͠mgã wicà, sa pagca't walà cung dí sasandaan lamang ang mgã profesor ng͠mgã wicang malakí ang caculangãn na siyang gamit ng͠nacaraang panahón, marahil "Muy Rico Propietario" daw ang cahulugan ng͠M. R. P., sa pagca't may pagca pangãlawang Dios ang mgã Ministrong itó, mgã cábanalbanalan mgã cágaling galingãng mananalumpatì, mgã carunong-dunungãn, at bagá man totoóng malakí ang caniláng capangyarihan at sa canila'y pagcaaalang-alang, cailan ma'y hindi silá gumagawâ ng͠cahi't babahagyang capaslangan, bagay na nagpapatibay sa akin ng͠paniniwala sa aking sapantahang hindî cawangĩs ang canilang pagcatao sa pagcatao ng͠ibâ. At cung hindî maguing casucatan itó upang mapapagtibay ang aking panucalâ may natitirá pang isáng catuwirang hindî sinasalansang nino man at bawa't áraw na nagdaraa'y lalò at lalòng nagtútumibay, na pinapananaog ng͠ mgã talinghagang kinapal na iyón ang Dios sa ibábaw ng͠lupà, sabihin lamang nilá ang ilang wicà, na hindî nasasalita ng͠Dios cung dî sa pamamag-itan ng͠ canilang bibig, at ang Dios na iyá'y caniláng kinacain, iniinóm nilá ang canyáng dugô at madalas na ipinacacain nilá naman sa mgã táong caraniwan."

Ito'y iba pang mgã bagay ang inilalagay ng͠hindi mapaniwalaíng filósofo sa bibíg ng͠mgã may bulóc na pusong mgã tao sa panahóng sasapit. Marahil magcamali ang matandang Tasio, bagay na hindî ngã totoong malayò ngũni't pagbalican natin ang ating sinasaysay. Inihahanda ngãyón ang pagcaing masaráp sa mgã kioskong kinakitaan natin camacalawa sa maestro at sa mgã alagád. Gayón, ma'y sa mesang handâ sa mgã bata'y wala isá man lamang botella ng͠alac, ngũni't ang cahalili nama'y ang lalong sumasaganang ang mgã bungã ng͠cahoy. Sa lilim ng͠bálag na siyang naghuhugpóng sa dalawáng kiosko'y naroroon ang mgã upuan ng͠mgã músico, at sacá isáng mesang nalalaganapan ng͠mgã matamís, ng͠mgã "cosfitura", ng͠mgã frascó ng͠tubig na nacocoronahan ng͠mgã dahon at mgã bulaclac na inihahandâ sa mauhaw na mgã taong dadalo róon.

Nagpatayô ang maestro ng͠escuela ng͠mgã palosebo, ng͠mgã lucsúhan at nagpabitin ng͠mgã cawali't mgã palayoc na iniuucol sa catuwatuwang mgã larô. Nangãglúluponlúpon sa lilim ng͠mgã cáhoy ó sa ilalim ng͠balag ang caramihang

taong masasayáng mg̃a cúlay ang damit na bihís, at sila'y nang̃agsisitacas sa maningning na áraw. Nang̃agsisipanhíc ang mg̃a batà sa mg̃a sang̃a ng̃ mg̃a cahoy ó sa ibábaw ng̃ mg̃a bató, sa pagcaibig niláng makitang magaling ang "ceremonia", at sa gayó'y narurugtung̃an nilá ang cababaan ng̃ canilang taas; minámasdan nilá ng̃ boong pananaghilì ang mg̃a batang pumápasoc sa escuelang malílinis at magalíng ang pananamít na nang̃aroróon sa lugar na sa canila'y laan. Malakíng di ano lamang ang galác ng̃ mg̃a magúgulang; baga man sila'y abáng mg̃a tagabukid, sa pagca't mapapanoód niláng cumácain ang caniláng mg̃a anac sa mesang natatacpan ng̃ maputing mantel, na halos mawawang̃is sa Cura at sa Alcalde. Sucat na ang pag-isipin ang mg̃a bagay na iyón upang huwag magdamdam gutom, at ang gayóng pangyayari'y pagsasabisabihanan ng̃ salinsaling maguiguing tao sa ibábaw ng̃ lupà.

Hindî nalao't narinig ang malayong mg̃a tinig ng̃ músical ang nang̃ung̃una'y isáng pulutóng ng̃ sarisaring tao, na ang bumúbuo'y taglay ang lahát ng̃ mg̃a gúlang at taglay ng̃ pananamít ang lahát ng̃ mg̃a cúlay. Nabalisa ang lalaking naninilaw at siniyasat ang boong "aparato" niyá ng̃ isáng sulyap. Sinusundán ang canyáng matá at hinihiwatigan ang lahát niyáng mg̃a kilos ng̃ isáng mapag-usisang tagabúkid: yao'y si Elias na dumaló rin doo't ng̃ panoorin ang "ceremonia"; halos hindî siyá makilala dahil sa canyáng salacót at sa anyô ng̃ canyáng pananamit. Pinagpilitan niyáng siya'y mapalagay sa lalong magalíng na lugar, halos sa siping ng̃ torno, sa pampang ng̃ húcay.

Casama ng̃ músicang dumating ang Alcalde, ang mg̃a namúmunong guinoo sa bayan, ang mg̃a fraile at ang mg̃a castilang may mg̃a catungculan, liban na lamang cay Parì Dámaso. Causap ni Ibarra ang Alcalde, na canyáng totoong naguing caibigan, mulà ng̃ canyang handugan siya ng̃ ilang maaayos na pagpuri, dahil sa canyang mg̃a condecoración at mg̃a banda: ang malaking hilig sa pagcamahal na tao ang siyang panghina ng̃ loob ng̃ marilag na Alcalde. Casama si capitang Tiago, ang alférez at ilang mayayaman, ng̃ maningning na cawan ng̃ mg̃a dalagang may dalang payóng na sutlâ. Sumúsunod si Párì Salvi na walang kibô at anyóng nag-iisipisip, na gaya ng̃ dating canyang ugali.

—Umasa pô cayó sa aking túlong cailán ma't ucol sa isáng mabuting gawâ, —ang sabi ng̃ Alcalde cay Ibarra;—ibibigay co sa inyó ang lahát ninyóng cacailang̃anin, ó pabibigyan co cayâ cayó sa ibá.

Samantalang silá'y napapalapít, nararamdaman ng̃ binatang tumatahip ang canyáng púsò. Hindî niyá sinasadya'y tinung̃o ng̃ canyáng mg̃a matá ang cacaibáng mg̃a andamio na doo'y nacatayô; nakita niyáng sa canyá'y yumuyucod ng̃ boong galang ang lalaking naninilaw at siya'y tinitigang sandalî. Pinagtakhan

niyá ang pagcasumpóng doon cay Elías, na sa pamamag-itan ng̃ isáng macahulugang kiráp ay ipinaunawà sa canyáng alalahanin ang sa canyá'y sinabi sa simbahan.

Isinuot ng̃ cura ang mgã pananamít ng̃ pagcacaserdote at pinasimulaan ang "ceremonia": tangãn ng̃ sacristan mayor na bulág ang isáng matá, ang libro, at tangãn naman ang isáng monagulilo ang pangwisic at lalagyan ng̃ tubig na bendita. Na sa paliguid ang mgã ibá, nacatayò at pawang nacapugay, napacalaki ang caniláng catahimican, na anó pa't baga man ang pagbasa'y mahinà napagwawaring nangĩngĩníg ang voces ni Pàri Salvi.

Samantala'y inilagáy sa cajang cristal ang lahat ng̃ bagay na doo'y ilalaman, gaya bagá ng̃ mgã sulat camay, mgã pamahayagan, mgã medalla, mgã salapi at ibá pa, at ang lahat ng̃ iyo'y isinuot sa parang hihip na tinggâ at inihinang na magalíng ang takip.

—Guinoong Ibarra, ¿ibig pô ba ninyóng ipasoc ang caja sa dapat calagyan? ¡Hinihintay ng̃ Cura!—ang inianas ng̃ Alcalde sa taingã ng̃ binatà.

—Malaking totoo pô ang aking pagcaibig,—ng̃ isinagót ni Ibarra,—ngũnit cung magcagayó'y cacamcamin co ang nacauunlac na tungculing iyan sa guinoong Escribano; ¡ang guinoong Escribano ang siyang marapat magpatotoo ng̃ guinagawang itó!

Kinuha ng̃ Escribano ang cajang iyón, nanaog sa hagdanang nalalatagan ng alfombra na patungõ sa húcay, at inilagay ng̃ cadakilaang marapat sa gúang ng bató. Ng̃ magcagayo'y dinampót ng̃ cura ang "hisopo" at winiligan ang bató ng tubig sa bendita.

Dumatíng ang sandalíng dapat na maglagáy ang bawa't isá ng̃ isang cucharang "lechada" sa ibábaw ng̃ sillar na nacalagáy sa húcay at ng̃ lumápat na magalíng at cumapit ang isáng manggagaling sa itaas.

Inihandóg ni Ibarra sa Alcalde ang isáng cucharang albañil, na sa malapad na dahong pilac niyó'y nacaukit ang bilang ng̃ araw na iyón: ngũni't nagtalumpatì muna ng̃ wicang castilà ang mahal na Alcalde.

"¡Mgã taga San Diego!"—anya sa salitáng cagalanggalang:—May capurihán camíng siyang mangũlo sa isáng "ceremonia", na ang cahalagaha'y matatantô na ninyó cahi't hindî co sabihin. Itinatatag ang isáng escuela; ang escuela'y siyang patuunan ng̃ pamamayan, ¡ang escuela'y siyáng aclat na kinatatalaan ng̃ icagagaling ng̃ mgã bayan sa panahóng sasapit! Ipakita ninyo sa

amin ang escuela ng̃ isáng bayan at sasabihin namin sa inyó cung anó ang bayang iyan."

"¡Mgã taga San Diego! ¡Pasalamatan ninyó ang Dios na sa inyó'y nagbigay ng̃ mgã banal na sacerdote, at ang Pamahalaan ng̃ Inang Bayang naglalaganap na di napapagal ng̃ "civilisación" sa masaganang mgã pulóng itó, na inaampón ng̃ canyáng maluwalhating balabal! ¡Purihin ninyó ang Dios na nagdalá sa inyó rito nitóng mgã mapagpacumbabáng mgã sacerdote, na sa inyó'y nangãgbibigay liwanag at nagtuturò sa inyó ng̃ wicà ng̃ Dios! ¡Purihin ninyó ang Pamahalaang gumawâ, gumagawâ at gagawâ ng̃ mgã pagpapacahirap sa icagagalíng ninyó at sa icagagaling ng̃ inyóng mgã anác!"

"At ngãyóng benebendita ang unang bató nitóng lubháng macahulugang bahay, camí, Alcalde Mayor nitóng lalawigan, sa pangãlan ng̃ dakilang Harì, na ingãtan nawá ng̃ Dios, ng̃ Harì sa mgã España, sa pangãlan ng̃ maluningning na Pamahalaang castílà at sa ilalim ng̃ pagtatangkilik ng̃ canyáng waláng bahid at cailán ma'y mapagdiwang na bandera, binibigyan namin ng̃ dakilang cahulugan ang guinawang itó at sinimulaan namin ang paggawâ ng̃ escuelahang itó."

"Mgã taga San Diego, ¡mabuhay ang Harì! ¡Mabuhay ang España! ¡mangãbuhay ang mgã fraile! ¡Mabuhay ang Religión católica!"

—¡Mabuhay! ¡mabuhay!—ang isinagót ng̃ maraming voces,—¡mabuhay ang guinoong Alcalde!

Itó'y nanaog, pagcatapos, ng̃ boong cahinhinang madakilà, casabay ng̃ mgã tinig ng̃ músicang nagpasimulâ ng̃ pagtugtóg; naglagáy ng̃ iláng cucharang lechada sa ibabaw ng̃ bató, at catulad din ng̃ madakilang cahínhinang gaya ng̃ siya'y pumanhíc.

Nangãgpacpacan ang mgã nangãngãtungculan sa pamahalaan.

—Iniabót ni Ibarra ang isá pang cucharang pílac sa Cura, na ng̃ macatitig na sumandalî sa canyá'y marahang nanaog. Ng̃ na sa calahatî na ng̃ hagdana'y tumingãlâ upang tingnan ang nabibiting batóng nacatali sa matitibay na mgã lúbid, datapuwa't ang pagtingĩng yao'y sandalìng sandalî lámang at nagpatuloy ng̃ pananaog. Gumawâ rìn siyá ng̃ gaya ng̃ guinawâ ng̃ Alcalde, ngũni't ngãyo'y lalòng marami ang nangãgsipacpác: nakisama sa pagpacpác ang mgã fraile at si capitang Tiago.

Tila mandin humahanap si Párì Salví ng̃ mapagbigyán ng̃ cuchara; tiningnan niyá si María Clara at anakí'y nag-aalinlangãn; ngũní't nagbago ng̃

panucalà at ang guinawa'y sa escribano niyá ibinigáy. Ito'y sa pagbibigáy loob, lumapít cay María Clara, datapuwa't ito'y tumangguing ngũmingĩti. Nagsúnodsunod nanaog ang mgã fraile, ang mgã empleyado at ang alférez. Hindî nalimutan si capitang Tiago.

Si Ibarra na lamang ang culang at ipag-uutos na sana sa nanínilaw na taong pababain na ang bató, ng˜maalaala ng˜cura ang binatà, na pinagsabihan ng anyóng nagbibirô at taglay ang paímbabáw na sa canyá'y pagpapalagay na catotong tunay:

—¿Hindî pô ba isásaloc ninyó ang inyó namang cuchara, guinoong Ibarra?

—Cung magcagayo'y aking gagagarín si Juan Palomo ¡acó ang nagluluto't acó rin ang cumacain!—ang isinagót nitó ng˜gayón din anyô ng˜pananalitâ.

—¡Lacad na cayó!—anang Alcalde sa canyá, saca siyá marahang itinulac; —cung hindî, mag-uutos acong huwag pababaín ang bató at matitirá tayo rito hanggang sa caarawán ng˜paghuhucóm.

Napilitan si Ibarrang tumalimà dahil sa ganitóng cakilakilabot na bálà. Hinalinhan niya ang maliit na cucharang pílac ng˜isáng malakíng cucharang bacal, bagay na nagpangĩti sa iláng mgã tao, at mapayapang lumacad. Tinitingnan ng˜naninilaw na tao ang bangĩng na sa tabi ng˜canyáng mgã paa.

Pagcatapos na matingnan ng˜mabilis ni Ibarra ang nacabiting sillar sa tabi ng˜canyáng úlo, si Elías at ang lalaking naninilaw, nagsalitâ siyá cay ñor Juan, na ang canyang voces ay nangĩngĩnig ng˜cauntî:

—¡Ibigáy pô ninyó sa akin iyang timbâ at ihanap ninyó acó sa itaas ng ibáng cuchara!

Napag-isá ang binatà. Hindî na siya minamasdan ni Elías; ang mgã matá nito'y nacapacò sa lalaking naninilaw, na nacadungãw sa húcay at sinusundan ang mgã kilos ng˜binatà.

Náririnig ang ingãy na guinagawâ ng˜cuchara sa paghalò ng˜pinagsamang buhangĩn at apog na nakikisaliw sa hugong ng˜mahinang pagsasalita ng˜mgã cawaní ng˜gobierno na pinupuri ang Alcalde dahil sa canyang talumpatì.

Caringãtdingãt ay bumugsô ang isang lagapac; umilandáng ang poleang (calô) nacatalì sa púnò ng˜cábris, at saca sumunód ang terno na humahampás sa aparatong tulad sa isáng panghataw: nangãgsigalaw ang mgã malalakíng cáhoy, lumipád ang mgã gapos at sa isáng kisáp matá'y nálugsong lahát, na casabay ang

kakilakilabot na ugong Sumilakbó ang isáng alapaap na alikabók; pinuspos ang alang-alang ng̃isáng sigaw sa panghihilacbót ng̃libolibong voces. Tumacas at nangãgsitacbó halos ang lahát, babahagyâ na ang nangãgmadalíng lumúsong sa húcay. Si María Clara at si Párì Salví ang nangãgsipanatili lamang sa caniláng kinálalagyan, sa pagca't hindî silá mangãcagaláw, nangãmumulâ at hindî mangãpagsalitâ.

[—¿Hindî pô ba maglalagay namán cayó ng̃inyong "paletada" guinoong Ibarra? —anang cura.]

Nang mapawi-pawi na ang sumilacbóng alicabóc, nakita niláng nacatayo si Ibarra sa guitna ng̃mgã cahabaan, mgã cawayan, malalaking mgã lúbid, sa pag-itan ng̃torno at ng̃malaking bató, na sa pagbabâ ng̃gayóng cabilís, ang lahát ay ipinagpag at pinisà. Tangãn pa sa camáy ng̃binata ang cuchara at canyáng minámasdan ng̃mgã matáng gulát ang bangcáy ng̃isáng taong nacatimbuang sa canyáng paanán, na halos nalilibing sa guitnâ ng̃mgã cahabaan.

—¿Hindi pô ba cayó namatay? ¿Buháy pa ba cayó? ¡Alang-alang sa Dios, magsalita pô cayo!—ang sabi ng̃ilang mgã empleadong punong-puno ng̃tacot at pagmamalasakit.

—¡Himala! ¡himala!—ang isinisigáw ng̃ilán.

—¡Hali cayó at inyóng alisin sa pagca dangãn ang bangcay ng̃sawíng palad na itó!—ani Ibarrang anaki'y náguising sa isáng pagcacatulog.

Ng̃ marinig ang canyáng voces, naramdaman ni María Clarang pínapanawan siyá ng̃lacás, hanggáng siyá'y nátimbuang sa mgã camáy ng canyáng mgã catotong babae.

Malakíng caguluhán ang naghaharì: sabay-sabay na nangãgsasalitâ, nangãgcumpáscumpás ang mgã camáy, nangãgtatacbuhan sa magcabicabilà, nangãháhambal na lahát.

—¿Sino ba ang namatay? ¿Buháy pa ba?—ang mgã tanóng ng̃alferez.

Caniláng nakilalang ang lalaking naninilaw na nacatayô sa tabi ng̃torno ang siyáng bangcay.

—Pag-usiguin sa haráp ng̃mgã tribunal ng̃Justicia ang "maestro de obras" (ang namamatnugot sa gawâ)!—ang siyang unang nasabi ng̃Alcalde.

Caniláng siniyasat ang calagayan ng̃bangcáy, tinutóp nilá ang dibdib, datapuwa't hindi na tumitibóc ang púsò. Inabot siyá ng̃hampás sa úlo at nilalábasán ng̃dugô ang dalawáng bútas ng̃ilóng, ang bibíg at ang mgã taingã. Caniláng nakita sa canyáng liig ang mgã bacás na cacaibá: apat na malalalim na lubô sa isáng dáco at isá sa cabiláng dáco, bagá man itó'y may calakhán: sino mang macakita niyó'y wiwicaing sinacál siyá ng̃sipit na bácal.

Binabati ng̃boong galác ng̃mgã sacerdote ang binata at pinipisil nilá ang

canyáng mgã camáy. Ganitó ang sabing nagcacang-iiyac ng̃ franciscanong may mapagpacumbabang anyô na siyang umeespiritu santo cay Pári Dámaso.

—¡Banal ang Dios, magaling ang Dios!

—¡Pagca nadidilidili cong bahagyâ lamang ang panahóng pag-itan mulâ ng acó'y mápalagay sa lugar na iyán—ang sabi ng̃ isá sa mgã empleado cay Ibarra, —¡nacú! ¡cung acó ang naguing cahulihulihan sa lahát, Jesús!

—¡Naninindig ang aking mgã buhóc!—anang isáng úpawin at bahagyâ na ang buhóc.

—¡At mabuti't sa inyó nangyari ang bagay na iyan at hindi sa akin!—ang ibinubulóng ng̃ isáng matandáng lalaking nang̃ing̃inig pa.

—¡Don Pascual!—ang biglang sinabing malacás ng̃ iláng mgã castílà.

—Mgã guinoo, gayón ang sabi co, sa pagca't hindî namatáy ang guinoong itó; cung sa aki'y hindî man acó napisâ, mamamatay rin acó pagcatapos, madilidili co lamang ang bagay na iyán.

Datapuwa't malayò na si Ibarra, at canyang pinag-uusisa ang calagayan ni María Clara.

—¡Hindî dapat maguing cadahilanan ang bagay na itó upang hindî mátuloy ang fiesta, guinoong Ibarra!—anang Alcalde;—purihin natin ang Dios! ¡Hindi sacerdote at hindî man lamang castilà ang namatay! ¡Kinacailangãn nating ipagdiwang ang pagcaligtas pô ninyó! ¡Anó cayá ang mangyayari sa inyó cung nadag-anan cayó ng̃ bató!

—¡Para manding nakikinikinita na, nakikinikinita na!—ang isinisigáw ng escribano;—¡sinasabi co na! hindî masiglá ang paglusong sa húcay ni guinoong Ibarra, ¡Nakikita co na!

—¡Isang "Indio" naman lamang ang siyáng namatáy!

—¡Ipagpatuloy ang fiesta! ¡Música! ¡hindî mabubuhay ng̃ capanglawan ang namatay! ¡Capitan, gagawin dito ang pagsisiyasat!... ¡Pumarito ang directorcillo!.... ¡Piitin ang "maestro de obras"!

—¡Ipangãw siyá!

—¡Ipangãw! ¡Eh! ¡música! ¡música! ¡Ipangãw ang maestrillo!

—Guinoong Alcalde,—ang itinutol ng̃ boong catigasan ng̃ loob ni Ibarra;—

cung hindi macabubuhay sa namatay ang capanglawan, lalò ng̃ hindi macabubuhay ang pagcabilanggô ng̃ isáng tao, na hindi pa natin nalalaman cung may sala siyá ó walâ. Nanánagot pô acó sa canyáng calagayan at hinihingî cong pawal-an siyá, sa mg̃a araw na itó man lamang.

—¡Sang-ayon! ¡sang-ayon! ¡ng̃uni't huwag na lamang siyá uulí!

Sarisarìng mg̃a salisalitaan ang lumilibot. Pinaniniwalaan ng̃ isáng himalâ ang nangyaring iyón. Gayón ma'y tila mandin hindî totoóng natutuwâ si Párì Salvi sa himaláng sinasapantahang guinawâ ng̃ isáng santo ng̃ canyáng capisanan at ng̃ canyáng ping̃anang̃asiwaang bayan.

Hindî nagculang ng̃ nagdagdag na canyáng nakitang lumusong sa húcay ang isáng nacasuot ng̃ pananamít na itimáng catulad ng̃ sa mg̃a franciscano. Hindî ng̃â mapag-aalínlang̃anan: si San Diego ang nanaog na iyón. Napagtantô rin namáng nakinig ng̃ misa si Ibarra, at ang lalakíng nanínilaw ay hindî; ito'y maliwanag na cawang̃is ng̃ sicat ng̃ áraw.

—¿Nakita mo na? áayaw cang magsisimbá,—anang isáng ina sa canyáng anac—cung dí cata napalò upang icaw ay aking pilitin, ng̃ãyó'y pasasatribunal cang nacalulan sa cangga na gaya naman niyan!

At siyá ng̃â naman: hatid sa tribunal na nácabalot sa isáng banig ang lalaking nanínilaw ó ang canyáng bangcay.

Umuwing patacbó sa canyáng báhay si Ibarra upang magbihis.

—¡Masamáng pasimulâ, hm!—ang sinabi ng̃ matandáng Tasio na doo'y lumalayô.

Decorative motif

---

Decorative motif

# XXXIII.

## LAYANG-CAISIPAN.

Nagtatapos na si Ibarra ng̃ paghuhusay ng̃ catawán ng̃ sa canyá'y ipagbigay alam ng̃ isáng alîlang lalakíng may isáng lalakíng tagabukid na nagtátanong cung siyá'y naroroon.

Sa pagsasapantahà niyáng marahil ang nagtatanóng ay isa sa canyáng mgã casama sa bukid, ipinagutos niyáng papasukin ang taong iyón sa canyáng "despacho", silid na aralán, ligpitan ng̃ mgã aclát at laboratorio químico túloy.

Ng̃uni't sinadya mandin upang siyá'y lubhang mangguilalás, ang nasumpung̃an niya'y ang mabalasic at matalinghagang anyô ni Elias.

—Iniligtas ninyó ang aking búhay—ang sinabi nitó sa wicang tagalog, dahil sa pagcamasid niya sa kilos ni Ibarra;—binayaran co ng̃ cauntì ang aking utang at walâ ngã̂ cayóng sucat kilalaning utang na loob sa akin, tumbalíc, acó ang ma'y kinikilalang utang na loob. Naparito pô acó't ng̃ makiusap sa inyó tungcól sa isáng bagay.

—¡Magsalita pô cayó!—ang sagót ng̃ binatà sa wicang tagalog din, taglay ang pangguiguilalás sa mabalasic na anyô ng̃ tagabukid na iyón.

Sandaling tinitigan ni Elías ang mgã matá ni Ibarra, at nagpatuloy ng pananalita:

—Sacali't ibiguin ng̃ justicia ng̃ mgã taong liwanaguin ang talinghagang itó, ipinamamanhic co pó sa inyong huwag ninyóng sasabihin canino man ang tagubiling sinabi co sa inyó sa simbahan.

—Huwag pô cayóng mabahala,—ang isinagót ng̃ binatà sa isáng anyón nagpapakilala ng̃ sama ng̃ loob;—talastas cong cayó'y pinag-uusig, datapuwa't acó'y hindî marunong magcanulô canino man.

—¡Oh, hindî dahil sa akin, hindî dahil sa akin!—ang madalíng isinagót ni Elías, na nagpapahalatâ ng̃ caalaban ng̃ loob at pagcahindî maalam magpacababà—itó'y dahil pô sa inyó: walâ cauntî mang tacot acó sa mgã tao.

Náragdagán ang pangguiguilalas ng̃ binatà: bago ang anyô ng̃ pananalitâ nang tagabukid ng̃ iyóng ng̃ unang daco'y piloto, at tila mandin hindî agpang sa canyang anyo at gayón din sa canyang pamumuhay.

—¿Anó pô ba ang ibig ninyóng sabihin?—ang tanóng sa lalaking talinghagang iyón, na pinagsisiyasat ng̃ canyang paningĩn.

—Ang pananalitâ co po'y hindî palaisipan, pinagsisicapan cong magsabi ng maliwanag. Sa icapapanatag pô ninyó kinacailangãng sapantahain ng̃ inyóng mgã caaway na cayó'y hindî nag-aalap-ap at palagay ang loob ninyó:

Umudlót si Ibarra.

—¿Ang aking mgã caaway? ¿May mgã caaway ba acó?

—¡May caaway pô tayong lahát, guinoo, mulâ sa lalong maliit na hayop hanggang sa tao, mulâ sa lalong dukhâ hanggang sa lalong mayaman at macapangyarihan! ¡Ang pagcacaroon ng̃ caaway ang siyang talagang cautusan ng̃ buhay!

Walang imíc na tinitigan ni Ibarra si Elías.

—¡Cayó po'y hindî piloto at hindî cayó tagabukid!—ang canyáng ibinulóng.

—May mgã caaway pô cayó sa mgã matataas at mababang tao,—ang ipinagpatuloy ni Elías na hindî pinansín ang mgã sinalitâ ng̃ binatà;—nais pô ninyóng itulóy ang isáng panucalang dakilà, may pinagdaanan pô cayó, nagcaroon ng̃ mgã caaway ang inyóng nunong lalaki at ang inyóng amá, silá'y may mgã kinahiligan ng̃ púsò, at sa pamumuhay hindî ang mgã tampalasa't masasamang tao ang lalong nacapupucaw ng̃ maalab na mgã pagtataním ng̃ galit, cung hindî ang mgã taong may malilinis na calooban.

—¿Nakikilala pô ba ninyó ang aking mgã caaway?

Hindî sumagót pagdaca si Elías, at ang guinawa'y naglininglining.

—Nakikilala co ang isá, iyóng namatáy,—ang isinagót. Napagtalastas co cagabíng may isáng bagay na caniláng inaacalang laban po sa inyó, dahil sa iláng mgã salitang canyang isinagót sa isáng lalaking hindî co kilalá na nawalâ sa cadiliman. "Hindî itó cacanin ng̃ mgã isdáng catulad ng̃ canyáng amá: makikita pô ninyó búcas",—anya,—Ang mgã salitáng itó'y siyang nacahicayat sa aking pagdidilidili, hindî lamang sa taglay na canyang cahulugan, cung hindî sa taong nagsalitâ, na niyóng araw pa'y nagcusang humaráp sa "maestro de

obras" at canyang sinabi ang canyáng hangãd na siyá na ang mamamatnugot ng mgã gawain sa paglalagáy ng̃unang bató, na hindî humingĩ ng̃malakíng bayad, at ipinagbabansag ang malalakíng canyáng mgã caalaman. Walâ acóng pagsaligang casucatan upang masapantalà co ang canyáng masamang calooban, ngũni't may isáng cauntíng bagay na nagsasabi sa aking ang mgã sapantahà co'y catotohanan, at dahil dito'y aking hinirang upang cayó'y pagbilinan, ang isáng sandalî at isáng calagayang ucol at angcáp upang cayó po'y huwag macapagtatanóng sa akin. Ang mgã ibáng nangyari'y nakita na pô ninyó.

Malaon nang hindî nagsasalità si Elías, at gayón ma'y hindî sumasagót at hindî pa nagsasalitâ ng̃anó man si Ibarra. Siyá'y naggugunamgunam.

—¡Dinaramdam co na ang taong iya'y namatay!—ang sa cawacasa'y nasabi niyá;—¡marahil sa canyá'y may napag-usisà pang caunting mgã bagay!

—Cung siyá'y nabúhay marahil siyá'y nacawalâ sa nangĩngñig na camáy ng bulág na justicia ng̃tao. ¡Hinatulan siyá ng̃Dios, pinatay siyá ng̃Dios, ang Dios ang siyáng tangĩng humucóm sa canyá!

Minasdáng sandalî ni Crisóstomo ang lalakíng nagsasalita sa canyá ng gayón, at canyáng nakita ang mgã batibot na mgã braso nitó, na punóng-punô ng mgã pasà at malalakíng bugbóg.

—¿Cayó pô ba'y nananampalataya naman sa mgã himalá?—ang sinabing ngũmingĩtî;—¡tingnan pô ninyó ang himaláng sinasabi ng̃bayan!

—Cung nananampalataya pô acó sa mgã himala'y hindî acó mananampalataya sa Dios: sasampalataya acó sa isáng taong naguing dios, sasampalataya acóng tunay ngãng linalang ng̃tao ang Dios alinsunod sa canyáng larawan at calagayan; datapawa't sumasampalataya acó sa Canyá; hindî miminsang náramdaman co ang canyáng camáy. Nang lumulugso na ang lahát, na ano pa't nangãngãnib malipol ang lahát ng̃nangãroroon sa lugar na iyón, acó, acó ang pumiguil sa tampalasan, lumagay acó sa canyáng tabí; siya ang nasugatan at aco'y nacaligtás at hindî nasactán.

—¿Cayó? ¿sa macatuwid pala'y cayó?...

—¡Opô! hinawacan co siyá ng̃ nag-iibig ng̃ tumacas, pagcatapos na mapasimulan niyá ang gawang pangpahamac; nakita co ang caniyáng pananampalasan. Sinasabi co pô sa inyó; ang Dios na ngã pô lamang ang siyáng tangĩng maguing hucóm sa mgã tao, siyá na ngã lamang ang tangĩng magcaroon ng̃capangyarihan sa búhay; na cailan ma'y huwag isiping siyá'y halinhan ng̃tao!

—At gayón man ngãyon po'y cayo'y....

—¡Hindî pô!—ang isinalabat ni Elías, palibhasa'y nahulaan niyá ang tutol, hindî nagcacawangĩs.—Pagca hinahatulan ng̃ tao ang ibang mgã tao sa camatayan ó sa capahamacan ng̃pagcabuhay magpacailan man sa hinaharap na panahón, guinagawà ang gayóng paghatol na hindî siyá lumagay sa pangãnib, at gumagamit siyá ng̃lacás ng̃ibang mgã tao upang ganapin ang canyáng mgã hatol, na sa lahát ng̃ito'y mangyayaring pawang camalian ó lihis sa catuwiran. Datapuwa't acó, sa aking paglalagay sa tampalasan sa gayón ding pangãnib na canyáng ínilaan sa mgã ibá, nalalakip din acó sa gayon din capangãniban. Siya'y hindî co pinatay, pinabayaan cong patayin siyá ng̃camáy ng̃Dios.

—¿Hindî pô ba cayó sumasampalataya sa pagcacataon?

—Pagca nanampalataya sa pagcacatao'y para ring nanámpalataya sa mgã himalá; ang nananampalataya sa dalawang bagay na ito'y naniniwala namang hindî natátalos ng̃Dios ang mgã mangyayari sa panahóng sasapit. ¿Anó ang pagcacátaon? Isang bagay na nangyaring sino ma'y hindî nacaaalam ng̃ mangyayarî. ¿Anó ang himalà? Isáng casalangsangãn, isáng pagcacasirâ-sirà ng̃ lacad na tacdà sa mgã kinapal. Isáng caculangãn ng̃laan sa mangyayari at isáng casalangsangãng ang cahuluga'y dalawang malalaking capintasan sa isip na namamatnubay sa máquina ng̃daigdig.

—¿Sino pô ba cayó?—ang mulíng itinanóng ni Ibarra na ma'y halong tacot; —¿cayó pò ba'y nag-aral?

—Napilitan acóng sumampalatayang totoo sa Dios, sa pagca't pumanaw sa akin ang pananalig sa mgã tao,—ang isinagót ng̃piloto, na anó pa't iniwasan ang pagsagót sa tanóng.

Ang isip ni Ibarra'y canyáng napag-unawà, ang caisipan ng̃pinag-uusig na binatang iyón: hindî niyá kinikilala ang catuwiran ng̃ taong maglagdâ ng̃ cahatulán sa canyáng mgã capuwà, tumututol siyá laban sa lacás at cataasan ng̃ calagayan ng̃mgã tangĩng pulutóng na tao sa ibáng mgã pulutóng.

—Datapuwa't kinacailangãng sumang-ayon cayó sa pangãngãilangãn ng̃ lalarong timbangãng tao, cahi man lubhâ ang capintasan at mgã caculangãn nitó —ang itinutol niyá.—Cahi't anóng dami ng̃mgã kinacatawán ng̃Dios sa lupa'y hindî mangyayarî, sa macatuwid baga'y hindî sinasabi ng̃boong caliwanagan ang canyáng pasyá upang mabigyang cahatuláng ang yutayutang mgã pagaalit-alít na ibinabalangcás ng̃ mgã hidwâ nating budhî. Nauucol, kinacailangãn sumasacatwirang manacanaca'y humatol ang tao sa canyáng mgã capuwà.

—Tunay ngã̂, datapuwa't ng̃upang gawín ang cagalingãn, hindî ang casam-an; upang sumawatâ ng̃lihis at magpabuti, hindî ng̃macapagwasac, sa pagca't cung hindî matuntóng sa matuwid ang canyáng mgã pasya'y walâ siyang capangyarihang mabigyang cagamutan ang masamáng canyáng guinawâ. Ngũni't higuit sa aking cáya ang pagmamatuwirang itó,—ang canyáng idinugtóng at binago ang anyô ng̃pananalita,—at nililibang co po sayó ngãyong cayó'y hiníhintay; Huwag pô ninyóng calimutan ang casasabi co pa sa inyô: may mgã caaway cayô; magpacabuhay pô cayô sa icágagaling ng̃inyóng tinubuang bayan.

At nagpaalam.

—¿Cailán co pô cayó makikita uli?—ang tanóng ni Ibarra.

—Cailan man pô't ibiguin ninyó at cailán mang ma'y magagawâ acóng inyóng pakikinabangãn. May utang pa pô acó sa inyô.

Decorative motif

Decorative motif

# XXXIV.

## ANG PAGCAIN.

Nangãgasisicain sa ilalim ng̃pinamutihang kiosko ang mgã mahál na tao sa lalawigan.

Na sa isáng duyo ng̃mesa ang Alcalde; sa cabiláng duyo naman naroon si Ibarra. Nacaupô sa dacong canan ng̃binatà si María Clara, at sa dacong caliwa, niyá ang escribano. Si capitang Tiago, ang alférez, ang gobernadorcillo, ang mgã fraile, ang mgã cawani ng̃pamahalaan at ang ilang mgã dalagang nangãsira'y nangãgsiupô, hindî ayon sa canicaniláng calagayan sa bayan, cung di ayon sa canicaniláng hilig.

May catámtamang sayá at galác ang cainan, datapuwa't ng̃nangãngãlahati na'y siyang pagdating ng̃isáng cawaní sa telégrafo na si capitang Tiago ang hanap upang ibigay sa canyá ang isáng telegrama. Ayon sa caugalia'y humingî ngãng pahintulot si capitang Tiago upang basahin ang telegramang iyón, at ayon sa caugalian naman ay ipinamanhíc ng̃lahát na canyáng basahin.

Pinapagcunót muna ng̃carapatdapat na Capitan ang canyáng mgã kilay, itinaás pagcatapos, namutlâ ang canyáng mukhâ, nagliwanag, dinálidalíng tiniclóp ang papel at sacá nagtindig.

—Mgã guinoo,—ang sinabing nagmamamadalî,—¡daratíng ngãyóng hapon ang cárangãldangãlang Capitang General upang paunlacán ang aking bahay!

At sacá bigláng nagtatacbóng dalà ang telegrama at ang servilleta, ngũni't waláng sombrero, na pinag-uusig ng̃mgã hiyawan at mgã tanông.

Cung ang pagdatíng ng̃mgã tulisán ang ibinalita'y gayón na ngã̀ lámang ang ligalig na mangyayari.

—¡Ngũni't pakinggan pô ninyó!—¿cailan daratíng?—¡Sabihin ninyó sa amin!—¡Ang Cápitan General!

Maláyo na si Cápitang Tiago.

—Dárating ang Capitan General at doon tútuloy sa báhay ni Capitan Tiago!

—ang sigawan ng̃ ilán, na ano pa't hindî na nilá dinidili-diling naroroon ang anac na babae't ang canyáng mamanugang̃in.

—¡Hindî macahihirang ng̃ lalalò pa sa galing!—ang itinutol ni Ibarra.

Nang̃ãgtititing̃inan ang mg̃ã fraile: itó ang cahulugan ng̃ caniláng ting̃inan: —"Gumagawâ ang Capitan General ng̃ isá sa canyáng mg̃ã capáslang̃an, inaalipustà niyá tayo, dapat na sa convento siyá tumulóy",—datapuwa't sa pagca't gayón din ang iniisip ng̃ lahát, silá'y hindî umiimic at hindî sinasaysay nino man ang canyáng caisipan.

—May nang̃ãgsabi na sa akin sa hapon ng̃ bagay na iyán, datapuwa't hindî pa nalalaman ng̃ Capitan General cung siya'y matutulóy.

—¿Nálalaman pô ba ng̃ camahalan ninyó, guinoong Alcalde, cung hanggang cailan matitirà rito ang Capitan General?—ang tanóng ng̃ alférez na nang̃ãng̃ãnib.

—Hindî co talastas na maigui; maibiguin ang Capitan General na mangbiglà.

—¡Nárito ang ibáng mg̃ã telegrama!

Ang mg̃ã telegramang iyo'y sa Alcalde, sa alférez at sa gobernadorcillo; namamasid na magaling ng̃ mg̃ã fraileng walâ isá man lámang telegramang ucol sa cura.

—¡Dárating ang Capitan General sa icapat na oras ng̃ hapon, mg̃ã guinoo! —anang Alcalde ng̃ pananálitang madakilà;—macacacain tayo ng̃ boong catahimican.

Hindî macapagsasabi ng̃ hihiguit pa sa rito sa cagaling̃an si Leonidas sa Termópilas: "¡Ng̃ãyong gabi'y hahapon tayong casama ni Plutón!"

Nanag-uli ang salitaan sa lacad na caugalian.

¡Namamasid cong walâ rito ang ating dákilang máng̃ãng̃ãral!—ang kiming sinalità ng̃ isá sa mg̃ã naroroong cawaní ng̃ gobierno, na mahinhin ang anyô at hindî binubucsán ang bibig hanggang sa oras ng̃ pagcain, at sa boong umaga'y ng̃ãyon ng̃ã lámang nagsalità.

Ang lahát ng̃ nacaáalam ng̃ mg̃ã nangyari sa amá ni Crisóstomo'y cumilos at cumindát, na ang cahuluga'y:—"¡Halá cayó! ¡Sa unang hacbáng pa lámang ay cayo'y násilat na!—Datapuwa't sumagót ang iláng mapagmagandang loob:

—Marahil nápapagal siyá ng̃ cauntí....

—¿Anóng caunti lámang?—ang bigláng sinabi ng̃ alférez;—pagód na pagód marahil, at ayon sa casabihán dito'y "malunqueado" (bugbóg na bugbóg ang catawán). ¡Nacú ang pangãral na iyón!

—¡Isáng mainam na sermón, cadakidakilaan!—anang escribano.

—¡Marangãl, malalim!—ang idinugtóng ng̃ corresponsal.

—Upang macapagsalità ng̃ gayóng catagál, kínacailangãng magcaroon ng lálamunang gaya ng̃ canyáng lálamunan,—ang ipinahiwatig ni párì Manuel Martín.

Waláng pinupurì ang agustino cung di ang lalamunan lámang niyá.

—¡Nalalaman ba ninyóng si guinoong Ibarra'y siyáng lalong may magalíng na tagapaglutò sa boong lalawigan?—anang Alcalde upang putulin ang salitaan.

—Iyan ngã̃ ang sinasabi co, datapuwa't ang magandang babaeng canyáng calapít ay áayaw paunlacán ang hayin, sa pagca't bahagyâ na lámang tiniticman ang pagcain,—ang tutol ng̃ isá sa mgã cawaní ng̃ gobierno.

Nagdamdam cahihiyan si Maria Clara.

—Napasásalamat acó sa guinoo ... napacalabis naman ang canyáng pangãngãsiwà sa aking cataohan,—ang kiméng sinalitâ ng̃ pautál,—datapuwa't....

—Datapuwa't pinaúunlacan pô ninyó ng̃ malakí ang pagsasalosalong itó sa inyó lámang pagparito,—ang sinabing pangwacás sa salità ng̃ Alcaldeng malingãp sa babae, at sacá humarap cay párì Salví.

—Párì Cura,—ang malacás na idinugtóng,—námamasid co pong sa maghapo'y hindî cayó umíimic at may iniísip....

—¡Catacot-tacot na magmamasid ang guinoong Alcalde!—ang bigláng sinabi sa isáng cacaibáng anyô ni párì Sibyla.

—Itó na ang aking ugali,—ang pautál na sinabi ng̃ franciscáno;—ibig co pang makinig cay sa magsalitâ.

—¡Ang pinagsisicapang lagui ng̃ camahalan pô ninyo'y ang makinabang at huwag mangũlugui!—ang sinabi ng̃ alférez, na aglahî ang anyô ng̃ pananalità.

Hindî inaring birô ang bagay na iyón ni párì Salví; sandaling numingníng ang canyáng paningĩn, at sacá sumagót:

—Magalíng ang pagcatalastas ng̃guinoong alférez na sa mg̃ã áraw na ito'y hindî ngã̑ acó ang lalong nakikinabang ó nangũngũlugui!

Hindî inalumana ng̃alférez ang dagoc na iyón sa pamamag-itan ng̃isáng cunua'y tawa, at winalang bahalà ang pasaring na iyón.

—Ngũni, mg̃ã guinoo, hindî co mapagwarì cung bakit macapagsasalitaan ng̃mg̃ã pakikinabang ó mg̃ã pangũngũlugui,—ang isinabat ng̃Alcalde;—¿anó ang mawiwicà sa atin ng̃mg̃ã magagandang loob at matatalinong binibining nang̃ãritong nagbibigay unlác sa atin ng̃caniláng pakikipanayam? Sa ganáng akin, ang mg̃ã dalaga'y tulad sa mg̃ã taguintíng ng̃arpa ng̃calang̃ĩtan sa guitna ng̃ gabi! kinacailang̃ãng pacauliniguin at silá'y pakinggan, at ng̃ ang mg̃ã caayaayang tinig niláng nagpapailanglang sa calolowa sa calang̃ĩtang kinarorooran ng̃waláng hanggan at ng̃lalong cagandagandahan....

—Naghahanay ang camahalan pô ninyó ng̃mg̃ã matitimyás na sasay!—anang escribano ng̃boong galác, at ininóm niyá at ng̃Alcalde ang álac na na sa canicaniláng copa.

—Hindî mangyaring hindî co gawín,—anang Alcalde, na pinapahid ang canyáng mg̃ã labì;—cung hindî laguing gumagawâ ng̃ magnánacaw ang capanahunan, ay gumagawâ namán ng̃manunulâ. Ng̃cabataan co'y cumathâ acó ng̃mg̃ã tulâ, na hindî namán masasamâ.

—Sa macatuwid po'y naglilo ang inyóng camahalan sa mg̃ã Musa upang sumunód cay Themis!—ang sinaysay ng̃ating "corresponsal" na mahiliguín sa mg̃ã diosa ng̃panahóng una.

—Psch! anóng ibig ninyóng aking gawin? Sa tuwi na'y naguing hilig co ang aking mapagkilalà ang lahát ng̃calagayan ng̃pamúmuhay. Namúmupol acó cahapon ng̃mg̃ã bulaclác, ng̃ãyó'y aking hawac naman ang tungcod ng̃Justicia at naglilingcód acó sa sangcataohan, búcas....

—Búcas ay ihahaguis ng̃camahalan pô ninyó ang tungcód na iyán sa apóy at ng̃inyóng mapainit ang maguináw na dacong hápon ng̃buhay, at ang cucunin pô namán ninyo'y ang catungculang pagca ministro,—ang idinugtóng ni párì Sibyla.

—Psch! oo ... hindî ... ang maguing ministro'y hindî siyáng lalong aking pinacahahangad na camtan: sino mang waláng carapata'y naguiguing ministro. Isang mainam na bahay sa dacong timugan ng̃España at ng̃matirahan cung panahông tag-init, isang malaking bahay sa Madrid at tahanan at mg̃ã lupaín sa

Andalusia cung panahong tag-lamig ... Hindî ngẫ masasabi sa akin ni Voltaire: "Nous n'avons jamais été chez ces peuples que pour nous y enrichir et pour les calomnier".

Ang boong ísip ng̃mgã cawaní ng̃gobierno'y nagsalità ang Alcalde ng isáng catatawanán, caya't nagtawanan silá't ng̃bigyáng capurihan ang gayóng pagpapatawá; silá'y guinayahan ng̃mgã fraile, palibhasa'y hindî nilá talós na si Voltaire ay yaóng Voltaireng hindî mamacailang caniláng sinumpâ at inilagay sa infierno. Ngũni, sa pagca't nalalaman ni parì Sibyla cung sino si Voltaire, siya'y magpakilang galit, sa pagsasapantaha niyang nagsalitâ ang Alcalde ng̃isáng laban ó paglabag sa religion.

Nagsisicain naman sa isáng "kiosko" ang mgã batang lalakì, na ang caniláng maestro ang sa canila'y nangũngũlò.

Gumagawâ silá ng̃malakíng caingãyan, gayóng silá'y mgã batang filipino, sapagca't ang caraniwan, cung ang mgã batang filipino'y na sa pagcain at na sa haráp ng̃ibáng mgã tao'y hindî ang cagaslawán ang caniláng naguiguing caculangãn, cung di ang cakimian. Ang isa'y nagcacamalí ng̃paggamit ng̃mgã "cubierto" at sa gayo'y sinásala ng̃calapit; dito'y nagmumulâ ang isáng pagmamatuwiran, at ang dalawang nagtatalo'y nagcacaroon ng̃canicaniyáng mgã cacampí: ang wicà ng̃iba'y ang cuchara, anang iba nama'y ang tenedor ó ang cuchillo, at sa pagca't walâ silang kinikilalang capuwà batang lalong marunong cay sa ibâ, doo'y nangãgcacaingãy ng̃di sapalâ, ó, sa lalong maliwanag na sabi, sila'y nangãgmamatuwirang wangĩs sa pagtatalò ng̃mgã teólogo.

Ang mgã magugulang ay nangãgkikindatan, nangãgsisicuhán, nangãghuhudyatan, at nababasa sa caniláng mgã pagngĩtî na sa sila'y lumiligaya.

—¡Abá!—ang sabi ng̃isáng babaeng tagabukid sa isáng matandang lalaking nagdidicdic ng̃hitsó sa canyáng calicot;—magpaparì ang aking si Andoy, cahi't áayaw ang aking asawa. Tunay ngã't mgã dukhâ cami, ngũni't cami'y magsisipag sa paghahanap buhay, at cami'y magpapalimos cung cacailangãnin. Hindî nawawalan ng̃nagbibigay ng̃salapi at ng̃macapagpárì ang mgã mahihirap. Hindî ba sinasabi ni hermano Mateo, taong hindî nagsisinungãling, na si papa Sixto'y isáng pastol lamang ng̃calabaw sa Batangãn? Tingnan na ngâ lamang ninyó ang aking si Andoy, ¡tingnan ninyó siyá cung dí camukhâ na ni San Vicente!

At cumacayat ang laway ng̃mabaít na ina sa panonood sa canyáng anác na hinahawacan ang tenedor ng̃dalawang camay.

—¡Tulungãn nawa siyá ng̃ Dios!—ang idinugtóng ng̃ matandang lalaki, na ngĩnungũyâ ang sapá;—cung maguing papa si Andoy, cami pa sa sa Roma ¡je!—¡je! nacalalacad pa acóng mabuti. At cung sacali't mamatay acó ... ¡jeje!

—¡Huwag pô cayóng mabahalà, incong! Hindî malilimot ni Andoy na tinuruan ninyó siyá ng̃ paglála ng̃ mgã bilao at ng̃ dikin.

—Tunay ang sabi mo Petra; acó ma'y naniniwala ang anác mo'y nagcacaroon ng̃ mataas na catungculan ... ang cababaa'y patriarca. ¡Hindî pa acó nacacakita ng̃ batang hiniguit sa canyá sa cadaliang natuto ng̃ hanap-buhay! Oo, oo, maaalaala na niya acó, cung siyá'y papa na ú obispo at maglibang sa paggawa ng̃ mgã bilauhang gagamitin ng̃ canyáng tagapaglutong babae. Oo, ipagmimisa ngã niyâ ang aking calolowa, ¡jeje!

At taglay ng̃ mabait na matanda ang ganitóng pag asa'y sinicsicang mainam ng̃ maraming hitsó ang canyáng calicot.

—Cung pakikinggan ng̃ Dios ang aking mgã pagsamò at magaganap ang aking mgã pag-asa, sasabihin co cay Andoy: "Anác, pawiin mo sa amin ang lahát ng̃ casalanan at ipadalá mo camí sa langĩt". Hindî na tayo mangãngãilangãng magdasál, mag ayuno ó bumilí pa ng̃ mgã bula. Maaarì ng̃ gumawâ ng̃ mgã casalanan ang may isáng anác na santo papa!

—Paparoonin mo siyá sa bahay búcas, Petra,—anang matandang lalakì na totoong nagagalác;—¡tuturuan co siyá ng̃ pagcacayas ng̃ nito!

—¡Hmjo! ¡abá! ¿Anó pô ba, incóng ang pagcaalam ninyó? ¿Inaacalà pô ba ninyóng iguinagaláw pa ng̃ mgã papa ang caniláng mgã camáy? ¡Ang cura ngã̂, gayóng siya'y cura lamang, cayâ lamang nagpapagal ay cung nagmimisa, pagca nagpapapihitpihit! Ang arzobispo'y hindî na pumipihit, paupô cung magmisa; cayâ ngã̂'t ang papa ... ¡ang papa'y nacahigá cung magmisa, at may abanico pa! Anó pô ba ang ísip ninyó?

—Hindî isáng calabisán, Petra, ang canyáng malaman cung paano ang guinagawang paghahandâ ng̃ nito. Mabuti na ngâ ang siyá'y macapagbili ng̃ mgã salacót at mgã petaca at ng̃ huwag macailangãng magpalimos na gaya ng guinagawâ rito ng̃ cura sa taón-taón sa pangãlan ngã papa. Nahahabag acong makita ang isáng santong pulubi, caya't aking ibinibigay ang lahat cong nalimpoc.

Lumapit ang isáng tagabukid at nagsalitâ.

—Aking pinagtibay na, cumare, magdodoctor ang aking anac, ¡walâ ng magaling na gaya ng̃ doctor!

—¡Doctor! huwag ngẫ cayóng maingãy, cumpare;—ang sagót ni Petra;—¡walâ ng̃ magalíng na gaya ng̃ magcura!

—¿Cura? ¡prr! ¡Sumísingĩl ng̃ maraming salapî ang doctor; silá'y sinásamba ng̃ maysakít, cumare!

—¡Magnilaynilay cayó! Sucat ng̃ magpapihitpihit ng̃ macaatlo ó macaapat ang cura at magsalità ng̃ "déminus pabiscum," upang canin ang Dios at tumangap ng̃ salapî. Sinâsabi ng̃ lahát sa canyá, patí ng̃ mgã babae, ang caniláng mgã lihim.

—¿At ang doctor? ¿At anó bang acalà ninyó sa doctor? ¡Nakikita ng̃ dóctor na lahat, patì ng̃ itinatagò ninyông mgã babae, pumúpulso sa mgã dalaga.... ¡Ibig cong maguing doctor isáng linggó man lamang!

—¿At ang cura? ¿hindî ba nakikita ng̃ cura ang nakikita ng̃ inyóng doctor? ¡At magaling pa sa riyan! Nálalaman na ninyó ang casabihan; "¡sa cura ang matatabang inahing manóc at gayón din ang binting mabilog!"

—¿At anó, cumacain ba ang mgã manggagamot ng̃ tuyóng lawlaw? ¿nasasactán ba ang mgã dalirì sa pagdidildil ng̃ asín?

—¿Narurumhán ba ang camáy ng̃ cura na gaya ng̃ mgã camáy ng manggagamot? ¡Ng̃ huwag magcagayo'y may malalakíng hacienda silá, at sacali't gumagawâ, gumagawáng may música at siyá'y tinutulungãn pa ng̃ mgã sacristan!

—¿At ang cumumpisál cumare? ¿Hindî ba pagpapagal ang cumumpisál?

—¡Nacú, ang pagpapagal na iyán! ¡Ang pagcaibig ninyóng sa inyó'y mangũmpisal ang lahát ng̃ tao! ¡Diyata't nagcacapagod at nagcacapangpapawis pa ngẫ tayo sa pagcaibig nating masiyasat cung anó ang mgã gawâ ng̃ mgã lalaki't mgã babae at cung anó ang mgã gawâ ng̃ ating mgã capit-bahay! Waláng guinagawâ ang cura cung dî maupo, at pagdaca'y sinasabi na sa canyá ang lahát; cung minsa'y nacacatulog, datapuwa't ¡sucat na ang maggawad ng̃ dalawa ó tatlóng benedición upang tayo'y maguing anac ulí ng̃ Dios! ¡Maanong maguing cura na ngẫ lamang acó sa isáng hapon ng̃ cuaresma!

—¿At ang ... ang magsermón? ¿sasabihin naman ninyó sa aking iya'y hindî pagpapagod? ¡Nákita na ninyó cung paano ang pagpapawis ng̃ curang malaki

caninang umaga!—ang itinututol ng̃lalaking nacacaramdam na siya'y nalulupig sa matuwiranan.

—¿Ang magsermón? ¿Isáng pagpapagal ba ang magsermón? ¿Saan naroon ang inyóng pag-iisip? ¡Maanong macapagsasalitâ na ngã̃ acó hanggang tanghalì, mulà sa púlpito, na aking macagalítan at mapagwicaan ang lahát, na sino ma'y waláng macapangãhás na tumutol, at pagbabayaran pa acó sa gayóng gawâ! ¡Maanong maguing cura na ngã̃ acó isáng umagang nangãgsisimbá ang mgã may utang sa akin! ¡Pagmasdan ninyó cung paano ang pagtabà ni párì Dámaso sa canyáng capagmumurá at capapalò!

At dumarating ngã̃ naman si párì Dámaso, taglay ang paglacad ng̃taong matabà, na halos nacangĩti, ngũni't sa isáng anyóng nagpapakilala ng̃pangĩt niyáng caisipán, caya't pagcakita sa canyá ni Ibarra'y nalitó sa canyáng pagtatalumpatî.

Binatì nilá si párì Dámaso, baga man may halong pagtatacá, datapuwa't nagpakita ang lahát ng̃galác sa canyáng pagdating, liban na lamang cay Ibarra. Nangãghihimagas na at bumubulâ na ang sa mgã copa ang "champaña".

Naowi sa pangãngãtál ang ngĩtî ni párì Dámaso, ng̃canyáng mamasdan si María Clarang nacaupô sa dacong canan ni Crisostomo; ngũni't umupô siyá sa isáng silla sa tabí ng̃Alcalde, at sacá tumanóng sa guitna ng̃isáng macahulugang catahimican:

—¿May pinag-uusapan ba cayóng anó man, mgã guinoo? ¡Ipagpatuloy ninyó ang salitaan!

—Nangãgtatalumpatian,—ang sagót, ng̃Alcalde. Binababangguit ni guinoong Ibarra ang lahát ng̃sa canya'y tumulong sa adhicáng icagagaling ng̃madlá, at sinasaysay ang nauucol sa arquitecto, ng̃ang camahalan pâ ninyó'y....

—Hindî ngã̃ acó nacacamuang ng̃tungcól sa arquitectura,—ang isinalabat ni párì Dámaso,—datapuwa't tinatawanan co ang mgã arquitecto at gayón din ang mgã tangãng tumatacbô sa canilá. Náriyan, acó ang gumuhít ng̃piano ng simbahang iyán, at lubós sa cagalingãn ang pagsacagawâ: ganyan ang sabi sa akin ng̃isáng inglés na maglalacó ng̃mgã hiyás, na tumuloy isáng áraw sa convento. ¡Sucat ng̃magcaroon ng̃dalawang daling noo upang macagawâ ng piano!

—Gayon man,—ang mulíng isinagót ng̃Alcalde, ng̃mamasid niyáng hindî umiímic si Ibarra,—pagca nauucol na sa mgã tangĩ̃ng bahay, gaya na ngã̃ baga

ng̃isáng escuela, sa halimbawa, nagcacailangãn tayo ng̃isáng "perito" (isáng taóng pantás sa paggawâ ng̃anó man).

—¡Anó bang "perito ni peritas"!—ang sinabing malacás na palibac ni párì Dámaso.—Ang nagcacailangãn ng̃mgã "perito" ay isáng "perrito" (tuta ó maliit na áso)! ¡Kinacailangãng maguing hayop pa cay sa mgã "indio", na gumagawang mag isá ng̃caniláng mgã bahay, upang hindî matutong magpagawâ ng̃apat na pader at saca patungãn sa ibábaw ng̃isáng tangkil, na siyá ngãng isáng tunay na escuela!

Tumingĩng lahát cay Ibarra, datapuwa't ito'y baga man lalong namutlà, nagpatuloy na parang nakikipagsalitaan cay María Clara.

—Ngũni't dilidilihin pô ninyóng....

—Tingnan pô ninyó,—ang ipinagpatuloy na sabi ng̃franciscano, na ayaw papagsalitain ang Alcalde,—tingnan pô ninyó cung paano ang guinawâ ng̃isáng "lego" namin, na siyáng lalong pinacahayop sa lahát naming mgã lego, na yumari ng̃isáng magalíng, mabuti at murang hospital. Marunong magpagawang magalíng at hindî nagbabayad cung dî walong cuarta lámang sa araw-araw sa bawa't isá sa mgã taong nanggagaling pa sa ibáng bayan. Nálalaman ng̃legong iyán cung paano ang nauucol na pakikisama sa mgã "indio", na hindî gaya ng maraming mgã haling at mgã "mesticillo", na nagpapasamâ sa mgã taong iyán sa pagbabayad sa canila ng̃tatlóng bahagui ó isáng salapî.

—¿Ang wicà pô ba ninyo'y walóng cuarta lamang ang ibinabayad? ¡Hindî mangyayari!—Ibig ng̃Alcaldeng baguhin ang lacad ng̃salitaan.

—Tunay pô, at iyan ang dapat uliranin ng̃ mgã nagpapanggap na magagaling na mgã castilà. Nakikita na ngẫ, na buhat ng̃mabucsán ang Canal ng Suez ay sumapit dito ang cahalayang asal. Ng̃una, ng̃kinacailangãn nating lumigoy sa Cabo, hindî nacararating dito ang lubhang maraming; mgã may masasamáng caugalian, at hindî namán nacapaglácbay roon ang mgã iba upang mangãgasamâ!

—¡Datapuwa't párì Damaso!...

—Nakikilala na pô ninyó cung anó ang "indio"; bahagyâ pa lamang nacacaalam ng̃cauntî ay nagmamarunong na. Ang lahát ng̃mgã úhuguing iyáng napapasa Europa'y....

—¡Ngũní't pakinggan pô ninyó!...—ang isinasalabat ng̃ Alcalde, na nababalisá dahil sa masasakít na mgã pasaring na iyón.

—Magcacaroon silá ng̃ wacás ayon sa canicaniláng carapatán—ang ipinagpatuloy na párì Dámaso;—nákikita sa calaguitnaan ang camáy ng̃ Dios, kinacailangãng maguing bulág upang huwag mámasdan. Tumatanggap na sa búhay pang itó ang mgã magúlang ng̃ gayóng mgã ahas ... nangãmámatay sa bilangguan ¡jé! ¡jé! at masasabi nating waláng sucat na....

Datapuwa't hindî natapos ang sinasabi. Sinúsundan siyá ng̃ matá ni Ibarrang nangĩngĩtimngĩtim ang pulá ng̃ mukhâ sa malakíng galit; at pagcárinig ng pasaring sa canyáng ama'y nagtindíg, at sa isáng lundág ay ilinagpác ang canyáng batibot na camáy sa ibábaw ng̃ úlo ng̃ sacerdote, na natihayâ at tulíg.

Sa lubós na pagcagulat at pagcatacot, sino ma'y waláng nangãhás mamaguitnà.

—¡Layô cayó!—ang sigáw ng̃ binatà ng̃ tinig na cagulatgulat, at inabot ang matalas na sundáng samantalang iniípit ng̃ canyáng paa ang liig ng̃ fraile, na nahihimásmasan sa canyáng pagcatulíg;—¡ang áayaw mamatáy ay huwag lumapit!

Pinagdirimlán si Ibarra: nangãngãtal ang canyáng catawán umíinog sa kinalalagyan ang canyáng mgã matáng nangãgbabalà. Nagpumilit si Fr. Dámasong bumangõn at tumindíg; datapuwa't hinawacan siyá sa liig ni Ibarra, saca siyá ipinagwas-wásan hanggang sa siyá'y mapaluhod at mabaluctoc:

—¡Guinoong Ibarra! ¡guinoong Ibarra!—ang pautál na sinabi ng̃ ilán.

Datapuwa't sino man, cahi man ang alférez ay ayaw mangãhás lumapit at caniláng námamasdan ang kisláp ng̃ sundáng at nababalac nilá ang lacás at calagayan ng̃ binatà. Nangãtitigagal na lahát.

—¡Cayo'y diyan! hindî cayó nangãgsisiimíc, ngãyo'y acó ang marapat na mang cumilos. ¡Siya'y iniílagan co, dinalá sa akin siyá ng̃ Dios, ang Dios ang siyáng humatol!

Nahihirapan ng̃ paghingã ang binatà, datapuwa't ang canyáng bísig na basal ay nagpapatuloy ng̃ pagpiguil sa franciscano, na hindî macawalâ cahi't nagpupumiglás ng̃ dî cawasà.

—¡Tahimic na tumitibóc ang aking pusô, hindî mabibigó ang aking camáy!...

At tumingĩn sa paliguid niya't nagsalitâ;—Makinig muna cayó, ¿mayroon bagang isá man lamang sa inyó na umibig sa canyáng amá, na nagtamin ng

malalim na galit sa canyáng pinagcacautangãn ng̃ búhay, isá man lamang na ipinangãnác sa cahihiyán at sa caimbihán?... ¿Nakita mo na? ¿Nariring mo baga ang hindî nilá pag-imic na iyán? Sacerdote ng̃ isáng Dios ng̃ capayapaan, puspós ang bibig mo ng̃ cabanalan at religión, at ang puso'y punô ng̃ mgã carumhán, ¡hindî mo marahil nálalaman cung anó ang isáng amá!... ¡cung guinugunitâ mo sana ang iyóng amá! ¿Nákita mo na? Sa guitnâ ng̃ caramiháng iyáng pinawawalan mong halaga, ¡walâ cahi't isá man lamang na catulad mo! ¡Nahatulan ca na!

Ang mgã taong sa canyá'y nacaliliguid, sa pagcaisip niláng doó'y gagawâ ng̃ isáng cusang pagpatay, sila'y nangãgsikilos.

—¡Lumayô cayó!—ang mulíng isinigáw na nagbabalà ang tinig; ¿anó? ¿nangãngãnib ba cayóng dumhám co ang aking camáy ng̃ maruming dugó? ¿Hindî ba sinabi co na sa inyóng tiwasay na tumitiboc ang aking pusô? ¡Lumayò cayó sa amin! ¡Pakinggan ninyó mgã sacerdote, mgã hucóm, na ang boong acalà ninyo'y hindî cayó cawangĩs ng̃ ibáng mgã tao at nagbibigáy cayó sa inyóng sarilí ng̃ ibáng mgã catuwiran! Ang aking amá'y isáng taong may malinis na capurihán, ipagtanóng ninyó diyan sa bayang lubós na iguinagalang ang pagaalaala sa canyá. Ang aking amá'y isáng mabait na mayaman: inihandóg niyá ang canyáng pagpapacahirap sa akin at sa icagagaling ng̃ canyáng bayan. Laguing bucás ang canyáng báhay, laguing handâ ang canyáng dulang sa taga-ibang lupain ó sa pinapanaw sa canyáng kinaguisnang lupâ, na sa udyóc ng̃ caralitaa'y tumatacbó sa canyá! Siya'y mabuting cristiano: lagui ng̃ guinagawâ niyá ang cagalingãn at cailan ma'y hindî siyá umapí sa mahinang naguiguipit at hindî siyá humabág sa na sa malakíng carukhaan.... Binucsán niyá sa taong sumasadálitâ ang mgã pintuan ng̃ canyáng bahay, pinaupô niyá at pinacain sa canyáng dúlang at canyáng pinangãlanang caibigan. ¿Anó ang pagtumbás na sa canyá'y guinawâ? Siya'y pinaratangãn, pinag-usig, pinapanandata ng̃ laban sa canyá ang camamangmangãn at siya'y pinag-usig hanggang sa libingãng pinagpapahingãlayan ng̃ mgã patáy. At, hindî pa nagcacasiyà sa ganitóng mgã gawa'y ¡pinag-uusig naman ngãyon ang anác na lalaki! Aco'y tumacas sa canyá, iniílagan cong siya'y aking macaharap ... Nárinîg ninyó siyá caninang umaga na hindî pinagpacundangãnan ang púlpito, idinalirî acó sa halíng na pananampalataya ng̃ mgã taong hangãl sa bayan, ngũni't hindî acó umimíc. Ngãyo'y naparito't aco'y hinahamit; nagtiis acó sa hindî pag-imíc na inyóng pinangguilalasán, datapuwa't mulíng linait ang lalong pinacamamahal ng̃ lahát ng̃ mgã anác sa caibuturan ng̃ caniláng alaala ... Cayóng mgã nariritó, mgã sacerdote, mgã hucóm, ¿nakita baga ninyó ang pagpapacacasipag sa paggawâ ng̃ matandâ ninyóng amá, at ng̃ masunduan ang inyóng icagagalíng, mamatay sa

hapis ang amáng iyán sa isáng bilangguan, na nagbubuntong hinîngã sa pagmimithíng cayo'y mayacap; na humahanap ng̃ isáng taong sa canyáng umalíw, nag iísa, may sakít, samantalang cayo'y na sa ibáng lupain?... ¿Narinig ba ninyó pagcatapos na siniraan ng̃ purì ang canyáng pangãlan, nasumpungãn baga ninyóng waláng laman ang sa canya'y pinaglibingãn ng̃ pumaroon cayó at ang talagà ninyo'y manalangĩn sa ibábaw ng̃ baunang iyón? ¿Hindî? ¿Hindî cayó umiímïc? ¡cung gayo'y hinahatulan ninyóng tunay ngã siyáng masamâ!

Iniangãt ang bísig; datapawa't malicsíng tulad sa cabilisán ng̃ sinag ng liwanag, pagdaca'y napaguîtnâ ang isáng dalaga at piniguil ng̃ canyáng linalic na camáy ang mapaghigantíng bîsig: ang dalagang iyo'y si María Clara.

Tiningnan siyá ni Ibarra ng̃ isáng titig na wari'y nangãngãnîno ang casiraan ng̃ ísip. Untî unting lumuag ang pagcahawac ng̃ mgã naninigás na mgã dalirì ng canyáng mgã camáy at pinabayaang lumagpac ang catawan ng̃ franciscano't ang sundang, tinacpán ang mukha't tumacas na sinagal ang caramihang tao.

Decorative motif

Decorative motif

# XXXV.

## MGA SALISALITAAN.

Pagdaca'y lumaganap sa bayan ang balita ng̃ nangyaring iyón. Ng bagobago'y ayaw maniwalâ sino man, ng̃uni't sa pang̃ang̃ailang̃ang pahinuhod sa catotohanan, nang̃ag-iinaman ang lahat sa pagsigáw ng̃ pagtatacá.

Bawa't isa'y nagbubulaybulay alinsunod sa abót ng̃ cataasan ng canicaniláng calinisan ng̃ budhî.

—¡Si párì Dámaso'y namatáy!—ang sabihan ng̃ mg̃a iilán;—ng̃ itindíg nilá siya'y naliligó ang canyáng mukhâ ng̃ dugô at hindî humihing̃a.

—¡Magpahing̃alay nawâ siyá sa capayapaan, ng̃uni't waláng guinawâ sa canyá cung dî papagbayarin lamang ng̃ canyáng utang—ang malacás na sabi ng isáng binatà—Wariin ninyóng waláng sucat maipang̃alan sa guinawâ niyá caninang umaga sa convento.

—¿Anó ba ang guinawâ? ¿Mulì bang sinuntóc ang coadjutor?

—¿Anó ba ang guinawâ? ¡Ating tingnán! ¡Sabihin mo sa amin!

—¿Nakita ba ninyó ng̃ umagang itó ang isáng mestizong castílà na lumabás sa dácong sacristía samantalang nagsésermon?

—¡Oo! ¡oo ng̃â, siya'y nakita namin! Pinagmasdán siyá ni párì Dámaso.

—Ang nangyári'y ... pagcatapos ng̃ sermón, siyá'y ipinatáwag at tinanóng cung anóng dahil sa siyá'y lumabás.—"Hindî pô acó maálam ng̃ wicang tagálog, padre",—ang isinagót.—"¿At bakìt ca nanglibác, na sinabi mong wicang griego iyón?—ang isinigáw sa canyá ni párì Dámaso, at tuloy sinampál siyá. Gumantí ang bináta, nagpanuntóc ang dalawá, hanggáng sa silá'y pinag-awatanan.

—¡Cung sa akin mangyari ang gayóng bágay!...—ang ibinulóng ng márahan ng̃ isáng estudiante.

Hindî co minamagalíng ang guinawâ ng̃ franciscano,—ang idinugtóng namán ng̃ isá,—sa pagca't hindî dapat ipagpilitan ang Religióng párang isáng parusa ó isáng pahirap; datapuwa't hálos ikinatútuwâ co, sa pagca't nakikilala co

ang binátang iyán; siyá'y tagá San Pedro Macatí at maigui siyáng magwicang tagálog. Ngãyo'y ibig niyáng siyá'y ipalagáy na bágong gáling sa Rusia, at ipinagmámapuri ang pagpapacunuwaríng hindî niyá nalalaman ang wícà ng canyáng mgã magugúlang.

—Cung gayó'y ¡linílikhâ silá ng̃ Dios at silá'y nangãgsusuntucan!

—Gayón ma'y dápat táyong tumútol sa cagagawáng iyán,—ang sábing malacás ng̃ isáng estudiante namán;—ang dî pag-imíc ay párang isáng pag-sangáyon, at ang guinawáng iyó'y mangyayaring gawín namán sa alín man sa átin. ¡Nanunumbalic táyo sa mgã panahón ni Nerón!

—¡Nagcácamalî ca!—ang tútol ng̃ isá;—¡si Nerón ay isáng dakîlang artista, at si párì Dámaso'y isáng casamasamaang magsesermón!

Ibá namán ang salisalitaan ng̃ mgã táong may catandaan na.

Samantalang hiníhintay nilá sa isáng maliit na bahay, na na sa labás ng báyan ang pagdatíng ng̃ Capitán General, itó ang sinasabi ng̃ Gobernadorcillo:

—Hindî ngã bágay na magaáng sabíhin cung síno ang may catuwíran at cung síno ang walâ, datapuwa't cung nacapagmunimuni sána si guinoong Ibarra....

—¿Cung nagcaroón sána si párì Dámnaso ng̃ calahatî man lámang ng pagmumunimuni ni guinóong Ibarra, ang talagáng ibig pô ninyóng sabihin maráhil?—ang isinalábat ni don Filipo,—Ang casamaa'y nagpalít silá ng catungcúlan: ang bátà ang nag ásal matandâ at ang matandâ ang nag-ásal bátà.

—¿At ang sabi pô ninyo'y walâ síno mang dumalô upáng silá'y awatin, liban na lámang sa anác na babáe ni cápitang Tiago?—ang tanóng ni cápitang Martín. ¿Sino man sa mgã fraile, cahi't ang Alcalde man lámang? ¡Hm! ¡Lálò pa ngãng masama! Hindî co nanasaing aking casapitan ang calagayan ng̃ binatâ. Sino ma'y walang macapagpapatawad sa gayóng sa canyá'y pagcatácot. ¡Lálò pa ngãng masama! ¡Hm!

—¿Sa acalà cayâ ninyó?—ang tanóng ni cápitang Basilio, na totoong malakí ang hangãd na macatalastas.

—Umaasa acó,—ani don Felipong nakipagsulyápan cay cápitang Basilio,—na hindî siyá pababayaan ng̃ bayan. Dápat náting alalahanin ang guinawâ ng canyáng mgã magugúlang at ang canyáng casalucúyang guinágawâ ngãyon. At sacali't hindi umimic ang bayan, dahil sa pagcatacot, ang canyang mgã

caibiga'y....

—Ngũni, mgã guinoo,—ang isinalabat ng̃ gobernadorcillo,—ano baga ang ating magagawa? ¿ano ang magagawa ng̃ bayan? Mangyari ang ano mang mangyari'y ang mgã fraile ang siyang "lagui" ng̃ na sa catuwiran!

—"Lagui" na silang na sa catuwiran, sa pagca't "lagui" ng̃ binibigyang cabuluran natin sila; minsan man lamang ay magbigay tayong catuwiran sa ating sarili, at pagsacagayo'y saca tayo mag-usap!

Kinamot ng̃ gobernadorcillo ang canyáng ulo, tumingãla sa bubungãn at saca nagsalita na ang tinig ay masaclap:

—¡Ay! ang ínit ng̃ dugo! Tila mandin hindî ninyo nalalaman ang lupaíng kinalagayan natin; hindî ninyo nakikilala ang mgã cababayan natin. Ang mgã fraile'y mayayaman at nangãcacaisa; tayo'y nagcacáwasac wasác at mgã dukha. ¡Siya ngã! ¡ticman ninyong siya'y inyóng ipagmalasakit, at makikita ninyóng cayo'y pababayaan ng̃ ating mgã cababayang mag-isa sa mgã sagutin!

—¡Siyá ngã!—ang biglang sinabi ni don Filipo ng̃ boong sacláp,—mangyayari ngã ang gayon samantalang ganyan ang pinagiisip, samantalang totoong nagcacahawig ang tacot at ang pagiingãt. Lalo pang pinapansin ang isáng capahamacáng hindî pa nalalaman cung mangyayari ngã, cay sa kinacailangãng pagcápacagaling; pagdaca'y dinaramdam ang tácot, sa hindî ang pananalig; bawa't isá'y walang iniisip cung dî ang ganang canya, sino ma'y hindî nag-iisip ng̃ ganang sa mgã ibá, caya mahihinà táyong lahát!

—Cung gayo'y isípin na muna ninyo ang sa ganáng mgã ibá, at bago ninyó isipin ang sa ganáng inyó, at makikita ninyó cung paáno ang pagpapabayang sa inyó'y gagawin. ¿Hindi ba ninyó nalalaman ang casabihang castilà: "na nag-pasimula sa saríling catawán ang mahúsay na pagcacaawang gawâ"?

—Ang lálong magalíng na inyóng masasabi—ang sagot na pagalit ng teniente mayor—na nagsisimulá ang mahusay na caruwagan sa malabis na pag-ibig sa sariling catawan, sa nawawacasan sa pagcawala ng̃ cahihiyan! Ngãyón di'y ihaharap co sa Alcalde ang pagbibitiw ng̃ aking catungculan; bundat na acó ng̃ paglagay sa cahihiyan, na canino ma'y wala acong nagagawang cagalingãn. ¡Paalam!

Iba naman ang mgã panucala ng̃ mgã babae.

—¡Ay! ang buntóng hiningã ng̃ isáng babae na ang anyó'y mabait;—¡cailán ma'y ganyán ang mgã cabataan! Cung nabubuhay ang canyang mabait na ina'y

¿anong sasabihin? ¡Ay, Dios! Pagca napag-iisip co na maaaring magcaganyan din ang áking anác na laláki, na mainit din namán ang úlo ...¡ay Jesús! halos pinananaghilian co ang canyáng nasirang iná..,¡mamamátay acó sa dalamháti!

—Ngũni't acó'y hindî ang sagót namán ng̃ isáng babáe,—hindî acó magdadalamháti cung sacali't magcacaganyan din ang áking dalawáng anác na laláki.

—¿Anó pô ang sinasabi ninyo, capitana Maria?—ang sabing malacás ng unang babáeng nagsalita, na pinagduduop ang mgã camáy.

—Ibig cong matuto ang mgã anác na nagsasanggaláng ng̃ capurihan ng namatay ng̃ mgã magugúlang nilá, capitana Tinay; ¿ano pô ang wiwicain ninyo cung isáng araw na cayo'y bao na márinig ninyóng pinaguupasalaan ang inyóng asawa, at itungõ ng̃ inyóng anác sa Antonío ang úlo at huwag umimic?

—¡Ipagcacait co sa canyá ang aking bendicion!—ang sabing malacas ng pangãtlóng babae, na ito'y si hermana Rufa—datapuwa't....

—¡Hindî co maipagcacait ang aking bendición cailan man!—ang isinalabat ng̃ mabait na si capitana Tinay;—hindî dapat sabihin ng̃ isáng iná iyan ...datapuwa't hindî co maalaman ang aking gagawin ... hindî co maalaman ... sa acalà co'y acó'y mamámatay..siyá'y ...¡hindi! ¡Dios co! datapuwa't hindî co na marahil iibiguing muling makita co pa siya ... ¿ngũni't cung anó-anó ang mgã iniisip ninyó, capitana Maria?

—Datapuwa't gayón man,—ang dugtóng ni hermana Rufa,—hindî dapat limuting isang malaking casalanan ang magbuhat ng̃ camáy sa isang taong "sagrado."

—¡Lalò ng̃ "sagrado" ang pagmamalasakit sa capurihán ng̃ namatáy na mgã magugúlang!—ang itinútol ni capitana Maria.—¡Waláng macapagwáwalang galang sa canilang santong capurihán, cahì man ang Papa, at lalò ng̃ hindî si párì Damaso!

—Túnay ngã!—ang bulóng ni capitana Tinay, na nagtataca sa carunungãn ng̃ dalawa;—¿saan ninyó kinucuha ang ganyáng pagcagagaling na mgã pangãngãtuwiran?

—¿Ngũni't ang "excomunión" at ang pagcapacasama?—ang itinutútol namán ng̃ Rufa.—¿Anó ang capacanán ng̃ mgã dangãl at ng̃ capurihan sa búhay na itó cung mapapasasama naman tayo sa cabilang búhay? Dumaraang madali ang lahat ... datapuwa't ang excomunión ... sumirang púri sa isang kinacatawan

ni Jesucristo ... ¡iya'y ang Papa lamang ang nacapapapatawad!

—¡Ipatatawad ng̃ Dios na nag-uutos na igalang ang ama't ina; hindî siya eexcomulgahin ng̃ Dios! At itó ang sinasabi co sa inyó, na cung pumaroon sa aking bahay ang binatang iyan, siya'y aking patutuluyin at cacausapin; at iibiguin cong siya'y aking maging manúgang, cung mayroon sana acóng anac na babae; ang mabaít na anac ay maguiguing mabaít namang asawa at mabaít na ama; ¡maniwalà cayó, hermana Rufa!

—Hindî gayón naman ang aking acala, sabihin na ninyó ang ibig ninyóng sabihin; at cahi man tila mandín cayó ang sumasacatuwiran, ang cura rin ang siyang paniniwalaan co cailan man. Ang unaúna'y ililigtas co múna ang aking caluluwa, ¿anó pô ang sabi ninyó, capitana Tinay?

—¡Ah, anó ang ibig ninyóng aking sabihin! Capuwa cayó sumasacatuwiran; sumasacatuwiran ang cura, datapuwa't ¡dapat ding magcaroon ng̃ catuwiran ang Dios! Ayawan co, acó'y isang tangã lamang ... Sasabihin co sa aking anac na lalaking huwag ng̃ mag-aral, ang siya cong gagawin! ¡Namamatay daw sa bibitayan ang mgã marurunong! ¡María Santisima, ibig pa naman pa sa Europa ng̃ aking anac na lalaki!

—¿Anó pô ang inaacala ninyóng gawin?

—Sasabihin co sa canyang manatili na lamang siya sa aking tabi, ¿anó't iibiguin pa niyang maragdagan ang canyang dúnong? Búcas macalawa'y mamamatay rin cami, namamatay ang marúnong na gawa rin ng̃ mangmang ... ang kinacailangã'y mamúhay ng̃ payapà.

At nagbúbuntong hiningã ang mabait na babae at itinitingãlá sa langĩt ang mgã matá.

—Acó naman,—ang sabi ng̃ bóong cataimtiman ni capitana María,—cung acó ang gaya ninyóng mayaman, pababayaan cong maglacbay—bayan ang aking mgã anac; sila'y mgã batà, at darating ang araw na sila'y mangãgcacagulang cacauntì ng̃ panahón ang aking icabubuhay ... magkikita na camí sa cabilang buhay ... dapat magmithi ng̃ lalong mataas na calagayan ang mgã anac cay sa calagayang inabot ng̃ canilang mgã ama, at wala tayong naituturò sa canila, cung sila'y na sa ating sinapupunan, cung dî ang pagcamusmús.

—Ay, cacatuwâ namang totoo ang mgã caisipan pala ninyo!—ang bíglang sinabi ni capitana Tinay, na pinagduduop ang mgã camay;—¡tila mandin hindî ninyo pinaghirapan ang pangãngãnac sa inyong cambal na mgã anac, na lalaki!

—Dahilan ngã sa sila'y pinaghirapan co ng̃ pangãngãnac, inalagaan at pinapagaral, cahi man camí dukhâ, hindî co íbig na pagcatapos ng̃ lubhang maraming capagalang sa canila'y aking guinúgol, ay waláng cahinatnan sila cung dî maguing calahating tao lamang.

—Sa áking palagáy hindî pô ninyó iniibig ang inyóng mgã anác ng alinsunod sa ipinag-uutos ng̃ Dios!—ang may cahigpitang sábi ni hermána Rufa.

—Ipatáwad pô ninyó, umiibig bawa't iná sa canyáng mgã anác ng̃ alinsunod sa canyáng adhicâ; may mgã ináng umiibig sa canyáng mgã anác at ng̃ caniláng pakinabangãn, ang ibá nama'y umiibig sa canyáng mgã anác dáhil sa pag-ibig nilá sa sarili, at umiibig namán ang ibá sa icagagaling ng̃ canilá ring mgã anác. Acó'y nabibilang dito sa mgã hulíng sinábi co, ganitó ang itinúrò sa ákin ng áking asáwa.

—Hindî totóong nababagay sa átas ng̃ religión, capitana María, ang lahát ninyóng mgã iniisip; ¡cayó'y másoc ng̃ pagca hermana sa Santísimo Rosario, cay San Francisco, cay Santa Rita, ó cay Santa Clara!—ang sabi ni hermana Rufa, na ang anyo'y párang nagsesermón.

—Hermana Rufa, pagca carapatdapat na acóng maguing capatíd (hermana) ng̃ mgã táo, aking sisicaping acó'y maguing capatíd namán ng̃ mgã santo!—ang canyáng sagót na ngũmingĩtî.

Upang mabigyáng wacás ang bahaguing itóng nauucol sa mgã salisalitaan ng̃ báyan; at ng̃ mapagwarì man lámang ng̃ mgã bumabasa cung anó cayâ ang iniisip ng̃ mgã waláng málay na mgã tagabúkid sa nangyari, pumaroon tayo sa lílim ng̃ tolda ng̃ plaza, at pakinggán nátin, ang mgã salitaan ng̃ iláng nangãroroon, ang isá sa canila'y cakilala nátin, na dî ibá cung dî ang nananaguinip sa mgã doctor sa panggagamot.

—Ang lálong dináramdam co'y hindî ná mayayari ang páaralan!—ang sinasabi nitó.

—¿Bakit? ¿bakit?—ang tanungãn ng̃ mgã nakíkinig malakí ang pagpipilit na macaálam.

—¡Hindî na maguiguing doctor ang áking anác, siya'y maguiguing magcacaritón na lamang! ¡Walâ! ¡Hindî na magcacapáaralan!

—¿Sino ang nagsábing hindî na magcacapáaralan?—ang tanóng ng̃ isáng hangãl at matabáng tagabúkid, na malalakí ang mgã pangã at makítid ang báo ng úlo.

—¡Aco! ¡Pinangãlanang "plibastiero" si don Crisóstomo ng̃ mgã páring mapuputî! ¡Hindî na magcacapáaralan!

—Nagtatanungãn ang lahát sa pagsusulyapan. Nababago sa canilá ang pangãlang iyón.

—¿At masamâ bâ ang pangãlang iyán?—ang ipinangãhas na itinanóng ng̃ hangãl na tagabúkid.

—¡Iyan ang lálong masamáng masasabi ng̃ isáng cristiano sa cápuwà niyá!

—Masamâ pa bâ iyán sa "tarantado" at sa "saragate"?

—¡Ah, cung sána'y ganyán na ngã̃ lámang! Hindî mamacailang tináwag acó ng̃ ganyán ay hindi man lámang sumakít ang áking sicmúrà.

Datapuwa't marahil namá'y hindi na sasamâ pa sa "indio", na ¡sinasabi ng̃ alférez!

Ang nagsabing magcacaroon ng̃ isáng anác na laláking carretonero'y lálo pang nagpakita ng̃ calungcútan; nagcamót namán sa úlo ang isá at nag-íisip isip.

—¡Cung gayó'y maráhil catúlad ng̃ "betelapora" na sinasabi ng̃ matandáng babáe ng̃ alférez! Ang masamâ pa sa riya'y ang lumurà sa hostia.

—Talastasín mong masamâ pa sa lumurâ sa hostia cung viernes santo, ang isinagót ng̃ bóong cataimtimán. Naaalaala na ninyó ang salitáng "ispichoso", na sucat ng̃ icapit sa isáng táo, upang siya'y dalhín ng̃ mgã civil ni Villa Abrillo sa tapunán ó sa bilangguan; unawáin ninyóng lálò pa manding masamâ ang "plibustiero." Ayon sa sábi ng̃ telegrafista at ng̃ directorcillo, cung sabíhin daw ng̃ isáng cristiano, ng̃ isáng cura ó ng̃ isáng castílà, sa isáng cristianong gáya nátin ay nacacawangĩs ng̃ "santusdeus" na may "requimiternam;" sa minsáng tawaguin cang "plibastiero," mangyayari ca ng̃ magcumpisal at magbayad ng̃ iyong mgã utang sa pagca't walâ magagawâ cung di ang pabítay ca na lámang. Nalalaman mo na cung dapat macaalam ang directorcillo at ang telegrafista: nakikipag-usap ang isá sa mgã cáwad, at marúnong namán ang isá ng̃ castílà at walâ ng̃ gamit cung di ang pluma.

Páwang nanglúlumo ang lahát.

—¡Pilitin na acóng papagsuutin ng̃ zapatos at huwag acóng painumín sa bóong áking búhay cung di iyán lámang ihì ng̃ cabáyo na cung tawagui'y cerveza, capag napatáwag acó cailáan man ng̃ "pelbistero!"—ang sumpáng sinabí ng̃ tagabúkid, na nacasuntóc ang mgã camáy.—¿Sino? ¿Acó, mayamang

gáya ni don Crisóstomo, marúnong ng̃castílang gáya niyá, at nacapagdadali-dali ng̃pagcaing may cuchillo at cuchara? ¡magtátawa acó cahit sa limáng mgã cura!

—Tatawaguin cong "palabistero" ang únang civil na aking makitang nagnanacaw ng̃ inahing manóc!... at pagdaca'y magcúcumpisal acó!—ang bulóng na maráhan ng̃isá sa mgã tagabúkid, na pagdáca'y lumayô sa pulutóng.

Decorative motif

Decorative motif

# XXXVI.

## ANG UNANG DILIM

Hindi sahól ang ligalig na naghahari sa bahay ni capitang Tiago sa caguluhan ng͠pag-isip ng͠mgã tao. Waláng guinágawâ si María Clara cung dî tumangĩs at áyaw pakinggan ang mgã salitáng pang-alíw ng͠canyang tia at ni Andéng na canyáng capatíd sa gátas. Ipinagbawal sa canyá ng͠canyáng amá ang pakikipag-úsap cay Ibarra, samantalang hindî kinácalagan itó ng͠mgã sacerdote ng͠"excomunión."

Si capitang Tiago na totoong maraming guinagawâ sa paghahandâ ng canyáng báhay, upang matanggap doón ng͠carapatdapat ang Capitán General ay tinawag sa convento.

—¡Huwág cang umiyác anác co!—ang sinasabi ni tía Isabel, na pinupunasan ng͠gamuza ang maniningning na mgã salamíng pangñinuhan; siya'y cácalagan ng͠excomunión, mangãgsisisulat sa Santo Papa ... magbibigay táyo ng͠malakíng limós ... Hinimatáy lamang si párì Damaso ... ¡hindî namátay!

—¡Huwag cang umiyac!—ang sábi sa canyá ni Andéng ng͠paanás;—gágawâ acô ng͠paráan upang siya'y iyong macausap; ¿anóng cadahilana't itinatág ang confesionario, cung dî ng͠gumawá ng͠casalanan? ¡Súcat na ang sabihin cura sa upang ipatawad na lahát!

¡Sa cawacasa'y nagbalic si capitang Tiago! Hinánap ng͠mgã babáe sa mukhá niyá ang casagutan sa maráming tanóng; datapuwa't nagbabalità ang mukhá ni capitang Tiago ng͠panglulupaypáy ng͠lóob. Nagpapawis ang abang laláki, hinahaplos ang nóo at hindî macapangũsap ng͠isáng salita man lamang.

—¿Ano ang nangyari, Santiago?—ang tanóng ni tia Isabel na malaki ang pagmimithi.

Sumagót ito ng͠isáng buntóng-hiningã, at pináhid ang isáng lúhà.

—¡Alang-alang sa Dios, magsalitá ca! ¿Anó ang nagyayari?

—¡Ang aking ipinangãngãnib na ngã!—ang sa cawacasa'y sinábing pabulalás na halos umiiyac. ¡Napahamac ng͠lahat! Iniuutos ni párì Dámaso na

sirain ang mgã salitaan, sa pagca't cung hindî'y ¡mapapacasama raw acó sa búhay na itó at sa cabiláng búhay! ¡Gayon din ang sábi sa ákin ng̃ lahát, patí ni párì Sibyla! Hindî co dápat papanhikin siyá sa aking báhay, at may útang acó sa canyang mahiguit na limampóng libong píso! Sinabi co itó sa mgã pari, dapuwa't hindî nilá acó pinansin: ¿Alín ba ang ibig mong mawalâ, ang sabi nila sa akin,—limampóng libong píso ó ang iyong búhay at ang iyóng cáluluwa? ¡Ay, San Antonio! ¡cung nalalaman co lámang ang gayón! ¡cung nalalaman co lamang ang gayón!

Humáhagulgol si María Clara.

—Huwág cang umiyác, anac co,—ang idinugtóng at liningõn niyá itó;—hindî ca gáya ng̃ nanay mong hindî umiiyac cailan man ... hindî umiiyac cung dî sa paglilihí ... Sinasabi sa ákin ni párì Dámasong dumating na raw ang isáng camag-ánac niyáng gáling sa España na siyáng itinátalagang mangĩbig sa iyó ...

Tinacpan ni María Clara ang canyáng mgã taingã.

—Ngũni, Santiago, ¿nasisira na ba ang ísip mo?—ang sigáw ni tía Isabel; ¿dapat bang magsabi ca sa canyá ang ibang mangĩngĩbig? ¿Inaacalà mo bang nagbabago ang anác mo ng̃ mgã mangĩngĩbig na gaya ng̃ pagbabago ng̃ báro?

—Iyán din ngã ang iniisip co Isabel; si don Crisostomo'y mayaman ...¡cayâ lámang nagaasawa ang mgã castila'y sa pag-ibig sa salapi ... datapuwa't ¿anó ang ibig mong aking gawín? Pinagbalaan nilá acông lapatan ng̃ isá ring excomunion ... sinasabi niláng lubhâ raw nangãngãnib, hindî lámang ang akíng cáluluwa, cung dî namán ang aking catawán ...¡ang catawán! ¿naririnig mo? ¡ang catawán!

—¡Ngũni't walâ cang guinagawâ cung dî pasama-ín ang lóob ng̃ iyóng anác! ¿Hindî ba caibigan mo ang Arzobispo? ¿Bákit hindî ca sumúlat sa canyá?

—Ang Arzobispo'y fraile rin, waláng guinagawâ ang Arzobispo cung dî ang sinasabi ng̃ mgã fraileng canyáng gawin. Ngũni, María, huwág cang umiyác; dárating ang Capitan General, nanasain cang makita, at mamúmulá ang mgã mata mo ... ¡Ay! ang isip co pa nama'y magtátamo acó ng̃ isáng hápong maligaya ... cung dî lámang itong nángyaring malakíng casacunâang ito'y acó sána ang lálong maligaya sa lahat ng̃ mgã táo at mananagbíli sa akin ang lahát ... Tumiwasáy ca, anác co; ¡higuit ang casaliwâng palad co cay sa iyó ay hindî acó umiiyác! ¡Maaaring magcaroon ca ng̃ mangĩngĩbig na lálong magaling, datapuwa't acó'y mawáwalan ng̃ limampóng libong piso! ¡Ay, Virgen sa Antipolo, cung magcaroon man lámang sána acó ng̃ magandáng palad sa gabing itó!

Mgã patóc, gúlong ng̃ mgã coche, tacbúhan ng̃ mgã cabáyo, músicang tumútugtog ng̃ marcha real ay nangãgbalítang dumating na ang mahal na Gobernador General ng̃ Kapulùhang Filipinas. Tumacbó si María Clara at nagtágò sa canyáng tinutulugang cabahayán ... ¡cahabaghabag na dalaga! ¡pinaglalaruan ang iyóng pusô ng̃ mgã magagaspáng na mgã camáy na hindî nacakikilala ng̃ canyáng mgã maseselang na mgã cuerdas!

Samantalang napúpuno ng̃ táo ang báhay at umaalíngãwngãw sa lahát ng̃ mgã pánig ang malalacás na yabág ng̃ mgã lumalacad, ng̃ mgã tínig na naguutos, calampág ng̃ mgã sable at ng̃ mgã espuela, nahahandusay namáng hálos nacaluhód ang lipós pighatíng dalága sa harapan ng̃ isáng estempa ng̃ Vírgen, na ang pagcacalarawa'y yaóng anyô ng̃ cahapíshapis na pang̃ung̃ulila, na si Delaroche lámang ang natutong macasipî ng̃ gayóng damdamin, na wari'y napanood nitó ng̃ manggaling na si Guinoong Santa María sa pinaglilibingãn ng̃ canyáng Anác. Hindî ang pighati ng̃ Inang iyón ang siyáng iniisip ni María Clara, ang iniisip niyá'y ang saríling capighatîan. Sa pagcâlungãyngãy ng̃ úlo sa dibdíb at sa pagcátiin ng̃ mgã camay sa sahig na tabla, ang azucenang hinútoc ng malacás na hang̃in ang canyang nacacatulad. Isáng hinaharáp na panahóng pinanag-inip at hinimashimas na malaon, mgã sapantahà ng̃ budhíng sumílang sa camusmusán at lumagong casabay ng̃ canyáng paglaki at siyang nabibigay casiglahán sa caibuturan ng̃ canyáng cataóhan, ¡acalaing catcatin ngãyón sa baít at sa púsò sa isá lamang salita. ¡Macacawang̃is itó cung patiguílin ng̃ tibóc ng púsò at bawian ang baít ng̃ canyáng liwánag!

Cung paano ang cabaitan at cabanalan ni María Clara sa canyáng pagcabinyagan, gayón din ang canyáng pagcamasintahin sa canyáng mgã magugúlang. Hindî lámang nacapagbíbigay tácot sa canya ang excomunión ang utos ng̃ canyang ama't ang pinagbabalaang catiwasayan nito'y páwang humihing̃ing inisin niyá ang canyáng pagsintá at ihayin sa gayóng mgã dakílang catungcúlan. Dinaramdam niyá ang bóong lacás ng̃ pagsinta cay Ibarra, na hanggang sa sandaling iyo'y hindî man lamang niyá hinihinalà. Ng̃ minsa'y isáng ilog na umaagos ng̃ bóong cahinhinan; mababang̃ong mgã bulaclac ang siyang nacalalatag sa canyang mgã pampang̃in. Bahagyá na napaaalon-alon ng̃ bang̃in ang canyáng ágos; cung panonoori'y masasabing tumitining. Datapuwa't dî caguinsaguinsa'y cumipot ang dinaraanan ng̃ ágos, magagaspáng na mgã malalakíng bató ang siyáng humahadlang sa canyáng paglacad, matatandáng mgã púnò ng̃ cáhoy ang siyáng nacahálang na sumasala, ¡ah, ng̃ magcagayó'y umatúngãl ang ilog, tumindig, cumulô ang mgã álon, nagwagwag ng̃ mandalâ ng̃ mgã bulâ, hinampás ang malalaking mgã bató at lumundág sa malálim na bang̃in!

Ibig niyá sanang manalangĩn, ngũnit ¿sino ang macapananalangĩn pagca nagngĩngĩtngĩt sa malakíng hirap? Nananalangĩn pagca may pag-asa, at cung wala'y nakikiusap tayo sa Dios, sa pamamag-itan ng̃ mgã buntóng hiningã. —"¡Dios co! ang sigaw ng̃ canyáng púsò,—¿bákit inihihiwalay mo ng̃ ganyán ang isáng táo, bakit ikinácait mo sa canyá ang pagsintá ng̃ mgã iba? Hindî mo ikinacait sa canyá ang iyong araw, ang iyong hangĩn at hindî mo man lamang itinatagò sa canyáng mgã matá ang iyong langĩt, ¿bakit ipagcacait mo sa canya ang pagsinta, gayóng walâ mang langĩt, walâ mang hangĩn at walâ mang araw ay mangyayaring mabúhay, datapuwa't cung walang pagsinta'y hindî mangyayari cailan man?

¿Dumarating cayâ sa trono ng̃ Dios ang gayóng mgã sigaw na hindî naririnig ng̃ mgã tao? ¿Naririnig cayâ ang mgã sigaw na iyón ng̃ Ina ng̃ mgã sawing palad?

¡Ay! ang cahabaghabag ng̃ dalagang hindî nacakilala ng̃ isáng ina'y nangãngãhas ipagcatiwalà ang mgã dalamhating itóng nagbubuhat sa mgã pagsinta sa ibabaw ng̃ lúpà doon sa calinislinisang púsò na walang nakilala cung di ang pag-íbig ng̃ anac sa ina at ang pag-íbig sa ina sa anac; tumatacbo siya, sa canyang mgã cahapisan, diyan sa larawan ng̃ babaeng dinídios, sa mithing lalong cagandagandahan sa láhát ng̃ mgã mithi ng̃ mgã kinapal, diyan sa lalong caayaayang likha ng̃ religion ni Cristo, na natitipon sa canyang sarili ang dalawang lalong cagandagandahang calagayan ng̃ babae, vírgen at ina, na hindî nalahiran ng̃ cahi't babahagyang dúngĩs, na tinatawang nating María.

—¡Ina!, ¡Ina!—ang canyang hibic.

Lumapit si tía Isabel, na siyang cumuha sa canya sa gayóng pighati. Dumatíng ang iláng canyang caibigang babae at ibig ng̃ Capitan General na siya'y makita.

—Tía, sabíhin pô ninyóng acó'y may sakít!—ang ipinakiúsap ng̃ dalagang nagugulat;—¡patutugtugin nilá acó ng̃ piano at pacacantahin!

Nagtindig si María Clara, tiningnan ang canyang tía, pinilipit ang canyang magagandang bisig at nagsasalitâ ng̃ pautal:

—¡Oh, cung mayroon sana acóng!...

Ngũni't hindî tinapos ang salitâ, at nagpasimulâ ng̃ paghuhúsay ng̃ canyang saríling catawan.

Decorative motif

Decorative motif

# XXXVII.

## ANG GOBERNADOR GENERAL

—¡Ibig cong causapin ang binatang iyan!—ang sabi ng̃ Gobernador General sa isang ayudante;—pinúcaw niyang totóo ang aking nasang siya'y makilala.

—¡May nangãgsilacad na pô upang siya'y hanapin, aking general! Datapuwa't díto'y may isang binatang taga Maynílà, na mapílit ang hing̃ing siya'y papasúkin díto. Sinabi pô namin sa canyang walang panahon ang camahalan ninyó, at cayó'y hindî naparíto upang duming̃ig ng̃ mgã pagsasacdal, cung dî ng̃ tingnan ang bayan at ang procesión; ng̃ũni't sumagót, na sa tuwituwî na'y may panahón daw na magagamit ang camahalan pô ninyó upang gumawâ ng̃ nauucol sa catuwíran....

Lining̃õn ng̃ Gobernador General na nagtataca ang Alcalde.

—Cung hindî pô acó nagcacamalî,—ang sagót ng̃ Alcaldeng yumucód ng cauntî,—iyan ang binatang canínang umaga'y nacagalít ni parì Damaso, dahil sa sermón.

—¿Diyata't mayroon pang iba pala? ¿Sinasadyà mandíng talaga ng̃ fraileng iyang guluhín ang lalawígan, ó baca cayâ ang ísip niya'y siya ang nacapangyayari rito? ¡Sabíhin pô ninyó sa binatang siya'y magtuloy!

Nagpapasial na pabalicbalic sa magcabicabilang dúlo ng̃ salas ang Gobernador General, na nangãngãtal sa galit.

Sa "antesala" (panig ng̃ bahay na na sa bago pumasoc sa salas) ay may ilang mgã castilà na nahahalò sa mgã militar, mgã namumunò sa bayan ng̃ San Diego at mgã mamamayan; sila'y nagsasalitaan ó nagmamatuwírang nagcacalúpon sa iba't ibang pangcat. Nangãroroon din naman ang lahat ng̃ mgã fraile, líban na lámang kay pári Dámaso, at ibig niláng pumások upang maghandóg ng̃ galang sa Gobernador General.

—Ipinamámanhic sa mgã camahalan pô ninyong mangãghintay ng̃ sandali—anang ayudande;—¡pumasoc pô cayô, binatà!

Namumùtla at nangãngãtal na pumasoc ang binatang iyóng taga Maynilà na madalas mámali sa pananalita na pinaghahaló ang griego at ang tagalog.

Pawang napuspós ng̃ pangguilalás ang lahat marahil, ngã'y totóong malaki ang galit ng̃ Gobernador General upang mangãhás na papaghintayin ang mgã fraile. Nagsalita si pári Sibyla:

—¡Acó'y walang anó mang sasabihin sa canyá!... ¡nagsasayang acó rito ng̃ panahon!

—Gayón din ang wicà co,—ang dugtong ng̃ isáng agustino;—¿táyo na?

—Hindî cayâ lalong magaling na ating siyasatin cung papaáno ang canyáng iniisip?—ang tanóng ni pári Salvi;—sa ganya'y maiilagan natin ang mgã upasala ng̃ mgã macaaalam.. at maipaaalaala natin sa canya ... ang canyáng mgã catungculan ...sa Religión,..

—¡Magtuloy pô ang mgã camahalan ninyó, cung inyóng ibig!—anang ayudante, na hatid ang binatang hindî nacauunawà ng̃ griego, na ngãyó'y lumálabas na taglay ang isáng pagmumukháng kinikinangãn ng̃ catuwáan.

Naunang pumasoc si párì Sibyla; sa licura'y sumúsunod si pári Salvi, si párì Manuel Martin at ang iba pang mgã fraile. Silá'y nangãgsiyucód ng̃ bôong capacumbabaan, liban na lámang cay párì Sibyla, na pinapanatilì, sampô sa canyáng pagyucod, ang tangĩng anyô ng̃ isáng nacatataas cay sa ibá; na anó pa't baligtad sa guinawá ni párì Salvi, na halos hinutoc ang bayawang.

—Sino pô sa mgã camahalan ninyó si párì Dámaso?—ang biglang itinanóng ng̃ Gobernador General, na hindî man lamang silá pinaupô, hindî silá kinumusta, at hindî silá pinagsabihan niyáng mgã salitang pangpapúri na pinagcaugaliang tanggapin ng̃ gayóng mgã catataas na úring mgã tao.

—Hindî pô, guinóo, casama namin si párì Dámaso!—ang sagót ni párì Sibyla ng̃ halos gayón ding masacláp na pananalitâ.

—¡Nacahigâ pô sa baníg at may sakit ang lingcôd ng̃ camahalan ninyó!—ang idinugtông na bóong capacumbabaan ni párì Salvi;—pagcatapos na magtamó ng̃ lugód na macabati pô sa inyó at macumusta namin ang inyóng calagayan, ayon sa nararapat gawin ng̃ lahat ng̃ mababait na mgã lingcód ng̃ Hari at ng̃ lahát ng̃ taong may pinag-aralan, naparito pô naman cami sa ngãlan ng̃ mapitagang lingcód ninyó, na may casaliwang palad na....

—¡Oh!—ang isinalabat ng̃ Capitán General, na pinipihit ang silla sa

pamamag-itan ng̃isáng páa nitó at saca ngũmiting nangãngãtal,—cung ang lahát ng̃mgã lingcód ng̃aking camahalan ay catulad ng̃camahalan ni parì Dámaso, lalong iibiguin co pang acó na ang maglingcód sa akin ding camahalan!

Ang mgã cagalangalang na mgã fraile na pawang nacatayò ang catawan ay nangãgsisitayò naman ang caniláng cáluluwa sa ganitóng pagcasasalabat.

—¡Cayó po'y mangãgsiupô!—ang idinugtóng ng̃ Capitán General, pagcatapos ng̃ sumandaling pagtiguil, at pinatamis ng̃ caunti ang canyáng pangũngũsap.

Lumalacad na patiad si capitang Tiagong nacafrac; hatíd niya't tangãn sa camáy ni María Ciara, na pumasoc na halos hindî macahacbang at kiming kimi. Gayón ma'y gumamit ng̃calugód-lugód at mapitagang pagyucód.

—¿Ang guinoong binibini pô bang itó ang anac ninyó?—ang tanóng na nagtataca ng̃Capitán General.

—¡At inyó pô, aking General!—ang sagót ni capitang Tiago ng̃ bóong cataimtiman.

—Nangãsidilat ang Alcalde at ang mgã ayudante; datapuwa't nanatili sa hindî pagngĩgiti ang Capitán General, iniabot ang camáy sa binibini at sa canyá'y sinabi ng̃matimyás na pananalitâ:

—Mapapalad ang mgã magugulang na may mgã anác na babaeng gaya pô ninyó, guinoong binibini! Cayó pó'y ibinalita sa aking carapatdapat na cayó'y pagpitaganan at pangguilalasán ... hinangãd co cayóng makita upang cayó'y pasalamatan dahil sa magandang guinawâ pô ninyo ngãyong araw na itó. Nalalaman cong "lahát" at hindî co lilimutin ang marangãl ninyóng inasal pagsúlat co sa Gobierno ng̃Harî. Samantala'y itulot pô ninyó, guinoong binibini, na pangãlan ng̃ dakilang Harî na dito'y aking ipinakikiharap, at umiibig ng "capayapaan" at "capanatagan" ng̃canyáng mgã tapat na loob na nasasacop, at sa pangãlan co naman, na pangãlan ng̃isáng amáng may mgã anác na babaeng casing gúlang pô ninyó, na cayo'y pasalamatan ng̃ boong ligaya, at ipagtagubiling bigyan ng̃isáng ganting pála!

—¡Guinoo!...ang tugón ni María Clarang nangãngãtal.

Nahulaan ng̃Capitan General cung anó ang talagang ibig niyang sabihin at sumagót:

—Totoó pong magaling, guinoong binibini, na cayó'y magcasiya sa galák

ng̃inyóng sarilíng budhî at sa pagmamahal ng̃inyóng mg̃a cababayan, na ang catunaya'y siyá ng̃ang lalong magaling na ganting pála, at hindi na tayo dapat humingî pa ng̃iba. Datapuwa't huwag pò ninyóng ikait sa akin ang magandang pagcacataong aking maipakilala na, cung marunong magparusa ang Justicia'y marunong di namang gumanting pála, at siya'y hindî parating "bulág."

Sinalità ng̃ Capitan General sa isáng paraang macahulugan at lalong malacás ang lahát ng̃mg̃a salitang napapaguitanan ng̃lambál na coma.

—Naghihintay po ng̃ mg̃a utos ng̃ camahalan ninyo si guinoong Juan Crisostomo Ibarra!—ang malacas na sabi ng̃isang ayudante.

Nang̃atal si Maria Clara.

—¡Ah!—ang biglang sinabi ng̃Capitan General,—tulot po ninyo, guinoong binibini, na sa layo'y sabihin ang aking nais na cayo'y muli cong makita bago co iwan ang bayang ito: mayroon pa po acong totoong mahahalagang bagay na sa inyo'y aking sasabihin. Guinoong Alcalde, sasamahan po ninyo aco sa boong aking pagpapasial na ibig cong gawing lácad, pagcatapos ng̃pakikipagsalitaan cay guinoong Ibarra, na cami lamang dalawa ang mag-uusap.

—Itulot pô ng̃camahalan ninyo,—ani pari Salvi ng̃boong capacumbabaan, na sa inyo'y ipaalaalang si guinoong Ibarra'y excomulgado....

Sinalabat siya ng̃Capitan General at ito ang sinabi:

—Lubos cong ikinatutuwang walang iba acong dapat ipamanglaw cung di ang calagayan ni pari Damaso, na aking hinahang̃ad ng̃"taimtim sa aking loob" na siya'y "ganap na gumaling," sa pagca't hindi marahil lubhang macapagpapasaya ng̃loob sa canyang gulang ang isang "paglalacbay sa España," dahil sa caramdaman ng̃ canyang catawan. Datapuwa't ito'y maalinsunod sa canyá ... at samantala'y ing̃atan nawâ ng̃Dios ang inyong mg̃a camahalan!

Nang̃agsialis ang isa't isa.

—At tunay ng̃ang maaalinsunod sa canya!—ang ibinúbulong ni párì Salvi, paglabás.

—¡Tingnan natin cung sino ang mauunang maglalacbay agad!—ang Idinugtóng ng̃isa pang franciscano.

—¡Yayao aco ng̃ayon din!—ang sabing masama ang loob ni párì Sibyla.

—¡At cami paparoon sa aming lalawigan!—ang sinabi ng̃mg̃a agustino.

Hindi matiis ng̃ isa't isa, sa dahil na masamang cagagawan ng̃ isang franciscano'y kinausap sila ng̃ Capitán General ng̃ malakíng calamigán.

Nasalabong nila sa antesala si Ibarra, na sa canila'y nagpacaing iilan pa lamang ang oras na nacararaan. Hindî sila nagbatian, ng̃uni't nagcaroon ng̃ mg̃a tingĩnang lubhang marami ang sinasaysay.

Iba naman ang guinawa ng̃ Alcalde; ng̃ walâ na roon ang mg̃a fralle'y binati siyá at maguiliw na iniabot sa canya ang camáy, datapuwa't hindî sila nacapagsalitaan ng̃ ano man, dahil sa pagdating ng̃ ayudante.

Nasalubong niya sa pintuan si Maria Clara: maraming bagay rin ang mg̃a sinabi ng̃ titigang guinawa ng̃ dalawa, ng̃uni't ibang iba sa mg̃a sinalita ng̃ mg̃a mata ng̃ mg̃a fraile.

Humacbang ng̃ ilang patung̃ sa canya ang Capitan General.

—Lubós na lubós ang aking galac sa aking mahigpit na pakikicamay sa inyó, guinoong Ibarra. Itulot pô ninyó sa aking cayó'y tanggapin co ng̃ boong pagpapalagay ng̃ loob.

Tunay ng̃a namang pinanonood at pinagmamasid ang binata ng̃ Capitán General na napagkikilala ang canyang catuwaan.

—Guinoo ... ang ganyang pagcalakilaking cagandahan ng̃ loob....

—Nacasusugat sa akin ang inyóng pagtataca, inyóng ipinakikilala sa aking hindî ninyó inaasahang cayó'y pagpapakitaan co ng̃ magandang loob sa pagtanggap co sa inyó: itó'y pagcuculang tiwalâ sa aking pagmamahal sa catuwiran.

—Hindî pô pagbibigay ng̃ catuwiran, guinoo, cung di pagpapautang ng̃ loob ang isáng pagtanggap—catoto sa isang gaya cong walang anó man cahulugang sumasailalim ng̃ capangyarihan ng̃ mahal na Harì.

—¡Mabuti, mabuti!—anang Gobernador General na naupo at tulóy itinurò sa canyá ang isáng upuan;—bayaan ninyóng acó'y magtamó ng̃ sandaling pagbubucás ng̃ pusò; totoong malaki ang aking pagcalugód sa inyóng caasalan; caya ng̃a't cayó'y inihing̃ĩ co na sa Gobierno ng̃ Harì ng̃ isáng ganting palang dang̃al (condecoración), dahil sa caisipan ninyóng pagcacaawang gawang pagtatayó ng̃ isáng páaralan ... Cung nagsalitâ lamang cayó sa akin, pinanood co sana ng̃ boong tuwâ ang pagdidiwang na guinawâ at marahil ay nailigtas co cayó sa isáng sama ng̃ loob.

—Sa ganang aki'y ipinalalagay cong napacaliit ang aking adhicâ,—ang isinagót ng̃ binata,—na hindi co inacalang may cauculáng carapatan upang abalahin co ang inyóng caisipan na lubháng maraming pinangãngãsiwaan; bucód sa ang catungculan co'y sa unang punò ng̃ aking lalawigan magsalitâ muna.

—Iguinaláw ng̃ Capitan General ang canyáng úlo, na nagpapakilala ng canyáng ligaya, at nalalao'y lalong gumagamit ng̃ anyóng pagpapalagay ng̃ loob, at nagpatuloy ng̃ pananalità:

—Tungcól sa samaan ng̃ loob na nangyari sa inyó at kay párì Dámaso, huwag pô cayóng matatacot at huwag din namang mag-iingãt ng̃ pagtatanim hindî sásalangĩn ang isá man lámang buhóc ninyó sa úlo samantalang acó ang namamahalà sa Kapulúan, at tungcól naman sa excomunión, cacausapin co na ang Arzobispo, sa pagca't kinacailangãng makibagay tayo sa lacad ng̃ panahón: dito'y hindî tayo macapagtatawa sa mgã bagay na itó sa hayagang gaya sa España ó sa paham na Europa. Gayón ma'y dapat cayóng magpacaingãt sa hinaharap na panahón; nakipagtunggali cayó ng̃ paharapan sa mgã capisanang dahil sa caniláng cahulugan at cayamana'y kinacailangãng siya'y igalang. Ngũni't cayó'y aking tatangkilikin, sa pagca't kinalulugdan co ang mgã mababait na anác, kinalulugdan co ang magbigay unlác sa capurihán ng̃ mgã namatay ng magulang; acó man nama'y umibig din sa aking mgã magúgulang, at ¡tulungãn acó ng̃ Dios! hindî co maalaman ang aking gagawin sa calagayan pô ninyô!....

At bigláng bigláng binago ang salitaan, at tumanóng:

—Ibinalitâ sa aking galing daw pô cayó sa Europa, ¿nátira ba cayó sa Madrid?

—Opô, natira acóng iláng buwán doon.

—Hindî ba ninyó naririnig sa mgã salitaan doon ang aking familia?

—Bagong caaalis pa pó ninyo ng̃ acó'y magtamó ng̃ capurihang ipakilala sa inyong familia.

—At cung gayó'y bakit naparito cayó ng̃ waláng dalá na anó mang súlat na pangtagubilin sa akin at ng̃ cayó'y aking tangkilikin?

—Guinoo,—ang sagót ni Ibarrang casabay ang pagyucod,—sa pagca't hindî tulóy tulóy na galing aco sa España, at sa pagca't palibhasa'y sinabi sa akin cung anó po ang caugalian ninyó, inaaala cong hindî lamang walang cabuluhan ang isáng sulat na pangtagubilin sa inyóng acó'y inyóng tangkilikin, cung dî naman isáng capaslangãn pô sa inyó: talagáng natatagubilin sa inyò caming mgã

filipinong lahát.

Nasnaw ang isáng ngĩti sa mgã labi ng̃matandang militar, na madalang na muling sumagót, na anaki'y sinusucat at tinitimbang ang canyang mgã salita.

—¡Ikinaliligaya cong umisip cayo ng̃papaganyan, at ... ganyan ngã sana! Gayón man, binata, dapat pô ninyóng maalaman cung anó ang mgã mabibigat na bagay na pinapas-an namin sa Fiilpinas, Dito'y caming mgã matatandang mgã militar, kinacaliangãng gawin namin at lumagay cami sa lahat; Hari, Ministro ng Estado, ng̃Guerra, ng̃Gobernación, ng̃Fomento, ng̃Gracia at Justicia at iba pa, at ang lalo pang masama'y kinacailangãn naming ipagtanóng ang bawa't bagay sa malayong Inang Bayan, na sinasang-ayunan ó minamasama, ng̃papikit cung minsan, ayon sa casalucuyang panahón, ang aming mgã panucalang cahingĩan. At ¡bago sasabihin namin mgã castilang; Ang yumayacap ng̃malaki'y hindî nacapipisil na mabuti! Bucód sa rito'y ang caraniwan, napaparito caming bahagya na napagkikilala ang lupaing itó, at iniiwan namin pagpapasimula naming makilala.—Sa inyo'y macapagsasalitá acó ng̃walang ligoyligoy, sa pagca't walang cabuluhang magpacunuwari acó ng̃ibáng bagay. Caya ngã cung sa España, na bawa't bagay may ucol na canyáng ministro, na ipinangãnác at lumaki rin sa lupaíng iyón; na may mgã pámahayagan at napagkikilala ang munacala ng̃mgã mamamayan, na iminumulat at ipinauunawa sa Gobierno ang canyáng mgã camalian ng̃canyá ring mgã camáy, gayón ma'y hindî wastô at maraming totoo ang mgã caculangãn, isáng himala na dito'y hindî magcaguló-gulong lahát, sa caculangãn ng̃mgã cagalingãng sinabi co na, bucód sa rito'y may isáng macapangyarihang caaway na humahadlang sa lihim sa icagagaling nitong Kapuluan at lumulubid sa cadiliman ng̃icahihintó nitó sa pagsúlong sa guinhawa at dangãl. Hindî nagcuculang ng̃magagandang panucalà ang mgã namamamahala, ngũni't napipilitan camíng gumamit ng̃mgã matá at mgã bisig ng̃ibá na ang caraniwa'y hindî namin kilala, na marahil hindî ang paglilingcód sa canyang sariling Bayan ang guinagawâ, cung dî ang paglilingcód lamang sa sariling iguiguinhawa. Ito'y hindî casalanan namin, cung dî sa calacaran ng panahón; hindî cacaunti ang naitutulong sa amin ng̃mgã fraile, datapuwa't hindî na macasasapát silá ... Ibig cong ipagmalasakit cayó, at ibig co sanang huwag macapagpahamac sa inyó ng̃anó man ang mgã caculangãn ng̃casalucuyang sinusunod naming pamamahalà ... hindî co mangyaring maampon ang lahat, at hindi namán macapagsacdal na lahát sa akin. ¿May magagawâ pô ba acó sa inyóng mapakikinabangãn ninyó cahi't cacaunti? ¿mayroon pô ba cayóng anó mang ibig hingĩ sa akin?

Nagnilay-nilay si Ibarra.

—Guinoo,—ang isinagót,—ang lalong malaking nais co'y ang ililigaya nitóng aking bayan, ligayang ibig co sanang maguing cautangg̃an niya sa Inang Bayan, at sa pagpupumilit ng̃aking mg̃a cababayan, at mabigkisán ang Inang Bayan at ang aking mg̃a cababayan ng̃waláng hanggang tali ng̃nagcacaisang mg̃a adhicá at ng̃ nagcacaisang mg̃a pag-aari. Ang Gobierno lámang ang macapagbibigay ng̃aking cahing̃ian, pagcatapos ng̃mahabang panahóng laguing pagsusumakit at ng̃tapat na mg̃a pagbabago ng̃mg̃a cautusán.

Tinitigang sandalî ng̃Capitán General, titig na tinumbasán ni Ibarra ng gayón din catagal na titig.

—¡Cayó pô ang unang lalaking nacausap co sa lupaing itó!—ang bigláng sinabi at iniabot sa canyá ang camáy.

—Walâ pô cayóng nakikita cung dî ang mg̃a táong dito sa ciudad ay humihilahod, hindî pô ninyó nadadalaw ang pinararatangg̃ang mg̃a dampá sa aming mg̃a bayan; cung mamasid pô sana ninyó sila'y macacakita cayó ng̃tunay na may magandang púsò at mg̃a dalisay na caasalan.

Nagtindig ang Capitán Ganeral at nagpasyál ng̃pacabícabila sa sálas.

—Guinóong Ibarra,—ang pagdaca'y sinábi, na bigláng tumíguil,—ang bináta'y tumindig;—maráhil yayáo acó sa lóob ng̃isáng buwán; hindî nauucol sa inyóng báyan ang patacbó ng̃inyóng isip at ang inyóng pinag-arálan. Ipagbili pô ninyó ang lahát ninyóng mg̃a ariarian, paghusáyin ninyó ang inyóng cabán ng damit at sumáma cayó sa akin sa Europa; ang sing̃áw ng̃ lúpà roo'y macagágaling sa inyó.

—¡Hindî co calilimutan hanggang nabubuhay ang magandang loob na pakita sa akin ng̃inyó pong camahalan! ang isinagot ni Ibarrang nababagbag ng caunti ang calooban;—datapuwa't dapat acóng tumirá sa lupaing kinabuhayan ng aking mg̃a magugulang.....

—¡Kinamatayán nilá, ang lalong carapatdapat ninyóng sabíhin! Maniwalà pó cayó sa akin, marahil higuít ang aking pagcakilala sa inyóng lupaín cay sa inyó ... ¡Ah! maalaala co palá,—ang canyang bigláng sinábi na nagbago ng̃anyô ng̃pananalitâ,—¡cayó'y mag-aasawa sa isáng dalagang carapatdapat sambahín, ay biníbinbín sa cayó dito! ¡Humayó cayó! ¡humayó cayó sa canyang tabí at ng lalo cayóng magcaroon ng̃calayaan ay paparituhin ninyó sa akin ang canyáng amá,—ang idinagdág na nacang̃itî.—Gayón ma'y huwág ninyóng lilimuting ibig cong samáhan ninyó acó sa pagpapasyál.

Yumucód si Ibarra at yumáo.

Tináwag ng̃ Capitán General ang canyáng ayudante.

—¡Nagágalac acó—anyá, na tinatapictapíc ang balicat ng̃ ayudante;—ng̃ãyón co lamang nakita cung paano ang paráan upang maguíng isáng magaling na castilà, na hindî kinacailang̃ãng talicdán ang pagca magalíng na filipino, at sintahín ang canyáng sariling báyan; sa cawacasa'y naipakilala co ng̃ãyón sa mg̃ã fraile na hindî larûan nilá ang lahát sa atin; ¡binigyáng bútas acó ng̃ binátang itó sa paggawa ng̃ gayón, at hindî malalao't mabibigyan co ng̃ tapat na tumbás ang fraile! ¡Sáyang at ang binatang iya'y balang araw ay ... datapuwa't paparituhin mo ang Alcalde sa akin!

Humaráp caracaraca sa canyá ang Alcalde.

—Guinoong Alcalde,—ang sinábi sa canya pagpasoc niya,—ng̃ mailagang mangyari uli ang "napanood" ng̃ camahalan pô ninyóng mg̃ã "cagagawan", mg̃ã cagagawang dinaramdam co, palibhasa'y "nacasisirang púrì" sa Gobierno at sa lahat ng̃ mg̃ã castilà, nang̃ãng̃ãhas acóng ipagbílin sa inyó ng̃ "totoong mahigpit" si guinoong Ibarra, upang hindî lamang ipagcaloob ninyó sa canya ang mg̃ã kinacailang̃ãn at ng̃ maganap niyá ang canyang mg̃ã panucalang nauucol sa icapagcacapúrì ng̃ Inang-Bayan, cung dî naman ìpang̃ĩlag ninyó sa hinaharap na panahóng siya'y bagabaguin ng̃ taong sino man at sa dahilang paano mang paraan.

Napag unawà ng̃ Alcalde ang sa canya'y pagsisi, caya ng̃ã't siya'y yumucód upang mailihim ang cagulumihanan ng̃ canyang lóob.

Ipasabi pô ninyó ang gayôn dín sa alférez na siyang nag-uutos dito sa "sección", at inyó pong siyasatin cung túnay ng̃ãng may mg̃ã tang̃ĩng cagagawang sarilí ang guinóong iyan, na hindî sinasabi ng̃ mg̃ã "reglamento": hindî lamang íisang caraing̃ãn ang aking naring̃ĩg tungcól sa ganitóng bagay.

Humarap si capitang Tiagong matigas ang damít na magaling ang pagcacaprinsa.

—Don Santiago,—ang sa canyá'y sinabi ng̃ capitan General sa salitang mairog,—hindî pa nalalaong aking sinaysay ang aking pakikianib sa inyó ng̃ galac, dahil sa pagcacapalad ninyóng magcaroon ng̃ isang anac na babaeng gaya na ng̃ã baga ng̃ binibining de los Santos, ng̃ãyo'y nakikisama naman acó sa galac ninyó, dahil sa ínyong mamanugang̃ĩn: ang catotohanan ng̃ã'y ang lalong mabait sa mg̃ã anac na babae ay carapatdapat sa lalong magaling na mamamayang lalaki

sa Filipinas. ¿Hindî pô ba mangyaring aking maalaman sa inyó cung cailang cayà ipagsasaya ang canilang pagcacasal?

—!Guinóo!...—ang pautal na sabi ni Capitang Tiago, at pinahid ang pawis na umaagos sa canyang nóo.

—¡Aba! ¡ayon sa masíd co'y walà pang matibayang taning! Sacali't cúlang ng̃ mgã padrino'y aking icagagalac ng̃ malaki na acó ay maguíng isa sa canila. Itó'y ng̃ mapawì ang aking masamang pakilasa sa maramíng casalang linabasan co ríto ng̃ padrino hangga ngãyon!—ang idinugtóng, na ang Alcalde ang pinagsasabihan.

—¡Siya ngã̄ pô!—ang isinagót ni Capitang Tiago, casabay ang isang ngĩting nacaaakit sa pagcahahabag sa canya.

Pinaroonan si María Clara ni Ibarrang halos tumatacbo sa paglacad: maraming lubhang sasabihin at isasaysay niya sa caníyang casintahan. Nacaringĩg siyà ng̃ masasayàng voces sa isâ sa mgã tahanan ng̃ báhay, cayá't siyá'y maráhang tumáwag sa pintúan.

—¿Sinong tumatáwag?—ani María Clara.

—¡Aco!

Tumahímic ang mgã voces at ang pintúa'y....hindî nabucsán.

—¿Acó ang tumatawag, ¿macapapasoc ba acó?—ang tanóng ng̃ binátá, na ang púso'y tumítiboc ng̃ lubháng malacás.

Nanatili ang catahimican. Ng̃ macaraan ang sandali'y mararahang mgã hacbang ang nangãgsilápit sa pintò, at ibinulóng sa bútas ng̃ susian ng̃ masayáng voces ni Sínang.

—Crisóstomo, pasasa teatro camí ngãyóng gabí; isúlat mo ang ibig mong sabihin cay Maria Clara.

At nangãgsilayo ang mgã hacbang na matúlin ding gáya ng̃ pagcalapit.

—¿Anô ang cahulugan cayâ nito?—ang ibinulong ni Ibarrang naglilining-lining at untiunting lumálayò sa pintúan.

Decorative motif

Decorative motif

# XXXVIII.

## ANG PROCESION.

Paggabì, at ng̃násisindi ng̃lahát ang mg̃a farol sa mg̃a bintanà, guinawâ ang icaápat na paglabás ng̃ procesión, na sinásabayan ng̃REPIQUE ng̃ mg̃a campaná at ng̃talastás ng̃dating mg̃a putucan.

Ang Capitan General na nagpápasyal ng̃lacád, na caacbáy ang canyáng dalawang ayudante, si Capitang Tiago, ang Alcalde, ang Alférez at si Ibarra, na pinang̃ung̃unahan ng̃ mg̃a guardía civil at ng̃ mg̃a púnong-báyan, na siyáng nang̃ag̃wawahi ng̃dáan at nagpapatabí sa tao, inanyayáhan silang doon manóod ng̃pagdáan ng̃procesiôn sa báhay ng̃Gobernadorcillo, na nagpatayò sa harapán ng̃isáng tablado, upang doon saysayín ang isang LOA (pagpupuri) sa pag bibigay dang̃ãl sa Santong Patrón.

Tinalicdán maráhil ng̃bóong galác ni Ibarra ang pakikiníg ng̃tuláng iyón, palibhasa'y lálong minámagaling pa niyáng doon na manóod ng̃procesión sa báhay ni Capitang Tiago, na kinatitirahan ni María at ng̃caniyáng mg̃a caibigang babáe, ng̃uni't sa pagcá't íbig ng̃ Capitan General na mápakinggan ang LOA, napilítan siyáng mag-alíw na lámang sa pag-ásang si María Clara'y canyáng makikita sa teatro.

Ang pasimulà ng̃procesió'y mg̃a "ciriales" na pílac, na taglay ng̃tatlóng mg̃a sacristáng nang̃ãcaguantes, sumúsunod ang mg̃a batá sa páaralang casáma ang caniláng maestro; pagcatápos ay ang mg̃a batáng may daláng mg̃a farol na papel, na ibá't ibá ang mg̃a cúlay at anyô, nacalagáy sa dúlo ng̃isáng tikíng humiguít cumúlang ang hába sa napapamutíhan ng̃alinsúnod sa naisipán ng̃mg̃a batá, sa pagca't ang nagcacagúgol ng̃ pag-ilaw na ito'y ang mg̃a musmós sa náyon at ang náyon, at ang pinabahalàan. Malígáyang guináganap nilá ang tungcúling itóng iniátang sa canilá ng̃MATANDA SA NAYON; bawa't isa'y nagmumunacálá at gumagawà ng̃canyáng farol, pinapamútihan ng̃magaling̃n niláng mg̃a sábit at ng̃maliliit na mg̃a bandílá, alinsunod namán sa calagayan ng̃ caniláng bulsá, at sacâ iniilawan ng̃ isáng upós ng̃ candilà, sacali't macapanghing̃i sila sa isáng caibigan ó camag-ánac na sacristan, ó cung dili caya'y bumibili sila ng̃isáng maliit na candilang mapulá, na guinagamit ng̃mg̃a

insíc sa caniláng mgã altar.

Sa calaguitnaa'y nagpaparoo't parito ang mgã alguacil at mgã teniente ng justicia, upáng pangãsiwàang huwag magcáwatac-watác ang mgã hanáy at huwág magcábuntón-buntón ang mgã tao, at sa ganitóng cadahilana'y guinagawà niláng tagapamag-itan ang caniláng VARAS, sa pagcat sa mgã panghahampas nila nito, na ipinamamamahagui nila ng̃ ucol at catatagang lacas nasusunduan nilá ang pagcáunlac at carikitan ng̃ mgã proceción, sa icababanal ng̃ mgã cáluluwa at ininingning ng̃ mgã pagdiriwáng ng̃ religiôn!

Samantálang ipinamamamahágui ng̃ waláng báyad ng̃ mgã alguacil ang ganitóng pangbanál na mgã paló ng̃ yantóc, ang ibá nama'y namímigay rin ng waláng báyad ng̃ malalaki't maliliit na mgã candilá, at ng̃ sa gayo'y caniláng maaliw ang mgã pinalô.

Guinoong Alcalde,—ani Ibarra, ng̃ sabing mahína,—guinagawá po bà ang mgã pamamálong iyan upang mabigyáng caparusahán ang mgã macasalanan, ó dahilán lámang na canilang naibigan?

—¡Sumasacatuwiran pô cayô, guinoong Ibarra!—ang sagot ng̃ Capitan General na naringĩg ang gayong catanungãn:—nacapagtátaca ang ganitóng napapanóod na ... catampalasanan sa bawa't maparitong taga ibáng lupaín. Nararapat ngãng ipagbáwal.

Hindî maalaman cung anó ang dahil at cung bakit ang nangũngũnang santo'y si San Juan Bautista. Sa nakikitang calagayan niyá'y masasabing hindî totoong kinalulugdan ng̃ mgã tao ang mgã cagagawán ng̃ pinsan ng̃ ating Pangĩnoong Jesucristo; túnay ngã't siyá'y may mgã paa't binting dalága, at may pagmumukháng ermitaño, datapuwa't ang kinalalagyan niya'y isáng lúmang andás na cáhoy, at siyá'y dinídimlan ng̃ iláng mgã batang may mgã daláng farol na papel na waláng ílaw, NA nangãgpapaluan nang lihím ng̃ canicanilang farol ang isá't isá.

—¡Cúlang pálad!—ang ibinúbulong ng̃ filosofo Tasio, na pinanonóod ang proseción mulà sa daan;—hindî macapagbibigay cagalingãn sa iyo ang icáw ang náunang nagsaysay ng̃ Magandang Balitá, at ang cahi't yumucód sa iyo si Jesús! ¡hindî nacapagbíbigay cagalingãn sa iyo ang inyong malaking pananampalataya't ang iyóng pagpapacahírap, at ang iyo man lámang pagcamatay dahil sa pagwalanggaláng mo ng̃ catotohanan at ng̃ iyong pinananaligan; linilimot ang lahat ng̃ itó ng̃ mgã tao, pagca waláng tagláy cung di ang sarîling mgã carapatán! Lalong magaling pa ang magsermón sa mgã simbahán cay sa maguíng cawiliwiling tinig na sumisigaw sa mgã iláng, nagpapakilala sa iyó ang mgã

bágay na itó cung anò ang Filipinas. Cung pano sána ang iyóng kináin at hindî mgã balang, cung ang dinamít mo sana'y sutlà at hindî balat ng̃mgã hayop, cung nakipánig cá sa isáng Capisánan ng̃mgã fraile....

Ngũni't inihintô ng̃matandáng laláki ang canyáng mgã pagsísi, sa pagca't dumárating si San Francísco.

—¿Hindî ba sinabi co na ngã?—ang itinulóy na ngũmingĩtî ng̃patuyâ;—itó'y na sa isáng carro at ¡Santo Dios! gaáno caráming mgã ilaw at gaáno caráming mgã faról na cristal! ¡Cailan ma'y hindî ca naliguid ng̃ganyáng caráming mgã pangliwánag, Giovanni Bernardone! ¡At pagcagalinggalíng na músical ibang mgã tínig ang ipinaringĩg ng̃mgã anác mo ng̃mamatáy na icáw! Datapuwà, ¡cagalanggalang at mápacumbabang nagtayô ng̃isáng Capisánan, cung mabúhay cang mag-ulî ngãyon, walâ cang ibang makikita cung dî ngã haling na Eliasis de Cortona, at sacáli't makilala ca ng̃iyóng mgã anác, ibíbilanggô icaw at maráhil ay mawángĩs ca sa kinaratnan ni Cesario de Speyer!

Sumusunod sa música ang isáng estandarte na kinalalarawanan ng̃santo ring iyon, datapuwa't may pitóng pacpac. Dalá ang estandarteng iyón ng̃mgã "hermano tercero," na nacahabitông guingón at nagdarasal ng̃malacás at sa anyóng caawá-awáng tiníg.—Ayawàn cung ano ang dahil ng̃pagcacagayón, sumúsunod doon si Santa María Magdalena, na pagcagandagandang larawang may saganang buhóc, may panyong pinyang bordado sa mgã daliring punô ng̃ mgã singsíng, at nararamtán ng̃damit na sutlang may pamuting mgã malalapad na guintó. Naliliguid siyá ng̃mgã ilaw at ng̃incienso; nangãngãnino sa canyáng mgã luhang virdrio ang mgã culay ng̃mgã ìlaw "bengala," na nagbibigay sa procesión ng̃anyóng cahimahimalá, caya ngã't cung minsá'y lumuluha ang santang macasalanan ng̃verde, cung minsa'y pulâ, minsa'y azul at iba pa. Hindî nagpapasimulá ang mgã bahay ng̃pagpapaningãs na mgã ilaw na itó cung dî cung nagdaraan si San Francisco; hindî tinatamo ni San Juan Bautista ang ganitong mgã carangãlan, caya't dalidaling nagdaraán, na canyáng pagcahiyá na siyá lamang ang bucód na ang pananamìt ay balát ng̃mgã hayóp sa guitnâ ng̃ gayóng caraming mgã taong lipós ng̃guintô at mgã mahalagang bató.

—¡Nariyán na ang ating santa!—anang anác na babae ng̃gobernadorcillo sa canyáng mgã panauhin; ipinahirám co sa canyá ang aking mgã singsíng, ngũni't ng̃aco'y magtamó ng̃langĩt.

Nangãgsisitiguil ang mgã nangãgsisi ílaw sa paliquid ng̃tablado upáng mapakinggan ang LOA (pagpupuri), gayón din ang guinagawá ng̃mgã santo; ibig na man nilá ó ng̃sa canilá'y nangãgdadalang makinig ng̃mgã tulá. Sa pagca

pagód ng̃cahihíntay ng̃mg̃a nangãgdadala cay San Juan, sila'y nangãgsiupo ng̃ patingcayad, at pinagcaisahan nilang ilagay muna sa lupa ang santo.

—Baca maggalit ang aguacil ang tutol ng̃isà.

—¡Hes! ¡diyata't sa sacristia'y inilalagay lamang siyá sa isáng suloc na may mg̃a bahay ng̃gagambá!

At ng̃mapalagay na sa lupa si San Juan, siya'y nagmúkhang tila isá sa mg̃a taong-bayan.

Nagpapasimula ang hanay ng̃mg̃a babae buhat cay Magdalena, ang caibhân lámang ay hindî nagsisimula muna sa hanay ng̃mg̃a batang babae, na gaya ng̃ mg̃a lalaki, cung di ang mg̃a matatandáng babae ang nang̃ung̃una at sumusunod ang mg̃a dalaga na siyang nangãsahulí ng̃procesión hanggang sa carro ng̃Virgen na sinusundan ng̃cura na napapandung̃an ng̃palio. Pacana ang caugaliang itó ni pari Damaso, na siyang may sabi: "Hindî ang mg̃a matatandang babae ang kinalulugdan ng̃Virgen cung di ang mg̃a dalaga", bagây na isinasamà ng̃mukha ng̃maraming babaeng mapag-anyong banál, ng̃uni't sumasang-ayon sila at ng̃ mapagbigyang loob ang Virgen.

Sumúsunod cay Magdalena si San Diego, baga man sila hindî niya ikinatutuwa ang gayóng calagayan, sa pagca't nananatili sa canyang mukha ang cahapisan, na gaya rin caninang umaga ng̃sumusunod siya sa licuran ni San Francisco. Anim na mg̃a "hermana tercera" ang humihila sa canyáng carro, dahil sa cung anong pang̃aco ó pagcacaramdam; ang catotohana'y sila ang humihila, at taglay nila ang boong pagsusumipag. Huminto si San Diego sa harap ng̃tablado at naghihintay na siya'y handugan ng̃bati.

Datapuwa't kinakailangang hintayin ang carro ng̃Virgeng pinang̃ung̃unahan ng̃mg̃a taong suot "fantasma" ó multó, na nacagugulat sa mg̃a bata; caya ng̃a't naririnig ang iyacan at sigawan ng̃mg̃a sanggol na mg̃a haling ang caisipan. Gayón man, sa guitna ng̃madilim na pulutóng na iyon ng̃mg̃a hábito, mg̃a capuchón, mg̃a cordón (lubid) at mg̃a lambóng, na caalacbay yaóng dasál na pahumál at hindi nagbabago ang tinig, na papanood na wang̃is sa mg̃a mapuputing mg̃a jazmin, tulad sa mg̃a sariwang sampaga nahahalo sa mg̃a lumang mg̃a basahan, ang labing dalawang batang babaeng nagagayasan ng̃puti, nacocoronahan ng̃ mg̃a bulaclac, culót ang buhóc, nagniningning ang mg̃a matang cahuad ng̃caniláng mg̃a collar; waláng pinag-ibhan sa mg̃a angel ng̃ caliwanagang napipilit ng̃mg̃a multó. Sila'y pawang nacacapit sa dalawang mg̃a sintas na azul na nacatali sa carro ng̃Virgen, na nagpapaalaala sa mg̃a calapating humihíla sa "Primavera" (larawan ng̃pasimula ng̃tag-araw.)

Pawang handa na sa pakikinig ang lahat ng̃ mg̃a larawan, na nagcacadaidaiti sila sa pag-ulinig ng̃mg̃a tula; nacatitig ang lahát sa nacasiwang na cortina (tabing ng̃pintuan); sa cawacasa'y isang "aaah!" ng̃pangguiguilalas ang nagpumiglas sa mg̃a labi ng̃lahat.

At carapatdapat ng̃ang pangguilálasan: siya'y isáng malakilaki ng̃batang lalaking may mg̃a pacpac, "botas" na pangpang̃abayo, banda, cinturón at sombrerong may mg̃a plumaje.

¡Ang señor Alcalde mayor!—ang sigaw ng̃isá; datapuwa't nagsimula ang himala ng̃mg̃a kinapal ng̃pagsasaysay ng̃isang tuláng cawang̃is din niyá, at hindî niyá isinama ng̃loob ang sa canya'y pagtutulad sa Alcalde.

Bakin pa sasaysayin dito ang mg̃a sinabi sa wicang latín, tagalog at wicang castila, na pawang tinula, ng̃ caawaawang binigyang pahirap ng gobernadorcillo? Linasap na ng̃mg̃a bumabasa sa amin ang sermón ni pari Damaso caninang umaga, at ayaw ng̃a caming sila'y lubhang palayawin ng napacarami namang mg̃a caguilaguilalas na mg̃a bagay, bucód sa baca pa sumama ang loob sa amin ng̃franciscano cung siya'y ihanap namin ng̃isang macacapang̃agaw, at ito ang aayaw cami, palibhasa'y cami taong payapa, sa cagaling̃an ng̃aming capalaran.

Ipinagpatuloy pagcatapos ang procesión: ipinagpatuloy ni San Juan ang malabis ng̃saclap na canyang paglalacad.

Ng̃magdaan ang Virgen sa tapat ng̃bahay ni cápitang Tiago'y isang awit-calang̃itan ang sa canya'y bumati ng̃mg̃a sinalita ng̃Arcángel. Yao'y isang tinig na caayaaya, matining, mataguinting, nagmamacaawa, itinatang̃is warî ang "Ave María" ni Gounod, na sinasaliwan ng̃ pianong siya rin ang tumutugtóg at caacbay niyang dumadalang̃in. Nagpacapipi ang música ng̃procesión, huminto ang pagdarasal at tumiguil pati ni pari Salvi. Nang̃ang̃atal ang voces at bumúbunglos ng̃mg̃a luha: higuit sa isang pagbati, ang sinasaysay niya'y isáng mataós na dalang̃in, isang caraing̃an.

Narinig ni Ibarra ang tínig mula sa kinálalagyang durung̃awan, at nanaog sa ibabaw ng̃canyang puso ang pang̃ing̃ilabot at calungcutan. Napagkilala niya ang sa caluluwang iyong dinaramdam, na isinasaysay sa isang pag-awit, at nang̃anib siyang magtanong sa sarili ng̃cadahilanan ng̃gayong pagpipighati.

Mapanglaw at nag-iisip-isip ng̃siya'y masumpong ng̃Capitan General.

—Sasamahan ninyó acó sa pagcaín sa mesa; pagsasalitaanan nátin doon ang

nauucol sa mgã batang nángãwala, ang sa canya'y sinabi.

—Acó caya baga ang pinagcacadahilanan?—ang ibinulóng ng̃ bìnata, na baga man tinitingnán niya'y hindi niya nakikita ang Capitan General, na canyáng sinundan ng̃ wala sa canyang loob.

Decorative motif

Decorative motif

# XXXIX.

## SI DONA CONSOLACION.

¿Bákit nacasará ang mgã bintana ng̃ bahay ng̃ alférez? ¿saan naroroon, sámantalang nagdaraan ang procesión, ang mukháng lalakí't nacabarong francia na Medusa ó Musa ng̃ Guardia Civil? Napagkilala caya ni doña Consolacióng lubhang nacasusunsot ang canyang noong nababalatayan ng̃ mgã malalaking ugât, na wari'y siyang pinagdaraanan, hindî ng̃ dugó, cung di ng̃ suca at apdó; ang malakíng tabacó, carapatdapat na pamuti ng̃ caniyang moradong mgã labi, at ang canyang mainguiting titig, na sa canyang pagsang-ayon sa isang magandang udyóc ay hindî niyá inibig na gambalain sa canyang calaguimlaguim na pagsungãw, ang mgã catuwaan ng̃ caramihang tao.

¡Ay! sa ganáng canya'y nagnawnáw lámang, ng̃ panahón na naghaharí ang caligayahán, ang mgã magagandang udiyóc ng̃ budhi.

Mapang̃láw ang báhay, sa pagca't nagcacatuwâ ang bayan,—na gaya na ngã ng̃ sinasabi ni Sínang; waláng mgã faról at mgã bandera. Cung dî lámang sa centinela (bantay na sundalo) na nagpapasial sa pintuan, mawiwicang walang táo sa báhay.

Isáng malamlám na ílaw ang siyáng lumiliwanag sa waláng cahusáyang salas, at siyáng nagpapangãnínag sa mgã marurumíng capís na kinapítan ng̃ mgã báhay-gagambá at dinikitán ng̃ alabóc. Ang ginóong babae, ayon sa canyáng pinagcaratihang huwág gumawâ at cakilakilabot; waláng pamuti ang canyáng buhoc liban na lamang sa isang panyong nacatalì sa canyang úlo, na doo'y pinababayaang macatacas ang mgã maninipis at maiicling tungcos ng̃ mgã gusamót na buhoc ang bárong franelang asúl, na siyang na sa ibabaw ng̃ isa pang barong marahil ng̃ una'y putî, at isang sáyang cupás, na siyang bumabalót at nagpapahalatâ ng̃ mgã payát at lapád na mgã hità, na nagcacapatong at ipinag-gagalawan ng̃ mainam. Lumalabas sa canyang bibig ang bugál-bugál na asó, na ibinúbuga ng̃ boong pagcayamot sa alang-alang, na canyang tinitingnan-pagca ibinubucas ang mgã mata. Cung napanood sana siya ni don Francisco Cañamaque, marahil ipinalagay na siya'y isang haríharian sa bayan, ó cung dilìcaya'y mangcuculam, at pinamutihan pagca tapos ang caniyang pagcatuclas

na iyon ng̃mg̃ã pagwawariwari sa wicang tinda, na siya ang may likhâ upang canyang maguing sariling gamit.

Hindi nagsimba ng̃umagang iyon ang guinoong babae, hindi dahil sa siya'y aayaw, cun di baligtad, ibig sana niyang siya'y pakita sa caramihan at makinig ng sermón, ng̃ũni't hindi siya pinahintulutan ng̃canyang asawa, at ang pagbabawal ay may calakip, na gaya ng̃kinauugalian, na dalawa ó tatlong lait, mg̃ã tung̃ãyaw at mg̃ã sicad. Napagkikilala ng̃alférez na totoong catawatawang manamit ang canyang babae, na naaamoy sa canya yaong tinatawag ng̃madlang "calunya ng mg̃ã sundalo," at hindi ng̃ã magaling na siya'y ilantad sa mg̃ã mata ng̃mg̃ã matataas na tao sa pang̃ũlong bayan ng̃lalawigan, at cahi't sa mg̃ã taga ibang bayang doo'y nang̃ãgsidalo.

Datapuwa't hindi gayon ang pinag-iisip ng̃ babae. Talós niyang siya'y maganda, na siya'y may pagca anyong reina at malaki ang cahigtan niya cay María Clara sa cagaling̃ãng manamit at gayon din sa karikitan ng̃caniyang mg̃ã damit: si Maria Clara'y nagtatapis, siya'y hindi't naca "saya suelta." Kinailang̃ãng sa caniya'y sabihin ng̃alferez: "ó itatahimic mo ang iyong bibig ó ipadadala cata sa bayan mo sa casisicad!"

Hindi ibig ni doña Consolacióng umuwi sa canyang bayan sa casisicad, ng̃ũni't umisip siya ng̃gagawing panghihiganti.

Cailan ma'y hindi naguing carapatdapat macaakit sa canino man ng pagpapalagay ng̃loob ang marilim na pagmumukhâ ng̃guinoong babaeng ito, cahi't cung siya'y nagpipinta, ng̃ canyáng mukhâ, ng̃ũni siya'y totoong nacapagbigay balisa ng̃umagang iyon, lalong lalo na ng̃siya'y mapanood na magpabalicbalic ng̃paglacad sa magcabicabilang dulo ng̃bahay, na walang imic at wari mandi'y nagbabalacbalac ng̃ isang bagay na cagulatgulat ó macapapahamac: taglay ng̃canyang paning̃ĩn iyang sinag na ibinubuga ng̃isang ahas pagca inaacmaang lusayin cung siya'y nahuhuli; ang paning̃ĩng yao'y malamig, nagninining, tumataos at may caduling̃ãsan, carumaldumal, malupit.

Ang lalong maliit na pagcacahidwa, ang lalong babahagyang hindi sinasadyang alatiit, humuhugot sa canya ng̃isang salaula at napacaimbing lait na sumasampal sa caluluwa; datapuwa't sino ma'y walang sumasagot: maguiguing isa pang malaking casalanan ang mahinahong pakikiusap.

Nagdaan sa gayong calagayan ang maghapon. Palibhasa'y walang ano mang nacahahadlang sa canya—sapagca't piniguing ang canyang asawa,—ang budhi niya'y pinupuno ng̃guiyaguis: masasabing untiunting pinupuspos ang canyang mg̃ã silacbo ng̃tilamsic at init ng̃lintic at nang̃ãgbabalang magsambulat ng̃isang

imbing unos. Nangãgsisiyucod na lahat sa canyang paliguid, tulad sa mgã uhay sa unang hihip ng̃bagyo: walang nasusunduang hadlang, hindi nacatitisod ng ano mang dulo ó catayugang sucat mapagbuntuhan ng̃ canyang cayamutan; nanghihinuyo at nangãngãyupapang lahat ang mgã sundalo at mgã alilà sa paliguidliguid niya.

Ipinasara niya ang mgã bintana upang huwag niyang maringĩg ang mgã pagcacatuwa sa labas; ipinagbilin sa centinela na huwag papasukin ang sino man. Nagbigkis ng̃ isang panyo sa ulo at ng̃ wari'y ito'y mailagang huwag sumambulat, at pinasindihan ang mgã ilaw baga man may sicat pa ang araw.

Ayon sa ating nakita na, piniit si Sisa, dahil sa panggugulo sa catiwasayan ng̃bayan at inihatid sa cuartel. Niyo'y wala roon ang alférez, caya napilitan ang cahabaghabag na babaeng maglamay na magdamag na nacaupo sa isang bangco, na walang diwa ang titig. Nakita siya kinabucasan ng̃alférez, at sa pagcaibig na siya'y maipangĩlag sa ano mang casacunaan sa mgã araw na iyon ng̃caguluhan, at sa caayawan namang huwag magcaroon ng̃ ano mang hindi calugodlugod panoorin, ipinagbilin ng̃ alférez sa mgã sundalong alagaan si Sisa, caawaang pagpakitaan ng̃maguiliw na calooban at pacanin. Gayon ang naguing calagayan sa loob ng̃dalawang araw ng̃babaeng sira ang pag-iisip.

Ng̃gabing ito, ayawan cung dahil sa calapitan doon ng̃bahay ni capitang Tiago'y dumating hanggang sa canya ang mapanglaw na canta ni María Clara, ó cung dili caya'y pinucaw ng̃ibang mgã tinig ang pagcaalaala niya ng̃canyang mgã dating canta, sa papaano man ang dahil, pinasimulaan niyang cantahin ang mgã "cundiman" nang canyang cabataan. Pinakikinggan siya nang mgã sundalo at hindi nangãgsisiimic: ¡ay! sa canila'y nagpapagunitâ ang mgã tinig na iyón ng mgã panahong una, yaóng mgã gunitâ ng̃panahóng hindi pa narurungĩsan ang calinisan ng̃canilang budhî.

Narinig din siyá ni doña Consolación sa oras na iyón ng̃canyáng cainipan, at ng̃canyáng maalaman cung sino ang cumacanta'y nag-utos:

—¡Papanhikin ninyó siyá agad-agad!—ang canyang sinabi pagcaraan ng iláng sandaling canyang pag-iisip-isip. Isang bagay na nacacahuwad ng̃ngĩti ang siyang nasnaw sa canyang tuyong mgã labi.

Ipinanhíc doon si Sisa, na humaráp na dî nagulomihanan, na hindî nagpahalata ng̃pagtatacá ó tácot: tila mandin wala siyáng nakikitang sino mang guinóong babae. Ito'y nacasugat sa loob ng̃mapagmataas na Musa, na ang bóong acala'y nacaáakit sa paggalang at pagcagulat ang canyáng calagayan.

Umubó ang alfereza, humudyát sa mgã sundalong mangãgsiya-o, kinuha ang látigo ng̃ canyang asawa sa pagca sabit, at nagsalita ng̃ mabangĩs na tinig sa babaeng sira ang isip:

—"¡Vamos, magcantar icaw!"

Isa sa mgã magagandang caugalian ng̃ guinoong babaeng ito ang magpacasumicap na huwag niyang maalaman ang wicang tagalog, ó cung dili ma'y nagpapacunwaring hindî niyá nalalaman ang tagalog na ano pa't sinasadyang magpautal-utal at magpamalimali ng̃ pananalita: sa gayo'y magagawa niyá ang pag-aanyo ng̃ tunay na "orofea", na gaya ng̃ caniyáng caraniwang sabihin. ¡At magaling ngã naman ang canyáng guinagawa! sa pagca't cung pinahihirapan niyá ang wicang tagalog, ang wicang castila'y hindi lumiligtas sa gayóng catampalasanan, sa nauucol sa gramática at gayon din sa pangũngũsap. At gayon man'y ¡guinawa ng̃ canyáng asawa, ng̃ mgã silla at ng̃ mgã zapatos ang boong caya upang siya'y maturuan! Isa sa mgã salitang lalong pinagcahirapang totoo niyá, na ano pa't daig ang pagcacahirap ni Champollion sa mgã geroglífico, ay ang sabing "Filipinas."

Ayon sa sabihanan, kinabucasan ng̃ araw ng̃ sa canila'y pagcacasal, sa pakikipag-usap sa canyang asawa, na ng̃ panahong iyo'y cabo pa lamang, sinabi ni doña Consolacióng "Pilipinas"; inacala ng̃ cabong catungculan niyáng ipakilala ang pagcacamali at turuan, caya ngã't canyáng tinuctucan at pinagsabihan:—"Sabihin mong Felipinas, babae, huwag ca sanang hayop. ¿Hindi mo ba nalalamang ganyan ang pangãlan ng̃ iyong p.bayan dahil sa nanggaling sa Felipe?" Ang babaeng pinapanaguinip ang matimyás na lugód ng̃ pagcabagong casal, inibig sumunod at sinabing; "Felepinas". Inacala ng̃ cabong nacalalapitlapit na, caya dinagdagan ang mgã pagtuctoc, at sinigawan —"Datapuwa, babae, hindi mo ba masabi: Felipe? Huwag mong calimutan, talastasin mong ang haring Felipe ... quinto.... Sabihin mong Felipe, at saca mo iragdag ang "nas" na ang cahulugan sa wicang latin ay mgã pulo ng̃ mgã indio, at masusunduan mo ang pangãlan ng̃ iyong rep-bayan!

Hinihípohipo ni Consolación, na ng̃ panahong iyo'y lavandera, ang búcol ó ang mgã búcol ng̃ canyang ulo, at inulit, bagaman nagpapasimula na ang pagcaubos ng̃ canyáng pagtitiis:

—"Fe ...lipe, Felipe ...nas, Felipenas, ¿gayón ngã ba?

Nangguilalás ng̃ di ano lamang ang cabo. ¿Bakit baga't "Felipenas" ang kinalabasan at hindi "Felipinas"? Alin sa dalawa: ó sasabihing "Felipenas" ó dapat sabihing "Felipi"?

Minagaling ng̃cabong huwag ng̃umimic ng̃araw na iyón, iniwan ang canyáng asawa at maingãt na nuhang tanóng sa mgã limbag. Dito'y napuspos ng hindi cawasa ang canyáng pagtatacá; kinusót ang canyáng mgã matá:—Tingnan nating ... marahan! "Filipinas" ang siyang saysay ng̃lahát ng̃mgã limbág, cung wicaing isá-isá ang mgã letra; ang canyáng asawa at siyá ay cacapuwa wala sa catuwiran.

—¿Bakit?—ang ibinubulong,—macapagsisinungãling baga ang Historia? ¿Hindi bagá sinasabi sa librong ito, na ang pangãlang ito'y siyang dito'y ikinapit, alang-alang sa infante na si don Felipe? ¿Bakit caya nagcapaapaano ang pangãlang ito? Baca caya naman isang indio ang Alonso Saavedrang iyón?...

Isinangguni ang canyang mgã pag-aalinlangãn cay sargento Gómez, na ng panahón ng̃ canyáng cabataa'y naghangãd na magpari. Hindi man lámang pinapaguingdapat ng̃sargentong tingnan ang cabo, nagpalabas sa bibig ng̃isáng cumpol na asó at sinagot siyá ng̃lalong malaking pagmamayabang:

—Ng̃mgã panahóng una'y hindi sinasabing Felipe cung hindi Filipi: tayong mgã tao ngãyón, palibhasa'y naguiguing "franchute" (nakikigagad ng̃ugali sa mgã francés), hindi natin matiis na magcasunod ang dalawang "i". Caya ngã ang taong may pinag-aralan, lalong lalo na sa Madrid, ¿hindi ca ba napaparoon sa Madrid? ang taong may pinag-aralan ang wica co, nagpapasimula na ng pananalita ng̃ganito: "menistro", "enritación", "embitación", "endino", at iba pa, sa pagca't ito ang tinatawag na pakikisang-ayon, sa casalucuyang lacad ng caugalian.

Hindi napaparoon sa Madrid cailan man ang cabo, ito ang cadahilana't hindi niya nalalaman ang cung bakin gayon ang pananalitâ. ¡Pagcalalaking bagay ang natututuhan sa Madrid!

—¿Sa macatuwid ngãyon ang dapat na pananalita'y?...

—Ayon sa pananalita ng̃una, ¿alam mo na? Ang lupaing ito'y hindi pa pantas, ¡iayon mo sa caugalian ng̃una: Filipinas!—ang tugón ni Gómez ng boong pagpapawalang halaga.

Sacali't masama ang pagcatanto ng̃cabo sa mgã sarisaring wica, ang capalit nama'y magaling siyang asawa: ang bagong canyang napag-aralan ay dapat maalaman naman ng̃canyang asawa, caya't ipinagpatuloy niya ang pagtuturo.

—Consola, ¿ano ang tawag mo sa iyong p—bayan?

—¿Ano ang aking itatawag sa canya? alinsunod sa itinuro mo sa akin ¡Felifenas!

—¡Haguisin cata ng̃silla, p-!,—cahapo'y magalinggaling na ang pagsasalita mo ng̃ pangãlang iyan, sa pagca't naaayon sa bagong caugalian; datapuwa't ngãyo'y dapat mong sabihin ng̃alinsunod sa matandang ugali Feli, hindi pala, ¡Filipinas!

—¡Tingnan mo, hindi pa acó luma! ¿ano ba ang pagca isip mo?

—¡Hindi cailangãn! ¡sabihin mong Filipinas!

—¡Ayaw aco! Aco'y hindi isang lumang casangcapan ... ¡bahagya pa lamang nacagaganap aco ng̃ tatlompong taón!—ang isinagot na naglilis ng mangas na parang naghahanda sa pakikiaway.

—Sabihin mo, napacap—, ó ¡babalabaguin cata ng̃silla!

—Namasdan ni Consolasión ang galaw, nagdilidili at nagsabi ng̃pautal, na humihingã ng̃malacas:

—Feli ...Fele ...File ...

¡Pum! ¡erraes! ang silla ang siyang tumapos sa pananalita.

At ang kinawacasan ng̃ pagtuturo'y suntucan, calmusan, mgã sampalan. Binuhucan siya ng̃cabo, tinangnan naman ng̃babae ang balbas ng̃lalaki at ang isang bahagui ng̃catawan—hindi macapangãgat sa pagca't umuugang lahat ang caniyang mgã ngĩpin,—bumigay ng̃sigaw ang cabo, binitiwan siya ng̃babae, humingĩng tawad sa lalaki, umagos ang dugo, nagcaroon ng̃ isang matang mahiguit ang capulahan cay sa isa, isang barong gulagulanit, lumabas ang maraming mgã casangcapan sa canilang pinagtataguan, datapua't ang Filipinas ay hindi lumabas.

Mgã cawangĩs ng̃ganitong bagay ang mgã nangyari cailan man at canilang mapapag-usapan ang nauucol sa pagsasalità. Binabalac ng̃cabo ng̃sakit ng̃loob, sa caniyang pagcamasid sa pagsulong ng̃pagcatututo ng̃pagsasalita ng̃caniyang asawa, na sa loob ng̃sampong taó'y hindi na ito macapagsasabi ng̃ano man. Gayon ngã naman ang nangyari. Ng̃sila'y icasal, nacacawatas pa ang canyang asawa ng̃wicang tagalog, at nacapagsasalita pa ng̃wicang castilà upang siya'y mawatasan; ngãyon, dito sa panahón ng̃pangyayari ng̃aming mgã sinasaysay, hindi na siya nacapagsasalità ng̃ ano mang wicà: totoong nawili na siya sa pagsasalita ng̃pacumpas-cumpas, patangõ-tangõ at pailing-iling na lamang, na

ano pa't canyang hinihirang pa naman yaong mgã sabing maririin at maiingãy, caya ngã't linaluan pa niya ng̃ hindi ano lamang ang nagmunacala ng̃ "Volapuk".

Nagcapalad ngã si Sisa na hindi siya mawatasan. Umunat ng̃ caunti ang cunot ng̃ mgã kilay ng̃ alfereza, isang ngĩti ng̃ catuwaan ang siyang nagbigay saya sa caniyang mukha: hindi na ngã mapag-aalinlangãnang hindi siya marunong ng̃ wicang tagalog, "orofea" na siya.

—¡Asistente, sabihin mo sa babaeng ito sa wicang tagalog, na siya'y cumanta! ¡hindi niya aco mawatasan, hindi siya marunong ng̃ castila!

Nawatasan ni Sisa ang asistente at kinanta niya ang canción ng̃ Gabi.

Pinakinggan ang paunang canta na may halong tawang palibac, ngũni't untiunting nawala sa canyang mgã labi ang tawa, pinakinggang magaling, at ng malao'y lumungcot at nag anyong nag-iisip ng̃ caunti. Ang tinig, ang cahulugan ng̃ mgã tulâ at pati ng̃ canta'y tumatalab sa canya. Nawawatasan niyang magaling: marahil nauuhaw sa ulan ang pusong iyong mabato at tuyò, ayon sa "cundiman", tila baga mandin ay nanaog naman sa ibabaw ng̃ canyang pusò:

"Ang calungcuta't
guinaw at ang calamigang
sa langĩt ay buhat, putos
ng̃ balabal
ng̃ gabing marilim at labis
ng̃ panglaw"....

"Ang lanta at cupas na
abang bulaclac
sa boong maghapo'y
nagladlad ng̃ dilag
sa nais na camtam
pagpuring maalab
sa udyoc ng̃ dib-dib na
mapagmataas."

"Pagdating ng̃ hapon
pawang cahapisan
ang inaning bungã sa
hangãd na dangãl,
at ang pagsisisi ang taglay

na lamang
sa mgã nagawang lihis sa catuwiran."

"Pinagpipilitang itaas sa langĩt
ang pinacadahong lanta na't gulanit,
at caunting dilim ang hingĩ ng̃hibic
upang maitago ang puring naamis."

"At mamatay siyang hindi namamasdan
ng̃nacapanood na sicat ng̃araw,
ng̃ningning ng̃caniyang naamis na dangãl
at ng̃hindi wastong mataas na asal."

"Mataos ding hingĩ ng̃ canyang dalangĩn
cay Bathalang Poong lubhang mahabaguin,
ang canyang libingã'y mangyaring diliguin
ng̃hamog na luhang sa langĩt ay galing."

"Ang ibong panggabi'y sadyang iniiwan
ang lubhang maluncot na canyang tahanan
sa matandang cahoy na lihim na guang
at liniligalig tahimic na parang..."

—¡Huwag, huwag ca ng̃ cumanta!—ang sigaw ng̃ alfereza, sa ganap na wicang tagalog, at tumindig na malaki ang balisa; ¡huwag ca ng̃ cumanta! ¡nacalalaguim sa akin ang mgã tulang iyan!

Tumiguil ang ul-ol na babae ng̃ pagcacanta: nagbitiw ang asistente ng isang:—¡Aba! ¡sabe pala tagalog! (marunong pala ng̃ tagalog) at nacatungãngãng tinitingnan ang guinoong babae na puspos ng̃ pagtataca.

Napagkilala nito na ipinagcanulo niya ang sariling catawan; nahiyà at palibhasa'y hindi sa babae ang catutubo niyang damdamin, ang cahihiya'y nauwì sa masilacbong galit at pagtatanim. Itinurò ang pintuan sa hindi marunong mag-ingãt na asistente, at sa isang sicad ay sinarhan ang pintò, pagcalabas niya. Lumibot na macailan sa silid, na pinipilipit ng̃ nangĩngĩlis niyang mgã camay ang látigo, tumiguil na bigla sa tapat ng̃ ul-ol na babae, at saca sinabi sa canya sa wicang castilà;—¡Sayaw!

Hindi cumilos si Sisa.

—¡Sayaw, sayaw!—ang inulit-ulit ng̃ tinig na nacalalaguim.

—Tiningnan siya ng̃ ulol na babae ng̃ titig na walang diwa, walang cahulugan; itinaas ng̃ alfereza ang caniyang isang bisig, at ang isa namang bisig pagcatapos, at saca ipinagpag ang dalawang bisig: walâ ring naguing cabuluhan. Hindi nacacawatas si Sisa.

Siya'y naglulucsó, naggagalaw, ibig niyang sa gayóng gawa'y gagarin siyá ni Sisa. Naririnig sa dacong malayo ang música ng̃ procesióng tumutugtog ng isáng marchang malungcót at dakila, datapuwa't naglulucso ang guinoong babae ng̃ catacot tacot na ang sinusunod ay ibang compás, ibang música ang tumútunog sa loob ng̃ canyáng budhi. Tinititigan siya ni Sisang hindi gumágalaw; isang wangki sa pagtatacá ang naguhit sa canyáng mgã matá, at isáng bahagyáng ngĩti ang siyáng nagpapagalaw sa canyáng mgã putlaing mgã labi: kinalulugdan niyá ang sayaw ng̃ guinoong babae.

Huminto itó at tila mandin nahihiyâ, iniyaang ang latigo, yaong calaguim laguim na látigong kilalá ng̃ mgã magnanacaw at ng̃ mgã sundalo, na gawa sa Ulangõ at pinag-inam ng̃ alferez sa pamamag-itan ng̃ mgã cawad na doo'y ipinulupot, at nagsalita:

—¡Icaw naman ang nauucol sumayáw ngãyon!... ¡sayáw!

At pinasimulang paluin ng̃ marahan ang waláng ano mang takip na mgã paa ng̃ ul-ol na babae, hanggáng sa magcangĩwingĩwi ang pagmumukha nito sa sakít,

na anó pa't pinilit niyáng magsanggalang ng̃ mg̃a camáy.

—¡Ajá! ¡nagpapasimula ca na!—ang isinigaw na taglay ang catuwaang malupit, at mula sa "lento" (madalang) ay iniuwi sa isang "allegro vivace" (masaya at madalas).

Sumigaw ang cahabaghabag na babae ng̃ isang daing sa sakít, at dalidaling itinaas ang paa.

—¡Sasayaw ca ba, p-india?—ang sinasabi ng̃ guinoong babae, at tumutunog at humahaguinit ang latigo.

Nagpacalugmoc si Sisa sa sahig, tinangnan ng̃ dalawang camay ang mg̃a binti, at tinitigan ang canyang verdugo ng̃ mg̃a matang nacatiric. Dalawang malacas na hagupit ng̃ látigo sa licod ang pilit sa canyang tumindig, at hindi na isáng daing, cung di dalawang atung̃al ang siyang isinigaw ng̃ culang palad na sira ang isip. Nawalat ang canyang manipis na barò, pumutoc ang balat at bumalong ang dugò.

Nacapagpapagalac ng̃ mainam sa tigre ang pagcakita ng̃ dugô: nagpasilacbo ng̃ loob ni doña Consolación ang dugo ng̃ canyang pinahihirapan.

—¡Sayaw, sayaw, condenada, maldita! ¡Mapacasamà nawà ang inang nang̃anac sa iyo!—ang isinigaw;—¡sayaw ó papatayin cata sa capapalò ng látigo.

At ang canyang guinawa'y hinawacan niya ng̃ isang camay ang babaeng ulol, samantalang pinapalo naman niya, ito at ng̃ canyang isang camay, at nagpasimulà siya ng̃ paglukso at pagsayaw.

Sa cawacasa'y napagkilala ng̃ ulol na babae ang sa canya'y ibig, caya ng̃a't ipinagpatuloy niya ang paggalaw na walang wasto ng̃ canyang mg̃a bisig. Isang ng̃iti ng̃ ligaya ang siyang nagpacubot sa mg̃a labì ng̃ maestra, ng̃iti ng̃ isang Mefistófeles na babae na nangyaring nacapag-anyo ng̃ isang alagad; ang ng̃iting iyo'y may taglay na pagtatanim, pagpapawalang halaga, paglibak at kalupitan, datapuwa't walang magsasabing yao'y may cahalong halakhac.

At sa pagcatigagal ng̃ pagtatamong lugod sa caniyang gawa'y hindi niya naring̃ig ang pagdating ng̃ canyang esposo, hangang sa biglang nabucsan ng̃ malaking ing̃ay ang pinto sa isang tadyac.

Sumipot doon ang alférez na namumutla't marilim ang mukhâ; napanood ang doo'y nangyayari at ibinulusoc sa canyang asawa ang isang catacottacot na

titig. Ito'y hindi cumilos sa kinalalagyan at nanatiling nacangĩti ng̃ boong pagcawalang kinahihiyaan.

Inilagay ng̃ alférez ng̃ lubos na pagpapacamairuguin ang canyang camay sa balicat ng̃ magsasayaw na caiba sa lahat, at ipinag-utos na tumiguil ng̃ pagsayaw. Humingã ang ulol na babae at dahandahang naúpo sa lapag na narurumhan ng̃ canya ring dugò.

Nagpatuloy ang catahimican: humihingãsing ng̃ malacas ang alférez; kinuha ang látigo ng̃ babaeng sa canya'y humihiwatig at tumitingĩn ng̃ mgã matang wari'y tumatanong, at saca sa canya'y nagsabi ng̃ tinig na payapa at madalangdalang:

—¿Ano ang nangyayari sa iyo? ¡Hindi ca man lamang nagbigay sa akin ng̃ magandang gabi!

Hindi sumagot ang alférez, at ang guinawa'y tinawag ang "asistente."

—Dalhin mo ang babaeng ito,—anya;—¡pabigyan mo siya cay Marta ng̃ ibang baro at sabihin mo tuloy na gamutin! Pacanin mo siyang magaling at bigyan mo ng̃ isang magaling na higaan ... ¡icaw ang bahala, pagca siya'y inyong pinaglupitan! Bucas ay ihahatid siya sa bahay ni guinoong Ibarra.

Pagcatapos ay sinarhang mabuti ang pintuan, inilagay ang talasoc at saca lumapit sa canyang asawa.

—¡Naghahanáp icaw na basaguin co ang mukha mo!—ang sa canya'y sinabing nacasuntoc ang mgã camay.

—¿Ano ang nangyayari sa iyo?—ang tanong ng̃ babae na tumindig at umurong.

—¿Ano ang nangyayari sa akin?—ang sigaw ng̃ tinig na cahawig ng̃ culog, casabay ng̃ isang tungãyaw, at pagcatapos na maituro sa babae ang isang papel na puspos ng̃ sulat na tila cahig ng̃ manoc, ay nagpatuloy ng̃ pananalita:

—¿Hindi mo ba ipinadala ang sulat na ito sa Alcalde, at iyong sinabing pinagbabayaran aco upang aking ipahintulot ang sugal, babaeng p—? ¡Aywan co cung bakit hindi pa kita linûlusay!

—¡Tingnan natin! ¡tingnan natin cung macapangãngãhas ca!—ang sinabi sa canya ng̃ babaeng nagtátawa't siya'y linilibac;—¡ang lulusay sa aki'y isang malaking totoo ang cahigtan ng̃ pagcalalaki sa iyo!

Narinig ng̃ alférez: ang gayong alimura, ngũni't namasdan niya ang látigo. Dumampot ng̃ isang pinggan sa mgã na sa ibabaw ng̃ isang mesa, at ipinukol sa ulo ng̃ asawa: ang babaeng dating bihasa na sa ganitong pakikiaway, agad-agad yumucod, at ang pingga'y sa pader tumama at doon nabasag; gayon din ang kinahangganan ng̃ isang mangcoc at ng̃ isang cuchillo.

—¡Duwag!—ang sigaw ng̃ babae,—¡hindi ca macapangãhas lumapit!

At linurhan ang alférez upang ito'y lalong magngĩtngĩt. Pinagdimlan ang lalaki at umaatungãl na hinandulong ang babae; ngũni't hinaplit nito ng caguilaguilalas na caliksihan ang mukha ng̃ lalaki at saca sumagasang tumacbong tuloytuloy sa canyang silid, at biglang sinarhan ng̃ malacas ang pinto. Hinabol siya ng̃ alférez, na humahagoc sa galit at sa sakit ng̃ palong tinanggap, ngũni't walang nasunduan cung di mapahampas sa pintò, bagay na sa canya'y nagpabulalas ng̃ mgã tungãyaw.

—¡Sumpaín nawà ang iyong angcan, babaeng baboy! ¡Bucsán mo, p—p—, bucsan mo, sa pagca't cung hindi'y babasaguin co ang iyong bungô!—ang iniaatungãl, at kinacalabog ang pinto ng̃ canyang mgã suntoc at sicad.

Hindi sumasagot si doña Consolación. Nariringĩg sa dacong loob ang calampagan ng̃ mgã silla at mgã baul, na anaki mandin nagtatayo ng̃ isang cutà sa pamamag-itan ng̃ mgã casangcapang-bahay. Yumayanig ang bahay sa mgã sicad at mgã tungãyaw ng̃ lalaki.

—¡Huwag cang pumasoc! ¡huwag cang pumasoc!—ang sabi ng̃ maasim na tinig ng̃ babae; ¡papuputucan co icaw pagca sumungãw ca!

Tila mandin untiunting pumapayapa ang lalaki, at nagcasiya na lamang siya sa magpalacadlacad ng̃ paroo't parito sa magcabicabilang dulo ng̃ salas, na ang isang halimaw na na sa sa jaula ang catulad.

—¡Pasalansangãn ca't magpalamig icáw ng̃ ulo!—ang patuloy na paglibac ng̃ babae, na tila mandin nacatapos na ng̃ pagtatayo ng̃ caniyang pangsangalang na cutà.

—¡Isinusumpa co sa iyo, na pagca kita'y nahaguip, cahi't ang Dios ay hindi ca makikita, salaulang babaeng p—!

—¡Oo! masasabi mo na ang ibiguin!... ¡aayaw cang aco'y magsimba! ¡aayaw mo acong bayaang gumanap sa Dios!—ang sabi ng̃ boong capalibhasaang siya lamang ang marunong gumawà.

Dinampot ng̃ alférez ang canyang capacete, naghusay ng̃ caunti, at saca umalis na ang hakbang ay malalaki, datapwa't pagcaraan ng̃ ilang sandali'y dahandahang bumalic: siya'y nag-alis ng̃ canyang mg̃a bota. Palibhasa'y bihasang macapanood ang mg̃a alila roon ng̃ mg̃a ganitong pangyayari, caraniwang sila'y inaabot ng̃ yamot, ng̃uni't canilang pinagtakhan ang pag-aalis ng̃ mg̃a bota, bagay na hindi dating guinagawa, caya't nang̃ag̃kindatan ang isa't isa.

Naupo ang alférez sa isang silla, sa tabi ng̃ dakilang pinto, at nacapagtiis na maghintay roon ng̃ mahiguit na calahating oras.

—¿Tunay bagang umalis ca na ó naririyan ca pa, lalaking cambing?—ang tanong na manacanaca ng̃ tinig, na pinagbabagobago ang lait, ng̃uni't nalalao'y ilinalacas.

Sa cawacasa'y untiunting inalis niya ang mg̃a casangcapang ibinunton sa tabi ng̃ pinto: naririnig ng̃ lalaki ang calampag, caya't siya'y ng̃uming̃iti.

—¡Asistente! ¿umalis na ba ang pang̃inoon mo?—ang sigaw ni doña Consolación.

Sumagot ang asistente sa isang hudyat ng̃ alférez:

—Oo po, guinoo, umalis na.

Naring̃ig ang masayang tawa ng̃ babae, at saca hinugot ang talasoc ng̃ pinto ...

Isang sigaw, ang calabog ng̃ catawang natutumba, mg̃a sumpa, atung̃alan, mg̃a tung̃ayaw, mg̃a hampas, mg̃a tinig na paós ... ¿Sino ang macapagsasaysay ng̃ nangyari sa cariliman ng̃ silid na tulugan?

Ang asistente ay napasapanig ng̃ bahay na pinaglulutuan, at nagbigay sa tagapagluto ng̃ isang hudyat na macahulugan.

—¡At icaw ang magbabayad!—ang sinabi sa asistente ng̃ tagapagluto.

—¿Aco? ¡Cung sacali'y ang bayan ang siyang magbabayad! Itinanong niya sa akin kung umalis na: tunay; ng̃uni't bumalik.

Decorative motif

---

Decorative motif

# XL.

## ANG CATUWIRA'T ANG LACAS.

Niyao'y may icasampong oras na ng̃gabi. Nanghihinamad na napaiimbulog at nagnining sa madilim na lang̃it ang ilang globong papel, na ipinaitaas sa pamamag-itan ng̃ asó at ng̃ hang̃ing pinainit. Ang ilang mg̃ã globong pinamutihan ng̃mg̃ã bomba't coetes ay nang̃ãsunog at isinasapang̃ãnib ang lahat ng̃bahay; dahil dito'y may nakikita pang mg̃ã tao sa mg̃ã palupo, na may mg̃ã dalang isáng mahabang cawayang sa dulo'y may nacacabit na basahan at saca isang baldeng tubig. Naaaninagnagan ang maiitim nilang anyo sa malamlam na liwanag ng̃ impapawid, at ang cahalimbawa nila'y mg̃ã fantasmang mula sa alang-alang na nanaog upang manood ng̃mg̃ã casayahan ng̃mg̃ã tao. Sinusuhan din naman ang maraming mg̃ã "rueda", mg̃ã "castillo", mg̃ã toro ó mg̃ã calabaw na apoy, at isang malaking volcang sa ganda at cadakilaa'y linaluan ang calahatlahatang nakita hanggang sa panahong iyon ng̃mg̃ã taga San Diego.

Ng̃ãyo'y tumutung̃õ ang caramihang mg̃ã tao sa dacong plaza ng̃bayan, upang panoorin ang huling palalabasin sa teatro. Dito't doo'y may nakikitang mg̃ã ilaw ng̃Bengala (luces de Bengala), na siyang lumiliwanag ng̃catacataca sa masasayang mg̃ã pulutong; gumagamit ang mg̃ã bata ng̃ mg̃ã sigsig sa paghahanap ng̃ mg̃ã bombang hindi pumutoc, at iba pang mg̃ã labí na mangyayari pang gamitin, datapuwa't tumugtog ang música ng̃ isang palatandaan, at ng̃magcagayo'y linisan ng̃lahat ang capatagang iyon.

Mainam na totoo ang pagcacapaliwanag sa tablado, libolibong mg̃ã ilaw ang nacaliliguid sa mg̃ã haligui, nacabitin sa bubung̃ãn, at nasasabog sa sahig na masinsin ang pagcacapulupulutong. Isáng alguacil ang siyáng nag-aalaga ng̃mg̃ã ilaw na iyón, at pagca napaparoon at ng̃ mapagbuti ang mg̃ã ilaw na cucutapcutap, siya'y pinagsusutsutanan at sinisigawan ng̃madla;—¡Nariyan na, nariyan na siyá!

Sa haráp ng̃ escenario (palabasan) ay pinagtotonotono ng̃ orquesta ang canilang mg̃ã instrumento, ipinariringĩg ang mg̃ã pang̃ũnahin ng̃mg̃ã tugtuguin; sa licuran ng̃ orquesta'y naroroon ang lugar na sinasabi ng̃ corresponsal sa canyáng sulat. Ang caguinoohan sa bayan, ang mg̃ã castila at ang mg̃ã

mayayamang dayo'y nangãgsisiupo na sa nahahanay na mgã silla. Ang bayan, ang mgã taong walang catungculan at walang mgã dangãl na caloob ng pamahalaa'y siyang nacalalaganap sa nangãtitirang lugar sa plaza; may pas-ang bangco ang mgã iba, na ang caraniwa'y hindi ng̃ upuan cung di ng̃ bigyang cagamutan ang pagca pandac: pinanggagalingãn ang ganitóng gawâ ng̃ maiingãy na mgã pagtutol ng̃ mgã walang bangco; pagcacagayo'y nangãgsisipanaog agad-agad ang mgã nacatayo sa bangco; ngũni't hindi nalalao't sila'y muling pumapanhic, na parang walang ano mang nangyari.

Mgã pagpaparoo't parito, mgã sigawan, mgã ingãyan sa pagtataca, mgã halakhacan, isáng huli na sa panahóng "buscapié", isang "reventador" ang siyang nangãgdáragdag ng̃ caingãyan. Sa daco rito'y may nababaling paa ng̃ isáng bangco at nangãhuhulog sa lupa, sa guitna ng̃ tawanan ng̃ caramihan, ang mgã taong nanggaling sa malayo at ng̃ macapanood ay ngãyo'y siyang naguiguing panoorin; sa daco roo'y nangãg-aaway sa pagpapangãgaw sa lugar; sa dacong malayo pa roo'y may nariringĩg na isáng calampagan ng̃ nababasag na mgã copa at mgã botella: yao'y si Andeng na may daláng mgã alac at mgã pangpatid uhaw; maingãt na tangãn ng̃ dalawang camay ang malapad na bandeja, ngũni't canyang nacasalubong ang sa canya'y nangĩngĩbig, na nag-acalang magsamantala ng gayong calagayan ...

Nangũngũlo sa pamamanihala at cahusayan ng̃ panoorin ang teniente mayor na si don Filipo; sa pagca't malulugdin sa "monte" ang gobernadorcillo. Ganito ang sabi ni don Filipo cay matandang Tasio:

—¿Ano caya ang mabuti cong gawin?—ang sabi niyá;—hindi tinanggap ng Alcalde ang pagbibitíw co ng̃ catungculan;—"¿inaacala po ba ninyóng salá't cayó sa lacás sa pagganap ng̃ inyóng mgã catungculan?"—ang itinanóng sa akin.

—At ¿ano ang inyong isinagot?

—¡Guinoong Alcalde!—ang aking isinagot;—ang mgã lacas ng̃ isang teniente mayor, cahi't magpacawalawalang capacanan, pawang catulad ng̃ mgã lacas ng̃ lahat ng̃ mgã pinuno: nanggagaling ang mgã lacas na iyan sa mgã matataas na pinunò. Tinatanggap ng̃ cahi't hari man ang canyang mgã lacas sa bayan at tinatanggap naman ng̃ bayan sa Dios ang canyang lacas. ¡Itong bagay na ito pa naman ang wala sa akin, guinoong Alcalde!—Datapuwa't hindi aco pinakingan ng̃ Alcalde, at sinabi sa aking pag-uusapan na raw namin ang mgã bagay na ito pagca tapos ng̃ mgã fiesta.

—¡Cung gayo'y tulungãn nawa cayo ng̃ Dios!—ang sinabi ng̃ matanda, at nag-acalang umalis.

—¿Aayaw po ba cayong manood ng̃ palabas?

—¡Salamat! hindi co kinacailangãn ang sino man sa pananaguinip at sa paggawa ng̃ mgã caululan, sucat na acong mag-isa,—ang isinagot ng̃ filósofong calakip ang isang tawang palibac;—datapuwa't ngãyo'y naalaala co, ¿hindi ba tinatawag ang inyong paglilining ng̃ caugalia't hilig ng̃ ating bayan? Payapa, ngũni't malulugdin sa mgã panooring nauucol sa mgã pagbabaca at sa mgã labanang sumasabog ang dugò, ibig ang pagcacapantay-pantay, datapuwa't sumasamba sa mgã emperador, sa mgã hari at sa mgã príncipe; hindi mapagpitagan sa religión, ngũni't iniwawaldas ang pamumuhay sa mgã walang cabuluhang pag paparangãlan sa mgã fiesta; ang mgã babae rito sa atin ay may caugaliang matimyas, ngũni't nangãhahaling pagca nacacakita ng̃ isang princesang nagpapa-ikit ng̃ sibat ... ¿nalalaman po ba ninyo cung ano ang cadahilanan nito? Talastasin po ninyong dahil sa....

Pinutol ang canilang salitaan ng̃ pagdating ni María Clara at ng̃ canyang mgã caibigang babae. Tinanggap sila ni don Filipo, at sinamahan sila sa canicanilang upuan. Sumusunod sa canila ang curang may casamang isa pang franciscano't ilang mgã castila. Casama rin naman ng̃ cura ang ilang mgã mamamayang ang hanap-buhay umalacbay tuwina sa mgã fraile.

—¡Bigyang pala nawà sila ng̃ Dios naman sa cabilang buhay!—anang matandang Tasio, samantalang lumalayo.

Pinasimulan ang palabas cay Chananay at cay Marianito, sa pagcanta ng̃ "Crispino e la comare". May mgã mata at may pakinig ang lahat ng̃ na sa escenario, liban lamang sa isá: si párì Salvi. Tila mandin walang sinadyâ ng̃ nagbibigay paroon cung di bantayan si María Clara, na ang tinataglay na cahapisa'y nagbibigay sa canyang cagandahan ng̃ isang anyong cahimahimalá sa ningning at cahalagahan, na ano pa't napagwawaring tunay ng̃ ang may catuwirang siya'y panoorin ng̃ boong pagliyag. Ngũni't hindi nangãgsasaysay ng̃ pagliyag ang mgã mata ng̃ franciscano, na lubhang natatago sa malalim na hungcag na kinalalagyan ng̃ canyang mgã paningĩn; nababasa sa mgã titig na iyon ang isang bagay na cahapisang may malaking pagngĩngĩtngĩt: ¡gayon marahil ang mgã mata ni Caín sa panonood, buhat sa malayo, ng̃ Paraiso, ng mgã caligayahan, doo'y ipinakilala sa canya ng̃ canyang ina!

Nagtátapos na ang "acto" (bahagui) ng̃ pumasoc si Ibarra; pinanggalingãn ang pagdating niya roon ng̃ isang bulungbulungãn: siya at ang cura ang siyang pinagtiningãn ng̃ pagpansin ng̃ lahat.

Datapuwa't parang hindi nahiwatigan ng̃ binata ang bagay na iyon, sa pagca't bumati siya ng̃ walang kimì cay María Clara at sa canyang mg̃ã caibigang babae, at naupo sa tabi ng̃ canyang casintahan. Si Sinang ang tang̃ing nagsalitâ:

—¿Pinanood mo ba ang volcan?—ang initanong.

—¿Hindi caibigan? ako'y napilitang aking samahan ang Capitan General.

—Cung gayo'y ¡sayang! Casama namin ang cura, at sinasaysay sa amin ang mg̃ã naguing buhay ng̃ mg̃ã napacasama; ¿nakita mo na? tacutin cami at ng huwag caming macapagsaya, ¿nakita mo na?

Nagtindig ang cura at lumapit cay don Filipo, na tila mandin canyang pinakipagtalunan ng̃ masilacbo. Mainit ang pananalita ng̃ cura, mahinusay naman at mahina ang pananalita ni don Filipo.

—Dinaramdam co pong hindi aco macapagbigay-loob sa inyo; ang sabi ni don Filipo;—si guinoong Ibarra'y isa sa mg̃ã lalong malalaki ang ambag, at may catuwirang macalagay rito samantalang hindi nanggugulo ng̃ capayapaan.

—¿Ng̃ũni't hindi ba panggugulo ng̃ capayapaan ang magbigay casalanan sa mabubuting mg̃ã cristiano? ¡Iya'y isang pagpapabayang macapasoc ang isang lobo sa cawan ng̃ mg̃ã mababait na tupa. ¡Sasagot ca sa bagay na ito sa harap ng̃ Dios at sa harap ng̃ mg̃ã matataas na puno!

Cailan man po'y nananagot aco, padre, sa lahat ng̃ mg̃ã gawang bucal sa aking sariling calooban,—ang isinagot ni don Filipo na yumucod ng̃ caunti;—datapuwa't hindi binibigyang pahintulot aco ng̃ aking maliit na capangyarihang makialam sa mg̃ã bagay na nauucol sa religión. Ang mg̃ã nag-iibig mang̃ilag na canyang macapanayam ay huwag makipagsalitaan sa canya: hindi naman namimilit si guinoong Ibarra canino man.

—¡Ng̃ũni't isáng pagbibigay puang sa pang̃ãnib, at cung sino ang umiibig sa pang̃ãnib ay sa pang̃ãnib namamatay!

—Wala acóng nakikitang anó mang pang̃ãnib, padre: ang guinoong Alcalde at ang Capitan General, na aking mg̃ã punong matataas, capuwa nakipag-usap sa canyá sa boong hapong itó, at hindi ng̃ã acó ang sa canila'y magpapakilalang masama ang canilang guinawa.

—Cung hindi mo siyá palalayasin dito'y cami aalis.

—Daramdamin cong totoo, datapuwa't hindi aco macapagpapalayas dito sa

canino man.

Nagsisi ang cura sa sinabi, ngũni't wala ng̃magawa. Humudyát sa canyáng casama, na nagtindig na masama ang loob, at capuwa sila umalis. Guinagád silá ng̃ mgã taong caniláng cacampí, baga man inirápan muna nila ng̃ boong pagtataním si Ibarra.

Napuspos ang ugong ng̃ mgã bulungbulungãn at salisalitaan: ng magcagayo'y nangãgsilapit at nangãgsibati sa binatang si Ibarra ang ilang mgã tao, at sinabi sa canyá:

—¡Sumasainyo cami; huag po ninyóng pansinin ang mgã iyán!

—¿Sinong mgã "iyan"?—ang itinanong na nagtátaca.

—¡Iyang mgã nagsialis at ng̃mapangĩlagan ang macapanayam po ninyo!

—¿At ng̃ mapangĩlagan ang aking pakikipanayam? ¿ang aking pakikipanayam?

—¡Opo! ¡anila'y excomulgado raw po cayó!

—Sa pagtatacá ni Ibarra'y hindi naalaman cung anó ang sasabihin, at lumingãp sa canyáng paliguid. Canyáng nakita si María Clara na tinatacpan ang mukha ng̃canyáng abanico.

—Ngũni't ¿ito baga'y dapat cayang mangyari?—ang sa cawacasa'y bigláng sinabi ng̃malacás;—¿casalucuyan bang na sa unang panahón tayo ng̃cadilimán? Sa macatuwid baga'y....

At lumapit sa mgã dalaga, at binago ang anyo ng̃pananalitâ.

—Pagpaumanhinan ninyó acó,—anyá,—nacalilimot acóng mayroon paláng sa aki'y naghihintay na aking catipán; magbabalic acó at ng̃ cayo'y aking masamahan.

—¡Huwag cang umalís!—ang sa canya'y sinabi ni Sinang;—sasayaw si Yeyeng sa "La Calandria"; ¡totoong calugodlugod sumayaw!

—Hindi maaari, caibigan co, datapuwa't aco'y bábalic.

Lalong lumala ang mgã bulungbulungãn.

Samantalang lumalabas si Yeyeng na nacasuot "chula" at sinasabi ang "Da usté su permiso?" ("¿Ipinagcacaloob po ba ninyo ang inyong pahintulot?") at sinasagot siya ni Carvajal ng̃"Pase usté adelante" ("Tumuloy po cayo") at iba pa,

nangãgsilapit ang dalawang sundalo ng̃ guardia civil cay don Filipo at hinihingĩng ihinto ang pagpapalabas.

—¿At bakit?—ang tanong ni don Filipo na nagtataca.

—Sa pagca't nagsuntucan ang alférez at ang guinoong babae ay hindi sila macatulog.

—Sabihin po ninyo sa alférez, na binigyan cami ng̃ capahintulutan ng̃ Alcalde Mayor, at "wala sino man" sa bayang may capangyarihan sumalangsang sa capahintulutang ito, cahi't ang gobernadorcillo man, na siyang tangĩ cong mataas na puno.

—¡Talastasin ninyong kinakailangãng itiguil ang palabas!—ang inulit ng̃ mgã sundalo.

Tinalicdan sila ni don Filipo. Nangãgsialis ang mgã guardia.

Hindi sinabi canino man ni don Filipo ang nangyaring ito at ng̃ huwag magulo ang catahimican.

Ng̃ matapos na ang bahaguing iyon ng̃ zarzuela na totoong pinagpurihanan, lumabas naman ang Príncipe Villardo, at hinahamon ng̃ away ang lahat ng̃ mgã morong pumipiit sa canyang amá; pinagbabalaan sila ng̃ bayaning puputlan silang lahat ng̃ úlo, at ang mgã ulong ito'y ipadadala sa buwan. Sa cagalingãng palad ng̃ mgã moro, na nangãgsisipaghanda na sa labanang tinutugtugan ng̃ "himno de Riego", ay siyang pagcacaroon ng̃ isang gulo. Biglang nagsihinto ng̃ pagtugtog ang mgã bumubuo ng̃ orquesta at canilang linusob ang teatro, pagcatapos maipaghaguisan ang canilang mgã instrumento. Ang matapang na si Villardo, na hindi inaacalang mangãgsisirating ang mgã taong iyong, canyang ipinalagay na cacampi ng̃ mgã moro, inihaguis naman ang canyang espada at escudo at saca bumigay ng̃ tacbo; nang makita ng̃ mgã morong tumatacas ang cakilakilabot na cristianong iyon, hindi sila nag-alinlangãng siya'y canilang gagarin: may nariringĩg na mgã sigawan, mgã daing, tungãyawan, mgã salitang capusungãn, nagtatacbuhan ang mgã tao, nangãmatay ang mgã ilaw, ipinaghahaguisan sa impapawid ang mgã vaso ng̃ ilaw, at iba pa.—¡Mgã tulisan! ¡Mgã tulisan!—ang sigaw ng̃ mgã iba.—¡Sunog! ¡sunog! ¡mgã magnanacaw!—ang sigawan naman ng̃ mgã iba; nangãgsisitangĩs ang mgã babae't ang mgã musmos, gumugulong sa lupa ang mgã banco at ang mgã nanonood, sa guitna ng̃ ligalig, pagcacaingãy at caguluhan.

¿Ano ang nangyari?

Ilinagad ng̃ dalawang guardia civil na may tangãng pamalo ang mgã músico at ng̃ pahintuin ang pinalalabas; sila'y narakip, baga man nagsisilaban, ng teniente mayor, na casama ang caniyang mgã cuadrillerong ang dalang sandata'y ang canilang mgã lumang sable.

—¡Inyong ihatid sila sa tribunal!—ang sigaw ni don Filipo,—cayó ang bahala pagca sila'y nacawala!

Bumalic na si Ibarra at canyang hinanap si María Clara. Nangãgsicapit sa canya ang natatacot na mgã dalagang pawang nangãngãtal at nangãmumutla; dinarasal ni tía Isabel ang mgã letanía sa wicang latin.

Ng̃ pagbalicang loob ng̃ caunti ang mgã tao sa pagcagulat, at ng̃ canilang matalastas cung ano ang nangyari, nag-alab ang galit sa lahat ng̃ mgã dibdib. Umulan ang mgã bato sa pulutong ng̃ mgã cuadrillerong naghahatid sa dalawang guardia civil; may isang nagyayacag na silabin ang cuartel at iihaw roon si doña Consolacióng casama ang alférez.

—¡Sa ganyan lamang sila pinakikinabangãn!—ang sigaw ng̃ isang babaeng naglililis ng̃ canyang mangas at iniunat ang canyang mgã bisig;—panggugulo ng bayan! ¡Wala silang nalalamang pag-usiguin cung di ang mababait na mgã tao! ¡Nariyan ang mgã tulisan at ang mgã magsusugal! ¡Sunuguin natin ang cuartel!

Hinihipò ng̃ isa ang canyang bisig at humihing̃ ng̃ confesión; cahabaghabag na mgã taghoy ang lumalabas sa ilalim ng̃ mgã bangcong nangãtumba: yao'y isang caawaawang músico. Punongpuno ang escenario ng̃ mgã artista at ng̃ mgã taong bayan. Nariyan si Chananay, na nacasuot ng̃ Leonor sa Trovador, na nakikipagsalitaan ng̃ wicang tinda cay Ratia, na nacasuot maestro ng̃ escuela; si Yeyeng na nacabalot ng̃ malaking panyong sutla na na sa tabi ng̃ príncipe Villardo; pinagpipilitan ni Balbino't ng̃ mgã morong aliwin ang mgã músicong may mgã nasactan at hindi. Nagpapacabicabila ang ilang mgã castila at pinagsasabihan ang bawa't canilang nasasalubong.

Datapuwa't may nagcacabilog ng̃ isang pulutong. Napag-unawa ni don Filipo ang canilang adhica at canyang tinacbo upang sansalain.

—¡Huwag sana ninyong sirain ang catahimican!—ang isinisigaw ni don Filipo;—¡hihingĩ tayo bucas ng̃ carapatang tumbas sa caguluhang canilang guinawa, bibigyan tayo ng̃ nauucol sa ating catuwiran; nananagot aco sa inyong bibigyan tayo ng̃ nauucol sa ating catuwiran!

—¡Hindi!—ang isinasagot ng̃ ilan; ¡gayon din ang guinawa sa Calambà (ng

1879), gayon din ang ipinangãco, datapuwa't walang ano mang guinawa ang Alcalde! ¡Ibig naming gumawa ng̃ pagca justicia sa aming camay! ¡Tayo na sa cuartel!

Nawalang cabuluhan ang mgã pakikiusap ng̃ teniente mayor; nagpapatuloy ang pulutong sa canilang panucala. Lumingãp si don Filipo sa canyáng paliguid at humahanap ng̃ sa canya'y tumulong ay canyáng nakita si Ibarra.

—Guinoong Ibarra, ¡para na ninyóng awa! ¡Sila'y inyóng sansalain, samanatalang humaharap acó ng̃ mgã cuadrillero!

—Anó ang aking magagawa?—ang itinanong ng̃ binata, na natitigagal, datapuwa't malayo na ang teniente mayor.

Si Ibarra naman ang naglingãp-lingãp sa canyáng paliguid, at naghahanap siya ng̃ hindi nalalaman cung sino. Sa cagalingãng palad ay anaki'y canyáng nasuliapan si Elías, na walang bahalang pinanonood ang gayóng kilusan. Tinacbó siya ni Ibarra, hinawacan siyá sa bisig at sinabi sa canya sa wikang castila:

—¡Alang-alang sa Dios! ¡gumawa po cayó ng̃ bahagya, sacali't may magagawa; wala po acong magawang anó man!

Tila mandin siya'y nawatasan ng̃ piloto, sapagca't nawala siya't sinuot ang mgã bumubuo ng̃ pulutong.

Naringĩg ang masilacbóng pagmamatuwiran, mabilís na tutulán; pagcatapos ay untiunting nagpasimula ng̃ paghihiwahiwalay ng̃ mgã magcacapulutóng, at naalis sa bawa't isá ang anyóng may gagawing caguluhan.

At panahón na ngã, sa pagca't lumalabas na ang mgã sundalong may dalang mgã sandata at nacalagay sa dulo ng̃ fusil ang bayoneta.

¿Samantala'y ano ang guinagawa ng̃ cura?

Hindi pa nahihiga si párì Salví. Nacatindig siya, nacatuon ang noo sa mgã "persiana", sa dacong plaza ang tanaw, hindi cumikilos, at manacanacang pinatatacas niya ang pinipiguil na buntong hiningã. Cung hindi sana napacadilim ang liwanag ng̃ canyang ilaw, marahil napagmasdang napupuno ng̃ mgã luha ang canyang mgã mata. Gayon ang caniyang naguing anyo sa isang horas halos.

Pinucaw siya sa ganitong calagayan ng̃ pagcacagulo sa plaza. Sinundan ng canyang mgã matang nangguiguilalas ang walang tuos na pagpaparoo't parito ng mgã tao, at ang mgã tinig nila'y dumarating sa canyang hagawhaw na lamang.—

Isa sa mgã alilang dumating ang sa canya'y nagbigay alam ng̃nangyayari.

Dumaan sa canyang panimdim ang isang isipin. Sa guitna ng̃ mgã caingãyan at caguluhan, sinasamantala ng̃mgã may mahahalay na budhi ang pagcagulat at cahinaan ng̃loob ng̃mgã babae; nangãsisisiticas at nangãgliligtas sa sarili, sino ma'y walang nacacaalaala sa cangĩno man, hindi nariringĩg ang sigaw, hinihimatay ang mgã babae, nangãgcacasaguian, nangãsusungãba; dahil sa pagcagulat at pagcatacot ay hindi pinakikinggan ang hibik ng̃capurihang nalulugso, at sa calaguitnaan ng̃gabi ... ¡at pagca nagcacaibigan! Tila mandin nakikinikinita niyang calong ni Crisostomo si María Clarang hindi nacamamalay-tao, at sila'y nangãwala sa cadiliman.

Lumulucsong nanaog sa mgã hagdanan, walang sombrero, walang bastón at parang sira ang isip na tinungõ ang plaza.

Nasumpungãn niya roon ang mgã castilang pinagwiwicaan ang mgã sundalo, canyang tiningnan ang mgã upuang kinalalagyan ni María Clara at ng canyang mgã caibigan, at nakita niyang wala na sila roon.

—¡Padre Cura! ¡padre Cura!—ang sigawan sa canya ng̃mgã castila; ng̃uni't hindi niya pinansin sila. Doo'y nacahingã siya: nakita niya sa manipis na tabing na naroon ang isang anino, ang carapatdapat sambahing anino, ang puspos ng biyaya at calugodlugod na pangãngãtawan ni María Clara, at ang sa canyang tía na may dalang mgã taza at mgã copa.

—¡Magaling na lamang!—ang canyang ibinulong,—tila mandin walang nangyari cung di ang pagcacasakit lamang.

Sinarhan ni tía Isabel, pagcatapos ang mgã capis ng̃bintana, at hindi na napakita ang caibig-ibig na anino.

Lumayo sa lugar na iyon ang cura, na di man lamang nakikita ang caramihan. Nalaladlad sa harap ng̃canyang mgã mata ang cagandagandahang pangãngãtawan ng̃isang dalaga, na tumutulog at humihingã ng̃catamistamisan; nalíliman ang bubong ng̃mgã mata ng̃mahahabang pilicmata, na ang calantican ay tulad sa mgã pilicmata ng̃mgã Virgen ni Rafael; ng̃ũmingĩti ang maliit na bibig; nalalarawan sa boo ng̃ pagmumukhang yaon ang pagca Virgen, ang calinisang wagas, ang pagca walang malay casalanan; ang pagmumukhang iyo'y isang lubhang matimyas na panaguinip sa guitna ng̃maputing damit ng̃canyang higaan, wangĩs sa isang ulo ng̃querubín sa guitna ng̃mgã alapaap.

Nagpatuloy ng̃pagcakita ang panimdim ni pari Salví ng̃iba't iba pang mgã

bagay ...; ¿ngũni't sino ang macapaglilipat sa papel ng̃lahat ng̃mapapanimdim ng̃isang nag-aalab na budhi?

Marahil ay ang Corresponsal ng̃periódico, na winacasan ang pagsaysáy ng̃ fiesta at ng̃lahat ng̃mgã nangyari sa ganitong paraan:

"Macalilibong salamat, walang hangang salamat sa sumapanahon at masicap na pamamag-itan ng̃totoong cagalanggalang na si pari fray Bernardo Salví, na hindi kinatacutan ang lahat ng̃pangãnib, sa guitna ng̃bayang iyóng nagngĩngĩtngĩt ng̃galit, sa guitna ng̃caramihang wala ng̃pinagpipitaganan; waláng bastón, walang sombero'y pinayapa niyá ang mgã galit ng̃caramihan, na waláng ibang guinamit liban na lamang sa canyáng mapanghicayat na pananalita, at ang cadakilaan at capangyarihang cailan ma'y hindi nagcuculang sa sacerdote ng̃isang Religión ng̃Capayapaan. Linisan ng̃banal na religioso ang mgã catamisan ng̃pagcahimbing, na tinatamasa ng̃lahat ng̃magandang diwa na gaya ng̃ canyang taglay, upáng mailagang mangyari ang isang munting casacunaan sa canyáng mgã oveja. Hindi ngã marahil calilimutan ng̃mgã mamamayan sa San Diego ang ganitong lubhang magaling na guinawa niyá at magpacailan ma'y kikilanlin sa canyang utang na loob!"

Decorative motif

Decorative motif

# XLI.

## DALAWANG PANAUHIN.

Dahil sa calagayan ng̃ calooban ni Ibarra'y hindi siya mangyaring macatulog, caya ngã't ng̃upang libangĩn ang canyáng isip at ilayo ang mgã malulungcot na panimdim na lalong lumalaki ng̃di cawasa cung gabí, nagtrabajo siyá, sa napag-iisang canyang "gabinete". Inabot siya ng̃ araw sa mgã paghahalohalo at pagbabagaybagay, na doo'y canyáng inilulubog ang capucaputol na mgã cawayan at mgã iba pa, na ipinapasoc pagcatapos sa mgã frascong may mgã número at natatacpan ng̃lacre.

Ipinagbigay alam ng̃isang alilang lalaking pumasoc ang pagdating ng̃isang taong bukid.

—¡Papasukin mo!—ang canyáng sinabi, na hindi man lamang lumingõn.

Pumasoc si Elías, na nanatili sa pagcatindig at hindi umiimic.

—¡Ah! ¿cayo po ba?—ang biglang sinabi ni Ibarra sa wicang tagalog, ng̃ siya'y canyang makita;—ipagpaumanhin po ninyó ang aking pagca pahintay sa inyó, hindi co napansin ang inyóng pagdating: may guinagawa acong isang mahalagang pagtikim....

—¡Ayaw co pong cayo'y abalahin!—ang isinagot ng̃binatang piloto; ang unang ipinarito co'y upang sa inyo'y itanong cung cayo'y may ipagbibiling ano man sa lalawigang Batangãng aking patutungũhan ngãyon din, at ang icalawa'y upang sabihin co po sa inyo ang isang masamang balita....

Tinanong ni Ibarra ng̃mata ang piloto.

—May sakit po ang anac na babae ni capitang Tiago,—ang idinugtong ni Elias ng̃sabing mahinahon,—datapuwa't hindi malubha.

—¡Iyang na ngã ang aking ipinangãngãnib!—ang sinabi ng̃ marahan,—¿nalalaman po ba ninyo cung ano ang sakít?

—¡Lagnat po! Ngãyon, cung wala cayong ipag-uutos....

—Salamat, caibigan co; hinahangãd cong cayo'y magcaroon ng

maluwalhating paglalacbay ...; datapuwa't bago cayo umalis, itulot po ninyo sa aking sa inyo'y macapagtanong ng̃isa; cung sacali't lihís sa tapat na pag-iingãt ng̃lihim ay huwag cayong sumagot.

Yumucod si Elias.

—¿Paano ang inyong guinawa't inyong nasansala ang panucalang gulo cagabi?—ang tanong ni Ibarra na tinititigan si Elias.

—¡Magaang na magaang!—ang isinagot ni Elias ng̃boong cahinhinan;—ang namamatnugot ng̃ gayong kilusa'y magcapatid na nangũlila sa ama na pinatay ng̃guardia civil sa capapalo; nagcapalad aco isang araw na mailigtas co sila sa mgã camay rin ng̃mgã iyong umamis sa buhay ng̃canilang magulang, at dahil dito'y capuwa cumikilala sa akin ng̃utang na loob ang dalawa. Sa canila, aco nakiusap cagabi, at sila naman ang sumaway na sa mgã iba.

—¿At ang magcapatid na iyan ang canilang ama'y pinatay sa capapalo?...

—Ang cahahanggana'y cawang̃is din ng̃ ama,—ang isinagot ni Elias ng̃ marahang tinig;—pagca minsang tinatacan na ng̃casacunaan ng̃canyang tanda ang isang mag-anac, kinacailangãng mamatay ngã ang lahat ng̃bumubuo ng̃ mag-anac na iyan; pagca tinatamaan ng̃lintic ang isang cahoy ay naguiguing alaboc na lahat.

At sa pagca't namasdan ni Elias na si Ibarra'y hindi umiimic, siya'y nagpaalam.

Ng̃ nag-iisa na siya'y nawala ang anyong panatag ang loob na canyang naipakita sa harap ng̃piloto, at nang̃ibabaw sa mukha ang sákit ng̃canyang loob.

—¡At aco! ¡acó ang nagpahirap ng̃di ano lamang sa babaeng iyan!—ang ibinulong.

Dalidaling nagbihis at nanaog sa hagdanan.

Bumati sa canyá ng̃boong capacumbabaan ang isáng maliit na lalaking nacasuut ng̃lucsa at may isáng malaking pilat sa caliwang pisng̃i, at pinahinto siyá sa paglacad.

—¿Ano ba ang ibig ninyó?—ang tanong ni Ibarra.

—Guinoo, Lucas ang aking pangãlan, acó ang capatid ng̃namatay cahapon.

—¡Ah! ¡Inihahandog co sa inyó ang pakikisama sa inyóng pighati!... at anó pa?

—Guinoo, ibig cong maalaman cung gaano ang inyóng ibabayad sa mag-anac na nangũlila sa aking capatid.

—¿Ibabayad?—ang inulit ng̃binata, na di napiguil ang sama ng̃canyang loob;—pag-uusapan na natin itó. Bumalic po cayó ngãyon hapon, sa pagca't nagmamadali acó ngãyón.

—¡Sabihin po lamang ninyó cung gaano ang ibig ninyóng ibayad!—ang pinipilit itanong ni Lucas.

—¡Sinabi co na sa inyóng mag-uusap na tayo sa ibang araw, ngãyo'y wala acong panahon!—ani Ibarrang naiinip.

—¿Wala po cayong panahón ngãyón, guinoo?—ang tanóng ng̃ boong saclap ni Lúcas, na humalang sa harapan ni Ibarra;—¿wala cayong panahon sa pakikialam sa mgã patay?

—¡Pumarito na cayó ngãyong hapon, cung ibig ninyóng magbigay-loob!—ang inulit ni Ibarrang nagpipiguil;—ngãyo'y dadalawin co ang isáng taong may sakít.

—¡Ah! ¿at dahil sa isang babaeng may sakit ay linilimot po ninyo ang mgã patay? ¿Acala ba ninyo't cami'y mgã ducha'y?...

—Tinitigan siya ni Ibarra at pinutol ang canyang pananalita.

—¡Huwag po sana ninyong piliting ubusin ang aking pagtitiis!—ang sinabi ni Ibarra at ipinagpatuloy ang canyang paglacad. Sinundan siya ni Lucas ng̃titig na may calakip na ngĩting puspos ng̃pagtatanim ng̃galit.

—¡Napagkikilalang icaw ang apo ng̃nagbilad sa arao sa aking ama!—ang ibinulong;—¡taglay mo pa ang gayon ding dugo!

At nagbago ng̃anyo ng̃pananalita, at idinugtong:

—¡Datapuwa, cung magbayad ca ng̃magaling ... tayo'y magcatoto!

Decorative motif

---

Decorative motif

# XLII.

## ANG MAG-ASAWANG DE ESPADAÑA.

Nacaraan na ang fiesta; muli na namang napag-unawa ng̃ mg̃ã mamamayan, cawangĩs din ng̃ lahat ng̃ taóng nagdaan, na lalo ng̃ dukha ang cabán, na sila'y nangãgcapagod, nangãgpawis at totoong nangãgpuyat na hindi sila nangãcapagsayá, hindi sila nangãgcamit ng̃ bagong mgã caibigan, sa isang salita, mahal na totoo ang canilang pagcabili sa mgã caguluhan at sa mgã basag-ulo. Datapuwa't hindi cailangãn; gayon din ang gagawin sa taóng darating, gayon din sa darating na ikasandaang taon, sa pagca't hangga ngãyo'y ito ang siyang naguing caugalian.

Naghahari sa bahay ni capitang Tiago ang malaking capanglawan; nacasara ang lahat ng̃ mgã bintana, bahagya na nararamdaman ang paglacad ng̃ mgã tao roon sa sahig, sa cocina lamang nangãngãhas silang magsalita ng̃ malacas. Nararatay sa banig at may sakit si María Clarang caluluwa ng̃ bahay; nababasa ang canyang calagayan sa lahat ng̃ mgã mukha, tulad naman sa pagcabasa sa pagmumukha ng̃ isang tao ng̃ mgã dinaramdam ng̃ canyang caluluwa.

—¿Ano ba sa acala mo Isabel; sa Cruz sa Tunasan ba aco maglimos ó sa Cruz sa Matahong?—ang marahang tanong ng̃ nababalisang ama.—Lumalaki ang Cruz sa Tunasan, datapuwa't pumapawis naman ang sa Matahong; alin caya sa acala mo ang lalong mapaghimala?

Nag iisip-isip ang tía Isabel, iguinalaw ang ulo at bumulong:

—Paglaki ... lalong malaking himala ang lumaki cay sa pumawis: nagpapawis tayong lahat, ng̃ũni't tayong lahat ay hindi lumalaki.

—Tunay ngã, siya ngã, Isabel, ng̃ũni't alalahanin mong ang magpawis.... ang magpawis ang cahoy na guinagawa lamang na paa ng̃ bangco ay hindi cacaunting himala ... ¡Aba! ang lalong mainam ay maglimos sa dalawang Cruz, sa ganya'y walang maghihinanakit na sino man at lalong madaling gagaling si María Clara ... ¡Mabuti ba ang pagcacahanda ng̃ mgã silid? Nalalaman mo ng̃ casama mag-asawang doctor ang isang bagong guinoong may pagcacamag-anac ni pari Dámaso; kinacailangãng huwag magculang ng̃ ano man.

Na sa cabilang dulo ng͠ "comedor" ang magpinsang si Sinang at si Victoria, na napaparoo't sinasamahan ang may sakit. Tinutulungãn sila ni Andeng sa paglilinis ng͠ mgã cagamitang pilac sa pag-inom ng͠ chá.

—¿Nakikilala ba ninyo ang doctor Espadaña?—ang tanong na mahigpit cay Victoria ng͠ capatid sa suso ni María Clara.

—¡Hindi!—anang tinatanong;—ang tangĩng nalalaman co lamang sa canya'y mahal na totoong sumingĩl, ayon cay capitang Tiago.

—¡Marahil totoong magaling siya cung gayon!—ani Andeng;—mahal sumingĩl ang bumutas ng͠ tiyan ni doña María, caya ngã marunong.

—¡Haling!—ang biglang sinabi ni Sinang,—hindi ang lahat ng͠ sumisingĩl ng͠ mahal ay marunong na. Tingnan mo si doctor Guevara; pagcatapos na di natutong umalalay sa nangãngãnac, hanggang sa putulin ang ulo ng͠ sanggol, siningĩl ng͠ limampong piso ang nabaong lalaki ... sumingĩl ang siyang nalalaman.

—¿Ano ang kinalaman mo?—ang tanong sa canya ng͠ canyang pinsan at siya'y sinicó.

—¿At bakit hindi co malalaman? Ang lalaki, na isang maglalagari ng͠ cahoy, pagcatapos na siya'y mapangũlila ng͠ canyang asawa, napilitan namang mawal-an siya ng͠ bahay, sa pagca't pinilit siyang magbayad ng͠ Alcalde, na caibigan ng doctor ... ¿bakit hindi co malalaman? Pinautang pa siya ng͠ aking ama upang macapasa Santa Cruz[259].

Isang cocheng tumiguil sa tapat ng͠ bahay ang siyang pumutol ng͠ lahat ng͠ mgã salitaan.

Nanaog na nagtutumacbo sa hagdanan si capitang Tiago, na sinusundan ni tía Isabel, upang salubungĩn ang mgã bagong dating.—Ang mgã nagsidating na ito'y ang doctor na si don Tiburcio de Espadaña, ang canyang guinoong asawang; doctora na si doña Victorina de los Reyes "de" de Espadaña at isang binatang castilang nacalulugod ang mukha at maganda ang kiyas.

Ang sa babaeng pananamit ay isang sutlang "bata" na nabuburdahan ng͠ mgã bulaclac, at may isang sombrerong may isang malaking ibong "papagayo" na halos nababayuot sa mgã cintas na azul at pula; ang nangãgcacahalong alaboc ng͠ daan at galapong ng͠ bigas sa canyang mgã pisngĩ ang siya manding nagdaragdag ng͠ canyang mgã culubot; ngãyo'y inaalalayan sa mgã bisig ang canyang asawang pilay, na gaya rin ng͠ siya'y makita natin sa Maynila.

—Ikinaliligaya cong ipakilala sa inyo ang aming pinsang si don Alfonso Linares de Espadaña!—ani doña Victorina na itinuturo ang binata; ang guinoong ito'y inaanac ng̃isang camag-anac ni pari Dámaso, tang̃ing kalihim ng̃lahat ng mg̃a ministro....

Bumati ng̃calugodlugod ang binata; unti ng̃hagcan ni capitang Tiago ang canyang camay.

Samantalang ipinapanhic ang lubhang maraming mg̃a "maleta" at mg̃a "saco de viaje", samantalang inihahatid sila ni capitang Tiago sa canicanilang mg̃a silid, pag-usapan natin ang ilang bagay na nauucol sa mag-asawang ito, na bahagya na natin napagsalitaanan sa mg̃a unang bahagui ng̃librong ito.

Si doña Victorina'y isang guinoong babaeng may taglay ng̃mg̃a apat na po't limang agosto, na catumbas ng̃tatlompo't dalawang abril ayon sa canyang balac sa aritmética. Maganda siya ng̃ panahong bata pa, malamán ang canyang catawan,—gayon ang madalas niyang sabihin—ng̃uni't sa canyang pagcawili sa panonood sa canyang sarili, pinawal-ang halaga niya ang maraming sa canya'y nang̃ing̃ibig na mg̃a filipino, palibhasa'y ang minimithi niya'y ang ibang lahi. Hindi niya inibig ipagcatiwala cang̃ino man ang canyang maputi at maliit na camay, datapuwa't hindi sa pagcuculang tiwala, sa pagca't hindi mamacailang nagbigay siya sa ilang lagalag na mg̃a tagaibang lupain at mg̃a tagarito ng̃mg̃a pamuti at mg̃a hiyas na hindi maulatan ang cahalagahan.

Anim na buwan pa muna bago dumating ang panahong sinasaysay namin ng̃ayon, nasunduan niyang ganap ang lalong caligaligaya niyang panaguinip, ang panaguinip ng̃boong buhay niya, na dahilan dito'y pinawalang halaga niya ang mg̃a pagsuyo ng̃cabataan at sampo ng̃mg̃a pang̃acong pagsinta ni capitang Tiago na ng̃ una'y ibinubulong sa canyang taing̃a ó inaawit sa ilang mg̃a pananapat. Lampas na ng̃a sa panahon ng̃masunduan niya ang canyang mithi; ng̃uni't palibhasa'y cahi't pamalimali'y nagsasalita si doña Victorina ng̃wicang castila, at higuit cay Agustina na taga Zaragoza ang canyang pagca española, nalalaman niya yaong casabihang "Mas vale tarde que nunca" (Magaling cay sa wala ang magcamit cahi't malaon), at siya rin ang umaaliw sa sarili sa pagsasalita nito sa canya rin.—"No hay felicidad completa en la tierra" ay isa naman sa canyang laguing guinagamit na casabihan sa canyang buhay, sa pagca't hindi lumalabas sa canyang mg̃a labi ang dalawang casabihang ito sa harap ng ibang mg̃a tao.

Si doña Victorinang pinagdaanan na ng̃una, pang̃alawa, pang̃atlo at pang-apat na cabataan sa paglaladlad ng̃canyáng mg̃a lambat upang mahuli sa dagat

ng̃ daigdíg ang bagay na adhica ng̃ canyáng mg̃a hindi pagcacatulog, sa cawacasa'y napilitang sumang-ayon sa ibig ng̃capalarang sa canya'y ipagcaloob. Cung naguing tatlompo't isang abril sana ang canyáng gulang, at hindi tatlompo't dalawá,—ang layo'y totoong malaki ayon sa canyáng aritmética.—isinauli disin ng̃cahabaghabag na babae sa Capalaran ang inihahandog sa canyáng huli sa lambát, upáng maghintáy ng̃lalong naaalinsunod sa canyang calooban. Ng̃uni't palibhasa'y pinapanucala ng̃tao at ang pang̃ng̃ailang̃an ang siyáng nagpapasiya, siyáng malaki ng̃lubha ang pang̃ng̃ailang̃an ng̃asawa, napilitang magaling̃n na niyá ang isáng abang lalaki na iniabsang ng̃bayang Extremadura (España), at pagcatapos na macapaglagalag sa daigdig ng̃anim ó pitóng taón, Ulisis na bago, sa cawacasa'y nasumpung̃an niya sa pulo ng̃Lusóng ang mapapanuluyan, salapi at isang panís ng̃Calipso, na canyáng-cabiac dalandán ... ¡ay! at ang dalanda'y maasim. Tiburcio Espadaña ang pang̃alan ng̃caawaawa, at baga man tatlompo't limang taón ang gúlang ay tila matanda na; gayón ma'y lalong bata pa siya cay doña Victorina, na may tatlompo't dalawa lamang. Magaang maunawa ang cadahilanan nitó, ng̃uni't pang̃anib na sabihin.

Siya'y na pa sa Pilipinas na ang catungcula'y Oficial Quinto sa mg̃a Aduana, datapuwa't totoong napacalihis ang canyang palad, na bucód sa siya'y nahilong mainam at nabalian siya ng̃isang hita samantalang naglalacbay-dagat, binawian siya ng̃ catungculan ng̃ macaraan ang labing limáng araw mula ng̃ siya'y dumating, pagbawing sa capanahuna'y dinala sa canyá ng̃"Salvadora", ng̃wala na siya cahit isang cuarta man lamang.

Sa canyáng pagcadala sa dagat, hindi niya inibig umuwi sa España hanggang hindi siyá yumayaman, at inisip niyáng maghanap-buhay sa ano man. Ayaw itulot sa canyá ng̃capalaluan ng̃budhi ng̃pagca castila ang paggugugol ng̃ lacas: hang̃ad sana ng̃ lalaking mamuhay siyá sa isang paraang walang icapipintas ang sino man, ng̃uni't ayaw ipahintulot sa canya ng̃capurihan ng̃mg̃a castila na gugulin niyá ang lacás sa paggawa, at hindi siya mailigtas sa mg̃a pang̃ng̃ailang̃an ng̃capurihang iyón.

Ng̃mg̃a unang araw ay nabubuhay siya sa gugol ng̃ilang cababayan niya, ng̃uni't palibhasa'y marunong mahiya si Tiburcío, sa damdam niya'y masaclap ang canyang kinakain, caya't hindi tumataba cung di bagcos pa ng̃ang nang̃ng̃ayayat. Sa pagca't wala siyang dunong, salapi ó mataas na taong tumangkilic sa canya, inihatol sa canya ng̃ canyang mg̃a cababayan, upang huwag na siyang macabigat pa sa pamumuhay na siya'y pa sa mg̃a lalawigan at doo'y magpanggap siyang doctor sa pangagamot. Ng̃mg̃a unang mula'y aayon sana ang lalaki, sa pagca't tunay ng̃a't siya'y naguing alila sa Hospital ng̃San

Cárlos ngũni't wala siyang natutuhang ano man sa carunungãn tungcol sa panggagamot: ang tungculin niya roo'y pagpagan ng̃alaboc ang mgã bangco at papagningãsin ang mgã bagang pangpainit, at ito'y hindi pa, nalaon. Datapuwa't sa pagca't nalalao'y humihigpit ang caguipitan, at pinapawi ng̃canyang mgã caibigan ang mgã pag-aalap-ap niya, pinakinggan niya sila sa cawacasan, siya'y na pa sa mgã lalawigan, nagpasimula siya ng̃pagdalaw sa ilang mgã may sakit, at sumisingĩl siya ng̃ alinsunod sa inihahatol sa canya ng̃ sariling budhi. Datapuwa't ang nacawangĩs niya'y ang binatang filósofo na sinasabi ni Sameniego, sa cahulihuliha'y sumingĩl siya ng̃mahal at linagyan niya ng̃mataas na halaga ang canyang mgã dalaw sa mgã may sakit; dahil dito'y ipinalagay siyang dakilang manggagamot, at marahil siya sana'y yumaman, cung hindi nabalitaan ng̃mgã pangũlong manggagagamot sa Maynila ang camalacmalac na canyang pagsingĩl at ang pakikipangãgaw na guinagawa sa mgã ibang manggagamot.

Namag-itan sa canya ang mgã walang catungculan at ang mgã profesor. —"Caibigan,—ang canilang sinabi sa maganapin sa catungculang si Dr. C.,—pabayaan na ninyong siya'y macatipon ng̃caunting puhunan, at pagca may anim ó pitong libo na siya'y macaoowi na sa canyang bayan at ng̃doo'y mamuhay sa capayapaan. Sa catotohana'y ¿ano ang guinagawa sa inyong masama? ¿na canyang dinaraya ang mgã hindi marunong mag-ingãt na mgã "indio"? Sila'y magpacatalino. Siya'y isang caawaawa; huwag po ninyong alisin sa canyang bibig ang pagcain; cayo sana'y mag-asal mabait na castila!"

¿Palibhasa'y mabait ngãng castila ang doctor, napahinuhod siyang magwalang malay ng̃cagagawang iyon; ngũni't sa pagca't dumating sa taingã ng̃ bayan ang gayong balita, nagpasimula ng̃pagcuculang tiwala sa canya, at hindi nalao't wala ng̃pagamot cay don Tiburcio Espadaña at sa ganito'y napilitan na namang halos magpalimos ng̃ kinakain sa araw-araw. Ng̃ panahong iyo'y nabalitaan sa isang caibigan niya, na naguing matalic namang caibigan ni doña Victorina, ang malaking pangãngãilangãn ng̃asawa ng̃guinoong babaeng ito, ang canyang pagsinta sa bayang España at ang cagandahan ng̃canyang puso. Natanawan ni don Tiburcio roon ang isang capilas na langĩt, at ipinakiusap na siya'y ipakilala cay doña Victorina.

Nagkita si doña Victorina't si don Tiburcio. ¡"Tarde venientibus ossa," ang biglang sinabi marahil ni don Tiburcio cung marunong sana siyá ng̃latin! Si doña Victorina'y di na masasabing maaariari pa, tunay na di na maaari; nauwi na lamang ang canyáng malagong buhóc sa isang pusód, na ayon sa sabi ng̃ canyáng alilang babae'y ang ulo ng̃bawang ang nacacasinlaki raw, ang mgã

culubót ng̃canyang mukha'y tulad sa dinaanan ng̃araro at nagpapasimula na ng pag-uga ang canyang mg̃ã ngĩpin, nangãgdaramdam na rin naman ang canyáng mg̃ã matá, at malaki na ang ipinagdamdam, caya't kinacailangãn na niyáng ga ipikit na ng̃caunti upang macakita sa dacong may calayuan; ang caugalian na lamang niya ang tangĩng sa canya'y natira.

Nangãgcaunawaan ng̃matapos ang calahating horas na pagsasalitaan, at nangãgtanggapan sila. Dahil sa ang ibig niya ang isang castilang hindi napacapiláy, hindi totoong utal, hindi lubháng upawin, huwag napaca bungĩ ang mg̃ã ngĩpin na huwag mapacalabis ang pananambulat ng̃laway cung nagsasalita, at magcaroon sana ng̃lalong malaking licsi at "categoria", na gaya ng̃caraniwan niyang sabihin; ngũni't ang ganitóng mg̃ã bagay na castila'y hindi lumapit cailan man sa canyá upang ipakiusap na sa canya'y pacasal. Hindi miminsang canyang naringĩg na "la ocasión la pintan calva" (ilinalarawang walang buhoc sa ulo ang magaling na pagcacataon), at inacala niyá ng̃ taimtim sa loob na si don Tiburcio'y siyang tunay na magaling na pagcacataon, sa pagca't salamat sa mg̃ã gabíng lubhang mapighating canyáng dinaanan, maagang nangyayari sa canyá ang pagcapanot ng̃ ulo. ¿Sino ang babaeng hindi matalino sa icatatlompo't dalawang taóng gulang?

Nagdamdam naman si don Tiburcio, sa ganang canyá, ng̃hindi mawatasang pamamanglaw ng̃canyáng dilidilihin ang mg̃ã unang buwan ng̃canyang pag-aasawa na ang caraniwa'y nagtatamasa ng̃boong catamisan. Ngũni't caniyang taglay ang pagsang-ayon sa sawing capalaran, at humingĩ siyang saclolo sa pag-aalaala sa dinaanan at dinaraanan pang gutom cung sacali. Cailan man ay hindi niya inisip ang lumangõy sa yaman ó magtamo ng̃ mataas na catungculan, magagaang na camtan ang canyang mg̃ã adhica ng̃loob, hindi malalawac ang canyáng mg̃ã mithi; datapuwa't ang canyang pusong virgen pa ng̃mg̃ã panahong iyón ay naghangãd ng̃ibang nacasisintahing lubhà.—Doon sa canyang cabataan, cung pagal na siya sa cagagawa, pagcatapos na magawa niyá ang dukhang paghapon, nagpapahingãlay siya sa masamang hihigán upáng tunawin ang "gazpacho", at natutulog siyang ang napapanag-inip ay isang larawang nacangĩti at mapagbigay layaw. Pagcatapos, ng̃maragdagan ang mg̃ã sama ng̃loob at mg̃ã casalatan, nagdaan ang mg̃ã taón at hindi dumating ang calugodlugod na larawan, ang inisip na lamang niya'y ang isang mabait na babae, masipag, mabuting mamahay, na macapagdala sa canya ng̃caunting salapi sa pagcacasal, macapagbigay aliw sa canya sa mg̃ã pagal ng̃paggawa at manacanacang siya'y cagalitan.—¡tunay, ipinalalagay niyang isang caligayahan ang mg̃ã pag-aaway ng̃mag-asawa! Datapuwat ng̃siya'y mapilitang maglagalag sa bayanbayan, na ang hinahanap niya'y hindi na ang cayamanan cung hindi caunti man lamang

caguinhawahan sa pamumuhay sa panahon canyang ipinananatili pa sa daigdig; ng̃ pucawin sa canya ang pag-asang macakikita ng̃ caguinhawahan ng̃ mg̃ã balibalitang bigay sa canya ng̃ canyang mg̃ã cababayang galing sa cabilang ibayo ng̃ dagat, lumulan siya sa isang sasacyang tung̃õ sa Filipinas, pinapamugad ng̃ layon sa canyang dibdib ang isang calugodlugod na mestiza, sa isang magandang india na may malalaking matang maitim, napuputos ng̃ sutla at mg̃ã nang̃ãng̃ãninag na mg̃ã damit, tiguib ng̃ taglay na mg̃ã brillante at guinto at iniaalay sa canya ang pagsinta, ang mg̃ã coche, at iba pa. Dumating sa Filipinas at ang boong acala niya'y nasunduan na niya ang caganapan ng̃ canyang panag-inip, sa pagca't tinititigan siya ng̃ may halong pagtataca ng̃ mg̃ã dalagang nacasacay sa mg̃ã cocheng plateadoong nagpapasial sa Luneta at Malecón. Datapuwa't ng̃ siya'y bawian ng̃ catungculan, nawala sa canyang panimdim ang mestiza ó ang india, at linikha naman niya ng̃ boong hirap ang larawan ng̃ isang bao, ng̃ũni't isang baong calugodlugod. Caya ng̃ã't ng̃ makita niyang naguiguing catotohanan ang isang bahagui ng̃ canyang panaguinip, siya'y namanglaw ng̃ũni't palibhasa'y taglay niya ang caunting catutubong pagsangayon sa ano mang nangyayari, sinabi niya ang sa canyang sarili: ¡"Yao'y wala cung di isang panaguinip lamang, at sa daigdig ay hindi nabubuhay sa panaguinip"! Sa ganito'y binibigyan niyang capasiyahan ang canyang mg̃ã pag-aalinlang̃ãn: gumagamit siya ng̃ galapong ng̃ bigas, pshe! cung macasal na sila'y ipag-uutos na niyang huwag gumamit; na marami ng̃ culubot ang balat, ng̃ũni't ang levita niya'y lalo ng̃ maraming guisi at mg̃ã sursi, na yao'y isang matandang babaeng mapagyabang, mapagpasuco at asal lalaki, datapuwa't ang gutom ay lalo ng̃ asal lalaki, lalo ng̃ mapagpasuco at lalo pa manding mapagyabang, at bucód sa roo'y caya ng̃ã naman catutubo na niya ang pagcamatimyas na ugali, at ¿sino ang nacacaalam? binabago ng̃ pagsinta ang mg̃ã caasalan; na totoong masamang mang̃ãstila, siya man nama'y hindi rin magaling mang̃ãstila, ayon sa sinabi sa canya ng̃ puno ng̃ Negociado ng̃ ipagbigay alam sa canya ang sa canya'y pagbawi ng̃ catugculan, at bucod sa roo'y ¿ano baga iyon? ¿na ang babaeng iyo'y isang matandang pang̃ĩt at catawatawa? ¡siya nama'y pilay, wala ng̃ ng̃ĩpin at saca panot pa! Lalong minamagaling pa ni don Tiburcio ang siya'y mag alaga cay sa siya'y alagaan sa pagcacasakit sa gútom. Pagca linilibac siyá ng̃ alin mang caibigan niyá, ito ang canyáng isinasagot: "Bigyan mo aco ng̃ pagcain at tawaguin mo acong tang̃ã".

Si don Tiburcio'y isa riyan sa caraniwang sinasabing hindi gumagawa ng̃ masama cahi't sa isang lang̃ãw: mahinhin at walang cayang magtaglay ng̃ isang masamang caisipan, siya disi'y nagmisionero ng̃ mg̃ã unang panahón. Hindi nangyaring nacapanagumpay sa canya ang lubos na paniniwala ng̃ malaking

cataasan, ng̃ dakilang camahalan at mataas na cahalagahang sa loob ng̃ ilang linggo'y cumacapit sa calooban ng̃ pinacamalaking bahagui sa canyang mgã cababayan. Hindi nagcasiya cailan man sa canyang puso ang magtanim ng̃galit; hindi pa siya nacasusumpong ng̃ isa man lamang na "filibustero"; wala siyang nakikita cung hindi mgã haling na isip na kinakailangãng agawan ng pagcabuhay, sacali't aayaw na maguing halíng pa cay sa canila. Ng̃pag-acalaang siya'y pag-usiguin sa harap ng̃ mgã hucuman dahil sa pagpapanggap niya ng pagca manggagamot, hindi siya naghinanakit, hindi siya dumaing; kinikilala niya ang catuwiran, at ito lamang ang canyang isinasagót: ¡Datapuwa't kinacailangãng mabuhay!

Sila ngã'y napacasal ó nagsiluan ang isa't isa[260], at na pa sa Santa Ana sila at ng̃doon nila lasapin ang catimyasan ng̃unang buwan ng̃bagong casal; ngũni't ng̃ gabi ng̃ sa canila'y pagcacasal, nagcasakit si doña Victorina, dahil sa catacottacot na hindi pagcatunaw ng̃ kinain; si don Tiburcio'y napasalamat sa Dios, nagpakitang siya'y mairog at maiguing mag-alaga. Gayón man, ng icalawang gabi'y ipinakilala niyáng siya'y lalaking marunong magmahal sa capurihan, at ng̃manalamin siya ng̃kinabucasan, ngũmiti ng̃boong calungcutan hanggang sa ipakita niya ang canyang mgã ngĩdngĩd na walang ngĩpin: ang cauntia'y may sampong taón ang canyang itinanda.

Sa lubhang malaking pagcalugod ni doña Victorina sa canyang asawa, ipinagpagawa niya siya ng̃ magagaling na mgã ngĩping nailalagay at naaalis, ipinag-utos sa lalong magagaling na mgã sastre sa ciudad na igawa ang canyang asawa ng̃ lalong magagaling na mgã casuutan; bumili ng̃ mgã araña at mgã calesa; nagbilin sa Batangãn at sa Albay ng̃lalong magagaling na mgã "pareja" ng̃ mgã cabayo, at hanggang sa pinilit niya si don Tiburciong magcaroon ng dalawang cabayong handa sa mgã tacbuhang darating.

Samantalang binabago niya ang calagayan ng̃canyang asawa'y hindi niya nililimot ang canyang sariling catawan: canyang iniwan ang sayang sutla at ang barong pinya at ang guinamit niya'y ang pananamit europea; inihalili niya sa madaling gawing puyod ng̃mgã filipina ang magdarayang mgã "flequillo", at sa pamamag-itan ng̃canyang mgã pananamit na cagulatgulat ang sa canya'y hindi pagcabagay, binigyang niyang ligalig ang capayapaan ng̃ tahimic at walang guinagawang mgã mamamayan.

Ang canyang asawang cailan ma'y hindi umaalis na naglálakad,—(aayaw si doña Victorinang makita ang capilayan ng̃canyang asawa),—dinádala siya sa mgã lugar na walang tao, bagay na ikinahahapis na totoo ni doña Victorina, palibhasa'y ang ibig niya'y maipagparangãlan ang canyang asawa sa lalong

hayag na mgã paseo: ngũni't hindi siya umiimic sa pagpipitagan niya sa mgã unang buwan ng̃catamisan ng̃mgã bagong casal.

Nagpasimula ang pagbabawas ng̃timyas ng̃canilang pagsasama, ng̃acalain ng̃canyang asawang siya'y pakiusapan tungcol sa "polvos de arroz" (galapong ng̃bigas) at sabihin sa canyang yao'y daya at hindi catutubo; pinapagcunot ni doña Victorina ang canyang mgã kilay, at siya'y tinitigan sa mgã ngĩping nailalagay at naaalis. Hindi na umimic ang lalaki, at napagwari ng̃babae cung alin ang pangpahina sa canya ng̃loob.

Hindi nalao't ang isip niya'y siya'y nagdadalang tao na, at canyang ipinamalita ang gayong bagay sa lahat ng̃canilang mgã caibigan:

—Acó at si de Espadaña'y cami pasasa "Peñinsula" sa buwang darating; aayaw acong ipangãnac dito ang aming anac at tatawaguing "revolucionario".

Nilagyan niya ng̃ isang "de" ang apellido ng̃ canyang asawa; hindi pinagcacagugulan ng̃ ano man ang "de"; ngũni't nacapagbibigay "categoria" (camahalan sa pangãlan). Cung pumifirma siya'y ganito ang inilalagay niya sa sariling pangãlan: Victorina de los Reyas "de" de Espadaña; ang "de" de Espadañang ito ang siyang ikinasisira ng̃ canyang isip; bagay na hindi nangyaring naalis sa canyang ulo ng̃litografong gumawa ng̃canyang mgã tarjeta at ng̃cahi't canyang asawa.

—Cung isa lamang "de" ang aking ilalagay, mawiwicang talagang wala cang "de", ¡haling!—ang sinabi sa canyang asawa.

Walang licat ang canyang pamamalita ng̃ guinagawa niyang mgã paghahanda sa paglalacbay, pinagsicapan niyang isaulo ang mgã pangãlan ng mgã duongãng dinaraanan ng̃mgã sasacyang patungõ sa España, at nacalulugod na pakinggan siya sa pananalita:—"Aking makikita ang ismo ng̃canal ni Suez; sinasabi ni De Espadañang siya raw lalong maganda, at nalibot ni De Espadaña ang boong daigdig. "—" Marahil ay hindi na aco uuwi dito sa lupain ng̃mgã taong gubat, "—" Hindi aco ipinangãnac upang matira aco sa lupaing ito; lalo pang nababagay sa akin ang Aden ó Port Said: musmos pa aco'y gayon na ang aking caisipan," at iba pa. Pinagbabahagui ni doña Victorina ang daigdig, sa canyang "geografía," sa Filipinas at España, na naiiba naman sa mgã chulo (mgã taong hangãl sa Madrid) na binababahagui ang daigdig sa España at America ó China sa ibang pangãlan.

Nalalaman ng̃ canyang asawang ang ilang sa mgã bigay na iyo'y mgã cahalingãn, ngũni't hindi umiimic at ng̃ huwag siyang masigawan at

maipamukha sa canya ang canyáng cautalan. Nagpacunwari si doña Victorinang siya'y naglilihi, at nagpahumaling sa pagsusut ng̃mg̃a damit na sarisari ang mg̃a culay, nagbalot ng̃mg̃a bulaclac at ng̃mg̃a sintas at nagpapasial na nacabata sa Escolta, datapuwa't ¡oh casaliwaang palad! nagdaan ang tatlong buwan at nalugnaw ang panag-inip, at sa pagca't wala ng̃dapat ipang̃ilag upang huwag maguing revolucionario ang anac na lalaki, hindi na niya ipinatuloy ang paglalacbay. Ang kinahiligan nama'y ang pagtatanong sa mg̃a manggagamot, mg̃a hilot, mg̃a matatandang babae't iba pa, datapuwa't nawalang cabuluhan; siyang aayaw pasaclolo sa cang̃ino mang santo ó santa, at canyang nililibac si San Pascual Bailon, bagay na totoong ikinahahapis ni capitang Tiago; caya ng̃a't sa canya'y sinabi ng̃isang caibigan ng̃canyang asawa:

Maniwala po cayo sa akin, guinoong babae, cayo po ang bugtong na may "espiritu fuerte" (matapang na diwa) sa nacayayamot na lupang ito!

Siya'y ng̃umiti baga man hindi niya nauunawa cung ano ang "espiritu fuerte" at pagcagabi, sa oras ng̃pagtulog, itinanong cung ano ang cahulugan niyon sa canyang asawa.

—Guiliw co,—ang isinagot nito,—ang nalalaman cong e ... espiritu fuerte ay ang "amoniaco;" isang "re ... retórica" (bulaclac ng̃pananalita) lamang marahil ang sinabi ng̃aking caibigan.

Buhat niyó'y sinasabi niya cailan ma't maaari:

—Aco ang bugtong na amoníaco sa lubhang nacayayamot na lupaing ito, sa pananalitang retórica; gayon ang sinabi ni Guinoong N. de N., peninsular na totoong mataas ang "categoria".

Ang bawa't maibigan niyá'y kinacailang̃ang gawin; totoong napasuco niyang lubos ang canyang asawa, na hindi naman nagpakita ng̃malaking pagsalangsang sa canya, na ano pa't naguing cahalimbawang tunay ng̃isáng ásong maliit na sumusunod sa bawa't maibigan ni doña Victorina. Cung guinagalit siya'y hindi pinahihintulutang siya'y macapagpasial, at cung totoong siya'y pinapagng̃ing̃itng̃it, inaagaw cay don Tiburcio ang postizong mg̃a ng̃ipin at pinababayaan siyang magmukhang cagulatgulat sa isa ó ilang araw caya, ayon sa maisipan.

Naisipan ni doña Victorinang dapat maguing doctor sa Medicina at sa Cirugía ang canyang asawa, at ipinaunawa niya cay don Tiburcio ang bagay na ito.

—¡Guiliw co! ¿ibig mo bang aco'y dacpin?—ang tanong na nagugulat.

—¡Huwag ca sanang báliw, pabayaan mo't aco ang nacacaalam!—ang isinagót,—hindi ca manggagamot cangĩno man, datapuwa't ibig cong tawaguin ca nilang doctor acó'y doctora, ¡halá!

At kinabucasa'y tumanggap si Rodoreda ng̃biling iukit sa isang losa ng maitim na mármol ang ganito: Dr. DE ESPADAÑA, ESPECIALISTA EN TODA CLASE DE EMFERMEDADES (manggagamot na tangĩ sa lahat ng̃bagay na sakít).

Ipinag-utos sa lahat ng̃mgã lingcód nila sa bahay na itawag sa canilá ang canilang mgã bagong titulo, at dahil dito'y naragdagan ang bilang ng̃mgã flequillo, cumapál ang pahid na polvos de arroz, at dumami ang mgã cintas at ang mgã encaje, at lalo ng̃tiningnang ng̃malaking pagpapawalang halaga ang canyang mgã aba at culang palad na mgã cababayang babae, na ang mgã asawa'y mababa ang camahalan cay sa canyang asawa. Bawa't araw na magdaan ay nararamdaman niyang lalong naguiguing mahal at lalong tumataas siya, at cung magpapatuloy ang gayong calacarán, paguiguing isang taó'y sasapantahain na niyang siya'y calahi ng̃Dios.

Hindi nacahahadlang ang mgã dakilang caisipang itó, na hanggang nagdaraan ang araw ay lalo siyang tumatanda at lalong nagmumukhang catawatawa. Cailan mang masasalubong niya si capitáng Tiago at maaalaala niyang nawalang cabuluhan ang pangĩngĩbig sa canya nitó, pagdaca'y nagpapadala siya ng̃piso sa Simbahan sa pamisa, bilang pasasalamat. Gayón ma'y iguinagalang na totoo ni capitang Tiago ang canyang asawa dahil sa título na pagca manggagamot sa lahat ng̃bagay na sakít, at canyang pinakíkinggang magaling ang mgã ilang salitang canyang naipangũngũsap dahil sa canyang cautalán. Dahil dito, at dahil sa hindi dumadalaw ang manggagamot na ito sa cangĩno man, hinirang siya ni capitang Tiago upang siyang gumamot sa canyang anac na babae.

Cung tungcól sa binatang Linares ay iba na. Ng̃gumagayac ng̃pagpasa España, inacala ni doña Victorina ang maglagay ng̃isáng tagapangãsiwáng castila, sa pagca't walang tiwala siya sa mgã filipino naalaala ng̃canyang asawa ang isang pamangking na sa Madrid, na nag-aaral ng̃pag-aabogado at ipinalalagay na siyang pinacamatalas ang caisipan sa lahat ng̃mgã magcacamag-anac sinulatan ngã siya, na ipinagpauna ang bayad sa sasacyan ng̃pagparito, at naglalacbay-dagat na siyang dito ang tumpá, ng̃mapugnaw ang pananag-inip tungcol sa pagdadalang tao.

Ang tatlong guinoong ito ang siyang bagong cararating.

Samantalang cumacain sila ng̃ pangãlawang agahan, dumating si pari Salví, at sa pagcá't siyá'y cakilala na ng̃ mag-asawa, ipinakilala nila sa canyá, sampo ng mgã tagláy na carapatán ng̃ binátang si Linares, na nagdamdam cahihiyan.

Ayon sa caugalia'y si María Clara ang siyáng pinag-usapan; ang dalaga'y nagpapahingãlay at natutulog. Napagsalitaanan ang tungcol sa paglalacbáy: ipinagparangãlan ni doña Victorina ang canyang catabilán sa pagpintas sa mgã tagalalawigan, sa canilang mgã bahay na pawid, sa canilang mgã tulay na cawayan, na hindi kinalimutang sabihin sa cura ang pagca sila'y mgã caibigan ng Segundo Cabo, ng̃ Alcaldeng si gayón, ng̃ Oldor na si ganyán, ng̃ Intendente at iba pa, mgã táong pawang matataas na totoong naaalang-alang sa canila.

—Cung naparito po sana cayo camacalawa, doña Victorina,—ang isinunód ni capitang Tiago, pagcatapos ng̃ isáng sandaling pagtahimic ng̃ usapan,—inyó po sanang nacatagpo ang marilag na Capitan General: diyan siya nacaupo.

—¿Anó? ¿Paano? ¿Naparito ba ang capitang General? ¿At dito sa inyong bahay? ¡Casinungãlingãn!

—¡Sinasabi co po sa inyong diyan siya nacaupo! Cung naparito pó sana cayó camacalawa....

—¡Ah! sáyang na hindi nagcasakit agád si Clarita!—ang bigláng sinabi niyang taglay ang túnay na pagdaramdam, at saca pinagsabihan si Linares:

—¿Naringĩg mo na, pinsan? ¡Dírito ang Capitán General! ¿Nakita mo na cung totoo ang sabi ni De Espadaña, ng̃ sabíhin sa iyóng ang paroroonan mo'y hindi bahay ng̃ isang waláng cabuluhang indio? Sa pagca't talastasin po ninyo na ang aming pinsa'y ng̃ nasa Madrid ay caibigan ng̃ mgã ministro at ng̃ mgã duque, at doon cumacain sa bahay ng̃ conde del Campanario.

—Ng̃ duque de la Torre, Victorina,—ang isinala ng̃ canyang asawa.

—Gayon din lamang iyon, ¿icaw pa ba naman ang magsasabi sa akin?...

—¿Mararatnan co po caya si pari Damaso sa canyang bayan?—ang isinalabat ni Linares, na si pari Salvi ang kinacausap;—malapit daw rito ang sabi sa akin.

—Aba, naririto siya ngãyon at hindi malalao't siya'y paririto,—ang isinagot ng̃ cura.

—¡Gaano calaki ang aking tuwa! may dala acong sulat na ucol sa canya,—ang biglang sinabi ng̃ binata,—at cung hindi lamang sa ganitong maligayang pagcacataon ng̃ pagparito cong ito, nagsadya disin pa aco ng̃ pagparito upang siya'y aking dalawin.

Samantala'y naguising ang "maligayang" pagcacataon.

—¿De Espadaña?—ani doña Victorina ng̃ matapus ang pagcain,—ating titingnan na si Clarita?—At saca sinabi cay capitang Tiago: ¡Dahil sa inyo lamang, don Santiago; dahil sa inyo lamang! Hindi gumagamot ang aking asawa cung di sa mg̃ã matataas na tao lamang, at iyon pa man, iyon pa man! ¡Hindi cawang̃ĩs ang aking asawa ng̃ mg̃ã taga rito!... hindi siya nanggagamot sa Madrid cung hindi sa mg̃ã taong matataas lamang.

Tinung̃õ nila ang kinalalagyan ng̃ may sakit na babae.

Halos ng̃ĩtng̃ĩt ng̃ dilim ang silid na kinalalagyan ng̃ may sakit, nacalapat ang mg̃ã bintana, dahil sa pang̃ãng̃ãnib sa hihip ng̃ hang̃ĩn, at nanggagaling ang bahagyang liwanag doon sa dalawang malalaking candilang pagkit na nakatiric at nagniningãs sa harap ng̃ isang larawan ng̃ Virgen sa Antipolo.

Nabibigkisan ang ulo ng̃ isang panyong basa ng̃ Agua de Colonia, nababalot na mabuti ang catawan sa mapuputing cumot na may saganang mg̃ã ticlop, na siyang tumatakip sa canyang pagca anyong virgen, nacahiga ang dalaga sa canyang catreng camagong na napapamutihan ng̃ mg̃ã cortinang jusi at pinya.

Ang canyang mg̃ã buhoc na nacaliliguid sa mukha niyang tabas itlog ang nacararagdag ng̃ gayong nang̃ãng̃ãninag na pamumutla, na binibigyang buhay lamang ng̃ malalaking mg̃ã matang puspos ng̃ calungcutan. Na sa canyang siping ang canyang dalawang caibigang babae at si Andeng na may babae na isang sang̃ã ng̃ azucena.

Pinulsuhan siya ni De Espadaña, siniyasat ang canyang dila, tinanong siya ng̃ ilan, at saca nagsalitang iiling iling:

—¡I ... ito'y may sakit, ng̃ũni't maaring gumaling!

Minasdan ni doña Victorina ng̃ boong calakhan ng̃ loob ang mg̃ã nalilimpi.

—¡Liqueng may cahalong gatas sa umaga, jarabe de altea, dalawang pildora ng̃ sinoglosa!—ang ipinag-utos ni De Espadaña.

—Lacsan mo ang iyong loob, Clarita,—ang sabi ni doña Victorina na sa canya'y lumapit; naparito cami't ng̃ gamutin icaw ... ¡Ipakikilala co sa iyo ang

pinsan namin!

Nawiwili si Linares sa panonood sa mgã calugodlugod na mgã mata ni María Clara, na anaki'y may isang hinahanap, caya't hindi niya naringĩg ang sa canya'y pagtawag ni doña Victorina.

—Guinoong Linares—ang sa canya'y sinabi ng˜cura, na ano pa't pinucaw siya sa canyang pagcawili sa panonood;—narito na si pari Damaso.

At tunay ngã namang dumarating si pari Damaso, na namumutla at ga nalulungcot na; pagbabangõn niya sa higaa'y si Maria Clara ang unang canyang dinalaw. Hindi na siya ang dating pari Damaso, na totoong mataba at mapag-aglahi; ngãyo'y lumalacad na walang imic at anyong hahapayhapay.

Decorative motif

Decorative motif

# XLIII.

## MGA PANUCALA.

Hindi niya pinansin ang sino man, tuloytuloy siya sa higaan ng̃may sakit, at saca niya hinawacan ang camay nito:

—¡Maria!—ang canyang sinabi ng̃hindi maulatang pag-irog, at bumalong sa canyang mg̃a mata ang mg̃a luha;—¡Maria, anac co, hindi ca mamamatay!

Binucsan ni Maria ang canyang mg̃a mata at tiningnan siya ng̃tanging pagtataca.

Sino man sa mg̃a nacacakilala sa franciscano'y hindi nang̃ghihinala man lamang na siya'y may taglay ng̃ gayong lubhang mg̃a caguiliwguiliw na damdamin; hindi inaacala ng̃ sino mang sa ilalim ng̃ gayong matigas at magaspang na anyo'y may tangkilic na isang puso.

Hindi nacapanatili roon si pari Damaso, at umiiyac na parang musmos na lumayo sa dalaga. Tinung̃õ niya ang "caida" upang doo'y maibulalas niya ang canyang capighatian, sa lilim ng̃mg̃a gumagapang na halaman sa durung̃awan ni Maria Clara.

—¡Pagcalakilaki ng̃canyang pag-ibig sa canyáng inaanac!—ang sapantaha ng̃lahat.

Pinagmamasdan siya ni fray Salví na hindi cumikilos at hindi umiimic, at nang̃ng̃ag̃at labi ng̃bahagya.

Ng̃anyóng natatahimic na si pari Dámaso'y ipinakilala sa canya ni doña Victorina ang binatang si Linares, na sa canyá'y magalang na lumapit.

Waláng imic na pinagmasdan siya ni pari Dámaso, mula sa mg̃a paa hangang úlo, inabot ang súlat na sa canya'y iniabot ni Linares, at binasa ang lihim na iyóng anaki'y hindi napag-uunawa ang lamán, sa pagca't tumanóng

—¿At sino po ba cayó?

—Acó po'y si Alfonso Linares, na inaanac ng̃inyóng bayáw ...—ang pautál na sinabi ng̃binata.

Lumiyad si pari Dámaso, mulíng minasdan ang binata, sumaya ang mukha at nagtindíg.

—¡Aba, icaw palá ang inaanac ni Carlicos!—ang biglang sinabi at siya'y niyacap; halica't ng̃kita'y mayacap ... may ilang, araw lamang na catatanggap co pa ng̃canyang sulat ... ¡abá, icaw palá! Hindi catá nakikilala ... mangyari baga, hindi ca pa ipinang̃ang̃anac ng̃ aking lisanin ang lupaing iyón; ¡hindi cata nakilala!

At pinacahihigpit ng̃ canyáng matatabang mg̃a bisig ang binata, na namúmula, ayawan cung sa cahihiyan ó sa pagcainís. Tila mandin nalimutan ng lubós ni pari Dámaso ang canyáng pighati.

Ng̃macaraan ang iláng sandali ng̃pagpapakita ng̃pagguiliw at pagtatanong sa calagayan ni Carlicos at ni Pepa, tumanóng si pari Dámaso:

—¡At ng̃ayon! ¿anó ang ibig ni Carlicos na gawin co sa iyó?

—Tila mandin may sinasabi sa sulat na caunting bagay ...,—ang muling sinabi ni Linares ng̃pautál.

—¿Sa sulat? ¿tingnan co? ¡Abá, siya ng̃a! ¡At ang ibig ay ihanap catá ng isáng catungculan at isáng asawa! ¡Hmm! ¡Catungculan ... catungculan, magaang; ¿marunong ca bang bumasa't sumulat?

—¡Tinanggáp co ang pagca abogado sa Universidad Central!

—¡Carambas! icaw pala'y isang picapleitos (mapang udyóc sa pag-uusapin) datapuwa't wala sa iyong pagmumukha ... tila ca isang mahinhing dalaga, ng̃uni't ¡lalong magaling! Datapuwa't bigyán catá ng̃isang asawa ... ¡hm! ¡hmm! isang asawa....

—Padre, hindi po acó lubháng nagdadalidali,—ang sinabi ni Linares na nahihiya.

Datapuwa't si pari Dámaso'y nagpaparoo't parito sa magcabicabilang dúlo ng̃caida, na ito ang ibinúbulong:—¡Isang asawa, isáng asawa!

Hindi na malungcot at hindi naman masaya ang canyang mukha; ng̃ayo'y nagpapakilala ng̃malaking cataimtiman at wari'y may iniisip. Pinagmamasdan ni pari Salví ang lahat ng̃ito mula sa malayo.

—¡Hindi co acalaing macapagbibigay sa akin ng̃malaking capighatian ang bagay na ito!—ang ibinulong ni pari Dámaso ng̃ tinig na tumatang̃ĩs;—

datapuwa't sa dalawang casamaa'y dapat piliin ang pinacamaliit.

At lumapit cay Linares at saca inilacas ang pananalita:

—Halica, bata,—anya:—causapin nata si Santiago.

Namutla si Linares at cusang napahila sa sacerdote, na nag-iisipisip sa paglacad.

Ng̃magcagayo'y humalili naman sa pagpaparoo't parito sa caida si pari Salví, na naggugunamgunam ayon sa dati niyang caugalian.

Isang tinig na sa canya'y nagbibigay ng̃ magandang araw ang siyang nagpahinto ng̃canyang capaparoo't parito: tumunghay at ang nakita niya'y si Lucas, na sa canya'y bumati ng̃boong capacumbabaan.

—¿Anó ang ibig mo?—ang tanong ng̃mg̃ã matá ng̃cura.

—Among, ¡aco po ang capatid ng̃namatay sa caarawan ng̃fiesta!—ang sagot na cahapishapis ni Lucas.

Umudlot si pari Salví.

—¿At ano?—ang ibinulong na bahagya na maringĩg.

Nagpupumilit umiyac si Lucas at pinapahid ng̃panyo ang canyang mg̃ã mata.

—Among,—ang sinabing nagtutumangĩs,—¿naparoon po aco sa bahay ni don Crisóstomo upang humingĩ ng̃cabayaran sa búhay ..., ipinagtabuyan muna aco ng̃sicad, at ang sabi'y aayaw raw siyang magbayad ng̃ano man, sa pagca't nangãnib daw siyang mamatay sa sala ng̃aking guiliw at cahabaghabag na capatid. Nagbalic po acó ó cahapon, ngũni't siya'y nacapasa Maynila na, at nag-iwan ng̃limang daang piso upang ibigay sa akin, parang isang caawang-gawa, at ipinagbiling huwag na raw bumalic aco cailan man! ¡Ah, among, limang daang piso sa aking caawa-awang capatid, limang daang piso, ah! ¡among!...

Ng̃una'y pinakikinggan siya ng̃cura na nagtataca at inuulinig ang canyang pananalita, saca untiunting nasnaw sa canyang mgã labi ang isang lubhang malaking nagpapawalang halaga at pag-alipusta, sa pagcamasid ng̃gayong daya at paglambang, na cung nakita sana ni Lucas, marahil siya'y tumacas at nagtumacbo ng̃boong tulin.

—¿At ano ang ibig mo ngãyon?—ang itinanong na casabay ang sa canya'y pagtalicod.

—¡Ay! among, sabihin po ninyo sa akin, alang-alang sa Dios, cung ano caya ang dapat cung gawin; sa tuwi na'y nagbibigay ang among ng̃mabubuting mg̃a hatol....

—¿Sino ang may sabi sa iyo? Hindi icaw tagarito....

—¡Nakikilala ang among sa boong lalawigan!

Lumapit sa canya si pari Salví na nanglilisic ang mg̃a matá sa galit, itinuro sa canya ang lansang̃an at saca sinabi sa gulat na si Lucas:

—¡Humayo ca sa iyong bahay at pasalamat ca cay D. Crisostomo na hindi ca ipinabilanggo! ¡Lumayas ca rito!

Nalimutan ni Lucas ang canyang pagpapacunwari at bumulong:

—Abá ang isip co'y....

—¡Lumayas ca rito!—ang sigaw ni pari Salví na malaki ang galit.

—Ibig co po sanang makipagkita cay pari Dámaso....

—May gagawin si pari Dámaso ... ¡lumayas ca rito!—ang muling ipinagutos ng̃matindi ng̃cura.

Nanaog si Lucas na nagbububulong:

—¡Isa pa naman ito ... pagca siya'y hindi nagbayad ng̃magaling!... Cung sino ang bumayad ng̃magaling....

Nang̃ãgsidalo ang lahat, dahil sa malacas na catatalac ng̃cura, pati ni pari Dámaso, ni capitan Tiago at ni Linares....

—¡Isang walang hiyang hampas-lupa, na naparitong nanghihingĩ ng̃limos at aayaw magtrabajo!—ang sinabi ni pari Salví, na dinampot ang sombrero at bastón at tinungõ ang convento.

Decorative motif

Decorative motif

# XLIV.

## PAGSISIYASAT NG CONCIENCIA.

Mahabang araw at malulungcot na mg̃ã gabí ang guinawang pagtatanod sa ulunan ng̃ hihigán; nabinat si María Clara caracaracang matapos macapagcumpisal, at wala siyang sinasalita, sa boong canyang pagcahibang, cun di ang pangãlan ng̃ canyang ina, na hindi niya nakikilala. Datapuwa't siya'y pinacaaalagaan ng̃ canyang mg̃ã caibigang babae, ng̃ canyang amá at ng̃ canyang tía; nagpapadala ng̃ mg̃ã pamisa at ng̃ mg̃ã limos sa lahat ng̃ mg̃ã larawang mapaghimala; nangãco si capitan Tiagong maghahandog ng̃ isang bastong guinto sa Virgen sa Antipolo, at sa cawacasa'y nagpasimula ng̃ untiunting paghibas ng̃ lagnat ng̃ boong cahusayan.

Nangguiguilalas ang doctor de Espadaña sa mg̃ã cabisaan ng̃ jarabe de altea at ng̃ pinaglagaan ng̃ liquen, mg̃ã panggamot na hindi binabago. Sa laking pagcatuwa ni doña Victorina sa canyang asawa, isang araw na natapacan nito ang cola ng̃ canyang bata, hindi niya nilapatan ng̃ caugaliang parusang bawian ng̃ panglagay na ngĩpin, cun di nagcasiya na lamang na sa canya'y sabihin:

—¡Cung hindi ca pa naguing pilay, tatapacan mo pati ng̃ corsé!

—¡At hindi gumagamit ng̃ corsé si doña Victorina!

Isang hapon, samantalang dinadalaw ni Sinang at ni Victoria ang canilang caibigan, nangãgsasalitaan naman sa comedor ang cura, si capitang Tiago at ang mag-anac ni doña Victorina, hanggang sila'y nangãgmimirindal.

—Tunay ngãng aking dinaramdam ng̃ di cawasa,—ang sinasabi ng̃ doctor; —at daramdamin din namang totoo ni pari Dámaso.

—¿At saan po ang sabi ninyong siya'y ililipat nila?—ang itinanong ni Linares sa cura.

—¡Sa lalawigang Tayabas!—ang isinagot ng̃ cura ng̃ walang cabahalaan.

—Ang magdaramdam naman ng̃ malaki ay si María pagca canyang nalaman,—ani capitang Tiago;—siya'y canyang kinaguiguiliwang parang isang ama.

Tiningnan siya ng̃pasuliyap ni fray Salvi.

—Inaacala co po among,—ang ipinagpatuloy ni capitang Tiago,—sa nagbuhat ang lahat ng̃sakit na ito sa sama ng̃loob na canyang tinanggap ng araw ng̃fiesta.

—Gayon din ang aking acala, at magaling po ang guinawa ninyo sa hindi pagpapahintulot na siya'y causapin ni Guinoong Ibarra; siya sana'y lalo ng lumubha.

—At cung hindi sa amin,—ang isinalabat ni doña Victorina,—sumasalang̃ĩt na sana si Clarita at nag-aawit na ng̃mg̃ã pagpupuri sa Dios.

—¡Amen Jesus!—ang inacala ni capitan Tiagong marapat sabihin.

—Inyo rin namang palad na hindi nagcaroon ang aking asawa ng̃ibang may sakit na lalong mataas ang uri, sa pagca't cung nagcagayo'y napilitan sana cayong tumawag ng̃iba, at dito'y pawang mg̃ã hang̃ãl; ang aking asawa'y....

—Aking inaacala, at ipinagpapatuloy co ang aking sinabi,—ang isinalabat naman sa canya ng̃cura,—na ang pagcapang̃ũmpisal ni María Clara ang siyang pinagbuhatan niyong magaling na pagbabago ng̃canyang calagayan, na siyang sa canya'y nacapagligtas ng̃ buhay. Higuit sa lahat ng̃ gamot ang isang concienciang malinis, at pacaunawaing hindi co tinututulan ang capangyarihan ng̃dunong, ¡lalong-lalo na ang dunong sa cirugía! ng̃ũni't ang isang malinis na conciencia'y ... Basahin ninyo ang mg̃ã banal na libro, at inyong makikita cung gaano ang mg̃ã sakit na napagaling sa pamamag-itan lamang ng̃isang mabuting confesión.

—Ipatawad po ninyo,—ang itinutol ni doña Victorina na nag-init,—ang tungcol diyan sa capangyarihan ng̃confesión.... gamutin ng̃ã po ninyo ang asawa ng̃alférez ng̃isang confesión.

—¡Isang sugat, guinoong babae,—ay hindi isang sakit na may ikinapangyayari ang conciencia!—ang isinagot ni pari Salví, na may halong poot;—gayon man, ang isang mabuting confesión ay macapaglalayo sa canya sa pagtanggap ng̃mg̃ã hampas na gaya ng̃canyang mg̃ã tinanggap caninang umaga.

—¡Sa canya'y marapat!—ang ipinagpatuloy ni doña Victorina, na parang hindi niya naring̃ĩg ang lahat ng̃sinabi ng̃pari Salví.—Napacawalang bait ang babaeng iyan! Sa simbaha'y wala ng̃guinagawa cung di masdan aco, ¡mangyari bagá! siya'y isang babaeng walang capararacan; tatanung̃ĩn co na sana siya niyong linggo cung mayroon acong mg̃ã tautauhan sa mukha, ng̃ũni't ¿sino ang

magcacapol ng̃dumi sa sarili sa pakikipag-usap sa taong walang uri?

Sa ganang sa cura, nama'y parang hindi niya naringĩg ang lahat ng̃ mg̃ã caltáb na ito, at nagpatuloy:

—Maniwala po cayo sa akin, don Santiago; ng̃ malubos na gumaling ang inyong anac ay kinacailang̃ãng makinabang búcas; dadalhan co siya rito ng viático ... inaacala cong wala siyáng ano mang dapat na ipang̃ũmpisal, gayon man ... cung ibig niyang mang̃ũmpisal ng̃ sandali ng̃ãyong gabi....

—Ayawan co,—ang idinugtong agád ni doña Victorina, na sinamantala ang isang patlang ng̃ salitaan,—hindi co mapag-isip cung bakit may mg̃ã lalaking nang̃ãgcacaroon ng̃ pusong mag-asawa sa gayong mg̃ã panggulat, na gaya na ng̃ã ng̃ babaeng iyan; cahi't malayo'y namamasid cang saan siya nanggaling; napagkikilalang namamatay siya ng̃ caingguitan; ¡mangyari baga! ¿gaano na ang sahod ng̃ isang alférez?

—Nalalaman na po ninyo, don Santiago, sabihin ninyo sa inyong pinsang ihanda ang may sakit sa pakikinabang bucas; paririto aco ng̃ãyong gabi upang siya'y bigyang capatawaran sa mumunting casalanan....

At sa pagca't nakita niyang lamalabas si tía Isabel, pinagsabihan niya ito sa wicang tagalog:

—Ihanda po ninyo ang inyong pamangkin sa pang̃ũng̃ũmpisal ng̃ãyong gabi; dadalhan co siya rito bucas ng̃ viatico; sa ganya'y lalong madadali ang canyang paggaling.

—Ng̃ũni, Padre,—ang ipinang̃ãhas na itinutol ng̃ kimi ni Linares,—baca po niya acalaing siya'y nang̃ãng̃ãnib na mamatay.

—¡Huwag po cayong mabahala!—ang sa canya'y isinagot na hindi siya tinitingnan;—nalalaman co ang aking guinagawa: marami ng̃ totoong may sakit ang aking inalagaan. Bucod sa roo'y sasabihin niya cung ibig niya ó hinding makinabang, at makikita ninyong siya'y paooo sa lahat.

Ang unauna'y napilitan si capitan Tiagong sa lahat ay paoo.

—Pumasoc si tía Isabel sa silid na kinalalagyan ng̃ may sakit.

Nananatili sa hihigan si María Clara, namumutla, totoong namumutla; na sa canyang tabi ang canyang dalawang caibigang babae.

—Cumain ca pa ng̃ isang bútil,—ang sa canya'y sabi ni Sinang ng̃ paanas,

at sa canya'y ipinakita ang isang butil na maputi, na kinuha sa isang maliit na tubong cristal;—ang sabi niya'y pagca nacaramdam icaw ng̃ tunog ó hugong sa taingã mo'y iyong ihinto ang panggagamot.

—¿Hindi na ba sumulat uli sa iyo?—ang tanong na marahan ng̃ may sakit.

—¡Hindi, marahil siya'y totoong maraming guinagawa!

—¿Hindi ba nagpapasabi sa akin ng̃ ano man?

—Walang sinasabi cung di canyang pagpipilitang siya'y alsan ng̃ Arzobispo ng̃ excomunión upang....

Inihinto ang salitaan, sa pagca't dumarating ang tía.

—Sinabi ng̃ among na maghanda ca raw sa pangũngũmpisal, anac co,—ani tía Isabel;—iwan ninyo siya at ng̃ magawa niya ang pagsisiyasat ng̃ canyang conciencia.

—¡Diyata't wala pa namang isang linggong nacapangũngũmpisal siya!—ang tutol ni Sinang,—¡Aco'y walang sakít, datapuwa't hindi aco nagcacasala ng lubhang malimit!

—¡Aba! ¿hindi ninyo nalalaman ang sabi ng̃ cura: nagcacasala ang banal ng macapito sa maghapon? Hala, ¿ibig mo bang dalhin co rito sa iyo ang "Ancora", ang "Ramillete" ó ang "Matuwid na landas ng̃ pagpasa langĩt"?

Hindi sumagot si María Clara.

—Hala, hindi ca mapapapagod,—ang idinugtong ng̃ mabait na tía upang aliwin siya; aco na ang babasa ng̃ pagsisiyasat ng̃ conciencia, at wala cang gagawin cung di mag-alaala ng̃ mgã casalanan.

—¡Isulat mo sa canyang huwag na niya acong alalahanin!—ang ibinulong ni María Clara sa taingã ni Sinang, ng̃ ito'y nagpapaalam na sa canya.

—¿Ano iyon?

—Datapuwa't nasoc ang tía at napilitan si Sinang na lumayo, na hindi naunawa ang sinabi sa canya ng̃ canyang caibigan.

Inilapit ng̃ mabait na tía ang isang silla sa ilaw, naglagay ng̃ salamin sa mata sa dulo ng̃ canyang ilong, binucsan ang maliit na libro at nagsalita:

—Pakinggan mong magaling, anac co; pasisimulan co sa mgã utos ng̃ Dios; dadalangãn co at ng̃ icaw ay macapaggunamgunam; cung sacali't hindi mo

nariringĩg na magaling ay sasabihin mo sa akin at ng̃maulit co sa iyo; nalalaman mo ng̃sa icagagaling mo'y hindi aco napapagal cailan man.

Nagpasimula ng̃ pagbasa, na ang tinig ay walang bagobago at anyong humal, ng̃mgã pagdidilidili ng̃mgã bagay na ipinagcacasala. Siya'y tumitiguil ng̃matagal sa wacas ng̃bawa't pangcat, upang mabigyang panahon ang dalaga sa pag-aalaala ng̃canyang mgã casalanan at pagsisihan.

Minamasdan ni María Clara ang alang-alang na walang tinutucoy. Ng̃ matapos na ang unang utos na "ibiguin ang Dios na lalo sa lahat ng̃bagay", hinihiwatigan siya ni tía Isabel sa ibabaw ng̃ canyang salamín sa mata, at ikinatutuwa niya ang anyong pagca nagdidilidili at nalulungcot. Banal na umubo, at pagcatapos ng̃ isang matagal na paghinto'y pinasimulan ang pangãlawang utos. Bumabasa ng̃taimtim sa loob ang mabait na matandang babae, at ng̃ matapos ang pagbubulaybulay, muling tiningnan ang canyang pamangkin, na untiunting ibinaling ang ulo sa cabilang daco.

—¡Bah!—ang sinabi sa sarili ni tía Isabel; dito sa "huwag magpahamac manumpa sa canyang santong pangãla'y" hindi ngã maaaring magcasala ang abang ito! Lumipat tayo sa icatlo.

At ang pangãtlong utos ay pinagmunglaymunglay at pinagwaring magaling at binasa ang lahat ng̃bagay na pinagcacasalanan ng̃laban sa canya. Muli na namang tiningnan niya ang higaan; datapuwa't ngãyo'y itinaas ng̃ tía ang salamin, kinusot ang mgã matá; nakita niyang dinala ng̃canyang pamankin ang panyo sa mukha at pinahid ang mgã luha.

—¡Hm!—anya,—¡ejem! Minsa'y natulog ang caawaawang ito samantalang nagsesermón.

At muling inilagáy sa dulo ng̃canyang ilóng ang salamin niya sa mata, saca sinabi sa sarili:

—Tingnan natin cung hindi siya gumalang sa canyang ama't ina, na gaya ng̃ hindi niya pangĩngĩlin sa mgã fiesta.

At binasa ang icapat na utos ng̃ tinig na lalong madalang at lalo ng̃ pahumal, sa pagca't inaacala niyang sa gayong paraa'y lalo na niyáng binibigyang cadakilaan ang canyang gawa, na gaya ng̃canyang nakitang inaasal ng̃ marami sa mgã fraile: hindi nakakapakinig kailan man si tía Isabel ng̃ pangãngãral ng̃isang cuákero, sa pagoa't cung nagcagayo'y pinapangĩnig naman sana niya ang canyang catawan.

Samantala'y macailang dinala ng̃ dalaga ang panyo sa canyang mg̃a mata, at lalo ng̃ napapakingan ang lacas ng̃ canyang paghing̃a.

—¡Pagcagalinggaling na caluluwa!—ang iniisip sa sarili ng̃ matandang babae; ¡siya na lubhang masunurin at mapagpacumbaba sa lahat! Aco'y nagcasala ng̃ lalong marami cay sa canya, gayon may hindi aco nangyaring-mapaiyac ng̃ totohanan cailan man.

At pinasimulan niya ang icalimang utos, na lalong mahahaba ang paghinto at lalong ganap ang pagcahumal ng̃ pananalita, cay sa ng̃ una, sacali't maari pa, na sa pagsusumicap niyang mainam sa gayong gawa'y hindi niya naring̃ig ang paghagulhol na iniinis ng̃ canyang pamangkin. Sa isa lamang pagtiguil na canyang guinawa, pagcatapos ng̃ mg̃a pagcànilaynilay tungcol sa pagpatay sa capuwa tao sa pamamag-itan ng̃ sandata, naring̃ig niya ang mg̃a daing ng macasalanan. Ng̃ magcagayo'y humiguit sa pagca dakila ang tinig, pinagpilitan niyang basahin ang nalalabing utos sa anyong nagbabala, at ng̃ mapanood niyang patuloy rin ang pag-iyac ng̃ caniyang pamangkin.

—¡Tumang̃is ca, anac, co, tumang̃is ca!—ang canyang sinabi, at siya'y lumapit sa higaan:—cung gaano calaki ang iyong pagtang̃is ay gayon din ang pagcadali ng̃ pagpapatawad sa iyo ng̃ Dios. Gamitin mo ang pighating "contrición" sa pagca't lalong magaling cay sa "atrición." ¡Tumang̃is ca, anac co, hindi mo nalalaman cung gaano ang aking galac na tinatamo sa panonood co ng iyong pag-iyac! Pagdagucan mo naman ang iyong dibdib, huwag mo lamang calalacasan, sa pagca't may sakit ca pa.

Datapuwa't sa pagca't anaki'y mandin nagcacailang̃an ang pighati ng̃ pag-iisa at ng̃ pagca walang nacamamalay, upang lumala, ng̃ makita ni María Clarang siya'y nasubucan, untiunting tumiguil ng̃ pagbubuntong hining̃a, pinahid ang canyang mg̃a mata, na walang sinasabing ano man at hindi sumasagot sa canyang tía ng̃ cahi't cataga.

Ipinagpatuloy nito ang pagbasa, ng̃uni't sa pagca't huminto ang pagtang̃is ng sa canya'y nakikinig, lumipas ang caalaban ng̃ canyang loob sa canyang gawa, at ang mg̃a huling utos ng̃ Dios ay nacapag-antoc sa canya at sa canya'y nacapaghicab, na ano pa't naguing malaking casiraan sa pananalitang pahumal na nacayayamot na sa gayo'y nahihinto.

—¡Hindi co mapaniniwalaan cung hindi co makikita!—ang iniisip sa sarili ng̃ matandang babae;—nagcacasalang tulad sa isang sundalo ang batang ito laban sa unang limang utos ng̃ Dios, datapuwa't hindi cahi't isang casalanang magaang man lamang mula sa icaanim hangang sa icasampo, ano pa't tumbalíc

sa amin! ¡Cung paano na ang lacad ng̃daigdig ngãyon!

At nagsindi ng̃isang candilang malaki sa Virgen sa Antipolo at dalawang maliliit na candila sa Nuestra Señora del Rosario at sa Nuestra Señora del Pilar, na canyang inihiwalay roon muna at inilagay sa isang suloc ang isang garing na Santo Cristo, upang ipaunawang hindi dahil sa canya caya isinindi ang mgã candilang iyon. Hindi rin nacabahagui sa gayong bagay ang Virgen sa Delaroche: siya'y isang taga ibang lupaing hindi kilala, at hindi pa nacaririnĝĩg si tía Isabel ng̃isa man lamang himala na canyáng guinawa.

Hindi namin nalalaman cung ano caya ang nangyari sa guinawang; confesión ng̃ gabing iyon; pinagpipitagan namin ang mgã lihim na iyan. Mahabang totoo ang cumpisal, at nahiwatigan ng̃ tíang mula sa malayo'y binabantayan ang pamangkin, na hindi ikinikiling ng̃cura ang canyang taingã sa mgã salita ng̃may sakit, cung di nacaharap sa mukha ni María Clara, at tila mandin wari ibig niyang basahin ó hulaan sa pagcagagandang mgã mata ng dalaga ang mgã pag-iisip.

Lumabas sa silid si parì Salvíng namumutla't nangĩngĩlis ang mgã labi. Sino mang macapanood ng̃canyang noong nagdidilim at pigta ng̃pawis, mawiwicang siya ang nagcumpisal cay Maria Clara at hindi ngã narapat magcamit ng capatawaran.

—¡Jesús, Maria, Josef!—ang sinabi ng̃ tía na nagcucruz;—¿sino ang macatataroc sa calooban ng̃mgã kinabataan ngãyon?

Decorative motif

---

Decorative motif

# XLV.

## ANG MGA PINAG-UUSIG.

Tinatanglawan ng̃isang malamlam na liwanag na inilalaganap ng̃buwan at umulusot sa malalagong mgã sangã ng̃ mgã cahoy, ang isang lalaking naglalagalag sa cagubatan, na maraha't mahinahon ang lacad. Manacanaca at anaki baga'y ng̃huwag maligaw, sumusutsot siya ng̃isang tangĩng tugtuguin, na ang caraniwa'y sinasagot ng̃gayon ding sutsot sa dacong malayo. Matamang nakikinig ang lalaki, at ipinagpapatuloy, pagcatapos, ang paglacad na ang tinutunto'y ang malayong huni.

Sa cawacasan, ng̃canyang maraanan ang libolibong mgã nacahahadlang cung gabi sa paglalacad sa isang gubat na hindi pa nalalacaran, siya'y dumating sa isang maliit na puang na naliliwanagang ganap ng̃ buwan sa icaapat na bahagui ng̃ canyang paglaki. Matataas na mgã malalaking batong buhay, na napuputungãn ng̃mgã cahoy ang siyang nacababacod sa paliguid, na ano pa't wari isang nababacurang panoorang naguiba; mgã cahoy na bagong putol, mgã punong naguing uling ang nacapupuno sa guitna, na nangãhahalo sa pagkalalaking mgã batong buhay, na kinucumutan ng̃pacaposcapos ng̃Lumikha ng̃canyang culubong na mgã dahong verde ang culay.

Bahagya pa lamang cararating ng̃ lalaking di kilala'y siyáng paglabás namang bigla ng̃isang lalaki rin sa licuran ng̃isang malaking bató, lumapit at binunot ang isang revolver.

—¿Sino ca?—ang tanong sa wicang tagalog na mabalasic ang tinig, casabay ang pagtataas ng̃"gatillo" ng̃canyang sandata.

—¿Casama ba ninyo si matandàng Pablo?—ang sagot ng̃bagong cararating na mahinahon ang tinig, na hindi sinagot ang catanungãn at hindi nagugulumihanan.

—¿Ang capitan ba ang itinatanong mo? Oo, narito.

—Cung gayo'y sabihin mong narito si Elías at siya'y hinahanap,—anang lalaki na hindi iba cung di ang talinghagang piloto.

—¿Cayo po ba'y si Elías?—ang itinanong ng̃ canyang causap na taglay ang tangĩng pagpipitagan, at saca lumapit, at gayon ma'y patuloy rin ang paguumang sa canya ng̃ bungãngã ng̃ revolver;—cung gayo'y ... halícayo.

Sumunód sa canyá si Elías.

Pumasoc silá sa isáng anyóng yungĩb na palusóng sa cailaliman ng̃ lupa. Ipinauunawa sa piloto, ng̃ tagapamatnubay na nacacaalam ng̃ daan, cung palusóng, cung cailan dapat yumucód ó gumapang; gayón ma'y hindi nalao't sila'y nangãgsirating sa isang may anyong salas, na bahagya na naliwanagan ng mgã huepe, at ang nangãroroo'y labingdalawa ó labing limang lalaking may taglay na mgã sandata, marurumi ang mgã mukha at cagulatgulat ang mgã pananamit, na nacaupo ang mgã ibá, ang iba nama'y nacahiga, at nagsasalitaan ng̃ bahagya. Namamasdan ang isang matandang lalaking mapanglaw ang pagmumukha, nacapulupot sa ulo niyá ang isang bigkis na may dugo, nacalagay ang mgã sico sa isang batóng guinagawang pinaca mesa, at pinagninilay-nilay ang ilaw na sa gayong caraming usoc na ibinubuga'y bahagya na ang inilalaganap na liwanag: cung hindi sana talastas nating iyo'y isang yungĩb ng mgã tulisan, mawiwica natin, sa pagbasa ng̃ malaking pagngãngãlit sa mukha ng matandang lalaki, na siya ang Torre ng̃ Gútom sa araw na sinusundan ng paglamon ni Ugolino sa canyang mgã anac.

Umanyong humilig ang nangãhihigang mgã lalaki ng̃ dumating si Elías at ang namamatnugot sa canya, datapuwa't sa isang hudyat nito'y nangãgsitahimic at nangãgcasiya na lamang sa pagmamasid sa piloto, na walang taglay na anó mang sandata.

Untiunting lumingõn ang matandang lalaki at ang natagpuan ng̃ canyang mgã mata'y ang nacapagpipitagang kiyas ni Elías, na nacapugay na siya'y pinagmamasdang puspós ng̃ calungcutan at pagbibigay halaga.

—¿Icao ba?—ang itinanong ng̃ matandang lalaki, na sumaya ng̃ caunti ang mgã mata ng̃ makilala ang binata.

—¡Sa anóng calagayan aking nasumpungãn cayo!—ang ibinulong ni Elías sa babahagyang tinig at iguinagalaw ang ulo.

Hindi umimic ang matanda at tumungõ, humudyát ng̃ isa sa mgã tao, nanangãgsitindig sila't lumayo, na canilang sinulyáp muna't sinucat ng̃ mgã mata ang taas at bicas ng̃ pangãngãtawan ng̃ piloto.

—¡Tunay ngã!—ang sinabi ng̃ matandang lalaki ng̃ silang dalawa'y nagiisa

na;—ng̃cata'y patuluyin sa aking bahay, na may anim na buwan ngãyon, aco ang ng̃panahóng iyo'y nahahabag sa iyo; ngãyo'y nagbago ang capalaran, ngãyo'y icaw namán ang nahahabag sa akin. Ngũni't umupo ca at sabihin mo sa akin cung bakit ca nacarating hangãng dito.

—May labing limang araw na ngãyong ibinalita sa akin ang nangyari sa inyong casacunaan,—ang madalang na isinagot ng̃binata sa mahinang tinig, na ang ilaw ang siyang tinitingnan;—pagca alam co'y lumacad na agad acó, nagpacabicabila acó sa mgã cabunducan, halos dalawang lalawigan ang aking nalibot.

—Napilitan acong tumacas at ng̃ huwag magsabog ng̃ dugong walang malay; natatacot humarap ang aking mgã caaway at ang canila lamang inilalagay sa aking hirap ay ang ilang mgã caawaawa, na walang guinawa sa akin cahit caliitliitang casam-an.

Ng̃ macalampas ang sandaling hindi pag-imic na guinamit ni Elías sa pagbasa ng̃ mgã caisipang mapapanglaw sa mukha ng̃ matandang lalaki, nagpatuloy ng̃pananalita ang binata:

—Naparito aco't ibig cong ipakiusap sa inyo ang isang bagay. Sa pagca't hindi aco nacasumpong, cahi't aking pinaghanap, ang bahagyang labi man lamang ng̃mag-anac na may cagagawan ng̃casawiang palad naming mag-anac, minagaling co ang iwan ang lalawigang aking tinatahanan upang tumungõ sa dacong timugan at makisama sa mgã pulutong ng̃ mgã hindi binyagan at nabubuhay ng̃ boong kalayaan: ¿ibig po ba ninyong lisanin ang bagong pinasisimul-an ninyong pamumuhay at sumama sa akin? Lalagay acong tunay na inyong anac, yamang namatay ang anac po ninyo, at kikilalin co cayong ama, yamang wala na acong magugulang?

Umiling ang matanda ng̃paayaw, at nagsalita:

—Sa gulang na aking dinating, pagca niyacap ng̃ calooban ang isang pasiyang cakilakilabot, ay dahil sa wala ng̃sucat pagpaliiran. Isang taong gaya co, na guinamit ang canyang cabataan at ang canyang cagulangãn sa pagpapagal at ng̃camtan ang sariling guinhawa at ang sa mgã anac sa panahong hinaharap; isang taong nagpacumbaba sa lahat ng̃mgã naguing calooban ng̃canyang mgã puno, na tumupad ng̃boong pagtatapat sa mabibigat na catungculan, na nagtiis ng̃lahat upang mamuhay sa catahimican at sa isang catiwasayang mangyayaring camtan; pagca tinalicdan ng̃ganitong taong pinalamig na ang dugò ng̃panahon, ang lahat ng̃canyang pinagdaanan at ang boong pagdaraanan pa, at sumasa mgã pampangĩn na ng̃libingãn, ay sa pagca't canyang napagkilalang lubos na walang

capayayapaang masusumpungãn at ang catiwasiya'y hindi siyang calakilakihang cagalingãn! ¿Ano't magpapacatira pa sa hindi sariling lupain upang magbuhay dukha? Dating aco'y may dalawang anac na lalaki, isang anac na babae, isang bahay, isang cayamanan; aking dating tinatamo ang pagpipitaga't pagmamahal ng̃madla; ngãyo'y isang cahoy na pinutlan ng̃mgã sangã ang aking cawangĩs, lagalag, nagtatago, pinag-uusig sa mgã cagubatang tulad sa isang halimaw, ¿at anong dahil at guinawa sa akin ang lahat ng̃ito? Dahil sa inilugso ng̃isang lalaki ang capurihan ng̃aking anac na babae, sa pagca't hiningĩ ng̃mgã capatid sa lalaking iyang magsulit siya ng̃catampalasanang canyang guinawa, at sa pagca't ang lalaking iya'y nangĩngĩbabaw sa mgã iba sa pamamag-itan ng̃pamagat na ministro (kinakatawan) ng̃Dios. Inalintana co, gayon man, ang lahat ng̃ito, at acong ama, aco, na siniraan ng̃puri sa aking catandaan, aking ipinatawad ang caalimurahan, ipinagpaumanhin co ang casilacbuhan ng̃cabataan at ang mgã carupucan ng̃catawang lupa, at sa casiraang iyong hindi na mangyayaring maisauli, ¿ano ang dapat cong gawin cung di ang huwag ng̃umimic at iligtas ang nalabi? Datapuwa't nangãnib ang tampalasang baca sa humiguit cumulang na cadalia'y camtán niya ang panghihiganti, caya't ang guinawa'y humanap ng̃ capahamacan ng̃aking mgã anac na lalaki. ¿Nalalaman mo ba cung ano ang canyang guinawa? ¿Hindi? ¿Natatalastas mo bang linubid ang casinungã-lingãng cunuwa'y linooban ang convento, at sa mgã isinacdal ay casama ang isa sa aking mgã anac? Hindi nairamay iyóng isá, sa pagca't wala't na sa ibang bayan. ¿Nalalaman mo ba ang mgã catacottacot na pahirap na sa canila'y guinawa? Nalalaman mo, sa pagca't nangãgcacawangĩs ang ganitong mgã pahirap sa lahat ng̃mgã bayan. ¡Aking nakita, nakita co ang aking anac na nacabiting ang tali sa canyang sariling buhoc, naringĩg co ang canyang mgã sigaw, aking naringĩg na aco'y canyang tinatawag, at aco, sa aking caruwagan at palibhasa'y namarati aco sa capayayapaan, hindi aco nagcaroon ng̃catapangãng pumatay ó magpacamatay caya! ¿Nalalaman mo bang hindi napatotohanan ang pangloloob na iyon, napaliwanagan ang bintang, at ang naguing parusa'y ilipat sa ibang bayang ang cura, at ang aking anac ay namatay dahil sa mgã pahirap na guinawa sa canya? ¡Ang isa, ang nalalabi sa akin, ay hindi duwag na gaya ng̃canyang ama; at sa catacutan ng̃tacsil na nagpahirap na ipanghiganti sa canya ang pagcamatay ng̃ canyang capatid, guinamit na dahilan ang cawal-an ng̃"cedula personal" na nalimutang sandali, piniit ng̃Guardia Civil, pinahirapan, guinalit at pinasamang totoo ang loob sa casalimura hanggang sa siya'y mapilitang magpacamatay! At aco, aco'y buhay pa pagcatapos ng̃gayong calakilakihang cahihiyan, datapuwa't cung hindi aco nagcaroon ng̃tapang-ama sa pag-sasanggalang ng̃aking mgã anac, may natitira pa sa aking isang pusô upang italaga sa isang panghihiganti at manghihiganti aco! Untiunting nangãgcacatipon ang mgã maygalit sa ilalim ng̃

aking pamiminuno, pinararami ang mgã cawal co ng̃aking mgã caaway, at sa araw na mapagkilala cong aco'y macapangyarihan na, lulusong aco sa capatagan at tutupukin co sa apoy ang aking panghihiganti at ang aking sariling buhay! ¡At darating ang araw na iyan ó walang Dios!

At nagtindig ang matandang lalaki, na nagngĩngĩtngĩt, at idinagdag, na nagniningning ang paningĩn, malagunlong ang tinig at sinasabunutan ang canyang mahahabang mgã buhóc:

—¡Sumpain acó, sumpain acó na aking piniguil ang mapanghiganting camay ng̃aking mgã anac; acó ngã ang pumatay sa canila! ¡Cung pinabayaan co sanang mamatay ang may sala, cung hindi sana acó lubós nanalig sa justicia ng Dios at sa justicia ng̃mgã tao, ngãyon disi'y may mgã anac pa acó, marahil sila'y nangãgtatago, datapuwa't ngãyo'y may mgã anac naman sana acó, at hindi sila sana nangãmatay sa capapahirap! ¡Hindi aco ipinangãnac upáng maguing amá, caya wala acong mgã anac ngãyón! ¡Sumpain acó, na hindi co natutuhang makilala sa aking catandaan ang lupaing aking kinatatahanan! Datapuwa't matututo acong ipanghiganti co cayó sa pamamag-itan ng̃apoy, ng̃dugo at ng aking sariling camatayan!

Ang culang palad na amá, sa casilacbuhan ng̃canyáng pighati, nalabnot ang bigkis ng̃ulo, at dahil sa gayo'y nabucsan ang sugat sa noo, at doo'y bumalong ang isáng batisang dugo.

—Pinagpipitagan co ang inyóng pighati,—ang muling sinabi ni Elías,—at napagwawari co ang inyong panghihiganti; acó nama'y gaya rin ninyo, at gayón man, sa aking pangãngãnib na baca aking masugatan ang waláng malay, lalong minamagaling co pa ang calimutan co ang aking mgã casawiang palad.

—¡Mangyayari cang macalimot, sa pagca't bata icáw at sa pagca't hindi ca namamatayan ng̃isa man lamang anac, ng̃sino mang siyáng iyong catapusáng maaasahan! Ngũni't aking ipinangãngãco sa iyo, hindi co sasactan ang sino mang walang casalanan. Nakikita mo ba ang sugat na ito? Upang huwag cong mapatay ang isang caawaawang cuadrillerong gumaganap ng̃ canyang catungculan, ipinaubaya cong siya ang sumugat sa akin.

—Datapuwa't tingnan po ninyó—ani Elías pagca lampas ng̃sandaling hindi pag-imíc;—tingnan po ninyó cung alin ang cakilakilabot na siga na inyong pagsusugbahan sa ating culang palad na mgã bayan. Cung gaganapin ng̃inyong sariling mgã camay ang inyong panghihiganti, gaganti ng̃ catacot tacot ang inyong mgã caaway, hindi laban sa inyó at hindi rin laban sa mgã taong sandatahan, cung di laban sa bayan, na ang caraniwa'y siyáng isinusumbong, at

pagcacagayo'y ¿gaano caraming mgã paglabag sa catuwiran ang mangyayari!

—¡Mag-aral ang bayang magsanggalang sa sarili, magsanggalang sa sarili ang bawa't isa!

—¡Talastas po ninyong iya'y hindi mangyayari! Guinoo, cayó po'y aking nakilala ng̃ibang panahon, niyóng panahong cayo po'y sumasaligaya, niyao'y pinagcacalooban ninyo acó ng̃mgã paham na aral; maitutulot baga ninyong?...

Naghalukipkip ang matanda at wari'y nakikinig.

Guinoo,—ang ipinagpatuloy ni Elías, na pinacasusucat na magaling ang canyáng mgã wika;—nagca palad acong macagawa ng̃isang paglilingcod sa isang binatang mayaman, may magandang puso, may caloobang mahál at mithì ang mgã icagagaling ng̃canyang tinubuang bayan. Ang sabihana'y may mgã caibigan ang binatang ito sa Madrid, ayawan co, datapuwa't ang masasabi co sa inyo'y siya'y caibigan ng̃Capitan General. ¿Anó po ang inyong acala cung siya'y ang ating papagdalhin ng̃mgã caraingãn ng̃bayan at siya'y pakiusapan nating magmalasakit sa catuwiran ng̃mgã sawing palad?

Umiling ang matandang lalaki.

—¿Mayaman ang sabi mo? walang iniisip ang mgã mayayaman cung hindi ang dagdagan ang canilang mgã cayamanan; binubulag sila ng̃capalaluan at ng caparangãlanan, at sa pagca't ang caraniwa'y magaling ang canilang calagayan, lalo na cung sila'y may mgã caibigang macapangyarihan, sino man sa canila'y hindi nagpapacabagabag sa pagmamalasakit sa mgã culang palad. Nalalaman cong lahát, sa pagca't ng̃una'y aco'y mayaman!

—Ngũni't ang taong sinasabi co po sa inyo'y hindi cawangĩs ng̃mgã ibá: siya'y isang anác na inalimura dahil sa pag-aala-ala sa canyáng amá; siya'y isang binata, na sa pagca't hindi malalao't magcacaasawa, nag-iisip isip siya ng̃sa panahong darating, ng̃isáng magandang casasapitan ng̃canyáng mgã anác.

—Cung gayo'y siya'y isang taong magtatamong ligaya; ang catuwiran nating ipinagtatanggol ay hindi ang sa mgã taong na sa caligayahan.

—¡Datapuwa't iyan ang catuwirang ipinagtatanggol ng̃mgã taong may puso!

—¡Hari na ngã!—ang muling sinabi ng̃matandang lalaki at saca naupo,—ipalagay mo ng̃ang binatang iya'y sumang-ayong siya ang maghatid ng̃ating caraingãn hangang sa Capitang General; ipalagay mo ng̃siya'y macakita sa

pangũlong bayan ng͠ España ng͠ mgã diputadong magsanggalang sa atin, ¿inaacala mo na baga cayang papagtatagumpayin na ang ating catuwiran?

—Atin munang ticmang gawin bago tayo gumamit ng͠ isang paraang kinacailangãng magsabog ng͠ dugo,—ang isinagót ni Elías,—Dapat na macapagtacá po sa inyó, na acó, na isá rin namang sawing palad, bata at malacás ang catawan, ang siyang makiusap sa inyo, na cayo'y matanda na't mahina, ng͠ mgã paraang payapa: at ganito, sa papca't aking napanood ang lubhang maraming cahirapang tayo rin ang may cagagawang gaya rin ng͠mgã cagagawan ng͠mgã malulupit; ang mahina ang siyang nagbabayad.

—¿At cung sacaling wala tayong magawang anó man?

—May magagawa tayo cahi't cacaunti, maniwala po cayo; hindi ang lahat ng͠mgã nangãngãtungculan sa baya'y hindi marunong cumilala ng͠catuwiran. At cung wala tayong masundaan, cung aayaw pakinggan ang ating cahingĩan, cung magpacabingĩ na ang tao sa capighatian ng͠canyang capuwa, pagnagcagayo'y ¡hahandog po aco sa bawa't inyong ipag-uutos!

Niyacap ang binata ng͠matandang lalaking lipos ng͠malaking catuwiran.

—Tinatanggap co ang iyong panucala, talastas cong gumaganap ca ng͠ iyong pangãco. Paririto ca sa aki't cata'y tutulungãn upang maipanghiganti ang iyong mgã magugulang, at aco nama'y tutulungãn mo upang maipanghiganti co ang aking mgã anac, ¡ang aking mgã anac na pawang nacacatulad mo!

—Samantala'y huwag po ninyong pababayaang mangyari ang ano mang gahasang cagagawan.

—Isasalaysay mo ang mgã caraingãn ng͠bayang pawang talastas mo na, ¿Cailan co malalaman ang casagutan?

—Sa loob po ng͠ apat na araw ay mag-utos po cayo ng͠ isang taong makipagkita sa akin sa pasigan ng͠San Diego, at sasabihin co sa canya ang maguing casagutan sa akin ng͠taong aking inaasahang.... Cung siya'y sumang-ayo'y canilang kikilalanin ang ating catuwiran, at cung hindi'y aco ang unaunang matitimbuang sa pakikilabang ating gagawin.

—Hindi mamamatay si Elias, si Elias ang mamiminuno cung matimbuang si capitang Pablong busog na ang puso sa canyang panghihiganti,—anang matandang lalaki.

At siya rin ang sumama sa binata hanggang sa macalabas sa labas.

Decorative motif

# XLVI.

## SABUNGAN.

Upang ipangĩlin sa Filipinas ang hapon ng̃ araw ng̃ linggo'y napasasa sabungãn ang caraniwan, na gaya naman sa Españang ang larong pakikiaway ng tao sa toro ang siyang pinaroroonan. Ang pagsasabong ng̃ manoc, hilig na masamang dito'y dinala ng̃mgã taga ibang lupain at mahiguit ng̃isang daang taóng guinagawang panghuli ng̃ salapi, ay isa riyan sa mgã pangĩt na pinagcaratiban ng̃bayan, na lalong malaki ang casam-an cay sa opio sa mgã insic; diya'y napaparian ang dukha't inilalagay sa pangãnib ang canyang boong pagcabuhay, sa pagmimithing siya'y magcasalaping hindi nagpapagal; napaparian diyán ang mayaman't ng̃maglilibang, at diya'y caniyang guinagamit ang salaping labí sa canyang mgã piguing at mgã "misa de gracia"; datapwa't sa canila (sa mgã mayayaman) ang capalarang diya'y pinaglalaruan, palibhasa'y magaling na totoo ang pagcacaturo sa sasabungĩn, marahil lalong magaling cay sa pagcaturo sa canilang anac na lalaki, na siyang hahalili sa ama sa sabungãn, at wala ngã caming itututol sa bagay na ito.

Sa pagca't ipinahihintulot ng̃ Gobierno, at hanggang halos canyang ipinagaanyaya, sa pag-uutos na gawin ang gayong panoorin sa "hayag na mgã plaza", sa "mgã araw ng̃ fiesta" (at ng̃makita ng̃ lahat at macahicayat ang uliran), "pagcatapos ng̃misa mayor hanggang sa dumilim sa hapon" (walong oras), dumalo tayo sa larong ito upang hanapin ang ilang mgã cakilala.

Walang ikinatatangĩ ang sabungãn sa San Diego sa mgã sabungãn sa iba't ibang bayan, liban na lamang sa ilang mgã bagay. Nababahagui sa tatlong pitac: ang una, sa macatwid baga'y ang pasucan, ay isang malaking cabahayang tuwid, na may dalawampong metro ang haba at labing apat na metro ang luang; sa isa sa canyang mgã taguilira'y may isang pintuang isang babae ang caraniwang nagbabantay, na siyang catiwala sa paniningĩl ng̃ sa pinto, ó cabayaran sa pagpasoc doon. Sa buwis na itong bawa't isa'y nagbibigay roon, tumatanggap ang Gobierno ng̃isang bahagui, mgã ilang daang libong piso sa isang taón: sinasabing sa salaping itong ibinabayad ng̃"vicio" upang siya'y magcaroon ng̃ calayaan, nanggagaling ang ipinagpapatayo ng̃mgã maiinam na mgã paaralan, ipinagpapagawa ng̃mgã tulay at mgã daan, ipinagtatatag ng̃mgã ganting pala

upang lumusóg ang pagsasaca at pangãngãlacal ... purihin nawa ang vicio na naghahandog ng̃gayong lubhang magagaling na mgã bungã!—Sa unang pitac na ito nalalagay ang mgã nangãgbibili ng̃hitso, mgã tabaco, mgã cacanin, mgã pagcain at iba pa; naririan diyan ang caramihang batang lalaking sumasama sa canilang mgã ama ó amaing sa canila'y nagsasakit ng̃pagtuturo ng̃mgã lihim ng pamumuhay.

Capanig ang pitac na ito ng̃isá pang lalong malaki ng̃caunti, isang pinaca salas, na pinagtitipunan ng̃madla bago gawin ang mgã "soltada". Nariyán ang pinacamarami sa mgã manoc, na nangãtatali ng̃isáng lúbid sa lupa, sa pamamag-itan ng̃ isang pacong but-ó ó lúyong; nariyan ang mgã tahur, ang mgã malulugdin sa sabong, ang mananari: diyán nangãgcacayari, nagninilaynilay, nangũngũtang, sumusumpa, nagtutungãyaw, humahalachac; hinihimas niyón ang canyáng manoc, na pinaraanan ng̃camáy ang ibabaw ng̃makikintab na mgã balahibo; sinisiyasat nama't binibilang nito ang mgã caliskis sa mgã paa; pinagsasalitaanan ang mgã maiinam na gawa ng̃mgã bayani; diya'y inyóng mapapanood ang maraming mgã mukhang malulungcót, na bitbit sa mgã paa ang bangcay na wala ng̃balahibo; ang pinacamahalmahal na hayop sa loob ng̃ilang buwan, pinalayawlayaw at sa canya'y ipinagcatiwala ang lalong caayaayang mgã pag-asa, ngãyo'y wala cung di isáng bangcay na lamang, na ipagbibili sa isáng peseta, upáng lutuing luya ang cahalo at canin sa gabí ring iyón: "sic transit gloria mundi". Pauwi na ang natalo sa canyáng bahay, na pinaghihintayan sa canya ng̃esposang cacabacaba ang loob at ng̃mgã limalimahid na mgã anac, na hindi na taglay ang caunting pamimilac at ang sasabung̃in. Yaong lahat na mgã panaguinip na calugodlugod, yaong mgã pagaalagang tumagal ng̃mahabang panahon, mula sa pagbubucang liwayway hanggang sa paglubóg ng̃araw, yaong lahat ng̃mgã pagpapahirap at pagpapagal, ang kinauwia'y isang peseta, ang mgã nálabing abó sa gayóng cacapal na asó.—Sa ulutang itó nakikipagtutulan ang lalong pangõd na isip: ang lalong gagasogaso'y pinagsisiyasat na magaling ang gayóng bagay, tinitimbang, pinagmámasid, ibinubucadcad ang mgã pacpac, hinihipo ang mgã casucasuan ng̃mgã hayop na iyón. Maiinam na totoo ang pananamit ng̃mgã ilang sinusundan at liniliguid ng̃mgã caanib ng̃canicanilang mgã sasabung̃in; marurumi namán ang mgã ibá, natatatac sa canilang mamayat na mgã mukha ang larawan ng̃ vicio, at caniláng sinusundan ng̃ boong pagmimithi ang mgã kilos ng̃mgã mayayaman at canilang pinagmamasdang magaling ang mgã pustahan, sa pagca't mangyayaring mahuho ang mgã bulsa, datapuwa't hindi nangyayaring masiyahan ang masamang hilig; diya'y waláng mukháng hindi guising; diya'y wala ang mapagpabayang filipino, ang tamád, ang hindi makibuin: ang lahát ay pawang kilusán, masimbuyong budhi,

pagsusumicap; masasabing silá'y may isang cauhawang siyáng nagbibigay casayahan sa tubig sa pusali.

Buhat sa ulutang ito'y tumutungõ sa labanang ang pamagata'y "Rueda". Ang tuntungãn nito, na nababacuran ng̃ cawayan, ang caraniwa'y mataas cay sa dalawang panig na sinabi na ng̃una. Sa dacong itaas, na halos sumusucó na sa bubungãn, may mgã gradería, lunsódlunsód bagang upuan, na iniuucol sa mgã manonood ó mgã magsasabong, dalawang salitang nagcacaisa ng̃ kinauuwian. Sa boong itinatagal ng̃ labanan ay napupuno ang mgã graderiang itó ng̃ mgã taong may gulang na at ng̃ mgã batang nangãgsisigawan, nangãghihiyawan, nangãgpapawis, nangãg-aaway at nangãgtutungãyaw: ang cagalinga'y bihirang bihira ang babaeng nacararating diyán. Nangãsasa "Rueda" ang mgã táong litáw, ang mgã mayayaman, ang mgã bantog na "tahur", ang contratista (a entista) at ang sentenciador (tagahatol). Sa lupa, na mainam ang pagcacapicpic ay nangãglalaban ang mgã hayop, at buhat diya'y ipinamamahagui ng̃ Capalaran sa mgã familia ang mgã tawanan ó mgã pagtangĩs, ang magagaling na pagcain ó ang cagutuman.

Sa horas ng̃ ating pagpasoc ay naroroon na ang gobernadorcillo, si capitang Pablo, si capitang Basilio, si Lucas, ang tao bagang may pilat sa mukha, na totoong nagdamdam ng̃ pagcamatay ng̃ canyang capatid.

Lumapit si capitang Basilio sa isa sa mgã taong bayan at tumanong:

—¿Nalalman mo ba cung anong manoc ang dala rito ni Capitang Tiago?

—Hindi co po na lalaman; may dumating po sa canyang dalawa caninang umaga, ang isa sa canila'y ang lasac na tumalo sa talisayin ng̃ Consul.

—¿Sa acala mo caya'y mailalaban sa canya ang aking si bulic?

—¡Aba, nacú, mailalaban po! ¡Ipupusta co po sa inyong manoc ang aking bahay at ang aking baro!

Dumarating sa sandaling iyon si capitang Tiago. Ang pananamit ay tulad sa mgã malalacas na magsasabong: barong lieszong Caatóng, salawal na lana at sombrerong jipijapa. Sumusunod sa canyá ang dalawang alila; dala ng̃ isa ang lasac at ang isa nama'y isang puting sasabungĩng totoong pagcalakilaki.

—¡Ang sabi sa akin ni Sinang ay pagaling na ng̃ pagaling si María!—ani capitang Basilio.

—Wala ng̃ lagnát, datapuwa't mahina pa.

—¿Natalo po ba cayó cagabi?

—Caunti; nalalaman cong nanalo cayó ... titingnan co cung macababawi acó.

—¿Ibig po ba ninyóng isabong ang lásac?—ang tanong ni capitang Basilio, na tinitingnan ang manóc, at saca hiningĩ itó sa alila.

—Alinsunod, sacali't may pustahan.

—Gaano po ba ang ipupusta ninyó.

—Cung magcuculang din lamang sa dalawa'y hindi co na isasabong.

—¿Inyo bang nakita na ang aking búlic?—ang tanóng ni capitang Basilio at saca tinawag ang isang táong may dalang isang maliit na sasabungĩn.

—¿Gaano po ba ang ipupusta ninyó?—ang tanóng.

—Cung gaano ang inyóng ipusta.

—¿Dalawá at limang daan?

—¿Tatló?

—¡Tatló!

—¡Sa susunod!

Ilinaganap ng̃ nangãgcacabilog na mapakialam sa buhay ng̃ may buhay, ang balitang papaglalabanin ang dalawang bantog na manoc; capuwa sila may mgã pinagdaanan at capuwa cabalitaan sa galing. Ibig ng̃ lahat na makita, masiyasat ang dalawang cabalitaan; may mgã nagpapasiya, may nanghuhula.

Samantala'y lumalaki ang caingãyan, nararagdagan ang caguluhan, linulusob ang Rueda, linulundag ang mgã gradería. Dala ng̃ mgã "soltador" sa Rueda ang dalawang manoc, isang puti at isang pula, na capuwa may sandata na, baga man ang mgã tari ay may caluban pa. Nariringĩg ang mgã sigaw na "sa puti!" "sa puti!", may mangĩsangĩsa namang sumisigaw ng̃ "sa pula!" Ang puti ang siyang "llamado" at ang pula ang "dejado".

Sa guitna ng̃ caramiha'y nangãgpapalibotlibot doon ang guardia civil; hindi nila suot ang pananamit na ucol sa mahal na capisanang ito; datapuwa't hindi naman sila nacapaisano. Salawal na guingong may franjang pula, barong nababahiran ng̃ azul na galing sa naaalis na tina ng̃ blusa, gorrang pangcuartel narito ang canilang panglinlang na soot na nababagay naman sa canilang

inuugali: namumusta at nagbabantay, nanggugulo at nangãgsasalitang di umano'y panangãgasiwaan nila ang pananatili ng̃capayapaan.

Samantalang nangãgsisigawan, isinasahod ang camay, kinacalog sa camay ang caunting salaping pinacacalasing; samantalang hinihicap sa bulsa ang catapustapusang salapi, ó sacali't walang salapi ay nangãngãco, at ipinangãngãcong ipagbibili ang calabaw, ang malapit ng̃anihin sa bukid, at iba pa; dalawang bagongtao, na wari'y magcapatid, sinusundan ng̃mgã paningĩng nananaghili ang mgã naglalaro, nangãgsisilapit, bumubulong ng̃ilang kiming pananalitang sino may walang nakikinig, nalalao'y lalong nangãlulungcot at nangãgtitingĩnang masasama ang loob at nangãgngĩngĩtngĩt. Paimis na sila'y pinagmamasid ni Lucas ngũmingĩti ng̃ngĩting malupit, pinatutunog ang mgã pisong pilac, dumaan siya sa siping ng̃dalawang magcapatid, at saca siya sumigaw nasa "Rueda" ang tingĩn:

—Narito ang limampo, limampu laban sa dalawampo, ¡sa puti!

Nangãgtitigan ang magcapatid.

—¡Sinasabi co na sa iyo,—ang ibinubulong ng̃matandang capatid,—na huwag mong ipaglahatan ang cuarta; cung nakinig ka sana sa akin, ngãyo'y may ipupusta tayo sa pula!

Lumapit ng̃boong cakimian ang bunso cay Lucas at kinalabit siya sa bisig,

—¡Aba! ¿icaw pala?—ang biglang sinabi nito, na lumingõn at nagpapacunwari ng̃pagtataca; pumapayag ba ang capatid mo sa sinabi co sa canya ó naparito ca't pumupusta?

—¿Paanong ibig ninyong cami'y macapusta'y natalo na ang lahat naming salapi?

—¿Cung gayo'y pumayag na cayo?

—¡Aayaw siya! cung pautangĩn sana ninyo cami ng̃caunti, yamang sinasabi ninyong cami inyong nakikilala....

Kinamot ni Lucas ang ulo, hinila ang baro at muling nagsalita:

—Tunay ngãng cayo'y aking nakikilala; cayo'y si Tarsilo at si Bruno, mgã cabataan at malalacas. Talastas cong ang matapang ninyong ama'y namatay dahil sa ibinibigay sa canyang isang daang palo sa araw araw ng̃mgã sundalo; alam cong hindi ninyo iniisip na ipanghiganti siya ...

—Huwag po sanang makialam cayo sa aming pamumuhay;—ang isinalabat sa canya ng̃ matandang capatid na si Tarsilo, iya'y nacahihila ng̃ casacunaan. Cung wala caming capatid na babae'y malaon ng̃ panahong cami'y binitay na sana!

—¿Binitay na cayo? ang mg̃a duwag lamang ang nabibitay, ang walang salapi at walang tumatangkilik. At sa paano ma'y malapit ang bundoc.

—¡Sandaang piso laban sa dalawampo, sa puti aco!—ang sigaw ng̃ isang nagdaan.

—Pautang̃in ninyo cami ng̃ apat na piso ..., tatlo ... dalawa,—ang ipinamanhic ng̃ lalong bata;—pagdaca'y babayaran namin cayo ng̃ ibayo; pasisimulan na ang soltada.

Muling kinamot ng̃ Lucas ang úlo.

—¡Tst! Hindi akin ang salaping ito, ibinigáy sa akin ni Don Crisóstomo at inilalaan sa mg̃a ibig maglingcód sa canyá. Ng̃uni't aking nakikitang cayo'y hindi gaya ng̃ inyóng amá; iyon ang túnay na matapang; ang hindi matapang ay huwag maghanap ng̃ mg̃a laro.

At saca umalis doon, baga man hindi totoong nagpacalayo.

—¿Pumayag na tayo, may pinagcacaibhan pa ba?—ani Bruno. Iisa ang kinauuwian ng̃ mabitay ó mamatay na marahil: walang ibang kinauukulan nating mg̃a dukha.

—Tunay na ng̃a, ng̃uni't gunitaín mo ang ating capatíd na babáe.

Samantala'y nagliwanag ang "rueda", magpapasimula ang labanan. Tumatahimic na ang mg̃a tínig, at nang̃tira sa guitna ang dalawáng "soltador" (tagá-bitáw) at ang mananari. Sa isáng hudyát ng̃ "sentenciador" (tagahátol) ay inalsán ng̃ mananari ang mg̃a tari ng̃ canicanyang calúban, at cumíkintab ang mg̃a maninipis na mg̃a talím, na pawang nang̃gbabala, maniningning.

Lumapit sa bácod ang dalawang magcapatid na capuwa malungcot, itinuon ang canilang noo sa cawayan at nang̃gmamasid. Lumapit ang isang lalaki sa canila at sila'y binulung̃an sa taing̃a.

—¡Pare! ¡isang daang piso laban sa sampo, sa puti acó!

Tiningnan siya ni Tarsilo ng̃ patang̃a. Sinicó siyá ni Bruno, at sinagót niyá itó ng̃ isáng úng̃ol.

Tangãn ng̃mgã soltador ang mgã manóc ng̃isáng anyóng calugód-lugód, at iniingãtan nilang huwag siláng masugatan. Dakilang catahimican ang naghahari: masasapantahang liban na lamang sa dalawang soltador ang mgã naroroo'y pawang mgã cagulatgulat na mgã taotaohang pagkít. Pinaglapit nilá ang dalawang manóc; tinangnan ng̃isá ang úlo ng̃canyang manóc at ng̃tucaín ng calában upang magalit, at bago guinawa naman ng̃isa sa canyang manóc ang gayon din; dapat magcaroon ng̃pagcacatulad sa lahat ng̃pag-aaway, na anó pa't cung anó ang nangyayari sa mgã sasabung̃ìn sa Paris ay cawang̃ìs din sa mgã sasabung̃ìn dito. Pinapagharap, pagcatapos at pinapagcahig silá, at sa gayong paraa'y nauunawa ng̃mgã caawaawang mgã hayop cung sino ang bumunot sa canila ng̃ isang maliit na balahibo at cung sino ang canilang macacalaban. Nagsisipanindig na ang canilang mgã puloc, nangãgtititigan at mgã kidlat ng galit ang siyang nangãgsisitacas sa canilang mabibilog at maliit na mgã mata. Pagcacagayo'y dumating na capanahunan; binitiwan silá sa lupa, na nangãgcacalayo ng̃caunti, at saca sila linayuan.

Marahang nangãglalapit sila. Nangãririnig ang yabag ng̃canilang yapac sa matigas na lúpa; sino ma'y hindi nagsasalita, sino ma'y hindi humihingã. Ibinababa at itinataas ang úlo, na wari'y nangãgsusucatan sa ting̃ìnan, bumubulong ang dalawang sasabung̃ìn ng̃marahil pagbabala ó pagpapawalang halagá. Natanawan nila ang maningning na dáhon ng̃tari, na nagsasabog ng malamig ang nangãngãzul na sinag; nagbibigay sigla sa canila ang pangãnib, at walang ano mang tacot na nagpapanalubong ang dalawa, ngũni't sa isang hakbang na layo'y nangãgsihinto, nangãgtitigan, ibinaba ang ulo at muling pinapangãlinag ang canilang balahibo. Sa sandaling iyó'y naligo ng̃dugo ang canilang maliit na útac, sumilang ang lintíc, at taglay ang canilang catutubong tapang ay mabilis na nagpanalpoc ang dalawa, nagcapanagupa ang tuca laban sa tuca, ang dibdib laban sa dibdib, ang patalim laban sa patalím at ang pacpác laban sa pacpác: naiwasan ng̃isa't isá ng̃boong catalinuan ang sacsác at walang nanglaglag cung hindi iláng balahibo lámang. Muling nagtitigan na naman; caguinsaguinsa'y biglang lumipad ang puti, napaimbulog at iniwawasiwas ang pamatay na tari; ngũni't ibinaluctót ng̃pula ang canyang mgã hita at ibinaba ang úlo, caya walang nahampas ang puti cung di ang hang̃ìn; ngũni't pagbaba sa lapag, sa pang̃ìng̃ìlag na siya'y masacsac sa licód, malicsing pumihit at humarap sa calaban. Dinaluhong siya ng̃sacsác ng̃pula ng̃boong galit, ngũni't marunong magsanggalang ng̃boong calamigan ng̃loob: hindi ngã walang cabuluháng siyá lubós na kinalulugdan ng̃caramihang naroroon. Hindi kinalilingãtan ng̃lahat ang matamang panonood ng̃mgã nangyayari sa paglalaban, at may mgã iláng cahi't hindi sinasadya'y nangãpapasigaw. Unti-unting nasasabugan ang lupa ng

mgã balahibong pula at puti, na pawang natitina ng̃dugo: datapuwa't hindi ang salitaa'y ititiguil ang labanan sa unang pagcacasugat: sa pagsunod ng̃filipino sa mgã cautusáng lagda ng̃Gobierno, ang ibig niya'y matalo cung sino ang unang mamatay ó cung sino ang unang tumacbo. Nadidilig na ng̃ dugo ang lupa, madalas ang sacsacan, ngũni't hindi pa masabi cung sino sa dalawa ang magtatagumpay. Sa cawacasan, sa pagtikim sa cahulihulihang pagpupumilit, sumalpóc ang puti upang ibigay ang panghuling sacsác, ipinaco ang canyang tari sa isang pacpac ng̃pula at napasabit na mgã butó; datapuwa't nasugatan ang puti sa dibdib, at ang dalawa, na capuwa linalabasan ng̃ dugo, nanglulupaypay, humihingãl, nangãgcacacabit, ay hindi nangãgsisikilos, hanggang sa natimbuang puti, sumuca ng̃dugo sa tuca, nangĩsay at naghingãlo; ang pulang nacacabit sa canya sa pacpác at nananatili sa canyáng tabi, ay untiunting ibinaluctót ang mgã hita at marahang pumikit.

Ng̃magcagayo'y inihatol ng̃sentenciador, sa pag-alinsunod sa cautusan ng pamahalaan, na ang pula'y nanalo. Isang walang wastong sigawan ang siyang nagpasalamat sa gayong hatol, sigawang naringĩg sa boong bayan, mahaba, nagcacaisa ang taas ng̃ tinig at tumagal ng̃ ilang sandali. Cung gayo'y na pagtatanto ng̃nacacapakinig sa malayo, na ang "dejado" ay siyang nanalo, sa pagca't cung hindi gayo'y hindi tatagal ang sigaw ng̃pagcatwa. Gayon din ang nangyayari sa mgã nación: isang maliit na macapagtagumpay sa isang malaki, inaawit at sinasabisabi sa lubhang mahabang panahon.

—¿Nakita mo na?—ani Bruno ng̃boong sama ng̃loob sa capatid,—cung pinaniniwalaan mo aco'y mayroon na sana ngãyon tayong sandaang piso; dahil sa iyo'y wala tayo ngãyon cahi't isang cuarta.

Hindi sumagot si Tarsilo, datapuwa't tumingĩn ng̃ pasulyap sa canyang paliguidliguid na anaki'y may hinahanap na sino man.

—Naroo't nakikipag-usap cay Pedro,—ang idinugtong ni Bruno;—¡binibigyan siya ng̃salapi, pagcaramiraming salapi!

At ibinibilang ngã naman ni Lucas sa camay ng̃asawa ni Sisa ang mgã salaping pilac. Nangãgpalitan pa ng̃ilang salitang palihim at bago naghiwalay na capuwa nasasayahan alinsunod sa namamasid.

—¡Marahil si Pedro'y nakipagkayari sa canya: iyan, iyan ang tunay na hindi nag-aalinlangãn!—ang buntong hiningã ni Bruno.

Nananatili si Tarsilo sa pagca mukhang malungcot at nag-iisip-isip: pinapahid ng̃mangas ng̃canyang baro ang pawis na umaagos sa canyang noo.

—Capatid co,—ani Bruno,—acó'y yayao, cung hindi ca magpapasiya; nanatili ang "regla", dapat manalo ang lasak at hindi ngã dapat nating sayangĩn ang panahón. Ibig cong pumusta sa susunod na soltada; ¿anó bagá mangyayari? Sa ganyá'y maipanghihiganti natin ang tatay.

Gayon ma'y huminto at muling nagpahid ng̃ pawis.

—¿Anóng dahil at huminto ca?—ang tanóng ni Brunong nayayamot.

—¿Nalalaman mo ba cung anó ang sumusunod na soltada? ¿Carapatdapat ba ang?...

—¡Bakit hindi! ¿hindi mo ba nariring̃ĩg? Ang búlik ni capitang Basilio ang mapapalaban sa lásak ni capitang Tiago; ayon sa lacad ng̃ "regla" ng̃ sabong ay dápat manalo ang lásak.

—¡Ah, ang lasak! acó ma'y pupusta rin ... datapwa't lumagáy muna tayo sa matibay na calagayan.

¿Nagpakita ng̃ pagcayamot si Bruno, ngũni't sumunód siyá sa canyáng capatíd; tiningnan nitóng magaling ang manóc, siniyasat na magaling, nag-isip-isip, naglininglining, nagtanong ng̃ ilán, ang culang palad ay nag-aalinlangãn; nagngĩngĩtngĩt si Bruno at minamasdan siyáng malaki ang galit.

—Ngũni't hindi mo ba nakikita iyang malapad na caliskis na nariyán sa tabi ng̃ tahid? ¿hindi mo ba nakikita ang mgã paang iyán? ¿anó pa ang ibig mo? ¡Masdan mo ang mgã hítang iyán, iladlad mo ang mgã pacpác na iyán! At itong baac na caliskis sa ibabaw ng̃ malapad na itó, at saca itóng doble (kambal)?

Hindi siyá nariring̃ĩg ni Társilo, ipinagpapatuloy ang pagsisiyasat sa anyo at calagayan ng̃ hayop; ang calansing ng̃ guinto't pilac ay dumarating hanggang sa canyang mgã taingã.

—Tingnan namán natin ngãyon ang bulík,—ang sabi ng̃ tinig na tila sinasacal.

Tinatadyacan ni Bruno ang lupa, pinapagngãngãlitngĩt ang canyang mgã ngĩpin, ngũni't sumusunod din sa capatid niya.

Lumapit sila sa cabilang pulutong. Diya'y sinasandatahan ang manóc, humihirang ng̃ tári, inihahanda ng̃ mananari ang sutlang mapula, na pinagkitan at macailang hinagod.

Binalot ni Társilo ang háyop ng̃ malungcot at nacalalaguim na titig: tila

mandin hindi niya nakikita ang manóc cung di ibang bagay sa hinaharap na panahón. Hinagpós ang noo, at:

—¿Handa na ba icáw?—ang tanóng sa capatid na malagunlong ang tinig.

—¿Acó? ¡mula pa ng̃una; hindi kinacailangãng sila'y akin pang makita!

—Hindi at dahil sa ... ating cahabaghabag na capatid na babae....

—¡Aba! ¿Hindi ba sinabi sa iyong ang mamiminuno'y si don Crisóstomo? ¿Hindi mo ba nakitang siya'y casama ng̃Capitan General sa pagpapasial? ¿Anó ang capangãnibang ating cahihinatnan?

—¿At cung mamatay tayo?

—¿Eh anó iyón? ¿Hindi ba namatay ang ating amá sa capapalo?

—¡Sumasacatuwiran ca!

Hinanap ng̃magcapatid sa mgã pulutóng ng̃táo si Lúcas.

Pagcakita nilá sa canya'y huminto si Társilo.

—¡Huwag! umalis na tayo rito, tayo'y mapapahamac!—ang biglang sinabi.

—Lumacad ca cung ibig mo, acó'y tátanggap.

—¡Bruno!

Sa cawaláng palad ay lumapit ang isang táo at sa canilá'y nagsabi:

—¿Pupusta ba cayó? Aco'y sa búlik.

Hindi sumagot ang dalawáng magcapatid.

—¡Logro!

—¿Gaano?—ang tanóng ni Bruno.

Binilang ang canyang mgã aapating pisong guinto: tinititigan siya ni Brunong hindi humihingã.

—¡May dalawang daang piso acó, limampong piso laban sa apat na po!

—¡Hindi!—ani Brunong waláng alinlangãn; magdagdag pa cayó ...

—¡Magaling! limampo laban sa tatlompo!

—¡Lambalin ninyó cung inyóng ibig!

—¡Magaling! ang búlik ay sa aking pangĩnoon at bago acóng capapanalo; isáng daan laban sa anim na pong piso.

—¡Casunduan! Maghintay cayo't cucuha acó ng̃salapi.

—Datapuwa't acó ang maghahawac,—anang isá, na hindi totoong nagcacatiwala sa anyo ni Bruno.

—¡Gayon din sa akin!—ang tugón nito, na umaasa sa catigasan ng̃canyang camaoo.

At nilingõn ang canyáng capatid at pinagsabihan:

—Yayao acó, cung matitira icáw.

Nag-isip-isip si Tarsilo: canyang sinisinta ang canyang capatid at gayon din ang sabong. Hindi mapabayaang nag-iisa ang canyang capatid, caya't bumulong:

—¡Halá!

Lumapit sila cay Lucas: nakita nito ang canilang pagdating at ng̃ũmiti.

—¡Mamà!—ani Tàrsilo.

—¿Ano iyon?

—¿Gaano ba ang ibibigay ninyo?—ang tanong ng̃dalawa.

—Sinabi co na: cung cayo ang mamahala sa paghanap ng̃mgã iba pa upang matutop ang curatel, bibigyan co ang báwa't isa sa inyo ng̃tigatatlompong piso at sampong piso sa bawa't casama. Sacali't lumabas ng̃magaling ang lahat, tatanggap ng̃isangdaang piso bawa't isa at cayo'y ang ibayo: mayaman si don Crisostomo.

—¡Gayari!—ang biglang sabi ni Bruno; ibigay ninya ang salapi.

—¡Nalalaman co na cayo'y matatapang na gaya rin ng̃inyong ama! Hali cayo rini, at ng̃hindi tayo maringĩg ng̃mgã iyang sa canya'y pumatay—ani Lucas na itinuturo ang mgã guardia civil.

Sila'y dinala sa isang suloc, at sa canila'y sinabi samantalang ibinibilang sa canila ang salapi:

—Darating bucas si don Cristostomo na may dalang mgã sandata; sa macalawa, pagcagabi, pagmalapit ng̃ma-á las ocho, pumaroon cayo sa libingãn at doo'y sasabihin co sa inyo ang canyang mgã huling ipag-uutos. May panahon

cayong macahanap ng̃ mgã casamahan.

Nangãgpaalaman. Ang dalawang magcapatid ay tila mandin nagpalit ng canicanilang anyo: Si Tarsilo'y matahimic, namumutla si Bruno.

Decorative motif

Decorative motif

# XLVII.

## ANG DALAWANG GUINOONG BABAE.

Samantalang isínasabong ni capitang Tiago ang canyang lasak, naglilibot naman sa bayan si doña Victorina, sa adhicang makita niya cung paano ang calagayang guinagawa ng̃ mg̃ã tamad na "indio" sa canicanilang mg̃ã bahay at mg̃ã tubigan. Inubos niya ang caya sa pagsusuot ng̃ lalong magaling niyang damit, at canyang inilagay sa canyang sutlang "bátá" ang lahat niyang mg̃ã cintas at mg̃ã bulaclac, upang siya'y caalang-alangãnan ng̃ mg̃ã "provinciano" at maipakilala sa canila cung gaano calaki ang canilang calayuan sa canyang mahal na cataohan; caya't cumapit sa bisig ng̃ canyang pilay na asawa at nagpakendengkendeng sa mg̃ã lansangãn ng̃ bayan, sa guitna ng̃ pangguiguilalas at pagtataca ng̃ mg̃ã tagaroon. Natira sa bahay ang pinsang si Linares.

—Pagcapangĩtpangĩt ng̃ mg̃ã bahay nitong mg̃ã "indio"!—ang ipinasimula ni doña Victorinang ingĩningĩwi ang bibig;—ayawan co cung bakit nacatitira sila riyan: kinakailangãng maguing "indio". At anong pagcasamasama ng̃ turo ng canilang magulang at anong pagca mg̃ã palalo! Nasasalubong nila tayo'y hindi sila nangãgpupugay! Hanpasin mo sila sa sombrero na gaya ng̃ gawa ng̃ mg̃ã cura at ng̃ mg̃ã teniente ng̃ mg̃ã guardia civil; turuan mo sila ng̃ "urbanidad."

—¿At cung aco'y canilang hampasin?—ang tanong ng̃ doctor De Espadaña.

—¡Tungcol sa bagay na iya'y icaw ay lalaki!

—¡Ngũ ... ngũni't aco'y pilay!

Nalalao'y sumasama ang ulo ni doña Victorina; napupuno ng̃ alaboc ang cola ng̃ canyang bata, dahil sa hindi nalalatagan ng̃ bato ang mg̃ã daan. Bucod sa roo'y nacacasalubong ng̃ maraming mg̃ã dalaga, na nangãgsisitungõ pagdaraan sa canyang tabi, at hindi nila pinagtatakhan, na gaya ng̃ marapat nilang gawin, ang canyang mahalagang casuutan. Ang cochero ni Sinang, na naghahatid dito at sa canyang pinsang babae sa isang mainam na carruajeng "tres-por-ciento'y" nagcaroon ng̃ cawalang galangãng sigawán siya ng̃ "¡tabi!" na taglay ang tinig na nacagugulat, na anopa't napilitin siyang sumaisang tabí at walang magawa cung di tumutol ng̃:—¡Tingnan mo na ngã lamang ang hayop na cochero!

¡Sasabihin co sa canyang pangĩnoong turuan niyang magaling ang canyang mgã alila!

—¡Magbalic na tayo sa bahay!—ang ipinag-utos sa asawa.

Ito, na talagang nangãngãnib na marahil ay may mangyaring ligalig sa canilang dalawa, ibinalic ang canyang "muleta" (ang salalac na tungcod sa kili-kili) at sumunod sa utos.

Nasalubong nila ang alférez, nangãgbatian at ito'y nacaragdag ng̃sama ng loob ni doña Victorina: hindi lamang hindi siya pinuri dahil sa canyang pananamit, cung di halos siniyasat pa ng̃palibac ang suot niyang iyon.

—Hindi mo dapat pakikamayan ang isang abang alferez lamang,—ang sinabi sa canyang asawa ng̃malayo na ang alferez;—bahagya na niya hinipo ang canyang capacete at icaw ay nagpugay ng̃ sombrero; hindi ca marunong magbigay camahalan sa iyong cataasan!

—¡Siya ang puno ri....rito!

—At ano ang cabuluhan sa atin ng̃bagay na iyan. ¿Tayo baga'y mgã indio?

—¡Sumasacatuiran ca ngã!—ang canyang isinagot, sa pagca't aayaw siyang makipagcagalit.

Nagdaan silá sa tapat ng̃ bahay ng̃ militar. Namimintana si doña Consolación, na gaya ng̃ canyáng naguing caugalian, nacadamít franela at humihithit ng̃isang tabaco. Sa pagca't mababa ang bahay, sila'y nagtingĩnan, at nakitang magaling ni doña Victorina ang babaeng iyón; payapang pinagmamasdan siya búhat sa paa hanggang sa úlo ng̃Musa ng̃guardia civil, pagcatapos ay siya'y nilabian, lumura at saca tumalicod. Itó ang nacaubos sa pagtitiis ni doña Victorina, caya't iniwan ang canyang asawang walang caalacbay, at hinarap ang alferezang nangãngãtal sa galit at hindi macapangũsap. Marahang lumingõn si doña Consolación, muli na namang pinagmasdan siya ng boong, catiwasayán at nanglura uli, ngũni't nagpakita siya ng̃lalong malaking pagpapawalang halaga.

—¿Ano ang nangyayari sa inyó, Doña?

—¡Matatawag ninyo acong "Señora"! ¿bakit ganyan na ang pagtitig ninyo sa akin? ¿Naiinguit ba cayo?—ang sa cawacasa'y nasalita ni doña Victorina.

—¿Acó? ¿naiingũit acó? ¿at sa inyó?—ang sabing patuya ng̃Medusa—¡siya ngã! ¡naiinguit aco sa inyóng culót!

—¡Halica na, babae!—anang Doctor;—¡hu ... hu ... huwag mo siyang pa ... pansinin!

—¡Pabayaan mong turaan co itóng bastos na itong walang hiya!—ang sagot ng̃ babae, at saca biglang itinulac ang canyang asawa, na caunti ng̃ napasungãba, at hinarap si doña Consolación.

—¡Tingnan sana ninyo cung sino ang causap!—anyá—¡huwag ninyong acalaing aco'y isang provinciana ó isang calunya ng̃ mgã sundalo! Hindi nacapapasoc sa aking bahay, sa Maynila, ang mgã alférez; ang mgã ganitó'y naghihintay sa pintuan.

—¡Aba! ¡Excelentísima Señora Puput! (carilagdilagang guinoong Puput) hindi ngã pumapasoc ang mgã alferez cung di lamang ang mgã salantang gaya niyán, ja! ja! ja!

Cung hindi sa nacaculapol na mgã colorete, namasdan sana ang pamumula ng̃ mukhà ni doña Victorina; binanta niyáng lusubin ang canyang caaway na babae, ngũni't piniguil siya ng̃ centinela. Samantala'y napupuno ang daan ng nanonood na mgã táo.

—Pakinggan ninyo, naiimbi aco sa pakikipagsalitaan sa inyo; mgã táong matataas ... ¿Ibig po ba ninyong labhán ang aking damít? ¡Babayarin co cayó ng mahal! ¡Ang acala yata ninyo'y hindi co nalalamang cayo'y dating labandera!

Tumindig si doña Consolacióng malakí ang galit: nacasugat sa canya ang sinabing tungcól sa paglalaba.

—¿Acala yata ninyo'y hindi nalalaman cung sino cayó at cung sino ang taong inyong daladala? ¡Kinacailangãng namamatay ng̃ gutom upang pasanin ang tiratirahan, ang basahan ng̃ lahat ng̃ táo!

Ang pucól na salitáay tumama sa ulo ni doña Victorina; naglilís ito ng manggas, itinicom ang mgã daliri, piniing ang mgã ngĩpin at nagpasimula ng pananalita:

—¡Manaog cayo, matandang salaula, at duduruguin co ang maruming bibig na iyan! ¡Calunya ng̃ isang batallon, talagang patutot buhat pa ng̃ ipangãnac!

Dalidaling nawala sa bintana ang Medusa, agad nakitang nananaog ng patacbo, na iniwawasiwas ang látigo ng̃ canyang asawa.

Namag-itan at sumamo si don Tiburcio, ngũni't nagcasaclutan din cung hindi dumating ang alférez.

—¡Datapuwa't mgã guinoong babae!... Don Tiburcio!

—¡Turuan ninyong magaling ang inyong asawa, ibili ninyo siya ng̃ lalong magagaling na mgã damit, at cung sacali't wala cayong salapi, magnacaw cayo sa mgã táong bayan, yamang sa bagay na ito'y cayo'y may mgã sundalo!—ang sigaw ni doña Victorina.

—¡Narito po acó guinoong babae! ¿bakit hindi duruguin ng̃ camahalan po ninyo ang aking bibig? ¡Wala po cayo cung di dila at laway, Doña Exelencia!

—¡Guinoong babae!—anang alférez na nagniningãs ng̃ galit;—¡magpasalamat cayo at nadidilidili cong cayo'y babae, sa pagca't cung hindi lulusayin co cayo sa casisicad, pati ng̃ inyóng mgã kinuculot na buhóc at ng̃ inyóng mgã walang capacanang mgã cintas!

—¡Gui ... guinoong alférez!

—¡Lumacad cayó, mamamatay ng̃ táong waláng sakit! ¡Cayo'y walang suot na salawál, Juan Lanas!

Umugong doon ang mgã tacapan, waswasan ng̃ camáy, guirian, sigawan, laitan at murahan: canilang iniwatawat ang lahat ng̃ mgã carumihang canilang iniingãtan sa canicanilang cabán, at sa pagca't sabáy sabáy na nagsasalita ang apat at maraming lubha ang canilang sinasabing nacasisirang puri sa mgã tangĩng pulutong ng̃ mgã táo, na canilang isinisiwalat ang maraming catotohanan, cúsang tinatangguihan namin ang pagsasalaysay rito ng̃ laha't ng̃ canilang doo'y mgã sinabi sa isá't isá. Bagaman hindi nauunawa ng̃ mgã nagsisipanood ang lahat ng̃ canilang tacapan, hindi ngã cacaunti ang catuwaang canilang tinatamo at canilang hinihintay na dumating hanggang sa pag-aaway ng̃ camáy. Sa cawalang capalaran ay dumating ang cura na siyang pumayapa.

—¡Mgã guinoong lalaki, mgã guinoong babae! ¡Laking cahihiyan! ¡Guinoong Alferez!

—¿Ano ang inyong ipinakikialam dito, mapagbanalbanalan, macacarlista?

—¡Don Tiburcio, dalhin po ninyo ang inyong asawa! ¡Guinoong babae, pagpiguilan po ninyo ang inyong dila!

—¡Iya'y sabihin po ninyo diyan sa mgã magnanacaw sa mgã taong mahihirap!

Untiunting naubos ang mgã kilalang lait at tungãyaw, nasabi na ang lahat ng̃ mgã cahiyahiyang cagagawan ng̃ mag-a-mag-asawa, at samantalang

nangãgbabalaan at nangãgmumurahan ay untiunti silang nangãghiwalay. Si fray Salvi ay nagpapacabicabila at nagbibigay casayahan sa panooring iyon, cung daroon sana ang ating caibigang corresponsal!...

—¡Ngãyon di'y pasa Maynila tayo't tayo'y humarap sa Capitan General!—ang sinasabing malaki ang galit ni doña Victorina sa canyang asawa,—¡Icaw ay hindi lalaki! ¡sayang na sayang ng̃salawal na suot mo!

—¿Ngũ ... ngũni't ... babae, at ang mgã guardia? ¡aco'y pila'y!

—Dapat mong hamunin siya ng̃ away sa pamamag-itan ng̃ pistola ó ng sable, ó cung hindi ... cung hindi....

At tiningnan siya ni doña Victorina sa mgã ngĩpin.

—Neneng, cailan may hindi aco humawac ng̃....

Hindi ipinaubaya ni doña Victorinang matapos ang canyang sinasabi: sa isang dakilang galaw ay hinalbot sa guitna ng̃ daan, ang canyang mgã ngĩping tagpi lamang at saca guiniic. Dumating sila sa bahay, na halos umiiyac ang lalaki at ang babae nama'y nag-aalab sa galit. Nakikipag-usap ng̃ sandaling iyon si Linares cay Maria Clara, cay Sinang at cay Victoria, at sa pagca't hindi niya nalalaman ang pagtatalong iyon, hindi cacaunti ang canyang dinamdam naligalig ng̃ loob ng̃ canyang makita ang canyang mgã pinsan. Si Maria Clarang nacahilig sa isang sillon sa guitna ng̃ mgã unan at mgã cumot na lana ay malaki ang ipinagtaca ng̃ canyang makita ang bagong pagmumukha ng̃ canyang doctor.

—Pinsan, ani doña Victorina,—hahamunin mo ng̃ away ngãyon din ang Alférez ó cung hindi....

—¿At bakit?—ang tanong ni Linares na nagtataca.

—Siya'y hahamunin mo ngãyon din ng̃ away ó cung hindi sasabihin co sa canilang lahat dito cung sino icaw.

—¡Ngũni't doña Victorina!

Nangãgtingĩnan ang tatlong magcacaibigang babae.

—¿Ano ba sa acala mo? Cami'y linait ng̃ alferez at canyang sinabi na icaw raw ay icaw! ¡Nanaog ang matandang babaeng asuang na may dalang latigo, at ito, ito'y nagpabayang siya'y muramurahin ... isang lalaki!

—¡Abá!—ani Sinang,—¡sila'y nangãg-away ay hindi natin napanood!

—¡Linugas ng̃ alferez ang mg̃a ngĩpin ng̃ doctor!—ang idinagdag ni Victoria.

—Ng̃ayon di'y pasasa Maynila cami; icaw, icaw ay matitira rito upang siya'y hamunin mo ng̃ away, at cung hindi'y sasabihin co cay Don Santiago na pawang casinung̃aling̃an ang lahat mong sinabi sa canya, sasabihin cong....

—¡Ng̃uni't doña Victorina, doña Victorina!—ang isinalabat ng namumutlang si Linares, at lumapit cay doña Victorina;—huwag po ninyong ipaalaala sa aking....

Samantalang nangyayari ito'y siya namang pagdating ni capitang Tiago na galing sa sabung̃an, mapanglaw at nagbubuntong hining̃a: ang lasak ay natalo.

Hindi binigyan ng̃ panahon ni doña Victorinang macapagbuntong hining̃a; sa maicling salita'y sinabi niya ang lahat ng̃ nangyari, sa macatuwid baga'y pinagsicapan niyang sabihing siya ang sumasacatuwiran.

—Hahamunin siya ng̃ away ni Linares ¿nariring̃ig po ba ninyo? Sacali't hindi, ¡huwag po ninyong bayaang pacasal sa inyong anac, huwag po ninyong ipahintulot! Cung wala siyang tapang ay hindi carapatdapat cay Clarita.

—¿Icaw pala'y pacacasal sa guinoong ito?—ang tanong ni Sinang, at napuno ng̃ luha ang canyang masayang mg̃a mata;—nalalaman cong icaw ay malihim, ng̃uni't hindi salawahan.

Si Maria Clara, na maputlang parang pagkit, bumang̃on ng̃ caunti sa pagca sandig, at tinitigan ng̃ gulat na mg̃a mata ang canyang ama, si doña Victorina at si Linares. Ito'y nagdalang hiya, itinung̃o ni capitang Tiago ang canyang mg̃a mata, at idinugtong pa ng̃ guinoong babae:

—Tandaan mo Clarita; huwag cang mag-aasawa cailan man sa lalaking hindi tunay ang pagcalalaki; nang̃ang̃anib cang icaw ay alimurahin pati ng̃ mg̃a aso.

Datapuwa't hindi sumagot ang dalaga, at nagsabi sa canyang mg̃a caibigang babae:

—Ihatid ninyo aco sa aking silid; hindi aco macalacad na mag-isa.

Tinulung̃an nila siyang tumindig, at naliliguid ang canyang bayawang ng mg̃a mabibilog na mg̃a bisig ng̃ canyang mg̃a caibigang babae, nacahilig ang canyang ulong cawang̃is ng̃ marmol sa balicat ng̃ magandang si Victoria, násoc ang dalaga sa silid na canyang tulugan.

Iniligpit ng̃mag-asawa ng̃gabi ring iyon ang caniláng mgã casangcapan, siningĩl si capitang Tiago, na may ilang libo rin piso ang inabót, sa pagcagamot cay Maria Clara, at napatungõ sila sa Maynila, pagca umagang umaga ng̃ kinabukasan, na ang sinasacya'y ang carruaje ni capitang Tiago. Iniatang sa mahinhiing si Linares ang catungculang tagapanghiganti.

Decorative motif

---

Decorative motif

# XLVIII.

## ANG HINDI MAGCURO

Magbabalic ang mgã maiitim na mgã golondrina.... (Becquer).

Ayon sa paunang balita ni Lucas, dumating si Ibarra kinabucasan. Ilinaan niyá ang canyáng unang pagdalaw sa magcacasambahay ni capitang Tiago, at ang sadya niya'y makipagkita cay Maria Clara at ibalitang siya'y ipinakipagcasundo na ng̃ Arzobispo sa Religión: may dalá siyáng sulat sa cura, na doo'y ipinagtatagubilin siyá, na ang Arzobispo pa ang siyáng tumitic.

Hindi cacaunti ang ikinagalac sa ganitong bagay ni tía Isabel, na may pag-ibig sa binata at hindi niyá totoong minamagaling ang pag-aasawa ng̃ canyáng pamangking babae cay Linares. Wala sa bahay si capitang Tiago.

—Pamasoc po cayó,—ang sabi ng̃ tía sa pamamag-itan ng̃ caniyáng haluang wicang castila;—Maria, napasauli-uli sa gracia ng̃ Dios si don Crisóstomo; inalsán siyá ng̃ "excomunión" ng̃ Arzobispo.

Ng̃uni't hindi nagatulóy ang binata, naluoy sa canyáng mgã labi ang ng̃iti at tumacas sa caniyáng alaala ang salita. Sa tabi ng̃ durung̃awan, naroon at nacatindíg si Linares sa tabi ni Maria, na pinagsasalitsalít ang mgã bulaclac at ang mgã dahon ng̃ mgã gumagapang na halaman; nasasabog sa lapag ang mgã rosa at mgã sampaga. Nacahilig sa sillón si Maria Clara, namumutla, may iniisip, mapanglaw ang mgã mata at naglalaro sa isáng paypay na garing, na hindi totoong maputing catulad ng̃ canyáng maliliit na mgã daliri.

Sa pagdating na iyón ni Ibarra'y namutla si Linares at namulá ang mgã pisng̃i ni Maria Clara. Umacmáng bumang̃on, ng̃uni't kinulang siyá ng̃ lacás tumung̃o at binayaang malaglág ang paypáy.

Isáng hindi maalamang siraing hindi pag-imic ang siyang naghari sa iláng sandali. Sa cawacasa'y nacalacad ng̃ papasoc si Ibarra at nang̃ang̃ãtal na nacapagsalita.

—Bago lámang acóng cararating, at nagmadali acóng pumarito upáng makita co icáw ... ¡Naratnan cong magaling ang calagayan mo cay sa aking acala!

Tila napipi mandín si Maria Clara; hindi nagsalita ng̃ cataga man at nananatili sa pagca tungõ.

Pinagmasdan ni Ibarra si Linares ng̃ mula sa paa hangang sa úlo; tingĩng tinumbasan namán ng̃ boong pagmamataas ng̃ mahihiing binata.

—Aba, namamasid cong waláng naghihintay ng̃ aking pagdating,—ang muling sinabi ng̃ madalang na pananalita;—Maria, ipatawad mo ang hindi co pagcapasabi sa iyo bago aco pumasoc dito; sa ibáng áraw ay maipaliliwanag co sa iyo ang tungcól sa aking guinawa ... tayo'y magkikita pa ... waláng sála.

Itóng mgã hulíng salita'y sinamahan niyá ng̃ isáng tingĩn cay Linares. Itinungháy sa caniya ng̃ dalaga ang canyáng magagandang mgã matáng puspós cadalisayan at calungcutan, tagláy ang lálong matinding samo at mapanghalínang pakikiusap, na anó pa't si Ibarra'y huminto sa pagca patigagal.

—¿Macaparirito ba acó búcas?

—Talastás mo nang sa ganáng aki'y laguing ikinatutuwa co ang iyóng pagparito,—ang bahagya ng̃ isinagót ng̃ dalaga.

Umalís doon si Ibarrang wari'y panatag ang loob, datapuwa'y, may taglay na unós sa úlo't caguinawán sa púso. Ang bagong namasid niya't naramdaman ay hindi mapaglirip; ¿anó caya iyón? ¿alinlangan? ¿lipas ng̃ pagsinta? ¿caliluhán?

—¡Oh, sa cawacasa'y babae ngã!—ang canyáng ibinulong.

Hindi niyá nalalama'y nacarating siyá sa pinagtatayuan ng̃ paaralan. Malaki ng̃ totoo ang nayayari sa guinagawang iyón; nagpaparoo't parito sa magcabicabilang maraming nangagsisigawa si ñor Juan, at daladala niya ang canyang metro't ang canyang plomada. Pagcakita sa canyá'y dalidaling siyá'y sinalúbong.

—Don Crisóstomo,—anyá,—sa cawacasa'y dumatíng po cayó: hinihintay cayó naming lahat: tingñan po ninyó ang mgã pader: mayroon nang sampong metro at sampong centímetro ang táas; sa loob ng̃ dalawáng áraw ay magcacaroon na pantay tao wala acóng tinanggap cung hindi mulawin, dúngõn, ípil, lángĩl; humingĩ acó ng̃ tíndalo, malatapáy, pino at narra, at ng̃ magamit sa mgã pintuan, palababahan at iba pa; ¿Ibig po ba ninyóng makita ang mgã

yungĩb?

Siyá'y binati ng̃ mg̃ã manggagawa ng̃ boong pagpipitagan.

—Narito po ang canal na pinang̃ãhasan cong idagdág,—ani ñor Juan;—ang mg̃ã canal pong itó sa ilálim ng̃ lupa'y patung̃õ sa isáng pinacatipun na sa icatlompóng hakbáng. Magagamit pong pangpataba sa halamanan; wala po itó sa plano. Hindi po ba minamagaling ninyó ito?

—Tumbalíc, sinasangayunan co at aking pinupuri cayó sa ganitóng inyóng naisipan; cayó po'y tunay na arquitecto; ¿canino cayó nag-aral?

—Sa akin pong sarili,—isinagot ng̃ matanda ng̃ boong capacumbabaan.

—¡Ah, bago co malimutan! talastasin ng̃ mg̃ã maseselang (sacali't may natatacot makipagsalitaan sa akin) na hindi na acó excomulgado inanyayahan acó ng̃ Arsobispong sumalo sa canyá sa pagcain.

—¡Abá, guinoo, hindi po namin pinapansin ang mg̃ã excomunión! Tayo pong lahát ay pawang excomulgado; si pare Dámaso man po'y excomulgado rin, gayón ma'y nananatili sa totoong catabaan.

—¿Anó ang sabi ninyó?

—Tunay po; may isáng taón na pong hinampás ng̃ tungcód ang coadjutor, at ang coadjutor ay sacerdoteng gaya rin niyá, ¿sino po ang pumapansin sa mg̃ã excomunion?

Natawanan ni Ibarra si Elías na nasa casamahan ng̃ mg̃ã manggagawa; binati siyá nitóng gaya rin ng̃ iba, ng̃ũni't sa isáng ting̃ĩn ay ipinaunawa sa canyáng may ibig na sabihin.

—Ñor Juan,—ani Ibarra;—¿ibig po ba ninyóng dalhin dito sa akin ang talaan ng̃ mg̃ã manggagawa?

Umalís si ñor Juan, at lumapit si Ibarra cay Elías, na mag-isáng bumubuhat ng̃ isáng malakíng bató at ilinululan sa isáng carretón.

—Sacali't mapagcacalooban po ninyó acó ng̃ pakikipagsalitaan sa loob ng iláng oras, maglacádlacád cayó mamayáng hápon sa pampang̃ĩn ng̃ dagatan at lumulan cayó sa aking bangca, sa pagca't may sasabihin acó sa inyong lubháng mahahalagang bagay—ani Elías, at lumayo pagca tapos na makita niyá ang pagtang̃õ ng̃ binatà.

Dinalá ni ñor Juan ang talaan, ng̃ũni't nawaláng cabuluhán ang pagbasa ni

Ibarra ng̃talaang iyón; doo'y wala ang pangãlan ni Elías.

Decorative motif

---

Decorative motif

# XLIX.

## ANG TINGIG NG̃ MGÃ PINAG-UUSIG.

Tumutungtong si Ibarra sa bangca ni Elías bago lumubog ang araw. Tila mandin masama ang loob ng̃ binata.

—Ipatawad po ninyo, guinoo,—ani Elías, na may calungcutan pagcakita sa canya;—ipatawad po ninyong nacapang̃ahas acong cayo'y anyayahan upang tayo'y magcatagpo ng̃ayon; ibig co po cayong macausap ng̃ boong calayaan, at hinirang po ang ganitong sandali sa pag-ca't walang macariring̃ig sa atin dito: macababalik tayo sa loob ng̃ isang oras.

—Nagcacamali cayo caibigang Elías,—ang sagot ni Ibarra na nagpupumilit ng̃unit; kinakailang̃an cong ihatid ninyo aco sa bayang iyang natatanawan hanggang dito ang canyang campanario. Pinipilit aco ng̃ casaliwaang palad na gawin co ang bagay na ito.

—¿Nang casaliwaang palad?

—Opo; acalain po ninyong sa aking pagparito'y aking nacasalubong ang alferez, nagpipilit na ialay sa akin ang canyang pakikialakbay; sa akin po namang sumasa inyo ang alaala at natatalastas cong cayo'y canyang nakikilala, caya't ng̃ siya'y mangyaring aking mailayo'y sinabi cong patung̃o aco sa bayang iyan at doon aco mananatiling maghapon, sa pagca't ibig acong hanapin ng lalaking iyan bucas ng̃ hapon.

—Kinikilala co po sa inyong utang na loob ang inyong pagling̃ap sa akin, datapuwa't sinabi po sana ninyo sa canya ng̃ boong catiwasayan ng̃ loob na siya'y sumama,—ang isinagot ni Elías na walang tigatig.

—¿Bakit? ¿at cayo po?

—Hindi po niya aco makikilala, sa pagca't sa miminsang pagcakita niya sa aki'y hindi macapag-iisip na pacatandaan niya ang aking anyo.

—¡Sinasama aco!—ang buntong hining̃ã ni Ibarra, na ang inaalaala'y si Maria Clara.—¿Ano po ba ang ibig ninyong sabihin sa akin?

Lumingãp si Elías sa canyang paliguid. Malayo na sila sa pampang; lumubog na ang araw, at sa pagca't sa panig na ito ng̃ sinucob ay bahagya na tumatagal ang pagtatakip-silim, nagpapasimula na ang paglaganap ng̃ dilim at namamanaag na ang sinag ng̃ buwang sa araw na iyo'y cabilugan.

—Guinoo,—ang muling sinabi ni Elías, taglay co po ang mithi ng maraming sawing palad.

—¿Ng̃ maraming sawing palad? Ano po ba ang cahulugan ng̃ inyong sinasabi.

Sinabi sa canya ni Elías, sa maicling saysay, ang canyang pakikipagsalitaan sa pinuno ng̃ mg̃a tulisan, ng̃uni't inilihim ang mg̃a pag-aalinlang̃an at ang mg̃a bala nito. Pinakinggan siyang magaling ni Ibarra, at ng̃ matapos na ni Elías ang canyang pagsasaysay, naghari ang isang mahabang hindi pag-imic ng̃ dalawa, hanggang si Ibarra ang naunang nagsalita:

—¿Sa makatuwid ay ang canilang nasa'y ...?

—Lubhang malaking pagbabagong utos tungcol sa mg̃a hucbó, sa mg̃a sacerdote, sa mg̃a hucom na tagahatol, hinihing̃i nila, sa macatuwid ang isang paglingãp—ama ng̃ pamahalaan.

—¿Pagbabagong sa paano?

—Sa halimbawa: magbigay ng̃ lalong malaking paggalang sa camahalan ng bawa't tao, bigyan ng̃ lalong malaking capanatagan ang bawa't mamayan, bawasan ng̃ lacas ang hucbong may sandatana, bawasan ng̃ mg̃a capangyarihang ang hucbong itong totoong madaling magpacalabis sa paggamit ng̃ mg̃a capangyarihan iyan.

—Elías,—ang isinagot ng̃ binata,—hindi co po talos cung sino cayo, datapuwa't nahuhulaan cong cayo'y hindi isang taong caraniwan: ibang-iba po cayong umisip at gumawa cay sa mg̃a iba. Matataroc po ninyo ang aking isipan cung sabihin co sa inyong cung maraming capintasan sa casalucuyang calagayan ng̃ãyon ng̃ mg̃a bagay, lalo ng̃ sasama cung magbago. Mapapagsasalita co ang aking mg̃a caibigan sa Madrid, "bayaran lamang sila," macapagsasalita aco sa Capitan General; ng̃uni't walang magagawang ano man ang mg̃a caibigan cong iyon; walang casucatang capangyarihan ang Capitan General na ito upang magawa ang gayong caraming pagbabago, at aco nama'y hindi gagawa ng̃ ano man upang macamtan ang ganitong mg̃a bagay, palibhasa'y tanto cong totoo, na cung catotohanan mang may malalaking mg̃a capintasang masasabi sa mg̃a

capisanang iyan, sa mgã panahong ito'y sila'y kinacailangãn, at sila ngã ang tinatawag na isang casam-áng ang cailangãn.

Sa malaking pangguiguilalas ni Elías ay tumunghay at pinagmasdan si Ibarra na malaki ang pagtataca.

—¿Cayo po ba nama'y naniniwala rin sa casam-áng cailangãn?—ang tanong na nangãngãtal ng̃ caunting tinig;—¿naniniwala po ba cayong upang macagawa ng̃ magaling ay kinakailangãng gumawa ng̃ masama?

—Hindi; ang paniniwala co sa casam-áng ang cailangãn ay túlad sa isáng mahigpit na cagamutang ating guinagamit pagca íbig nating mapagalíng ang isáng sakít. Tingnán ninyó; ang lupaing ito'y isáng catawáng may dinaramdam na isáng sakít na pinaglamnán na, at ng̃ mapagalíng ang catawáng iyá'y napipilitan ang pamahalaang gumamit ng̃ mgã paraang tunay ngã't masasabi ninyóng napacatitigas at napacababangĩs, datapuwa't pinakikinabangã't kinacailangãn.

—Masama pong manggagamot, guinoo, yaóng waláng hinahanap cung di ang cung anó ang mgã dinaramdam at ng̃ marapa, na anó pa't hindi pinagsisicapang hanapin ang cadahilanan ó ang pinagmumul-án ng̃ sakít, at sacali't natatalastas man ay natatacot na bacahin. Ang tángĩng cauculan ng Guardia Civil ay ito: paglipol ng̃ mgã catampalasanang gawa sa pamamag-itan ng̃ lacas at ng̃ laguím sa pagpapahirap sa may sála, cauculáng hindi nasusunduan at hindi natutupad cung di cung nagcacataón lamang. At hindi dápat limuting caya lamang nacapaghihipit sa bawa't táo ang samahan, ang capisanan bagá ng mgã mamamayan, ay cung sacali't ibinibigáy na sa lahát ang lahát ng̃ mgã kinacailangãng gamit upang malubos ang cagalingãn ng̃ caniláng mgã asal. Palibhasa'y walang capisanan ng̃ mgã mamamayan dito sa atin, sa pagca't hindi nagcacaisang loob ang bayan at ang pamahalaan, ang pamahalaang ito'y marapat na magpatawad sa mgã camalian, hindi lamang dahil sa siya ma'y nagcacailangãn din ng̃ mgã pagpapatawad cung di naman sa pagca't ang taong canyang pinabayaa't hindi liningãp ay hindi lubos nanagot sa casalanang canyang magawa, yamang hindi tumanggap ng̃ malaking caliwanagan ang canyang isip. Bucod sa rito, ayon sa inyong halimbawang bigay, ang guinagamít na gamót ay lubhang napacapangwasák, na anó pa't ang pinahihirapan lamang ay ang bahagui ng̃ catawang walang sakit, na pinapanghihina at sa ganito'y talagang inihahanda at ng̃ lalong madaling capitan ng̃ sakit. ¿Hindi po ba ang lalong magaling ay bigyang calacasan ang bahagui ng̃ catawang may sakít at bawasan ng̃ caunti ang cabangĩsan ng̃ gamot?

—Cung pahinain ang capangyarihan ng͂ Guardia Civil ay ilalagay namán napangãnib ang capanatagan ng͂ mgã bayan.

—¡Ang capanatagan ng͂ mgã bayan!—ang biglang sinabí ni Elías ng͂ boong capaitan. Hindî malaho't darating sa icalabinglimang taón mula ng͂ magca Guardia Civil ang mgã bayang ito, at tingnan po ninyo: hangga ngãyó'y mayroon pa tayong mgã tulisan, nariringĩg pa nating nilolooban ang mgã bayan, nanghaharang pa sa mgã daan; patuloy ang mgã pangãngãgaw at pagnanacaw, na hindi napagsisiyasat cung sinosino ang mgã gumagawa ng͂ gayon; nananatili ang mgã casam-ang gawa, ngũni't lumalaya ang tunay na masamang tao, datapuwa't hindi gayon ang tahimik na mamamayan. Ipagtanong po ninyo sa bawa't mabuting táong namamayan cung canyang minamagaling ang Guardia Civil cung ipinalalagay niyang ito'y iisang tangkilik ng͂ pamahalaan, at hindi isang caloob na pilit, isang pamahalaang calupitang ang mgã napapacalabis na mgã gawa'y nacapagpapahirap pa ng͂ higuit cay sa mgã catampalasanan ng͂ mgã masasasamang tao. Tunay na ngã't ang mgã catampalasanang ito'y lubhang malalaki, ngũni't bihibihira lamang, at sa lahat ng͂ mgã catampalasanang iya'y may capahintulitan ang sino mang macapagsanggalang; datapuwa't laban sa mgã capaslangãng gawa ng͂ mgã Guardia Civil ay hindi itinutulot cahi't ang pagtutol man lamang, at cung hindi man sacali totoong malalaki ngũni't ang capalit nama'y sa tuwi-tuwi na at may capahintulutan ang mgã pinuno. ¿Ano ang naguiguing bungã ng͂ Guardia Civil sa pamumuhay ng͂ ating mgã bayan? Pinatitiguil ang pakikipanayam ng͂ bayan sa capuwa bayan, sa pagca't natatacot ang lahat na sila'y mapahirapan sa mgã walang cabuluhang bagay; lalong tinitingnan ang mgã pagtupad sa dacong labas at hindi pinagcucuro ang sumasadacong loob ng͂ mgã bagay; unang pagpapakilala ng͂ casalatan sa caya; dahil sa nalimutan lamang ng͂ isang tao ang caniyang cédula personal ay guinagapos na't pinahihirapan, na hindi winawari cung ang taong iyo'y mahal at kinaaalangãnan; inaacala ng͂ mgã puno na ang canilang pangũlong catungcula'y ang ibatas na sila'y pagpugayan ng͂ cusa ó sapilitan, cahit sa guitna ng͂ cadiliman ng͂ gabi, at sa bagay na ito'y tinutularan sila ng͂ canilang mgã sacop upang magpahirap at mangãgaw sa mgã taga bukid, at sa gayong gawa'y hindi sila nawawalan ng͂ sangcalan, wala ang pagpipitagan sa cadakilaan ng͂ tahanang bahay; hindi pa nalalaong sinalacat ng͂ mgã guardia civil, na nangãgdaan sa bintana, ang bahay ng͂ isang payapang mamamayan, na pinagcacautangãn ng͂ salapi at ng͂ magandang loob ng͂ canilang puno; wala ang capanatagan ng͂ tao; pagca kinacailangãn nilang linisin ang canilang cuartel ó ang bahay, sila'y lumalabas at canilang hinuhuli ang lahat ng͂ hindi lumalaban, upang pagawin sa boong maghapon; ¿ibig pa po ba ninyo? samantalang guinagawa ang mgã

cafiestahang ito'y nagpatuloy na walang bagabag ang mg̃a larong bawal, ng̃uni't canilang pinatiguil ng̃boong calupitan ang mg̃a pagsasayáng pahintulot ng̃may capangyarihan; nakita ninyo cung anó ang inisip ng̃bayan tungcol sa canila, anó pô ang nacuha sa paglulubag ng̃canyang galit upang umasa sa tapat na hatol ng mg̃a tao? ¡Ah, guinoó, cung ito po ang inyong tinatawag na pagpapanatili ng cahusayan!....

—Sumasang-ayon acong mayroon ng̃ang mg̃a casamaan,—ang isinagot ni Ibarra, ng̃uni't tinatanggap nating ang mg̃a casamaang ito dahil sa mg̃a cagalingg̃ang canilang taglay. Mangyayaring may mg̃a ipipintas sa Guardia Civil, datapuwa, maniwala po cayó, at nacahahadlang na dumami ang mg̃a masasamang tao, dahil sa pagcalaguim sa mg̃a pahirap na guinagawa.

—Ang sabihin pa ng̃a ninyo'y dahil sa pagcalaguim na ito'y nararagdagan ang dami,—ang itinutol ni Elías.—Nang hindi pa itinatatag ang Guardia Civil, ang lahat ng̃mg̃a tulisán halos, liban na lamang sa iilan, nang̃gsisisama dahil sa gútom; nang̃gnanacaw at nang̃ang̃gaw upang sila'y huwag mamatay ng̃gútom, ng̃uni't cung macaraan na ang pananalát, mulíng nawawala ang pang̃anib sa mg̃a daan; sucat na, upang sila'y mapalayo, ang mg̃a caawaawa, ng̃uni't matatapang na mg̃a cuadrillero, na walang dalá cung di mg̃a sandatang walang malalaking cahulugan, iyang mg̃a taong totoong pinaratang̃an ng̃di sapala ng̃mg̃a nagsisulat tungcol sa ating lupaín; iyang mg̃a taong walang ibang carapatán cung hindi ang mamatay at walang ibang tinatanggap na ganting pala cung di libak. Ng̃ayó'y may mg̃a tulisan, at mg̃a tulisán hanggáng sa boong buhay nilá. Isang munting camalian, isáng casalanang pinarusahan ng̃boong calupitan, ang paglaban sa mg̃a pagpapacalabis ng̃mg̃a may capangyarihan, ang tacot na cakilakilabot sa mg̃a pagpapahirap, ang lahat ng̃ito'y siyang sa canila'y nagtatapon magpacailan man sa labas ng̃pamamayan at siyang sa canila'y ninilit na pumatay ó mamatáy. Ang mg̃a calaguimlaguim na pahirap ng̃Guardia Civil ang siyang sa canila'y humahadlang sa pagsisisi, at sapagca't malaki ang cahigtan ng̃tulisán sa Guardia Civil, na canilang pinaglalaruan lamang, sa pakikihamoc at pagsasanggalang sa cabunducan, ang nangyayari'y culang tayo sa cáya upang malipol natin ang casamaang tayo rin ang nagtatag. Alalahanin po ninyo cung gaano ang nagawa ng̃catalinuhan ng̃capitan general na si De la Torre; ang patawad na ipinagcaloob niya sa mg̃a cahabaghabag na iyan ang siyang nagpatotoong tumitiboc pa sa mg̃a cabunducang iyon ang pusò ng̃ tao at walang hinihintay cung di ang capatawaran. Pinakikinabang̃an ang paglaguim, pagca alipin ang bayan, pagca walang mg̃a yungĩb ang bundóc, pagca macapaglalagay ang nacapangyayari ng isang bantay sa licuran ng̃bawa't cahoy, at pagca sa catawan ng̃alipin ay wala cung di sicmura at bituca; ng̃uni't pagca nararamdaman ng̃wala ng̃pagcasiyahan

sa sama ng̃ loob na nakikihamoc upang siyá'y mabuhay, na ang bisig niya'y malacás, na tumitiboc ang canyang pusò at nag-aalab sa poot ang canyang cataohan, ¿mangyayari cayang mapugnaw ang sunog na canyang guinagatungãn at ng̃lalong magningãs?

—Pinapag-alinlangãn po ninyo aco, Elías, sa aking pagdingĩg sa inyong mgã sinasabi; maniniwala acong cayo'y sumasakatuiran cung di lamang may sarili acong mgã pananalig. Ngũni't liningĩn po ninyo ang isang nangyayari, huwag ninyong ikagagalit, sapagka't cayo'y hindi co ibinibilang, palibhasa'y ipinalalagay cong cayo'y tangĩ sa mgã iba;—¡masdan ninyo cung sinosino ang humihingĩ ng̃ mgã pagbabagong iyan ng̃ mgã cautusán! ¡Halos ang lahat ay masasamâng mgã tao ó malapit ng̃mangãgsisamá!

—Masasamâng tao ó malapit ng̃magsisamâ; ngũni't ¿anó ang dahil at sila'y mgã gayon? Dahil sa linigalig ang canilang catahimican, dahil sa sinugatan sila sa lalong canilang mgã pinacamamahal, at ng̃ sila'y humingĩng tangkilik sa Justicia, lubos nilang napagkilalang wala silang maaasahan cung di ang canilang sariling lacás. Datapuwa't nagcacamali po cayo, guinoó, cung ang isip ninyo'y ang masasamang tao lamang ang siyang humihingĩ ng̃ tangkilik sa Justicia; pumaroon cayo sa bawa't bayan, sa baháy baháy; uliniguin po ninyo ang mgã buntong hiningãng lihim ng̃mgã magcacasambahay, at maniniwala cayong ang mgã casamaang linilipol ng̃Guardia Civil ay casing lakí rin ó marahil ay maliit pa sa mgã casamaang sa tuwi na'y canyang guinagawa. Dahil po ba rito'y ¿ipalalagay nating pawang masasamang mgã tao ang lahat ng̃mgã mamamayan? Cung gayo'y, ¿anó't sila'y ipagsasanggalang pa sa mgã ibá? ¿bakit hindi lipulin siláng lahat?

—Marahil dito'y may mgã ilang camalíang hindi co napagwawari ngãyón, marahil may camalian sa balac na sinisira pagdating sa paggawa, sapagca't sa España, sa Ináng-Bayan, ang Guardia Civil ay gumawa at gumagawa ng̃totoong malalaking mgã cagalingãn.

—Naniniwala aco; marahil doo'y magaling ang pagcacatatag, hirang ang mgã taong gumaganap ng̃ tungculing iyan; baca caya naman talagáng kinacailangãn ng̃ España ang Guardia Civil, datapuwa't hindi cailangãn ng̃ Filipinas. Ang ating mgã caugalian, ang anyo ng̃ating pamumuhay, na lagui ng̃ sinasambit pagca ibig na ipagcait sa atin ang anó mang ating catuwiran, ngũni't canilang lubos na linilimot pagca mayroong anó mang pas-aning ibig nilang iatang sa atin. At sabihin po ninyo sa akin, guinoó; ¿bakit hindi gumaya ang ibang mgã nación sa pagtatatag ng̃ Guardia Civil, gayong dahil sa caniláng calapitan sa España'y marahil dapat nilang ipalagay na sila'y higuit ang

cahalagahan cay sa Filipinas? ¿Baca po caya dahil sa hindi totoong napacadalas ang mgã pagnanacaw at pangãngãgaw sa ferrocarril, hindi totoong marami ang mgã panggugulong guinagawa ng̃ mgã taong bayan, hindi totoong marami ang pumapatay ng̃ tao at hindi maraming totoo sa mgã malalaking pangũlong bayan ang nananacsac ng̃ sundang?

Tumungõ si Ibarra na parang nag-iisip-isip, nagtindig pagcatapos at saca sumagót:

—Kinacailangãng pagdilidilihing magaling, caibigan, ang bagay na itó; cung makita co sa aking mgã pagsisiyasat na sumasacatuwirang tunay ang mgã daing na iyan, susulat aco sa aking mgã caibigan sa Madrid, yamang wala tayong mgã diputado (kinacatawan). Samantala'y maniwala po cayong nagcacailangãn ang pamahalaan ng̃ isang hocbong magcaroon ng̃ lacás na walang taning na guhit upang macapagpagalang, at capangyarihan upang macapag-utos.

—Mabuti po iyan, guinoó, cung na sa casalucuyang nakikipagbaka ang pamahalaan sa lupaíng ito, ngũni't sa icagagaling ng̃ pamahalaa'y hindi dapat nating ipahalata sa bayang siya'y nasasalungãt sa may capangyarihan. Datapuwa't sacali't gayon ngã, cung lalong minamagaling natin ang gumamit ng lacás cay sa papangyarihin ang cusang alang-alang, dapat sana nating pacatingnang magaling muna cung caninong camay natin ibinibigay ang lacas na itong walang ano mang guhit ang abot, iyang capangyarihang walang pangpangĩn. Ang ganyang pagcalakilaking lacas sa camay ng̃ mgã tao, at mgã taong hangãl, puspos ng̃ mgã hidwang hilig, na walang pinag-aralang cagalingãn, ang catulad ay isang sandata sa mgã camay ng̃ isang ulol, na na sa guitna ng̃ caramihang taong walang anó mang pangsanggalang. Sumasang-ayon na aco at ibig cong maniwalang gaya ninyo, na nagcacailangãn ang pamahalaan ng̃ cawaning iyan, datapuwa't hirangĩn sanang magaling ang cawaning iyan, hirangĩn ang lalong may mgã carapatan, at sa pagca't lalong minamagaling niya ang siya'y magbigay sa sarili ng̃ capangyarihan sa siya'y bigyáng cusa ng̃ bayan ng̃ capangyarihang iyan, ipakita man lamang sana niyang marunong siyáng magbigay ng̃ capangyarihan sa sarili.

Marubdob at masilacbó ang pananalita ni Elías; nagniningning ang canyang mgã mata, at tumataguinting ang canyang tinig. Sumunod ang isang dakilang sandali na hindi pag-imic ng̃ dalawa: tila nananatiling tahimic sa ibabaw ng̃ tubig ang bangcang hindi pinasusulong ng̃ sagwán; dakilang lumiliwanag ang buwan sa isáng langĩt na zafir; may ilang ilaw na cumikináng sa dacong malayò sa pampang.

—At ¿anó pa ang canilang hinihingĩ?—ang tanong ni Ibarra.

—Pagbabagong utos tungcol sa mgã sacerdote,—ang sagót ni Elías, na ang tinig ay nanglulupaypay at malungcot;—humihingĩng tangkilic ang mgã culang palad laban sa....

—¿Laban sa mgã capisanan ng̃ mgã fraile?

—Laban sa mgã umaapí sa canilá, guinóo.

—¿Nalimutan na bagá ng̃ Filipinas ang canyang cautangãn sa mgã fraileng itó? nalimutan na bagá nila ang hindi maulatang utang na loob sa mgã nagligtás sa canilá sa camalian upang sa canila'y ibigay ang pananampalataya, ang mgã sa canila'y tumangkilic sa mgã calupitan ng̃ mgã pinunong bayan? ¡Narito ang casamâan ng̃ hindi pagtuturo ng̃ casaysayan ng̃ mgã nangyari sa bayan!

—Guinóo,—ang muling isinagót niyang may catigasan ang tinig;—isinumbát po ninyong ang baya'y hindi marunong cumilala ng̃ utang na loob, itulot ninyong acóng isá sa mgã bumubuô ng̃ bayang iya'y aking ipagsanggalang siya. Ang mgã cagalingãng guinagawa sa capuwa tao upang maguing carapatdapat na kilanling utang na loob, kinacailangãng gawin ng̃ walang anó mang imbot na capakinabangãn. Huwag na nating bigyáng cahulugan ang catungculang cusang iniatang sa sarili, at ang totoong caraniwan ng̃ sabihing pagcacaawang-gawáng atas sa mgã cristiano; huwag na nating pansinin ang Historia (casaysayan ng̃ mgã nangyari), huwag na nating itanong cung anó ang guinawa ng̃ España sa bayang judio na nagbigay sa boong Europa ng̃ isang aclat, ng̃ isáng religión at ng̃ isang Dios; cung anó ang guinawa sa bayang árabe na sa canya'y nagbigay ng̃ cagandahang asal, mapagpaumanhin tungcol sa canyang religión at siyang sa canya'y pumucaw ng̃ pag-ibig sa dangãl ng̃ canyang sariling nación, pag-ibig na dating nagugulaylay at halos wasac na sa boong panahóng siya'y nasacop ng̃ capangyarihan ng̃ mgã romano at ng̃ mgã godo. Sinasabi po ninyong sa ami'y ibinigay ang pananampalataya at cami'y iniligtás sa camalian; ¿tinatawag po ba ninyong pananampalataya iyang mgã gawang pakitang tao, tinatawag ba ninyong religión iyang pangãngãlacal ng̃ mgã correa at mgã calmen, tinatawag ba ninyong catotohanan iyang mgã himalâ at mgã cathâng pinag-ugnay-ugnay na nariringĩg namin sa araw araw? ¿Itó bagá ang cautusan ni Jesucristo? Cung sa ganito lamang ay hindi kinacailangãng papacò sa cruz ang isáng Dios, at gayon ding hindi cailangãng tayo'y pilitin sa walang hanggang pagkilalang utang na loob; malaon ng̃ dating may pinananaligang laban sa catotohanan at sa catuwiran, na ano pa't walang kinacailangãn cung di bigyáng kináng ang pananalig na iya't pataasin ang halagá ng̃ mgã calacal. Marahil

sabihin po ninyo sa aking cahi't ipalagay ng̃ malalaking totoo ang mg̃a capintasang magagawa sa ating religión, ng̃ayo'y lalong magaling, gayon man, sa religióng dating sinusunod natin; naniniwala aco't sumasang-ayon, datapuwa't malabis namang napacamahal, sapagca't dahil sa religióng iyang canilang dinala rito'y binitiwan natin ang ating casarinlan; dahil sa religióng iya'y ibinigay natin sa canyang mg̃a sacerdote ang ating lalong magagaling na mg̃a bayan, ang ating mg̃a bukirin at sampo ng̃ ating mg̃a iniimpoc na salapi sa pagbili ng̃ mg̃a sangcap sa pamimintacasi. Sila'y nagdalá rito sa atin ng̃ isang bagay na hanap buhay ng̃ taga ibang lupaín, pinagbabayaran nating magaling at yamang gayo'y walang cautang̃an ang isa't isa. Sacali't ang sasabihin ay ang canilang pagcacatangkilic sa atin laban sa mg̃a «encomendero», ang maisasagót co sa inyo'y caya tayo'y nahulog sa camay ng̃ mg̃a encomendero'y dahil din sa canila; datapuwa't hindi, aking kinikilalang isang tunay na pananampalataya at isang tunay na pagsintá sa Sangcataohan ang siyang pamatnugot sa mg̃a unang misionerong naglacbay sa mg̃a pasigang itó: kinikilala co ang cautang̃ang loob natin sa mg̃a mahal na pusòng iyon; aking nalalamang ng̃ panahóng iyo'y saganà sa España ng̃ bayani sa lahat ng̃ bagay, sa religión, sa política, sa natutungcol sa pamamayan at gayon din sa militar. Datapuwa't dahil bagang pawang mg̃a mababait at banal ang mg̃a nunò nila'y ¿ipagpapaubaya na natin ang mg̃a hidwang pagpapalampas ng̃ canilang isip ng̃ mg̃a inapó? Dahil po bagang guinawan tayo ng̃ malaking cagaling̃a'y maguiguing casalanan na natin ang sumansalang gawán nila tayo ng̃ isang casamaan? Hindi hinihing̃î ng̃ bayang alisin, ang hinihing̃î lamang ay gawin ang mg̃a pagbabagong utos na cahiling̃an ng̃ mg̃a bagong calagayan at ng̃ mg̃a bagong mg̃a pang̃ang̃ailang̃an ngayón.

—Sinisintá co ang ating kinamulatang lupang gaya rin ng̃ pagsintáng magagawa po ninyo, Elías; nawawatasan co ng̃ caunti ang inyong hang̃ad, naring̃ig cong magaling ang inyong sinabi, at gayon man, caibigan co, aking inaacalang pinapag-uulap ng̃ caunti ang ating isip ng̃ casilacbuhán ng̃ loob; dito'y hindi nakikita ang pang̃ang̃ailang̃an ng̃ mg̃a pagbabagong útos, na marahil magaling sa mg̃a ibang lupaín.

—¿Diyata po't gayón, guinoó?—ang itinanóng ni Elías, na iniunat ang mg̃a camay sa panglulupaypay;—hindi po ninyo nakikita ang pang̃ang̃ailang̃an ng̃ mg̃a pagbabagong útos, cayo pa namang nagtamó ng̃ mg̃a casacunaan sa inyong mg̃a familia?...

—¡Ah, linilimot co ang aking sariling mg̃a cahirapan at ang tinitingnan co'y ang capanatagán ng̃ Filipinas, ang mg̃a cagaling̃an ng̃ España!—ang masilacbong itinugón ni Ibarra. Upang manatili ang Filipinas ay kinacailang̃ang

huwag baguhin ang nakikita nating calagayan ng̃ mgã fraile ngãyón, at sa pakikipag-isá sa España naroroon ang cagalingãn ng̃ating bayan.

Natapos ng̃macapagsalita si Ibarra'y nakikinig pa si Elías; malungcót ang canyang pagmumukhà, nawala ang ningning ng̃canyang mgã matá.

—Tunay ngãng guinahis at pinasucò ng̃ mgã fraile ang lupaíng itó, ¿inaacalà po ba ninyong dahil sa mgã fraile caya mangyayaring manatili ang Filipinas?

—Opo, dahil lamang sa canila, gayon ang pananalig ng̃ lahat ng̃ mgã sumulat tungcol sa Filipinas.

—¡Oh!—ang biglang naibigcás ni Elías, na biglang binitiwan ng̃ boong panglulupaypay ang sagwán sa loob ng̃bangcâ;—hindi co acalaing napacaimbí ang inyong pagpapalagay sa pamahalaan at sa bayan. ¿Bakit hindi po pawalang halagahán na ninyo ang baya't ang pamahalàan? ¿Anó po ba ang wiwicain ninyo sa isang pamahalàang cayâ lamang nacapag-uutos ay hindi sa siya'y gumagamit ng̃ dayà, isang pamahalàang hindi marunong magpapitagan dahil sa canyang sariling gawá? ¡Ipatawad po ninyo, guinoó, datapuwa't sa acalà co'y haling at cusang nagpapacamatay ang inyong pamahalaan, yamang canyang ikinatutuwang paniwalaan ng̃madlâ ang mgã gayong bagay! Pinasasalamatan co po sa inyo ang cagandahan ng̃inyong loob, ¿saán po ibig ninyong ihatid co cayó ngãyón?

—Huwag,—ang muling sinabi ni Ibarra;—mag-usap tayo, kinakailangãng matalastas cung sino ang sumasacatwiran sa ganyang bagay na totoong mahalagá.

—Ipatawad po ninyo, guinoó,—ang sagót ni Elías na umiling;—hindi aco totoong magaling sa pananalita upang cayo'y aking mahícayat sa paniniwalà; tunay ngã't aco'y nag-aral ng̃ caunti, ngũni't aco'y isang «indio», alapaap ang inyong loob tungcol sa aking pamumuhay, at cailan ma'y magcuculang tiwalà cayo sa aking mgã sinabi. Ang mgã nagsaysay ng̃caisipang laban sa mgã sinabi co'y pawang mgã castilà, at sa pagca't mgã castilà, cahi't sila'y magsalitâ ng̃mgã walang cabuluhán ó cahalingãn, ang canilang sabihi'y pinapagtitibay ng̃canilang anyo, ng̃ canilang dangãl at catungculan at ng̃ canilang pinanggalingáng lahi, caya't aking ticang hindi co na mulimu-ing tututulan magpacailan man. Bucod sa rito, sa aking pagcakitang cayó, na sumisintá sa lupàng inyong tinubuan, cayó na may amáng nagpapahingãlay sa ilalim ng̃mgã payapang daluyong na ito, cayó na talagáng hinamit, linait at pinag-usig, gayon ma'y tinataglay ninyo ang ganyang mgã caisipán, baga man sa lahat ng̃ inyong dinanas at sa inyong

dunong, nagpapasimulâ na aco ng̃ pag-aalinlangãn sa aking sariling mgã paniniwalà, at aking tinatanggap ang balac na mangyayaring nagcacamali ang bayan. Aking sasabihin doon sa mgã culang palad na isinacamay ng̃ mgã tao ang canilang pag-asa, na ang pag-asang iya'y ilagay nilá sa Dios ó sa canilang mgã bisig. Muling napasasalamat po aco sa inyo at cayó'y mag-utos cung saán dapat ihatid co cayó.

—Tumatagos, Elías, hanggang sa aking pusò ang inyong masasaklap na mgã pananalità. ¿Ano po ang ibig ninyong gawin co? Hindi aco mag-aral sa casamahán ng̃ mgã anac ng̃ bayan, caya't marahil hindi co talos ang canilang mgã cailangãn; sa boong camusmusan co'y doon aco natira sa colegio ng̃ mgã Jesuita lumaki aco sa Europa, ang mgã aclat lamang ang siyang ininumán ng aking pag-iisip at ang aking nabasa lamang ay yaong náilathalà ng̃ mgã tao: nananatili sa guitnà ng̃ mgã dilim ang hindi sinasabi ng̃ mgã sumusulat ng̃ mgã aclat, ang mgã iya'y hindi co alam. Gayon ma'y iniibig cong gaya rin naman ng inyong pag ibig ang ating bayang tinubuan hindi lamang sapagca't catungculan ng̃ lahat na pacaibiguin ang lupaing canyang pinagcacautangãn ng̃ canyang catauhan at marahil pagcacautangãn naman ng̃ cahulihulihang pahingãlayan; hindi lamang sa pagca't ganyan ang itinurò sa akin ng̃ aking ama, cung di naman sa pagca't ang aking ina'y «india», at sapagca't diyan nabubuhay ang lalong matitimyas na aking linasap na sumasaalaala co tuwing bucod sa rito'y siya'y aking sinisinta, sapagca't siya ang pinagcautangãn at pagcacautangãn ng̃ aking ligaya!

—¡At sinisinta co siya sapagca't siya ang pinagcacautangãn co ng̃ aking casaliwaang palad!—ang ibinulong ni Elías.

—Siyá ngã̃, caibigan co; nalalaman co pong nagpipighati cayo, cayo'y sawing palad, at ito ang siyang sa inyo'y nagpapamalas na madilim ang hináharap na panahón at siya namang nacapangyayari sa anyô ng̃ lacad ng inyong pag-iisip; dahil dito'y hindi aco macasang-ayong lubos sa inyong mgã caraingãn. Cung mangyari sanang masiyasat na magaling ang mgã cadahilanan, ang isáng bahagui, ng̃ sa inyo'y mgã nangyayari.

—Ibá ang mgã pinanggalingãn ng̃ mgã sacunâng nangyari sa akin; cung matantô cong cahi't caunti'y pakikinabangãn, sasaysayin co ang mgã nangyaring iyan, sa pagca't bucod sa hindi co inililihim ay marami na ang nacatatalastas.

—Baca cayâ sacali'y cung mapagtanto cô ang mgã bagay na iya'y magbagong isipan acó.

Nag isip-isip na sandali si Elías.

—Cung gayon, guinoó, sasabihin co sa inyo, sa maicling pananalitâ, ang aking dinaanang buhay.

Decorative motif

# L.

## ANG MAG-ANAK NI ELIAS.

«May anim na pung taón na ngãyóng nananahan ang aking nunòng lalaki sa Maynila, at naglílingcod na «tenedor de libros» sa bahay ng̃ isáng mangãngãlacal na castilà. Batang-batà ng̃ panahóng iyon ang aking nunòng lalaki may asawa at may isáng anác na lalaki. Isáng gabi, hindi maalaman cung anó ang dahil, nagalab ang almacen, lumakit ang apóy sa boong bahay at sa ibáng maraming mgã calapit. Hindi mabilang ang halagá ng̃ mgã natupoc at nawalà, hinanap ang may sála, at isinumbóng ng̃ mangãngãlacal ang aking nunò. Nawaláng cabuluhán ang canyáng pagtutol, at palibhasa'y dukhâ at hindi macapagbayad sa mgã balitàng abogado, siya'y hinatulang palùin sa hayág at ilibot sa mgã daan sa Maynilà. Hindi pa nalalaong guinagawa pa ang parusang itóng pang-imbí, na tinatawag ng̃ bayang *cabayo y vaca*, na macalilibong higuit sa camatayan ang casamâan. Ang aking nunò, na tinalicdan ng̃ lahat, liban na lamang sa canyang batà pang asawa, ay iguinapos sa licod ng̃ isáng cabayo, na sinusundan ng̃ caramihang malulupit at pinalò sa bawa't pinagcacacurusan ng̃ dalawáng daan, sa haráp ng̃ mgã taong canyang mgã capatíd, at sa malapit sa maraming sambahan sa isáng Dios ng̃ capayapàan. Nang mabusóg na ng̃ culang palad, na magpacailan ma'y imbi na't walang capurihán, ang panghihiganti ng̃ mgã tao, sa pamamag-itan ng̃ canyang dugô, ng̃ mgã pahirap na guinawâ sa canya at ng̃ canyang mgã pagsigáw, kinailangãng cunin siya sa ibabaw ng̃ cabayo, sapagca't hinimatáy, at maano na sanang namatáy na ngã̆ ng̃ pátuluyan! Sa isá riyan sa mgã pinacahayop na calupitán, siya'y pinawalán; nawaláng cabuluháng mamanhic sa baháy-baháy, bigyán ng̃ gáwain ó ng̃ limós ang asawa niyang ng̃ panahóng iyo'y buntís, at ng̃ canyang maalagaan ang asawang may sakít at ang cahabaghabag na anác. Sino ang magcacatiwala sa asawa ng̃ isáng lalaking mánununog at inimbí. Napilitan ngã̆ ang babaing calacalin ang canyáng catawan!»

Nagtindíg si Ibarra sa pagcaupô.

«Oh, huwag cayóng mabahalà! ang pangãngãlacal sa catawan niya'y hindi na casiraang puri sa canya at hindi na rin casiraang puri sa canyáng asawa; napugnáw ng̃ lahát ang capurihá't ang cahihiyan. Gumalíng ang lalaki sa

canyáng mgã súgat at naparito at nagtagong casama ang canyáng asawa't anác na lalaki sa mgã cabunducan ng̃lalawigang itó. Nangãnac dito ang babae ng̃isáng latánglatáng sanggol at puspos ng̃ mgã sakit, na nagcapalad na mamatáy. Nanahán pa sila ritong may iláng buwán, sacdál ng̃carukhâan, hiwaláy sa lahát ng̃tao, kinapopootan at pinangĩngĩlagan ng̃lahát. Nang hindi na matiis ng̃aking nunò ang gayóng lubháng carukhâan, at palibhasa'y hindi niyá taglay ang catapangãn ng̃loob ng̃canyáng asawa, siyá'y nagpacamatáy, sa waláng casíng laking samâ ng̃canyáng loob ng̃makita niyang may sakit at waláng sumaclolo't mag-alaga. Nabulóc ang bangcáy sa matá ng̃ anác na lalaking bahagyâ na lamang macapagalaga sa may sakít na ina, at ang casamâan ng̃amóy ang siyáng nagcánulo sa justicia. Sinisi ang aking nunong; babae't hinatúlang magdusa, dahil sa canyáng hindi pagbibigay alam; pinaghinalaa't pinaniwalaang siyá ang pumatáy sa canyáng asawa, sapagca't anó ang hindi gagawin ng̃asawa ng̃isáng imbí, na pagcatapos ay nagbilí ng̃canyáng catawan. Cung manumpa'y caniláng sinasabing nanunumpâ ng̃hindi catotohanan, cung tumangĩs ay sinasabing siya'y nagsisinungãling, sinasabing nagwawalang galang cung tumatawag sa Dios. Gayón ma'y liningãp din siyá, hinintáy munang siya'y macapangãnac bago palùin: talos po ninyóng inilalaganap ng̃ mgã fraile ang capaniwalaang sa pamamag-itan ng̃ palò lamang mangyayaring makipanayam sa mgã «indio»; basahin ninyo ang sabi ni padre Gaspar San Agustin.»

«Sa ganitóng cahatulán sa isáng babae, canyáng susumpâin ang araw ng pagsilang sa maliwanag ng̃canyáng anác, bagay na bucód sa pagpapahaba ng pagpapahirap ay pagsira sa mgã damdamin ng̃isáng iná. Sa casamâang palad maluwalhating nangãnac ang babae, at sa casamâan ding palad ang sanggól na lalaki ay ipinangãnac na matabâ. Nang macaraán ang dalawáng buwá'y guinanap ang parusang hatol ng̃boong catuwâan ng̃loob ng̃mgã tao, na sa ganitóng paraa'y inaacalà nilang gumaganap ng̃caniláng catungculan. Sapagca't wala na siyáng catiwasayan sa mgã gubat na itó'y tumacas siya't tinungõ na canyáng dalá ang canyáng dalawáng anác na lalaki, ang caratig na lalawigan, at diyá'y nabuhay siláng tulad sa mgã halimaw: nangãpopoot at kinapopootan. Ang pangãnay sa dalawáng magcapatíd, na nacatatandà ng̃maligayang camusmusan niyá, sa guitnâ ng̃ gayóng pagcálakilaking carukhâan, pagdaca'y nagtulisán, pagcacaroon ng̃lacás. Hindi nalao't ang pangãlang mabangĩs ni *Bálat* ay cumalat sa magcabicabilang lalawigan, naging laguím ng̃ mgã bayan, sa pagca't sa canyáng panghihiganti'y nagsasabog ng̃dugô't tinutupoc ang bawa't maraanan. Ang pinacabatà na may catutubòng magaling na pusò'y sumangayon sa canyáng capalaran at caimbihán sa tabí ng̃ canyáng ina; nangãbubuhay silá sa inihahandóg ng̃cagubatan, nangãgdadamit silá ng̃mgã basahang sa canilá'y

inihahaguis ng̃ mg̃a nang̃aglálacad; nawalâ na sa babaeng iyón ang canyáng sariling pang̃alan at siyá'y nakikilala lamang sa mg̃a pamagát na *delingkente* (delincuente, nagcasala), *patutot* at *binugbog*; ang lalaking iyó'y nakikilala lamang sa tawag na *anác ng̃ canyáng iná*, sapagca't sa catamisan ng̃ canyáng asal ay hindi pinaniniwalaang siya'y anác ng̃ manununog at sapagca't ang sino ma'y dapat mag-alinlang̃an sa cabutihan ng̃ ugali ng̃ mg̃a *indio*. Sa cawacasa'y nahulog ang bantog na si Bálat sa capangyarihan ng̃ justicia, na siyáng sa canyá'y huming̃i ng̃ mahigpit na pagbibigay súlit ng̃ canyáng mg̃a guinawang casalanan, baga man hindi nabalino ang Justiciang iyáng magturo cay Bálat ng cagaling̃an ng̃ isáng umagang hanapin ng̃ batang capatíd ang canyáng iná, na napasagubat upang mang̃uha ng̃ cábuti at hindi pa umuuwi, canyáng nakitang nacatimbuwang sa lupà, sa tabi ng̃ daan, sa lilim ng̃ isáng punò ng̃ búboy, nacatihayâ, tirik ang mg̃a matá, nacatitig, naninigas ang mg̃a daliring nacabaon sa lupa, at sa ibabaw nitó'y may nakikitang mg̃a bahid ng̃ dugô. Naisipan ng binatàng tuming̃alà at sundán ng̃ matá ang tinititigan ng̃ bangcáy, at nakita niyang sa isáng sang̃a'y nacasabit ang isáng buslô at sa loob ng̃ buslô'y ang marugông ulo ng̃ canyang capatid!»

—¡Dios co!—ang bigláng sinabi ni Ibarra.

—«Ganyán din marahil ang bigláng sinabi ng̃ aking amá,—ang ipinagpatuloy ni Elías ng̃ boong calamigán ng̃ loob.—Pinagputolputol ng̃ mg̃a tao ang manghaharang at inilibíng ang catawán, ng̃uni't ang mg̃a sangcáp ng catawá'y canilang isinabog at ibinitin sa ibá't ibáng mg̃a bayan. Sacali't cayó po'y macapaglacbay isáng araw mula sa Kalamba hanggáng sa Santo Tomás, masusumpung̃an pa po ninyó ang cahoy ng̃ duhat na pinagbitinan at kinabulucán ng̃ isáng hità ng̃ aking amaín; sinumpâ ang cahoy na iyan ng̃ Naturaleza, caya't hindi lumalaki at hindi namumung̃a. Gayón din ang caniláng guinawa sa mg̃a ibáng sangcáp ng̃ catawan, ng̃uni't ang ulo, ang ulo na siyáng pinacamabuting sangcáp ng̃ tao, na siyáng lalong madalíng kilalanin cung cangino, ang ulong iya'y isinabit sa harapán ng̃ dampà ng̃ iná!»

Tumung̃ô si Ibarra.

—«Naglagalág ang binatang tulad sa isáng sinumpâ»,—ang ipinagpatuloy ni Elías,—naglagalág sa bayán-bayán, sa mg̃a bundóc at mg̃a caparang̃an, at ng inaacalà na niyáng sa canya'y wala nang macacakilala, ay pumasoc siyáng manggagawà sa isáng mayamang tagá Tayabas. Ang canyáng casipagan, ang catamisan ng̃ canyáng asal ang nacahicayat na siya'y caguiliwan ng̃ lahat ng hindi nacatatalós ng̃ unang pamumuhay niyá. Sa catiyagaan niyá sa paggawa at sa pagtitipid, nacatipon siyá ng̃ caunting puhunan, at sapagca't napagdaanan na

niyá ang malakíng carukhaan at siya'y bata, nag-acalang magcamít namán ng ligaya. Ang canyáng cagandahang lalaki, ang canyáng cabataan at ang canyáng pagca may cauntíng cáya ang siyáng nangãcaakit na siyá'y ibiguin ng̃ isáng dalaga sa bayan, ngũni't hindi siyá macapangãhas na ipakiusap sa mgã magulang nitó na sa canya'y ipacasal, sa canyáng pangãngãnib na baca mapagtuntón ang buhay niyá ng̃ una. Datapuwa't naraig silá ng̃ capangyarihan ng̃ sintá, caya't capuwa silá nagculang sa canicaniláng catungculan. Upáng mailigtás ng̃ lalaki ang capurihán ng̃ babae, pinangãhasán ang lahat, namanhic siyá sa mgã magulang upang sa canyá'y ipacasal ang canyáng caisáng dibdíb, dahil dito'y hinanap ang mgã casulatan ng̃ canyáng pagcatao, at ng̃ magcagayo'y napagsiyasat na lahát; palibhasa'y mayaman ang amá ng̃ dalaga, nasundûang pag-usiguin ng̃ mgã hucóm ang lalaki, na hindi nag-acala man lamang na magsanggalang, inamin ang lahát ng̃ sumbóng na laban sa canyá, at siya'y nagdusa sa bilanggûan. Nangãnác ang babae ng̃ isáng sanggól na lalaki at isáng sanggól na babae, na capuwa inalagaan ng̃ lihim, saca pinapaniwala ang mgã batàng itóng namatáy na ang caniláng amá, bagay na hindi mahirap gawín, sapagca't caniláng nakita ang pagcamatay ng̃ caniláng iná, ng̃ panahóng silá'y musmós pa, bucod sa hindi nilá naiisip ang pag-uusisa ng̃ canilang pinanggalingan. Palibhasa'y mayaman ang aming nunòng lalaki, totoong maligaya ang aming camusmusán; ang capatíd cong babae't aco'y magcasama camíng nag-aral, nag-iibigan camí niyang pag-iibigang mangyayari lamang sa magcapatíd na cambál na walang ibáng nakikilalang ibáng bagay na pag-ibig. Batang batà pa aco'y nag-aral na sa colegio ng̃ mgã jesuita, at nag-aral namán sa Concordia at doon itinirá ang aking capatíd na babae, sa hangãd na huwag camíng lubháng magcahiwalay. Nang matapos ang aming caunting pag-aaral, sapagca't wala camíng hinahangãd cung di magpasaca ng̃ lupa, umuwi camí sa aming bayan upang aming tanggapín ang aming mána sa aming nunòng lalaki. Malaonlaón ding nanatili camí sa pamumuhay sa caligayahan, ngũmingĩti sa amin ang panahóng hinaharáp, marami camíng mgã alila, nag-áaning magalíng ang aming mgã halamanan at hindi na malalaó't mag-aasawa ang aking capatíd na babae sa isáng binatang canyáng pinacasisintá at siya'y tinutumbasan ng gayón ding pag-ibig. Dahil sa pagcacaalit bagay sa salapi, at dahil namán sa ugali co ng̃ mgã panahóng iyóng may pagcamapagmataás, kinasusuklaman acó ng̃ isá cong camag-ánac na malayò, isinurot sa aking isáng araw ang totoóng malabò cong pagsilang sa maliwanag, ang imbí cong pinanggalingãng mgã magulang. Acala co'y yao'y pawang paratang lamang, caya't hiningĩ cong bigyáng liwanag ang gayóng paglaít; muling nabucsán ang libingãng kinahihimlayan ng̃ gayóng caraming mgã cabulucán, at lumabas ang catotohanan upáng aco'y bigyáng cahihiyán. Nang lalong malubós ang casaliwaáng palad,

malaon ng̃panahóng camí'y may alilang isáng matandang lalaki, na pinagtitiisán ang lahat cong mgã cahalingãng pita at ayaw camíng iwan cailan man, at nagcacasiyá na lamang tumangĩs at humibik sa guitna ng̃mgã paglibac ng̃ibáng mgã lingcod namin. Hindi co maalaman cung bakit napagsiyasat ng̃ aking camag-anac; datapuwa't ang nangyari'y tinawag ng̃justicia ang matandang itó, at pinag-utusang sabihin ang catotohanan; ang matandang lalaki paláng aming alila'y siyáng aming amá, na áayaw humiwaláy sa canyáng sintáng mgã anác, at ang matandang iyó'y hindi mamacailáng aking pinahirapan. Napugnáw ang aming ligaya, tinalicdán co ang aming cayamanan, nawalan ng̃ pacacasalang casintahan ang capatíd cong babae, camíng magcapatíd at ang aking amá'y iniwan namin ang bayan, upang pumaroon sa alin mang lupaín. Ang pagcaalam na siya'y nacatulong sa aming casaliwaang palad ang nacapagpaicli ng̃buhay ng matandang lalaki, na siyáng sa aki'y nagpaunawa ng̃lahat ng̃casakitsákit na mgã nangyari ng̃mgã panahóng nagdaán. Nang̃ulila caming magcapatid.

«Tumangĩs ng̃ di sapala ang capatíd co, ng̃uni't sa guitna ng̃ gayóng caraming mgã casaliwaang palad na bumugsô sa ibabaw namin, hindi niyá nalimutan ang canyáng sintá. Hindi dumaíng at hindi umimíc ng̃canyáng nakita ang pagaasawa sa ibáng babae ng̃canyáng dating catipanan, at aking nakitang untiunting nagkasakít ang aking kapatíd, na hindi co mangyaring mabigyáng alíw. Nawala siyá isáng araw; nawaláng cabuluhán ang sa canya'y aking paghanap sa lahát ng̃panig, nawaláng cabuluhán ang aking pagtatanóng tungcol sa canyá, hanggáng sa ng̃macaraan ang anim na buwa'y aking nabalitaang ng mgã araw na iyón, ng̃ humupa ang paglaki ng̃ dagatan, ay nasumpung̃an sa pasigan ng̃Calamba sa guitna ng̃isáng palayan, ang bangcáy ng̃isang dalaga, na nalunod ó pinatáy na cusa; ayon sa sabiha'y may isáng sundang na nacatarac sa canyáng dibdib. Ipinalathala sa mgã calapit bayan ng̃mgã punò sa bayang iyón, ang gayóng nangyari; sino ma'y waláng humaráp upáng hing̃in ang bangcáy, at wala namáng nawáwalang sino mang dalaga. Ayon sa mgã tandáng sinabi sa akin, pagcatapos, sa pananamít, sa mgã hiyas, sa cagandahan ng̃canyáng mukhâ at sa lubháng casaganaan ng̃canyáng buhók, aking napagkilalang iyón ang aking cahabaghabag na capatíd na babae. Mula niyó'y naglálagalag acó sa mgã iba't ibáng lalawigan, manacanaca acóng pinararatang̃an, ng̃uni't hindi co pinápansin ang mgã tao at ipinagpapatuloy co ang aking paglácad. Itó ang maclíng casaysayan ng̃mgã nangyari sa akin, at ang casaysayan ng̃mgã paghatol ng̃mgã tao.»

Tumiguil ng̃pananalita si Elías, at ipinatuloy ang pagsagwán.

—Naniniwaniwala acóng hindi po cayó nalilihis sa catuwiran—ang

ibinulóng ni Crisóstomo, sa inyóng pananalitang dapat pagsicapan ng̃ justicia ang paggawa ng̃ magalíng sa pagtumbás sa magagandang gawa, at gayón din ang pagtuturo sa mg̃ã nagcacasalang tao sa paggawa ng̃ masama. Ang nacahahadlang lamang ... ay itó'y hindi mangyayari, isáng hang̃ãd na hindi mangyayaring masunduan; sa pagca't saang cucuha ng̃ lubháng maraming salapi, ng̃ lubháng maraming mg̃ã bagong cawaní?

—¿At anó ang capapacanan ng̃ mg̃ã sacerdote, na ipinagtatalacan ang caniláng tungculing maglaganap ng̃ capayapaan at pag-ibig sa capuwa tao? ¿Diyata't lalong ikinararapat ang basain ng̃ tubig ang ulo ng̃ isáng sanggól, pacanin itó ng̃ asín, cay sa pucawin sa marilím na budhi ng̃ isáng masámang tao iyang maningning na ilaw na bigay ng̃ Dios sa bawa't tao upang hanapin ang canyáng cagalingãn? ¿Diyata't lalong pag-ibig sa capuwa tao ang alacbayán ang isáng may salang bibitayin, cay sa siyá'y alalayan sa paglacad sa mataríc na landás na pagtalicód sa mg̃ã pang̃ĩt na caugalian at pagtung̃õ sa magagandáng caasalán? ¿Hindi po ba nagcacagugugol sa pagbabayad sa mg̃ã tictíc, sa mg̃ã verdugo at sa mg̃ã guardia civil? Itó po, bucod sa cahalayhalay, pinagcacagugulan din ng̃ salapi.

—Caibigan co, cayó ó acó man, cahi't ibiguin nati'y hindi natin masusunduan.

—Tunay ng̃ã, sacali't tayo'y nag-iisa, wala tayong magágawa; ng̃ũni't inyóng ariing sariling inyó ang catuwiran ng̃ bayan, makipanig po cayó sa bayan, pakinggán ninyó ang canyáng cahing̃ĩan, magbigáy ulirán cayó sa mg̃ã ibá, ipakilala ninyó cung anó ang tinatawag na bayang kinaguisnan!

—Hindi mangyayari ang cahing̃ĩan ng̃ bayan; kinacailang̃ãng maghintay.

—¡Maghintay! ¡maghirap ang cahulugán ng̃ maghintay!

—Pagtatawanan acó cung aking hing̃ĩn.

—At cung cayó'y alacbayán ng̃ bayan?

—¡Hindi mangyayari! hindi co magágawa cailán man ang patnugutan ang caramihang tao upang camtán sa sápilitan ang bagay na hindi inaacala ng pámahalaang capanáhunan ng̃ ibigay, ¡hindi! At cung sa alín mang araw ay makita cong may sandata ang caramihing iyán, aanib acó sa pámahalaan at ng silá'y aking bacahin, sa pagcá't hindi co ipalálagay na aking bayan ang mg̃ã mangguguló. Hináhang̃ãd co ang canyáng cagaling̃ãn, caya nagtayô acó ng̃ isáng bahay-paaralan; hinahanap co ang canyáng cagaling̃ãn sa pamamag-itan ng

pagpapaaral, sa mahinahong untiunting pagsulong ng̃dunong, walang daan cung walang liwanag.

—¡Ng̃uni't waláng calayaan namán cung waláng pakikihamoc!—ang sagót ni Elías.

—¡Datapuwa't aayaw acó ng̃calayaang iyán!

—Ng̃ayó't cung walang calayaa'y walang liwanag,—ang muling itinutol ng piloto ng̃maalab na pananalita;—sinabi po ninyóng hindi malaki ang pagcakilala ninyó sa inyóng mg̃a cababayan; naniniwala acó. Hindi po ninyó nakikita ang paghahanda sa pagbabaca, hindi ninyó nakikita ang dilím sa dacong paliguid; nagpasimula ang paghahamoc sa pagmamatuwiran upang magcaroón ng̃wacás sa paglalabanán sa lupa na maliligò ng̃dugô; náriringig̃ co ang tinig ng̃Dios, ¡sa aba ng̃mag-acalang lumaban sa canya! ¡hindi iniucol sa canila ang pagsulat ng Historia!

Nag-ibáng anyô si Elías; nacatindig, nacapugay, may anyóng hindi caraniwan ang mukha niyáng mabayaning liniliwanagan ng̃buwán. Ipinagpág ang canyáng malagóng buhóc, at nagpatuloy ng̃pananalita:

—¿Hindi po ba ninyó nakikita't gumiguising na ang lahát? Tumagál ng iláng daáng taón ang pagcacatulog, ng̃uni't pumutóc ang lintic isáng araw, at sa paninirà ng̃lintic ay pumucaw ng̃buhay; buhat niyó'y ibáng mg̃a hilig ang pinagpápagalan ng̃ mg̃a isip, ang mg̃a hilig na itó na ng̃ayó'y nang̃gcacahiwalay, mang̃gcacalakiplakip isáng araw na ang Dios ang siyáng mamamatnugot. Hindi nagculang ang Dios sa pagsaclólo sa mg̃a ibáng bayan; hindi rin magcuculang ang saclolong iyan sa bayan natin; ang catuwiran niya'y siyang catuwiran ng̃calayàan!

Isang dakilang catahimican ang siyáng sumunód sa ganitóng mg̃a salita. Samantala'y lumálapit ang bangcâ sa pasigan sa hindi naiinong pagsusulong ng mg̃a alon. Si Elías ang naunang sumira ng̃gayóng hindi pag-iimican.

—¿Anó po ang sasabihin co sa mg̃a nag-utos dito sa akin?—ang tanóng, na nagbago ng̃anyô ng̃tinig.

—Sinabi co na po sa inyó; na dináramdam co ang caniláng calagayan, ng̃uni't silá'y mang̃ghintáy, sa pagca't hindi nagágamot ang mg̃a sakít ng capuwa mg̃a sakít, at sa casaliwaan nating palad ay tayong lahat ay may casalanan.

Hindi na muling sumagót si Elías, tumungó, nagpatuloy ng̃pagsagwán, at

ng̃dumating sa pampáng ay nagpaalam cay Ibarra ng̃ganitóng sabi:

—Pinasasalamatan co po cayó, guinoó, sa inyóng pahihinuhod sa aking pakiusap; hinihingĩ co sa icagagaling ninyóng sa haharaping panahó'y aco'y inyóng limutin at huwag ninyóng kilalanin acó sa anó mang calagayang aco'y inyóng másumpong.

At pagcasabi nitó'y mulíng pinalacad ang bangcâ, at sinagwanáng ang tungõ'y sa isáng gubat sa pasigan. Samantalang guinagawa ang mahabang pagtawid ay nanatili sa hindi pag-imic; tila mandin wala siyáng namamasdan cung di ang libolibong mgã diamante na kinucuha't ibinabalic ng̃ canyáng sagwán sa dagatan at doo'y talinghagang nangãwáwala sa guitna ng̃mgã bugháw na alon.

Sa cawacasa'y dumating; lumabás ang isáng tao sa casucalan at lumapit sa canyá.

—¿Anó ang sasabihin co sa capitán?—ang tanóng.

—Sabihin mong gaganap si Elías ng̃ canyáng pangãcò, sacali't hindi mamatáy muna,—ang isinagót ng̃boong calungcutan.

—Cung gayó'y ¿cailán ca makikisama sa amin?

—Pag-inacala ng̃inyóng capitáng dumating na ang panahón ng̃pangãnib.

—Cung gayó'y magaling, ¡paalam!

Decorative motif

# LI.

## MGA PAGBABAGO.

Malungcót at puspós ng̃ pangãmba ang mahihiing si Linares; bagong catatanggáp niya ng̃sulat ni doña Victorina, na ganitó ang sabi:

«Minamahal cong pinsan; ibig cong magcaroon ng̃balita sa iyo sa loob ng tatlóng araw, cung pinatáy ca na ng̃alperes ó icaw ang pumatáy sa canyá ayaw acong lumampás ang isá man lamang araw na hindi tumátanggap pa ang hayop na iyán ng̃ucol na parusa sacali't lumampás ang taning na iyán at hindi mo pa siyá hinahamon ng̃patayan sasabihin co cay Don Santiago na cailán man ay hindi ca naguiguing secretario, ni hindi ca nacapagbibiro cay Canovas ni hindi ca nacacasama sa pagliliwaliw ng̃ general Arseño Martines sasabihin co cay Clarita na pawang casinungãlingãng lahát at hindi catá bibigyan cahi't isáng cuarta ngũni at cung hamunin mo siya ipinangãngãco co sa iyo ang bawa't iyong maibigan caya ngã tingnan mo cung hamunin mo siyá at ipinagbibigay alam co sa iyo na hindi acó papayag ng̃mgã pagtalilis at mgã dahidahilan.

Ang pinsan mong gumiguiliw sa iyo mula sa pusò,

*Victorina de los Reyes de De Espadaña.*

Sampaloc, lunes á las 7 ng̃gabi.»

Mabigát ang bagay na iyón: kilalá ni Linares ang ugali ni doña Victorina at nalalaman niyá cung hanggang saan ang magágawa; cung pakiusapan siyá ng nauucol sa catuwira'y tulad sa cung magsaysay ng̃nauucol sa calinisan ng̃puri't pakikipag capuwa-tao sa isáng carabinero ng̃Hacienda, pagca talagang may pacay na macakita ng̃contrabando sa lugar na tunay na wala; ang mamanhic ay waláng cabuluhán, magdaya'y lalo ng̃ masamá; wala na ngãng sucat pagpapaliiran cung hindi maghamón ng̃away.

—Ngũni't ¿paano?—ang sinasabing nagpaparoo't paritong mag-isá;—cung salubungĩn acó ng̃masasamang pananalita? ¿cung ang canyáng asawa ang aking maratnan? ¿sino caya ang macaiibig magpadrino sa akin? ¿ang cura? ¿si capitan Tiago? ¡Sinusumpa co ang oras ng̃aking pagsunod sa canyang mgã hatol! ¡Daldál! ¿Sino ang pumipilit sa aking acó'y maghambóg, magsabi ng̃ mgã

cabulastugán, magpakita ng̃ mgã cayabangãn! anó ang sasabihin sa akin ng guinoóng dalagang iyán ...? Dinaramdam co ngãyón ang paguiguing secretario co ng̃lahat ng̃mgã ministro!

Sumásaganitóng malungcót na pakikipagsalitaan sa sarili ang mabait na si Linares ng̃dumating si pari Salví. Ang catotohana'y lalo ng̃payát at namumútla ang franciscano cay sa dati, ngũni't nagníningning sa canyáng mgã matá ang isáng tangĩng liwanag at sumusungãw sa canyáng mgã labi ang isáng cacaibáng ngĩtî.

—¿Guinoong Linares, lubós naman ang pag-iisá ninyó?—ang ibinati at saca tumungõ sa salas, na sa mgã nacasiwang na pintô nito'y tumatacas ang iláng tinig ng̃piano.

Nag-acala si Linares na ngũmitî.

—¿At si don Santiago?—ang idinugtóng ng̃cura.

Dumating si capitang Tiago sa sandali ring iyón, humalic ng̃camáy sa cura, kinuha niyá ang dalá nitóng sombrero at bastón ngũmingĩting mabaít na mabaít.

—¡Pakinggán ninyó, pakinggan ninyó!—ang sabi ng̃ curang papasóc sa salas, na sinúsundan ni Linares at ni capitan Tiago;—may dalá acóng magagalíng na balita na aking sasabihin sa lahát. Tumanggáp acó ng̃mgã sulat na galing sa Maynilà, na pawang nagpapatibay ng̃ sulat na dinalá sa akin cahapon ni guinoóng Ibarra ..., sa macatuwíd, don Santiago, ay wala na ang nacaháhadláng.

Si María Clara, na nacaupò sa piano sa guitnâ ng̃ canyang dalawáng caibigang babae, umanyóng titindig, datapuwa't kinulang siyá ng̃lacás at muling naupô. Namutlâ si Linares at tinitigan si capitang Tiago na ibinabà ang mgã matá.

—Untiunting totoóng kinalúlugdan co ang binatang iyan,—ang ipinagpatuloy ng̃cura; ng̃una'y masamà ang aking pagcápalagay sa canyá ..., may cauntíng cainitan ang ulo, ngũni't lubháng marunong umayos ng̃canyáng mgã pagcuculang, na anó pa't hindi mangyaring macapagtaním sa canyá ang sino man. Cung di ngã lamang si padre Dámaso'y....

At tinudlà ng̃cura ng̃matuling pagsulyáp si María Clara, na nakikinig ngũni't hindi inihihiwalay ang mgã mata sa papel ng̃música, bagá man siya'y lihim na kinucurot ni Sinang, na sa gayóng paraa'y sinásaysay ang canyáng catuwâan; sumayaw sana siya cung silá'y nag-íisá.

—¿Si padre Dámaso po?—ang tanóng ni Linares.

—Opo, si padre Dámaso, ang sinabi,—ang ipinagpatuloy ng̃ cura, na hindi inihihiwalay ang tingĩn cay María Clara,—na palibhasa'y ... inaama sa binyág, hindi niyá maitutulot ... ngũni't sa cawacasan, inaacala cong humingĩng tawad sa canyá si guinoong Ibarra, bagay na hindi co pinag aalinlangãnang magcacahusay-husay na lahát.

Nagtindíg si María Clara, nagsabi ng̃ isáng dahilán at pumasoc sa canyáng cuarto, na si Victoria ang casama.

—¿At cung hindi siyá patawarin ni padre Dámaso?—ang marahang tanóng ni capitang Tiago.

Cung magcagayo'y ... si María Clara ang macacaalam ... si padre Dámaso ang canyáng amáng caluluwa: ngũni't inaacala cong sila'y magcacáwatasan.

Nang sandalíng yaó'y napakinggán ang yabág ng̃ mgã paglacad at sumipot si Ibarra, na sinusundan ni tía Isabel; ibá't ibáng mgã damdamin ang napucaw ng pagdating niyáng iyón. Bumati ng̃ boong guiliw cay capitang Tiago, na hindi maalaman cung ngĩngĩtî ó iiyac, bumati cay Linares ng̃ isáng malaking pagyucód ng̃ ulo. Nagtindíg si fray Salví at iniabot sa canyá ang camáy ng̃ boong pagliyag, na anó pa't hindi napiguilan ni Ibarra ang isáng tingĩng nagpápahalatâ ng malakíng pagtatacá.

—Huwág po cayóng magtacá,—ani fray Salví;—ngãyón-ngãyón lamang ay pinupuri co cayó.

Napasalamat si Ibarra at lumapit cay Sinang.

—¿Saán ca doroon sa boong maghapon?—ang itinanóng ni Sinang, sa canyang pananalitang musmós;—tumátanong cami sa aming sarili at aming sinasabi sa amin din: ¿Saán caya naparoon ang caluluwang iyáng tinubós sa Purgatorio? At bawa't isá sa ami'y nagsasabi ng̃ ibá't ibáng bagay.

—¿At mangyayari bang maalaman cung anó ang sinasabi ninyó?

—Hindi, iya'y isáng lihim, ngũni't sasabihin co sa iyó cung tayo tayo lamang. Ngãyó'y sabihin mo sa akin cung saán ca doroon, upang maalaman co cung sino sa amin ang nacahulà.

—Hindi, iyá'y isá rin namang lihim, ngũni't sasabihin co sa iyo cung tayo tayo na lamang, sacali't itutulot ng̃ mgã guinoóng itó.

—¡Mangyari bagá, mangyari bagá! ¡iyán palá lamang!—ani parì Salví.

Hinila ni Sinang si Crisóstomo sa isáng dulo ng̃ salas: natutuwâ siyáng mainam na canyáng mapagtátalos ang isáng lihim.

—Sabihin mo caibigan sa akin, ang tanóng ni Ibarra;—¿nagagalit pa si María sa akin?

—Aywán co, ng̃uni't ang wica niyá'y magalíng pa raw na siyá'y iyóng limutin na, at bago umiiyac. Ibig ni capitang Tiagong siyá'y pacasal sa guinoóng iyón, at gayón din si parì Dámaso, ng̃uni't hindi siyá nagsasabi ng̃ oo ó aayaw. Ng̃ayóng umaga, ng̃ icaw ay ipinagtatanong namin, at sinasabi cong ¿baca nang̃ing̃ibig na sa ibá? sumagót siyá sa aking: ¡cahimanawari! at saca umiyác.

Nalúlungcot si Ibarra.

—Sabihin mo cay Maríang ibig co siyáng macausap na camí lamang dalawá.

—¿Cayó lamang dalawá?—ang tanóng ni Sinang, na pinapagcunót ang mg̃a kilay at siyá'y tinitigan.

—Hindi naman lubós camíng dalawá lamang; ng̃uni't huwag sanang náhaharap iyón.

—May cahirapan; ng̃uni't huwag cang mabahalà, sasabihin co.

—¿At cailan co malalaman ang casagutan?

—Bucas, pumaroon ca sa bahay ng̃ maaga. Aayaw si Maríang mag-isá cailan man, sinasamahan namin siyá; isáng gabi'y natutulog si Victoria sa canyáng siping, at sa isáng gabí namá'y acó; bucas ay sa akin tamà ang pagsama sa canyá. Ng̃uni't pakinggán mo, ¿at ang lihim? ¿Yayáo ca nang hindi mo pa sinasabi sa akin ang lalong pang̃ulo?

—¡Siya ng̃a naman palá! doon acó doroon sa Los Baños, mamímili acó ng niyóg, sa pagca't ibig cong magtayô ng̃ isáng gáwaan; ang iyong tatay ang aking mácacasama.

—¿Walâ na ba cung di iyán lamang? ¡Nacú ang isáng lihim!—ang bigláng sinabi ni Sinang ng̃ malacás, na ang anyô'y ang sa narayaang magpapatubô; ang boong isip co'y....

—¡Mag-ing̃at ca! ¡hindi co itinutulot sa iyóng iwatawat mo ang lihim na iyán!

—At hindi co naman ibig—ang isinagót ni Sinang na pinapangũlubot ang ilóng.—Cung isáng bagay man lamang na may caunting cahulugán, marahil masabi co pa sa aking mgã caibigang babae; datapuwa't ¡pamimilí ng̃ mgã niyóg! ¡mgã niyóg! ¿sino ang macacaibig macaalam ng̃ tungcól sa niyóg?

At nagdalidali ng̃ mainam na pagyáo at paghanap sa canyáng mgã caibigang babae.

Nagpaalam si Ibarra ng̃ macaraán ang iláng sandali, sa pagca't canyáng nakitang walang salang pápanglaw ang pagpupulong na iyón; maasim na matamis ang pagmumukhâ ni capitang Tiago, hindi umiimic si Linares at nagmámasid, ang curang nagpapacunuwaring nagágalac ay nagsasalitâ ng̃ mgã cacaibáng bagay. Hindi na mulíng lumabás ang alin man sa mgã dalaga.

Decorative motif

# LII.

## ANG SULAT NG̃ MGA̐ PATAY AT ANG MGA̐ ANINO.

Itinatagò ang buwan ng̃ madilím na langĩt; winácwalis ng̃ malamig na hangĩng palatandâan ng̃ pagdating ng̃ Diciembre ang iláng dahong tuyô at ang alabóc sa makipot na landas na patungõ sa libingãn.

Nagsasalitaan ng̃ marahan ang tatlóng anino sa ilalim ng̃ pintuan.

—¿Kinausap mo ba si Elías?—ang tanóng ng̃ isáng tinig.

—Hindî, nalalaman mo ng̃ siyá'y may ugaling cacaibá at maingãt; ng̃uni't inaacalà cong siyá'y cacampí natin; iniligtás ni don Crisóstomo ang canyáng buhay.

—Caya acó pumayag,—anáng unang tinig;—¡ipinagágamot ni don Crisóstomo ang aking asawa sa bahay ng̃ isáng médico sa Maynilà! Acó ang nacacaalam ng̃ convento upang makipagliwanag sa cura ng̃ aming pautangãn.

—At camí naman ang nacacaalam ng̃ cuartel, at ng̃ masabi namin sa mgã civil na may mgã anác na lalaki ang aming amá.

—¿Maguiguing ilán caya cayó?

—Limá, cainaman na ang limá. Maguiguing dalawampo raw cami,—anáng alilà ni don Crisóstomo.

—At ¿cung hindi lumabás cayóng magalíng?

—¡Sttt!—anáng isá, at hindi na umimic ang lahát.

Namamasid sa nag-aagaw ng̃ dilim at liwanag ang pagdating ng̃ isáng anino na marahang lumalacad na ang bacod ang siyáng tinútunton; manacánacang humíhintô na para mandíng lumílingõn.

At may dahil ngã namán. Sa dacong hulihán, na may dalawampong hacbang ang puwang, may sumusunod na isá pang anino, lalong malakí at tila mandín lalò pang anino cay sa náuna: totoong napacarahan ang pagyapac sa lupà, at biglang nawawalâ, na anaki'y linalamon ng̃ lupa, cailán mang

humíhinto't lumilingõn ang náuuna.

—¡Sinusundan acó!—ang ibinulóng ng̃ náuunang anino; ¿ang guardia civil caya? ¿nagsinungãlíng caya ang sacristan mayor?

—Ang sabi'y dito raw magtátatagpô,—ang iniisip ng̃ icalawáng anino; marahil may masamáng inaacalà caya inililihim sa akin ng̃ dalawáng magcapatid.

Sa cawacasa'y dumating ang nangũngũnang anino sa pintùan ng̃ libingãn. Lumapit ang tatlóng aninong nangãuna.

—¿Silá po bagá?

—¿Cayó po ba?

—¡Tayo'y maghiwahiwalay, sa pagca't sinúsundan acó nilá! Tátanggapin ninyó bucas ang mgã sandata at pagcágabi gágawin. Ang hiyáw ay: «¡Mabuhay si don Crisóstomo!» ¡Lacad na cayó!

Nawalâ ang tatlóng anino sa licuran ng̃ mgã pader. Nagtagò ang bagong dating sa pag-itan ng̃ pintô at naghintáy na hindi umiimic.

—¡Tingnan natin cung sino ang sumúsunod sa akin!—ang ibinulóng.

Dumating ang pangãlawáng anino na nag-iingãt ng̃ mainam at humintóng parang nagtitingĩntingĩn sa paliguid niyá.

—¡Nahuli acó ng̃ pagdating!—ang marahang sinabi; ngũni't baca caya mangãgbalic.

At sa pagcá't nagpasimulâ ng̃ pag ambóng nagbabalang tumagál, inisíp niyang sumilong sa ilalim ng̃ pintùan.

At alinsunod sa dapat mangyari'y nabuglàan niyá ang isáng anino.

—¡Ah! ¿sino pô cayó?—ang itinanóng ng̃ bagong dating na ang tinig ay sa matapang na lalakl.

—At ¿sino pô ba naman cayô?—ang isinagót ng̃ isá ng̃ boong capanatagan.

Sandalíng hindi nangãgsiimic; pinagpipilitan ng̃ isá't isáng makilala ang canyáng caharáp sa pamamag-itan ng̃ anyô ng̃ tinig at sa pagmumukháng naaaninagnagan.

—¿Anô po ba ang hinihintay ninyó rito?—ang tanóng ng̃ may tinig na

pagca lalaki.

—Na tumugtóg ang á las ocho upang aking macuha ang baraja ng̃ mg̃a patay, ibig cong manalo ng̃ayong gabí ng̃ salapi,—ang sagót ng̃ isá na ang tinig ay caraniwan; at cayó namân, ¿anó't cayó po'y naparito?

—Sa ... gayóng ding dahil.

—¡Abá! ikinatutuwa co; sa ganyá'y hindi acó mag-iisá. May dalá acóng baraja; pagcaring̃ig co ng̃ unang tugtóg ay maglálagay acó sa canilá ng̃ *aldur*; sa icalawáng tugtóg ay maglálagay namán acó ng̃ *gallo*; ang mg̃a barajang gumagaláw ay iyán ang mg̃a baraja ng̃ mg̃a patáy, na kinacailang̃ang agawin sa pamamag-itan ng̃ pananagâ. ¿May dalá rin po ba cayóng baraja?

—¡Wala!

—¿At paano?

—Magaang; cung paano ang paglalagáy ninyó sa canilá ng̃ bangcâ; hinihintay cong silá namán ang maglálagay ng̃ bangcâ sa akin.

—¿At cung hindi maglagáy ng̃ bangcâ ang mg̃a patáy?

—¿Anó ang gagawin? Hindi pa ipinag-uutos na sapilitang magsúsugal ang mg̃a patáy....

Sandalíng hindi silá nag-imican.

—¿Cayó po ba'y naparitong may sandata? ¿Paano ang inyóng gágawing pakikiaway sa mg̃a patáy?

—Sa pamamag-itan ng̃ aking mg̃a suntóc,—ang isinagót ng̃ pinacamalaki sa canilá.

—¡Ah, diablo, ng̃ayón co naalaala! hindi tumátayâ ang mg̃a patáy pagca may higuít sa isá ang bilang ng̃ mg̃a buháy, at tayo'y dalawá.

—¿Siyá ng̃a po ba? ng̃uni't áayaw acóng umalís.

—Acó ma'y gayón din, nang̃ang̃ailang̃an acó ng̃ salapi,—ang isinagót ng pinacamaliit; ng̃uni't gawín natin ang isáng bagay: magsugál tayong dalawá, at ang matalo'y siyáng umalís.

—Halá ...—ang isinagót ng̃ isá na may cauntíng samâ ang loob.

Pumasoc silá't humanap sa gayóng nag-aagaw ng̃ dilim at liwanag ng̃ isáng

lugar na lalong nauucol; hindi nalao't nacásumpong silá ng̃ isáng baunang bató at doon silá naupô. Kinuha ng̃ pinacapandác sa canyáng salacót ang baraja, at nagpaningãs namán ang isá ng̃ fósforo.

Sa ilaw ay nagtingĩnan ang isá't isa, datapuwa't ayon sa pag-aanyô ng̃ canícaniláng mukha'y hindi nangãgcacakilalanan. Ngũni't gayón man, sa pinacamataás at tinig macalalaki ay makikilala natin si Elías, at sa pinacamaliit ay si Lucas, dahil sa pílat niyá sa pisngĩ.

—¡Alsahín po ninyó!—ang winica nitó, na hindi nálilingãt ng̃ pagmamasíd sa caharáp.

Itinabí ang iláng butóng nakita sa ibabaw ng̃ libingãng bató't saca nag-*andar* ng̃ isáng alás at isáng cabayo. Pinagsunodsunód ni Elías ang pagpapaningãs ng̃ fósforo.

—¡Sa cabayo!—anyá,—at ng̃ magcatanda'y nilagyán ng̃ isáng bungô ng̃ tadyáng.

—¡Juego!—aní Lucas,—at sa icaapat ó icalimang *carta* ay lumabás ang isáng alás.

—Natalo cayó,—ang idinugtóng;—ngãyó'y pabayaan po ninyóng acó'y mag-isáng humanap ng̃ pagcabúhay.

Umalís si Elías na hindi nagsabi ng̃ catagâ man lamang, at nawala sa guitna ng̃ cadilimán.

Nang macaraan ang ilang minuto'y tumugtóg ang á las ocho sa relós ng̃ simbahan, at ipinahayag ng̃ campana ang oras ng̃ mgã caluluwa; ngũni't hindi inanyayahan ni Lucas makipagsugál sa canyá ang sino man, hindi tinawagan ang mgã patáy, na gaya ng̃ iniaatas ng̃ pamahiin; ang guinawá'y nagpugay at bumulóng ng̃ ilang panalangĩn, nagcruz ng̃ boong cataimtimang tulad sa marahil guinágawa rin sa sandaling iyón ng̃ puno ng̃ Cofradía ng̃ Santísimo Rosario.

Nagpatuloy ang pag-ambón sa boong magdamág. Pagca á las nueve ng̃ gabi'y madilím na ang mgã daan at wala ng̃ taong lumalacad; ang mgã farol ng̃ langĩs na dapat ibitin ng̃ bawa't namamayan sa tapat ng̃ canilang bahay, bahagya ng̃ nacaliliwanag sa pabilóg na isáng metro ang luwang: tila mandin inilagáy ang mgã ilaw na iyó't upang makita ang carilimán.

Naglálacad ng̃ paroo't parito sa magcabicabilang dulo ng̃ daang malapit sa simbahan ang dalawáng guardia civil.

—¡Maguináw!—ang sabi ng̃ isá sa wicang tagalog na may puntóng bisayà; hindi tayo macahuli ng̃ isá man lamang sacristan, waláng gágawa ng̃ casiraan ng culungãn ng̃ manóc ng̃ alferez ... Nangãdalà dahil sa pagcápatay doon sa isá; nacayáyamot sa akin itó.

—At sa akin,—ang isinagót ng̃ isá;—sino ma'y waláng nagnanacaw; datapuwa't salamat sa Dios at ang sabiha'y na sa bayan daw si Elías. Ang sabi ng alferez ay ang macahuli raw sa canyá'y máliligtas sa palò sa loob ng̃ tatlóng buwán.

—¡Aa! Nasasaulo mo ba ang canyáng mgã *señas*?—ang tanóng ng̃ bisaya.

—¡Mangyari bagá! ang taás ay matangcád ayon sa alferez, catatagán ayon sa cay padre Dámaso; maiitím ang mgã matá, catatagán ang ilóng, catatagán ang bibíg, waláng balbás, maitim ang buhóc....

—¡Aa! ¿at ang mgã tangĩng *señas*?

—Maitím ang barò, maitím ang salawal, mángãngãhoy....

—¡Aa! hindi macatatacas, tila nakikinikinita co na siyá.

—Hindi co siyá pagcacamal-an sa ibá, cahi't macatulad niyá.

At ipinagpatuloy ng̃ dalawáng sundalo ang caniláng pag-*ronda*.

Mulíng natatanawan na namán natin sa liwanag ng̃ mgã farol ang dalawáng aninong nagcacasunod na lumalacad ng̃ boong pag-iingãt. Isáng mabalasic na *¿quién vive?* ang siyáng nagpahintô sa dalawá, at sumagót ang nauna ng *¡España!* na nangãngãtal ang tinig.

Kinaladcád siyá ng̃ mgã sundalo at siyá'y dinalá sa farol upáng siyá'y kilalanin. Siyá'y si Lucas, ngũni't nangãg-aalinlangãn ang mgã sundalo at nangãgtatanungãn sa tingĩnan.

—¡Hindi sinasabi ng̃ alferez na may pilat!—anáng bisayà sa sabing marahan.—¿Saán ca paroroon?

—Magdádala acó ng̃ pamisa upang gawín bucas.

—¿Hindi mo ba nakikita si Elías?

—¡Hindi co po siyá nakikilala, guinoó!—ang sagót ni Lucas.

—¡Hindi co itinátanóng sa iyo cung siyá'y nakikilala mo, ¡tangã! cami ma'y hindi namin siyá nakikilala; itinátanóng co sa iyó cung siyá'y nakita mo!

—Hindi pô, guinoo.

—Pakinggán mong magalíng, sasabihin co sa iyó ang canyáng mgã *señas*. Ang taás ay cung minsa'y matangcád, cung minsa'y catatagán; ang buhóc at ang mgã matá'y maiitim; at ang lahát ng̃ mgã ibá pa'y pawang mgã catatagán,—anáng bisayà.—¿Nakikilala mo na siyá ngãyón?

—¡Hindi po, guinoó!—ang isinagót ni Lucas na natútulig.

—¡Cung gayó'y *¡sulong!* hayop, burro!—At ipinagtulacan siyá nilá.

—¿Nalalaman mo ba cung bakin ang acala ng̃ alferez ay matangcád si Elías at ang acalà naman ng̃ cura'y catatagán lamang ang taás?—ang itinanóng na nag iisip-isip ng̃ tagalog sa bisayà.

—Hindi.

—Sa pagcá't nacabaón sa pusáw ang alférez ng̃ siyá'y mámatyagan, at ang cura namá'y nacatayô.

—¡Siyá ngã̑!—ang bigláng sinabi ng̃ bisaya; mainam ang pag-iisip mo ... ¿bakit ca nagguardia civil?

—Hindi capagcaraca'y guardia civil acó; acó'y dating contrabandista,—ang isinagót ng̃ tagalog na nagpapahangã.

Ng̃uni't silá'y linibáng ng̃ isá pang anino: sinigawán nilá itó ng̃ ¿quién vive? at bago dinalá nilá sa ilaw. Ngãyó'y si Elías na ngã̑ ang siyáng sa canilá'y humaharap.

—¿Saán ca paroroon?

—Akin pong hinahabol, guinoó, ang isáng taong humampás at nagbalà sa aking capatíd na lalaki; ang taong iyó'y may pílat sa mukhá't nagngãngãlang Elías ...

—¿Há?—ang bigláng sinabi ng̃ dalawá at nangãgtingĩnang nagsisipanghilacbót.

At pagdaca'y nangãgtacbuhang ang tungõ'y sa simbahang sasandali pa lamang na pinaroonan ni Lucas.

Decorative motif

# LIII.

## IL BUON DI SI CONOSCE DA MATTINA.

Maagang cumalat sa bayan ang balitang may nakitang mgã ilaw sa libingãn ng̃gabing nacaraán.

May sinasabi ang punò ng̃ V.O.T. (Venerable Orden Tercera) na mgã candilang may ilaw at cung paano ang anyô at cung gaano ang caniláng mgã lakí, datapuwa't ang hindi matucoy ay ang bilang, ngũni't may nabilang siyáng hanggáng dalawampô. Hindi dapat atimín ni hermana Sipa, na caanib sa Cofradía ng̃Santísimo Rosario, na ang macapagyabáng lamang na nacakita ng biyayà ng̃Dios na itó'y ang isáng na sa hermandad (capatiran) na caaway; sinabi namán ni hermana Sipa, cahi't hindi malapit doon ang canyáng tinátahanan, na siyá'y nacáringĩg ng̃mgã daíng at hibíc, at hanggáng sa tila mandín canyáng nakikilala ang tinig ng̃tangĩng mgã tao, na ng̃unang panahó'y canyáng naca ..., datapuwa't alang-alang sa pag-ibig sa capuwa taong atas sa binyaga'y hindi lamang canyáng pinatatawad, cung di namán canyáng ipinananalangĩn at inililihim ang caniláng mgã pangãlan, at dahil dito'y pagdaca'y pinapagtitibay na siyá'y santa. Hindi totoong matalas ang taingã, ang catotohanan, ni hermana Rufa, ngũni't hindi dapat tiisin niyáng naringĩg ang bagay na iyón ni hermana Sipa't siyá'y hindi, at dahil dito'y nanaguinip siyá at sa canyá'y humarap ang maraming mgã caluluwa, hindi lamang ng̃mgã taong patáy na, cung di namán ng̃ mgã buhay; hiníhingĩ ng̃ mgã caluluwang silá'y bahaguinan ng̃ mgã indulgenciang canyáng maliwanag na itinátala't pinacaiingãtan. Masasabi niyá ang mgã pangãlan sa mgã familiang nangãngãilangãn, at wala siyáng hiníhingĩ cung di isáng muntíng limós upáng isaclolo sa Papa, sa mgã pangãngãilangãn nitó.

Isáng batang ang hanap-buhay ay mag-alaga ng̃mgã hayop, na nangãhás magpatibay na wala siyáng nakita liban na lamang sa isáng ilaw at dalawáng táong nangãcasalacot, nahirapang lubha upang macaligtás sa mgã hampás at mgã lait. Nawaláng cabuluháng siyá'y manumpâ, na canyáng casama ang canyáng mgã calabaw at silá ang macapagsasabi;

—¿Durunong ca pa sa mgã celador at sa mgã hermana, *paracmason*,

hereje?—ang siyáng caniláng sinasabi sa canyá't siya'y iniirapan nilá.

Nanhíc ang cura sa púlpito at inulit ang sermón tungcól sa Purgatorio, at muli na namáng lumabas ang mgã pipisohin sa canicaniláng kinatataguan.

Ngũni't pabayaan natin muna ang mgã caluluwang nangãghihirap, at pakinggán natin ang salitaan ni don Pilipo at ng̃matandáng Tasio, na may sakit at nag-íisa sa canyáng maliit na bahay. Malaon nang hindi bumabangõn sa canyáng kinahihigaan ang filósofo ó ulól, at nararatay dahil sa isáng panghihinang madalî ang paglubhâ.

—Ayawán, sa catotohanan, cung marapat co cayóng handugan ng masayáng batì dahil sa pagcátanggáp sa inyó ng̃ inyóng pagbibitiw ng catungculan; ng̃una, ng̃hindi pakinggán ng̃boong cawalánghiyaan ang palagáy ng̃marami sa mgã nangãgpupulong, sumasacatuwiran cayóng hingĩn ninyó ang pahintulot na macapagbitíw cayó ng̃inyóng catungculan; ngũni't ngãyóng cayó'y nakikitalád sa guardia civíl ay hindi magalíng. Sa panahón ng̃pagbabaca'y dapat cayóng manatili sa inyóng kinalalagyan.

—Tunay ngã, datapuwa't hindi, pagca naglililo ang general,—ang sagót ni don Filipo;—talastas na po ninyóng kinabucasa'y inalpasan ng̃gobernadorcillo ang mgã sundalong aking nahuli, at nagpacatangguítangguíng gumawa ng̃cahi't anó pa man. Wala acóng magawa cung walang pahintulot ang aking punò.

—Wala ngã, cung cayó'y nag-íisa, datapuwa't malakí ang magágawa ninyó cung catulong ninyó ang mgã ibá. Dapat sanang sinamantala ninyó ang ganitóng pangyayari upang cayó'y macapagbigáy ulirán sa ibáng mgã bayan. Sa ibabaw ng̃catawátawáng capangyarihan ng̃gobernadorcillo'y naroon ang catuwiran ng̃ bayan; iyán sana ang pasimula ng̃ isáng magalíng na pagtuturò ay inyóng sinayang na di guinamit.

—¿At anó bagá caya ang aking magágawa sa kinacatawán ng̃mgã malíng pananalig? Tingnan po ninyó't nariyan si guinoóng Ibarra, na napilitang makisang-ayon sa mgã pananampalataya ng̃caramihan, ¿inaacalà ba ninyóng siyá'y naniniwalà sa «excomunión»?

—Ibá ang inyóng calagayan cay sa canyá; ibig ni guinoóng Ibarrang magtaním, at upang magtaním ay kinacailangãng yumucód at tumalima sa cahilingãn ng̃ catawán; ang catungculan po ninyó'y magpagpág, at upang magpagpág ay nangãngãilangãn ng̃lacás at ningãs ng̃loob. Bucod sa rito'y hindi dapat gawín ang pakikitalád laban sa gobernadorcillo; ang marapat sabihi'y: laban sa lumalabis sa paggamit ng̃lacás, laban sa sumisira ng̃catahimican ng

bayan, laban sa nagcuculang sa canyáng catungculan; at sa ganitó'y hindi ngã cayó mag-iisá, palibhasa'y ang bayan ngãyó'y hindi na gaya ng̃ nacaraáng dalawampóng taón.

—¿Sa acala po caya ninyó?—ang tanóng ni don Filipo.

—¿At hindi po ninyó nararamdaman?—ang isinagót ng̃ matandang ga humilig na sa kináhihigan;—¡ah! palibhasa'y hindi pô ninyó nakita ang panahóng nagdaan, hindi ninyó mapagcucurocurò ang bungã ng̃ pagparito ng mgã tagá Europa, ng̃ mgã bagong aclát at ng̃ pagpasá Europa ng̃ mgã kinabataan. Pag-isip-isipin ninyó't pagsumagsumaguin: tunay ngã't nananatili pa ang Real at Pontificia Universidad ng̃ Santo Tomás, sampô ng̃ canyáng carunungdungãng claustro, at pinapagsasanay pa ang iláng mgã nag-aaral sa pagtatatág ng̃ mgã «distingo» (pagkilala ng̃ caibhán) at bigyán ng̃ panghulíng ningníng ang mgã catalasan ng̃ pagmamatuwiran tungcól sa iglesia, ngũni't ¿saán pô ninyó makikita ngãyón yaóng mgã kinabataang mawilihíng sásalicsic ng̃ metafísica, panís ng̃ mgã dunong, na sa capapahirap sa pag-iisip ay namamatay sa marayang mgã pagbabalacbalac sa isáng suloc ng̃ mgã lalawigan, na hindi matapustapos unawain ang mgã saguisag ng̃ «ente», hindi macuhang masunduan ang liwanag ng̃ «esencía» (tining) at ng̃ «existencia» (búhay) cataastaasang palaisipang nagpapalimot sa atin ng̃ lalong kinacailangãng maalaman: ng̃ nauucol sa ating cabuhayan at sariling calagayan? ¡Tingnán po ninyó ang cabataan ngãyón! Sa puspós na casiglahan ng̃ caniláng loob sa pagcákita sa lalong malayong tan-awin, silá'y nangãg-aaral ng̃ Historia, Matemáticas, Geografía, Literatura, mgã dunong sa Física, mgã wicà ng̃ ibá't ibáng lahi, mgã bagay na lahát na nang panahón nati'y ating diníringĩg ng̃ malakíng pangĩngĩlabot na parang mgã heregía; ang lalong mahiliguín sa calayaan ng̃ isip ng̃ panahón co'y pinapagtitibay na mababang-mababa ang mgã dunong na iyán sa mgã minana cay Aristóteles at sa mgã pátacaran ng̃ «silogismo». Sa cawacasa'y napag-unawa ng̃ taong siyá'y tao; pínabayaan ang pagsisiyasat sa calagayan ng̃ canyáng Dios, ang pakikialam sa hindi matangnán, sa hindi nakita, at ang paglalagdá ng alituntunin sa mgã panaguinip ng̃ canyáng panimdim; napagkilala ng̃ taong ang canyáng minana'y ang malawac na daigdíg, na macacaya niyáng pagharian; na sa canyáng pagcapagál sa isáng gáwaing waláng cabuluhá't palalò, tumungõ't pinagmasídmasíd ang lahát nang sa canyá'y nacaliliguid. Pagmasdán pô ninyó ngãyón cung paano ang pagsílang ng̃ ating mgã poeta; binúbucsan sa ating unti unti ng̃ mgã Musa ng̃ Naturaleza ang caniláng iniingãtang mgã cayamanan at nagpápasimulâ ng̃ pagngĩti sa atin upáng tayo'y bigyáng siglá sa pagpapatulò ng pawis. Naghandóg na ng̃ mgã unang bungã ang mgã dunong na nagbúhat sa mgã pinagdanasan; culang na lamang ngãyón ang lubós na pacabutihin ng̃ panahón.

Naaalínsunod ang mgã bagong abogado ngãyón sa mgã bagong balangcás ng Filosofia ng̃ Càtuwirán; nagpápasimulà na ang ilán sa canilá ng̃ pagníngning sa guitna ng̃ carilimáng nacaliliguid sa luclucan ng̃ mgã tagapa-unawa ng cagalingãn, at nahihíwatigan na ang pagbabago ng̃ lacad ng̃ panahón. Pakinggán po ninyó cung paanong manalitâ ngãyón ang mgã cabataan, dalawing po ninyó ang mgã páaralang pinagtuturuan ng̃ mgã dunong, at ibá ng̃ mgã pangãlan ang umaalingãwngãw sa mgã pader ng̃ mgã claustro, diyán sa loob ng̃ mgã pader na iyá'y wala tayong máriringĩg liban na lamang sa mgã ngãlan ni Santo Tomás, Suarez, Amat, Sánchez at mgã ibá pa, na pawang pinacasásamba ng̃ panahóng co. Waláng cabuluháng magsisigáw buhat sa mgã púlpito ang mgã fraile laban sa tinatawag niláng pagsamâ ng̃ mgã ugalì, tulad sa pagsigáw ng̃ mgã magtitindá ng isdâ, laban sa cacuriputan ng̃ mgã mamimili, na hindi nilá napagkikilalang ang calacal nilá'y bilasâ na't waláng cabuluhán! Waláng cabuluháng ilaganap ng̃ mgã convento ang caniláng mahahabang galamáy at mgã ugat sa hangãd na inisín sa mgã bayan ang bagong agos; pumapanaw na ang mgã diosdiosan; mangyayaring mapapamayat ng̃ mgã ugat ng̃ cahoy ang mgã halamang doo'y itinatanim, datapuwa't hindi mangyayaring macaamís ng̃ buhay sa ibáng nangãbubuhay, na gaya na ngã ng̃ mgã ibong napaiilangláng sa calangĩtán.

Masimbuyó ang pananalitâ ng̃ filósofo; nagníningning ang canyáng mgã matá.

—Datapuwa't maliit ang bagong sibol; cung mangãgcáisa ang lahát, ang pagsúlong na totoong napacamahal ang ating pagbili'y mangyayaring caniláng mainís,—ang itinutol ni don Filipo na áayaw maniwala.

—Inisin siya, ¿nino? ¿ng̃ tao bagâ, iyáng pandác bang masasactín ang macaíinis sa Pagsulong, sa macapangyarihang anác ng̃ panahón at ng̃ casipagan? ¿Cailán bagá nagawâ niyá ang gayón? Lalò ng̃ itinulac siyá sa paglaganap ng mgã nangãgpupumilít na siyá'y piguílin sa pamamag-itan ng̃ mgã pinasasampalatayan, ng̃ bibitayán at ng̃ pinagsusunugang sigâ. *E por si muove*, (at gayón ma'y gumágalaw), ang sinasabi ni Galileo ng̃ pinipilit siyá ng̃ mgã dominicong canyáng sabihing ang lupa'y hindi gumagalaw; ang gayóng salitá'y iniuucol sa pagsulong ng̃ dunong ng̃ tao. Mapipilit ang iláng mgã calooban, mapápatay ang iláng mgã tao, ngũni't itó'y waláng cabuluhán: magpapatuloy ng paglacad sa canyáng landás ang Pagsulong, at sa dugô ng̃ mgã mabulagtá'y bubucal ang mgã bago't malalacás na mgã suwi. Pagmasdán po ninyó ang mgã pamahayagan man, cahi't ibiguing magpacátiratira sa cahulihulihan, gayón ma'y humáhacbang ng̃ isá sa pagsulong ng̃ laban sa canyáng calooban; hindi macatacas sa pagtupad sa ganitóng atas ang mgã dominico man, caya't caniláng

tinutularan ang mgã jesuita, na cánilang mgã caaway na cailán ma'y hindi macacasundô: gumágawâ silá ng̃ mgã casayahan sa caniláng mgã claustro, nangãgtátayô ng̃ mgã maliliit na mgã teatro, nag-áanyô-anyô ng̃ mgã tulâ, sa pagcá't palibhasa'y hindi silâ culang sa catalinuhan, bagá man ang boong isip nilá'y nangãbubuhay pa silá sa icalabinglimáng siglo, napagkikilala niláng sumasacatuwiran ang mgã jesuita, at silá'y makikialam pa sa daratníng panahón ng̃ mgã batang bayang caniláng tinuruan.

—Ayon, sa sabi ninyó'y ¿caalacbáy ang mgã jesuita sa paglacad ng Pagsulong?—ang tanóng na nagtátaca ni don Filipo;—cung gayo'y ¿bakit silá'y minamasamâ ng̃ mgã tagá Europa?

—Cayó po'y sasagutín co ng̃ catulad ng̃ mgã nag-aaral ng̃ tungcól sa Iglesia ng̃ una,—ang isinagót ng̃ filósofo, na mulíng nahigâ at pinapanag-uli ang canyáng pagmumukháng palabiro;—sa tatlóng paraán mangyayaring macaacbay sa Pagsulong: sa dacong unahán, sa dacong taguiliran at sa dacong hulihán; ang mgã nang̃ung̃una'y siyáng namamatnugot sa canyá; ang nangãsa taguilira'y cusang napadadala na lamang, at ang nangãhuhuli'y pawang kinácaladcad, at sa mgã kinácaladcad na itó nasasama ang mgã jesuita. Ang ibig sana nilá'y silá ang macapamatnubay sa Pagsulong, ng̃uni't sa pagcá't nakikita niláng itó'y malacás at ibá ang mgã hilig, silá'y nakikisang-ayon, at lalong minamagalíng niláng silá'y makisunod cay sa silá'y tahaki't yapacan, ó mátira caya sa guitna ng̃ marilím na daán. Ngãyón po'y tingnán ninyó, tayo rito sa Filipinas ay may mgã tatlóng siglo, ang cauntian, ang ating pagcáhuli sa *carro* ng̃ Pagsulong: bahagya pa lamang nagpápasimula tayo ng̃ pag-alis sa «Edad Media» (476 hanggáng 1453); caya ngã ang mgã jesuita na nasa Europa'y larawan ng̃ pag-urong, cung pagmasdan dito'y larawan ng̃ Pagsulong; cautangãn ng̃ Filipinas sa canilá ang bagong umúusbóng na pagdunong, ang mgã dunong na catutubò ng̃ daigdíg (Ciencias Naturales), na siyáng cáluluwa ng̃ siglo XIX, na gaya namang cautangãn sa mgã dominico ang Escolasticismo (filosofía ng̃ Edad Media), na namatáy na cahi't anóng pagpipilit na gawín ni León XIII: waláng Papang macabuhay na mag-ulî sa binitay na ng̃ catutubong bait ... Datapuwa't ¿saán náparoon ang ating salitaan?—ang itinanóng na nagbago ng̃ anyô ng̃ pananalita;—¡ah! ang pinag-uusapan nati'y ang casalucuyang calagayan ng̃ Filipinas ... Siyá ngã, ngãyó'y pumapasoc tayo sa panahón ng̃ pakikitunggalì, malî acó, cayó; nauucol na sa gabí camíng nangãunang ipinangãnác, cami'y paalís na. Ang nagtutunggali ay ang nacaraang panahóng cumacapit at yumayacap na nagtútungãyaw sa uugaugâ ng̃ malaking bahay na bató ng̃ mgã macapangyarihan, at saca ang panahóng sasapit, na náriringĩg na buhat sa malayò ang canyáng awit ng̃ pagwawagui, sa mgã sinag ng̃ isáng namamanaag

ng̃ liwaywáy, tagláy ang Bagong Magandáng Balita na galing sa mgã ibáng lupaín ... ¿Sinosino caya ang mangãtitimbuang at mababaon sa pagcaguhò ng̃ náguiguibang bahay?

Tumiguil ng̃ pananalitâ ang matandáng lalaki, at ng̃ makita niyang siyá'y tinititigan ni don Filipong nagninilaynilay, ngumitî at mulíng nagsalitâ:

—Halos nahuhulaan co ang iniisip po ninyó.

—¿Siyá ngã pô ba?

—Iniisip po ninyóng magaang na totoóng mangyaring acó'y nagcacamalì, —ang sinabing ng̃umingĩtî ng̃ malungcót;—ngãyó'y may lagnát acó at hindi namán acó maipalalagay na hindi namamali cailán man: *homo sum et nihil humani a me alienum puto*, ani Terencio; ng̃uni't cung manacánaca'y itinutulot ang managuinip, ¿bakit bagá't hindi mananaguinip acó sa mgã hulíng sandalî ng buhay? At bucód sa roo'y ¡pawang panaguinip lamang ang aking naguíng buhay! Sumasacatuwiran pô cayó; ¡panaguinip! waláng iniisip ang ating mgã kinabataan cung di ang mgã sintahan at layaw ng̃ catawan: lalong malaki ang panahóng caniláng ginugugol at ipinagcacapagod sa pagdayà at paglulugsô ng̃ isáng capurihán ng̃ isáng dalaga, cay sa pag-iisip-isip ng̃ icagagaling ng̃ canyáng lupang tinubuan; pinababayaan ng̃ mgã babae rito sa atin ang caniláng sariling mgã familia, dahil sa pag aalaga ng̃ bahay at familia ng̃ Dios; masisipag lamang ang mgã lalaki rito sa atin sa nauucol sa mgã vicio at silå'y mgã bayani lamang sa paggawâ ng̃ mgã cahiyahiyâ; námumulat ang camusmusan sa mgã cadilimán at sa mgã calumalumaang pinagcaratihang aayaw baguhin; pinalálampas ng̃ mgã cabataan ang lalong pinacamagalíng na panahón ng̃ caniláng buhay na waláng anó mang mithîin, at ang mgã may gulang na'y waláng guinágawang sucat mamungã ng̃ cagalingãn, waláng capacanán silá cung di magpasamâ sa mgã kinabataan sa pamamag-itan ng̃ caniláng masasamáng halimbawang ipinakikita ... Ikinagagalac cong acó'y mamatáy na ... *claudite jam rivos, pueri.*

—¿Ibig pô ba ninyó ang anó mang gamót?—ang itinanóng ni don Filipo, upáng magbago ng̃ salitaang nacapagbigáy dilim sa mukhâ ng̃ may sakít.

—Hindî nagcacailangãn ng̃ mgã gamót ang mgã mamamatay; cayóng mgã mátitira ang nangãgcacailangãn. Sabihin pô ninyó cay don Crisóstomo na acó'y dalawin niyá bucas, may sasabihin acó sa canyáng totoong mahahalagá. Sa loob ng̃ iláng araw ay yayao na acó. ¡Sumásacadilimán ang Filipinas!

Pagcatapos ng̃ ilàng sandali pang pag-uusapa'y iniwan ni don Filipong namámanglaw at nag-iisip ang bahay ng̃ may sakít.

Decorative motif

# LIV.

QUIDQUID LATET, ADPAREBIT,
NIL INULTUM REMANEBIT.

Ipinagbibigay álam ng̃campana ang oras ng̃pagdarasal sa hapon; tumitiguil ang lahát pagcáringĩg ng̃ taguinting ng̃ pagtawag ng̃ religión, iniiwan ang caniláng guinágawa't nangãgpupugay: inihíhintó ng̃magsasacáng nanggagaling sa bukid ang canyáng pag-awit, pinatitiguil ang mahinahong lacad ng̃calabáw na canyáng sinásakyan, at nagdarasal; nagcucruz ang mgã babae sa guitnâ ng̃daan at pinagágalaw na magalíng ang caniláng mgã labì't ng̃sino ma'y huwag mag-alinlangãng sa caniláng silá'y mapamintakasi; inihihintô ng̃lalaki ang pag-ámac sa canyáng manóc at dinárasal ang *Angelus* upáng sang-ayunan siyá ng capalaran; nangãgdárasal ng̃malacás sa mgã bahay ... nalúlugnaw, nawáwalâ ang lahát ng̃ingãy na hindi ang sa *Abá Guinoong Maria*.

Gayón ma'y nagtutumulin sa paglacad sa daan ang curang nacasombrero, na anó pa't pinapagcacasala ang maraming mgã matatandáng babae, ¡at lalo ng nacapagcacasala! na ang tinutungo niyá'y ang bahay ng̃alférez. Inacala ng̃mgã matatandáng babaeng panahón nang dapat niláng itíguil ang pagpapakibót ng caniláng mgã labi upáng silá'y macahalic sa camáy ng̃cura; datapuwa't hindî silá pinansín ni pari Salví; hindi siyá nagtamóng lugód ngãyóng ilagáy ang canyáng mabut-óng camáy sa ibabaw ng̃ilóng ng̃babaeng cristiana, upáng buhat diyá'y padaus-using maimis (ayon sa nahiwatigan ni doña Consolación) sa dibdíb ng magandáng batang dalaga, na yumúyucod sa paghingĩ ng̃bendición.

¡Marahil totoong mahalagáng bagay ngã̂ ang nacaliligalig sa canyáng panimdím upáng malimutan ng̃ganyán ang canyáng sariling cagalingãn at ang cagalingãn ng̃Iglesia!

Totoong dalidali ngãng siyá'y nanhíc sa hagdanan at tumawag ng̃boong pagdudumalî sa pintô ng̃bahay ng̃alférez, na humaráp na nacacunót ang mgã kilay, na sinusundan ng̃canyáng cabiac (ng̃canyang asawa), na ngũmíngĩting parang tagá infierno.

—¡Ah, padre cura! makikipagkita sana acó sa inyó ngãyón, ang cambíng na lalaki po ninyó'y....

—May sadyà acóng totoong mahalagá....

—Hindí co maitutulot na palagui ng̃iwasac niyá ang bacod ... ¡papuputucan co siyá cung magbalic!

—¡Iyá'y sacali't buháy pa cayó hanggáng bucas!—anáng cura na humihingãl at patungõ sa salas.

—¿Anó? ¿inaacala po ba ninyóng mapapatay acó niyáng taotaohang pipitong buwan pa lamang ng̃ipangãnac? ¡Lúlusayin co siyá sa isáng sicad lamang!

Umudlót si pari Salvi at hindi kinucusa'y itinungõ ang paning̃ín sa paá ng alférez.

—¿At sino po ba ang inyóng sinasabi?—ang itinanóng na nang̃ãng̃ãtal

—¿Sino ang sasabihin co cung di iyáng nápacahalíng, na hinamon acóng camí raw ay magpatayan sa pamamag-itan ng̃revolver, na ang layo'y sandaang hacbáng?

—¡Ah!—humingã ang cura, at saca idinugtóng:—Naparito acó't may sasabihin sa inyóng isáng bagay na totoóng madalian.

—¡Huwág na pó cayóng magsabi sa akin ng̃ganyáng mgã bagay! ¡Marahil iyá'y catulad ng̃sa dalawáng batà!

Cung di lamang naguíng lang̃ís ang pang-ilaw at hindi sana nápacarumí ang *globo*, nakita disín ng̃alférez ang pamumutlâ ng̃cura.

—¡Ang ating pag-uusapan ngãyó'y ang mahalagáng bagay na nauucol sa buhay ng̃calahatan!—ang mulíng sinabi ng̃cura ng̃marahan.

—¡Mahalagáng bagay!—ang inulit ng̃alférez na namutlà; ¿magalíng po bang magpatamà ang binatang iyán?...

—Hindi siyá ang aking sinasabi.

—Cung gayó'y ¿sino?

Itinurò ng̃cura ang pintô, na sinarhán ng̃alférez alinsunod sa canyáng kinaugalian, sa pamamag-itan ng̃isáng sicad. Ipinalálagay ng̃alférez na waláng cabuluhán ang mgã camay, at wala ngãng mawáwalâ sa canyáng anó man cung

maalis ang canyang dalawang camáy. Isáng tungãyaw at isáng atungãl ang siyáng naguíng casagutan buhat sa labás.

—¡Hayop! ¡biniyác mo ang aking noó!—ang isinigáw ng̃ asawa niyá.

—¡Ngãyó'y iluwal na pô ninyó!—ang sinabi sa cura ng̃ boong capanatagán ng̃ loob.

Tinitigan ng̃ cura ang alférez ng̃ malaon; pagcatapos ay tumanóng niyáng tinig na pahumál at nacayayamot na caugalian ng̃ nangãgsesermon:

—¿Nakita pô ba ninyó cung paano ang aking pagparito, patacbó?

—¡Redios! ¡ang boong isip co'y nagbubululós pô cayó!

—Cung gayó'y tingnán ninyó,—ang sinabi ng̃ cura na hindi pinansín ang cagaspangãn ng̃ asal ng̃ alférez;—pagca nagcuculang acó ng̃ ganyán sa aking catungculan, maniwala cayó't may mabibigát na mgã cadahilanan.

—¿At anó pa pô?—ang itinanóng ng̃ causap na itinátadyac ang paá sa tinútungtungãn.

—¡Huminahon cayó!

—Cung gayó'y ¿anó't cayó'y nagmámadali ng̃ mainam sa pagparito?

Lumapit sa canyá ang cura't tumanong ng̃ matalinghagà:

—¿Walà ... pô ... ba ... cayóng ... nababalitaang ... anó ... man?

Pinakibít ng̃ alférez ang canyáng mgã balicat.

—¿Pinagtitibay pô ba ninyóng wala cayóng natátalastas na anóng anó man?

—¿Ibig pô ba ninyóng ipaunawa sa akin ang nauucol cay Elías na cagabí'y itinagò ng̃ inyóng sacristan mayor?—ang itinanóng.

—Hindi, hindi co sinasabi ngãyón ang mgã cathacathàng iyan,—ang sagót ng̃ curang nagpakita na ng̃ pagcayamot;—ang ibig cong sabihin ngãyó'y ang isáng malakíng pangãnib.

—¡P ...! ¡cung gayó'y magsalitâ cayó ng̃ maliwanag!

—¡Abá!—ang madalang na sinabi ng̃ fraile na may anyóng pagpapawaláng halaga;—ngãyó'y muli pa ninyóng makikita ang cahalagahan naming mgã fraile; catimbáng ng̃ isáng regimiento ang catapustapusang uldóg; caya't ang cura'y ...

At ibinabâ ang tinig at sinabi ng̃ matalinghagang pananalitâ:

—¡Nacatuclas acó ng̃ isáng malaking acalang pangguguló!

Lumucsó ang alférez at tinititigan ang fraile sa malakíng gulat.

—Isáng cakilakilabot at mabuting pagcacahandang munacalang tacsíl na pangguguló, na sasambulat ngãyón ding gabí.

—¡Ngãyón ding gabi!—ang bigláng sinabi ng̃ alférez, na dinaluhong ang cura; at tinacbó ang canyáng revolver at sable na nacasabit sa pader.

—¿Sino ang aking daracpin?, ¿sino ang aking daracpin?—ang sigáw.

—¡Huminahon po cayó, may panahón pa, salamat sa aking pagdadalidaling guinawa; hanggáng sa á las ocho....

—¡Babarilín co siláng lahát!

—¡Makiníg po cayó! Lumapit sa akin ngãyóng hapon ang isáng babae, na hindi co dapat sabihin ang pangãlan (sa pagcá't isang lihim ng̃ confesió) at ipinahayag sa aking lahát. Sasalacayin nilá't cucunin ang cuartel, pagca á las ocho, na hindi magpapamalay, lolooban ang convento, dáracpin nilá ang falúa at pápatayin tayong lahát na mgã castila.

Tulíg na tulíg ang alférez.

—Waláng sinabi sa akin ang babae cung di itó lamang,—ang idinugtóng ng cura.

—¿Walâ ng̃ ibáng sinabi? ¡cung gayó'y daracpin co siyá!

—Hindi co mapababayaan: ang hucuman ng̃ pangũngũmpisal ay siyáng luclucan ng̃ Dios na mahahabaguin.

—¡Waláng Dios at waláng mahahabaguing macapagliligtas! ¡huhulihin co ang babaeng iyán!

—Sinisirà po ninyó ang inyóng isip. Ang marapat pô ninyóng gawin ay humandá; lihim ninyóng papagsandatahin ang inyóng mgã sundalo, at ilagáy ninyó silá sa magalíng na mapagbabacayan; padalhan pô ninyó acó ng̃ apat na guardia sa convento, at ipaunawâ ninyó ang mangyayari sa mgã taga falúa.

—¡Walâ rito ang falúa! Hihingĩ acó ng̃ saclolo sa ibáng mgã *sección!*

—Huwág, sa pagca't cung gayó'y caniláng maiino, at hindi nila ipatutuloy

ang caniláng bantâ. Ang lalong magalíng ay máhuli nating buháy silá at sacâ natin pasigawin, sa macatuwíd bagá'y cayó ang magpapasigaw sa canilá; hindi acó dapat makialám sa bagay na itó, sa pagcá't acó'y sacerdote. ¡Dilidilihin ninyó! sa mangyayaring itó'y macatutuclas cayó ng̃ mg̃ã *cruz* at mg̃ã *estrella;* ang tang̃ĩng hiníhingĩ co'y papagtibayin lamang na acó ang siyáng sa inyó'y nagsabi't ng̃macapaghandà.

—¡Papagtitibayin, padre, papagtitibayin, at hindi malayong sa inyó'y mapaputong ang isáng mitr!—ang sagót ng̃ alférez na nagágalac, at tinitingnan ang mg̃ã mangás ng̃ canyáng suut na damít.

—Ipaasahan cong magpápadala cayó sa akin ng̃ apat na guardia na ibá ang pananamit, ¿eh?

Samantalang nangyayari ang mg̃ã bagay na itó'y nagtátatacbo ang isáng tao sa daang patung̃õ sa bahay ni Crisóstomo at dalidaling pumapanhic sa hagdanan.

—¿Nariyan ba ang guinoo?—ang tanóng ng̃ tinig ni Elías sa alilà.

—Na sa canyáng gabinete at may guinagawâ.

Sa nais ni Ibarrang malibáng ang canyáng pagcainíp sa paghihintay ng̃ oras na macapagpapaliwanagan cay María Clara'y gumagawa sa canyáng laboratorio.

—¡Ah! cayó pô palá, ¿Elías?—ang bigláng sinabi;—cayó ang sumasaaking isip, nalimutan co cahapong itanóng sa inyó ang pang̃ãlan niyóng castilàng may bahay na kinatitirahan ng̃ inyóng nunòng lalaki.

—Hindi pô nauucol sa akin, guinoo....

—Pagmasdán po ninyó,—ang ipinagpatuloy ni Ibarra, na hindi nahihiwatigan ang pagcabalisa ng̃ binata, at inilapit sa ning̃ãs ang isáng caputol na cawayan; nacatuclas acó ng̃ isáng dakilang bagay; hindi nasusunog ang cawayang itó.

—Hindi pô ang cawayan ang dapat nating ling̃ũnín ng̃ãyón; ang dapat ninyóng gawín ng̃ãyó'y iligpit ang inyóng mg̃ã papel at cayó'y tumacas sa loob ng̃ isáng minuto.

Pinagmasdán ni Ibarra si Elías na nagtatacá, at ng̃ makita sa canyáng pagmumukhâ ang anyóng hindi nag aaglahî, canyáng nábitiwan ang bagay na hawac.

—Sunuguin pô ninyó ang lahát na macapapahamac sa inyó at sa loob ng

isang oras ay lumagáy cayó sa isáng lugar na lalong panatag.

—At ¿bakit?

—Inyó pong sunuguin ang lahat ng̃papel na inyóng sinulat ó ang isinulat sa inyó; ang lalong waláng cahuluga'y caniláng masasapantahang masamâ ...

—Ng̃uni't ¿bakit?

—¿Bakit? sa pagcá't bago cong natuclasan ang isáng munacalang pangguguló na cayó ang ipinalálagay na may cagagawán at ng̃cayó'y ipahamac.

—¿Isáng munacalang pangguguló? at ¿sino ang may cagagawán?

—Hindi co nangyaring nasiyasat cung sino ang may cagagawán; bagong capakikipagsalitaan co lamang sa isá sa mg̃a culang palad na sa bagay na iyá'y pinagbayaran, na hindi co nangyaring naakit na huwag gumawa ng̃gayón.

—At iyán, ¿hindi pô ba sinabi sa inyó cung sino ang sa canyá'y nagbayad?

—Sinabi pô, at pinapang̃aco acóng aking pacaing̃atan ang lihim, sinabi sa aking cayó raw pô.

—¡Dios co!—ang biglang sinabi ni Ibarra, at siyá'y nagulomihanan.

—¡Guinoo, huwág pô cayóng mag-alinlang̃an, huwag nating sayang̃in ang panahón, pagcá't marahil matuloy ng̃ayóng gabí rin ang munacalang pangguguló!

Tila mandin hindi siyá nariring̃ig ni Ibarrang nacadilat ng̃mainam at naca capit sa ulo ang mg̃a camáy.

—Hindi mangyayaring mapahinto ang caniláng gagawin,—ang ipinagpatuloy. ni Elías,—wala ng̃magagawa ng̃acó'y dumatíng, hindi co kilalá ang canilang mg̃a pinuno ... ¡lumigtás po cayó, guinoo, magpacabuhay cayó, sa icagagaling ng̃inyóng bayan!

—¿Saán acó tatacas? ¡Hiníhintay aco ng̃ayóng gabi!—ang bigláng sinabi ni Ibarra na si María Clara ang iniisip.

—¡Sa alin mang bayan, sa Maynila, sa bahay ng̃sino mang punong may capangyarihan, ng̃uni't sa ibáng lugar, ng̃ hindi nilá masabing cayó ang namumunò sa pangguguló!

—¿At cung acó rin ang magcanulo ng̃munacalang pangguguló?

—¡Cayó ang magcacanulo?—ang bigláng sinabi ni Elías, na siyá'y tinititigan at nilalayuan ng̃ pauróng; malalagay po cayóng tacsíl at duwag sa mg̃a matá ng̃ mg̃a mangguguló, at mahinà ang loob sa mg̃a matá ng̃ mg̃a ibá; wiwicaíng inumang̃an ninyó silá ng̃ isáng silo at ng̃ cayó'y magtamo ng carapatán, mawiwicang ...

—Datapuwa't ¿anó ang dapat cong gawín?

—Sinabi co na sa inyó: pugnawín ang lahát ninyóng mg̃a papel na nauucol sa inyóng buhay, at tumacas at maghintáy ng̃ mg̃a mangyayari....

—¿At si María Clara?—ang sigáw ng̃ binatà;—¡hindi, mamatáy na muna acó!

Pinilípit ni Elías ang sariling camáy at nagsabi:

—¡Cung gayó'y inyóng ilagan man lamang ang dagoc, maghandâ cayó sa pananagót cung cayó'y isumbóng na nilá!!!

Lumingãp sa paliguid niyá si Ibarrang ang anyó'y natútulig.

—Cung gayó'y tulung̃an pô ninyó aco; diyán sa mg̃a carpetang iyá'y may mg̃a sulat acó ng̃ aking familia; piliin ninyó ang sa aking amá na siyáng macapapahamac sa akin marahil. Basahin po ninyó ang mg̃a firma.

At ang binata'y tulíg, hibáng, ay binubucsá't sinasarhan ang mg̃a cajón, nagliligpit ng̃ mg̃a papel, dalidaling binabasa ang mg̃a sulat, pinupunit ang mg̃a ibá, ang mg̃a ibá namá'y itinatagò, dumárampot ng̃ mg̃a aclát, binubucsan ang mg̃a dahon at ibá pa. Gayón din ang guinágawâ ni Elías, bagá man hindi totoóng natútulig, ng̃uni't gayón din ang pagdadalidali; datapuwa't humintô, nangdilat, pinapagbiling-bilíng ang papel na hawac at tumanóng na nang̃ang̃atal ang tinig:

—¿Nakikilala pô ba ng̃ inyóng familia si don Pedro Eibarramendia?

—¡Mangyari pa bagá!—ang isinagót ni Ibarra, na nagbúbucas ng̃ isáng cajón at kinucuha roon ang isáng buntóng mg̃a papel; ¡siyá ang aking nunò sa tuhod!

—¿Inyó po bang nunò sa tuhod si don Pedro Eibarramendia?—ang mulíng itinanóng ni Elías, na namúmutla't siráng sirâ ang mukhâ.

—Opô,—ang isinagót ni Ibarra, na nalílibang; pinaiclî namin ang apellido sa pagcá't napacahabà.

—¿Siyá pô ba'y vascongado?—ang inulit ni Elías at lumapit sa canya.

—Vascongado, ngũni't ¿ano po ang nangyayari sa inyó?—ang itinanóng na nangguíguilalas.

Itinicom ni Elías ang canyang mgã daliri, idiniin sa canyáng noó at tinitigan si Crisóstomo, na umudlót ng̃canyáng mabasa ang anyó ng̃mukhâ ni Elías.

—¡Nalalaman pô ba ninyó cung sino si don Pedro Eibarramendia?—ang itinanong na nangguiguitil.—¡Si don Pedro Eibarramendia'y yaóng imbíng nagparatang sa aking nunòng lalaki at may cagagawan ng̃lahát ng̃mgã sacunáng nangyari sa amin!

Tiningnán siyá ni Crisóstomong nanglúlumo, datapuwa't ipinagpag ni Elías ang canyáng bisig, at sinabi sa canyá ng̃ isáng mapait na tinig na doo'y umaatungãl ang nagbabagang galit.

—¡Masdán ninyó acóng magaling, masdan ninyó acó cung acó'y naghirap, at cayó'y buháy, sumisinta cayo, cayó'y may cayamanan, bahay, kinaalang-alangãnan! ¡nabubuhay cayó!... ¡cayó'y nabubuhay!

At hibáng na tinungõ ang ilang mgã sandatang típon, ngũni't bahagyâ pa lamang nacahugot ng̃ dalawáng sundang ay cusang binitiwan, at tiningnang wari'y sirâ ang isip si Ibarra, na nananatiling hindi cumikilos.

—¡Aba!—¿anó ang aking gagawin?—ang ibinulóng, at saca tumacas at iniwan ang bahay na iyón.

Decorative motif

# LV.

## ANG CAPAHAMACAN.

Nangãghahapunan doon sa comedor (cacanán) ni Capitan Tiago, si Linares at si tía Isabel; naríngĩg mulá sa salas ang calampagan ng̃ mgã pinggán at ng mgã cubierto. Sinabi ni María Clarang aayaw na siyáng cumain, at naupô sa piano na ang casama'y ang masayáng si Sinang, na bumúbulong sa canyáng mgã taingã ng̃ mgã talinghagang salitâ, samantalang balisáng nagpaparoo't parito sa salas si pari Salvi.

Hindi sa dahiláng hindi nagdáramdam ng̃ gutom ang bagong galing sa sakit, hindî; cayâ gayó'y hinihintay ang pagdating ng̃ isang tao, at sinamantala ang sandaling hindi niyá macacaharap ang canyáng Argos (sa macatuwid baga'y ang hindi naglílicat ng̃ pagbabantay sa canyá saán man): ang oras ng̃ paghahapunan ni Linares.

—Makikita mo cung hindi matitira ang fantasmang iyán hanggáng sa á las ocho,—ang ibinulóng ni Sinang, na itinuturo ang cura; dapat *siyáng* pumarito pagca á las ocho. Gaya rin siyá ni Linares na umiibig.

Pinagmasdán ni María Clara ng̃ boong panghihilacbót ang canyáng catotong babae. Hindi nápagmasdan nitó ang gayóng bagay, caya't nagpatuloy ang catacottacot na masalingãtà:

—¡Ah! nalalaman co na cung bakit aayaw umalis cahi't pagpasaringãn co: ¡aayaw magcagugol sa pag-iilaw ng̃ convento! ¿nalaman mo na? Mulâ ng magcasakít icaw, mulíng pinatáy ang dalawáng lámparang dating pinasísindihán ... Datapuwa't ¡tingnán mo cung anó ang guinagawang anyó sa mgã matá, at cung paano ang pagmumukhà!

Tinugtóg ng̃ sandalíng iyón ng̃ relós sa bahay ang á las ocho. Nangãtal ang cura at naupô sa isáng suloc.

—¡Darating na!—ani Sinang at kinurót si María Clara;—¿náriringĩg mo ba?

Tumugtóg ang campanà sa simbahan ng̃ á las ocho at tumindig ang lahát

upáng mangãgdasál; namunò si pari Salvi ng̃ mahina't nangãngãtal na tinig; datapuwa't palibhasa'y may canícanyang iniisip ang bawa't isá, sino ma'y waláng pumansín ng̃ bagay na iyón.

Bahagyá pa lamang natatapos ang dasál ay dumatíng si Ibarra. May tagláy na luksâ ang binatà, hindi lamang sa pananamít, cung di naman sa mukhá, caya pagcakita sa canyá ni María Clara'y tumindig at humacbáng ng̃ isá upáng siyá'y tanungĩn cung napapaano, ngũni't sa sandali ring iyó'y naringĩg ang isáng pútucan ng̃ mgã baríl. Tumiguil si Ibarra, umiinog ang canyáng mgã matá, siyá'y naumíd. Nagtagò sa licód ng̃ isáng haligui ang cura. Bago na namáng mgã putucan, bagong mgã ugong ang náriringĩg sa dacong convento, na sinusundan ng̃ mgã hiyawan at tacbuhan. Nangãgsipasoc ng̃ panacbó si capitan Tiago, si tía Isabel at si Linares at nangãgsisigawan ng̃ *¡tulisán! ¡tulisán!* Casunod nilá si Andeng na iniwawasiwas ang isáng duruan at tumacbó't naparoon sa tabí ng canyáng capatíd sa suso.

Nanicluhód si tía Isabel at umiiyac at dinárasal ang *kyrie eleyson;* dalá ni capitán Tiagong namúmutlá't nangãngãtal sa isáng tenedor ang atáy ng̃ isáng inahíng manóc at inihahaying tumatangĩs sa Virgen sa Antipolo; punongpunô ang bibig ni Linares at nacasandata ng̃ isáng cuchara; nangãgyacap si Sinang at si María Clara; ang tangĩng hindi nananatili sa hindi pagkilos ay si Crisóstomo, na hindi maisaysáy ang canyáng pamumutlá.

Nagpapatuloy ang sigawá't ang mgã hampasan, nangãgsásara ng̃ mgã bintanà ng̃ boong ingãy, nariringĩg ang tunóg ng̃ mgã pito, manacanaca'y isáng putóc ng̃ baríl.

—*¡Christe eleyson!* Santiago, ¡nagáganap na ang hulà ... sarhán mo ang mgã bintana!—ang hibíc ni tía Isabel.

—¡Limampóng bombang malalakí at dalawáng misa de gracia!—ang tugón namán ni capitán Tiago;—*¡Ora pro nobis!*

Untiunting nananag-uli ang cakilakilabot na catahimican ... Náringĩg ang tinig ng̃ alférez na sumísigaw at tumatacbo:

—¡Padre cura! ¡Padre Salvi! ¡Hali cayó!

—*¡Miserere!* ¡Humihingĩ ng̃ confesión ang alférez!—ang sigáw ni tía Isabel.

—¿May sugat ba ang alférez?—ang sa cawacasa'y itinanóng ni Linares; ¡ah!

At ngãyó'y canyáng nahiwatigang hindi pa palá nangũngũyá ang na sa canyáng bibig.

—¡Padre cura, halí cayó! ¡Walâ nang sucat icatacot!—ang ipinatuloy na sigáw ng̃ alférez.

Sa cawacasa'y minagalíng ni fray Salving namúmutlâ, na lumabás sa canyáng pinagtataguan at manaog sa hagdanan.

—¡Pinatáy ng̃ mgã tulisán ang alférez! ¡María, Sinang, pasá cuarto cayó, trangcahán ninyóng magalíng ang pintô! *¡Kyrie eleyson!*

Napasa hagdanan namán si Ibarra, bagá man sinasabi sa canyá ni tía Isabel:

—¡Huwág cang lumabás at hindi ca nacapangũngũmpisal, huwág cang lumabás!

Ang mabait na matandang babaeng itó'y caibigang matalic ng̃ una ng̃ canyáng iná.

Datapuwa't nilisan ni Ibarra ang bahay; sa pakiramdám niyá'y umiinog na lahát sa canyáng paliguid, na nawáwalâ ang canyáng tinutungtungãn. Humahaguing ang canyáng taingã, bumibigát ang canyáng mgã bintî at cacaibá cung ilacad; naghahalihaliling nagdaraan sa canyang paningĩn ang mgã alon ng̃ dugô, liwanag at carilimán.

Bagá man totoóng maliwanag ang sicat ng̃ buwán sa langĩt, natitisod ang binatà sa mgã bató't mgã cahoy na na sa daang mapanglaw at waláng cataotao.

Sa malapit sa cuartel ay nacakita siyá ng̃ mgã sundalong nacalagáy sa dulo ng̃ fusil ang bayoneta, na nangãgsasalitaan ng̃ masimbuyó, caya't nacaraan siyá na hindi napansín.

Nariringĩg sa tribunal ang mgã dagoc, mgã sigáw, mgã daíng, mgã tungãyaw; nangĩngĩbabaw at nagtatagumpay sa lahát ang tinig ng̃ alférez.

—¡Sa pangãw! ¡Lagyán ng̃ *esposas* ang mgã camay! ¡Dalawáng putóc agád sa cumilos! ¡Sargento, magtatág cayó ng̃ bantáy! ¡Waláng magpapasial ngãyón, cahi't Dios! ¡Huwág cayóng matutulog, capitán!

Nagtumulin ng̃ pagpatungõ sa canyáng bahay si Ibarra; hinihintay siyá ng̃ canyáng mgã alila na malakí ang balisa.

—¡Siyahan ninyó ang lalong pinacamagalíng na cabayo at cayó'y matulog! —ang sa canilá'y sinabi.

Pumasoc sa canyáng gabinete, at nag-acalang magdalidaling ihandá ang isáng maleta. Binucsán ang isáng cajang bacal, kinuha ang canyáng mgã hiyas, kinuha ang lahát ng̃ salaping doroon at ípinasoc sa isáng supot. Kinuha ang canyáng mgã hiyas, kinuha sa pagcasabit ang isáng larawan ni María Clara, at pagcatapos na macapagsandata ng̃ isáng sundang at dalawáng revolver ay tinungõ ang isáng armario na kinálalagyan ng̃ canyáng mgã casangcapan.

Nang sandaling iyó'y tatlóng calabóg na malalacás ang tumunóg sa pintô.

—¿Sino iyán?—ang itinanóng ni Ibarra ng̃ tinig na malungcót.

—¡Bucsán ninyó sa ngãlan ng̃ harì, bucsan ninyò agád ó iguiguibà namin ang pintô!—ang sagót sa wicàng castilà ng̃ isáng tinig na mahigpit ang pag-uutos.

Tumingĩn sa bintana si Ibarra; nagningning ang canyáng mgã matá at ikinasá ang canyáng revolver; datapuwa't nagbagong isipan, binitiwan ang mgã sandata at siyá rin ang nagbucás ng̃ nangãgdaratingãn na ang mgã utusán.

Pagdaca'y hinuli siyá ng̃ tatlóng guardia.

—¡Parakip po cayó sa ngãlan ng̃ Hari!—anáng sargento.

—¿Bakit?

—Doon na sasabihin sa inyó, bawal sa amin ang sabihin.

Nagdilidiling sandali ang binatà, at sa pagcá't aayaw siyá marahil na makita ang canyáng mgã paghahandâ sa pagtacas, dinampót ang sombrero't nagsalitâ:

—¡Sumasailalim po acó ng̃ inyóng capangyarihan! Inaacala cong sa sandalíng oras lamang.

—Cung nangãngãco cayóng hindi tatacas, hindi po namin cayó gagapusin; ipinagcacaloob po sa inyó ng̃ alférez ang biyayang itó; ngũni't cung cayó'y tumacas....

Sumama si Ibarra, at iniwan ang canyáng mgã alilang nangãlálaguim.

Samatala'y ¿anó na ang nangyari cay Elías?

Nang canyáng lisanin ang bahay ni Crisóstomo, warì'y sirá ang isip na tumátacbong hindi nalalaman ang pinatungũhan. Tinahac ang mgã capatagan, dumating sa isáng gubat na totoong malakí ang pagcaguiyaguis; tinatacasan ang cabayanan, tinatacasan ang liwanag, nacaliligalig sa canya ang buwan, pumasoc

siyá sa talinghagáng lilim ng̃ mgã cahoy. Nang naroroon na'y cung minsa'y tumitiguil, cung minsa'y lumalacad sa mgã di kilalang landás, cumacapit sa punò ng̃malalaking cahoy, nababayakid sa mgã dawag, tumátanaw sa dacong bayan, na sa dacong paanan niyá'y naliligo sa liwanag ng̃ buwan, nacalatag sa capatagan, nacahilig sa mgã pampangĩn ng̃ dagat. Nangãgliliparan ang mgã ibong nangãpupucaw sa caniláng pagtulog; nangãgpapalipatlipat sa sa isá't isáng sangã, nangãghuhunihan ng̃matataos na tinig at tinititigan siyá ng̃mabibilog na mgã matá ng̃nangãglalakihang mgã panikî, mgã kuwago at mgã sábucot. Hindi silá tinitingnan at hindi man lamang silá náriringĩg ni Elias. Ang acalà niyá siyá'y sinúsundan ng̃ mgã napupuot na anino ng̃ canyáng mgã magulang na nangãmatay na; nakikita sa bawa't sangã ang calaguímlaguím na buslóng kinálalagyan ng̃naliligò ng̃dugóng ulo ni Bálat, ayon sa pagcasabi sa canyá ng̃ canyáng amá; warì natatalisod niyá mandín sa punò ng̃ bawa't cahoy ang matandáng babaeng patáy; tila mandin nakikinikinita niyá sa dilim na papawidpawid ang bungõ̂ at mgã butó ng̃nunò niyáng lalaking imbi ... at ang mgã butóng itó ng̃matandáng babae at saca ang ulong iyó'y sinisigawan siyá: ¡duwág!, ¡duwág!

Linisan ni Elías ang bundóc, tumacas at lumusong sa dacong dagat, sa pasigang nilacad niyá ng̃boong balisa; ngũni't doon sa malayò, sa guitná ng̃ tubig, doon sa ipinaiilanglang mandin ng̃liwanag ng̃buwan ang isáng ulap, anaki'y nakita niyáng napaimbulog at pumapawidpawid ang isáng anino, ang anino ng̃canyàng capatíd na babaeng basá ng̃dugô ang dibdib, lugáy ang buhók at inilílipad ng̃hangĩn.

Nanicluhód sa buhangĩn si Elías.

—¡Patí ba namán icaw!—ang ibinulóng na iniunat ang mgã bisig.

Datapuwâ, nacatitig sa ulap ay dahandahang tumindíg, sumulong at tumubóg sa tubig, na wari mandin siyá'y may sinúsundan. Lumalacad siyá sa malaláy na palusóng na iyóng gawá ng̃ wawà; malayò na siyá sa tabi, dumarating na sa canyáng bayawáng ang tubig ay siyá'y sumusulong din, sumusulong na tila niwawaláng diwà ng̃ isáng mapanhalinang espiritu. Dumárating na sa canyáng dibdib ang tubig ...; ngũni't umalingãwngãw ang putucan ng̃mgã baril, nawalá ang aninong malicmatà at ang binatà'y nataohan. Salamat sa catahimican ng̃gabí at sa lalong malakíng capaikpicán ng̃mahinhing hangĩn ay dumarating na magaling at malinaw na malinaw hanggáng sa canyá ang ugong ng̃mgã putucan. Humintô siyá, nagdilidili, nahiwatigan niyáng siyá palá'y sumasatubig; payapà ang dagatan at natatanaw pa niyá ang mgã ilaw sa dampâ ng̃mgã mangĩngĩsdâ.

Nagbalic siyá sa pampáng at napatungõ sa bayan, ¿anó ang dahil? Siyá ma'y hindi niyá nalalaman.

Tila mandin walang tao ang bayan; saráng lahát ang mgã bahay, sampóng mgã hayop, ang mgã ásong caraniwang tumatahol cung gabí, pawang nangãgtagò sa tacot. Nacararagdag ng̃ lungcot at pag-iisá ang anyóng pilac na liwanag ng̃ buwan.

Sa pangãngãnib niyáng bacâ canyáng macasalubong ang mgã guardia civil, siya'y nagpasuotsuot sa mgã halamanan at mgã pananím, at anaki'y canyáng naaninagnagan ang dalawáng may anyóng tao; datapuwa't canyáng ipinatuloy ang lacad, at, pagcalucsó niyá sa mgã bacod at sa mgã pader, dumating siyáng pagál na pagál sa hirap na canyáng mgã pinagdaanan, sa isáng dulo ng̃ bayan, at tinungõ niyá ang bahay ni Crisóstomo. Na sa pintuan ang mgã alila't caniláng pinag-uusapan at caniláng dináramdam ang pagcacapiit sa caniláng pangĩnoon.

Nang matantô na ni Elías ang nangyari siyá'y lumayô, lumiguíd siyá sa bahay, nilucsó ang pader na bacod, inakyat ang bintanà at pumasoc sa gabinete, at nakita niyáng nagniningãs pa ang iniwang candila ni Ibarra.

Nakita ni Elías ang mgã papel at ang mgã libró at ang mgã suputang kinasisidlan ng̃ salapî at mgã hiyas. Pinag ugnáy-ugnáy sa canyáng dilidili ang doo'y nangyari, at ng̃ mapagmasdan niyá ang gayóng caraming mgã papel na macapapahamac, inacala niyáng iligpít, ihaguís sa bintanà at ibaón.

Sumungãw siyá sa halamanan, at sa liwanag ng̃ buwá'y canyáng natanawan ang dalawáng guardia civil, na may casamang isáng «auxiliante» (isáng utusán bagá ng̃ justicia): nagkikintaban ang mgã bayoneta at ang mgã capacete.

Nang magcagayo'y minagalíng niyáng gawín agad ang isáng munacalà: ibinuntón sa guitnâ ng̃ gabinete ang mgã damít at ang mgã papel, ibinuhos sa ibabaw ang isáng lámpara ng̃ petróleo at sacâ sinindihán. Ibinigkís na nagdudumalî sa bayawáng ang mgã sandata, nakita ang larawan ni María Clara, nag-alinlangãn ... itinagò sa isá sa mgã suputan, dinalá ang mgã suputang itó at tumalón sa bintanà.

Panahón na ngã; iguiníguibâ na ng̃ mgã guardia civil ang pintuan.

—¡Pabayaan ninyó camíng pumanhic upáng aming cunin ang mgã papel ng̃ inyóng pangĩnoon!—anáng directorcillo.

—¿May dalá ba cayóng pahintulot? Cung wala'y hindi cayó macapapanhic, —ang sabi ng̃ isáng matandáng lalaki.

Ngũni't pinatabi siyá ng̃ mgã guardia civil sa cacuculata, pumanhíc silá sa hagdán ...; datapuwa't isáng macapal na asó ang siyáng pumúpunô sa bahay, at pagcálalaking mgã dilà ng̃ apóy ang siyáng nangãgsilabás sa salas at dinidilàan ang mgã pintó't bintanà.

—¡Sunog! ¡Sunog! ¡Apóy!—ang ipinagsigawan ng̃ lahát.

Humandulong ang lahát upáng mailigtás ng̃ bawa't isá ang macacaya, ngũni't dumating ang apóy sa maliit na laboratorio at pumutóc ang mgã naroroong bagay na madadalíng mag-alab. Napilitang umurong ang mgã guardia civil, hinaharangãn silá ng̃ sunog, na umuungãl at niwáwalis ang bawa't maraanan. Nawaláng cabuluháng cumuha ng̃ tubig sa balón; sumísigaw ang lahát, ang lahát ay nagpapaguibíc, datapuwa't silá'y nálalayô sa lahát. Narating na ng̃ apóy ang mgã ibáng cabahayán at napaiilanglang sa langĩt, casabay ang pagpaimbulóg ng̃ malalakíng nagpapainog-inog na asó. Nalilipos na ng̃ apóy ang boong bahay, lumálacás ang hangĩng nasasalab; mulâ sa malayo'y nangãgsisirating ang iláng mgã tagá bukid, nguni't dumárating silá roo't upáng mapanood lamang nilá ang cagulatgulat na sigâ, ang wacás ng̃ matandáng bahay, na pinagpitagang mahabang panahón ng̃ apóy, tubig at hangĩn.

Decorative motif

# LVI.

## ANG SABIHANAN AT ANG INAACALA.

Sa cawacasa'y pinapag-umaga rin ng̃ Dios sa bayang tiguíb ng̃ pagcagulantang.

Walâ pang lumalacad na mg̃a tao sa mg̃a daang kinálalagyan ng̃ cuartel at ng̃ «tribunal»; hindi nagpapakilala ang mg̃a bahay na may mg̃a tumatao, gayón may maing̃ay na binucsán ang dahong cahoy ng̃ isáng bintanà at sumung̃aw ang ulo ng̃ isáng musmós, na nagpapaínog-inog sa magcabicabila ... *¡plas!* nagpapaunawà ang lagapác na iyón ng̃ bigláng pagdapò ng̃ isáng balát na tuyô sa sariwang balát ng̃ tao; ng̃umiwî ang bibíg ng̃ batáng lalaki, pumikit, nawalâ at mulíng sinarhán ang bintanà.

Nacapagbigáy halimbawà na; may nacáring̃ig marahil ng̃ pagbubucás at pagsasaráng iyón, sa pagcá't marahang binucsán ang sa ibáng bintanà at maing̃at na sumung̃aw ang ulo ng̃ isáng matandáng babae, culubót at walâ ng̃ ng̃ipin: siyá ng̃â ang si hermana Puté na nag-ing̃ay ng̃ di sapalà samantalang nagsésermon si parì Dámaso. Ang mg̃a musmós at ang mg̃a matatandáng babae ang siyáng tunay na larawan ng̃ pagcamalabis na pagmimithíng macaalam ng̃ mg̃a nangyayari sa ibabaw ng̃ lupà; ang mg̃a batà'y sa malakíng pagnanais na macaalam, at ang mg̃a matatandáng babae'y sa paghahang̃ád na mag-alaala sa mg̃a nacaraang panahón.

Marahil waláng macapang̃ábás na bumigáy ng̃ palò ng̃ isáng sinelas, sa pagca't nananatili, tumátanaw sa malayong pinapang̃ung̃unot ang mg̃a kilay, nagmumog, lumurâ ng̃ malacás at nagcruz pagcatapos. Binucsán ding may tacot ang isáng maliit na bintanà ng̃ bahay na catapát, at doo'y sumung̃aw namán si hermana Rufa, ang aayaw magdayà't aayaw namáng siyá'y dayâin. Nagting̃inang saglít, ang dalawá, nagng̃itìan, naghudyatan at mulíng nang̃ágcruz.

—¡Jesús! nacacawang̃is ng̃ isáng misa de gracia, ng̃ isáng castillo!—aní hermana Rufa.

—Mula ng̃ looban ang bayan ni Bálat ay hindi pa acó nacacakita ng̃ isáng gabing catulad ng̃ sa cagabí,—ang isinagót ni hermana Puté.

—¿Gaano caraming putóc!—ang sabihanan ay ang pulutóng daw ni

matandáng Pablo.

—¿Mgã tulisan? ¡hindi mangyayari! Ang sabihana'y mgã cuadrillero raw na nacalaban ng̃ mgã guardia civil. Cayâ napipiit si don Filipo.

—¡Sanctus Deus! may mgã labing apat daw ang cauntian ng̃ mgã patáy.

Untiunting pinagbubucsán ang ibáng mgã bintanà at nangãgsidungãw ang ibá't ibáng mgã mukhà, nangãgbatîan at caniláng pinag-usapan ang mgã nangyayari.

Sa sicat ng̃ araw, na ang anyó'y niningning na magalíng, natatanawan ng̃ may calabuan sa malayo ang pagpaparoo't parito ng̃ mgã sundalo, na tulad sa nag-áabo-abóng mgã anino.

—¡Naroon ang isá pang patáy!—anáng isá buhat sa isáng bintanà.

—¿Isá? dalawá ang nakikita co.

—At acó'y ..., ngũni't sa cawacasan, ¿anó, hindi ninyó nalalaman cung anó ang nangyari?—ang tanóng ng̃ isáng lalaking may pagmumukhâng palabirô.

—¡Ahá! ang mgã cuadrillero.

—¡Hindi pô; iyá'y isáng pag-aalsá sa cuartel!

—¿Anó bang pag-aalsá? ¡Ang cura't ang alférez ang nangãglabanán!

—Alin man diyá'y hindi totoó—ang sabi ng̃ nagtanóng;—iyá'y ang mgã insíc na nagsipag-alsá.

At mulíng sinarhán ang canyáng bintanà.

—¡Ang mgã insíc!—ang inulit ng̃ lahát ng̃ malakíng pagtatacá.

—¡Cayâ palá walâ isá mang nakikita sa canilá!

—Nangãmatáy na lahát, marahil.

—Inaacala co na ngãng may masamâ siláng gágawing anó man. Cahapon ...

—Iyá'y nakikinikinita co na, cagabí....

—¡Sayang!—aní hermana Rufa; na mamatáy siláng lahát ngãyón pa namáng malapit na ang pascó, na capanahunan ng̃ caniláng pagreregalo ... Maanong hinintáy man lamang nilá ang bagong taón....

Sumásaya ng̃ untiuntì ang mgã daan: ang mgã áso, mgã manóc, mgã baboy

at mgã calapati ang nangẽunang nag-acalang mangãgsigalà, sumunod ang iláng marurungĩs na mgã batang capit-capit at nangãgsisilapit sa cuartel na may tagláy na tacot; pagcatapos ay iláng matatandáng babae, na nacasalumbabà ng̃ panyô, may tangãng malalaking cuintas, at cunuwa'y nangãgdarasal upang silá'y paraanin ng̃ mgã sundalo. Nang mapagkilalang macalalacad na hindi tátanggap ng̃ isáng putóc ng̃ baril, ng̃ magcágayo'y nagpasimulâ ng̃ paglabás ang mgã lalaki, na nangãgwáwalang anó man cunwari; ng̃ pasimula'y pinapagcacasiya nilá ang caniláng paglalacadlacad sa tapat ng̃ caniláng bahay, na caniláng hináhagpos ang manóc; ng̃ malao'y tinicmán niláng pahabahahabain ang caniláng naaabot, na manacánacá siláng tumitiguil, at sa kinágagayo'y nacarating silá hanggáng sa haráp ng̃ «tribunal».

Nacahambál ng̃ mainam ang pagdating ng̃ dalawáng cuadrillero, na may daláng isáng angarilla na kinalululanan ng̃ isáng may anyóng tao, at isáng guardia civil ang siyáng sa canilá'y sumúsunod. Napagtalastás na silá'y galing sa convento; sa anyó ng̃ mgã paang nangãcalawít ay pinagbalacbalac ng̃ isá cung sino caya iyon; sa daco roo'y may nagsabing iyón ngã̂; sa lalong daco roo'y ang patáy ay dumami at nangyari ang talinghagà ng̃ Santísima Trinidad; pagcatapos ay mulíng nasnaw ang himalâ ng̃ mgã tinapay at ng̃ mgã isdâ, at naguíng tatlompó't waló na.

Nang may á las siete y media, ng̃ dumating ang ibáng mgã guardia civil, na galing sa mgã caratig na bayan, ang balitang cumacalat ay maliwanag na't nasasabi ang mgã nangyari.

—Cagagaling co pa sa tribunal, na kinakitaan cong nangãpipiit si don Filipo at si don Crisóstomo,—ang sabi ng̃ isáng lalaki cay hermana Putê; kinausap co ang isá sa mgã nagbabantay na cuadrillero. Ang nangyari'y isinaysáy na lahát cagabí ni Bruno, na anác niyóng namatáy sa cápapalò. Talastás na po ninyóng ipacácasal ni capitang Tiago ang canyáng anác na babae sa binatang castilà; sa sakit ng̃ loob ni don Crisóstomo'y nag-acalang manghigantí at binantá niyáng patayín ang lahát ng̃ mgã castilà, patí ang cura; linusob nilá cagabí ang cuartel at ang convento, at sa cagalingãng palad, at sa awà ng̃ Dios, ay na sa sa bahay ni capitang Tiago ang cura. Nangãcatacas daw ang marami. Sinunog ng̃ mgã guardia civil ang bahay ni don Crisóstomo, at cung hindî sana siyá nahuli na muna, siyá ma'y sinunog din.

—¿Sinunog nilá ang canyáng bahay?

—Nangãbibilanggô ang lahát ng̃ mgã alilà. ¡Pagmasdan ninyó't hanggáng dito'y natatanawan pa ang asó!—anáng nagbabalità;—sinasabi ng̃ mgã

nanggagaling doon ang mg̃a bagay na totoong cahapishapis.

Minasdán ng̃lahát ang lugar na itinurò: isáng manipís na asó ang marahang napaiimbulog pa sa lang̃ĩt. Nang̃ã̃glilininglining ang lahát sa nangyaring iyón, na may nahahabag at may sumisisi namán.

—¡Cahabaghabag na binatà!—ang mariing sinabi ng̃ isáng matandáng lalaking asawa ni hermana Putê.

—¡Siyá ng̃ã!—ang isinagót sa canyá ng̃ canyáng asawa;—ng̃ũni't alalahanin mong cahapo'y hindi nagpamisa ng̃patungcól sa cáluluwa ng̃canyáng amá, na waláng salang siyáng lalong nagcacailang̃ãn ng̃higuí't cay sa ibá.

—Ng̃ũni't babae, ¿walâ cang caawaawà?...

—¿Awà sa mg̃ã excomulgado? Isáng casalanan ang maawà sa mg̃ã caaway ng̃Dios,—ang sabi ng̃mg̃ã cura. ¿Natatandaan ba ninyó? ¡Siyá'y naglálacad sa Campo Santo na parang yaó'y isáng culung̃ãn lamang ng̃mg̃ã hayop!

—¿Hindi bagá nagcacawang̃ĩs ang culung̃ãn ng̃mg̃ã hayop at ang Campo Santo?—ang isinagót ng̃matandáng lalaki;—ang pinagcacáibhan lamang ay ang tang̃ĩng pumapasoc sa Campo Santo'y yaóng mg̃ã hayop na nauucol sa isáng pulutóng....

—¿Siyá ca na ng̃ã!—ang isinigáw sa canyá ni hermana Putê;—ipagsásanggalang mo pa ang taong nakikita nating maliwanag na maliwanag na pinarurusahan ng̃Dios. Makikita mo't icáw namá'y huhulihin din. ¡Umalalay ca sa isáng bahay na nalulugsó!

Hindi na umimic ang lalaki sa gayóng pang̃ãng̃ãtuwiran.

—¡Halá!—ang ipinagpatuloy ng̃matandáng babae; pagcatapos na masuntóc niyá si parì Dámaso'y walá na ng̃ã siyáng nalalabing gawin cung di patayín namán si parì Salví.

—Ng̃ũni't hindi maicacailáng siya'y mabait ng̃panahóng siya'y musmós pa.

—Tunay ng̃ã, siyá'y dating mabait,—ang mulíng itinutol ng̃ matandáng babae; ng̃ũni't siyá'y na pa sa España; ang lahát ng̃napa sa sa España, ang sabi ng̃mg̃ã cura, ay naguiguing mg̃ã hereje.

—¡Ohoy!—ang isinagót namán ng̃ lalaki na nacasilip ng̃ sucat niyáng icaganti;—¿hindi ba pawang tagá España ang lahát ng̃ mg̃ã cura, at ang arzobispo, ang papa at ang Virgen? ¡Abá! ¿cung gayó'y pawang mg̃ã hereje

namán palá? ¡aba!

Nagcapalad si hermana Putê, na mámasdang tumatacbo ang isáng alilang babae, na balisáng balisá at namúmutlá, at siyáng pumutol ng̃pagtatalo.

—¡May isáng nagbigtí sa halamanan ng̃ capit-bahay!—ang sabing humihingãl.

—¡Isáng nagbigtí!—ang bigláng pinagsabihanan ng̃ lahát na puspós ng agám-ágam.

Nangãgcruz ang mgã babae; sino ma'y waláng nacakilos sa kinálalagyan.

—Siyá ngã po,—ang ipinagpatuloy ng̃ alilang babaeng nangãngãtal;—cucuha sana acó ng̃patanî ... tumanáw acó sa halamanan ng̃capit-bahay upáng maalaman co cung siyá'y naroroon ..., ang nakita co'y isáng lalaking úugoy-ugoy; ang boong isip co'y si Teo, ang alilang siyáng lagui ng̃nagbibigay sa akin ..., lumapit acó upáng ... cumuha ng̃patanì, at ang nakita co'y hindi siyá cung hindi ibá, isáng patáy; tumacbó acó, tumacbó acó at ...

—Tingnán natin siyá,—ang wicá ng̃matandáng lalaki, at sacâ tumindig;—iturò mo sa amin.

—¡Huwag cang pumaroon!—ang isinigaw sa canya ng̃canyáng asawa at tinangnán siyá sa barò;—¡mapapahamac icáw!—¿siyá'y nagbigti? ¡lalong masamá sa canyá!

—Pabayaan mong tingnán co siyá, babae;—pasa tribunal ca Juan, at ipagbigay alam mo; bacâ sacali hindi pa patáy.

At siyá'y na pa sa halamanan, na sinúsundan ng̃alilang babae, na nagtatagò sa canyáng licuran; nangãgsisunod din ang mgã babae at gayón din si hermana Putê, na pawang nangãpúpuspos ng̃tacot at ng̃nais na macapanood.

—Naroon pô, guinoo,—anáng alilang babae na humintô at itinuturò ng dalirì.

Tumiguìl ang capisanang iyón sa lalong pinacamalayò, at pinabayaang mag-patuloy na mag-isá ang matandáng lalaki.

Isáng catawán ng̃tao, na nacabitin sa isáng sangã ng̃puno ng̃santól, ang marahang umúugoy sa hihip ng̃mahinhíng amihan. Pinagmasdán siyáng sandalî ng̃ matandâ; nakita niyá ang mgã paang nanínigas, ang mgã bisig, ang may dumíng damít, ang ulong nacalungãyngãy.

—Hindi dapat natin siyáng galawín hanggáng sa dumatíng ang justicia,—ang sinabing malacás;—matigás na; malaon nang siyá'y patáy.

Unti-unting lumapit ang mgã babae.

—Iyán ang capit-bahay nating tumítira sa bahay na iyón, na may dalawáng linggó na ngãyóng dumatíng dito; tingnán ninyó ang pilat niya sa mukhà.

—¡Avemaria!—ang sinabi pagdaca ng̃mgã babae.

—¿Ipagdárasal ba natin ang canyáng cáluluwa?—ang itinanóng ng̃isáng dalaga, caracaracang matapos na niyáng mapagmasdán at masiyasat ang patáy na iyón.

—¡Halíng, hereje!—ang ipinangũsap sa canyá ni hermana Puté,—hindi mo ba nalalaman ang sinabi ni parì Dámaso? isáng pagtucsó sa Dios ang ipagdasál ang isáng nápacasamâ; ang nagpapacamatay ay napapacasamáng waláng sala, cayâ ngã̂ siyá'y hindi inililibing sa lupàng «sagrado».

—Inaacalà co na ngãng masamâ ang cahihinatnan ng̃taong iyán; cailán ma'y hindi co nangyaring masiyasat cung anó ang canyáng ikinabubuhay.

—Macaalawang nakita co siyáng nakikipag-usap sa sacristan mayor,—ang ipinahiwatig ng̃isáng dalaga.

—¡Marahil ay hindi sa dahiláng siyá'y magcucumpisal ó magpapamisa cayâ.

Nangãgsiparoon ang mgã capit-bahay, at macapal na mgã tao ang siyáng lumiguid sa bangcáy, na nananatili sa pagpapaugóy-ugóy. Nangãgsiratíng, nang may calahating horas na, ang isáng alguacil, ang directorcillo at dalawáng cuadrillero; ipinanaog ng̃mgã itó ang bangcáy at canilang inilagáy sa ibabaw ng isang *angarilla*.

—Nagdadalidali ang tao sa pagcamatáy,—ang sinabi ng̃ directorcillong tumatawa, samantalang kinucuha ang plumang nacasingĩt sa licód ng̃canyáng taingã!

Guinawâ ang canyáng mgã mararayà at panghulíng mgã tanóng, pinapagsaysáy ang alilang babae, na pinagpipilitan niyáng hulihin sa silò, na cung minsa'y canyáng iniirapan, cung minsa'y canyáng pinagbabalàan, at cung minsa'y pinararatangãn ng̃ mgã salitáng hindi sinasabi, hanggáng sa magpasimulâ ng̃pag-iyác ang alilang iyón, dahil sa ang isip niyá'y siyá ay mapipiit sa bilangguan, at ang naguíng catapusá'y sinabi na tulóy niyáng hindi

siyá nagháhanap ng̃patanì, cung hindi ..., at canyáng sinásacsi si Teo.

Samantala'y minámasdan ang bangcáy at ang lubid ng̃isáng tagá bukid, na nacasalacót ng̃malapad at may isáng malakíng tapal sa liig.

Hindî higuit cay sa ibáng bahagui ng̃catawán ang pangĩngĩtím ng̃mukhâ ng bangcáy; may nakikitang dalawáng galos at dalawáng maliliit na pasâ sa dacong itaas ng̃talì; mapuputî at waláng dugô ang mgã hilahis ng̃lubid. Inusisang magalíng ng̃mapagsiyasat na tagá bukid, ang barò at salawal ng̃bangcáy, at canyáng nahiwatigang punóng punô ng̃alabóc, at hindi pa nalalaong napunit sa ibá't ibáng mgã lugar; ngũni't ang lalong canyáng náino'y ang mgã bungã ng tinglóy ó *amorseco* na nacarikít sa cuello ng̃barò.

—¿Anó ang iyóng tinítingnan?—ang itinanóng sa canyá ng̃directorcillo.

—Tinítingnan co po cung siyá'y mangyayaring makilala co,—ang pautál na sinabi, na anyóng magpupugáy, sa macatuwid bagá'y lalong itinungõ ang salacót.

—¿Ngũni't hindî mo ba naringĩg na iyán ang nagngãngãlang Lucas? ¿Nacacatulog ca ba?

Nangãgtawanan ang lahát. Nagsalitâ ng̃iláng pautál-utál na sabi ang tagá bukid na nápahiyâ, at yumaong nacatungõ at mahinà ang lacad.

—¡Oy! ¿saán cayó paparoon?—ang isinigáw sa canyá ng̃matandáng lalaki; —¡hindi riyán ang daan ng̃paglabás; diyán ang patungõ sa bahay ng̃patáy!

—¡Nacacatulog pa ang lalaki!—anáng directorcillo ng̃ palibác,—kinacailangãng busan siyá ng̃tubig sa ibabaw.

Muling nangãgtawanan ang mgã naroroon.

Iniwan ng̃tagá bukid ang lugar na iyóng kinahiyâan niyá, at napatungõ sa simbahan. Itinanóng ang sacristán mayor pagdatíng sa sacristía.

—¡Natutulog pa!—ang sa canyá'y caniláng isinagót ng̃magaspang na anyô; —¿hindî mo ba nalalamang nilooban cagabí ang convento?

—Híhintayin cong siyá'y maguising.

Minasdán siyá ng̃mgã sacristán niyáng anyóng magaspáng na talagáng asal na ng̃mgã taong bihasang silá'y alimurahin.

Natutulog ang bulág ang isáng mata sa isáng mahabang silla, na na sa isáng suloc na hindi ináabot ng̃liwanag. Nacalagáy ang salamín sa matá sa ibabaw ng

noo, sa guitnâ ng̃mahahabang naglawit na buhóc, waláng nacatátakip sa payát at nangãngãlirang na dibdib, na tumataas at bumábabâ sa canyáng paghingã.

Naupô sa malapit ang tagá bukid, at handáng maghintay ng̃ boong catiyagaan, ngũni't may nahulog sa canyáng cuarta, hinanap niyá sa pamamag-itan at tulong ng̃isang candilà, sa ilalim ng̃sillón ng̃sacristán mayor. Námasid din ng̃tagá bukid na may mgã bungã rin ng̃tinglóy (amorseco) ang salawál at ang mgã manggás ng̃baró ng̃natutulog, na sa cawacasa'y náguising, kinusót ang tangĩng matáng canyáng nagagamit, at may galit na pinagwicâan ang taong iyón.

—¡Ibig co pó sanang magpamisa ng̃isa, guinoo!—ang sabi, na ang anyó'y humíhingĩng tawad.

—Natapos na ang lahát ng̃mgã misa,—ang sinabi ng̃bulag ang isáng matá, ng̃magcagayon, na pinatimyás ng̃cauntî ang canyáng tinig; bucas, cung ibig mo ... ¿sa mgã cáluluwa sa Purgatorio ba?

—Hindi pô,—ang sagót ng̃ tagá bukid, at sacá ibinigay ang piso sa sacristán.

At tinitigan ang canyáng iisaisang matá, at idinagdág:

—Patungcól pô sa isáng taong hindi malalao't mamámatay.

At linisan ang sacristía.

—¡Mahuhuli co sana siyá cagabí!—ang sinabing nagbúbuntong hiningã, samantalang inaalis ang tapal at iniuunat ang catawán, upáng manag-uli ang pagmumukhà at taas ni Elías.

Decorative motif

# LVII.

## ¡VAE VICTIS![261]

Napahamac ang
aking tuwâ.

Nagpaparoo't parito ang mgã guardia civil, na nacalálaguim ang anyô sa harap ng̃ tribunal, at pinagbabalàan ng̃ culata ang canilang baril ang pangãhás na mgã musmós, na tumítiyad ó nangãgpapasanan upang canilang mátanawan cung anó cayâ ang nangãroroon sa dacong loob ng̃ *rejas.*

Hindî na nápapanood sa salas yaóng masayáng anyô ng̃ panahóng pinagtatalunan ang palatuntunan ng̃ fiesta; ngãyó'y malungcót at hindi nacapagbíbigay panatag. Ang mgã naroroong mgã guardia civil at mgã cuadrillero'y bahagyâ ng nagsasalitàan, at sacali't magsalitàan ng̃ ila'y sa tinig na marahan. Nangãgsisisulat sa papel, sa ibabaw ng̃ mesa, ang directorcillo, dalawang escribiente at iláng mgã sundalo; nagpaparoo't parito ang alférez sa magcabicabilang panig, at canyáng manacânacáng tinítingnan ng̃ anyóng mabalasic ang pintuan; na anó pa't hindî hihiguit sa canyáng pagmamalaki si Temistocles sa mgã Larô sa Olimpo, pagcatapos ng̃ pagbabaca sa Salamina. Naghihicab sa isáng suloc si doña Consolación, na anó pa't ipinakikita ang canyáng maitim na loob ng̃ bibig at mgã ngĩping pakilwagkilwag; ang paningĩn niya'y tumititig ng̃ malamig at nacapangangãnib sa napúpuspos ng̃ mgã nacapintáng cahalayhalay na mgã larawang na sa sa pintuan ng̃ bilangguan. Naipakiusap ng̃ babaeng itó sa canyáng asawa, na lumambót ang loob sa canyáng pagtatagumpáy, na ipaubaya sa canyáng mapanood ang mgã pagtanóng na gágawin, at marahil ay ang mgã pagpapahirap na kinauugaliang gamitin. Naaamoy ng̃ halimaw ang bangcáy, canyáng inaasam-asám na, at canyáng ikinayáyamot ang calaunan ng̃ pagpapahirap.

Laguim na totoó ang gobernadorcillo; ang canyáng sillón, yaóng dakilang sillóng nacalagáy sa ilalim ng̃ larawan ng̃ mahál na harì, waláng gumagamit, at wari'y natutungcol sa ibáng tao.

Dumatíng ang curang namúmutla't cunót ang noó, ng̃ malapit ng̃ tumugtóg ang á las nueve.

—¡Hindi pô namán nagpahintáy cayóng totoó!—ang sinabi sa canyá ng alférez.

—Ibig co pang huwag ng̃ makiharáp,—ang isinagót ni parì Salví ng mahinang pananalitâ, na hindi na pinansín ang anyóng masacláp na sabi ng alférez;—acóy totoong malaguimin.

—Sa pagcá't sino ma'y waláng naparirito upáng huwág bayâang waláng nangãngãsiwà, inaacalà cong ang inyóng pakikialam ay ... Nalalaman na pó ninyóng aalis silá ngãyóng hapon.

—¿Ang binatang si Ibarra at ang teniente mayor?...

Itinuro ng̃ alférez ang bilangguan.

—Waló ang náriyan,—anyá;—namatáy si Bruno caninang hating gabí, ngũni't nacatitic na ang canyáng mgã saysáy.

Bumati ang cura cay doña Consolación, na ang isinagót ay isáng hicáb at isáng ¡aah! at naupô sa sillóng na sa ilalim ng̃ larawan ng̃ mahál na harì.

—Macapagpapasimulà na tayo!—ang mulíng sinabi.

—Cunin ninyó ang dalawáng nangãsasapangã̃w!—ang ipinag-utos ng alférez, na pinagpilitang ang tinig niyá'y mag-anyóng cagulágulatang, at humaráp sa cura at idinugtóng na nagbago ng̃ tinig:

—¡Nangãsúsuot sa pangã̃w na may patláng na dalawáng butas!

Ipaliliwanag namin sa mgã hindî nacacaalam cung anó ang cagamitáng itó sa pagpapahirap, na ang pangã̃w ay isá sa mgã lalong waláng cabuluhán. Humiguít cumulang sa isáng dangcál ang lalayò ng̃ mgã butas na pinagsusuutan ng̃ mgã paa ng̃ mgã pinipiit; cung patlangãn ng̃ dalawáng butas, may cahirapan ng̃ cauntî lamang ang calagayan ng̃ napipiit, na anó pa't nagdáramdam na tangĩng bagabag sa mgã bucong-bucong at nacabucacà ang dalawáng paa, na nagcaca-layô ng̃ may mahiguit na isáng vara: hindi ngã̂ nacamámatay agad-agád, ayon sa mapagcucurong magaang ng̃ sino man.

Ang tagatanod bilangguang may casunod na apat na sundalo'y inalis ang talasoc at binucsán ang pintô. Nangãgsilabás ang isáng amoy na labis ng̃ bahò at isáng hangĩng malapot at malamig sa macapál na dilim na iyón, casabáy ng pagcáringĩg ng̃ iláng himutóc at pagtangĩs. Nagsindi ng̃ fósforo ang isáng sundalo, datapuwa't namatáy ang ningãs sa hangĩng iyóng nápacabigat at bulóc na bulóc, caya't nangãpilitang hintayín niláng macapagbagong hangĩn.

Sa malamlám na liwanag ng̃ isáng ilaw ay caniláng naaninagnagan ang iláng may mg̃ã mukháng tao: mg̃ã taong nacayacap sa caniláng mg̃ã tuhod at sa pag-itan ng̃ dalawáng tuhod niláng itó'y ikinúcublí ang caniláng ulo, mg̃ã nacataób, nang̃ãcatindíg, nang̃ãcaharáp sa pader, at ibá pa. Náringĩg ang isáng pucpóc at pagcalairit, na caacbay ng̃ mg̃ã tung̃ãyaw; binúbucsan ang pang̃ãw.

Nacayucód si doña Consolación, nacaunat ang mg̃ã casucasuan ng̃ liig, luwâ ang mg̃ã matá at nacatitig sa nacasiwang na pintó.

Lumabás ang isáng anyóng nacapag-aalap-ap na naguiguitnâ sa dalawáng sundalo; yaó'y si Társilo na capatíd ni Bruno. May mg̃ã «esposas» ang mg̃ã camáy; ipinamámasid ng̃ canyáng mg̃ã wasác wasác na mg̃ã damít ang canyáng batibot na mg̃ã casucasuan. Tinitigan niyáng waláng pacundang̃ãn ang asawa ng̃ alférez.

Sa licuran ni Társilo'y sumipót ang isáng anyóng cahabaghabág, na tumátaghoy at umiiyac na anaki'y musmós; piláy cung lumacad at may dungĩs na dugô ang salawál.

—Iyá'y isáng mapangdayà,—ang inihiwatig ng̃ alférez sa cura; nagbantáng tumacas, ng̃ũni't nasugatan siyá sa hità. Ang dalawáng itó ang tang̃ĩng mg̃ã buháy sa canilá.

—¿Anó ang pang̃ãlan mo?—ang itinanóng ng̃ alférez cay Társilo.

—Társilo Alasigan.

—¿Anó ang ipinang̃ãcò sa inyó ni don Crisóstomo upáng looban ninyó ang cuartel?

—Cailán ma'y hindi nakikipag-usap sa amin si don Crisóstomo.

—¡Huwág mong itangguí! Cayâ binantà ninyóng camí ay subukin.

—Nagcacamali pô cayó; pinatáy pô ninyó sa capapalò ang aming amá, siyá'y ipinanghihiganti namin, at walâ ng̃ ibá. Hanapin pô ninyó ang inyóng dalawáng casama.

Nagtátaca ang alférez na tiningnán ang sargento.

—Nang̃ãroon silá sa bang̃ĩn, doon silá itinapon namin cahapon, doon silá mabúbuloc. Ng̃ãyó'y patayin na ninyó acó, wala na cayóng malalamang anó pa man.

Tumahimic at nangguilalás ang lahát.

—Sabihin mo sa amin cung sino sino ang iyóng mgã ibáng cainalám,—ang ibinantâ ng̃ alférez na iniwawasiwas ang isáng yantóc.

Sumung̃aw sa mgã labì ng̃ may sala ang isáng ng̃iti ng̃ pagpapawaláng halagá.

Nakipag-usap ng̃ sandali sa cura ang alférez, na marahan ang caniláng salitaan; at sacá humaráp sa mgã sundalo.

—¡Ihatid ninyó siyá sa kinalalagyan ng̃ mgã bangcáy!—ang iniutos.

Sa isáng suloc ng̃ patio, sa ibabaw ng̃ isáng carretóng lumà, ay nacabuntón ang limáng bangcáy, na halos natátacpan ng̃ capirasong gulanít na baníg na punô ng̃ carumaldumal na mgã dumí. Nagpaparoo't parito sa magcabicabilang dulo ang isáng sundalo, na mayá't mayá'y lumúlurâ.

—¿Nakikilala mo ba sila?—ang tanóng ng̃ alférez na itinataás ang banig.

Hindi sumagót si Társilo; nakita niyá ang bangcáy ng̃ asawa ng̃ ulól na babae na casama ng̃ mgã iba; ang bangcáy ng̃ canyáng capatíd na tadtád ng̃ sugat ang catawán, sa cásasacsac ng̃ bayoneta, at ang cay Lucas na may lubid pa sa liig. Lumungcót ang canyáng paning̃in at tila mandín nagpumiglás sa canyáng dibdib ang isáng buntóng hining̃a.

—¿Nakikilala mo silá?—ang mulíng sa canyá'y itinanóng nilá.

Nanatili sa pagca pipí si Társilo.

Isáng haguinít ang siyáng umaling̃awng̃aw sa hang̃in at pumalò ang yantóc sa canyáng licód. Nang̃iníg, nang̃urong ang canyáng mgã casucasuan. Inulit-ulit ang pagpalò ng̃ yantóc, ng̃uni't nanatili si Társilo sa pagwawaláng bahalà.

—¡Hagupitín siyá ng̃ palò hanggáng sa pisanan ó magsalità!—ang sigáw ng̃ alférez na nagng̃ing̃itng̃it.

—¡Magsabi ca na!—ang sinabi sa canyá ng̃ directorcillo;—sa papaano ma'y pápatayin ca rin lamang.

Mulíng inihatid siyá sa salas na kinalalagyan ng̃ isáng napipiit, na tumatawag sa mgã santo, nang̃ang̃aligkig ang mgã ng̃ipin at ang mgã paa'y cusang nahuhubog.

—¿Nakikilala mo ba iyán?—ang tanóng ni parì Salvi.

—¡Ng̃ayón co lamang siyá nakita!—ang sagót ni Társilo, na minámasdan

ang isá ng̃may halong habág.

Binigyán siyá ng̃isáng suntóc at isáng sicad ng̃alférez.

—¡Inyóng igapos siyá sa bangcó!

Hindi na inalís sa canyá ang mg̃a «esposas» na nadúdumhan ng̃dugô, at siyá'y itinali sa isáng bangcóng cahoy. Lumingãp ang caawaawà sa canyáng paliguid, na anaki'y may hinahanap siyáng anó man, at ng̃canyáng nakita si doña Consolación, siyá'y humalakhác ng̃patuyâ. Sa pagtatacá ng̃mg̃a nanonood ay sinundán nilá ang tinítingnan ng̃nagagapos, at ang caniláng nakita'y ang guinoong babae, na nang̃ãng̃ãtlabì ng̃cauntî.

—¡Hindi pa acó nacacakita ng̃ganyáng capang̃ĩt na babae!—ang biglang sinabi ng̃malacás ni Társilo, sa guitná ng̃hindî pag-imíc nino man;—ibig co pang humigâ sa ibabaw ng̃isáng bangcò, na gaya ng̃calagayan co ng̃ãyón, cay sa humigâ acó sa siping niyá na gaya ng̃alférez.

Namutlâ ang Musa.

—Papatayin pô ninyó acó sa palò, guinoong alférez,—ang ipinagpatúloy;—ng̃ãyóng gabi ipanghíhiganti aco ng̃inyóng asawa pagyacap niyá sa inyó.

—¡Lagyán ninyó ng̃ pang-al ang bibig!—ang sigáw ng̃ alférez na nahíhibang at nang̃ãng̃ãtal sa galit.

Tila mandin waláng ibáng hináhang̃ãg si Társilo cung di ang siyá'y magcapang-al, sa pagca't pagcatapos na siyá'y malagyan ng̃pang-al na iyón, nagsaysáy ang canyáng mg̃a matá ng̃isáng kisláp ng̃catuwáan.

Sa isáng hudyát ng̃alférez, pinasimulan ng̃isáng guardiang may hawac na isáng yantóc, ang canyáng cahapishapis na catungculan, Nang̃ũrong ang boong catawán ni Társilo; isáng ung̃õl na sacál at mahabà ang siyáng náring̃ĩg, bagá man napapasalan ang canyáng bibig ng̃damit; tumung̃õ: napípigtâ ang canyáng damít ng̃dugô.

Tumindig ng̃boong hirap si parì Salvi, na namúmutlà't sirâ ang paning̃ĩn, humudyát ng̃camáy, at linisan ang salas na nang̃ãng̃ãlog ang mg̃a tuhod. Nakita niyá sa daan ang isáng dalagang nacasandál sa pader, matuwíd ang catawán, hindi cumikilos, nakíkinig na lubós, tinítingnan ang álang-álang, nacaunat ang mg̃a nang̃ãng̃ãyumcom na mg̃a camáy sa lumang muog. Binibilang manding hindi humíhing̃ã ang mg̃a hampás na macalabóg, waláng taguintíng at yaóng cahambál-hambál na daing. Siyá ang capatíd na babae ni Társilo.

Samantala'y ipinagpapatuloy sa salas ang cagagawang iyón; ang culang palad, sa hindi na macayang bathing hirap, ay napipi at hinintáy na mangãpagál ang canyáng mgã verdugo. Sa cawacasa'y inilawít ang mgã bisig ng̃ sundalong humihingãl; ang alférez, na namúmutlâ sa galit at sa pangguiguilalás, humudyát ng̃ isá upang calaguín ang pinahihirapan.

Nang magcágayo'y nagtindíg si doña Consolación at bumulóng ng̃ ilán sa canyáng asawa. Tumangô itó, sa pagpapakilalang canyáng naunawà.

—¡Dalhín siyá sa bal-on!—anyá.

Natatalastas ng̃ mgã filipino cung anó ang cahulugán ng̃ salitáng itó; isinasatagalog nilá sa sabing *timbain.* Hindi namin maalaman cung sino cayâ ang nacaisip ng̃ ganitóng gawâ. Ang Catotohanang umaahon sa isáng bal-on, marahil ay isáng pagbibigáy cahulugáng nápacamatindíng libác.

Sa guitnâ ng̃ patio ng̃ tribunal ay naroroon ang caayaayang pader na na caliliguid sa isáng bal-on; ang pader na yaó'y batóng buháy na magaspáng ang pagcacágawâ. Isáng casangcapang tulad sa pinggáng cawayan (timbalete) ang siyáng doo'y gamit sa pagcuha ng̃ tubig na malapot, marumí at mabahò. Mgã papantingĩn, mgã dumi at ibá pang masasamáng tubig ang doo'y natitipon, sa pagcá't ang bal-ong yaó'y tulad naman sa bilangguan; doon inihuhulog ang lahat ng̃ pinawawalang halagá ó ipinalalagay na wala nang cabuluhán; casangcapang doo'y mahulog, magpacabutibuti, wala ng̃ halagá. Gayón ma'y hindi tinatabunan cailán man: manacánacang pinahihirapan ang mgã bilanggóng hucayi't palaliman ang bal-ong iyón, hindi dahil sa balac na muha ng̃ capakinabang̃an sa parusang iyón, cung dî dahil sa mgã cahirapang nangyayari sa gawáng iyón: ang bilanggóng doo'y lumusong ay nacacacuha ng̃ lagnát na ang caraniwa'y ikinamámatay.

Pinanonood ni Társilo, na nacatitig, ang mgã paghahandâ ng̃ mgã sundalo; siyá'y namúmutlâ ng̃ mainam at nang̃ng̃ãtal ang canyáng mgã labì ó bumúbulong ng̃ isáng dalangĩn. Warì'y nawalâ ang pagmamataas niyá sa canyáng di maulatang hirap, ó cung hindi ma'y hindi na totoong masimbuyó. Macailang inilungãyngãy ang nacalindíg na liig, tumitig sa lupà, sang-ayong magdalità.

Dinalá siyá nilá sa pader na nacaliliguid sa bal-on, na sinúsundan ni doña Consolacióng nacangĩtî. Isáng sulyáp, na may tagláy na panaghilì, ang itinapon ng̃ sawíng palad, sa nagcacapatong-patong na mgã bangcáy, at isáng buntóng hiningã ang tumacas sa canyáng dibdib.

—¡Magsabi ca na!—ang mulíng sinabi sa canyá ng̃ directorcillo,—sa papaano ma'y bibitayin ca; mamatáy ca man lamang na hindi totoong naghirap ng̃malakí.

—Aalis ca rito upáng mamatáy,—ang sinabi sa canyá ng̃isáng cuadrillero.

Inalisán nilá siyá ng̃pang-al, at ibinitin siyáng ang tali ay sa mg̃ã paa. Dapat siyáng ihugos ng̃patiwaric at manatiling malaón laón sa ilalim ng̃tubig, catulad ng̃guinágawâ sa timbâ, na ang caibhán lamang ay lalong pinalalaon ang tao.

Umalis ang alférez upáng humanap ng̃relós at ng̃bilang̃in ang mg̃ã minuto.

Samantala'y nacabitin si Társilo, ipinapawid ng̃ hang̃in ang canyáng mahabang buhóc, nacapikit ng̃cauntî.

—Cung cayó'y mg̃ã cristiano, cung may pusò cayó,—ang ipinamanhic ng̃ paanás,—ihugos ninyó acó ng̃ matulin, ó ihugos ninyó sa isáng paraang sumalpóc ang aking ulo sa bató at ng̃acó'y mamatáy na. Gagantihin cayó ng̃ Dios sa magandáng gawáng ito ... marahil sa ibáng araw ay mangyari sa inyó ang kináhínatnan co.

Nagbalíc ang alférez at pinang̃ũluhan ang paghuhugos na tang̃ãn ang relós.

—¡Marahan, marahan!—ang sigáw ni doña Consolacióng sinusundan ng̃ matá ang cahabaghabág;—¡mag-ing̃ãt cayó!

Marahang bumábabà ang timbalete; humihilahis si Társilo sa mg̃ã batóng nang̃ãcaumbóc at sa mg̃ã mababahong damóng sumisibol sa mg̃ã guiswác. Pagca tapos ay hindi na cumilos ang timbalete; binibilang ng̃alférez ang mg̃ã segundo.

—¡Itaás!—ang matinding utos, ng̃macaraan na ang calahating minuto.

Ang ing̃ãy na mataguintíng at nagcacasaliwsaliw ng̃mg̃ã patac ng̃tubig na nahuhulog sa ibabaw ng̃tubig ang siyáng nagbalità ng̃pagbabalíc ng̃may sala sa caliwanagan. Ng̃ãyón, palibhasa'y lalong mabig-at ang pabató, siyá'y nanhíc ng̃ mabilis. Nanglálaglag ng̃malaking ing̃ãy ang mg̃ã batóng natitingcab sa mg̃ã tabí ng̃balón.

Natátacpan ang canyáng noo't ang canyáng buhóc ng̃ carumaldumal na pusalì, puspos ng̃mg̃ã sugat at mg̃ã galos ang canyáng mukhâ, ang catawa'y basâ at tumutulò, ng̃ siyá'y sumipót sa mg̃ã matá ng̃ caramihang hindi umíimic; pinapang̃ãng̃ãligkig siyá sa guináw ng̃hang̃in.

—¿Ibig mo bang magsaysáy?—ang sa canyá'y caniláng itinanóng.

—¡Huwág mong pabayaan ang capatid cong babae!—ang ibinulóng ng caawaawà, na tinititigan ng̃ pagsamò ang isáng cuadrillero.

Mulíng cumalairit ang pinggáng cawayan, at mulíng nawalá ang pinahihirapan. Nahihiwatigan ni doña Consolacióng hindî gumágalaw ang tubig. Bumilang ng̃ isáng minuto ang alférez.

Nang mulíng ipanhic si Társilo'y nacawing̃ at nang̃ing̃ítim ang mukhâ. Tinitigan niyá ang mg̃a naroroon at nanatiling nacadilat ang mg̃a matáng nang̃a múmula sa dugô.

—¿Magsasabi ca ba?—ang mulíng itinanóng ng̃ alférez na ang tinig ay nanglúlupaypay.

Umilíng si Társilo, at muli na namang inihugos siyá. Untiunting nasásarhan ang mg̃a pilic-matá niyá, ang balingtatáo ng̃ canyáng mg̃a matá'y nananatili sa pagtitig sa lang̃ít na pinapawiran ng̃ mapuputíng alapaap; ibinabalì ang liig upáng macapanatili sa panonood ng̃ liwanag ng̃ araw, ng̃uni't pagdaca'y napilitang lumubog sa tubig, at tinacpán ng̃ carumaldumal na tabing na iyón ang canyáng minámasdang daigdíg.

Nagdaan ang isáng minuto; namasid ng̃ tumítingĩng Musa ang malalaking bulubóc ng̃ tubig na napaiibabaw.

—¡Nauuhaw!—ang sabing tumatawa.

At mulíng tumining ang tubig.

Isáng minuto't calahati ang itinagál ng̃ayón, bago humudyát ang alférez.

Hindi na nacawing̃ ang mukhá ni Társilo; nasisilip sa nacasiwang na pang̃ísáp ang puti ng̃ matá, lumálabas sa bibig ang tubig na pusaling may cahalong cumacayat na dugô; humihihip ang hang̃ing malamíg, ng̃uni't hindi na nang̃ang̃ang̃aligkig ang canyáng catawán.

Nang̃agtingĩnan ang lahát na waláng imíc, nang̃amumutlâ at pawang nang̃a alaguím. Humudyat ang alférez upáng alisin sa pagcabitin si Társilo at lumayóng naglilininglining; macailang idiniit ni doña Consolación sa nacalilís na mg̃a paa ng̃ bangcáy ang baga ng̃ canyáng tabacô, ng̃uni't hindi cumatál ang catawán at namatáy ang apóy.

—¡Nag-inís siyá sa sarili!—ang ibinulóng ng̃ isáng cuadrillero;—masdán ninyó't binaligtád ang canyáng dilà, na anaki pinacsâ niyáng lunukín.

Pinagmámasdang nangãngãtal at nagpápawis niyóng isáng bilanggô ang mgã guinagawâng iyón; lumilingãp na ang camukhá'y ulól sa lahát ng̃ panig.

Ipinag-utos ng̃ alférez sa directorcillong tanungĩn ang bilanggóng iyón.

—¡Guinoo, guinoo!—ang hibic;—¡akin pong sasabihin ang lahat ninyóng maibigang sabihin co!

—¡Cung gayo'y mabuti! tingnán natin; ¿anó ang pangãlan mo?

—¡Andóng, pô!

—¿Bernardo ... Leonardo ... Ricardo ... Eduardo ... Gerardo ... ó anó?

—¡Andóng, pô!—ang inulit ng̃ culáng culáng ang isip.

—Ilagáy ninyóng Bernardo ó anó man,—ang inihatol ng̃ alférez.

—¿Apellido?

Tiningnán siyá ng̃ taong iyóng nagugulat.

—¿Anó ang pangãlan mong dagdág sa ngãlang Andóng?

—¡Ah, guinoo! ¡Andóng Culáng-culáng po!

Hindi napiguil ang tawa ng̃ nangãkikinig; patí ang alférez ay tumiguil ng pagpaparoo't parito.

—¿Anó ang hanap-buhay mo?

—Mánunubà pô ng̃ niyóg, at alila pô ng̃ aking biyanáng babae.

—¿Sino ang nag-utos sa inyóng looban ninyó ang cuartel?

—¡Walâ pô!

—¿Anóng walâ? Huwág cang magsinungãling at titimbaín ca! ¿sino ang nag-utos sa inyó? ¡Sabihin mo ang catotohanan!

—¡Ang catotohanan pô!

—¿Sino?

—¡Sino pô!

—Itinatanong co sa iyó cung sino ang nag-utos sa inyóng cayó'y mangãg-alsá.

—¿Alin pô bang alsá?

—Iyón, cung cayá ca doroon cagabí sa patio ng̃ cuartel.

—¡Ah, guinoo!—ang bigláng sinabi ni Andóng na nagdádalang cahihiyan.

—¿Sino ngã ang may casalanan ng̃ bagay na iyán?

—¡Ang akin pong biyanáng babae!

Tawanan at pangguiguilalás ang sumunód sa mgã salitáng itó. Humintô ng paglacad ang alférez at tiningnán ng̃ mgã matáng hindi galít ang caawaawà, na sa pagcaisip na magaling ang kinalabasan ng̃ canyáng mgã sinabi, nagpatuloy ng pananalitáng masayá ang anyô.

—¡Siyá ngã pô; hindi pô acó pinacacain ng̃ aking biyanáng babae cung di iyóng mgã bulóc at walà ng̃ cabuluhán; cagabí, ng̃ acó'y umuwi rito'y sumakít ang aking tiyán, nakita cong na sa malapit ang patio ng̃ cuartel, at aking sinabi sa sarili;—Ngãyó'y gabí, hindi ca makikita nino man.—Pumasoc acó ... at ng tumitindig na acó'y umalingãwngãw ang maraming putucan: itinatali co pô ang aking salawal....

Isang hampás ng̃ yantóc ang pumutol ng̃ canyáng pananalitâ.

—¡Sa bilangguan!—ang iniutos ng̃ alférez;—¡ihatíd siyá ngãyóng hapon sa cabecera!

Decorative motif

# LVIII.

## ANG SINUMPA.

Hindî nalao't cumalat sa bayan ang balitàng ilalacad ang mgã bilanggô; nacalaguím muna ang pagcaringĩg ng͠ gayóng balità, at sacá sumunód ang mgã iyacan at panambitanan.

Nangãgtatacbuhang warì'y mgã ulól ang mgã casambaháy ng͠ mgã bilanggô; nangãgsísiparoon sa convento, mulâ sa convento'y napapasa cuartel at mulà sa cuartel ay napasasa tribunal, at sa pagcá't hindi silá macásumpong ng͠ aliw saan man, caniláng pinúpunô ang alang-alang ng͠ mgã sigáw at panambitan. Nagculóng ang cura sa pagcá't may sakít, dinagdagán ng͠ alférez ang dami ng mgã sundalong na bábantay sa canyá, at sinasalubong ng͠ culata ng͠ mgã sundalong iyón ang mgã babaeng nangãgmamacaamò; ang gobernadorcillo, taong waláng cabuluhán, anaki'y lalo pang haling at waláng cabuluhán mandín cay sa dati. Sa tapát ng͠ bilanggua'y nangãgtatacbuhang pacabicabilà ang mgã babaeng may lacás pa; ang mgã walâ na namá'y nangãgsisiupò sa lupà't tinatawag ang mgã pangãlan ng͠ mgã taong caniláng iniirog.

Maningãs ang araw, ngũni't sino man sa mgã cahabaghabag na iyó'y hindi nacaiisip umuwî. Si Doray, ang masayá't lumiligayang asawa ni don Filipo'y nagpapacabicabilang puspós ng͠ capighatían, kilic ang canyáng musmós na anác na lalaki: cápuwâ silá umiiyac.

—Umuwî na pô cayó,—ang sa canyá'y sinasabi; malalagnat ang inyóng anác.

—¿Bakit pa mabubuhay cung walà rin lamang isáng amáng sa canyá'y magtuturò?—ang isinasagót ng͠ nalulunos na babae.

—¡Walâ pong casalanan ang inyóng asawa; marahil siyá'y macabalíc din!

—¡Siyá ngã, cung patáy na cami!

Tumatangĩs si capitana Tinay, at tinatawag ang canyáng anác na si Antonio; tinítingnan ng͠ matapang na si capitana María ang maliit na rejas, sa pagcá't sa dacong loob niyó'y naroroon ang canyáng dalawáng cambál, na siyáng tangĩng

mgã anác niyá.

Naroroon ang biyanán ng̃ mánunubà ng̃ niyóg; hindi siyá tumatangĩs: nagpaparoo't parito, na cumúcumpas na lilis ang mgã manggás at pinagsasabihan ng̃malacás ang nangãroroon:

—¿May nakita na ba cayóng cawangĩs nitó? ¿Hulihin ang aking si Andóng, paputucan siyá, isuot sa pangãw at ilalacad sa cabecera, dahil lamang sa ... dahil lamang sa may bagong salawal? ¡Humíhingĩ ang ganitóng gawa ng̃ ucol na gantí! ¡Napacalabis namán ang mgã guardia civil! ¡Isinusumpá cong pagca nakita co uling sino man sa canilá'y humahanap ng̃ cublíng lugar sa aking hálamanan, gaya ng̃ madalás na totoong guinágawa nilá, aalsán co silá ng ipinamamayan, aalsán co silá ng̃ipinamamayan! ¡ó cung hindi acó namán ang caniláng alsán!!!

Ng̃ũni't iilan tao ang pumápansin sa maca Mahomang biyanán.

—Si don Crisóstomo ang may casalanan ng̃ lahát ng̃ itó,—ang buntóng hiningã ng̃isáng babae.

Naroroon di't nagpapacabicabila, na cahalò ng̃ marami, ang maestro sa escuelahan; hindi na pinapagcúcuscos ang mgã palad ng̃ camáy ni ñor Juan; hindi na dinadaladala niyá ang canyáng *plomada* at ang canyáng *metro:* itím ang pananamit ng̃ lalaki, sa pagcá't nacáringĩg siyá ng̃ masasamáng balità, at palibhasa'y nananatili siyá sa canyáng asal na ipalagáy ang dárating na panahóng parang nangyari na, ipinaglúlucsà na niyá ang pagcamatáy ni Ibarra.

Tumiguil, pagca á las dos ng̃ hapon, sa tapát ng̃ tribunal, ang isáng carretóng waláng anó mang pandóng, na hinihila ng̃dalawáng vacang capón.

Liniguid ng̃caramihan ang carretón, na ibig niláng alsín sa pagcasingcaw at ipagwasacan.

Huwág cayóng gumawâ ng̃gayón,—ani capitana María;—¿ibig ba ninyóng silá'y maglacád?

Itó ang pumiguil sa mgã casambaháy ng̃ mgã bilanggó. Lumabás ang dalawampóng sundalo at caniláng liniguid ang sasakyán. Lumabás ang mgã bilanggô.

Ang unauna'y si don Filipo, na gapós; bumating nacangĩtî sa canyáng asawa; tumangĩs ng̃masacláp si Doray at nahirapan ang dalawáng guardia upáng humadláng sa canyá at ng̃ huwág mayacap ang canyáng asawa. Sumipót na

umiiyac na parang musmós si Antoniong anác ni capitana Tinay, bagay na siyang lalong nacáragdag ng̃mg̃a pagsigáw ng̃canyáng familia. Humagulhól si Andóng pagcakita sa canyáng biyanáng babae, na siyáng may cagagawán ng̃canyáng pagcapahamac. Baliti rin si Albinong nagseminarista, at gayón din ang dalawáng cambál na anác ni capitana Maria. Masasamà ang loob at hindi umiimic ang tatlóng binatàng itó. Ang hulíng lumabàs ay si Ibarra, na waláng talì, ng̃ũni't napapag-itanan ng̃nagháhatid na dalawáng guardia civil. Namúmutlâ ang binatà; humanap siyá ng̃isáng mukháng catoto.

—¡Iyàn ang may casalanan!—ang ipinagsigawan ng̃ maraming tinig;—¡iyán ang may casalanan ay siyáng waláng talì!

—¡Walang anó mang guinagawâ ang aking manugang ay siyang naca-"esposas"!

Liningõn ni Ibarra ang mg̃a guardia:

—¡Gapusin ninyó acó, ng̃ũni't gapusin ninyóng mabuti acó, abo't sico!—ang canyáng sinabi.

—¡Walang tinatanggáp camíng utos na ganyán ang aming gawín!

—¡Gapusin ninyó acó!

Sumunod ang mg̃a sundalo.

Sumipót ang alférez na nang̃ang̃abayo, at batbát ng̃mg̃a sandata patí ng mg̃a ng̃ipin; may sumúsunod sa canyáng sampô ó labinglimáng sundalo pa.

Bawa't isáng bilanggó'y may canicanyáng casambahay na nanghihinaing upáng cahabagan, na dahil sa canyá'y tumatang̃is at nagpapalayaw ng̃lalong matitimyas na tagurî. Si Ibarra lamang ang tang̃ing doo'y walâ sino man; nang̃agsialís doon patí si ñor Juan at ang maestro sa escuelahan.

—¿Anó pô ba ang guinawâ sa inyó ng̃aking asawa't ng̃aking anác?—ang sa canyá'y sinasabi ni Doray na tumatang̃is; ¡tingnán pô ninyó ang caawaawà cong anác! ¡inalsan ninyó siyá ng̃amá!

Ang pighatî ng̃ mg̃a casambahay ay naguíng galit sa binatà, na pinagbibintang̃ang siyáng may cagagawán ng̃caguluhan. Ipinag utos ng̃alférez ang pagya-o.

—¡Icáw ay isáng duwág!—ang sigáw ng̃biyanán ni Andóng. Samantalang nakikihamok ang mg̃a ibá dahil sa iyó, icaw nama'y tumatagò, ¡duwág!

—¡Sumpaín ca nawâ!—ang sabi sa canyá ng̃isáng matandáng lalaki na sa canyá'y sumúsunod;—¡pusóng ang guintóng tinipon ng̃iyóng magugulang at ng siràin ang aming capayapàan! ¡Pusóng!, ¡pusóng!

—¡Bitayin ca nawâ, hereje!—ang sigáw sa canyá ng̃isáng camag-anac na babae ni Albino, at sa hindi na macapiguil ay nuha ng̃isáng bató at sa canyá'y ipinucól.

Sinundán ang uliráng iyón, at sa ibabaw ng̃ sawíng palad na binatà'y umulán ang alabóc at mgã bató.

Tiniis ni Ibarra ng̃waláng imíc, waláng poot at waláng daíng ang tapát na panghihingantí ng̃ gayóng caraming mgã púsòng nangãsugatan. Yaón ang paalam, ang *adios* na sa canyá'y dulot ng̃canyáng bayang kinálalagyan ng̃lahát ng̃ canyáng mgã sinísinta. Tumungõ, marahil canyáng dinidilidili ang isáng taong pinalò sa mgã lansangãn sa Maynilà, ang isáng matandáng babaeng nahandusay na patáy pagcakita sa ulo ng̃ canyáng anác na lalaki; marahil dumaraan sa canyáng mgã matá ang nangyari sa buhay ni Elías.

Minagaling ng̃ alférez na palayuin ang caramihang tao, ngũni't hindi humintô ang pangbabató at ang mgã paglait. Isá lamang iná ang hindi ipinanghíhiganti sa canyá ang canyáng mgã pighatî: itó'y si capitana María. Hindi cumikilos, nacahibic ang mgã labì, punô ang mgã matá ng̃mgã luhàng umaagos na waláng ingãy, canyáng pinanonood ang pagpanaw ng̃ canyáng dalawáng anác na lalaki; sa panonood sa canyáng hindî pagkilos at sa canyáng pipíng dalamhatì, nawáwalâ ang pagcatalinhagà ni Niobe.

Malayò na ang pulutóng.

Sa mgã taong nacasungãw sa bihibihirang bintanàng nacabucás, ang lalong nagpakita ng̃habag sa binatà'y yaóng mgã hindi nababahalà at waláng adhicâ cung di manood lamang. Nangãgtagò ang canyáng mgã caibigan, patí si capitang Basilio'y nagbawal sa canyáng anác na si Sinang, na huwág umiyác.

Nakita ni Ibarra ang umaaso pang bahay niyáng natupoc, ang bahay ng canyáng mgã magugulang, ang bahay na sa canyá'y pinangãnacán, ang kinabubuhayan ng̃lalong matatamís na alaala ng̃canyáng camusmusán at ng canyáng cabinatàan; ang mgã luhàng malaong canyáng pinipiguilpiguil ay bumalong sa canyáng mgã matá, lumungãyngãy at tumangĩs, na hindi magcaroon ng̃alíw na mailihim ang canyáng pag-iyac, palibhasa'y nacagapos, ó macapucaw man lamang ang canyáng pighatî ng̃habag sa cangĩno man. Ngãyó'y walâ siyáng bayan, bahay, casintahan, mgã catoto, at mahihintay na maligayang

panahóng dárating.

Mulà sa isáng mataás na lugar ay pinanonood ang malungcót na pulutóng na iyón ng̃ isáng tao. Siyá'y isáng matandáng lalaki, namúmutlà, payat na payát ang mukhà, nacabalot sa isáng cumot na lana, at nanúnungcod ng̃ boong pagál. Siyá ang matandáng filósofo Tasio, na nang mabalitàan ang nangyari ay nagbantáng iwan ang canyáng hihigán at dumaló, ngũni't hindi itinulot ng canyáng lacás na macarating siyá hanggáng sa tribunal. Sinundán ng̃ matá ng matandà ang carretón hanggáng sa itó'y nawalâ sa malayò: nanatiling sumandalî sa pag-iisip-isip na nacatungõ, nagtindig pagcatapos at nag inatâ ng̃ boong hirap na tinungõ ang canyáng bahay, na nagpápahingã maya't mayâ.

Nasumpungãn siyáng patáy, kinabucasan, ng̃ mgã nag-aalagà ng̃ mgã hayop, sa paanan ng̃ pagpasoc sa canyáng tahanang nag-íisa.

Decorative motif

# LIX.

## ANG KINAGUISNANG BAYAN AT ANG MG̃A PAG-AARI.

Lihim na ibinalità ng̃ telégrafo ang nangyaring iyón sa Maynilà at ng̃ macaraan ang tatlompó't anim na horas ay nangãgsasaysay na ng̃ bagay na iyón ng̃ malakíng talinghagà at hindi cacauntîng mgã pagbabalà, ang mgã pamahayagan, na dinagdagán, pinagbuti at binawasan ng̃ fiscal. Samantala'y mgã balitàng tangĩng mulâ sa mgã convento ang nangãunang tumacbóng salinsalin sa mgã bibíg, sa lihim, na nagbíbigay ng̃ malakíng tacot sa bawa't macaalam. Ang nangyaring iyóng sa libolibong pagcacabalità'y nagcaiba ng̃ lubhâ, pinaniniwalâan ng̃ humiguit cumulang na cadalian, alinsunod sa cung nagpapapuri ó nacasásalansang sa mgã hidwáng hílig at anyô ng̃ caisipán ng̃ bawa't isá.

Bagá man hindi nasisirà ang catahimican ng̃ bayan, sa paimbabáw man lamang, ngũni't naliligalig ang capayapaan ng̃ bahay, tulad sa nangyayari sa isang lawà: bagá man nakikitang patag at waláng anó mang alon ang dacong ibabaw, ngũni't sa ilalim ay gumágamáw, nangãgtatacbuhan at nangãghábabulan ang mgã piping isdâ. Nangãgpasimuláng nangãgpainog-inog, wangĩs sa mgã paró-paró, ang mgã cruz, mgã condecoración, mgã galón, mgã catungculan, mgã carangãlan, capangyarihan, calakhán, matataas na camahalan at ibá pa, sa isáng impapawid na guintóng salapî sa mgã matá ng̃ isáng bahagui ng̃ mgã mámamayan. Sa isáng bahagui namán ng̃ mgã mámamayang iyá'y napailangláng sa abót ng̃ paningĩn ang isáng alapaap na madilím, at nangĩngĩbabaw sa culay abó-abóng pinacapang-ilalim, ang maiitim na parang anino ng̃ mgã rejas, mgã tanicalâ, at pati ng̃ calaguimlaguim na bibitayán. Warì'y náriringĩg sa hangĩn ang mgã tanóng, ang mgã bató, ang mgã sigáw na pinápacnit ng̃ mgã pahirap; nagagamagam ang Marianas at ang Bagumbayang cápuwâ nangãbabalot ng̃ isáng parang maduming pigtâ ng̃ dugóng culubóng: na sa culabô ang mgã mangĩngĩsdâ at ang mgã isdâ. Ang nangyaring iyó'y iniláladlad ni Capalaran sa gunigunî ng̃ mgã tagá Maynilàng tulad sa mgã tangĩng paypáy na galing sa China: napipintahan ng̃ itim ang isáng mukhâ; ang isá namá'y puspós ng̃ dorado, matitingcád na mgã culay, mgã ibon at mgã bulaclac.

Naghaharì sa mgã convento ang malakíng ligalig. Isinísingcaw ang mgã

carruaje, nangãgdádalawan ang mgã provincial, may lihim na mgã pulong. Nangãgsisiharap silá sa mgã palacio upáng caniláng ihandóg ang caniláng tulong sa *Gobierno na na sa calakilakihang pangãnib.* Muling napagsalitaanan ang mgã cometa, ang mgã pasaring, ang mgã matutulis na pananalità, at ibá pa.

—¡Isáng *Te Deum*, isáng *Te Deum!*—ang sinasabi ng̃ isáng fraile sa isáng convento;—¡at ngãyó'y sino ma'y huwag magcuculang sa pagpasacoro! ¡Hindi cacaunting cagalingãn ang guinawâ ng̃ Dios, na ipakita cung gaano ang cahalagahan natin, ngãyón pa namán sa mgã panahóng itóng totoong nápacasasamâ!

—Dahil sa ganitóng muntíng turò, marahil ay kinácagat ang canyàng mgã labì ng̃ generalillong Buisit,—ang sagót namán ng̃ isá.

—¿Anó cayâ ang nangyari sa canyá cung hindi ang mgã Capisanan ng̃ mgã fraile?

—At ng̃ lalong umínam ang ating pagdiriwang, ipagbigay álam sa uldóg na tagapagluto at sa procurador ... ¡Gaudeamus (cainan) sa tatlóng araw!

—¡Amen!, ¡Amen! ¡Mabuhay si Salvi¡ ¡Mabuhay!

Ibá namán ang salitaan sa isáng convento.

—¿Nakita na ninyó? Iyá'y isáng nag-aral sa mgã jesuita; ¡lumálabas sa Ateneo ang mgã filibustero!—ang sabi ng̃ isáng fraile.

—At ang mgã caaway ng̃ mgã fraile.

—Sinabi co na: ipinapahamac ng̃ mgã jesuita ang lupaíng itó, pinahahalay ang ugali ng̃ cabatàan; datapuwa't pinababayaan, sila't dahil sa gumuguhit sa papel ng̃ iláng mgã waláng cawawaang cahig manóc cung lumilindol....

—¡At ang Dios ang nacacaalam cung papaano ang mgã pagcacagawâ!

—Siyá ngã̑, ¿datapuwa't mangãhas cayóng sumalansang sa canila? ¡Pagca nangñg̃ĩníg at gumágalaw ang lahat! ¿sino ang macasusulat ng̃ mgã cahig-manóc! ¡Walâ, si parì Secchi!....

At nangãgngĩngĩtîan ng̃ malakíng pagpapawaláng halagá.

—¿Ngũni't ang mgã sigwá? at ¿ang mgã bagyó?—ang tanóng ng̃ isá ng matindíng paglibác;—¿hindi ba cadakidakilàan iyán?

—¡Sino mang mangĩngĩsda'y nahuhulàan ang mgã bagay na iyán!

—Pagcâ ang namiminuno'y isang halíng ... ¡sabihin mo sa akin cung anó ang anyô ng̃ iyong ulo, at sasabihin co sa iyó cung anó ang iyong panicad! Ngũni't makikita rin ninyó cung nangãgtatangkilican ang mangãgcacaibigan: halos hiníhingî ng̃ mgã pamahayagang bigyán ng̃ isáng mitra (ng̃ catungculang pagca arzobispo ú obispo) si parì Salvi.

—¡At cacamtan ngã̂ niyá! ¡Masusunduan niyá ang catungculang iyán!

—¿Sa acalà mo cayà?

—¡At hindi bagá! Ngãyó'y ibinibigay ang catungculang iyán cahi't sa waláng cabuluháng bagay. Nacakikilala acó ng̃ isáng sa lalong waláng cabuluha'y nagcamit ng̃ mitra: sumulat ng̃ isáng waláng cawawaang aclát, ipinakilalang waláng caya ang mgã *indio* cung hindi sa mgã gawain ng̃ camáy ... ¡psh! ¡matatandâ ng̃ pangcaraniwan!

—¡Tunay ngã̂! ¡Nacasisirà sa religión ang ganyáng caraming mgã paglihís sa catuwiran!—ang bigláng sabi namán ng̃ isá;—cung may mgã matá sana ang mitra at caniláng makita ang mgã bao ng̃ ulong sa canilá'y pagpuputungãn....

—¡Cung ang mgã mitra sana'y pawang mgã likhâ ng̃ Naturaleza,—ang dagdág namán ng̃ isá, na ang tinig ay lumalabas sa ilóng.—*Natura abhorret vacuum* ...

—Cayâ ngã̂ cumacapit sa canilá; ¡ang pagcawaláng lamán ang sa canilá'y humahalina!—ang sagót ng̃ isa.

Ang mgã itó at iba páng mgã bagay ang mgã sábihan sa mgã convento, at ipinatátawad na namin sa mgã bumabasa ang pagsasaysáy ng̃ mgã ibáng mgã upasalà na may mgã culay político, metafísico at mahahangháng. Ating ihatid ang bumabasa sa bahay ng̃ isáng waláng anó mang catungculan, at sapagcá't cácauntî ang cakilala natin sa Maynilà'y doon tayo pumaroon sa bahay ni capitang Tinong, ang lalaking mapag-anyaya, na ating nakitang pinipilit anyayahan si Ibarra upáng papurihan siya ng̃ isáng dalaw.

Sa mayama't maluang na salón ng̃ canyáng bahay sa Tundó ay naroon si capitang Tinong, nacaupo sa isáng malapad na sillón, na hináhagpos ang noo't ang batoc, na may anyóng lubháng nahahapis, samantalang umíiyac at pinagwiwicaan siyá ng̃ canyáng asawang si capitana Tinchang, sa haráp ng̃ canyáng dalawáng anác na babae, na nagsisipakiníg mulâ sa isáng suloc na hindi nangãgsisiimic, nangãtútulig at nangãbábagbag ang loob.

—¡Ay, Virgen sa Antipolo!—ang sigáw ng̃ babae.—¡Ay, Virgen del Rosario

at de la Correa! ¡ay!, ¡ay! ¡Nuestra Señora de Novaliches!

—¡Nanay!—ang sa canyá'y sinabi ng̃ bunso sa canyáng mg̃ã anác na babae.

—¡Sinasabi co na sa iyó!—ang ipinatuloy ng̃ babae, na pagsisi ang anyô;—¡sinasabi co na sa iyó! ¡ay Virgen del Cármen, ay!

—¡Ng̃ũni't hindi ca namán nagsasabi sa akin ng̃ anó man!—ang ipinang̃ãhás isagót ni capitang Tinong na napapaiyac;—baligtád, sinasabi mo sa aking mabuti ang aking guinágawâ sa pagmamalimít co sa bahay na iyón at manatili sa pakikipag-ibigan cay capitang Tiago, sa pagcá't ... sa pagcá't mayaman ... at sinabi mo sa aking....

—¿Anó? ¿anó ang sinabi co sa iyó? ¡Hindi co sinasabi sa iyo iyán, walâ acóng sinasabing anó man sa iyó! ¡Ay! ¡cung pinakinggán mo sana acó!

—¡Ng̃ãyo'y acó ang bibigyan mong casalanan!—ang itinutol ng̃ masacláp na tinig, at sacâ tumampál ng̃ malacás sa camáy ng̃ sillón;—¿hindi mo ba sinabi sa aking magaling ang aking guinawâ na siyá'y aking inanyayahang cumain dito sa atin, sa pagcá't palibhasa'y mayaman ... sinasabi mong hindi dapat tayong makipagcaibigan cung di sa mayayaman lamang? ¡Abá!

—Tunay ng̃ãng sinabi co iyán sa iyó, sa pagcá't ... sa pagcá't walâ ng̃ magágawâ; walâ cang guinágawâ cung hindi purihin siyá; *don Ibarra* dito, *don Ibarra* doon, *don Ibarra* sa lahát ng̃ panig, ¡abaá! Datapuwa't hindi co inihatol sa iyong makipagkita ca sa canyá ó makipagsalitaan ca sa canyá sa pagcacapisang iyon; hindi mo maicacailà itó sa akin.

—¿Nalalaman co bang paparoon siyá roon?

—¡Abá! ¡dapat mong maalaman!

—¿Paano? ¿siyá'y hindi co man lamang nakikilala pa niyon?

—¡Aba! ¡dapat mo siyáng makilala!

—Ng̃ũni't Tinchang, ¡paano'y niyón co lamang siyá nakita, at niyón co lamang namán náringĩg na siya'y pinag-uusapan!

—¡Aba! ¡dapat sanang nakita mo siyá ng̃ una, náringĩg ang usapan tungcól sa canyá, sa pagcá't lalaki icaw, may salawal ca at bumabasa ca ng̃ *Diario de Manila!*—ang di mabilíng na sagót ng̃ asawa, casabáy ng̃ pagpapahatid sa canyá ng̃ cakilakilabot na irap.

Waláng maalamang itutol si capitan Tinong.

Hindi pa nasiyahan si capitana Tinchang sa canyáng pagwawaguíng itó'y pinacsáng siyá'y papangguipuspusín, caya't sa canyá'y lumapit na nacasuntoc.

—¿Cayâ ba nagpagál acó ng̃ mahabang panahón at nagtipíd ng̃ hindi cawasà, at ng̃ dahil sa iyóng cahalingã'y ipahamac mo ang bungã ng̃ aking mgã pagod?—ang ipinagwica sa canyá,—Ngãyó'y paririto silá't ng̃ icaw ay dalhín sa tapunán, huhubaran camí ng̃ ating pag-aarì, gaya ng̃ nangyari sa asawa ni ... ¡Oh, cung lalaki lamang acó! ¡cung lalaki lamang acó!

At ng̃ makita niyáng tumútungõ ang canyáng asawa, mulíng nagpasimulâ ng̃ pagtangũyngõy, ngũni't laguì ring inuulit:

—¡Ay, cung lalaki lamang acó! ¡cung lalaki lamang acó!

—At cung naguing lalaki icaw,—ang itinanóng sa cawacasan ng̃ lalaking nadadalimumot na,—¿anó sana ang gagawin mo?

—¿Anó? ¡abá!, ¡abá!, ¡abá! ¡ngãyón di'y háharap aco sa Capítan General, upáng acó'y humandóg sa pakikihamoc laban sa mgã nanghihimagsic, ngãyón din!

—Ngũni't ¿hindi mo ba nababasa ang sinasabi ng̃ *Diario?* ¡Basahin mo! «Nasugpô ng̃ boong higpít, lacás at catigasán ang caliluháng imbî at casamâsamaan, at hindi malalao't daramdamin ng̃ mgã suwail na caaway ng̃ Ináng Bayan at ng̃ caniláng mgã cainalám, ang boong bigát at cabangĩsán ng̃ mgã cautusan» ... ¿nakita mo na? wala ng̃ himagsican.

—Hindi cailangãn, dapat cang humaráp na gaya ng̃ guinawa ng̃ madla ng̃ taóng 72, at nangãcaligtás ngã namán.

—¡Siya ngã! humaráp din si parì Burg....

Datapuwa't hindi natapos ang salita; tinacbó siya ng̃ babae at tinacpán ang canyáng bibíg.

—¡Halá! ¡sabihin mo ang pangãlang iyán at ng̃ bucas di'y bitayin ca sa Bagumbayan ¿Hindi mo ba nalalamang sucat na ang saysayin ang pangãlang iyan upang parusahan ca, na hindi cailangan ang gumawa pa ng̃ *causa?* ¡Halá! ¡sabihin mo!

Cahi't ibiguin man ni capitan Tinong sundin ang utos ng̃ canyáng asawa'y hindi rin mangyayari; natatacpan ang canyang bibig ng̃ dalawáng camáy ng̃ canyáng asawa, at iniipit ang canyang maliit na ulo laban sa licuran ng̃ sillón, at marahil namatay sa pagcainis ang abáng lalaki cung hindi namag-itan ang isáng

bagong dumatíng na tao.

Itó'y ang caniláng pinsang si Primitivo, na nasasaulo ang Amat, isáng lalaking may mgã apat na pong taón ang gulang, malinis ang pananamit, titiyanin at may catabaan.

—*¿Quid video?*—ang bigláng sinabi;—¿anó ang nangyayari? *¿Quare?*[262]

—¡Ay, pinsan!-anáng babae na umiiyac at tumatacbong patungõ sa canyá; —ipinatawag cata, sa pagcá't hindi co maalaman cung anó ang mangyayari sa aming mgã babae ... ¿anó ba ang hatol mo sa amin? ¡Magsalita ca, icaw na nag-aral ng̃ latin at mgã *argumento* (pakikipagmatuwiran)!..

—Ng̃ũni't bago magsalita acó, *¿Quid quaeritis? Nihil est in intellectu quod prius non fuerit in sensu; nihil volitum quin praecognitum,*[263]

At marahang naupô. Anaki mandín ang mgã sinabing wicang latin ay may bisàng nacapagbibigay capanatagán, capuwa tumiguil ng̃ pagtangĩs ang mag-asawa, at nangãgsilapit sa canyá at hinihintay sa canyáng mgã labì ang aral, na gaya namán ng̃ guinágawa ng̃ mgã griego ng̃ una cung hinihintay ang pangligtas na salita ng̃ «oráculo» na macapagliligtas sa canilá sa manglulusob na mgã tagá Persia.

—¿Bakit cayó umiiyac? *¿Ubinam gentium sumus?*[264]

—Nalalaman mo na ang balità tungcol sa panghihimagsic.

—*¿Alzamentum Ibarræ ab alferesio Guardiæ civilis destructum? ¿Et nunc?* ¿At anó? ¿May utang ba sa inyó si don Crisóstomo?

—Wala, ng̃ũni't talastasin mong inanyayahan siyá ni Tinong na cumain dito, bumati sa canyá sa tuláy ng̃ España ... ¡sa liwanag ng̃ araw! ¡Wiwicain niláng si don Crisóstomo'y canyáng caibigan!

—¿Caibigan?—ang bigláng sinabing námamangha ang latino, at saca tumindíg, *¡amice, amicus Plato sed magis amica veritas!*[265] ¡Sabihin mo sa akin cung sino ang casacasama mo at sasabihin co sa iyo cung sino icaw! *¡Malum negotium et est timendum rerum istarum horrendissimum resultatum!*[266]

Namutla ng̃ catacottacot si capitang Tinong ng̃ canyang marinig ang gayóng caraming salitáng ang catapusá'y *um*; ang tunog na itó'y ipinalálagay niyáng masama ang cahulugan. Pinapagdaóp ng̃ canyáng asawa ang dalawáng camáy sa pagsamò, at nagsabi:

—Pinsan, huwag mo camíng causapin ngãyon ng̃ latín; talastás mo nang hindi cami mgã filósofong gaya mo; causapin mo camí ng̃ tagalog ó castilà, datapuwa't hatulan mo camí ng̃ dapat naming gawín.

—Sayang na hindi cayó marunong ng̃ latín, pinsan; ang mgã catotohanan sa latín ay casinungãlingãn sa tagalog, sa halimbawà: *contra principia negantem fustibus est argüendum*,[267] sa latín ay isáng catotohanang tulad sa Daóng ni Noé; minsa'y guinamit co sa gawa ang bagay na iyán, ang pinangyarihan ay acó ang nabugbóg. Dahil dito, cahinahinayang na hindi cayó marunong ng̃ latín; sa latín ay mahuhusay na lahát.

—Camí ay maraming nalalaman namáng *oremus, parcenobis* at *Agnus Dei Catolis*, ngũni't ngãyó'y hindi tayo magcacáwatasan. ¡Bigyán mo ngã ng̃ isáng *argumento* si Tinong at ng̃ huwág siyáng bitayin!

—¡Masama ang guinawa mo, totoong cásamasamaan ang guinawa mo, pinsan, sa iyong guinawáng pakikipagcaibigan sa binatang iyan!—ang mulíng sinabi ng̃ latino.—Nagbabayad ang mgã waláng casalanan sa gawâ ng̃ mgã macasalanan; halos ihahatol co sa iyong gawin mo na ang iyong *testamento* (casulatang pinaglálagdaan ng̃ mgã hulíng calooban ng̃ isáng tao).... *¡Vae illis! Ubi est fumus ibi est ignis! Similis simili gaudet; alqui Ibarra ahorcatur, ergo ahorcaberis!*....[268]

At nagpapailing-iling na masamâ ang loob.

—¡Saturnino, anó ang nangyayari sa iyo!—ang sigáw ni capitana Tinchang, na puspós ng̃ tacot;—¡ay, Dios co! ¡Namatáy! ¡Isáng manggagamót! ¡Tinong, Tinonggoy!

Dumaló ang dalawáng anác na babae at nagpasimula ang tatló ng pananambitan.

—¡Itó'y isang panghihimatáy lámang, pinsan, isáng panghihimatáy! Lalo pa sanang icatutuwâ co cung ... cung ...; datapuwa't sa cawaláng palad ay walà cung di isáng panghihimatay lamang. *Non timeo mortem in catre sed super espaldonem Bagumbayanis.*[269] ¡Magdalá cayó rito ng̃ tubig.

—¡Huwág cang mamatáy!—ang panambitan ng̃ babae;—¡huwág cang mamatáy, sa pagcá't paririto silá't huhulihin icaw! ¡Ay, cung icaw ay mamatáy at saca pumarito ang mgã sundalo, ¡ay! ¡ay!

Winiligán ng̃ pinsan ng̃ tubig ang mukha ni capitang Tinong, at pinag-saulìan itó ng̃ pag-iisip.

—¡Halá, huwág cayóng umiyác! *Inveni remedium*, nasumpungãn co na ang gamót. Ilipat natin siyá sa canyáng hihigán; ¡hala! ¡tapangãn ninyó ang inyóng loob! nárito acó at ang lahát ng̃carunungãn ng̃mgã tao sa una.... Magpatawag cayó ng̃ isáng doctor;—at ngãyón din, pinsan cong babae, pumaroon ca sa capitán general at dalhán mo siyá ng̃ isáng handóg, isáng tanicalang guinto, isáng singsíng.... *Dadivae quebrantant peñas;* (dumudurog ng̃bató ang handóg); sabihin mong iyá'y handóg dahil sa pascó. Sarhán ninyó ang mgã bintanà, ang mgã pintô, at sino mang magtanóng sa aking pinsan, sabihin ninyóng may sakít na mabigát. Samantala'y susunuguin co ang lahát ng̃mgã súlat, mgã papel at mgã libró at ng̃huwag siláng macakita ng̃anó man, gaya ng̃guinawâ ni don Crisóstomo. *Scripti testes sunt! Quod medicamenta, non sanant, ferrum sanat, quod ferrum non sanat, ignis sanat* [270].

—¡Oo, tanggapin mo, pinsan; sunuguin mong lahát!-ani capitana Tinchang; —nárito ang mgã susì, nárito ang mgã sulat ni capitang Tiago, ¡sunuguin mong lahát! Huwag ca sanang mag-iiwan ng̃ anó mang pamahayagang galing sa Europa, sa pagcá't totoong nacapagbibigay pangãnib. Nárito itong mgã *The Times* na aking iniingãta't ng̃mapagbalutan ng̃mgã sabón at ng̃mgã damít. Nárito ang mgã libro.

—Pumaroon ca na sa capitán general, pinsan,—aní Primitivo;—pabayaan mo acóng mag-isá. *In extremis extrema.* Bigyán mo acó ng̃capangyarihan ng isáng tagapamatnugot na romano, at makikita mo cung paano ang pagliligtás na gagawín co sa bay ... sa aking pinsáng lalaki bagá.

At nagpasimula ng̃sunódsunod na pag-uutos, ng̃paghalo ng̃mgã estante, ng̃pagpupunit ng̃mgã papel, mgã libró, mgã sulat at iba pa. Hindi nalao't nag-álab sa *cocina* ang isáng sigâ; caniláng sinibác ng̃palacól ang mgã lumang escopeta; itinapon nilá sa cumón ang mgã cálawangĩng revolver; ang alilang babaeng ibig sanang iligpít ang cañón ng̃isáng revolver at ng̃magamit na hihip ay kinagalitan:

—*¿Conservare etiam sperasti, perfida?* ¡Sa apóy!

At ipinatuloy ang canyáng pagsúnog.

At nacakita ng̃isáng líbróng ang balát ay pergamino (balát ng̃vaca) ay binasa niyá ang pangãlan:

«Mgã revolución ng̃mgã globo sa langĩt» (mgã ganáp na pag-inog ng̃mgã planeta sa caniláng talagáng tinatacbuhan), na sinulat ni Copérnico; ¡pfui! *¡ite maledicti, in ignem calanis!*—ang bigláng sinabi at saca inihaguis sa ningãs.

¡Mgã revolución at saca si Copérnico pa! ¡Patong patong na casalanan! Cung di dumatíng acó sa capanahunan ... «Ang calayaan ng̃ Filipinas»; ¡Tatata! ¡pagca mgã libro! ¡Sa apóy!

At sinunog ang mgã libróng waláng caanoano mang casamaan, na sinulat ng̃ mgã taong waláng malay. Hindi man lamang nacaligtas ang nagngãngãlang «Capitang Juan», na napacawalang sala. May catuwiran si pinsáng Primitivo: nagbabayad ang mgã waláng casalanan sa mgã sála ng̃ mgã macasalanan.

Nang macaraan ang ápat ó limáng oras ay pinagsasalitaanan ang casalucuyang mgã nangyayari sa isáng púlong ng̃ mgã nagmámataas, sa loob ng Maynilà. Silá'y caramihang matatandáng babae at mgã dalagang matatandáng nacaca-ibig mag-asawa, mgã asawa ó mgã anác na babae ng̃ mgã cawaní ng pamahalaan, nangãcasuot ng̃ báta, nangãgpápaypay at nangãghíhicab. Capanayám ng̃ mgã lalaki, na cawangĩs din namán ng̃ mgã babaeng sa caniláng pagmumukha'y nahihiwatigan kung anó ang caniláng pinag-aralan at ang caniláng pinagbuhatan, ang isáng guinoong may catandáan na, maliit at pingcáw, na pinagpipitaganan ng̃ mgã naroroon, at siyá namá'y nagpapakita sa canyáng mgã caharap ng̃ isáng pagpapawaláng halagá sa canyáng hindi pag-imic.

—Ang catotohanan ay dating totoong nasususot acó sa mgã fraile at sa mgã guardia civil, dahil sa cagaspangãn ng̃ caniláng mgã asal,—ang sabi ng̃ isáng matabáng guinoong babae; ngũnit ngãyóng nakikita co ang sa canila'y pinakikinabang at ang caniláng mgã paglilingcod, hálos aking icagágalac na pacasál sa alín man sa canilá. Macabayan acó.

—¡Gayón din ang sabi co!—ang idinagdág ng̃ isáng babaeng payát;—¡sáyang at ngãyo'y walâ rito ang náunang gobernador; cung siyá ang náririto'y lilinising parang «patena» ang bayang itó!

—¡At malilipol ang mgã lahì ng̃ mgã filibusterillo!

—Hindi ba ang sábiha'y marami pa ang mgã pulóng kinacailangãng padalhán ng̃ mgã mámamayan doon. ¡Bakit hindi itápon doon ang ganyán caraming mayayabang na mgã indio! Cung acó ang capitán general....

—Mgã guinoong babae,—anáng pingcáw;—nalalaman ng̃ capitán general cung anó ang canyáng catungculan; ayon sa aking náringĩg ay totoong galit na galit siyá; sa pagcá't canyáng pinuspós ng̃ mgã biyaya ang Ibarrang iyán.

—¡Pinuspos ng̃ mgã biyaya!—ang inulit ng̃ payát na babae, na nagpápaypay ng̃ malaki ang poot;—¡tingnán na ngã lamang ninyó ang pagca

hindi marunong cumilala ng̃ útang na loob nitong mgã indio! ¿Mangyayari bagáng silá'y ipalagáy na mgã tao sa pagpapanayám? ¡Jesús!

—At ¿nalalaman ba ninyó ang aking náringĩg?—ang tanóng ng̃ isáng militar.

—¡Tingnán natin!—¿Anó iyón?—¿Anó ang sinasabi nilá?

—Pinagtitibay ng̃ mgã taong mapaniniwalaan,—anáng militar sa guitná ng̃ lalong malakíng hindi pag-imic ng̃ madlâ;—na ang lahát ng̃ mgã caingãyang iyón sa pagtatayô ng̃ isáng páaralan ay walâ cung di pawang catacata lámang.

—¡Jesús! ¿nakita na ninyó?—ang bigláng sinabi ng̃ mgã babae, na nangãg sisipaniwalà na sa catacata.

—Isáng sangcalan lámang ang páaralan; ang bantà niyá'y magtayô ng̃ isáng cutà, at ng̃ buhat doo'y macapangãnlóng cung silá'y lusubin na namin....

—¡Jesús! ¡pagcálakilaking cataksilan! Ang isáng indio ngã lámang ang tangĩng macapagtátaglay ng̃ ganyáng pagcaimbiimbíng mgã isipan,—ang bigláng sinabi ng̃ babaeng matabâ. Cung acó ang capitán general, nakita sana nilá ... nakita sana nilá....

—¡Gayón din ang sabi co!—ang bigláng sinabi namán ng̃ babaeng payát na ang pingcáw ang kinacausap. Dáracpin co ang lahát ng̃ abogadillo, cleriguillo, mángãngãlacal, hindi co na pagagawán pa ng̃ *causa* at silá'y aking itatapon ó ipadádalá sa ibáng lupaín. ¡Bawa't masamâ'y bunutin patí ng̃ ugát!

—¡Abá, sabihana'y castilà ang magugulang ng̃ filibusterillong iyán!—ang pahiwatig ng̃ pingcáw na hindi tumitingĩn cangĩno man.

—¡Ah, gayón palá!—ang sinabing mariin ng̃ hindi masiyahang babaeng matabâ;—¡cailán ma'y ang mgã halûan ang dugô! ¡sino mang indio'y hindi nacawawatas ng̃ panghihimagsic! ¡Mag-alagà ca ngã namán ng̃ mgã uwác! ¡mag-alagà ca ngã namán ng̃ mgã uwác!...

—¿Nalalaman ba ninyó ang naringĩg cong salitaan?—ang itinanóng ng̃ isáng babaeng halûan ang dugô (mestiza), na sa gayóng paraa'y pinutol ang salitaan.—Ang asawa raw ni capitáng Tinong ... ¿naaalaala ba ninyó? iyong may-ari ng̃ bahay na ating pinagsayawan at hinapunan niyóng fiesta sa Tundó....

—¿Iyón bang may dalawáng anác na babae? ¿at anó?

—¡Abá, ang babaeng iyó'y bagong caháhandog ngãyóng hapon sa capitán

general ng̃isáng singsíng na isáng libong piso ang halagá!

Lumingõn ang pingcáw.

—¿Siyá ngã ba? ¿at bakit?—ang tanóng na numíningning ang mgã matá.

—Ang sabi raw ng̃babae, iyón daw ay bigáy niyáng papascó....

—¡Isáng buwán pa muna ang lálampas bago dumating ang pascó!

—Marahil nangãngãnib na bacá lagpacán siya ng̃sigwá ...—ang pahiwatig ng̃babaeng matabâ.

—At caya siyá'y cumúcubli,—ang idinugtóng ng̃babaeng payát.

—Ang pagsasanggaláng cahi't hindi pinúpucol nino man ay pagpapakilalang tunay na may casalanan.

—Iyán ngã ang sumasaisip co; tinamaan ninyó ang sugat.

—Kinacailangãng tingnáng magalíng iyán,—ang hiwatig ng̃ pingcáw;—nangãngãnib acóng baca riyá'y may nacáculong na pusà.

—¡Nacáculong na pusà! iyán ngã! iyán ngã sana ang sasabihin co!—ang inulit ng̃babaeng payát.

—At acó,—ang sinabi namán ng̃isáng babae, na umagaw ng̃pananalita sa payát;—ang asawa ni capitang Tinong ay napacaramot ... hanggá ngãyo'y hindi pa tayo pinadádalhan ng̃anó mang hangdóg, gayóng tayo'y napaparoon na sa canyáng bahay. Tingnán ninyó, pagcá ang isáng maramot at macamcam ay nagbibitiw ng̃isang handóg na isáng libong piso'y ...

—¿Ngũni't totoó ba iyán?—ang tanóng ng̃pingcáw.

—¡At napacatotoo! ¡at napacatunay! sinabi sa aking pinsáng babae ng̃ nangĩngĩbig sa canyá, na ayudante ng̃ capitán general. At hálos ibig cong acalaing ang singsíng na iyón ang suot ng̃pangãnay ng̃araw ng̃cafiestahan. ¡Siya'y lagui ng̃batbát ng̃mgã brillante!

—¡Siyá'y isáng tindahang lumalacad!

—Isáng paraan din namáng magalíng upáng macapagbilí, na gaya rin ng̃ alin man sa ibáng mgã paraan. Nang huwag ng̃bumilí pa ng̃isáng tautaohan ó bumayad pa ng̃isang tindahan....

Linisan ng̃pingcáw ang pulong na iyon sa pamamag-itan ng̃isáng dahilán.

At ng̃ macaraan ang dalawáng oras, ng̃ nangãtutulog na ang lahát, tumangáp ang iláng namamayan sa Tundo ng̃isáng anyaya sa pamamag-itan ng mgã sundalo ... Hindî mapabayáan ng̃ Punong may capangyarihang ang mgã tangĩng táong mgã mahal at may mgã pag-aari ay matulog sa caniláng báhay, na hindi magalíng ang pagcacaingãt at bahagya na ang lamig: ang pagtulog sa Fuerza ng̃ Santiago at iba pang mgã bahay ng̃ gobierno'y lálong tiwasáy at nagsasaulì ng̃ lacas. Casama sa mgã táong itóng pinacamamahal ang caawa-awang si capitang Tinong.

Decorative motif

# LX.

## MAG-AASAWA SI MARIA CLARA.

Natútuwâ ng̃ mainam si capitán Tiago. Sa boong panahóng itóng catacot-tacot ay walâ sino mang nakialam sa canyá: hindi siyá ibinilanggô, hindi pinahirapan siyá sa pagcáculong na sino ma'y hindi macausap, mgã pagtanóng, mgã máquina eléctrica, mgã waláng licat na pagbasâ ng̃ tubig mulâ sa talampacan hanggáng tuhod sa mgã tahanang na sa ilalim ng̃ lupà, at ibá pang mgã catampalasanang totoong kilalá ng̃ mgã tang̃ing guinoong tumatawag sa caniláng sarili ng̃ «civilizado». Ang canyáng mgã caibigan, sa macatuwíd bagá'y ang canyáng naguíng mgã caibigan (sa pagcá't tinalicdán na ngã ng̃ lalaki ang canyáng mgã caibigang filipino, mulâ sa sandaling silá'y maguíng mgã hinalain sa gobierno), nangãgbalíc na namán sa canícaniláng bahay, pagcatapos ng̃ iláng araw ng̃ caniláng pagliliwalíw sa mgã bahay ng̃ gobierno. Ang capitán general din ang siyáng sa canilá'y nagpalayas sa mgã tahanang canyáng pinamamahalaan, palibhasa'y ipinalagáy niyáng hindi silá carapatdapat na manatili roon, bagay na lubháng ipinagdamdám ng̃ pingcaw, na ibig sanang ipagsayá ang malapit ng̃ dumating na pascó sa casamahan ng̃ gayóng mayayaman at masagana.

Umuwi sa canyáng bahay si capitáng Tinong na may sakít, putlain at namámagâ,—hindi nacagalíng sa canyá ang pagliliwalíw,—at lubháng nagbago, na anó pa't hindi nagsásalitâ ng̃ catagâ man lamang, hindi bumabatì sa canyáng mgã casambaháy, na tumatang̃is, nagtátawa, nagsásalitâ at nangãhahalíng sa galác ng̃ loob. Hindi na umaalis sa canyáng bahay ang cahabaghabag na tao, at ng̃ huwág lumagáy sa pangãnib na macabatì sa isáng filibustero. Cahi't ang pinsán mang si Primitivo, bagá man tagláy niyá ang boong carunungãn ng̃ mgã tao sa una, ay hindi macuhang siyá'y mapaimíc.

—*Crede, prime,*—ang sabi sa canyá;—pinisíl sana nilá ang liig mo cung hindi co sinunog ang lahát mong mgã papel; datapuwa't cung nasunog co sana ang boong bahay, hindi man lamang sana hinipo cahi't ang buhóc mo. Pero *quod eventum, eventum; Gracias agamus Domino Deo quia non in Marianis Insulis es, camoles seminando*[271].

Hindi cailâ cay capitán Tiago ang mgã nangyaring catulad ng̃ pinagdanasan ni capitán Tinong. Nagcacanlalabis sa lalaki ang pagkilalang utang na loob, bagá man hindi niyá maturól cung sino caya ang pinagcacautangãn niyá ng̃ gayóng tangĩng mgã pagtatangkilic. Ipinalálagay ni tía Isabel na ang bagay na iyó'y himalâ ng̃ Virgen sa Antipolo, ng̃ Virgen del Rosario, ó cung hindi ma'y ng Virgen del Cármen, at ang lalong cáliitang canyáng mahihinala'y himalâ ng̃ Nuestra Señora de la Correa: ayon sa canyá'y hindi sasala sa alin man sa canilá ang gumawâ ng̃ himalâ. Hindi itinátanggui ni capitán Tiago ang cababalaghán, ng̃uni't idinúrugtong:

—Pinaniniwalaan co, Isabel, datapuwa't marahil ay hindi guinawáng mag-isa ng̃ Virgen sa Antipolo; marahil siyá'y tinulungãn ng̃ aking mgã caibigan, ng aking mamanugangĩn, ni guinoong Linares, na nalalaman mo nang binibirò pati ni guinoong Antonio Cánovas, iyón bagáng nacalagáy ang larawan sa «Ilustración», iyóng aayaw papaguingdapating ipakita sa mgã tao cung di ang cabiyác lamang ng̃ canyáng mukhâ.

At hindi mapiguil ng̃ mabait na tao ang isáng ngĩtî ng̃ canyáng pagcatuwâ, cailán ma't canyáng máringĩg ang isáng mahalagáng balità tungcól sa mgã nangyari. At tunay ngã namáng dapat icatuwâ. Pinagbubulungbulungãnang mabibitay si Ibarra; sa pagcá't bagá man maraming totoo ang mgã caculangãng pangpatibay upáng siyá'y maparusahan, nitóng huli'y may sumipót na nagpapatotoo sa sumbóng na laban sa canyá; na may mgã pahám na nagsaysáy na maáari ngãng cutà ang escuélahan, ayon sa anyó ng̃ pagcacágawâ, bagá man may cauntíng caculangãn, bagay na siyá na ngã lamang maáasahan sa hangãl na mgã indio. Ang mgã alingãwngãw na itó ang siyáng sa canyá'y nacapapanatag at nacapagpapangĩtî sa canyá.

Cung paano ang pagcacaiba ng̃ mgã bálac ni capitáng Tiago at ng̃ canyáng pinsáng babae, nangãgcacahatì namán ang mgã caibigan ng̃ familia sa dalawáng bahagui; nananalig ang isáng bahaguing yaó'y gawâ ng̃ himalâ, at ang isáng bahagui namá'y inaacalang gawâ yaón ng̃ pámahalaan, bagá man ang naniniwalà ng̃ ganito'y siyáng lalong cácauntî. Nagcacabahabahagui namán ang mgã nagpapalagay na yaó'y himalâ: nakikita ng̃ sacristan mayor sa Binundóc, ng̃ babaeng maglalacò ng̃ candilà at ng̃ puno ng̃ isáng cofradía, ang camáy ng̃ Dios na pinagagalaw ng̃ Virgen del Rosario; sinasabi namán ng̃ insíc na magcacandilà na siyáng nagbibili ng̃ candilà cay capitán Tiago cung siyá'y napasasa Antipolo, casabay ang pagpapaypáy at pag-ugóy ng̃ mgã hità:

—¡No siya osti gongóng; Miligen li Antipolo esi! Esi pueli mas con tolo; no siya osti gongóng.[272]

Pinacámamahal ni capitang Tiago ang insíc na iyón, na nagpapánggap na manghuhulà, manggagamot, at ibá pa. Minsa'y sa pagtingĩn sa palad ng̃ camáy ng̃ canyáng nasirang asawang na sa icaanim na buwan ang cabuntisán ay humulà ng̃ ganitó:

—¡Si eso no hómele y no pactaylo, mujé juete-juete![273]

At sumilang sa maliwanag si María Clara upáng maganap ang hulà ng̃ hindi binyagan.

Si capitan Tiago'y maingãt at matatacutin, caya't hindi agad-agad macapagpasiyá na gaya ng̃ guinawa ni Paris na taga Troya, hindi niyá matangĩ ng̃ gayón gayón lamang ang isá sa dalawáng Virgen, sa tacot niyáng bacá magalit ang isá sa canilá, bagay na macapágbibigay ng̃ malaking capahamacán. —«¡Mag ingat!»—ang sabi niyá sa canyáng sarili;—«¡baca pa ipahamac natin!»

Na sa ganitóng pag aalinlangãn siyá, ng̃ dumating ang pangcát na cacampi ng̃ gobierno; si doña Victorina, si Don Tiburcio at si Linares.

Nagsalitâ si doña Victorina sa ngãlán ng̃ tatlong lalaki, bucód sa nauucol sa canyáng sarili; binangguit niyá ang mgã pagdalaw ni Linares sa capitan general, at inulit-ulit ang cabutihang magcaroon ng̃ isang camag anac na mataás na tao.

—¡Ná!—ang iwinacas,—como izimos: el que a buena zombra ze acobija buen palo ze le arrima.[274]

—¡Tum ... tum ... tumbalic, babae!—ang isinala ng̃ doctor.

May tatlóng araw ng̃ guinágagad ni doña Victorina ang mgã andaluz, sa pamamag-itan ng̃ pag-aalis n-g "d" at sa paghahalili ng̃ "z", at ang hangãd niyáng ito'y waláng macapag-alis sa canyáng ulo; mamagalingĩn pa niyang canyáng ipabugnós ang canyáng postizong buhóc na kinulót.

—¡Zi!—ang idinugtóng, na ang tinutucoy ay si Ibarra:—eze lo tenfa muy merezio; yo ya lo ije cuando le vi la primera vez; ezte un filibuztero ¿ique te ijo a ti, primo, el general? ¿Que le haz icho, que noticias le izte é Ibarra?[275]

At ng̃ makita niyáng nalalaon ng̃ pagsagót ang pinsan, nagpatuloy ng pananalita na si capitang Tiago ang kinacausap:

—Créame uzté, zi le conenan a muelte, como ez e ezperar, zera por mi primo.[276]

—¡Guinoong babae! ¡guinoong babae!—ang itinutol ni Linares. Datapuwa't

hindi niyá itó binigyang panahón.

—¡Ay, qué iplomático te haz güerto! Zabemoz qwe ere;i el conzejero del General, que no puede vivir zin ti ... ¡Ah, Clarita! ¡qué placer é verte![277]

Humaráp si Maria Clarang namúmutlâ pa, bagá man nananag-uli na ang dating cagalingãn ng̃ catawang pinapanghina ng̃ sakit. Napupuluputan ang mahabang buhóc ng̃ sutlang cintas na may culay bughaw. Kiming bumati, ngũmitî ng̃ mapanglaw, at lumapit cay doña Victorina upang gawin ang paghahalicang caugalîan sa mgã babae.

Pagcatapos ng̃ caugalîang cumustahan, nagpatuloy ng̃ pananalitâ ang nagpápanggap na andaluza:

—Venimoz á visitaroz; ¡oz haveiz zalbao graciaz á vuestraz relacionez![278] na canyáng tinítingñan ng̃macabulugan si Linares.

—¡Tinangkilic ng̃Dios ang aking amá!—ang marahang isinagót ng̃dalaga.

—Zi, Clarita, pero el tiempo é los milagroz ya ha pazeo: rozotroz loz ezpañolez ecimoz: ezconfía é la Virgen y échate á corré.[279]

—¡Tum ... tum ... tumbalíc!

Si capitán Tiago na hanggang sa sandalíng yaó'y hindi nacacaguiit sa pananalitá'y nangãhás tumanóng, at bago pinakinggáng magalíng ang sagót:

—Cung gayó'y inaacalà po ba ninyó, doña Victorina, na ang Virgen ...?

—Venimoz precizamente á hablar con uzté é la *Virgen*,[280]—ang matilinghagang sagót ni doña Victorina, na itinuturo si María Clara;—tenemoz que hablar é negocioz.[281]

Napagkilala ng̃dalagang dapat niyáng lisanin ang nangãgsasalitaan, caya't humanap siyá ng̃dahilán at lumayo roon, na nangãngãbay sa mgã casangcapan.

Napacaimbî at napacalisyà ang salitaan at usapan sa pagpupulong na itó caya't minamagaling pa namin ang huwág ng̃saysayin. Sucat ng̃sabihing ng̃ silá'y magpaalaman ay pawang nangãtutuwang lahát, at sinabi pagcatapos ni capitan Tiago ang ganitó cay tía Isabel:

—Ipasabi mo sa fonda, na bucas ay mag-aalay tayo ng̃piguing. Untiunting ihandà mo si María Clara na ating ipacacasal na hindi malalaon.

Tiningnan siya ni tía Isabel na nagugulat.

—¡Makikita mo rin! ¡Pagca naguíng manugang na natin si guinoong Linares, magmamanhic-manaog tayo sa lahat ng̃ mg̃a palacio; pananaghilîan tayo, mang̃amamatay ang lahat sa capanahilian!

At sa gayón ng̃a'y kinabucasan ng̃gabi'y mulî na namáng punô ng̃tao ang bahay ni capitan Tiago, at ang caibhán lamang ng̃ayo'y pawang mg̃a castila't insíc lamang ang canyáng mg̃a inanyayahan; tungcól sa magandáng cabiyác ng cataoha'y ipinakikiharap doon ng̃mg̃a babaeng castilàng tubò sa España at sa Filipinas.

Náririyan ang pinacamarami sa ating mg̃a cakilala; si parì Sibyla, si parì Salvi, na casama ng̃ iláng mg̃a franciscano't mg̃a dominico; ang matandáng teniente ng̃guardia civil na si guinoong Guevara, na lalo ng̃mapangláw ang mukhâ cay sa dati; ang alférez na sinásaysay na macalibo na ang canyáng dinanas na pakikibaca, na minámasdan ang lahát ng̃ boong pagpapalalò, palibhasa'y sa acalà niyá'y siyá'y isáng don Juan de Austria sa catapang̃an; ng̃ayó'y teniente siyá't may gradong comandante; si De Espadaña, na canyáng minámasdan itó ng̃boong gálang at tacot at iniiwasan ang canyáng titig, at si doña Victorina na nagng̃ing̃itng̃it. Hindi pa dumarating si Linares, sa pagcá't palibhasa'y mahalagáng guinoo, dapat na siyá'y magpáhuli sa pagdating cay sa mg̃a ibá: may mg̃a taong nápacatung̃ag, na ang acala'y cung magpáhuli ng̃isáng oras sa lahát ng̃bagay, naguiguing malalaking tao na.

Si María Clara ang siyáng tinútudlà ng̃mg̃a upasalà: sinalubong silá ng̃ dalaga ng̃ alinsunod sa ugaling pakikipagmahalan, na hindi nalilisan ang canyáng anyóng malungcót.

—¡Psh!—anáng isáng dalaga;—may cauntíng capalaluan....

—Magandagandá rin namán,—ang sagót namán ng̃ isáng dalaga rin;—datapuwa't ang lalaking iyá'y pumili sana ng̃ ibáng dalaga na hindi totoong mukháng tang̃á.

—Ang salapî, caibigan; ipinagbíbili ng̃ makisig na binatà ang canyáng sariling catawán.

Sa cabiláng dáco'y itó namán ang salitaan:

—¡Pacacasal ng̃ayóng ang unang nang̃ibig sa canyá'y malapit ng̃bitayin!

—Tinatawag cong maing̃at ang ganyán; pagdaca'y handâ na ang cahalili.

—¡Abá, cung mabao!...

Náriringĩg marahil ang gayóng mgã salitaan ng̃ dalagang si María Clara, na nacaupô sa isáng silla at naghuhusay ng̃ isáng bandejang mgã bulaclác, sa pagcá't námamasid na nangã̃ngãtal ang canyáng mgã camáy, minsang mamutlá't mangãtlabing macáilan.

Malacás ang salitaan sa pulutóng ng̃ mgã lalaki, at, ayon sa caraniwa'y pinag uusapan nilá ang ucol sa hulíng mgã nangyari. Nangãg salitaang lahát patí ni don Tiburcio, liban na lamang cay parì Sibyla, na nananatili sa pagpapawaláng halagáng hindi pag-imíc.

—¿Náringĩg cong lilisanin daw po ninyó, pari Salví, ang bayan?—ang tanóng ng̃ bagong teniente, na dahil sa canyáng pagcataas sa catungcula'y ngãyó'y naguíng mairuguín.

—Walâ na acóng sucat gawín sa bayang iyán; sa Maynilà na títira acó magpacailan man ... ¿at cayó pô?

—Lilisanin co rin ang bayan,—ang isinagót na casabay ang pagtindíg;—kinacailangãn acó ng̃ gobierno, upáng aking linisin ang mgã lalawigan sa mgã filibustero, na ang casama co'y isáng pulutóng ng̃ mgã sundalo.

Dagling tiningnán siyá ni pari Salví mulâ sa mgã paá hanggáng sa ulo, at sacâ siyá tinalicuráng lubós.

—¿Tunay na bang nalalaman cung anó ang cahihinatnan ng̃ pangũlo ng mgã tulisan, ng̃ filibusterillo?—ang tanóng ng̃ isáng cawaní ng̃ pámahalaan.

—¿Si Crisóstomo Ibarra ba ang sinasabi ninyó?—ang tanóng ng̃ isá.—Ang lalong mahihintay at siyá namáng sumasacatuwiran ay siyá'y bitaying gaya ng mgã binitay niyóng 72.

—¡Siyá'y itatapon!—ang sinabing mapangláw ng̃ matandáng teniente.

—¡Itatapon! ¡Itatapon lamang siyá! ¡Ngũni't marahil ay mananatili sa tapunán magpacailán man!—ang bigláng sinabing sabaysabáy ng̃ ilán.

—Cung ang binatàng iyán,—ang patuloy na sinabi ng̃ teniente Guevara, ng malacás at anyóng may galit;—ay natutong mag-íngãt; cung siyá'y natutong huwag tumiwalang totoo sa mgã tangĩng taong canyáng casulatán; cung hindi sana napacadunong ang ating mgã fiscal na magbigáy kahulugán ng̃ napacalabis namán sa nasusulat, pinasiyahán sanang waláng anó mang casalanan ang binatàng iyán.

Ang pagpapatibay na itó ng̃ matandáng teniente at ang anyô ng̃ canyáng

tínig ay nagbigáy ng̃ malakíng pangguiguilalás sa mg̃a nakíkinig, na waláng nasabing anó man. Tumingĩn sa ibáng daco si parì Salví, marahil ng̃ huwag niyáng makita ang titig na mapangláw ng̃ matandâ. Nalaglág sa mg̃a camáy ni María Clara ang mg̃a bulaclác at hindi nacakilos. Si pari Sibylang marunong sa hindi pag-imic, tila mandín siyáng tang̃ing marunong namáng tumanóng.

—¿May sinasabi pô ba cayóng mg̃a sulat, guinoong Guevara?

—Sinasabi co ang sinalitâ sa akin ng̃ *defensor* (tagapagtanggól), na gumanáp ng̃ canyáng catungculan ng̃ boong casipaga't pagmamalasakit. Liban na lamang sa iláng mg̃a talatang may culabóng pananalitâ, na isinulat ng̃ binatàng itó sa isáng babae, bago siyá yumaong ang tung̃õ'y sa Europa, mg̃a talatang kinakitaan ng̃ fiscal ng̃ isáng balac at isáng balà laban sa Gobierno, na canyáng kinilalang siyá ng̃ã ang may sulat, waláng násumpung̃ãng anó mang bagay na mapanghawacan upáng siyá'y mabigyáng casalanan.

—¿At ang *declaración* (sinaysáy) ng̃ tulisán bago siyá mamatáy?

—Nasunduan ng̃ defensor na mawal-ang halagá, sa pagcá't ayon din sa tulisáng iyón, silá'y hindi nakipag-usap cailán man sa binatà, cung di sa isáng nagng̃ãng̃ãlang Lucas lamang, na canyáng caaway, ayon sa napatotohanan, at nagpacamatáy, marahil sa sigáw ng̃ sariling budhî. Napatotohanang pawang taksíl na gagád lamang ang mg̃a letra ng̃ casulatang nacuha sa bangcay niyá, sa pagcá't ang letra'y catulad ng̃ dating letra ni guinoong Ibarra ng̃ panahóng may pitóng taón na ng̃ãyón ang nacararaan, datapuwa't hindi catulad ng̃ letra niyá ng̃ãyón, bagay na nagpapasapantahang ang gumamit na huwaran ay itóng sulat na guinamit upáng siyá'y isumbóng. Hindi lamang itó, sinasabi ng̃ defensor, na cung di raw kinilalang siyá ang may titic ng̃ sulat na iyón, malaki sanang cagaling̃ãn ang sa canyá'y nagawa, datapuwa't pagcakita niya sa sulat na iyó'y namutlâ siyá, nasirà ang loob at pinagtibay ang lahat ng̃ doo'y natititic.

—Ang sabi pô ninyó,—ang tanóng ng̃ isáng franciscano;—ay nauucol ang sulat na iyón sa isáng babaeng canyáng pinagpadalhan, ¿anó at dumating sa camáy ng̃ fiscal?

Hindi sumagót ang teniente; tinitigang sandalî si pari Salvi, at sacâ lumayô, na pinipilipit na nang̃ãng̃ãtal ang matulis na dulo ng̃ canyáng balbás na úbanin, samantalang pinag-uusapan ng̃ mg̃a ibá ang mg̃a bagay na iyón.

—¡Diyá'y nakikita ang camáy ng̃ Dios!—anáng isá;—kinasusutan siyá patí ng̃ mg̃a babae.

—Ipinasunog ang canyáng bahay, sa acalà niyáng sa gayó'y macalíligtas siyá, datapuwa't hindi niyá naisip ang nacalingĩd, sa macatuwíd baga'y ang canyáng caagulo, ang canyáng *babae*,—ang idinugtóng ng̃isáng tumatawa.—¡Talagá ng̃Dios! ¡Santiago, ipagtanggól mo ang España!

Samantala'y humintô ang matandáng militar, sa isá sa canyáng pagpaparoo't parito, at lumapit cay María Clara, na nakikinig ng̃salitaan, hindi cumikilos sa canyáng kinauupuan; sa mgã paanan niyá'y naroroon ang mgã bulaclác.

—Cayó po'y isáng dalagang totoong matalinò,—ang marahang sinabi sa canyá ng̃teniente,—magalíng pô ang inyóng guinawâ ng̃inyóng pagcacábigay ng̃sulat ... sa ganyáng paraa'y macaaasa cayóng dalawá sa isáng mapanatag na hinaharap.

Nakíta ng̃dalagang lumálayô ang teniente na ang mgã matá'y anyóng na hahalíng at kinacagat ang mgã labì. Sa cagalingãng palad ay nagdaan si tía Isabel. Nagcaroon si María Clara ng̃casucatang lacás upáng siyá'y tangnán sa damít.

—¡Tia!—ang ibinulóng.

—¿Anó ang nangyayari sa iyó?—ang itinanóng ni tía Isabel, na gulát, ng canyáng mámasdan ang mukhà ng̃dalaga.

—¡Ihatid pô ninyó acó sa aking cuarto!—ang ipinakiusap, at sacà bumitin sa camáy ng̃matandà upáng macatindig.

—¿May sakít ca, anác co? ¿Tila nawalán icaw ng̃mgã butó? ¿anó ang nangyayari sa iyó?

—Isáng hilo ... ang dami ng̃ tao sa salas ... ang dami ng̃ ilaw ... kinacailangãn cong magpahingã. Sabihin pô ninyó sa tatay na matutulog acó.

—¡Nanglálamig ca! ¿ibig mo ba ang chá?

Umilíng si María Clara, sinarhán ng̃susi ang pintô ng̃canyáng tulugán, at salàt na sa lacás ay nagpatihulóg sa sahíg, sa paanán ng̃isáng larawan at sacâ humagulhól:

—¡Iná! ¡iná! ¡aking iná!

Pumapasoc ang liwanag ng̃buwán sa bintanà at sa pintuang canugnóg ng bataláng bató.

Nagpapatuloy ang música ng̃pagtugtóg ng̃masasayang *vals*; dumarating

hanggáng sa tulugán ang mg̃a tawanan at ang alingãwngãw ng̃ mg̃a salitaan; macailang tumugtóg sa canyáng pintuan ang canyáng amá, si tía Isabel, si doña Victorina at patí si Linares, datapuwa't hindi cumilos si María Clara: malacás na hingãl ang tumatacas sa canyáng dibdib.

Nagdaan ang mg̃a horas: natapos ang mg̃a catuwaan sa mesa, náriringĩg ang sayáw, naupós ang candilà at namatáy, datapuwa't nanatili ang dalaga sa hindi pagkilos sa tablang sahig, na liniliwanagan ng̃ buwán, sa paanán ng̃ larawan ng Iná ni Jesús.

Untiunting nanag-uli ang báhay sa catahimican, nangãmatáy ang mg̃a ílaw, mulíng tumawag si tía Isabel sa pintuan.

—¡Abá, nacatulog!—anáng tía ng̃ sabing malacás; palibhasa'y bata't waláng anó mang pinanínimdim, tumutulog na parang patáy.

Nang lubhâ ng̃ tahimic ang lahát; nagtindig si María Clara ng̃ marahan at lumingãp sa canyáng paligid: námasid ang bataláng bató, ang maliliit na mg̃a bálag, na napapaliguan ng̃ mapangláw na liwanag ng̃ buwán.

—¡Isáng mapanatag na hináharap! ¡Tumutulog na parang patáy!—ang sinabi ng̃ marahan at sacâ tinung̃õ ang bataláng bató.

Nagugupiling ang ciudad, waláng nariringĩg na manacanacâ cung dî ang ugong ng̃ isang cocheng nagdaraan sa tuláy na cahoy sa ibabaw ng̃ ilog, na ilinarawan ng̃ payapang tubig nitó ang sinag ng̃ buwan.

Tumingãla ang dalaga sa langĩt na ang calinisa'y wangĩs sa zafir; marahang hinubád ang canyáng mg̃a sinsing, mg̃a hicáw, mg̃a aguja at peineta, inilagáy niyá ang lahat ng̃ itó sa palababahan ng̃ batalán at tiningnan ang ílog.

Humintô ang isáng bancáng tiguíb ng̃ damó sa paanán ng̃ ahunáng nalalagay sa bawa't bahay na na sa pampangĩn ng̃ ilog. Isá sa dalawáng lalaking nacasacáy sa bangcáng iyón ay pumanhic sa hagdanang bató, linundág ang pader, at ng̃ macaraan ang sandali'y náringĩg ang canyáng mg̃a paglacad na pumápanhic sa hagdanan ng̃ batalán.

Nakita siyá ni María Clarang tumiguil pagcakita sa canyá, ng̃ũni't sumandal lamang, sa pagcá't untiunting lumapit at tumiguil ng̃ tatlong hacbáng na lámang ang layó sa dalaga. Umudlót si María Clara.

—¡Crisóstomo!—ang sinabing marahang puspós ng̃ tácot.

—¡Oo, acó'y si Crisóstomo!—ang isinagót ng̃ binatà ng̃ boong

capanglawan.—Kinuha acó sa bilangguang pinag absangñ̃n sa akin ng̃ aking mg̃ã caibigan, ni Elias, isáng caaway, isáng táong may catuwirang acó'y pagtamnan ng̃galit.

Sumunod sa mg̃ã salitáng itó ang isáng mapangláw na hindi pag-imic; tumung̃õ si María Clara at inilawít ang dalawáng camáy.

Nagpatuloy ng̃pananalitâ si Ibarra:

—¡Isinumpà co sa piling ng̃ bangcáy ng̃ aking ináng icaw ay aking paliligayahin, cahi't anó man ang aking cáratnan! Mangyayaring magcúlang icaw sa iyóng isinumpâ, siyá'y hindi mo iná; ng̃ũni't acó, palibhasa'y acó ay anác niyá, pinacadadakilà co ang pag-aalaala sa canyá, at cahi't nagdaan acó sa libolibong pang̃ãnib, naparito acó't upáng tuparín ang aking isinumpâ, at itinulot ng̃pagca-cátaong icaw rin ang aking macausap. María, hindi na tayo magkikitang mulî; batà ca at bacâ sacali'y sisihin ca ng̃iyóng sariling budhî ... naparito acó upáng sa iyó'y sabihin, bago acó pumanaw, na pinatatawad catá. ¡Ng̃ãyon, cahimana-wari'y lumigaya ca, at paalam!

Binantâ ni Ibarrang lumayô, datapuwa't piniguil siyá ng̃dalaga.

—Crisóstomo!—anya;—sinugò ca ng̃ Dios at ng̃ acó'y iligtas sa waláng cahulilip na capighatian ... ¡pakinggán mo acó at sacâ mo acó hatulan!

Matimyás na bumitíw sa canyá si Ibarra.

—Hindi acó naparito't ng̃hing̃ãn catang sulit ng̃guinawâ mo ...; naparito acó't ng̃bigyan catang capayapaan.

—¡Aayaw acó ng̃ capayapaang iniháhandog mo sa akin; acó ang magbibigay sa akin din ng̃capayapaan! Pinawáwal-an mo acóng halagá, at ang pagpapawaláng halagá mo'y siyáng sampong sa camatayan co'y magbibigay capaitan!

Namalas ni Ibarra ang masilacbóng samà ng̃loob at pagpipighati ng̃abáng babae, at tinanóng niyá itó cung anó ang hináhang̃ãd.

—¡Na icaw ay maniwalang sinintá co icaw cailán man!

Ng̃ũmiti ng̃boong saclap si Crisóstomo.

—¡Ah! ¡nagcuculang tiwalà ca sa akin, nagcuculang tiwalà, ca sa iyong catoto sa camusmusán, na cailán ma'y hindi ikinaila sa iyó ang isa man lamang na caisipán!—ang bigláng sinabi ng̃dalaga na nagpipighati.—¡Aking natátaroc

ang iniisip mo! Pagcâ napagtanto mo ang aking buhay, ang malungcot na buhay na ipinatanto sa akin ng̃panahóng acó'y may sakit, maháhabag ca sa akin at hindi mo ngĩngĩtian ng̃ganyán ang aking dalamhatì. ¿Bakit bagá't hindi mo pa binayaang acó'y mamatáy sa mgã camáy ng̃hangál na gumágamot sa akin? ¡Icaw sana't acó'y liligaya!

Nagpahingãng sumandali si María Clara't sacâ nagpatuloy ng̃pananalitâ:

—¡Inibig mo, nagculang tiwalà ca sa akin, patawarin nawâ acó ng̃aking Iná! Sa isá sa mgã calaguimlaguim na gabì ng̃aking masacláp na pagcacasakit, ipinahayag sa akin ng̃ isáng táo ang pangãlan ng̃ aking tunay na amá, at ipinagbawal sa aking icáw ay aking sintahin ... liban na lámang cung ang akin ding amá ang magpatawad sa iyó sa paglabág na sa canyá'y iyóng guinawâ!

Umudlót si Ibarra at nagugulumihanang tinitigan ang dalaga.

—Oo,—ang ipinagpatuloy ni María Clara; sinabi sa akin ng̃táong iyóng hindî maitutulot ang ating pag-iisang catawán, sa pagcá't ibababawal sa canyá ng canyang sariling budhî, at mapipilitang canyang ihayág, cahi't magcaroon ng malakíng casiráan ng̃puri, sa pagca't ang aking amá'y si....

At saca ibinulóng sa taingã ng̃binata ang isáng pangãlang sa cahinaan ng pagsasasalita'y si Ibarra lámang ang nacáringĩg.

—¿Anó ang aking magagawâ? ¿Dapat co bang yurakin dahil sa aking pagsinta ang pag-aalaala co sa aking iná, ang capurihán ng̃aking amáamahan at ang dangãl ng̃aking tunay na amá? ¿Magagawâ co bá itó na hindî icáw ang unaunang magpapawaláng halagá sa akin?

—¿Ngũni't ang catibayan, nagcaroon ca ba ng̃ catibayan? ¡Nangãngãilangãn icáw ng̃catibayan!—ang bigláng sinabi ni Crisóstomo, na parang sinásacal.

Dinucot ng̃dalaga sa canyáng dibdíb ang dalawáng papel.

—Nárito ang dalawáng súlat nang aking ina, dalawáng súlat na itinitic sa guitnà ng̃mataós na sigáw ng̃sariling budhî ng̃panahóng tagláy pa niyá acó sa canyáng tiyán. Tanggapín mo't iyong basahin, at iyong makikita cung paano ang canyáng pagsumpa sa akin at paghahangãd na acó'y mamatay ..., ang aking camatayang hindi nasunduan, bagá man pinagpilitan ng̃aking amá, sa pamamag-itan ng̃mgã gamót! Nalimutan ang mgã súlat na itó nang aking amá, sa bahay na canyáng tinahanan, nacuha ng̃táong iyón at iningãtan, at caya lamang ibinigay sa akin ay nang palitan co ng̃ iyóng súlat ..., dî umano'y ng̃ siya raw ay

macaasang hindî acó pacácasal sa iyó cung waláng capahintulutan ang aking amá. Búhat ng̃ daladalahin co sa aking catawán ang dalawáng súlat na iyáng naguíng capalít ng̃ súlat mo, nacacáramdam acó ng̃ lamíg sa aking pusò. Aking ipinahamac icáw ipinahamac co ang aking sinta.... ¿anó ang hindî gágawin ng̃ isáng anác na babae sa icagagaling ng̃ isáng ináng patay na at ng̃ dalawáng amáng capuwa buháy? ¿Akin bang masasapantahà man lámang cung saan gagamitin ang iyong súlat?

Nanglúlumo si Ibarra. Nagpatuloy si María Clara:

—¿Anó pa ang nálalabi sa akin? ¿masasabi co ba sa iyo cung sino ang aking amá, masasabi co ba sa iyong humingî ca sa canyá ng̃ tawad, sa iyó pa namáng anác ng̃ pinapaghirap niyá ng̃ hindi cawasa? ¿masasabi co ba sa aking amá na icaw ay patawarin, masasabi co ba canyáng acó'y canyáng anác, acó pa namáng pinacahang̃ãdhang̃ãd niyá ang aking camatayan? ¡Walâ na ng̃ãng nálalabi sa akin cung hindi ang pagtitiis, ing̃ãtan co sa sarili ang lihim at mamatáy sa pagpipighati!... Ng̃ãyón, caibigan co, ng̃ãyóng nalalaman mo na ang buhay ng̃ iyong abang si María, ¿mangyayari pa bang maidulot mo pa sa canya iyáng pagpapawaláng halagáng ng̃ĩti?

—¡María, icaw ay isáng santa!

—Lumiligaya acó, sa pagca't, acó'y iyong pinaniniwalaan....

—Gayón man,—ang idinugtóng ng̃ binatà, na nagbago ng̃ anyô ng̃ tinig,—nabalitaan cong mag-aasawa ca raw....

—Oo,—at humagulhól ang dalaga;—hinihingî sa akin ng̃ aking amá ang pagpapacahirap na itó ... bagá man hindi niyá catungcula'y sininta niyá acó't canyáng pinacain, tinutumbasan co ang utang na loob na itó, sa pagbibigay capanatagan sa canyá, sa pamamag-itan nitóng bagong pakikimag-anac na itó, ng̃ũnit....

—¿Ng̃ũni't....

—Hindi co lilimutin ang pagtatapat na aking isinumpâ sa iyó.

—¿Anó ang inaacala mong gawín?—ang idinugtóng ni Ibarra, at pinagsisicapang basahin sa canyáng mg̃ã matá ang canyáng balac.

—¡Madilím ang hináharap na panahón at na sa cadiliman ang Palad! Hindi co nalalaman ang aking gagawin; ng̃ũni't talastasin mong minsan lamang cung acó'y umibig, at cung walang pag-ibig ay hindi acó cacamtan nino man. At icaw,

¿anó ang casasapitan mo?

—Ang calagayan co'y isáng bilanggong tanan ... tumatacas acó. Hindî malalao't malalaman ang aking pagcatacas, María....

Tinangnán ni María Clara ng̃ dalawáng camáy ang ulo ng̃ binatà, hinagcáng muli't muli ang mg̃a labì, niyacap niyá siyá, at sacâ biglang linayuan pagcatapos.

—¡Tumacas ca! ¡tumacas ca!—anya;—¡tumacas ca, paalam!

Tinitigan siyá ni Ibarra ng̃ mg̃a matáng nagníningning; ng̃ũni't sa isáng hudyát ng̃ dalaga'y lumayo ang binatang tila lang̃õ, hahapayhapay....

Mulíng linucsó ang pader at sumacay sa bangca. Tinatanaw siyá sa paglayô ni María Clarang nacadung̃ãw sa palababahan ng̃ batalán.

Nagpugay si Elías at niyucuran siyá ng̃ boong galang.

Decorative motif

# LXI.

## ANG PANGHUHULI SA DAGATAN.

—Pakinggán pô ninyó ang aking gágawing aking inisip,—ani Elías na nag ninilaynilay, samantalang pinatutungũhan nilá ang San Gabriel. Itatagò co cayó ngãyón sa bahay ng̃ isá cong caibigan sa Mandaluyong; dádalhin co sa inyó ang lahát ninyóng salapî, na aking iniligtás at itinagò co sa paanán ng̃ balitì, sa matalinghagang pinaglibingãn sa inyóng núnong lalaki; at umalís cayó rito sa Filipinas.

—¿At ng̃ pasaibang lupaìn acó?—ang isinalabat ni Ibarra.

—Upáng manatili cayó sa capayapaan sa natitira pa ninyóng búhay. May mgã caibigan cayó sa España, cayó'y mayaman, macapagpapapa*indulto* cayó. Sa papaano mang paraan, ang ibang lupai'y isáng bayang sa ati'y lalong magalíng cay sa sarili.

Hindi sumagót si Crisóstomo; naglininglining na hindi umiimic.

Dumarating silá ng̃ sandalíng iyón sa ilog Pasig, at nagpasimulâ ang bangcâ ng̃ pagsalungã sa agos. Nagpápatacbo ang isang nagcacabayo sa ibabaw ng̃ tuláy ng̃ España at may náriringĩg na isáng mahaba't matinding tunóg ng̃ pito.

—Elías,—ang muling sinabi ni Ibarra; nanggaling ang inyóng casawîang pálad sa aking familia, iniligtas ninyóng macaalawa ang aking búhay, at hindi lamang may malaking utang na loob acó sa inyó, cung di namán cautangãn co rin sa inyó ang pagsasauli ng̃ inyóng cayamanan, at yayamang gayó'y sumama cayó sa akin at magsama tayong parang magcapatid. Dito'y sawi rin cayóng capalaran.

Umiling ng̃ boong capanglawan si Elias, at sumagót:

—¡Hindi mangyayari! Tunay ngã't hindi acó mangyayaring sumintá't magtamó ng̃ ligaya sa lupang aking kinamulatan, ngũni't mangyayaring acó'y magkahirap at mamatáy sa lupaíng iyán at marahil ay dahil sa canyá; handóg dín cahi't cacaunti! ¡Ibig cong ang capahamacan ng̃ akíng baya'y siyáng aking maguíng capahamacán, at sa pagcát hindi pinapagcacaisa tayo ng̃ isáng mahal na

caisipan, sa pagcá't hindi tumítiboc ang ating mgã pusò sa íisang pangãlan, nais cong mapakisama acó sa aking mgã cababayan sa casawiang palad ng̃ lahát, mapakisama man lamang acó sa pagtangĩs sa pagdaralita naming lahát, na inisín ng̃ íisang casamáng palad ang lahat naming mgã pusò!

—¿Cung gayó'y bakit inihahatol ninyó sa aking acó'y manaw?

—Sa pagcá't sa ibáng panig ay mangyayaring cayó'y lumigaya at acó'y hindi, sa pagcá't hindi cayó handa sa pagcacahirap, at sa pagcá't casusuSutan ninyó ang inyóng bayan, cung dahil sa canyá'y masawing palad cayó isáng araw; at wala ng̃ totoong casamasamaang palad na gaya ng̃ masusot sa canyáng bayang kinamulatan.

—¡Hindi matuwíd ang inyóng palagáy sa akin!—ang bigláng sinabi ni Ibarra sa masaclap na tutol;—nalilimutan ninyóng carárating co pa lamang dito'y pagdaca'y hinanap co ang canyang icagagaling.

—Huwág pô cayóng manghinuha, guinoo, hindi co cayó sinísisi; ¡maano na ngãng cayó'y siyáng uliranín ng̃ lahat! Datapuwa't aayaw acóng humingĩ sa inyó ng̃ mgã hindi mangyayari, at huwag po cayóng magagalit cung sabihin co sa inyóng cayó'y dinaraya ng̃ inyóng pusò. Dating iniibig pô ninyó ang kinamulatan ninyóng bayan, sa pagcá't ganyán ang sa inyó'y itinurò ng̃ inyóng amá; dating iniibig pô ninyó ang kinamulatan ninyóng bayan, palibhasa'y sa canyá naroroon ang inyóng sinta, cayamanan, cabataan, sa pagcá't ngũmingĩti sa inyó ang lahát hindi pa gumagawa sa inyó ng̃ lihís sa catuwiran ang kinamulatan ninyóng bayan; dating iniibig ninyó ang kinamulatan ninyóng bayan, cawangĩs ng̃ ating pag-ibig sa lahát ng̃ bagay na nagbibigay sa atin ng̃ caligayahan. Datapuwa't ang araw na cayó'y maghirap, magutom, pag-usiguin, ipagcanulo at ipagbilí ng̃ inyó ring mgã cababayan, sa araw na iya'y inyóng susumapain ang inyóng sariling catawan, ang inyóng kinamulatang bayan at ang lahat.

—Nacasasakit sa akin ang inyong mgã salita,—aní Ibarra na naghíhinanakit.

Tumungõ si Elias, nagdilidili at muling nagsalita:

—Ibig cong iligtás cayó sa carayaan, guinoo, at ilihís co sa inyó ang isáng malungcót na pagsasapit sa panahóng hináharap. Inyó pong alalahanin ang pakikipag-usap co sa inyó sa bangca ring itó at liwanag nitó ring buwang itó, na may isáng buwan na ngãyón, humiguit cumulang; sumasaligaya cayó niyón. Hindi macarating hanggang sa inyó ang pamanhíc ng̃ mgã culang-palad; pinawaláng halagá ninyó ang caniláng mgã daíng, sa pagcá't daing ng̃ mgã

masasamáng tao, lalong pinakinggán ninyó ang caniláng mgã caaway at, cahi't acó'y nangãtuwira't cayo'y aking pinamanhica'y cumampí rin cayó sa panig ng mgã umáapi sa canilá, at niyaó'y sumasainyóng mgã camáy ang acó'y sumamáng tao ó ang acó'y papatáy upáng aking maganáp ang isáng mahál na pangãcò. Hindi itinulot ng̃ Dios, sa pagcá't namatáy ang matandáng punò ng̃ mgã tulisán ... ¡Nacaraan ang isáng buwán at ngãyó'y ibá na ang inyóng caisipán!

—Sumasacatuwiran po cayó, Elías, ngũni't ang tao'y isáng hayop na sumusunod sa casalucuyang mgã nangyayari: niyó'y nabubulagan acó, masama ang aking loob, ¿ayawán co ba? Ngãyó'y inaclás ng̃ capahamacán ang aking piríng; tinuruan acó ng̃ aking pag-iisá at paghihirap sa bilangguan; nakikita co ngãyón ang cakilakilabot na *cáncer* na cumíkitib sa mgã namamayan dito ngãyón, na cumacapit sa canyáng mgã lamán at nagcacailangãn ng̃ isáng makirót at ganáp na paglipol. ¡Binucsán nilá ang aking mgã matá, ipinamalas sa akin ang bulóc na sugat at caniláng pinipilit na acó'y maguing masamáng tao! At yamang caniláng inibig, magpifilibuster acó, ngũni't tunay na filibustero; tatawaguin co ang lahát ng̃ culang pálad, ang lahát ng̃ nacaráramdam ng̃ tibóc ng̃ pusò sa loob ng̃ canyáng dibdib, yaóng mgã taong sa inyó'y nangãgpasugò sa akin ... hindi acó maguiguing masamáng tao, cailán ma'y hindi masamáng tao ang nakikibaca dahil sa canyáng kinaguisnang bayan, tumbalíc. Sa loob ng̃ tatlóng daang taó'y silá'y hinahalina natin, hinihingãn natín silá ng̃ pagsintá, minímithî nating tawaguin siláng capatíd, ¿anó ang caniláng isinaságot? Tayo'y sinasagot ng̃ lait at paglibác, at ikinacait sa atin patí ng̃ ating calagayang pagca tao na gaya rin ng ibá. ¡Waláng Dios, waláng pag-asa, waláng habág sa capuwa tao; wala ngã cung di ang catuwiran ng̃ lacás!

Nagngãngãlit si Ibarra; nangãngãtal ang canyáng boong catawán.

Dumaan silá sa tapát ng̃ palacio ng̃ General, at caniláng námasid na tíla nangãgsísigalaw at nangãgcácagulo ang mgã bantáy na sundalo.

—¿Canilá na yatang nasiyasat ang pagcacatanan?—ang ibinulóng ni Elías —Humigâ po cayó, guinoo, at cayó'y tatabunan co ng̃ damó, sa pagcá't daraan tayo sa tabi ng̃ Polvorista'y baca máino ng̃ bantay na sundalo cung bakit dalawá tayo.

Ang bangcâ ay isá riyán sa maninipis at makikipot na sasakyáng hindi lumalacad cung di dumúdulas sa ibabaw ng̃ tubig.

Alinsunod ngã sa inacalà na ni Elías, siyá'y pinahintô ng̃ bantáy na sundalo at tinanóng cung saan siyá galing.

—Nagdalá po acó ng̃ damó sa Maynilà, sa mg̃a oidor at sa m`ga cura,—ang isinagót, na canyáng guinagád ang anyô ng̃ pananalitâ ng̃ mg̃a tagá Pandacan.

Lumabás ang isáng sargento't inalám cung anó ang nangyayari.

—¡Sulong!—ang sinabi sa canya nitó; ipinauunawà co sa iyó na huwag cang magpápasacay sa iyong bangcâ cang̃ino man; bagong catatacas ng̃ isáng bilanggò. Cung siyá'y mahuli mo at maibigay mo sa aki'y bibigyan catá ng̃ isáng magaling na pabuyà.

—Opó, guinoo; ¿anó po ba ang mg̃a icakikilala co sa canyá?

—Siyá'y nacalevita at nagwiwicang castilà; halá, ¡icaw ang bahalà!

Lumayô ang bangcâ. Lumingõn si Elias at canyáng nakita ang anyô ng bantáy na sundalong nacatindig sa tabi ng̃ pampáng.

—Masasayang sa atin ang iláng minutong panahón,—ang sabing marahan; —dapat pumasoc tayo sa ilog Beata at ng̃ cunuwari'y taga Peñafrancia acó. Makikita po ninyó ang ilog na inawit ni Francisco Baltazar.

Natutulog ang bayan sa liwanag ng̃ buwán. Nagtindíg si Crisóstomo't upáng canyáng takhán ang catahimican ng̃ mg̃a linaláng na tulad sa líbing̃an. Makipot ang ilog at ang canyáng mg̃a pampang̃i'y capatagang natátamnan ng̃ damó.

Itinapon sa pampáng ni Elias ang canyáng dala, tinangnán ang isáng mahabang tikín at cumuha sa ilalim ng̃ damó ng̃ mg̃a bayóng na waláng lamán. Nagpatuloy sila ng̃ pamamangca.

—Cayó po ang may arì ng̃ inyóng calooban, guinoo, at ng̃ inyóng hinaharap na panahón,—ang sinabi niyá cay Crisóstomo, na nananatili sa hindi pag-imíc.—Ng̃uni't cung itutulot po ninyó sa akin ang isáng pagpapahiwatig, sasabihin co sa inyó: Tingnán po ninyóng magalíng ang inyóng gágawin, inyóng papag-aalabin ang pagbabaca, palibhasa'y cayó'y may salapî at catalinuhan at macacakita agád cayó ng̃ maraming mg̃a kagawad, at sa cawaláng palad ay maraming masasamâ ang loob. Datapuwa, sa pagbabacang itóng inyóng gagawin, ang lalong mang̃ahihirapa'y ang mg̃a waláng icapagtátanggol at ang mg̃a waláng malay. Ang mg̃a damdamin ding may isáng buwán na ng̃ayóng sa aki'y umudyóc na sa inyó'y makiusap, upáng hing̃in ang mg̃a pagbabagong útos, ang mg̃a damdamin ding iyan ang siyáng umaakit ng̃ayón sa aking sa inyó'y magsabi na maglininglining muna cayó. Hindi pô nag-iisip ang mg̃a tagaritong humiwaláy sa Iná ng̃ ating kináguisnang lupà; waláng hiníhing̃i cung di cauntíng calayaan, cauntíng pagbibigay catuwiran at cauntíng guiliw. Tutulung̃an cayó ng̃ mg̃a may

galit, ng̃mg̃a masasamáng tao, ng̃mg̃a walà ng̃pagcasiyahan sa samâ ng̃loob, datapuwa't hindi makikialam ang bayan. Magcacamali po cayó, cung dahil sa nakita ninyóng ang lahát ay madilím ay mag-acalà po cayóng walâ ng̃ pagcasiyahan sa samâ ng̃loob ang bayan. Nagdaralitâ ng̃â ang bayan, tunay ng̃â, datapuwa't umaasa pa, nananalig pa, at cayâ lamang siyá titindig ay cung maubos na ang canyang pagtitiís, sa macatuwíd bagá'y cung cailán ibiguin ng mg̃a namamahalang maubos ang pagtitiis na iyán, bagay na may calayuan pa. Acó man ay hindi marahil sumama sa inyó, hindi acó gagamit cailán man ng mg̃a huling panggamót na iyán, samantalang nakikita cong may pag-asa pa ang mg̃a tao.

—¡Cung magcagayo'y gagawin cong hindi cayó casama!—ang mulíng sinabi ni Crisóstomong talagáng handâ na.

—¿Iyán pô ba ang matibay na panucalà ninyó?

—¡Ang matibay at tang̃î, sacsí co ang pang̃alan ng̃aking amá! Hindi co maaaring ipaagaw ng̃pagayón na lamang ang aking capayapaa't ligaya, acó na waláng ibáng hinang̃ad cung di ang cagaling̃an, acó na ang lahát ay aking iguinalang at tiniis dahil sa pagsinta sa isáng religióng magdarayà at mapagpaimbabaw, dahil sa pagsintá sa isáng bayang aking tinubuan. ¿Anó ang caniláng itinumbás sa akin? Ang acó'y ibaón sa isang imbíng bilangguan at sìraín ang magandáng caasalan ng̃aking talagáng maguiguing esposa. ¡Hindi! ¡cung hindi acó manghiganti'y maguiguing isáng casamasamàang gawâ, maguiguing pagpapalacás ng̃caniláng loob upáng silá'y gumawâ ng̃bago't bagong mg̃a paglabág sa catuwiran! ¡Hindi, cung di co gawín ang gayó'y maguiguing isáng caruwagan, cahinâan ng̃loob, humibíc at tumang̃îs gayóng may dugó't may buhay, gayóng inilangcáp nilá sa paglait at paghamít ang paglulugsô ng̃ capurihán! ¡Tatawaguin co ang bayang mangmáng na iyán, ipakikilala co sa canyá ang imbí niyang calagayan; na huwág siyáng umisip sa mg̃a capatíd; walâ ng̃â cung hindi mg̃a lobo na nang̃ag̃lálamunan, at sasabihin co sa caniláng laban sa caapiháng itó'y tumítindig at tumututol ang waláng hanggáng carapatán ng̃tao upang tuclasín sa lacás ang canyáng calayaan!

—¡Ang bayang waláng malay ang siyáng maghihirap!

—¡Lalong magalíng! ¿Maipakikihatid po ba ninyó acó hanggáng sa cabunducan?

—¡Hanggáng sa malagay cayó sa capanatagán!—ang sagót ni Elías.

Mulíng silá'y lumabás sa Pasig. Manacanacang nagsasalitaan silá ng̃mg̃a

waláng cabuluhán.

—¡Santa Ana!—ang ibinulóng ni Ibarra,—¿napagkikilala po ba ninyó ang bahay na itó?

Casalucuyang dumaraan silá sa tapát ng̃ bahay na líwaliwan sa labás ng bayan ng̃ mg̃a jesuita.

—¡Diya'y aking tinamó ang mahabang panahóng maligaya't masayá!—ang buntong-hiningã ni Elías.—Napaririyan camí buwán buwán ... ng̃ panáhóng iyó'y wang̃ĩs acó sa mg̃a ibá: may cayamanan, may familia, nananag-inip at nakikiníkinita ang isáng magandáng panahóng sásapit. Nakikita co ng̃ mg̃a panahóng iyón ang aking capatíd na babae na na sa isáng colegiong calapít; hinahandugan acó ng̃ mg̃a bordadong gawâ ng̃ canyáng mg̃a camáy ... sinasamahan siyá ng̃ isáng caibigang babae, na isáng magandáng dalaga. Nagdaang lahát na parang isáng panaguinip.

Nanatili silá sa hindi pag-imíc hanggáng sa dumating sa Malapad-na-bató. Ang nacapamangcâ cung gabi sa Pasig, minsan man lamang, sa isá riyán sa mg̃a caayaayang gabíng handóg ng̃ Filipinas, pagca nagsasabog ang buwan, mulâ sa dalisay na bugháw, ng̃ malungcót na pagpapaalaala; pagca itinatagò ng̃ dilím ang caimbihán ng̃ mg̃a tao at kinúcublihan ng̃ catahimican ang abáng alingãwngãw ng̃ caniláng tinig; pagca ang Naturaleza ang tang̃ĩng nagsasalità, ang mg̃a gayón ang macauunawà ng̃ pinagdidilidili ng̃ dalawáng binatà.

Nagtútucâ ang carabinero sa Malapad-na-bató, at ng̃ makitang waláng lamán ang bangcâ, at waláng anó mang idinudulot na sucat niyáng másamsam, ayon sa dating caugaliang pinaglamnán na ng̃ calahatlahatang mg̃a carabinero at ng̃ mg̃a carabinerong nang̃ãroroon, pinabayaan siláng macaraan agád.

Hindi rin naman nagsasapantaha ng̃ anó man ang guardia civil sa Pasig, caya't hindi silá binagabag.

Nagpasimulâ ng̃ paguumaga ng̃ silá'y dumating sa dagatang noo'y maamo't payapang tulad sa isáng calakilakihang salamín. Cumuculimlím ang buwán at nagcuculay rosa ang Casilang̃ãnan. Naaninagnagan nilá sa malayò ang isáng bagay na culay nag-aaboabó, na untiunting lumalapit.

—Dito ang tungõ ng̃ falúa,—ang ibinulóng ni Elías;—humigâ po cayó at cayó'y tátacpan co nitóng mg̃a bayóng.

Lalong lumiliwanag at nakikita ng̃ magalíng ang anyô ng̃ sasakyán.

—Lumalagay silá sa pag-itan ng̃ pampáng at natin,—ang ipinahiwatig ni Elías na nababalisa.

At untiunting binago ang tungõ ng̃ canyáng bangcâ, na anó pa't sumasagwang patungõ sa Binangũnan. Nahiwatigan niyá ng̃ malakíng pangĩngĩlabot na nagbabago namán ng̃ tumpá ang falúa, samantalang sinisigawan siya ng̃ isáng tinig.

Humintô si Elías at nag-isíp-ísip. Malayò pa ang tabí at silá'y marárating ng bala ng̃ mgã fusíl ng̃ falúa. Inacalang magbalíc sa Pasig; lalong matúlin ang canyáng bangcâ cay sa falúa. Ngũni ¡laking casamáng palad! nakita niyáng nanggagaling sa Pasig ang isáng bangcâ at námamasdang cumíkinang ang mgã capacete at mgã bayoneta ng̃ mgã guardia civil.

—Húli na tayo,—ang ibinulóng na namúmutlâ.

Pinagmasdán niyá ang canyáng malalakíng bísig, guinamit ang tangĩng pasiyáng nálalabi at nagpasimulâ ng̃ pagsagwán ng̃ boong lacás niyá, na ang tumpá'y sa dacong pulô ng̃ Talim. Samantala'y sumusungãw ang araw.

Dumúdulas sa túbig ang bangcâ ng̃ totoong matúlin; nakita ni Elías, sa ibabaw ng̃ falúa, na pumípihit, ang ilang taong nacatindíg, na siyá'y kinácawayan.

—¿Marúnong po ba cayóng magpalacad ng̃ isáng bangcà?—ang tanóng cay Ibarra.

—Marunong pô, ¿bakit?

—Sa pagcá't mapapahamac tayo cung hindi acó tátalon sa túbig at ng̃ silá'y aking iligáw. Hahabulin nilá acó, acó'y mabuting lumangõy at sumisid ... silá'y ilálayô co sa inyó, at pagcacágayo'y magpipilit cayóng lumigtás.

—¡Huwag, matira po cayó at ipagbili natin ng̃ mahál ang ating buhay sa canilá!

—Waláng cabuluhán, walâ tayong sandata; papatayin tayong tulad sa maliliit na ibon, ng̃ caniláng mgã fusil.

Náringĩg ng̃ sandaling iyón, ang isáng *chis* sa tubig, cawangĩs ng̃ pagpatac sa tubig ng̃ isáng bagay na maínit, na casunód agád-agád ng̃ isáng putóc.

—¿Nakita na ninyó?—aní Elías, at inilagay sa bangcâ ang sagwán.—Magkikita tayo sa gabíng sinusundan ng̃ Pascó sa pinaglibingãn sa inyóng

nunong lalaki. ¡Lumigtás po cayó!

—¿At cayó pô?

—Iniligtás acó ng̃ Dios sa lalong mahihigpít na mg̃a pang̃anib.

Naghubád si Elías; pinunit ng̃ isáng bála ang canyáng tang̃ang barò at náring̃ig ang dalawáng putóc. Hindi siyá nagulumihanan, kinamayán ng mahigpít si Ibarra, na nananatilí sa pagcahigà sa bangcâ; tumindíg at lumucsó sa tubig na itinúlac muna ng̃ paá ang muntíng sasakyán.

Náring̃ig ang iláng sigáw, at hindi nalaon at sa malayô-layô ng̃ cauntî ay sumipót ang úlo ng̃ binatà, na parang ibig na huming̃á, at sacâ mulíng lumubóg sa tubig.

—¡Ayún, ayún siyá!—ang sigawan ng̃ iláng tinig at mulíng humáguing ang mg̃a bála.

Hinabol siyá ng̃ falúa at ng̃ bangcâ; isáng bahagyang guhit ng̃ bulà ang siyáng pinagcacakitaan ng̃ canyáng dinaraanan, na anó pa't nalalao'y lalong nálalayô sa bangcâ na lulutanglutang na anaki'y waláng tao. Cailan ma't sumusung̃âw sa tubig ang lumálang̃oy at ng̃ huming̃á, pagdaca'y pinagbabarilanan siyá ng̃ mg̃a guardia civil at ng̃ mg̃a faluero.

Tumátagal ang paghahabulan; malayò na ang bangcà ni Ibarra, lumalapit namán sa tabí ang lumálang̃oy, at ang layò na lamang ay may mg̃a limampóng dipá. Pagód na ang mg̃a gumagaod, datapuwa't si Elías ay gayón din, sa pagcá't madalás isipót ang ulo, at sa ibá't ibang daco sumísipot, na wari'y inilíligaw mandín ang mg̃a umuusig sa canyá. Hindi na itinuturò ng̃ tacsíl na bulâ ng̃ tubig ang dinaraanan ng̃ maninisid. Minsan pang nakita nilá siyá sa dacong ang layò sa tabí ay sampóng dipá, binaril siyá nilá ...; nagdaan pagcatapos ang mg̃a minuto; walâ ng̃ sumipót uli sa ibabaw ng̃ payapa at waláng taong tubig sa dagátan.

Nang macaraan ang calahating oras, sinasapantahà ng̃ isáng manggagaod na canyáng námasdan sa tubig, sa malapít sa guílid, ang mg̃a bacás ng̃ dugô, ng̃uni't umíiling ang canyáng mg̃a casama, sa isáng anyóng hindi mapagwarì cung sumasang-ayon silá ó hindi.

Decorative motif

# LXII.

## PAGPAPALIWANAG NI PARI DAMASO.

Naguíng waláng cabuluháng mátimbon sa ibabaw ng̃ isáng mesa ang mg̃a mahahalagáng handóg sa pagcacasál; cahi't ang mg̃a brillante na nasa caniláng mg̃a *estuche* na terciopelong azul, ang mg̃a bordado mang pinyá, ang mg̃a pieza man ng̃ sutlâ ay hindi nacaaakit sa mg̃a paning̃ín ni María Clara. Tinítingnan ng dalaga, na hindi nakikita at hindi binabasa ang pamahayagang nagbabalità ng pagcamatáy ni Ibarra, na nalunod sa dagátan.

Caguinsagunsa'y naramdaman niyáng dumarapo sa ibabaw ng̃ canyáng mg̃a matá ang dalawáng camay, tinátang̃nan siyá at isáng masayáng tínig, ang cay parì Dámaso, ang sa canya'y nagsásalitâ:

—¿Síno acó? ¿síno acó?

Lumucsó si María Clara sa canyáng upuan at pinagmasdán siyáng may malakíng tácot.

—Tang̃aria, ¿natácot ca ba, há? Hindi mo acó hinihintay, ¿anó? Talastasín mong naparito acóng galing sa mg̃a lalawigan upang humaráp sa iyóng casál.

At lumapit na tagláy ang isáng ng̃itì ng̃ ligaya, at inilahad cay María Clara ang camáy at ng̃ hagcán. Lumapit si María Clarang nang̃ang̃atal at ilinapit ng boong paggalang ang camáy na iyón sa canyáng mg̃a labì.

—¿Anó ang nangyayari sa iyo, María?—ang tanóng ng̃ franciscano, na nawalan ng̃ masayáng ng̃itî at napuspós ng̃ balísa;—malamíg ang camáy mo, namumutlâ ca ... ¿may sakit ca ba, bunso co?

At hinila ni parì Dámaso si María Clara sa canyáng candung̃ang tagláy ang isáng pagliyag na hindi nasasapantaha nino mang canyáng macacaya, tinangnán ang dalawáng camáy ng̃ dalaga, at siyá'y tinanóng sa pamamag-itan ng̃ titig.

—Walâ ca na bang catiwalà sa iyóng ináama?—ang itinanóng na ang anyó'y naghíhinananakit mandín;—halá umupô ca rito't saysayin mo sa akin ang mg̃a maliliit na bagay na isinásamà ng̃ iyong loob, gaya ng̃ dating guinagawa mo sa akin ng̃ panahóng icaw ay musmós pa, pagca nacacaibig cang gumawa ng

mgã muñecang pagkit. Nalalaman mo ng̃magpacailan man ay minámahal catá ... cailán ma'y hindi catá kinagalitan....

Nawalâ ang magaspáng at bugál-bugál na tinig ni parì Dámaso at ang humalili ay mairog na anyô ng̃pananalitâ. Nagpasimula si María Clara ng̃pag-iyác.

—¿Tumatangĩs ca ba, anác co? ¿bakit ca ba umíiyac? ¿Nakipagcagalit ca ba cay Linares?

Nagtakip ng̃mgã taingã si María Clara.

—¡Huwág sana ninyó siyáng bangguitín ... ngãyón!—ang sigáw ng̃dalaga.

Tiningnán siyá ni parì Dámasong puspós ng̃pagtatacá.

—¿Aayaw ca bang ipagcatiwalà sa akin ang iyong mgã lihim? ¿Hindi ba laguing pinagsicapang cong bigyáng catuparan ang bawa't iyong maibigan?

Itiningãla ng̃dalaga sa canyá ang mgã matáng punô ng̃mgã luhà, sandaling siyá'y tinitigan, at muling tumangĩs ng̃malakíng capaitan.

—¡Huwág cang tumangĩs ng̃ganyán, anác co, sa pagcá't nagbíbigay sákit sa akin ang iyong mgã luhà! ¡Saysayín mo sa akin ang iyóng mgã ipinagpipighatî; makikita mo cung tunay na minamahal ca ng̃iyóng ináama!

Marahang lumapit sa canyá si María Clara, lumuhód sa canyáng paanán, itiningãlâ sa canyá ang mukháng napapaliguan ng̃luhà, at saca sinabi sa canyá ng̃tinig na bahagyâ ng̃mawatasan:

—¿Iniibig po ba ninyó acó?

—¡Musmós!

—¡Cung gayó'y ... ampunin ninyó ang aking amá at huwág po ninyó acóng ipacasál!

At saca sinabi ng̃dalaga ang hulíng pagkikita nilá ni Ibarra, ngũni't inilingĩd niyá ang lihim ng̃canyáng paguiguing tao.

Bahagyâ nang macapaniwalà si parì Dámaso sa canyáng náriringĩg.

—¡Samantalang siyá'y buháy,—ang ipinatuloy ng̃dalaga,—inacalà cong lumaban, naghíhintay acó, acó'y umaasa! Ibig cong mabúhay upang macáringĩg acó ng̃mgã balitang tungcól sa canyá ... ¡datapuwa't ngãyóng siyá'y pinatáy, walâ na ngãng cadahilanan upáng mabuhay acó't magcasákit!

Sinabi niyá ang mgã salitáng itó ng̃madálang, mahinà ang tinig, banayad, waláng luhà.

—Ngũni't tangã, ¿hindi ba macalilibong magaling si Linares cay ...?

—¡Nang buháy pa siyá'y macapag-aasawa acó ... inaacalà cong magtanan pagcatapos ... waláng hináhangãd ang aking amá cung di ang pakikicamag-ánac! Ngãyóng patáy na siyá, sino ma'y hindi macatatawag sa aking esposa ... Nang buháy pa siyá'y mangyayaring acó'y magpacasamâ, málalabi sa akin ang sayá ng loob sa pagcaalam na siyá'y buháy pa at marahil maaalaala acó; ngãyóng siyá'y patáy na ... ang convento ó ang libingãn.

Palibhasa'y totoong matindí ang pananalita ng̃ dalaga, nawala cay parì Dámaso ang masayáng anyô at naggunamgunam.

—¿Lubhâ bang malakí ang pag-ibíg mo sa canyá?—ang itinanóng ng pautál.

Hindi umimic si María Clara. Inilungãyngãy ni parì Dámaso sa canyáng dibdib ang canyáng ulo at hindi umimic.

—¡Anác co!—ang biglang sinabi ng̃tinig na sira;—patawarin mo acó, na hindi co sinasadya'y aking ipinahamac ang iyong caligayahan. Ang mangyayari sa iyo sa hinaharap ang aking iniisip, minimithî co ang iyong caligayahan. ¿Paano ang aking pagpapahintulot na pacasál icaw sa isáng tagá rito, upang icaw ay aking mapanood ná esposang cahabaghabág at ináng culang palad? Hindi co maialís sa iyóng ulo ang iyóng pagsintá, caya't humadláng acó ng̃boo cong lacás, guinawa co ang lahát ng̃lihís sa catuwiran, dahil sa iyó, sa iyo lamang dahil. Cung icaw ay naguing asawa niyá, tatangĩs ca pagcatapos, dahil sa calagayang pagca inianác dito ng̃asawa mo, na laguing nabibingĩt sa lahát ng pag-api't pagpapahirap na waláng calasag sa pagsasanggaláng; cung maguíng iná ca na'y tatangĩsan mo ang casawiang palad ng̃ iyong mgã anác; cung silá'y papag-aralin mo't ng̃ dumúnong, inihahandà mo sa canilá ang masacláp na mararating; maguiguing caaway silá ng̃religión, at cung magcágayo'y makikita mo silá sa pagcabitay ó sa pagcapatapon; cung pabayaan mo namáng mangmáng, makikita mo namáng silá'y tinatampalasan at sumasacaimbihán! ¡Hindi co ngã mangyaring maitulot! Dahil dito'y inihahanap catá ng̃ isáng asawang macapaghahandóg sa iyó ng̃pagca ináng maligaya ng̃mgã anác na macapag-uutos at hindi mapag-uutusan, na macapagpaparusa't hindi magdaralità.... Nalalaman cong mabait ngã ang yong catoto buhat sa camusmusán, minámahal co siyá't gayón din ang canyáng amá, datapuwa't pinagtamnán co silá ng̃gálit, mula ng̃makita cong silá ang maguiguing dahil ng

iyong casawaliang palad, sa pagcá't catá'y minamahal, catá'y pinacasisintá, catá'y iniibig na cawangĩs ng̃ pag-ibig sa isáng anác; waláng umiirog sa akin cung di icaw na ngã lamang; napanood co ang iyóng pag-lakí; hindi nacararaan ang isáng oras na hindi catá inaalaala; napapanaguinip co icaw; icaw ang tangĩng catuwaan co....

At tumangĩs si parì Dámasong tulad sa isáng musmós.

—¡Cung gayón, cung acó'y inyóng minámahal, huwag po sanang ipahamac ninyó acó magpacailán man; patáy na siyá, ibig cong mag-monja!

Itinuon ng̃ matandâ ang noo sa canyáng camáy.

—¡Mag-monja, mag-monja!—ang inulit ulit.—Hindi mo nalalaman, anác co, ang pamumuhay, ang talinghagang nagcúcubli sa loob ng̃ mgã pader ng̃ convento, hindi mo nalalaman! Macalilibong iniibig cong mapanood cong icaw ay nagcacasákit sa mundo, cay sa makita co icaw na nacuculong sa convento. Sa mundo'y máriringĩg ang iyong mgã daíng, doo'y wala cung di ang mgã pader ... ¡Icaw ay magandá, totoong magandá, hindi ca sumilang sa maliwanag upang icaw ay másoc sa pag-momonja, upang maguing esposa ca ni Cristo! Maniwalà ca sa akin, anác co, kinacatcat na lahát ng̃ panahón; macalilimot ca cung malaon, iibig ca, iibig ca sa asawa mo ... cay Linares.

—¡O ang convento ó ... ang camatayan!—ang inulit ni María Clara.

—¡Ang convento, ang convento ó ang camatayan!—ang mariing sabi ni parì Dámaso.—María, matanda na acó, hindi na mangyayaring tumagál pa ang aking pagcacalingã sa iyo't sa iyóng capanatagan.... Humirang ca ng̃ ibang bagay, humanap ca ng̃ ibáng sisintahin, ibáng binatà, cahi't na sino, datapuwa't huwag lamang ang convento.

—¡Ang convento ó ang camatayan!

—¡Dios co, Dios co!—ang isinigaw ng̃ sacerdote, na tinacpan ng̃ mgã camáy ang ulo;—pinarurusahan mo acó, anóng gagawin! datapuwa't calingãin mo ang aking anác na babae!...

At liningõn ang dalaga:

—¿Ibig mong maguing monja? maguiguing monja ca; aayaw acong mamatáy icaw.

Hinawacan ni Maria Clara ang canyang dalawáng camay, pinisíl, hinagcán at lumuhod.

—¡Ináama co, ináama co!—ang inulit-ulit.

Umalis pagcatapos si parì Damasong mapangláw, nacatungõ at nagbúbuntong hiningã̃.

—¡Dios, Dios, tunay ngãng nabubuhay ca, yamang acó'y iyóng pinarurusahan! ¡ngũni't manghiganti ca sa akin at huwag mong pahirapan ang waláng casalanan, iligtás mo ang aking anác!

Decorative motif

# LXIII.

## ANG GABING SINUSUNDAN NG̃ PASCO NG̃ PANG̃ANG̃ANAC.

Sa itaas, sa balisbís ng̃ isáng bundóc, sa tabí ng̃ isáng agúsan, natatago sa guitnâ ng̃ mg̃a cahoy ang isáng dampâ na nacalagay sa ibabaw ng̃ mg̃a licolicong punò ng̃ mg̃a cahoy. Sa ibabaw ng̃ canyáng bubóng na cúgon ay gumagapang na saganà sa calaguan ang calabaza, na humihitic ng̃ mg̃a bung̃a at ng̃ mg̃a bulaclác; napapamutihan ang abáng tahanang iyón ng̃ mg̃a sung̃ay ng̃ usa't ng̃ mg̃a bung̃ô ng̃ baboy-ramó, na may mg̃a pang̃il ang ibá. Diyán tumatahan ang isáng mag-ánac na tagalog, na ang pang̃ang̃aso't pagpuputól ng̃ cahoy na panggatong ang guinágawa.

Sa lilim ng̃ isáng cahoy, ang nunong lalaki'y gumágawa ng̃ mg̃a walis na tinting, samantalang naglálagay ang isáng dalaga sa isáng bacol ng̃ mg̃a itlóg ng̃ inahíng manóc, mg̃a dayap at mg̃a gulay. Dalawáng batà, isáng lalaki't isáng babae'y magcasamang naglálaro. May isá pang batàng lalaking putlain, mukháng namámanglaw, malalaki ang mg̃a matá at malalim cung tuming̃ín, at siyá'y nacaupô sa ibabaw ng̃ isáng nacahigáng punò ng̃ cahoy. Mapagkikilala natin sa canyáng namamayat na mukha ang anác na lalaki ni Sisa, si Basilio, na capatíd ni Crispín.

—Paggalíng ng̃ paá mo,—ang sabi sa canyá ng̃ batang babae;—maglálaro tayo ng̃ pico-picong-tagúan, acó ang inainahan.

—Saasama ca sa amin sa pag-akyát sa taluctóc ng̃ bundóc,—ang dagdág ng̃ batàng lalaki;—iinom ca ng̃ dugó ng̃ usáng pinigaan ng̃ catas ng̃ dayap at icaw ay tatabâ, at cung mataba ca na'y tuturuan catá ng̃ paglucso sa magcabicabilang malalaking bató, na na sa ibabaw ng̃ agúsan.

Ng̃um̃ing̃itî ng̃ mapangláw si Basilio, tinítingnan ang súgat ng̃ canyáng paá at pagcatapos ay ibinabaling ang paning̃ín sa araw na mainam na totoo ang sicat.

—Ipagbili mo ang mg̃a walís na itó,—anáng nunong lalaki sa dalaga;—at ibilí mo ng̃ anó man ang mg̃a capatid mo, sa pagcá't Pascó ng̃ayón.

—¡Mg̃a reventador, ibig co ng̃ mg̃a reventador!—ang sigáw ng̃ batàng

lalaki.

—¡At ibig co namán ang isáng ulong mailagáy co sa aking manica!—ang sigáw namán ng̃ batàng babae, at tinangnán sa tápis ang canyáng capatid.

—At icaw, ¿anó namán ang ibig mo?—ang tanóng ng̃ nunò cay Basilio.

Tumindíg itóng nahihirapan at lumapit sa matandáng lalaki.

—Guinoo,—ang sinabi niyá;—¿nagcasakít po palá acóng mahiguít na isáng buwán?

—Buhat ng̃ masumpong ca naming hindi nacacaalam-tao't punô ng̃ mg̃a sugat ay dalawang buwan na sa itaás ang nacararaan; ang isip nami'y mamámatay icaw....

—¡Gantihín nawa cayó ng̃ Dios; camí po'y totoong mahihirap!—ang mulíng sinabi ni Basilio; datapuwa't yayamang Pascó ng̃ayón, ibig cong pa sa bayan upáng aking tingnán ang aking iná't capatid na maliit. Marahil hinahanap nilá acó.

—Ng̃uni't anác co, hindi ca pa magalíng at malayo ang bayan mo; hindi ca darating doon sa hating gabí.

—¡Hindi po cailang̃an, guinoo! Marahil po'y totoong namamanglaw ang aking iná't capatíd na maliit; sa taón taó'y nagsasamasama camí sa fiestang itó ... ng̃ taóng nagdaa'y isáng isda ang aming kinaing tatló ... ang iná co marahil ay iyác ng̃ iyác ng̃ paghánap sa akin.

—¡Hindi ca darating na buháy sa bayan, batà! Sa gabíng itó'y may inahíng manóc tayo at tapa ng̃ baboy-ramó. Hahanapin ca ng̃ aking mg̃a anác na lalaki cung umuwi siláng galing sa parang....

—Marami po cayóng mg̃a anác, at ang aking iná'y wala cung di camíng dalawá lamang; ¡marahil ipinalalagay na acóng patáy! ¡Ibig co pô siyang bigyán sa gabíng itó ng̃ galác, ng̃ isáng aguinaldo ... isáng anác!

Naramdamán ng̃ matandáng lalaking nangguiguilid ang canyáng luhà, ipinatong sa ulo ng̃ batàng lalaki ang canyáng camáy at sinabi sa canyáng nababagbag ang pusò:

—¡Tila ca matandáng tao! Halá, paroon ca na, hanapin mo ang iyong nanay, ibigay mo sa canyá ang aguinaldo ... ng̃ Dios, gaya ng̃ sabi mo; cung nalaman co lamang ang pang̃alan ng̃ iyong bayan, sana'y naparoon acó ng̃ icaw ay may sakit.

Lácad na, anác co, at samahan ca nawa ng̃ Dios at ng̃ poong si Jesús. Sasamahan ca ng̃ apó cong si Lucía hanggáng sa bayang malapit dito.

—¿Bakit, aalis ca ba?—ang tanóng sa canyá ng̃ batàng lalaki.—Diyán sa ibabá'y may mg̃a sundalo, maraming mg̃a tulisán. ¿Aayaw ca bang makita ang aking mg̃a reventador? ¡Pum! ¡purumpum!

—¿Aayaw ca ba ng̃ pico-picong taguan?—ang tanóng namán ng̃ batàng babae;—¿nacapagtago ca na ba? ¿Hindi ba totoong nacatutuwa ang habulin at magtago?

Ng̃ũmitî si Basilio; dinampót ang canyáng tungcód at nagsalitáng nanglálaglag ang mg̃a luhà sa mg̃a matá:

—Bábalic acó agad,—anyá;—dadalhín co rito ang maliit cong capatíd, makikita ninyó siyá at cayó'y makikipaglarô sa canyá; siyá'y casíng lakí mo.

—¿Pipilaypilay rin ba cung lumacad?—ang tanóng ng̃ batàng babae;—cung gayó'y siyá ang ating gagawing iná-inahan sa pico-pico.

—Huwag mo camíng calilimutan,—ang sabi sa canyá ng̃ matandáng lalaki; —dalhín mo itong tapa ng̃ baboy-ramó at ibigay mo sa iyong nanay.

Sinamahan siyá ng̃ mg̃a batá hanggáng sa tulay na cawayang nacalagáy sa ibabaw ng̃ agúsang maing̃ay ang lagaslás.

Pinacapit siyá ni Lucía sa canyáng mg̃a bisig at nawalâ silá sa mg̃a paning̃ín ng̃ mg̃a batà.

Malicsíng lumacad si Basilio, bagá man may tali ang canyáng binti.

.....................................................................

Humahaguinit ang hang̃ing sa labás at nang̃ang̃ãligkig sa guináw ang mg̃a tagá San Diego.

Niyó'y gabíng sinúsundan ng̃ Pascó ng̃ Pang̃ang̃ãnác, ng̃ũni't gayón ma'y malungcót ang bayan. Waláng nacasabit sa mg̃a bintanang isáng farol man lamang na papel, waláng anó mang caing̃ãyan sa mg̃a bahay na nagbabalità ng casayahang gaya ng̃ mg̃a nacaraang taón.

Sa «entresuelo» ng̃ bahay ni capitang Basilio'y nagsasalitaan sa tabí ng isáng *rejas*, ito't si don Filipo (pinapagcaibigan silá ng̃ pagcapahamac ni don Filipo), samantalang sa cabiláng *rejas* namá'y tumátanaw sa daan si Sinang, ang canyáng pinsang si Victoria at ang magandáng si Iday.

Nagpápasimula ng̃pagsicat ang buwáng patunáw sa naaabot ng̃paningĩn at pinapagcuculay guintô ang mgã alapaap, mgã cahoy at mgã bahay, at tulóy nangãgbibigay ng̃mahahaba't wari'y mgã fantasmang mgã anino.

—¡Hindi cácauntî ang inyóng capalarang lumabás, na alinsunod sa pasyá ng̃hucóm ay walang casalanan, sa mgã panahóng itó!—ang sabi ni capitang Basilio cay don Filipo;—tunay ngã't sinunog nilá ang inyóng mgã libro, ngũni't lalong malakí ang nangãwalâ sa mgã ibá.

Lumapit sa *rejas* ang isáng babae at tumingĩn sa dacong loob. Nagníningning ang canyáng mgã matá, namamayat ang canyáng mukhâ, lugáy at gusót ang canyáng mgã buhóc, binibigyan siya ng̃buwán ng̃cacaibáng anyô.

—¡Si Sisa!—ang bigláng sinabi ni don Filipo, at saca siyá humaráp cay capitang Basilio, samantalang lumálayô ang ulól na babae.

—¿Hindi po ba na sa sa bahay siyá ng̃ médico?—ang itinanóng;—¿gumaling na po ba?

Ngũmitî ng̃masacláp si capitang Basilio.

Natacot ang médicong siyá'y isumbóng na caibigan ni don Crisóstomo, at ang guinawa'y pinaalís si Sisa sa canyáng bahay. Ngãyó'y muling nagpapacabicabila na namáng ulól na gaya ng̃dati, umaawit, hindi gumagawâ ng̃ masamâ cangĩno man at natitira sa gubat....

—¿Anó anó pa po ang mgã nangyari sa bayan mulâ ng̃umalis camí rito? Nalalaman cong tayo'y may curang bago at bagong alférez....

—¡Catacotacot na mgã panahón, umúudlot ang cataohan!—ang ibinulóng ni capitang Basilio, na ang nacaraan ang iniisip.—Tingnán po ninyó, kinabucasan ng̃inyóng pag-alís ay nasumpungãng patáy ang sacristang mayor, nacabitin sa palupo ng̃canyáng bahay. Dinamdám na totoo ni parì Salví ang canyáng pagcamatáy at sinamsam na lahát ang canyáng mgã papel.—¡Ah, namatáy rin ang filósofo Tasio, at ibinaón siya sa libingãn ng̃mgã insíc.

—¡Cahabaghabag namán si don Anastasio!—ang ibinuntóng hiningã ni don Filipo,—¿at ang canyang mgã libro?

—Sinunog na lahát ng̃mgã madasalin, sa pagcá't sa ganyá'y inaacalà niláng silá'y mararapat sa Dios. Walâ acong nailigtas cahi't ang libro man lamang ni Ciceron ... waláng guinawáng anó man ang gobernadorcillo upang sansalain ang gayóng gawâ.

Capuwà hindi umimíc ang dalawá.

Nariringĩg ng̃ sandalíng iyón ang awit na cahapishapis at mapangláw ng ulól na babae.

—¿Nalalaman mo ba cung cailán ang casál ni María Clara,—ang tanóng ni Iday cay Sinang.

—Hindi,—ang isinagót nitó;—tumanggap acó ng̃ isáng sulat ni María Clara, ngũni't aayaw cong bucsán sa tacot na aking maalaman. ¡Caawaawa si Crisóstomo!

Ang balità'y cung di cay Linares, si capitang Tiago'y nabitay sana, ¿anó ang cahihinatnán ni María Clara?—ang pahiwatig ni Victoria.

Nagdaan ang isáng batàng lalaking pipilaypilay; tumatacbóng ang tungõ'y sa plaza na pinanggagalingãn ng̃ awit ni Sisa. Siya'y si Basilio. Nasumpungãn ng batà ang canyáng bahay, na waláng tao at guibà; pagcatapos ng̃ maraming pagtatanóng, ang canyáng nausisa lamang ay ang canyáng iná'y ulól at nagpapagalagala sa bayan; walâ siyang cabalibalità cay Crispin.

Kinain ni Basilio ang luhà, linunod ang canyáng pighatî, hindi na nagpahingã't hinanap ang canyáng iná. Dumatíng sa bayan, ipinagtanóng ang canyáng iná, at dumatíng ang awit sa canyáng mgã taingã. Piniguilan ng̃ culang palad ang pangãngãtál ng̃ canyáng mgã bintî at nag-acalang tumacbó't ng payacap sa canyáng iná.

Linisan ng̃ ulól na babae ang plaza't tinungõ ang tapát ng̃ bahay ng̃ bagong alférez. Ngãyo'y gaya rin ng̃ unang may isáng bantay na sundalo sa pintuan, at isáng ulo ng̃ babae ang siyáng nanungãw sa bintanà, ngũni't hindi na ang Medusa, ngãyó'y isáng batà ang gulang; hindi pawang sawíng palad ang bawa't alférez.

Nagpasimulâ ng̃ pag-awit si Sisa sa tapat ng̃ bahay, na tinititigan ang buwang nagduruyan sa isáng langĩt na azul at napapag-itanan ng̃ mgã alapaap na culay guintô. Nakikita siyá ni Basilio'y hindi macapangãhas lumapit, at marahil hinihintay niyáng umalis doon; lumalacad sa magcabilacabila, ngũni't pinangĩngĩlagan ang paglapit sa cuartel.

Pinakikinggang magalíng ng̃ babaeng batà pang na sa sa bintanà ang awit ng̃ ulól na babae, at ipinag-utos sa bantáy na sundalong papanhikin ang ulól na iyón sa cuartel.

Pagcakita ni Sisang lumalapit ang sundalo at ng̃maringĩg ang tinig nito, sa malaking tacot ay nagpacatacbótacbó, at ang Dios ang nacacaalam cung paano ang pagtacbó ng̃isáng ulól. Sinundán siyá ni Basilio, at sa pangãngãnib na bacá hindi na niya makita'y tumacbó at nalimutan tulóy ang sakít ng̃canyáng mgã paá.

—¡Tingnán na ngã lamang ninyó cung paano ang paghabol ng̃batàng iyán sa ulól na babae!—ang sigáw na nagagalit ng̃isáng alilang babae, na na sa daan.

At ng̃makita niyáng ipinagpapatuloy ang paghagad sa ulól na babae, dumampót ng̃isáng bató't inihaguis sa batà, at sinabi:

—¡Ayán ang iyó! ¡pagcasayangsayang at natatalì ang áso!

Naramdamán ni Basilio ang isáng pucól sa canyáng ulo, ngũni't nagtuloy ng pagtacbó at hindi inalumana. Tinátahulan siyá ng̃mgã áso, sumisigaw ang mgã gansâ, binúbucsan ang mgã ibáng bintanà at may sumusungãw na isáng mapagusisa, at sinásarhan namán ang ibáng bintana, sa pangãngãnib na bacâ iyo'y cawangĩs din ng̃gabi ng̃mgã caguluhan.

Dumatíng silá sa labás ng̃bayan. Nagpasimulà si Sisa ng̃paghinà ng pagtacbó; malakíng totoó ang calayuan niyá sa humahabol sa canyá.

—¡Nanay, acó pô!—ang isinigáw sa canyá ng̃siyá'y mátanawan.

Bahagyâ lamang náringĩg ng̃ulól na babae ang tinig ay nagpasimulâ na namán ng̃pagtácas.

—¡Nanay, acó pô!—ang isinigáw ng̃bata na waláng pagcasiyahan sa pighatî.

Hindi nacácaringĩg ang ulól na babae, sinúsundan siyá ng̃anác na humihingãl. Naraanan na nilá ang mgã pananím at malapit na silá sa gubat.

Nakita ni Basiliong pumasoc sa gubat na iyón ang canyáng iná at siyá'y pumasoc namán. Ang mgã damó, ang maliliit na cahoy, ang matiníc na mgã yantóc at ang mgã ugát na umuutláw sa lupá ay nangãgsisihadláng sa tacbó ng dalawá. Sinúsundan ng̃anác ang naaaninagnagán niyáng catawán ng̃canyáng iná, na manacanacang liniliwanagan ng̃mgã sínag ng̃buwang pumapasoc sa mgã pag-itan ng̃mgã sangã. Yaón ang talinghagang gubat ng̃familia ni Ibarra.

Macailang natisod at nárapâ ang batà, ngũni't tumítindig, hindi nagdaramdam sakít; ang boong caluluwa niyá'y pumatungõ sa canyáng mgã matá, na sumúsunod sa anyô ng̃irog niyáng iná.

Caniláng dinaanan ang ílat na bumubulong ng̃ matimyás; ang mgã tiníc ng cawayang nangãhulog sa putic ng̃ pampáng ay tumitimo sa mgã paá niyáng hubád: hindi humihintô si Basilio upáng bunutin ang mgã tiníc na iyón.

Nakita niyá ng̃ boong pagtatacá na tinutungõ ng̃ canyáng iná ang malagóng parang at pumasoc sa pintóng cahoy na pangsará sa pinaglibingãn ng̃ matandáng castilà sa paanán ng̃ balitì.

Binantâ ni Basiliong siyá'y pumasoc namán, ngũni't nasunduan niyáng nacasará ang pintô. Ipinagsasanggalang ang pintóng iyón ng̃ ulól na babae, ng canyáng mgã payát na bísig at gusamót na ulo, na anó pa't pinapananatili ng canyáng boong lacás sa pagcásara.

—¡Nanay, acó pô, acó pô, acó'y si Basilio, ang inyóng anác!—ang sigáw ng batang hapô na, at nagpacálugmoc.

Datapuwa't hindi nagluluwag ang ulól na babae; isinisicad ang canyáng mgã paá sa lupà at ipinaglalabang mainam ang pintô.

Sinuntóc ni Basilio ang pintô, inihahampas doon ang ulong napapaliguan ng̃ dugô, umiyác, ngũni't waláng cabuluháng lahát. Nagtindíg ng̃ boong hírap, pinagmasdán ang pader at iniisip niyáng canyáng hagdanán, ngũni't walâ siyáng nasumpungãng magawang hagdán. Nilibot niyá, ng̃ magcágayon, at nakita niyá ang isáng sangã ng̃ malungcót na cahoy na humahalang sa isá namang sangã rin ng̃ ibang cahoy. Nag-ukyabít siyá: gumágawâ ng̃ cababalaghán ang canyáng pagsintáng-anác, nagpalipatlipat siyá sa mgã sangã hanggang sa dumating sa balitì, at napanood pa niyáng itinutuon ang ulo ng̃ canyáng iná sa pintô.

Náringĩg ni Sisa ang ingãy na guinágawâ ni Basilio sa mgã sangã, lumingõn at nag-acalang tumacas, ngũni't nagpatihulog sa cahoy ang anác, niyácap niyá ang canyáng iná at pinuspós ng̃ halíc, at hinimatáy pagcatapos.

Námasdan ni Sisa ang noóng napapaliguan ng̃ dugô; yumucód sa canyá, ang mgã matá ng̃ babae'y tila mandín tatacas sa kinálalagyan, pinagmasdan siyá sa mukhâ at ang mgã namúmutlang pagmumukháng iyó'y siyáng pumagpág ng bait na gumugupiling sa canyáng mgã utac ng̃ ulo, may sumipót na tulad sa isáng kisláp sa canyáng pag-iisip, nakilala ang canyáng anác at, nagpacabigáybigáy ng isáng sigáw, at pagcatapos ay nahandusay sa hinimatáy na batàng canyáng niyayacap at hináhagcan.

Nanatiling hindi cumikilos ang iná at ang anác....

Nang pagsauláng-tao si Basilio'y nakita niyang hindi nacacaalam tao ang

canyáng iná. Tinawag niyá ang canyáng iná, canyáng ipinangãlan ang lalong matitimyás na palayaw, at ng̃mamasid niyáng hindi naguiguising at hindi man lamang humihingã'y nagtindig, tinungõ ang agos at cumuha ng̃cauntíng túbig na canyáng inilagáy sa binalisungsóng na dahon ng̃saguing, at canyáng winiligán ng̃tubig na iyon ang namumutláng mukhà ng̃canyáng iná. Ng̃ũni't hindi cumilos ng̃camunti man lamang ang ulól na babae, nananatili sa pagcapikit.

Pinagmasdán siyá ni Basiliong nagugulat; idinaiti ang canyáng taingã sa pusò ng̃ babae; ng̃ũni't ang payát at lantá ng̃ dibdib ay malamig at hindi tumitiboc: inilagáy niyá ang canyáng mg̃ã labì sa mg̃ã labì ng̃canyáng iná ay walâ siyáng naramdamang camunti man lamang na paghingã. Niyacap ng̃culang palad ang bangcáy at tumangĩs ng̃boong capaitan.

Lumiliwanag ang buwan sa langĩt ng̃ boong cadakilaan, nagbubuntong hiningã ang mahinhíng amihan sa paghihip at humuhuni ang mg̃ã cagaycáy sa ilalim ng̃mg̃ã damó.

Ang gabíng pawang caliwanagan at catuwaan sa lubháng maraming mg̃ã musmós, na sa mainit na sinapupunan ng̃mg̃ã casambahay ipinagdiriwang ang fiestang lalong may mg̃ã matatamis na nagugunitá; ang fiestang nagpapaalaala ng̃unang titig ng̃pagsintá na ipinadalá ng̃langĩt sa lupà; sa gabíng iyáng ang lahát ng̃magcacasambahay na mg̃ã binyaga'y cumacain, umiinom, sumasayaw, umaawit, tumatawa, naglálarò, sumisinta, nangãghahalican ... sa gabíng iyán, na sa mg̃ã lupaíng malalamíg ay nagtátaca ang camusmusan sa warí'y himaláng cahoy na pino, na humihitic ng̃ mg̃ã ilaw, mg̃ã manica, mg̃ã matamis at makikintáb na palarang papel, na pinanonood ng̃nangãsisilaw na mabibilog na mg̃ã matáng kinaaninuhan ng̃pagca waláng malay, ang gabíng iyá'y waláng idinudulot cay Basilio cung di isáng pangũngũlila. ¿Sino ang nacacaalam? Marahil sa bahay ng̃malungcuting si parì Salví ay nangãglalarô rin ang mg̃ã batà, marahil ay caniláng inaawit:

Ang Gabing-Magandá'y dumating,
Gabing-Magandá'y aalis din...

Ang batà'y tumangĩs at humibíc ng̃di anó lamang, at ng̃tumingãlâ siyá'y canyáng nakita sa canyáng haráp ang isáng tao na pinagmamasdan siyáng waláng imíc. Tinanóng siyá ng̃hindi kilalang lalaking iyón ng̃marahan:

—¡Icaw ba ang anác!

Tumangô ang batà.

—¿Anó ang inaacalà mong gawín?

—¡Ilibíng!

—¿Sa libingãn?

—Walà acóng salapî, at bucód sa roó'y hindi ipahihintulot ng̃ cura.

—¿At paano?

—Cung tulungãn sana ninyó acó....

—Mahinang mahina acó,—ang sagót ng̃ hindi kilalá, na untiuntíng nagpacahandusay sa lupà, na nininiin ng̃ dalawáng camáy; may sugat acó, dalawáng araw ng̃ hindi acó cumacain at hindi acó natutulog ... ¿Walâ bang ibáng napaparito ngãyóng gabí?

Nanatili ang taong iyón sa pagdidilidili at pinagmamasid ang mahalagáng pagmumukhâ ng̃ batàng lalaki.

—¡Pakinggán mo!—ang ipinagpatuloy na ang tinig ay lalong mahina; marahil ay patáy na rin acó bago sumicat ang araw ... Sa may mgã dalawampóng hacbáng buhat dito, sa cabiláng ibayo ng̃ batis na itó, may nacatimbóng maraming cahoy na panggatong; dalhín mo rito, pagpatungpatungĩn mo, ilagáy mo sa ibabaw ang aming mgã bangcáy, tacpán mo ng̃ cahoy rin at sacâ mo susuhan ng̃ apóy, ng̃ maraming apóy, hanggáng sa cami'y maguing abó....

Nakikinig si Basilio.

—Pagcatapos, cung sacali't walâ sino mang dumatíng ... huhucay ca rito, macacasumpong ca ng̃ maraming guintô ... at ang lahát na iyá'y iyo. ¡Mag-aral ca!

Nalalao'y lalong hindi mawatasan ang tinig ng̃ hindi kilaláng tao.

—Hayo't humanap ca ng̃ cahoy ... ibig cong tulungãn catá.

Yumao si Basilio, humaráp sa Silangãnan ang hindi kilalá at bumulóng na wari'y nagdárasal:

—¡Mamamatay acóng hindi co nakikitang numingníng ang liwaywáy sa lupàng aking tinubuan!... ¡cayóng mangãcacakita ng̃ liwaywáy na iyan, batiin ninyó siyá ... huwag ninyóng limutin ang mgã nahandusay sa boong magdamág!

Itinaás ang mg̃a matá sa lang̃ĩt, gumaláw ang canyáng mg̃a labíng anaki'y bumúbulong ng̃isáng dalang̃ĩn, tumung̃õ pagcatapos at untiuntíng nahandusay sa lupà....

Nang macaraan ang dalawang oras, si hermana Rufa'y na sa sa batalán ng̃ caniláng bahay at guinagawa ang paghihilamos na caugalian pagcacaumaga, upang pumaroon sa misa. Tinátanawan ng̃mapamintacasing babae ang calapít na gubat at canyáng nakitang may pumapaimbulog na nalululong macapál na úsoc; nagcunót ang mg̃a kilay at, punô ng̃banál na galit, ay nagsalitâ:

—¿Sino cayà ang hereje na sa araw ng̃ fiesta'y nagcacaing̃ĩn? Cayà dumarating ang maraming mg̃a capahamacán. ¡Tingnán mong pa sa Purgatorio ca, at makikita mo cung cucunin catá roon, hamac na tao!

Decorative motif

# PANGWACAS NA BAHAGUI.

Sa pagcá't buhay pa ang marami sa mgã taong sinaysay namin ang caniláng mgã guinawâ sa casulatang itó, at sa pagca namán nangãwalâ na sa ating mgã matá ang mgã ibá sa mgã taong iyón, hindi ngã mangyayaring malagyán namin ng̃ tunay na pangwacás na bahagui ang aclát na itó. Sa icagagaling ng̃ tao'y papatayin namin ng̃ boong galac ang lahát ng̃ mgã taong sinaysáy namin dito, na aming sisimulan cay parì Salví at wáwacasan namin cay doña Victorina, datapuwa't hindi mangyayari ... ¡mgã buháy silá! yamang hindi camí cung di ang lupaíng itó rin lamang ang siyáng sa canilá'y magpapacain....

Mulà ng̃ pumasoc sa convento si María Clara'y iniwan ni parì Dámaso ang bayang dating canyáng kinalalagyan at sa Maynilà na siya tumitira, na gaya rin namán ni parì Salví, na samantalang naghíhintay ng̃ catungculang pagca Obispo ó Arzobispo'y manacánacang nagsesermon sa simbahan ng̃ Santa Clara, at sa convento nitó, ng̃ Santa Clara sa macatuwid, siyá'y gumaganap ng̃ isáng mataas na catungculan. Hindi pa maraming buwan ang nacararaan ay tumanggáp si parì Dámaso ng̃ utos ng̃ cagalanggalang na parì Provincial upáng ganapín ang pagcucura sa isáng malayong lalawigan. Ayon sa sábiha'y nápacalaki ang canyáng tinamóng samâ ng̃ loob sa bagay na iyón, caya ngã't kinabucasa'y násumpungãng patáy siya sa canyáng tinutulugan. Ang sabi ng̃ ibá'y namatáy sa *apoplegia*, anáng ibá'y sa bangũngõt, ngũni't pinaram ng̃ médico ang pag-aalinlangãn, sinaysáy niyáng biglâ raw namatáy.

Alin man sa mgã bumabasa sa ami'y hindi makikilala ngãyón cung caniláng makita si capitang Tiago. Iláng linggó pa muna bago magmonja si María Clara'y nangyari sa canyá ang isáng malakíng panglulupaypay ng̃ calooban, na anó pa't nagpasimulâ siyá ng̃ pamamayat at naguing totoong malungcutin, mapaglininglining at culang tiwalà, tulad sa canyáng naguing caibigang si capitang Tinong. Nang másara na ang mgã pintuan ng̃ convento ng̃ Santa Clara'y caracaracang ipinag-utos sa canyáng nahahapis ng̃ di anó lamang na pinsang si tía Isabel, na tipunin at cunin ang lahat ng̃ bagay na naguing pag-aarì ng̃ canyáng anác at ng̃ canyáng nasirang asawa, at siyá'y pumaroon sa Malabón ó sa San Diego, sa pagcá't sa haharaping panahó'y ibig niyáng mamahay na mag-isá. Nagsákit ng̃ catacottacot sa liampó at sa pagsasabong, at nagpasimulâ ng̃ paghitít ng̃ opio. Hindi na na pa sa sa Antipulo at hindi na rin nagpapamisâ;

ikinatutuwang totoo ng̃ canyáng matandáng babaeng capangãgáw, na si doña Patrocinio, ang canyáng pagdiriwang, sa pamamag-itan ng̃ paghilíc samantalang siyá'y nakikinig ng̃ mgã sermón. Cung manacânaca'y maglacádlacád cayó, cung dacong hapon, sa únang daan ng̃ Santo Cristo, makikita ninyóng nacaupô sa tindahan ng̃ isáng insíc ang isáng maliit na tao, nanínilaw, payát, hucót, malalalim ang mgã mata at anyóng nag-áantoc, culay marumi ang mgã labi at ang mgã cucó at tumítingĩn sa tao ng̃ wari'y hindi nakikita. Pagdatíng ng̃ gabí'y makikita ninyó siyáng tumindíg ng̃ boong hirap, at nanúnungcod na pinatutungũhan ang isáng makipot na daan, pumapasoc sa isáng maliit na bahay na marumí at sa ibabaw ng̃ pintô nitó'y nababasa ang malalakíng letrang mapupula: FUMADERO PUBLICO DE ANFION. Itó'y yaóng totoong cabalitaang si capitang Tiago, na ngãyó'y lubós ng̃ nacalimutan ng̃ lahát, na anó pa't patí ng̃ sacristán mayor ay hindi na siyá naaalaala.

Idinagdag ni doña Victorina sa canyáng mgã culót na buhóc na postizo at sa canyáng pag-aandaandalusahan, pakikiwangĩs bagá sa mgã tagá Andalucía sa pagsasalitâ, ang bagong caugaliang siyá ang nangãngãsiwà sa pagpapalacad ng mgã cabayo ng̃ coche, at pinipilit niyáng si don Tiburcio'y huwag cumílos. Sa pagcá't maraming nangyayaring capahamacan dahil sa cahinaan na ng̃ canyáng mgã matá, ngãyó'y gumagamit siyá ng̃ «quevedo» (salamin sa mgã matáng isinisipit sa ilóng ang pinacatangcáy) na nagbibigay sa canyá ng̃ anyóng naguing cabalitaan. Hindi na muling natawag ang doctor upang gumamót cangĩno man, napapanood siyá ng̃ mgã alilang waláng ngĩpin sa maraming araw ng̃ isáng linggó, bagay, na alinsunod sa talastás na ng̃ mgã bumabasa'y masamáng tandâ.

Ang tangĩng tagapagtanggól ng̃ culang palad na itó, na si Linares, ay malaon ng̃ nagpapahingãlay sa Pacò, sa pagcá't pinatáy siyá ng̃ pag-iilaguín at ng masasamáng guinágawâ sa canyá ng̃ canyáng hipag.

Napasa España ang nagdiwang na alférez, na ang catungcula'y teniente na may gradong comandante, at iniwan ang canyáng mairog na asawa sa canyáng barong franela, na hindi mapagsiyasat cung anó na ang culay. Nang makita ng cahabaghabag na Ariadna ang pagcápabayà sa canyá, namintacasi ring gaya ng anác na babae ni Minos cay Baco at sa pakikipacatoto sa tabaco, na anó pa't nangĩngĩnom at humihitít ng̃ boong alab ng̃ loob, na hindi na lamang ang mgã nagdádalaga ang sa canyá'y natatacot, cung di namán ang mgã matatandang babae't ang mgã batà.

Marahil mgã buhay pa ang ating mgã cakilala sa San Diego, sacali't hindi silá nangãmatáy sa pagputóc ng̃ vapor «Lipa» na nagpaparoo't parito sa lalawigan. Sa pagcá't sino ma'y waláng nangãsiwà upang maalaman cung

sinosino ang mg̃a caawâawang namatáy sa gayóng capahamacán; at cung canicanino ang mg̃a hìta at mg̃a camáy na sumabog sa pulô ng̃ Convalecencia at sa mg̃a pampáng ng̃ ilog, lubós na hindi nalalaman namin cung napasama ó hindi sa nangg̃amatáy na iyón ang alin man sa mg̃a cakilala ng̃ mg̃a mambabasa sa amin. Natutuwà na camí at gayon din ang gobierno at ang mg̃a pámahayagan ng panahóng iyón, sa pagcacalám na ang iisaisang fraileng nacasacáy sa vapor ay nacaligtás, at walâ na camíng hinihingĩng ibá pa. Ang pangũlo sa amin ay ang buhay ng̃ banál na mg̃a sacerdote, na papanatilihin nawà ng̃ Dios ang caniláng paghaharì sa Filipinas sa icagagaling ng̃ aming mg̃a caluluwa.[282]

Tungcól cay María Clara'y walà ng̃ naguíng balitang anó pa man, liban na lamang sa anaki'y siyá'y iniingãtan ng̃ libingãn sa canyáng sinapupunan. Ipinagtanóng naming macailan siyá sa iláng taong may malalaking capangyarihan sa santo convento ng̃ Santa Clara, ngũni't sino ma'y waláng nag-ibig magsabi sa amin ng̃ isá man lamang salità, cahi't ang mg̃a masalitang madasaling tumátanggap ng̃ bantóg na fritada ng̃ atáy ng̃ inahíng manóc, at ng salsa na lalò pang cabalitaang tinatawag na «salsa ng̃ mg̃a monja», na guinágawâ ng̃ matalinong taga-paglutong babae ng̃ mg̃a Virgen ng̃ Pangĩnoóng Dios.

Gayón man:

Isáng gabí ng̃ Septiembreng umaatungãl ang bagyó at hináhampas ng canyáng calakilakihang mg̃a pacpác ang mg̃a bahay sa Maynilà; dumáragundong ang mg̃a culóg sa tuwing sandalî, waláng humpáy halos ang pagtatangláw ng mg̃a lintíc at kidlát sa mg̃a iniwáwasac ng̃ buhawi at naglulubog sa mg̃a namamayan sa caguicláguicláng tacot. Napapanood sa liwanag ng̃ kidlát ó ng lintíc na nagpapakilwágkilwág, na tulad sa áhas, ang paglipád ng̃ isáng panig ng bubung̃an ó ng̃ isáng bintana na dalá ng̃ hang̃in, ang pagcáguibâ ng̃ bahay na cakilakilabot ang lagapacan: waláng isáng coche at waláng isáng taong lumalacad sa mg̃a daan. Pagca náriringĩg sa malayò ang paós na ugong ng̃ culóg na inuulit ng̃ macasangdaan ng̃ alingãwngãw, cung magcágayo'y nariringĩg ang pagbubuntóng-hininga ng̃ hangĩng umiipoipo sa ulán, na siyáng gumágawâ ng ulit-ulit na *tric-trac* sa mg̃a nacasarang dahon ng̃ bintanang capís.

Dalawang guardia ang sumisilong sa isáng bagong guinagawang bahay sa malapit sa convento: isáng sundalo't isáng *distinguido*.

—¿Anó ang atang guinágawâ rito?—ang sabi ng̃ sundalo;—sino ma'y waláng lumalacad sa daan ... dapat tayong pumaroon sa isáng bahay; tumatahan ang babae co sa daang Arzobispo.

—Malayolayô rin buhat dito hanggáng doon at mababasâ tayo,—ang sagót

ng̃ *distinguido*.

—¿Anó ba ang cabuluhan noon, huwág lamang patayín tayo ng̃ lintíc?

—¡Bah! huwág cang mag-alaala; dapat magcaroon ang mg̃a monja ng̃ isáng «pararayo» upang silá'y máligtas.

—¿Siyá ng̃a ba?—anáng sundalo,—ng̃uni't anóng cabuluhan ng̃ pararayo'y ng̃itng̃it ng̃ dilím ang gabí?

At tuming̃alâ upang macakita sa cadiliman: ng̃ sandaling iyó'y cumináng ang isáng kidlát na inulit at pagdaca'y sinundán ng̃ malacas at calaguimlaguim na culóg.

—¡Nacú! ¡Susmariosep!—ang bigláng sinabi ng̃ sundalo, na nagcucruz at tulóy hinihila ang canyáng casama;—¡umalís tayo rito!

—¿Anó ang nangyayari sa iyó?

—¡Tayo na, umalís tayo rito!—ang inúlit ng̃ sundalo na nagtataguctucan ang ng̃ipin sa tacot.

—¿Anó ang nakita mo?

—¡Isáng fantasma!—ang ibinulóng na nang̃ang̃atal ang boong catawán.

—¿Isáng fantasma?

—¡Sa ibabaw ng̃ bubung̃an ... marahil siyá ang monja na naglíligpit ng̃ mg̃a bága sa boong gabi!

Tuming̃alâ ang *distinguido* at ibig niyáng makita.

—¡Jesús!—ang bigláng sinabi at siyá nama'y nagcruz.

Siyá ng̃a namán, sa makináng na ilaw ng̃ kidlát ay canyáng nakita ang isáng anyóng taong nacatindíg, halos sa palupo ng̃ bahay, nacataas sa lang̃it ang mukhà't ang mg̃a kamáy, na para manding humíhing̃i sa canyá ng̃ awa. ¡Mg̃a lintíc at culóg ang itinútugón ng̃ lang̃it!

Nang macatapos ang ugong ng̃ culóg ay náring̃ig ang isáng mapangláw na daíng.

—¡Hindi gawâ ng̃ hang̃in ang daing na iyán, iyá'y sa fantasma!—ang ibinulóng ng̃ sundalo, na siyáng canyáng pinacatugón sa guinawang sa canyá'y pagpindót ng̃ canyáng casama.

—¡Ay! ¡ay!—ang naglulumampas na daíng sa hangĩn at nangĩngĩbabaw sa ingãy ng̃ ulán: hindi matacpán ng̃ mgã haguinít ng̃ hangĩn ang matamís at cahabaghabag na tinig na iyóng puspós ng̃capighatîan.

Mulíng cumináng ang isáng kidlát na nacasisilaw ang tindí.

—¡Hindi, hindi fantasma!—ang bigláng sinabi ng̃*distinguido*;—mulí pang nakita co siyá; casinggandá ng̃Virgen ... ¡Umalís na tayo rito't magbigáy álam tayo!

Hindi na hinintay ng̃ sundalong ulitin pa ang pagyacag sa canyá't nangãgsialís ang dalawá.

¿Sino cayâ ang humihibic sa calaguitnaan ng̃gabí, na hindi inaalintana ang malacás na hangĩn, ang ulán at bagyó? ¿sino cayà ang matatacuting virgeng esposa ni Jesucristo, na nakikilaban sa nangãgngãngãlit na bagyó, tubig, lintíc at culóg at hinirang pa namán ang cagulatgulat na gabí at ang may calayaang langĩt, upang itaghóy mulà sa isáng mapangãnib na cataasan ang canyáng mgã daing sa Dios? ¿Linisan cayà ng̃Dios ang canyáng templo at aayaw ng̃dingguín ang mgã hibíc sa canyá? ¿Bacâ cayà hindi macalampás sa bubungãn ng̃convento ang mgã mithî ng̃cáluluwa at ng̃macapailánglang hanggáng sa trono ng̃lubháng Mahabaguin?

Humihip ng̃boong galit ang bagyó halos sa magdamág; hindi sumicat ang isá man lamang bituin sa boong gabí; nagpatuloy ang waláng pagcasiyahan sa hirap na mgã ¡ay! na nacacahalo ng̃mgã buntóng hiningã ng̃hangĩng malacás, datapwa't nasunduan niyáng bingĩ ang Naturaleza't ang mgã tao; nagpuyát palibhasa ang Dios ay hindi siyá náriringĩg.

Kinabucasan, ng̃mapaspás na sa langĩt ang maiitim na mgã alapaap ay mulíng sumicat ang araw sa guitnâ ng̃nadalisay na himpapawíd, humintô sa pintuan ng̃convento ng̃Santa Clara ang isáng coche at doo'y nanaog ang isáng lalaki, na napakilalang siyá'y kinacatawan ng̃may capangyarihan at hiningĩng siyá'y pakipag-usapin sa abadesa at sa lahát ng̃mgã monja.

Ang sabi'y may humaráp na isáng monjang basáng basá at punít-punít ang suot na hábito, tumatangĩs at isinumbóng ang cakilakilabot na mgã cagagawan at hiningĩng siyá'y tangkilikin ng̃ tao laban sa mgã catampalasanan ng̃ pagbabanalbanalan. Ang sábihan din namá'y totoong cagandagandahan ang monjang iyon, na may mgã matáng ang cagandaha't catamisa'y walâ pang nakikitang macacawangĩs.

Hindi siya inampón ng̃ kinacatawan ng̃ may capangyarihan, nakipagsalitaan itó sa abadesa at iniwan ang monjang iyón at hindi pinakinggán ang canyáng mg̃ã samò at mg̃ã luhà. Napanood ng̃ monjang sinarhan ang pintô pagcalabás ng̃ tao, na gaya marahil ng̃ panonood, ng̃ hinatulang magdusa, ng̃ pagsasará sa canyá ng̃ pintuan ng̃ langĩt, sacasacali't dumating ang araw na maguiguing casíng bangĩs at mawawalán ng̃ damdamin ang langĩt na gaya ng̃ mg̃ã tao. Ulól daw ang monjang iyón ang sabi ng̃ abadesa.

Hindi marahil nalalaman ng̃ taong iyóng sa Maynilà'y may isáng hospicio na pinag-aalagaan sa mg̃ã nasisira ang isip; ó bacà cayà namán ipinalálagay niyáng ang convento ng̃ mg̃ã monja'y isáng ampunan ng̃ mg̃ã ulól na babae, bagá man hinahacang may catatagáng camangmang̃ãn ang taong iyóng upáng macapagpasiya cung sirà ó hindi ang pag-iisip ng̃ isáng tao.

Sinasabi rin namáng baligtád ang ipinasiya ng̃ general J. ng̃ canyáng mabalitaan ang nangyaring iyón; tinangcâ niyáng tangkilikin ang ulól na babae caya't hiningĩ niyá itó.

Ng̃ũnit ng̃ãyó'y waláng humaráp na sino mang dalagang cagandagandahang waláng umampón, at hindi itinulot ng̃ abadesang dalawin at tingnán ang convento, at sa ganitó'y tumutol siyá sa pang̃ãlan ng̃ Religión at ng̃ mg̃ã Santong Cautusán sa Convento.

Hindi na mulíng napagsalitaanan pa ang nangyaring iyón, at gayón din ang tungcól sa cahabaghabag na si María Clara.

## WACAS Ñ̃G PAGSASAYSAY.

# MGA TALABABA:

[1] *A mi pátria*, ang sabi sa "original" na wicang castilà. Ang sabing "pátria" ay waláng catumbas sa wícà natin cung dî: ang tinubuang lupà, ang tinubuan bayan, ang kinaguisnang bayan, ang kinamulatang bayan, at iba pa. Ngũni't ang sinasabing bayan ò lupà rito'y saclaw ang boong Sangcapuluang Filipinas, hindî ang lupang Naic ó bayang Malabon ó lalawigang Tayabas, cung di ang capisanan ng̃ lahat ng̃ bayan, ng̃ lahat ng̃ lalawigan sa boong Sangcapuluang ito, casama ang mgã bundóc, gubat, ilog, dagat at iba pa.—P.H.P.

[2] "Casaysayan ng̃ ano mang nangyayari." Ipinang̃ung̃usap na "istoria"; sa pagka't sa wicang castila'y hindî isinasama ang h sa pagbasa—P.H.P.

[3] Ang cáncer ay masamáng "bùcol" ó bagâ, na hindî maisatagalog na "bagâ" ó búcol, sa pagca't ibang iba sa mgã sakit na itó. Caraniwang napagagaling ang "bagâ" ó búcol, datapowa't ang "cáncer" ay hindî. Bawa't dapuan ng̃ "cáncer" ay namamatay. Wala pang lunas na natatagpuan ang mgã pantás na manggagamot upang mapagalíng ang "cáncer", na cung pamagatá'y "carcinoma." May nagsasabing napagagaling ang "carcinoma" sa pamamag-itan nǵ paglapláp sa búcol, cung panahóng bagong litáw, na walang ano mang itítira, datapuwa't palibhasa'y hindî nararamdaman ng̃ may sakít nǵ carcinoma na siya'y mayroon nito, cung dî cung malubha na, iyan ang cadahilana't walâ ng̃ magawâ ang mgã cirujano. Ang caraniwang dinadapuan nǵ cáncer, carcinoma, ay ang mgã taong bayan at hindi ang taga bukid; at lalong madalas sa babae cay sa lalakí. Sa suso ó sa bahay-bata madalás dumápò cung sa babae. Ang sakít na "cancer" ay tinatawag na "Noli me tangere," na ang

cahuluga'y "Howag acong salangĩn nino man;" sapagca't cung laplapin at hindi macuhang maalís na lahat at may matirang cahi't gagahanip man lamang ay nananag-ulî at lalong lumalacas ang paglaganap, tulad sa inuulbusang halaman, damó ó cahoy na lalong lumálacas ang paglagô, at pagcacagayo'y lalong nadadalî ang pagcamatay ng̃ may sakit.—P.H.P.

[4] Tinatawag na civilización ang caliwanagan ng̃ isip dahîl sa pag-aaral ng mgã bago't bagong dunong. Nagpasimula ang tinatawag na "civilización moderna," ó bagong civilización, ng icalabinglimang siglo, at nacatulong na totoo na bagay na ito ang pagcátuclas ng limbagan.—P.H.P.

[5] *Colado*, ang taong hindi inaanyayaha'y cusang dumádalo sa isang piguíng. Maraming di ano lamang sa mañgã bayanbayan, at lalonglalo na dito sa Maynilà, ang mañgã taong di nating calahì, na hindî man inaanyayahan ay nagdudumalíng dumaló sa mangã piguíng nang mangã filipino, na canilang tinatawag *na indio*, at ang mangã taong yaong di natin calahì ang siyang tinatawag ni Rizal na mangã *colado* sa piguíng.—P.H.P.

[6] Ang catutubong mahusay at dî nagbabagong calacarán ng̃ mgã linikhâ ng̃ Dios—P.H.P.

[7] Nang panahóng sulatin ni Rizal ang Noli me tangere ay hindi pa umaagos dito sa Maynila ang tubig na inumíng nanggagaling sa ilog San Mateo at Marikina. Talastas nang madla, na ang guinugol sa pagpapaagos na ito ay ang ipinamanang salapi, upang iucol sa ganitong bagay, ni D. Francisco Carriedo, castilang naguíng magistrado sa Real Audiencia nang una. ¡Salamat sa isáng castílà, sa isáng hindî nating caláhì ay nagcaroon ang Mayníla ng̃ tubig na totoong kinacailangãn sa pamumuhay! Maraming mayayamang filipinong bago mamatay ay nagpapamana ng̃ maraming salapî at mahahalagáng cayamanan sa mgã fraile ó sa mgã monja, datapowa't

hindî nangãbabalinong magpamana ng anó mang iguiguinhawa ó magagamit sa pamumuhay ng̃ caniláng mgã cababayan. Walâ rin acóng nalalamang nagawáng handóg sa mgã filipino ang mgã fraile na macacatulad ng̃ pamana ng̃ dakilang si Carriedo; gayóng dahil sa mgã filipino cayâ yumaman at naguíng macapangyarihan ang mgã fraileng iyan. —¡Culang palad na Filipinas!—Nang di pa umaagos ang tubig na inumíng sinabi na ay sa ilog Pasig ó sa mangã ibáng nacaliliguid sa Maynilà umiiguib nang inumín at ibá pang cagamitan sa bahay, sacali't ang bahay walang *algibe* ó tipunán ng̃ tubig sa ulán.—P.H.P.

[8] Ang namamatnugot sa paggawâ ng̃ anó man edificio. Tinatawag na edificio ang bahay, palacio, simbahan, camalig at iba pa.—P.H.P.

[9] Ang ladrillong parang pinggan ang pagcacayarì.—P.H.P.

[10] Ang "maceta" ay wicang castilà na ang cahuluga'y ang lalagyán ng lupà na pinagtatamnan ng̃ mgã halamang guinágawang pangpamuti, sa macatuwid ay malî ang tawag na "macetas" sa halaman.—P.H.P.

[11] Patungãn ng̃ mgã "maceta" ó pátirican ng̃ haligue ó ano mang bagay. —P.H.P.

[12] Ang capisanan ng̃ guinagamit sa pagcaing cuchara, cuchillo, tenedor at iba pa.—P.H.P.

[13] Ang sabing "caida" ay wìcang castilà, na ang cahuluga'y ang pagcahulog, pagcálagpac, pagcárapâ pagcatimbuang, ó ang kinahuhulugan ó ang laláy ng̃ ano mang bagay; datapuwa't dito sa Filipinas, ayawan cung anong dahil, tinatawag na "caida" ng̃ mgã castilà at ng̃ mgã lahing castila ang macapanhíc ng̃ báhay.—P.H.P.

[14] Ang panig ng̃ bahay na pinaglálagyán ng̃ mesang cacanán.—P.H.P.

[15] Mulíng pangãngãnac. Ang panahong nagpasimulâ nang calaghatian

nang Siglo XV, na napucaw sa mangã taong tubò sa dacong calunuran ng Sandaigdigan ang masilacbong pagsisiyasat nang mgã maririkit na guinagáwâ sa una nang mgã griego at nang mgã latino—P.H.P.

[16] Bataláng bató, na ang caraniwa'y baldosa ang tungtungãn.—P.H.P.

[17] Sa convento ng̃ Antipolo ay may isang cuadrong catulad nitó.—J.R.

[18] Isáng pabilóg na parang culuong na ang caraniwa'y pinagagapangãn ng̃ mgã halaman.—P.H.P.

[19] Ang ilawang sangãsangã na ibinibiting may mgã pamuting mgã cristal na nagkikislapan.—P.H.P.

[20] Isáng papatungãng cahoy, na catulad ng̃ papag na mababà ang anyô.—P.H.P.

[21] Cahoy na caraniwang tawaguin ng̃ tagalog na "Palo-China." Ang cahoy na ito'y caraniwan sa Europa at América. Sumisibol din sa Benguet, dito sa Filipinas, dahil sa malamíg ang singãw roon.—P.H.P.

[22] Natuclasán ang paggawâ ng "piano" ng̃ siglo XIII at siyang naguing cahalili ng̃ "clavicordio" at ng̃ "espineta." Alinsunod sa anyô at lakí ay tinatawag na piano de mesa, piano de cola, piano de media cola, piano vertical, piano diagonal at iba pa. Ang piano de cola'y nacahigang parang mesa, na sa isáng dulo'y malapad at sa cabiláng dulo'y makitid at isá sa mgã lalong mahál ang halagá.—P.H.P.

[23] Tinatawag na larawang "al óleo," (retrato al óleo) ang larawang ipinípinta sa pamamag-itan ng̃ mgã culay ó pinturang tinunaw sa lang̃is.—P.H.P.

[24] Sambahan ng̃ mgã judío.—P.H.P.

[25] Caraniwang tinatawag na Nuestra Señora ang anó mang larawan ni Guinoong Santa María, na halos may dî

mabilang na pamagát: Nuestra Señora del Carmen, cung may mgã escapulario sa camay; Nuestra Señora del Rosario, cung may tangãng cuintás; Nuestra Señora de la Correa, cung nacabigkís ng balát, Nuestra Señora de Turumba, Nuestra Señora de Salambaw at iba pang lubháng napacarami.—P.H.P.

[26] "Hindî carapatdapat" ang cahulugán ng̃ sabing "indigno," salitang caraniwang sabihin ng̃ mgã nacacastiláan.—P.H.P.

[27] Tinatawag na cadete ang nag-aaral sa isáng colegiong doo'y itinutúrò ang mgã bagaybagay na nauucol maalaman ng̃ isáng militar.

[28] Taga ibáng lúpà, sa macatuwid ay hindî taga Filipinas ang cahulugán ng̃ sabing "extranjero." Gayon ma'y dî caraniwang tawaguing "extranjero" ang insíc, ang castílà, ang turco, ang japonés, ang bombay, ang colombo at ibá pa; sila'y tinatawag ditong insíc, castílá, "turkiano," japón, bombay, colombo. Tinatawag lamang "extranjero" ang inglés, alemán, francés, suizo at ibá pa, sa pagca't iniuucol lamang ang sabing "extranjero" sa mgã mangãngãlacal na may malalaking puhunan.—P.H.P.

[29] Ang bubóng na tablá ng̃ mgã sasacyán.

[30] Tinatawag na "paisano" ng mgã sundalo ang hindî militar.—P.H.P.

[31] Caraniwang tinatawag na "biscuit" ang biscochong na sa mgã maliliit na latang nanggagaling sa Inglaterra. Tinatawag dito sa ating "biscocho" ang mgã malulutóng na tinapay, gaya ng̃ tinatawag na "biscocho y caña" at "biscocho y dulce," at ang tunay na biscocho'y tinatawag na "sopas" ng̃ mgã dî nacaaalám ng̃ wicang castílà. Ngãyo'y gumágawâ na rito sa atin ng masasaráp na biscochong hindî saból sa mgã nanggagaling sa Inglaterra, ang *La Perla* ni G.J.E. Monroy, ang *La Fortuna* ni G. Claro Ong at ibá pa. Carapatdapat papurihan ang mgã cababayang itóng naglíligtas sa Filipinas na bomobowís sa

mgã taga ibáng lupaín sa pagbilí ng̃mgã bagay na dito'y nagágawâ.—P.H.P.

[32] Marangãl na general ni Cárlos V at ni Felipe II. Siya ang nagtagumpáy sa panghihimagsic ng Paises Bajos at nacalupig sa Fort.—P.H.P.

[33] Ang talaán ng̃mgã oficial at mgã púnò sa mgã hucbó.

[34] Ang may catungculang umusig sa masasamang tao at mangãsiwà sa capanatagán ng̃mgã bayanbayan. Ng panahón ng̃Gobierno ng̃España'y may dalawang bagay na Guardia Civil dito sa Filipinas: "Guardia Civil" ang pangãlan ng̃ mgã na sa bayanbayan ng̃ mgã lalawigan, at "Guardia Civil Veterana" ang na sa ciudad ng̃Maynílà.—Pawang mgã filipino ang mgã sundalo ng̃Guardia Civil at ng̃ Guardia Civil Veterana, at mgã castílà ang mgã oficial at ang mgã púnò. Manacánacáng nagcacaroon ng alferez at tenienteng mgã filipino. Ang nahalili ngãyon sa Guardia Civil ay ang Policía Insular, na tinatawag ding Policía Constabularia, at sa Guardia Civil Veterana ay ang Policía Metropolitana na pawang americano at ang Policía Municipal na pawang filipino. Bucod sa Guardia Civil at Veterana'y may mgã Cuadrillero pa na pawang filipino ang mgã sundalo at pinunò, na ang caraniwa'y fusil na walang cabuluhán at talibóng ang mgã sandata. Ng̃ mgã hulíng taón ng̃ Gobierno ng̃ castila'y nagcaroon sa Maynílà ng̃mgã tinatawag na "Guardia Municipal," na ang dalang sandata'y revolver at sable. Sa macatuwíd ang mgã namamahalà ng̃catahimican ng mgã namamayan, ng̃ mgã hulíng panahón ng̃ mgã castilà, dito sa Maynílà'y ang Guardia Civil Veterana, ang Guardia Municipal at ang Cuadrillero, at sa mgã lalawiga'y ang Guardia Civil at ang Cuadrillero, bucód sa Policía Secreta na itinatag dito sa Maynílà, hindî co matandaan cung ng taóng 1894 ó 1895.—P.H.P.

[35] Ang nagtuturò sa paaralan.—P.H.P.

[36] Colegio ó paaralang mgã fraileng dominico ang may-arì at silá rin ang nangãgtuturò.

[37] Tinatawag na "dialéctico" ang gumagamit ng̃ dialéctica. Ang "dialéctica'y" ang carunungãng ucol sa pag iisip-ísip at ang mgã pinanununtunang landás sa bagay na itó. —P.H.P.

[38] Si Santo Domingo de Guzman ang nagtatag ng̃ capisanan ng̃ mgã fraileng dominico cayá sila'y tinatawag na mgã anác ni Guzman.— P.H.P.

[39] Ang nananatili sa pakikipanayam sa sangcataohan; ang hindî sacerdote.

[40] Ang nagpápalagay ng̃ mgã paláisipang dapat sagutin at tutulan sa pangãngãtowiran ng̃ catalo.

[41] Ito'y ang balitang si G. Benedicto de Luna, marunong na abogadong filipino.

[42] Ang pagtatangî at pagbubucod ng̃ pinagmamatuwirang anó man.

[43] Ang mgã inanác ó iniapó ng̃ mgã unang senador sa Roma.

[44] Mgã fraile.

[45] Si Enrique Heine ay bantóg na poeta at crítico alemán. Sumulat sa wicang alemán. Ipinangãnác ng̃ 1796 at namatáy ng̃ 1856.

[46] Ang mgã dios sa pinagtapunan.

[47] Ang Tyrol ay isáng magandáng panig ng̃ Suiza at Baviera at isá sa mgã lalawigan ng̃ Austria-Hungría. May siyam na raang libong tao ang namamayan doon.

[48] Tinatawag na equinoccio ang pagcacaisá ng̃ hábà ng̃ araw at ng̃ gabí. Nagcacaequinoccio pagpapasimulâ ng̃ signo Aries at pagpapasimulâ namán ng̃ signo Libra. May equinoccio ng̃ tag-araw, mulâ sa 20 hanggang 21 ng̃ Marzo,

at may equinoccio ng̃ tag-ulan, mulâ sa 22 hanggang 23 ng̃ Septiembre.

[49] Halos talós ng̃ lahát ng̃ fipinong ang cahulugán ng̃ "morisqueta" ay canin; ng̃uni't ang walâ marahil nacacaalám niyan ay cung saang wicà nanggaling; sa pagca't ang sabing morisqueta'y hindî wicang castilà, hindî tagalog, hindî latín, hindî insíc at iba pa. ¿Ang mg̃a fraile cayâ ang nagtatag ng̃ salitang iyan?

[50] Sinabi co na sa sa isá sa mg̃a paunawà sa Buhay ni Rizal na sa pasimulâ ng̃ librong itó na ang sabing "indio" ay wicang castilà na ang cahuluga'y túbò ó inianác sa India. Ang Filipinas ay mg̃a pulóng na sa panig ng̃ libutáng tinatawag na "Oceanía," at ang India ay na sa panig ng̃ libutáng tinatawag na Asia. Ang tawag na indio ng̃ mg̃a fraile, ng̃ mg̃a castilà at ng̃ mg̃a lahing putî sa mg̃a túbò sa Filipinas ay isáng pag-alimura at pagcutyâ sa mg̃a lahing caymanggui. Caacbáy ng̃ sabing indio ang cahulugang tamád, waláng damdamin, hang̃al, dugong mabábà, cutad na ísip, ugaling pang̃it, waláng cahihiyan at iba pang lalong mg̃a casamasamâan. Sacsí nitóng mg̃a sabi co ang mg̃a sinulat ng̃ mg̃a fraile't castilà tungcol sa Filipinas. Ng̃uni't ang lalong nacatátawa'y ang mg̃a táong túbò rin dito sa Filipinas, na dahil sa maputî ang caniláng balát ay tumatawag sa capowâ tagritong caymangui ng̃ indio ... ¡Mg̃a dukhang damdamin!—P.H.P.

[51] Ito'y lubós na catotohanan. Ang sumusulat nito'y nacapang̃umpisal ng̃ panahóng cabataan pa sa isáng fraileng palibhasa'y bahagyâ ng̃ macawatas ng̃ wicang tagalog, ipinipilit na ang casalanang ikinucumpisal ay sabihin ng̃ nang̃ung̃umpisal sa mg̃a salitáng cahalayhalay at magagaang na sa Diccionariong wicang castilà at wicang tagalog na sinulat ng̃ caniláng capowà fraile.—P.H.P.

[52] Ang mg̃a sinising̃il sa binyag, casal, tawag, libíng, campana, ciriales at iba pa.

[53] Ang caraniwang tinatawag na "manong" ó "manang", galing sa salitang "hermano" "hermana". May dalawang bagay na manong, ang manong na franciscano ó franciscana at manong na dominico ó dominicana.

[54] Dating estancado ang tabaco dito sa Filipinas. Ang Gobierno ng España ay siyang namímilì ng̃ tabacong dahon sa mgã magsasacá sa mgã bayang may pahintulot na magtaním ng̃ tabaco, ang Gobierno ang nagpapadalá dito sa Maynílà siya ang nagpapagawa ng tabaco at cigarrillo at siya rin ang nagbibilí. Sino ma'y walang nacabibilí ng tabacong dahon cung dî ang Gobierno at sino ma'y walang nacapagbibilí ng tabacong dahon, ng̃ tabacong yarì at ng cigarrillo cung dî ang Gobierno. Sa mgã bayang may pahintulot na magtaním ng tabaco'y may mgã cagawad ang Gobierno, na siyang nangãngãtawa't ng gumalíng ang taním na tabaco at mag-ani ng̃ marami. Ang Gobiernong mamimili ay siya ring nagháhalaga ng̃ tabacong dahong canyang biníbili. Ng̃ taóng 1883 ay inalís dito sa Filipinas ng̃ Gobierno ng España ang estanco ng̃ tabaco at binigyang calayaan ang lahat na macapagtaním at macapagbilí ng tabacong dahon, tabacong yarì ó cigarrillo, at ang inihalili sa estanco ay iba't ibang bagay na pagpapabowis sa mgã tagarito.—P.H.P.

[55] Alac na Jerez, na nanggagaling sa uvas na inaani sa bayang Jerez de la Frontera, na sacop ng lalawigang Cadiz, caharian ng̃ España. Ang bayang iyo'y mayaman, nasa tabí ng ilog Guadalete at may 62,009 ang nananahang tao.—P.H.P.

[56] Tinatawag na Evangelio ang mgã sinulat ni San Mateo, San Lucas, San Marcos at San Juan. Ang mgã sinulat ng̃ apat na Santong itó, na dî iba cung dî ang casaysayan ng̃ mgã ipinangãral at buhay ni Jesucristo, ang siyang pinagpapatuunan ng̃ mgã utos at palatuntunan ng̃ Iglesia Católica Apostólica Romana, ng̃ Iglesia Cismática sa Rusia at sa Grecia, ng̃ Iglesia

Protestante at ng̃ Iglesia Filipina Independiente.—P.H.P.

[57] Ang cahulugan ng̃ sabing indolente ay ang táong hindî napupucaw ang loob sa mg̃a bagay na sa iba'y nacasakit. Ang walang malasakit sa ano man, ang mabagal, ang tamád.

[58] "Bailujan," galing sa sabing "baile," sayáw. Ang baile ay wicang castilà. Ang "bailuhan" ay hindî guinagamit ng̃ mg̃a fraile at ng̃ mg̃a castilà dito sa Filipinas cung dî ang sabing "baile" pagca ang sayawan ay sa bahay ng̃ capowà castílà, at "bailujan" pagca ang sayawan ay sa bahay ng̃ mg̃a filipino. Sa maiclíng sabi, ang cahulugan ng̃ "bailujan" ay sayáw na carapatdapat cutyaín, catawátawá, waláng cahusayan.

[59] Ang "loto" ay isáng cahoy sa Africa. Anang mg̃a poeta, ang taga ibang lupaíng macacain daw ng̃ bung̃a ng "loto" ay nacalilimot sa canyang kinamulatang bayan.

[60] Sa macatuwid baga'y sucat na ang magcaroon ng̃ caunting pag-iisip.

[61] Caugalian sa mg̃a castilang hindî "usted" (cayó pô) na guinagamit sa caraniwan, cung dî "Vuestra Reverencia" ó "Vuesarevencia" (sa cagalanggalang pô ninyo) ang siyang ibinibigay na galang sa mg̃a fraile sa pakikipag-usap sa canila.

[62] Ipinang̃ung̃usap ng̃ "ereje," sa pagca't sa wicang castila'y hindi isinasama ang h sa pagbasa. Tinatawag na "hereje" ang cristianong sumásalansang ó hindi sumasampalataya sa mg̃a pinasasampalatayanan ng̃ Iglesia Católica Apostólica Romana.—P.H.P.

[63] Ang kinácatawan ng̃ Dios.

[64] Maliit na general; sa macatuwíd baga'y waláng halagang general.

[65] Maliit na general Capansanan.

[66] "Su excelencia" sa wicang castila, paunlác na tawag sa Capitan General at sa iba pa ng̃ mg̃a castila.—

P.H.P.

[67] Pangãlawa ng̃ Real Patrono. Tinatawag na Real Patrono ng̃ Iglesia Católica Romana ang Harî sa España. Haring tagatangkilic ang cahulugan sa wicang tagalog—P.H.P.

[68] Hindî acó nasísilong cahi't siya'y pangãlawá man ng̃ harì—ang ibig sabihin ni Pári Dámaso.—P.H.P.

[69] Mulà sa taóng 1717 hangang 1719 ay naguíng Gobernador General sa Filipinas si Don Fernando Bustamante. Sa pagca't canyáng napagunáwà ang malaking mgã pagnanacaw sa pamamanihalà ng̃ salapî ng̃ Harì, minagálíng niya ang magtatag ng̃ mgã bágong utos sa pamamahalâ ng̃ salapî ng calahatán. Pinasimulán niyáng kinulóng sa bilangguan ang mgã taong pinaghihinalàan; sila'y canyáng pinag-usig sa haráp ng̃ mgã tribunal. Galít na galít cay Bustamante ang mgã may matataas na catungculang sa ganito'y nangãgsipangãnib na mapahamac, at sa gayóng cahigpita'y hindî nangãbihasa cailán man. Sa pagcá't nabalitàan ni Bustamante ang panucalang manghimagsic laban sa canyáng capangyariha't pamamahálà, at tinatangkílic ng̃ mgã fraile sa caniláng mgã simbahan ang lalong mgã kilaláng mahihigpít niyáng mgã caaway, naglathalà siyá ng̃ pagtawag sa lahát ng̃ mgã lalaking may mahiguít na labíng apat na taón upang mangãgsipanig sa hucbòng magsasanggaláng sa capangyarihan ng̃ Harì. Diningĩg ng̃ bayan ang pag tawag na iyón, at nátatag ang isang hucbó ng̃ mgã cusang pumasoc sa pagsusundalo. Nangãgsifirma ang Arzobispo at iláng mgã abogado sa isáng casulatang doo'y itinututol na waláng capangyarihan at waláng catowiran daw si Bustamante na ipag-utos ang pagpapabilangô sa notariong si Osejo, na tumacbò at nagtagò sa simbahang Catedral: dahil dito'y ipinag-utos ng Gobernador General na dacpín at ibilanggô ang arzobispo at gayon din ang mgã abogadong cainalám sa gayong panucalang catacsilan.—Pinanggalingãn

ang mgã pagpapabilanggong itó ng̃iba't ibang mgã caguluhan, at sa tacot ng̃mgã fraileng bacâ síla namán ang pag-usiguin, minagalíng nilá ang silá ang mamatnugot sa mgã lumálabag sa capangyarihan ng Gobernador.—Lumabás sa mgã simbahan ang mgã nagtatagò roon, nagdalá ng̃mgã sandata, at ng̃macasanib na sa canilá ang iláng mgã tagarito, lumacad silá't ang tinungõ'y ang palacio ng̃Gobernador, na ng̃panahóng iyó'y na sa taguilirang ilaya ng̃ tinatawag ngãyóng Plaza ni William McKinley. Nangũngũna sa paglacad ang mgã fraile na may mgã hawac na Santo Cristo sa caniláng mgã camáy. Nang maalaman ni Bustamante ang gayóng panghihimagsic, ipinag-utos sa canyáng mgã guardiang barilín ang mgã nanghihimagsic na iyón; datapuwa't hindî sumunód sa canyáng utos ang mgã sundalo, at ng̃ dumating ang mgã nanghihimagsic sa tapát ng palacio, isinucô nilá ang caniláng mgã sandata sa haráp ng̃ pagca damít sacerdote ng̃ mgã fraileng nángãgtaás ang mgã camay na may hawac na mgã Santo Cristo at mgã larawan ng̃ Santo. Pinabayaan din ng̃ mgã sundalong alabardero na silá'y macapasoc. Lumabás ang cahabaghabag na si Bustamanteng may sandatang hawac, at sinalubong sa hagdanan ang mgã nanghihimagsic. Hinandulong siyá ng̃ mgã nanghihimagsic at sa sandali lamang ay may sugat na siyáng malubha. Dumaló sa canyá ang canyang anác na lalaki, at itó nama'y agád binaril at nasugatan ng̃bála. Kinaladcad ng̃mgã nanghihimagsic ang canilang Gobernador na naghihingãló hanggang sa isáng bilangguang na sa silong ng̃ Audiencia, at doon siya namatáy ng̃magtatakip silim ng̃hapon ng̃araw ring iyong ica 11 ng̃Octubre ng 1719; ipinagcaít sa canyá ang lahát ng saclolo at hindi siyá binigyán ng̃ isá mang lamang vasong tubig. Kinaladcád namán ang anác ng̃Gobernador General sa talian ng̃mgã cabayo sa palacio, at doon siya namatáy ng̃hapon ding iyón, at ipinagcáit sa canyáng macaguibíc ang sino man manggagamot at itinangguí sa canyá ang lahat ng̃bagay na saclolo. Ang

mgã nanghimagsic na pinamunuan ng̃ mgã fraileng pumupuri at nagpapaunlac sa mgã pumatáy sa Gobernador at sa canyáng anác ay nangãgsitungõ sa cúta ng̃ Santiago at doo'y kinuha at pinawalán ang arzobispo, na pagdaca'y siyá, ang nagatang sa sarili ng̃ catungculang pagca Gobernador General sa Sangcapuluang itó. Hindi nagcamít parusa cailan man ang mgã cakilakilabot na katampalasanang ito.—Sinipi sa "Censo de las Islas Filipinas" ng̃ 1903, tomo I, página 342—P.H.P.

[70] "Su Majestad el Rey" sa wicang castilà. Masasabing: "ang Macapangyarihan Harì."

[71] Sa matuwid bagá'y hindi niya pinahahalagahan ang taong sinasabi ng Teniente.

[72] Aayaw kilalanin ng̃ mgã fraile si Alfonso XII, na ng̃ panahong sinasabi sa "Noli me tangere" ay síyang hari sa España, cung di si Cárlos de Borbón na naghahangãd na siyáng maghari sa mgã castilà. Dahil sa paghahangãd na ito'y silasila ring mgã castilà ang nangãgsipagbaca, at maraming dugò ang nabuhos. Ang unang nacabaca ng̃ reina Cristina at ng̃ reina Isabel II ay si Cárlos de Borbón, capatid ni Fernando VII; isinalin niyá pagcatapos ang tinatawag niyang catuwiran sa Corona ng̃ España sa canyáng anác na si Cárlos Luis, na nagpamagat ng̃ Conde de Montemolin at haring Cárlos VI, na siyang muling nagsabog ng̃ caligaligan, dugô at mgã capahamacan sa España, sa isang maningãs na pagbabaca at ng̃ siyá'y matalo'y omowi sa Trieste at doon namatáy ng̃ 1861.

Humalili cay Cárlos Luis ang canyang capatíd na si Juan Borbón, ngũni't walà itóng nagawáng may cahulugán.

Ang anác ni Juang nagngãngãlang Cárlos at nagpamagát ng̃ haring Cárlos VII ang siyang nagpatuloy ng̃ pagbabaca, sa udyóc at tulong ng̃ mgã fraile at macafraile. Pinasimulán ang icatlong pagbabaca sa Españang mgã capowa

castila rin ang nagpatayan, ng̃ 8 ng̃ Abril ng̃ 1872. Ng̃ panahong iyó'y maraming totoong salapi ang ipinadaláng galing sa Filipinas na handóg ng̃ mg̃a fraile cay Cárlos, datapuwa't wala ring kinahinatnan ang pagpupumilit nitó, ng̃ mg̃a fraile at ng̃ mg̃a macafraile, cung dî magsabog ng̃ dugong calahi at papaghirapin ng̃ di ano lamang ang España. Natapos ang pagbabaca roon ng̃ 27 ng̃ Febrero ng̃ 1876, araw na ibinalic ni Cárlos sa Francia. Ang pinacamabuti sa mg̃a general nito'y si Zumalacárregui at si Cabrera. Cumilala at sumuco si Cabrera sa haring Alfonso XII ng̃ taóng 1895. Cung pamagatán si Don Cárlos ng̃ mg̃a castila'y "Cárlos Chapa."

Marahil ibiguin ng̃ mg̃a bumabasang maalaman cung ano ang dahil ng̃ pagbabacang ito, na nagpasimula ng̃ 2 ng̃ Octubre ng̃ 1833 at nagtapós ng̃ 27 ng̃ Febrero 1876, at aking sasabihin sa maicling salitâ:

Bago pa lamang nacacawalâ ang España sa capangyarihan ng̃ mg̃a francés, ay nagpasimulâ na ang panúcalà ng̃ mg̃a fraile at ng̃ mg̃a macafraileng papanumbalikin doon ang pagtatatag ulî ng̃ "absolutismo"; sa macatuwid baga'y ang capangyarihan ng̃ haring magawâ ang bawa't maibigan, at manumbalic ang "tribunal ng̃ Inquisición." Hindi pumayag si Fernando VII sa gayóng balac, at sa gayó'y kinagalitan siya at minagaling ng̃ mg̃a fraileng sa canyá'y mahalili ang canyáng capatid na si Cárlos María Isidro de Borbón, na nangãcong cung siya ang maguiguing harì ay gagawin niya bawa't ibiguin ng̃ Papa at ng̃ mg̃a fraile. Bago namatáy si Fernando ay gumawa itó ng̃ testamentong isinasalin niya ang canyáng corona sa canyáng anác na babaeng si Isabel. Ng̃ mamatay si Fernando VII ng̃ 29 Septiembre ng̃ 1833 ay nahahanda na upang bacahin ang hahaliling reinang si Isabel II, na sa pagca't musmós pa noon, ang namamahalà ng̃ caharia'y si reina Cristinang nabao cay Fernando VII, at ng̃ icatlóng araw ng̃ pagcamatay nitó'y pinasimulaan na ng̃â ang pangguguló sa España ni Cárlos, na tinutulungãn ng̃

papa, ng̃ mgã fraile, ng̃ lahat ng̃ mgã párì at ng̃ canilang mgã cacampi.

Ngãyóng mgã panahóng itó'y mahinang mahinà na ang carlismo sa España, at sila sila'y nagsisirâan. May nangãgpapangãlang "integrista" na siyang nangãg-iibig ng̃ "absolutismo" at ng̃ "inquisición," at "mestizo" ang itinatawag nila sa sumasang ayon sa calagayang dalá ng̃ panahón at ayaw sa "inquisición" at sa "absolutismo." Ngãyo'y macucurò na cung bakit aayaw kilalanin ng̃ mgã fraileng hárì nila si Alfonso XII at si Alfonso XIII man; ngũni't ang sawicain ngã ng̃ mgã castilà'y "á la fuerza ahorcan" (sapilitan ang pagbitay). Aayaw man sila'y sapilitang nilálagoc ang apdóng handóg ng catuwiran at ng̃ catotohanan.—P.H.P.

[73] Sa canyáng calagayan ó sa canyáng sarili.

[74] Sa galit ay nabiglaanan.

[75] Sa bibíg lamang.

[76] Mulâ sa púsò, taimtim sa púsò.

[77] Na sa pag-iisip.

[78] Sa isáng pagcacataón, hindi sinasadya.

[79] Sa pagcacataon at sa ganáng akin.

[80] Ang páring catulong ng̃ cura. Ng̃ panahón ng̃ Gobierno ng̃ España, halos ang lahat ng̃ paring filipino ay pawang coadjutor lamang ang naaabot na catungculan; bihirang bihirà ang naguiguing cura, at ang caraniwa'y mgã fraile ang naguiguiug cura; caya't ang lahát ng̃ mgã cura halos sa sangcapuluang ito'y pawang mgã fraile. Aliping mistulà ang pagpapalagay ng mgã curang fraile sa mgã coadjutor na filipino. Salamat sa revolucióng guinawa ng̃ Katipunang tatag ni Gat Andrés Bonifacio'y nahangõ ang mgã paring filipino sa gayóng caalipinan; datapuwa't hanggá ngãyò'y walá isá man lamang sa mgã paring filipinong nacacagunitang magpaunlác cay Gat Andrés Bonifacio.

Cahimanawarì sila'y mangã̃guising sa panahóng hináharap. ¡Wala ng carimarimarim na púsong gaya ng̃ di marunong tumumbás sa utang na loob!!!

[81] Ang sumusulat ng̃ mgã inilalathala sa mgã periódico ó pámahayagan.

[82] Ang may almacen ó tindahan. Tinatawag ding almacenero ang catìwala sa pag-iingãt ng̃mgã camalig na ligpitan ng̃anó man, ó ang isáng catungculan sa Gobiernong ganito ang pangãlan.—P.H.P.

[83] Caugalìan ng̃mgã taong may pinag-aralang cung pumapanhic silá sa bahay ng̃isang hindî cakilala, ang siya'y iharap sa maybahay ng̃ isáng cakilala nitó at sabihing:—"May capurihan po acóng ipakikilala sa inyó si guinoong Fulano."—P.H.P.

[84] Ang monje Bernardo Schwart, alemân, na siyáng nacátuclas ng pag-gawâ ng̃ pólvora ng̃ siglo XIV.—P.H.P.

[85] Caraniwan sa catagalugan tawaguing "among" ang parì, marahil sa turò rin ng̃fraile. Ang sabing "among" ay galing sa "amo," na ang cahuluga'y "pangĩnoon," at ang tumatawag ng̃"amo" ay "alipin." ¿Bakit hindi sila nagpatawag ng̃"ama" na siyáng cahulugan sa wicang tagalog ng̃ sabing "padre?" ¿Bakit itinutulot ng̃ mgã sacerdote na silá'y tawaguin "amo?"

[86] Wicang haluang castilà't tagalog, na cung tawagui'y "wicang tinulá". Nagpapatumpictumpic bago'y ibig,—May mgã filipinong hindî nangĩngiming magsalitang sila'y hindî nacacawatas ng̃wicang tagalog, na hindî silá marunong ng̃ wicang tagalog; datapawa't hindî rin naman marunong magsalitâ ng̃ tunay na wicang castilà; waláng nalalaman cung dî ang wicang tindá: ¡cahabaghabag na mgã tao!

[87] Ang pagtuturò ng̃ isáng carunungãn; sa halimbawà: si Fulano'y nagtuturò ng̃ catedra ng̃ "Derecho" na gaya rin cung sabihing si Fulano'y

nagtuturò ng̃ dunong ng̃ "Derecho."

[88] Magbigay ang sandata sa haráp ng̃ carunungãng; sa macatuwid baga'y dapat gumalang ang mgã militar sa mgã táong pantás.

[89] Magbigáy ang sandata sa harap ng̃mgã fraile; dapat gumalang ang mgã militar sa mgã fraile.

[90] Wicang castilà ang sabing "mundo" at maraming cahulugán: ang cabooan ng̃lahat ng̃mgã kinapal.—Ang lupà.—Ang cabooan ng̃lahát ng̃tao.—Baúl na malakí.—Tungcol sa pamumuhay. Isá sa mgã caaway ng caluluwa. Dito'y ang cahulugan ay isáng tangĩng bahágui ng̃ sangcataohan, sa macatuwid baga'y ang mgã tao sa piguíng na iyón.—P.H.P

[91] Si Lucio Licino Lúcalo, cónsul romano, na bantog dahil sa totoong magalíng na pagcain sa canyang mesa.

[92] Ang cahulugán dito'y isang malaking tasang malucóng na pinaglálagyan ng̃ pagcain—Cahulugan din ng̃wicang "fuente"; Bucál ng̃tubig na nanggagaling sa lúpà.—Isáng "aparato" upang doo'y lumabas ang tubig na nanggagaling sa mgã "tubo" at ng magamit sa bahay, sa daan ó sa halamanan.—Mulâ ng̃ isang bagay.—Ang sugat na talagang guinágawâ sa brazo, sa bintî at iba pa.—Kinacailangãng sa pagsasalitâ ng "fuente" ay magpalabas ng̃ hangĩn sa bibig, sa pagca't cung hindi ay masasabing "puente" na ang cahuluga'y tuláy. Ito'y isá sa mgã cadahilanan cayâ ayaw acóng makisunod sa bagong palacad na isulat ng̃ P cahi't ang pinanggalingã'y F, gaya sa halimbáwà ng Filipinas, Fernando, Faustino na may mgã sumusulat ngãyon ng̃ Pilipnas, Pernando, Paustino. Gayon ma'y iguinagalang co at hindi co pinipintasan ang sa ibang caisipan at palacad na sinusunod.—Upang maipangũsap ang "efe" ay idinadaiti ang labi sa mgã ngĩping itaas sacâ magpalabás ng̃hangĩn sa pagsasalitâ ng̃letra.—P.H.P.

[93] Pinupuri cata. Pasimulâ ng isáng dasál sa Dios na wicang latíng sinasabi ng̃mgã pári at iba pang católico

bago cumain.

[94] Tinatawag ng̃ mg̃a castilang "Península" ang España.—"Peñinsula" ang sabi ni Doña Victorina, sa pagca't siya'y isá riyan si mg̃a babaeng tagálog na nagcacasticastilaan ay bago'y hindî man lamang marunong mangũsap ng wicang castilà. Ang tunay na cahulugan ng̃ Península ay ang lupang halos naliliguid ng̃ tubig magcabicabilà.—P.H.P.

[95] Tulad sa tinatawag nating wicang "castilàng tinda." Halohalong salitang inglés, insic, portugués at malayo; gaya namán ng̃ nangyayari na rito sa Filipinas tungcol sa pananalitâ ng inglés na halohalò ng̃ inglés, castila't tagalog.—P.H.P.

[96] Guillermo Shakespeare, dakilang poetang inglés at isa sa mg̃a pangũlong dramático sa sangcataohan. Ipinang̃ãnac sa Strafford ng̃ 1564 at namatay ng̃ 1616. Ang mg̃a pangũlong sinulat niya'y ang "Macbet," "Romeo at Julieta," "Hamlet," "Otelo," "Ang Mercader sa Venecia," "Ang panaguinip ng̃ isáng gabíng tag-araw" at iba pa.—P.H.P.

[97] Ang caharian ng̃ China.

[98] Pang̃ãlawáng libro ng Pentatesco ni Moisés.—Ang paglalacbay sa ibang lupain ng̃ mg̃a túbò sa isáng nación ó báyan, na siyáng cahulugán dito.

[99] Ang balbás na sumisibol sa babà, na pinapag aanyong pera—Ang pera ay ang caraniwang tawaguing "peras." "Pera" pagcâ íisa; "peras" pagcâ dalawá ó marami, ito'y cung sa wícang castilàs sa pagcá't sa wícà natin ay hindî nagbabago ang tawag cung íisa ó marami man. Ipinaliliwanag co itó sa pagca't marami sa mg̃a tagalog na sa dî caalaman ay tinatawag na "pera" ó "pira" ang isáng céntimo, sa pagtulad sa mg̃a castilàng tinatawag na "perra chica" ang caniláng cuartang ang halaga'y isáng céntimo natin ó "perra grande" pagcâ halagang dalawang céntimo. Asong babae ang

cahulugan ng̃ sabing "perra," at ganito ang itinawag ng̃ castilà sa canilang cuarta, dahil doo'y may napapanood na isáng leóng ang camukha'y aso.—P.H.P.

[100] Catutubong hiyas ng̃ espíritu ng̃ tao na siyang tagaacay sa paggawâ niyá ng̃ anó man. Pagcakilalang tunay ng casamaang dapat nating pangĩlagan at ng cagalingãng dapat nating gawín—P.H.P.

[101] Nang panahóng nacapangyayari ang Gobierno ng̃ España sa Filipinas, hindî ipinahihintulot na ang mgã castilang lalaki't babae'y gumawâ ng anó mang may cabígatán, gaya bagá ng mag-araro, mag-asaról, mag-pahila ng carretón, magpas-an, ang lalaki, at ang babae namá'y hindi namimilí ng̃ pagcain sa mgã pamilihan, hindi naglulutò, hindi naglalácad ng̃ maláyò; inaacala ng̃ mgã castilang isáng casiraan ng̃ caniláng puri cung mapanood ng̃ mgã filipinong sila'y gumagawa ng̃ mabigat, at nakikigaya namán sa canilá ang mgã lahing castilà. Naguíng casabihán tulóy sa catagalugan, dahil sa bagay na itó ang "para ca namáng castila," "para ca namáng señora," sa mgã lalaki't babaeng tagalog na aayaw magtrabajo ng̃ mabigát.—P.H.P.

[102] Ng̃ panahóng sinasabi ni "Rizal" na nangyari ang sinasaysay sa librong itó, ang tawag sa bahay-bayan (Casa municipal) ay tribunal at ang tawag sa Presidente Municipal ay Gobernadorcillo (maliit na Gobernador) panglibác na pangãlan. Ang Gobernadorcillo'y tagapamahalà ng bayan, hucóm sa mgã mumuntíng bagay na usapín, tagausig sa masasamáng tao, taga paningĩl as mgã cabeza de barangay, nacaaalam ng̃ correo at ibá pa.—P.H.P.

[103] Waláng anó mang calabisán. Lubhà ngãng catotohanan ang sinasabing itó ni Rizal na sucat na ang alalahanín cung bakit hinatulang mapresidio ang iláng maririlag na guinoong filipino, ng 1872 dahil sa sinapantahang sila'y mgã cainalám sa mgã nangyari sa arsenal ng Tangũay ng̃ taóng iyón. Ang isá sa lalong mgã calaguímlaguím na sumbóng na

guinawâ laban cay Don Antonio Maria Regidor ay ang pagcacuha sa isáng "aparador" ng̃ canyáng bahay, na "punong-punô ng̃ alaboc," ng̃ dalawampong "ejamplar" ng̃ librong *La Cuestión Colonial* na sinulat ni Labra. Basahin ang folletong "Caraingãng ipinadalá sa mahál na Hari ni Don Antonio María Regidor, na sinulat ni Don Manuel Silvela: Madrid 1872. Pinagdusahan sa Marianas ni Don Antonio María Regidor ang gayong cakilakilabot na "casalanan."

Ang isá pang nagdusa sa presidio dahil sa mgã gayón ding casalanan ay si Don Máximo Paterno, na ipinagsanggalang ng̃ hindî malilimot na si Don Germán Gamazo sa ganitóng pananalitâ: "Gayon ma'y hindî piniit ó pinag-usig sa haráp ng̃ mgã tribunal si Don Máximo Paterno, sa mgã sandaling malapit na una ó hulí sa panghihimagsíc (sa Tangũay). Panatag at umaasa sa canyáng sariling pagcawalang malay-sala, nangãsiwang hayág, sa canyáng mgã hanap buhay, mulâ ng̃ ica 21 ng̃ Enero, nangyari ang panghihimagsic, hangang sa ica 20 ng̃ Febrero na siya'y dinakíp sa canyáng bahay at inihatid sa cutà ng̃ Santiago. Pinag-usig siyá sa harap ng̃ mgã Tribunal na hindî nacapágligtas sa canyá ang canyáng ganitóng pag-asa at capayapaan ng̃ loob, na nagpapakilalang maliwanag na hindi siyá sinasalaguimsiman ng̃ cahi't muntíng panimdín, palibhasa'y talastás, niyang siyá'y walang sala; at ang lalong cahapishapis ay siya'y hinatulang magdusa. Ang siyá'y nasamsamán ng̃ isáng bilang ng̃ "El Eco Filipino" (pamahayagang nagsásanggaláng sa Madrid ng̃ mgã catuwiran ng̃ mgã páring clérigo); ang siya'y umambág ng̃ caunting salapî sa pagtatatag ng̃ (pamahayagang) "El Correo de Ultramar" ... ang siyáng mgã tangĩng cadahilanan mandin ng̃ hatol na siyá'y magdusa. (Basahin ang folleto: "Caraingãng ipinadalá sa Consejo Supremo de la Guerra ni Don Máximo Paterno na sinulat ni Don Germán Gamazo:" Madrid, 1873.)

Sa "El Correo de Ultramar ay nangãgsisulat ang mgã pantás at macabayang castilang sina D. Ramón Mesonero Romanos, D. Mariano Urrabieta, D. Juan Miguel de Arrambide, D. José González de Tejada, Pedro Antonio de Alarcón, D. José Selgas, Baldomero Mendez, D. V. Guimera, D. José Ferrer de Coute, D. J. M. Bello, D. Luis Mariano de Larra at iba. ¿Naglalathalà bagá, ang "El Correo de Ultramar" ng̃ ano mang laban sa mgã castilà? Ito'y catulad cung tanung̃ing: ¿sumulat baga si Rizal, si Marcelo Hilario del Pilar, si Mabínì, si López Jaena ng̃ano mang laban sa catagalugan? Gayón ma'y pinag-uusig ng̃ mgã fraile bawa't bumabasa ng̃ "El Correo Ultramar" dahil sa ang pamahayagang iyo'y hindi catoto ng̃cadilimán ng̃isip na dito'y pinipilit laganap ng̃mgã "cahalili ng̃Dios."

Ang isá pang napapresidio ay ang sacerdoteng si Don Agustín Mendoza, na naramay rin sa nangyari sa Tangũay. ¿Mgã cadahilanan? Dingguín ninyó ang canyáng abogadong si Don Rafael Maria de Labra: "ang lahat ng̃mgã sumbong ng̃ Fiscal laban sa nagsasaysay ngãyón ay maioowi sa dalawá lamang: ang una'y ang paglalaganap ng̃ isáng lihim na pamahayagang ang pamagát ay "El Globo," na sino may waláng nacapagharáp ng̃cahi't isá man lamang na "ejemplar," at ang icalawa'y ang pagpapanucálà ng̃ mgã lihim na pagpupulong, bagay na waláng nagbabalitâng policía ó sino mang táo ng̃ cahi't bahagya man lamang. Basahin ang folleto: "Caraingãng ipinadalá sa Poder Ejecutivo ni D. Agustin Mendoza, na sinulat ni Don Rafael María de Labra: Madrid, 1878.

Sa isáng salita: "antiespañol" (laban sa castilà) "filibustero" at iba pa ang lahát ng̃filipinong sa canyáng lupain ay may tagláy ng̃mgã caisipang nauucol sa mgã calayaan; ngũni't lalonglalò na cung ang mgã caisipáng iya'y sumasacanyáng bahay sa pamamag-itan ng̃mgã libro ó ng̃mgã pahayagan, cailan

ma't dumating ang isang capanahunan, dapat samantalahín ang capanahunang itó upang mapapresidio ang gayóng filipino."

Ang ibáng nangãtitic sa itaas ay sinipi co sa "Vida y Escritosa ng̃ Dr. Rizal," sinulat ni G. Wenceslao E. Retana. Salamat sa casipagan at catalinuhan ng̃guinoong itó'y maraming catotohanang hindî kilala ang ngãyo'y lumilitaw at numiningning.—P.H.P.

[104] Ang pagtiguil ó pagcapásalà ng̃anomang bagay na mgã "humor" sa alin mang bahagui ng̃catawan.

[105] Sirâ ang isip.

[106] Ng̃ panahóng iyo'y naititipon sa alcalde ang mgã catungculang pagca hucóm, gobernador civil administrador ng̃ Hacienda, Subdelegado ng̃ Fondos Locales, administrador ng̃ Correos at iba pa.—P.H.P.

[107] Ang dalawang salamíng na sa mgã tila bumbóng na tansô ó bacal, na cung doon sumílip ang sinó man ay nacacakita ng̃mgã na sa malayò.—P.H.P.

[108] Espiritung nananahan sa alang alang.

[109] Alín man sa mgã diosang nananahán sa tubig, sa mgã gubat at sa iba pa.

[110] Isáng semidios ó pangãlawang dios na ang calahati'y tao't calahati'y cambíng.

[111] Dios na lumilikha ng̃lahát ng̃bagay, anáng mgã gentil.

[112] Ang dalagang bukid.

[113] Elefante. Hindî malayong ng caunaunaha'y nagcaroon ng̃elefante dito sa Filipinas, caya sa wicà natin ay may sadyáng tawag, gadya; samantalang napagkikilalang dito'y talagáng dating waláng cabayo, cayâ sa wicà natin ay waláng sariling pangãlan ang hayop na itó na di gaya ng̃áso, baboy, manóc at iba pa.

[114] Isáng larawang cahoy, bató, tansô ó kacal.

[115] Guintô pa panahóng iyón ang salapi sa Filipinas.

[116] Ang may pag aaring bahay ó lúpà.

[117] Ang may malalakíng lúpà.

[118] Ang waláng catungculang bìgay ng̃ Gobierno.

[119] Ang arte ng̃ paggawâ ng̃ larawan sa pamamag-itan ng̃ mgã casangcapang guinagamit sa bagay na itó. Natuclasán ang "fotografía" ni Niepce ng̃ 1814 at pinagbuti ni Daguerre ng̃ 1839. Nagcamít si Mr. Talbot ng̃ 1841 ng̃ "privilegio" ng̃ ucol sa fotografía sa papel sensible.

[120] Ang haring nacagagawâ at nacapag-uutos ng̃ bawa't maibigan, sa macatowid ay waláng nacaháhadlang na sino man sa canyáng calooban.

[121] Tinatawag na haring "constitucional" ang hindî nacapag-uutos ng̃ bawa't maibigan cung dî ang ipinakikilala ng̃ Bayang canyáng calooban sa pamamag-itan ng̃ canyáng mgã kinácatawáng bumubuô ng̃ Asemblea ó Congreso, Senado at Consejo ng̃ mgã Ministro.

[122] Si Luis Catorce ay haring "absoluto" sa Francia; ipinangãnác ng̃ taóng 1643 at namatáy ng̃ 1715. Siyá'y iguinalang at minahál ng̃ mgã francés.

[123] Si Luis Diez y Seis ay haring "Constitucional," sa macatowid ay haring hindî siyá ang nacapangyayari cung di ang guinágawâ niyá't ipinag-uutos ay ang ipinagágawá't ipinag-uutos ng̃ mgã kinacatawán ng̃ mgã táong bayan; nagharì sa Francia mula ng̃ 1774 hanggang 1798. Pinugutan siyá ng̃ úlo, sampô ng̃ canyáng asawang si María Antonieta ng̃ mgã revolucionario.

[124] Si Felipe Segundo ay anác ng̃ haring Carlos Quinto, at haring "absoluto" sa España. Guinágawà ni Felipe Segundo bawa't maibigan; sa

calooban niyá'y waláng nacasasansalà. Halos dî mabilang ang ipinapatay at pinahirapan ng̃ haring itó sa pamamag-itan ng̃ Inquisición at iba pa. Sa mgã guinawâ ni Felipe Segundo nagpasimulâ ang pagguhò ng̃ halos di maulatang capangyarihan ng̃ España at ng̃ halos dî macayang isiping calakhán ng̃ nasasacop ng̃ cahariang ito. Gayon ma'y maraming mgã castilà at lalonglalò na ang mgã fraile na umiibig ng̃ di cawasà sa haring "absolutong" ito.—P.H.P.

[125] Si Amadeo "Primero" ay haring "constitucional" sa España buhat sa 1870 hanggang sa 1873. Ang haring ito'y mabait, matalino at bayani. Lubós na umiibig sa canyáng pinaghaharîan; ngũni't hindî siyá iniibig, at ng̃ mahalatâ niyá itó'y nagbitáw siyá ng̃ canyáng tungcol, at ang pagbibitaw niyáng ito'y siyáng naguíng dahil ng̃ pagtatag ng República ng̃ España (11 ng̃ Febrero ng 1873).—P.H.P.

[126] Ang bawa't isá sa mgã dios ng̃ bahay.

[127] Ang palatuntunan ng̃ mgã sumasampalataya sa maraming Dios. Sa mgã táong gaya ni Capitán Tiago'y maiuucol lamang itóng tulâ ni Lucrecio: "Primus in orbe deus fecit timor;" ang tacot ang siyáng pinanggalingãn ng̃ mgã dios.—P.H.P.

[128] Palatuntunang walang kinikilala cung dî isáng Dios lamang.—P.H.P.

[129] Si Jesús, si María at si Joséf.

[130] Libingãn ng̃ mgã taga Egipto.

[131] Sombrerong may tatlong dúlo.

[132] Isá sa mgã anyò (orden) ng arquitectura.

[133] Loobin nawa ng̃ Dios na matuloy ang hulang itó sa sumulat ng maliit na libro at sa ating lahat na sa canyá'y naniniwalâ—J.R.

[134] Pitóng wicâ; datapowa't

hindi sinasabi ng̃ catagalugang "pitóng wicâ" cung di "Siete Palabras."

Hindi nagcacaisa ang mgã Evangelista tungcol sa mgã sinabi ni Jesús ng̃siya'y napapacò na sa Cruz:

I. Sinasabi ni San Mateo sa cap. 27, versículo 46 ng̃canyáng Evangelio at ni San Marcos sa capítulo 15, versículo 34 ng̃ canyáng Evangelio, na itó raw lamang ang sinaysay ni Jesús, ng̃malapit na ang hora ng̃ "nona"—ani San Mateo —ng̃hora ng̃ "nona"—ani San Marcos: *Dios co, ¿bakit aco'y pinabayaan mo?*

II. Sinasabi namán ni San Lúcas sa mgã versículong 34, 43 at 47, ng̃capítulo 23 ng̃canyáng Evangelio, na itó raw ang mgã sinaysay ni Jesús ng̃ napapacò na siyá sa Cruz;

1. *Amá, patawarin mo silá; hindi nalalaman ang caniláng guinagawa.*

2. *Ang catotohana'y sinasabi co sa iyo, ngãyo'y cacasamahin catâ sa Paraiso,* na bilang casagutan niyá sa isá sa dalawang magnanacaw (na hindî sinasabi sa mgã Evangelio cung anó ang mgã pangãlan) na nacapacong gaya rin niya, na sa canyá'y nagsalitâ ng̃ganitó: "Alalahanin mo acó cung icaw ay na sa iyong caharian na."

3. *Amá co, sa mgã camáy mo'y ipinagtatagubilin co ang aking calolowa.*

III. At sinabi ni San Juan sa capítulo 19, mgã versículo 26, 27, 28 at 30 ng̃canyáng Evangelio, na itó raw mgã wicang itó ang sinabi ni Jesús sa canyáng pagca-paco sa Cruz.

1. "At sa pagca't nakita ni Jesús ang iná at ang alagád na canyáng sinisintang naroroon, sinabi sa canyáng iná: *Babae, nariyan ang iyóng anác.*

2. Sinabi pagcatapos sa alagad: *Nariyan ang iyong ina.*

3. *Nauuhaw acó.*

4. *Natapos na.*

Pinagsamasama ng̃ Iglesia Católica Apostólica Romana ang mgã

sinabing iyán at siyáng ngĩnangãlanang *"Siete Palabras.*"—P.H.P.

[135] Ang Sacerdote sa Roma na ng̃una'y humuhulà ng̃mgã mangyayari sa panahong darating, sa pamamag-itan ng̃pagmamasid ng̃paglipad at paghuni ng̃mgã ibon.

[136] Ang candilang malaki at mahaba.

[137] Ang taga Iberia.—Ang Iberia'y ang magcanugnóg na lupang kinalalagyan ng̃España at Portugal.

[138] Mapapalad ang mgã may espiritung dukhá

[139] Lumiligaya ang nacacacaya sa buhay.

[140] *Lumualhati sa Dios sa caitaasan at capayapaan sa mgã taong may mabuting calooban.*—Alinsunod cay Don Lázaro Bardón, catedratico sa Universidad Central sa Madrid, España, ay ganito raw sa wicang castilà ang tunay na cahulugan: *Gloria á Dios en las alturas; en la tierra, paz; entre los hombres; buena voluntad*—Luwalhati sa Dios sa caitaasan; sa lúpa'y capayapaan; sa mgã táo'y mabuting calooban.

[141] Carunungãng ucol sa Dios at ang sa canyá'y mgã pinagcacakilanlan.

[142] Ilalagay ng̃Papa sa Roma sa bilang ng̃mgã santo at santa.

[143] Caranungãng nagpapaunawà ng̃ mgã anyô at paraang dapat gawín upang masunduan ang mgã pagcakilalang magaling ng̃ mgã nangyayari.

[144] Felix Torres Amat, obispo sa Astorga. Siyá'y ang isá sa mgã naghulog sa wicang castilà ng̃ Biblia.—Ang filosofíang sinulat ni Amat.

[145] Ang mgã mundong waláng tiguil ng̃mabilís na pagtacbó ng̃araw. Cung masdán natin dito sa lupa'y mgã bituing malamlám ang ningning. Ang mgã pangũlong planeta, alinsunod sa canilang láyò sa araw ay ang mgã

sumusunod: Mercurio, Venus, ang Lupang ating tinatahanan, Marte, Júpiter, Saturno at Neptuno. Bucód sa ritó'y marami pang mgã planetang hindi makita cung dî sa pamamag-itan ng̃"telescopio."

[146] Itinatag ang beaterio at Colegio ng̃Santa Catalina ni Fr. Juan de Santo Domingo, provincial ng̃ mgã fraileng dominico ng̃ taong 1696 at pinasimulán ng̃ araw ng̃ cafiestahan ni Santa Ana ng̃taóng 1696 din. Ang dahil ng̃ pagtatayo ng̃ beaterio at colegiong itó'y ng̃may cáligpitan ang mgã babaeng ibig manatili sa pagcadalaga hanggang nabubuhay. Ang palatuntunan nilá'y ang palatuntunan din ng̃ Tercer Orden ni Santo Domingo, at nanunumpang tulad sa mgã fraile, na magpapacalinis ng catawa't calolowa, magpapacarukhâ at magmamasunurin. Pinapagtibay ang pagcacatayò ng̃ ligpitang itó ng̃ mgã babae ng̃Real Despacho na may fechang 17 ng̃ Febrero ng̃ 1716 na siyang nagbigay wacás sa mgã iniharáp na tutol na huwag ipatuloy ang pagtatatag ng beaterio at colegiong iyán. Inilagáy niláng pintacasi si Santa Catalina de Sena. Ipinag-utos na labinglimang monja de coro lamang ang mátitira roon, bilang paunlác sa labinglimang misterio ng Rosario. Ipinagcaloob ng̃Real Cédula ng 1732 na macapaglagay ng̃ isáng simbahan at macagamit ng̃ isáng campana, at tuloy ipinag-utos na huwag piliting mamalagui ang mgã monja sa lubós na pagligpit; cung di sa nauucol lamang sa magalíng na pamamanihala ng beaterio at colegio.

Ang palatuntunang sinusunod doon ay di macararaan ang sino mang monja sa pintuang na sa loob ng convento, na isáng matandang monja ang taga-bantáy; ng̃uni't sino mang tao'y macapapasoc doon, cailan man at may tang̃ing pahintulot ang provincial ng̃mgã dominico. Ng̃ huwag ng̃ manaog ang mgã babaeng na sa beaterio at colegio ng Santa Catalina ay nangãglagay ang mgã paring dominico ng̃tuláy na nakikita sa itaas ng̃ daang San Juan de Letrán, sa loob ng̃Maynila at ng̃doon magdaan ang

mgã babaeng iyón ng̃ pagpasa simbahan ng̃ San Juan de Letrang cacabit naman ng Colegio ng̃ mgã lalaking San Juan de Letran din ang pangãlan, at ang namamahala't nagtuturò'y pawang mgã fraileng dominico. Sa gayong paraa'y maguinhawa ngã namán ang pagsimba at pananalangĩn ng̃ mgã monja sa simbahan ng̃ San Juan de Letrán.

Bagá man ng̃ una'y ligpitan ang Santa Catalina ng̃ mgã babaeng castilang ibig tumalicod sa mgã layaw at casayahan sa mundo, hindi nalao't minagaling ng̃ mgã fraileng dominico, na mangãsiwâ ang ilán sa mgã monja sa pagtuturò sa mgã dalagang ibig pumasoc at mag-aral sa Santa Catalina. Ang itinuturò doo'y pag-basa, pagsulat, doctrina cristiana, mgã gawáng ucol sa babae. Nangãg-aaral din namán ng pagpapacabanál. Dinagdagan ng̃ mgã dominico ng̃ 1865 ang dami ng̃ mgã "hermana" at ng̃ lalong mapalaganap ang caniláng mgã pagtuturò. Hindî itinutulot sa mgã pumapasoc sa Colegio ng̃ Santa Catalina ang macaaalis cung di rin lamang may totoong malaki't di maiwasang dahilán.

Ang namamahalà sa beaterio'y ang provincial ng̃ dominico at isáng "priora" na siyá, ring "madre superiora" sa colegio, at may isáng directorang nacaaalam ng̃ mgã pagtuturò.—P.H.P.

[147] Hiyas na pinacasingsíng sa camau-o.

[148] Libritong ganito ang pangãlan.—"Pangligtas sa sacunà."

[149] Isáng halamang ang caraniwang bulaclac ay puláng-pulá.

[150] Mahinhin ó mahinang hangĩn.

[151] Ipinangũngũsap ng̃ "ada".—Isáng hiwagang babaeng may cahimahimalang mgã capangyarihan, anáng mgã di binyagan.

[152] Unawaing hindî tinatawag ni Rizal na Inang Bayan, cung dî Inang España, dalawang pangãlang totoong

nangãgcacaiba.

[153] Isáng malaki't mataas na cahoy, matibay at macúnat. Ang tawag sa bungã ng̃ cahoy na ito'y "hayuco".—Aya, ang pagbasa.

[154] Cahoy na masangã, may mgã ngĩpin-ngĩpín ang mgã dahon. "Bellota" ang tawag sa bungã ng̃ cahoy na itó.

[155] Ibong mainam humuni. Sa Europa'y marami ng̃ ibong itó.

[156] Tubig na tumítigas na halos parang bató dahil sa totoong calamigàn.

[157] Alamo: cahoy na tumataas ng̃ mainam: may tatlóng bagay na álamo: ang álamong putî na ang mgã daho'y verde ang isang mukhâ at ang cabiláng mukha'y putîan—Ang álamong itím, na verde ang magcabicabilà ng̃ dahon.—At ang "amo altemblón" na ang mgã daho'y waláng tiguil ng̃ paggaláw.

[158] Isá sa magagandáng diosa.

[159] Casaysayan ng̃ mgã kinikilalang mgã Dios ng̃ mgã dî binyagan.

[160] Ang namamaguitnâ sa pagbilí, pagbibili, ang nakikialam sa mgã almoneda at iba pa.

[161] Ang nagpapaupa ng̃ pagdadalá ng̃ ano mang bagay na mabigat.

[162] Ang bahay na nagpapacain sa sino mang nagbabayad sa may ari, at ang papatuloy sa bawa't magbayad.

[163] Wicang francés na ang cahuluga'y "fonda:" cacanán at tuluyan. Cung ipangũsap ay "restorán."

[164] Estátua ó larawang cáhoy, bató, tansô ó bacal na inilalagay na pinacahaligui ng̃ anó man.

[165] Tuláy ng̃ España.

[166] Isáng carruajeng ganitó cung tawaguin.

[167] Tinatawag ng̃ catagalugang

"carretela" ang isáng sasacyáng anyóng carretong marami ang lulan, ngũni't mahirap sa sumásacay; dalawá ang gulong at isáng cabayo ang humihila.—Ang tinatawag na carretela ng̃ mgã castilà ay isáng mainam na carruajeng apat ang gulóng at dalawang cabayo ang humihila.

[168] Tinatawag na Sabána [hindî Sábana, cumot] ang daang macalampás ng̃ Jardin Botánico, hangang sa mgã unang báhay ng̃Ermita, na tinatawag na daang Real.

[169] Tinatawag ng̃mgã castilàng guindilla ang mgã policía municipal sa sa España.—Ang sili ó ang bungã ng tinatawag na "guindillo de India."

[170] Ang lupang iniuucol sa pagtatanim ng̃ sarisaring cahoy at mgã halaman upang doo'y mapag-aralan ang mgã carunungãng nauucol sa bagay na ito.

[171] Tila mandín naguguniguni na ni Rizal na sa pinagpatayaang iyón sa paring canyáng sinasabi, na sa acalà co'y waláng ibá cung dî si Pari Burgos, doon din siya pápatayin.

[172] Ang tangĩng ibong pinaniniwalaan ng̃ mgã tao sa unang mulíng nabubuhay, pagcatapos na masunog, sa ibabaw ng̃ canyáng mgã abó.

[173] Ang alín may sa dalawáng panig na malapit sa Ecuador ó calaguitnaan ng̃ lupa, tinatawag ang isáng panig na "trópico de Cancer" sa hemisfercio boreal, at "trópico de Capriconio" de "hemisfercio austral".

[174] Sásacyang waláng gulóng na siyáng guinagamit pagca hielo ang dinaraanan; cahawig ng̃ canggâ ó ng paragos natin.

[175] "Quos vult perdere Jupiter domentat prius", casabihang wicang lating cung tatagalugui'y: Ang mgã ibig ipahamac ni Jupiter ay pinasisimulaáng sirain muna ang ísip.—P.H.P.

[176] Ang cometa'y tulad sa

bituing manacanacang napapanood natin sa langĩt. Ang Cometa'y ma'y buntot na makinang na cung minsa'y isá at cung minsa'y marami. Palibhasa'y ang galaw na painóg ng̃ cometa'y hiwaláy na hiwaláy sa caraniwang liniliguiran ng mgã planeta, caya hindî nalalao't ang pagkakita natin sa canya. Isáng casinungãlingãng ilinalaganap ng̃ mgã hangãl na ang pagsicat ng̃ cometa'y nagbabalita ng̃ mgã sacunang mangyayari.—Tinatawag ding "cometa" ng̃mgã castilà ang sarangolang papel na pinalílipad ng̃mgã bátà.

[177] Ang masasama at magagaspang na cagagawán ng̃ mgã fraile.

[178] Wala caming nasumpong na alin mang bayang ganito ang pangãlan, ngũni't marami ang nacacatulad ng calagayan ng̃bayang ito.—J. R.

[179] Pangãlan ni Venus; sa Siria; ni Céres, sa Fenicia, at ni Juno sa Cartago.

[180] Anác na babae ni Júpiter at ni Latona, capatíd na babae ni Apolo at diosa sa pangãngãso.

[181] Caunaunahang ciudad ng Tonia, sa Asia Menor, balità dahil sa carikitdikitang templo ni Diana, na sinunog ni Eróstrato. Ipinalagay ang templong iyo'y isá sa pitóng mgã caguilaguilalás na edificiong itinayo sa daigdig.

[182] Malalaking ibong totoong mahábà ang mgã paa.

[183] Flora.

[184] Machiavelo: balitang escritor, político at literato italiano, na naguíng ministro sa Florencio, inihahatol ni Machiavelo sa canyáng sinulat na librong "El principe" ang pagdarayà sa mgã pakikipanayam sa tagâ ibáng nación tungcol sa politica.—P.H.P.

[185] Capisanan ng̃ mgã táong nagcacaisang loob sa pagsasanggalang ng̃isáng caisipan.

[186] Alagaan ng̃ mgã cabayo.

[187] Capatíd ni Remo at siyáng nagtayô ng̃ Roma ng̃ taóng 733 bago ipangãnác si Cristo.

[188] Palacio ng̃ papa sa Roma, na na sa bundóc Vaticano.

[189] Palacio ng̃ hárì sa Roma na na sa Quirinal, isa sa pitóng bundóc sa Roma.

[190] V.O.T. "abreviatura" ng Venerable Orden Tercera; Cagalang-galang na icatlong hanáy ng̃ Capisanan ó icatlong pulutóng ng̃ Capisanan.

[191] Pangguitlá sa táo. Mg̃a cabulaanang larawang likhâ ng panimdím ng̃ mg̃a matatacutín.

[192] Dakilang panahóng nagpasimulâ ng̃ pagwawasác sa caharìan ng̃ Roma, sa Calunuran, ng̃ mg̃a "bárbaro", taóng 476, at ang wacás ay sa pagcacuha ng̃ mg̃a turco sa Constantinopla, ng̃ taóng 1453, ó sa pagcatuclás ng̃ América ng̃ 1492. Ang pangyayari ng̃ feudalismo ang siyáng caraniwan ng̃ panahóng iyón.—P.H.P.

[193] Babaeng ayon sa mg̃a hang̃al ay catiyáp ng̃ diablo. Nawawang̃is sa asuwang na pinaniniwalaan ng̃ mg̃a tagalog na mangmang.—P.H.P.

[194] Dahil sa nawawangking totoo ang pinaniniwalaang "asuwang" ng mg̃a tagalog sa pinaniniwalaang "bruja" ng̃ mg̃a europeo'y inaacala cong ang nagdalá rito ng̃ ganyáng malíng sapantahà'y ang mg̃a fraile ó ang mg̃a castilang mangmang, na gaya rîn ng maraming mg̃a pamahîing dî dating kilala ng̃ mg̃a tagalog cung dî ng maparito na lamang ang mg̃a taga España —P.H.P

[195] Lucio Dominico Nerón, malupít na emperador sa Roma; ipinapatáy niyá ang canyáng ináng si Agripina at si Britânico, hinatulang mamatáy ang tagapag-alagà sa canyáng si Burro, ang canyáng maestrong si Séneca, si Lucano at ibá pang mg̃a caguinoohan; pinag-usig ang mg̃a cristiano at sinunog ang Roma. Ipinang̃ánác ng̃ taong 37 at namatáy ng

taóng 68.

[196] Ang nag-aaral ó ang sumusunod sa filosofía ó marunong ng filosofía, na isáng carunungãng nauucol sa cahulugán, calagayan, pinagmumulaan at naguiguing bungã ng̃ mgã bagay bagay.

[197] Ang pangĩngĩlin sa anó man, lalong-lálò ang mahigpít na pagpipiguil na huwág gumawâ ng̃ anó mang bagay na masamâ, na siyang ibig ng̃ Dios na ating sundìn, ayon sa profeta Isaias LVIII. 3-7.—Tungcól sa ayuno ng catawán, ang pagkabawal bagá ng pagcaing anó man, minsan lamang na ipinag-utos na sapilitang súsundin ng mgã israelita sa araw ng̃ pagsisisi, ayon sa Levítico XVI. 29, 31, na doo'y ang salitáng: "papagpipighatiin ninyó ang inyóng cálolowa," caraniwang ang inaaring cahulugán ay mag-ayuno; sa pagca't ang ayuno sa mgã judio'y tunay ngãng isáng araw ng̃ pagpipighatî at pagpapacabábà. Walâ na acóng ibá pang nakita tungcól sa ayuno sa mgã cautusáng lagdâ ni Moisés. Ipinag-uutos ang iláng araw na pag-aayuno ng panahóng nabibihag ang mgã judío sa Babilonia, ayon sa sabi ni Zacarías VII. 1-7; VIII. 19, bagá man hindî sinasabi roon ang mgã pinagcadahilanan ng gayóng tadhanà. Gayón man, manacânacáng ipinag-utos na mangãg-ayuno ang lahát dahil sa mgã tangĩng nangyayari, datapuwa't hindî tadhanang iparati ang pag-aayuno, cung dî sa panahóng lamang na iyón; gaya na ngã ng̃ magcatipon ang mgã taga Atispa ay nangãg-ayunong lahát ayon sa sulat ni Samuel VII. 6.—Nag-utos din si Josaphat na mag-ayuno ang lahát ng̃ mgã judío, dahil sa pakikibaca sa mgã Moabita at Ammonita, ayon sa 2.a Crónica XX. 3.—Gayón ding mgã pag-aayuno ang guinawâ ng̃ iba't ibáng mgã cautusán ng mgã judío, at sa pagca't ang Cristianismo'y religióng ucol sa lahát ng mgã bayan, hindî na ngã ipinag-utos sa mgã Cristianong sapilitan ang pag-aayuno, ayon sa makikita natin sa mgã Santong Evangelio. Ang pag-aayuno'y

cusà ng̃ calooban at dapat ganapíng hindî sa pagpaparangãlan, at gagawing tandâ ng̃ taimtím na pagsisisi sa mgã casalanan, ayon cay San Mateo, VI. 16.

[198] Pangpintá sa mukhâ at ng̃ pumulá.

[199] Pagsasanay sa paggamit ng sandata at ng̃ mgã kilos ng̃ pagcasundalo.

[200] Ang mgã canta't mgã tugtog na magcasaliw; at ang ibig sabihin dito'y may tacapan at may paluan.

[201] "Pedál", tapacán sa piano, at ang ibig sabihi'y may sicarán pa.

[202] Sa wicà natin ay waláng tunay na catumbás ang sabing "escándalo" na ang isá sa mgã cahuluga'y ang pagtatalong nacapagcacasala ó nacababagabag sa iba.

[203] Sawicaíng ang cahuluga'y capanig ng̃ may mgã caisipang tulad sa adhicain ng̃ mgã fraile.

[204] Ang cacampi ni Cárlos na ibig maghári sa España.

[205] Curang malìit ó curacuráhan.

[206] Lángãw na patáy. Mapagpataypatayan samantalang nag-iísip ng̃ mgã catampalasanang gawâ.

[207] Ang caraniwang tawaguing "pozuelo" ó tasang lalagyán ng̃ chocolate.

[208] Isang casabihang catumbás ng̃ ¡abá! ¡nacú! ¡diaske! at iba pang nagpapakilala ng̃ towâ, gálit, pagtatacá.

[209] Malapot sa wicang castila'y "espeso", caya chocolate ¿eh? ang sinasabi ng̃ cura pagca chocolateng malapot ang ibig.—Malabnaw sa wicang castila'y "aguado", caya't chocolate ¿ah? ang sabi pagca ang ibig ay malabnaw.

[210] Caraniwang tawaguin ng̃ mgã tagalog ang fiesta ng̃ lahat ng̃ mgã santo, na "Todos los Santos", baga man ito'y wicang castila.

[211] Ang sumusulat ng̃ mgã libro

ng̃mgã casaysayan ng̃mgã nangyari ng panahong nacaraan na.

[212] Dating caharian ng̃mgã itím na tao sa Guinea, at colonia francesa mulâ ng̃1892.

[213] Tinatawag ding Calvario, na ang cahuluga'y timbunan ó lalagyán ng mgã bung̃ô. Ang Calvario ó Gólgota'y na sa ibabâ ng̃ Jerusalem at caugalîan ng mgã judíong doon patayín ang mgã tulisán at magnanácaw. Diyán ngã ipinácò sa Cruz si Jesús, ang Dakilang Banál na hinatulang mamatay roong tulad sa isáng imbíng magnanácaw. Sa bundoc din ng̃ Gólgota naroon ang halamanan ni José de Arimathea na pinaglibingãn sa bangcay ng̃Mananacop. S. Mateo XXVII. 33: Marcos XV. 22; Lúcas XXIII. 32; Juan XIX 17, 41.—Sinasapantáhà ng̃ ibáng iyón din ang bundóc "Moriah", na pinagdalhán ni Abraham sa canyáng anác na si Isaac upang patayín, sa pagtalima sa utos ng Dios. Génesis XXII. 2.—P.H.P.

[214] Ang guang na sadyáng inilálagay sa mgã pader ng̃mgã libingãn, at doon inilílibing ang mgã bangcáy na may cabaong, sa pamamaguitan ng mahál na bayad sa párì ó cura ng̃bayan.—May mgã bayang tagalog na tinatawag na "bútas" ang "nicho."

[215] Isáng cruz na catulad ng guinagamit ng̃ una sa Bizancio pa ngãyo'y Constantinopla.

[216] Parrarayo, pangpatiguil ó pangpahintô ng̃lintíc. Isáng casangcapan ó aparato na cung ilagay sa taluctóc ng isáng edificio ay nacacatawag ng electricidad ó ng̃lintíc at inihahatid itó sa pamamag-itan ng̃ isáng cáwad sa isáng lugar na hindî macasásakit canino man. Natuclasán ang paggawâ ng̃"parrarayo" ni Benjamin Franklin ng̃ taóng 1732. Ang caraniwang táas ng̃parrarayo'y ánim hanggáng labíng dalawáng metro, at natatangkilic na dî pinúputucan ng̃lintíc ang paliguidliguid ng̃ kinátatayuan na ang sucat ng̃ sacláw ay ang lambál ó ibayo ng̃ sucat ng̃ taás. Si Benjamin Franklin ay pantás na diplomático, físico

at economista, na gumamit ng̃ boóng cáya upang magtamó ng̃ casarinlán ang canyáng Inang Báyang Estados Unidos ng̃ América. Ipinangãnác siyá sa Boston ng̃ 1706, at namatáy ng̃ 1790.—P.H.P.

[217] Caraniwang tinatawag ng̃ catagalugan "tumbá", marahil sa túro ng̃ mgã fraile. Pinagpapatongpatong na mgã mesa ó balangcás na anó man, tinatacpan ng̃ damit na maitím at doon guinágawâ ang mgã ceremoniang ucol sa mgã patáy.

[218] Ang mgã cahirapang tinitiis ng̃ mgã banál na cálolowa sa Purgatorio.

[219] Ang samaháng ang palatuntuna'y ang pagsisicap na camtán ang mgã calayâan.

[220] Sa pagkikibit ng̃ balicat ay ipinakikilalang hindî niyá dinaramdam ó hindî niyá sinasakit ng̃ loób ó sa canya'y waláng halagang sabi ó balitang náriringĩg.

[221] Sa capangyarihan.

[222] Sa casalucuyan, sa horas ding iyón.

[223] Ang cahulugán ng̃ pangãlang Zoroastro'y: "ang lalong magalíng sa mgã anác ng̃ mgã táo.—Si Zoroastro'y pantás na filósofo na bumago ng̃ religión persa.—P. H. P.

[224] Ang librong kinapapalamnan ng̃ mgã aral ni Zoroastro. Tinatawag ding "Zindavesta" ang librong ito.—P. H. P.

[225] Hindî malilimutang filósofo griego na ipinangãnác sa Egina ng̃ taóng 429 ng̃ dî pa ipinangãngãnac si Jesucristo.—Ang mgã pangũlong librong sinulat niyá'y "Ang República" at ang "Salitaan ng̃ dalawá". Ang pangãlan niyá'y Aristocles, ngũni't pinangãlanan siyá Sócrates ng̃ Platón, dahil sa calaparan ng̃ noó. Siyá'y naguíng discípulo ni Sócrates at naguíng maestro ni Aristóteles.—P. H. P.

[226] Bantog na escritor at naturalista latino. Ipinangãnác ng̃ taóng 23 at namatáy ng̃ taóng 79.

[227] Patriarca sa Constantinopla. Namatáy ng̃ taóng 271.

[228] Hindî malilimutang poeta na cumathâ ng̃ "Eneida", na doo'y sinásaysay ang pinagdaanang búhay ng troyaneng si Eneas. Siyá rin ang cumathâ ng̃ "Las Eglogas" at ng̃ "Las Geórgicas."

[229] Bantóg na papang nagpatanghál at nagpakináng na lubhâ sa Pontificado.

[230] Balitang poeta sa Italia ng Edad Media. Ipinang̃ánác sa Florencia ng 8 ng̃ Mayo ng̃ 1265 at namatay ng̃ 14 ng Septiembre ng̃ 1321. Ang pang̃alan niyáng tunay ay DURANTE at ang DANTE ay palayaw. Ipinalimbag niyá ang mg̃ librong Vida Nueva, Canzones, El Infierno, El Banquete, De Vulgari Eloquio, El Purgatorio, De Monarchia Mundi, La Divina Comedia at iba pa. Ganitó ang saysáy niyá sa canyáng sinulat na librong "De Monarchia Mundi:" Hindî sa mg̃ cónsul ang mg̃ namamayan at hindî sa harì ang nación, cung dî pabaligtad: sa mg̃ namamayan ang mg̃ cónsul at sa nación ang harì. Hindî itinatag ang mg̃ ciudad at ng̃ pag-uculan ng̃ mg̃ cautusán; itinatag ang mg̃ cautusán at ng̃ iucol sa mg̃ ciudad. Cayâ ng̃'t ang mg̃ tumatalima sa mg̃ cautusán ay hindî pinapagsama sa isáng báyan upang maguing tagapaglingcód sa naglálagdâ ng̃ mg̃ cautusán: cung dî ang naglalagdâ ng̃ mg̃ cautusán ang siyáng tagapaglingod sa báyan, at iba pa." Hindî minamagalíng ni Dante na ang papa'y magcaroon ng̃ capangyarihan sa búhay at pamumuhay ng̃ catawan, at dahil sa panucalà niyang canyáng itóng isinaysay sa canyáng mg̃ casulatan, siya'y pinag-usig ng̃ mg̃ papa, mg̃ cardenal at ng lahát ng̃ mg̃ cacampí sa ang hang̃ad na ang papa'y magcaroon ng capangyarihang hárì. Labingdalawang taón ng̃ patáy siyá'y ipinag-utos pa ng cardenal del Poggetto na cunin sa baunan ang canyáng bung̃ô at mg̃ butó, sunuguin at itapon, sa pagca't excomulgado raw siyá, bagay na hindî natuloy, salamat sa paghadlang ng maraming mg̃ mamamayan. Siya'y

poeta, filósofo, soldado, músico, filólogo, publicista, político, mabaít na táong bayan, nagtayô ng̃ isáng arte, siyá ang masasabing humusay at nagtatag ng wicang italiano, naguing punò ng canyáng ciudad republicana, nápatapong madalás dahil sa pagtatanggol ng catuwiran ng̃ bayan, at sa kinatapuna'y halos nagpalimos ng̃ kinacain, teólogo, masicap na apóstol ng̃ caisipáng di dapat magharì ang papa, hinatulang sunuguing buháy ng̃ isáng tribunal revolucionario, at pinag-usig ng̃ boong calupitán ng tribunal ng̃ Inquisicióng nagparatang na siyá'y hereje, bago'y banal na binyagan; ng̃uni't sa cawacasa'y inilagay ang canyáng larawan sa Vaticano, sa casamahán ng̃ mg̃a Doctor ng̃ Iglesia Católica, at ang mg̃a butó niyá'y iniingãtan ng̃ boong galang sa catedral ni Santa María del Fìore; mg̃a cagagawang nagpapakilalang maliwanag na ang mg̃a papa'y nagcacamali ring gaya ng̃ lahát ng tao at hindî catotohanang ang mg̃a papa'y "infalible", hindî nagcacamali. Itó ng̃â sa maiclíng salitâ ang carilagdilagang buhay ni Dante, na ilinagdà co rito't ng mapanghinularan.—P.H.P.

[231] Ministro ng̃ religión ni Brahma.

[232] Ang mg̃a sumusampalataya sa religión ni Budha.

[233] Barquero ni Aqueronte sa ílog ng̃ infierno. Si Carón ó Caronte ang tunay na larawan ni Camatayan sa cabang̃isang walang habág canino man, sa bata't matanda, sa maganda't pang̃it, sa lalaki't babae—P. H. P.

[234] Ang isá sa mg̃a pintuan ng infierno.

[235] Ang mg̃a táong ang pakikipabaca ang guinágawáng hanap-búhay.

[236] Poeta ng̃ mg̃a unang "celta".

[237] Hindî lamang tinatawag na mángãngãso (cazador) ng̃ mg̃a castilà ang nanghuhuli ng̃ usá, baboy-ramó at iba pang hayop sa pamamag-itan ng̃ mg̃a aso, cung dî ang nanghuhuli ó pumapatay

ng̃sinabi ng̃mg̃a hayop sa pamamag-itan ng̃mg̃a sandata, ng̃mg̃a silò ó ng̃mg̃a patibóng.

[238] Ang mg̃a caugaliang guinagawa ng̃bawa't religión sa canilang panapalang̃in at pagpupuri sa Dios; at sa iba pang mg̃a bagay.

[239] Templo at ciudadela ng̃ Roma, na na sa ibabaw ng̃isang bundóc at doon pinuputung̃an ng̃corona ang mg̃a nang̃ãgtatagumpay sa pakikibaca. Dating casiping ng̃ Capitolio ang tinatawag na "Roca Tarpeya", malaking bato, na doo'y pinatátayo ang mg̃a may casalanan at bago itinutulac sa bang̃in at ng̃ doo'y mamatay. Nanggaling ang pamagát na Tarpeya sa pang̃ãlang ganito rin ng̃isáng dalagang taga Roma, na nagbilí sa mg̃a sabino ng̃ ciudadela ng̃ Roma, at pagcatapos ay ang mg̃a sabino rin ang pumatáy sa canyá, carapatdapat na ganting pálà sa lahát ng̃ gaya niyáng tacsíl.

[240] Doctor ng̃Iglesia Católica, na namatáy ng̃taóng 217.

[241] Isá sa mg̃a lalong bantog na párì ng̃ Iglesia Católica, na taga pagpaunawà ng̃mg̃a Santong Casulatan. Ipinang̃ãnác ng̃185 at namatáy ng̃243.

[242] Obispo sa Lyon at masigasig na caaway ng̃mg̃a "gnóstico", hanggáng sa sumulat ng̃isáng librong pinamagatán niyá ng̃"Tratado de las herejías."

[243] Ng̃ãyo'y cacasamahin catá sa Paraiso.—S. Lúcas XXIII, 43.

[244] Concilio ecuménico na guinawa sa ciudad ng̃Trento, sacop ng Austria, ng̃1545 hanggang sa 1563.

[245] Protestante, ang cahuluga'y "tumututol". Tinatawag na protestante ang mg̃a sumasang-ayon sa pagtutol na guinawâ ni Lutero sa "dieta" sa Spira ng̃ taóng 1529. Si Martín Lutero ay dating fraileng agustino. Siyá'y tubo sa Eisleben, Sajonia, at ipinang̃ãnác ng̃ taóng 1483 at namatay ng̃1546.

[246] Ang sacerdote ng̃ Iglesia Griega na hindî cumikilala sa

capangyarihan ng̃ Papa.

[247] Librong dakilang kinálalagyan ng̃ Luma at Bagong Testamento.

[248] Pang̃alang bigay sa mg̃a príncipe sarraceno na cahalili ni Mahoma.

[249] Pang̃alawang pinsan ni Mahoma; isá sa lalong mababang̃is na tagapaglaganap ng̃ secta ni Mahoma.

[250] Pagbilang na guinágawâ sa ano mang bagay.

[251] Isá sa tatlóng mg̃a Furia Gorgona caaway ni Minerva. Pinugutan ng̃ ulo si Medusa ni Perseo. Ang mg̃a pang̃alan ng̃ tatlóng Furia ay Medusa, Euriale at Estenio: ang táong matitigan ng̃ alín man sa tatlóng itó'y hindî macakilos at napípipi. Si Minerva ang diosa ng̃ carunung̃an at pagbabaca. Si Perseo ay anác ni Dánae at hárì sa Argos; iniligtás niyá sa infierno ang canyáng sinísintang si Andrómeda.

[252] Tinatawag na "mg̃a elemento" ng̃ una ang lúpà, ang tubig, ang hang̃in at ang apóy.

[253] Marahil ang ibig bangguitin ni Dr. José Rizal dito'y ang librong "PAGSUSULATAN NI URBANA'T NI FELIZA" (Urbanidad) na sinulat ni Guinoong Modesto de Castro, presbítero, taga Binyáng, Laguna, at naguing cura párroco sa bayan ng̃ Naic, Cavite. Ang libróng yao'y isáng carikitdikitang patnubay sa magandang pakikipagcapwa-tao at sa mainam na caasalan, bucód sa magalíng na ulirán sa mabuting pananalita't pagsulat ng̃ wícang tagalog.—P.H.P.

[254] Isáng ibong; minamagaling dahil sa carikitan ng̃ canyáng mg̃a balahibo at sa cadaliang matutong ulitin ang mg̃a salitáng sa canya'y itúrò.—Tinatawag na *papagayo* ang nagsasalitá ng̃ mg̃a bágay na hindî nauunawà—P.H.P.

[255] Ganito ang narinig cong salitaan ng̃ isang curang fraile at ng̃ isáng

tagalog na mangmang baga, ma't mayaman.—*Tagalog.* Bakit po bá hindi isinasawicang tagalog ang pagmimisa at iba pang panalangĩn, gayóng talastas na ninyong hindi namin nalalaman ang wicang latin?—*Cura.* Sa pagcá't cung wicang tagalog ay kinakailangãng sabihing macaitlo upang maunawa ng Dios ang ating hinihingĩ sa canyá, cung wicang castila'y macalawa, at cung wicang latin ay minsan lámang; itó ang dahil at sa *Misterio* at sa *Trisagio'y* na sa wicang latin ang mahalagáng pananalangĩn.

Ngãyón naliliwanagan na ng̃ ilaw ng̃ catotohanan ang pag-iisíp ng̃ halos ng lahat ng̃ tagalog, ang gayong pananalità ng̃ curang walang mithî cung di mamahay tayo sa cabulagán ay magtátamo agad ng̃ matindíng pagpapawalang halagá. Cung ganap na catotohanán ang Dios puspós ng carunungãn waláng hanggán—sa pagca't cung di gayo'y hindi siyá Dios dapat náting sampalatayanang túnay na talós niyá ang lahát ng̃ wicà at sa anó mang wica sabihin ang pagtáwag sa canya'y caracaraca'y nauunawà niyá; hindi lámang itô; di pa natin binúbuca ang ating bibíg ay talastás na niyá ang íbig nating hingĩn. Ang masamâ ang casamasamaan, sa pagca't isáng pagaacsayá ng̃ panahón ay ang magsasalitâ ng̃ di alám cung anó ang sinasabi, tulad sa ibong *papagayo ó loro*. —P. H. P.

[256] Tinatawag ng̃ mgã castilang "otoño" ang panahóng sumusunod sa "verano" ó tag-araw at tinatawag nilang "primavera" ang panahóng sumusunod sa "invierno" ó tagguináw.

[257] Maningning batóng azúl ang culay.

[258] Hindî dapat calimutan ng bumabasang ang sermóng ito'y sa wicang castilà na aking isinatagalog, bagay na ipinaalaala co, upang maisaysay kung bakit hindî utál ang pananagalog, at gayón din ang cadahilanan cung bakit natacot ang isáng taong iyón. Sa sermóng

wicang castilà ni Párì Dámaso'y ganitó ang canyáng sabi: ..."sí, hermanos mios, patente, patente á todos, patente".—Maraming cahulagan ang sabing *patente*. Ang ilan sa mgã cahulugang iya'y ito: nahahayag, na kikita, waláng takip. Tinatawag namang patente ng̃ panahón ng̃ Gobierno ng̃ mgã castilà, ang catibayang ibinibigay ng̃ Administracion ng̃ Hacienda publica sa mgã taong gumaganap ng̃ pagbabayad ng̃ buwis sa Gobierno dahil sa canyáng calacal. Pinarurusahan ng̃ mabigát na *multa* ang nangãng̃ãlacal na waláng *patente*, sa macatwid ay hindî nagbabayad ng̃ buwis sa calacal na canyáng hanap-buhay, caya totoong nagulat ang taong dito'y sinasaysay, sa pagca't ang boong acala niya'y ang sinasabing *patente* ay ang nauucol niyáng pagbayaran.—P. H. P.

[259] May nangyari sa Calamba na gayon ding bagay.

[260] Sa "original" na wicang castila'y sinasabing "casáronse" (napacasal silá) ó "cazáronse" (naghulihan sa pamamag-itan ng̃ pangãng̃ãso), laro ng̃ salitang hindi magawa sa wica natin.

[261] *¡Vae Victis!* wicang lating ang cahulugáng sa wicang tagalog ay *¡Sa aba ng̃ mgã nagágahis!* Mgã salita ni Breno sa mgã romano, na sa tuwi na'y inuulit hanggáng sa mgã panahóng itó, bagá man ngãyo'y naghahari ang cagandahang asal. Ngãyó'y gaya rin ng̃ una, na ang sa lalong malalacás ang siyá lamang mgã catuwirang nagwáwagui.—P.H.P.

[262] ¿Anó ang aking nakikita? ¿bakit?

[263] ¿Anó ang itinatanong ninyó? ¿Waláng ano mang linalaman ng̃ pag ìisip na hindi muna nagdaan sa pakiramdam. Hindi ninanais ang hindi nakikilala.

[264] ¿Sinong mgã tao ang ating capanayam?

[265] Caibigan, aking caibigan si Platon, ngũni't lalong caibigan co ang

catotohanan.

[266] Masama ang nangyayari at nangãngãnib acóng baca magcaroon ng cakilakilabot na wacás.

[267] Sa pamamag-itan ng hampás, ang pakikipagmatuwiran sa tumátangguì ng̃ pagkilala ng̃ mgã catuwiran.

[268] ¡Sa aba nilá! cung saan may úsoc ay may apóy. Bawa't isá'y humahanap ng̃cawángĩs; caya ngã, cung bibitayin si Ibarra, siyá namá'y bibitayin din ...

[269] Hindi co kinatatacutan ang pagcamatáy sa catre; ngũni't kinatatacutan co ang pagcamatáy sa bundóc-bunducan sa Bagumbayan.

[270] Ang nacasulat ay naguiguing sacsi. Ang hindi mapagaling ng̃mgã gamót ay napagagaling ng̃bácal; ang hindi mapagaling ng̃ bácal ay napagagaling ng̃apóy.

[271] Ang nangyari ay nangyari na. Pasalamat tayo sa Dios at wala ca ngãyón sa capuluang Marianas upáng magtaním ng̃camote.

[272] ¡Huwag po sana cayóng halíng; iyá'y ang Virgen sa Antipolo! Iyáng ang nacapangyayari sa lahát; huwag po sana cayóng halíng!

[273] ¡Cung iya'y hindi lalaki at hindi siyá mamatáy, iya'y babaeng totoong mainam na mainam!

[274] ¡Wala! gaya ng̃sabi namin: ang sumucob sa magaling na lilim ay mabuting pamalo ang sa canyá'y inilálapit.

[275] ¡Siyá ngã! Sa canya'y totoong nararapat; sinabi co na sa una cong pagcakita pa sa canyá: ito'y isang filibustero. ¿Ano ang sinabi sa iyo, pinsan, ng̃ general? ¿Ano naman ang sinabi mo sa canyá anó ang balitang sinabi mo sa canya tungkól cay Ibarra?

[276] Maniwala po cayó na pagca siya'y hinatulan ng̃parusang patayín, na

gaya ng̃ maáasahan, ay dahil sa aking pinsan.

[277] ¡Ay, pagcabutibuti mong pumaraan sa matalinong pakikipagsalitaan! Nalalaman naming icaw ang tanungãn ng̃capitan general, na hindi mapanatag cung hindi ca makita!... ¡Ah, Clarita!; pagcalakilaking tuwa ang makita co icáw!

[278] Naparito cami't ng̃ upáng cayó'y aming dalawin; ¡cayó'y nacaligtas, salamat sa inyóng mgã caibigan!

[279] Siya ngã, Clarita, ngũni't nacaraan na ang panahón ng̃mgã himala; sinasabi naming mgã castila: Magculang tiwala ca sa Virgen at cumarimot ca.

[280] Naparito ngã po cami't ang sadya pa naman namin ay pakiusapan cayó tungcól sa *Virgen.*

[281] Magsasalitaan tayo tungcól sa pamumuhay.

[282] 2 ng̃ Enero ng̃ 1883. *(Paunawa ni Dr. José Rizal.)*

End of the Project Gutenberg EBook of Noli Me Tangere, by Jose Rizal

*** END OF THIS PROJECT GUTENBERG EBOOK NOLI ME TANGERE ***

***** This file should be named 20228-h.htm or 20228-h.zip *****
This and all associated files of various formats will be found in:
http://www.gutenberg.org/2/0/2/2/20228/

Produced by Tamiko I. Camacho, Pilar Somoza, and the Online Distributed Proofreading Team (http://www.pgdp.net). Thanks to the following for their help in making this project possible: Elmer Nocheseda, Jerome Espinosa Baladad, Matet Villanueva, Ateneo Rizal Library-Filipiniana Section, and the Filipinas Heritage Library. The ebook is being released in commemoration of Dr. José Rizal's 110th Death Anniversary on December 30, 2006. Handog ng Proyektong Gutenberg ng Pilipinas para sa pagpapahalaga ng panitikang Pilipino.(http://www.gutenberg.ph)

Updated editions will replace the previous one--the old editions will be renamed.

Creating the works from public domain print editions means that no one owns a United States copyright in these works, so the Foundation (and you!) can copy and distribute it in the United States without permission and without paying copyright royalties.  Special rules, set forth in the General Terms of Use part of this license, apply to copying and distributing Project Gutenberg-tm electronic works to protect the PROJECT GUTENBERG-tm concept and trademark.  Project Gutenberg is a registered trademark, and may not be used if you charge for the eBooks, unless you receive specific permission.  If you do not charge anything for copies of this eBook, complying with the rules is very easy.  You may use this eBook for nearly any purpose such as creation of derivative works, reports, performances and research.  They may be modified and printed and given away--you may do practically ANYTHING with public domain eBooks.  Redistribution is subject to the trademark license, especially commercial redistribution.

*** START: FULL LICENSE ***

THE FULL PROJECT GUTENBERG LICENSE

PLEASE READ THIS BEFORE YOU DISTRIBUTE OR USE THIS WORK

To protect the Project Gutenberg-tm mission of promoting the free distribution of electronic works, by using or distributing this work (or any other work associated in any way with the phrase "Project Gutenberg"), you agree to comply with all the terms of the Full Project Gutenberg-tm License (available with this file or online at http://gutenberg.org/license).

Section 1. General Terms of Use and Redistributing Project Gutenberg-tm electronic works

1.A. By reading or using any part of this Project Gutenberg-tm electronic work, you indicate that you have read, understand, agree to and accept all the terms of this license and intellectual property (trademark/copyright) agreement. If you do not agree to abide by all the terms of this agreement, you must cease using and return or destroy all copies of Project Gutenberg-tm electronic works in your possession. If you paid a fee for obtaining a copy of or access to a Project Gutenberg-tm electronic work and you do not agree to be bound by the terms of this agreement, you may obtain a refund from the person or entity to whom you paid the fee as set forth in paragraph 1.E.8.

1.B. "Project Gutenberg" is a registered trademark. It may only be used on or associated in any way with an electronic work by people who agree to be bound by the terms of this agreement. There are a few things that you can do with most Project Gutenberg-tm electronic works even without complying with the full terms of this agreement. See paragraph 1.C below. There are a lot of things you can do with Project Gutenberg-tm electronic works if you follow the terms of this agreement and help preserve free future access to Project Gutenberg-tm electronic works. See paragraph 1.E below.

1.C. The Project Gutenberg Literary Archive Foundation ("the Foundation" or PGLAF), owns a compilation copyright in the collection of Project Gutenberg-tm electronic works. Nearly all the individual works in the collection are in the public domain in the United States. If an individual work is in the public domain in the United States and you are located in the United States, we do not claim a right to prevent you from copying, distributing, performing, displaying or creating derivative works based on the work as long as all references to Project Gutenberg are removed. Of course, we hope that you will support the Project Gutenberg-tm mission of promoting free access to electronic works by freely sharing Project Gutenberg-tm works in compliance with the terms of this agreement for keeping the Project Gutenberg-tm name associated with the work. You can easily comply with the terms of this agreement by keeping this work in the same format with its attached full Project Gutenberg-tm License when you share it without charge with others.

1.D. The copyright laws of the place where you are located also govern what you can do with this work. Copyright laws in most countries are in a constant state of change. If you are outside the United States, check the laws of your country in addition to the terms of this agreement before downloading, copying, displaying, performing, distributing or creating derivative works based on this work or any other Project Gutenberg-tm work. The Foundation makes no representations concerning the copyright status of any work in any country outside the United States.

1.E. Unless you have removed all references to Project Gutenberg:

1.E.1. The following sentence, with active links to, or other immediate access to, the full Project Gutenberg-tm License must appear prominently whenever any copy of a Project Gutenberg-tm work (any work on which the phrase "Project Gutenberg" appears, or with which the phrase "Project Gutenberg" is associated) is accessed, displayed, performed, viewed, copied or distributed:

This eBook is for the use of anyone anywhere at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this eBook or online at www.gutenberg.org

1.E.2. If an individual Project Gutenberg-tm electronic work is derived from the public domain (does not contain a notice indicating that it is posted with permission of the copyright holder), the work can be copied and distributed to anyone in the United States without paying any fees or charges. If you are redistributing or providing access to a work with the phrase "Project Gutenberg" associated with or appearing on the work, you must comply either with the requirements of paragraphs 1.E.1 through 1.E.7 or obtain permission for the use of the work and the Project Gutenberg-tm trademark as set forth in paragraphs 1.E.8 or 1.E.9.

1.E.3. If an individual Project Gutenberg-tm electronic work is posted with the permission of the copyright holder, your use and distribution must comply with both paragraphs 1.E.1 through 1.E.7 and any additional terms imposed by the copyright holder. Additional terms will be linked to the Project Gutenberg-tm License for all works posted with the permission of the copyright holder found at the beginning of this work.

1.E.4. Do not unlink or detach or remove the full Project Gutenberg-tm License terms from this work, or any files containing a part of this work or any other work associated with Project Gutenberg-tm.

1.E.5. Do not copy, display, perform, distribute or redistribute this electronic work, or any part of this electronic work, without prominently displaying the sentence set forth in paragraph 1.E.1 with active links or immediate access to the full terms of the Project Gutenberg-tm License.

1.E.6. You may convert to and distribute this work in any binary, compressed, marked up, nonproprietary or proprietary form, including any word processing or hypertext form. However, if you provide access to or distribute copies of a Project Gutenberg-tm work in a format other than "Plain Vanilla ASCII" or other format used in the official version posted on the official Project Gutenberg-tm web site (www.gutenberg.org), you must, at no additional cost, fee or expense to the user, provide a copy, a means of exporting a copy, or a means of obtaining a copy upon request, of the work in its original "Plain Vanilla ASCII" or other form. Any alternate format must include the full Project Gutenberg-tm License as specified in paragraph 1.E.1.

1.E.7. Do not charge a fee for access to, viewing, displaying, performing, copying or distributing any Project Gutenberg-tm works unless you comply with paragraph 1.E.8 or 1.E.9.

1.E.8. You may charge a reasonable fee for copies of or providing access to or distributing Project Gutenberg-tm electronic works provided that

- You pay a royalty fee of 20% of the gross profits you derive from the use of Project Gutenberg-tm works calculated using the method you already use to calculate your applicable taxes. The fee is owed to the owner of the Project Gutenberg-tm trademark, but he has agreed to donate royalties under this paragraph to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation. Royalty payments must be paid within 60 days following each date on which you prepare (or are legally required to prepare) your periodic tax returns. Royalty payments should be clearly marked as such and sent to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation at the address specified in Section 4, "Information about donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation."

- You provide a full refund of any money paid by a user who notifies you in writing (or by e-mail) within 30 days of receipt that s/he does not agree to the terms of the full Project Gutenberg-tm License. You must require such a user to return or destroy all copies of the works possessed in a physical medium and discontinue all use of and all access to other copies of Project Gutenberg-tm works.

- You provide, in accordance with paragraph 1.F.3, a full refund of any money paid for a work or a replacement copy, if a defect in the electronic work is discovered and reported to you within 90 days of receipt of the work.

- You comply with all other terms of this agreement for free distribution of Project Gutenberg-tm works.

1.E.9. If you wish to charge a fee or distribute a Project Gutenberg-tm electronic work or group of works on different terms than are set forth in this agreement, you must obtain permission in writing from both the Project Gutenberg Literary Archive Foundation and Michael Hart, the owner of the Project Gutenberg-tm trademark. Contact the Foundation as set forth in Section 3 below.

1.F.

1.F.1. Project Gutenberg volunteers and employees expend considerable effort to identify, do copyright research on, transcribe and proofread public domain works in creating the Project Gutenberg-tm collection. Despite these efforts, Project Gutenberg-tm electronic works, and the medium on which they may be stored, may contain "Defects," such as, but not limited to, incomplete, inaccurate or corrupt data, transcription errors, a copyright or other intellectual property infringement, a defective or damaged disk or other medium, a computer virus, or computer codes that damage or cannot be read by your equipment.

1.F.2. LIMITED WARRANTY, DISCLAIMER OF DAMAGES - Except for the "Right of Replacement or Refund" described in paragraph 1.F.3, the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, the owner of the Project Gutenberg-tm trademark, and any other party distributing a Project

Gutenberg-tm electronic work under this agreement, disclaim all liability to you for damages, costs and expenses, including legal fees. YOU AGREE THAT YOU HAVE NO REMEDIES FOR NEGLIGENCE, STRICT LIABILITY, BREACH OF WARRANTY OR BREACH OF CONTRACT EXCEPT THOSE PROVIDED IN PARAGRAPH F3. YOU AGREE THAT THE FOUNDATION, THE TRADEMARK OWNER, AND ANY DISTRIBUTOR UNDER THIS AGREEMENT WILL NOT BE LIABLE TO YOU FOR ACTUAL, DIRECT, INDIRECT, CONSEQUENTIAL, PUNITIVE OR INCIDENTAL DAMAGES EVEN IF YOU GIVE NOTICE OF THE POSSIBILITY OF SUCH DAMAGE.

1.F.3. LIMITED RIGHT OF REPLACEMENT OR REFUND - If you discover a defect in this electronic work within 90 days of receiving it, you can receive a refund of the money (if any) you paid for it by sending a written explanation to the person you received the work from. If you received the work on a physical medium, you must return the medium with your written explanation. The person or entity that provided you with the defective work may elect to provide a replacement copy in lieu of a refund. If you received the work electronically, the person or entity providing it to you may choose to give you a second opportunity to receive the work electronically in lieu of a refund. If the second copy is also defective, you may demand a refund in writing without further opportunities to fix the problem.

1.F.4. Except for the limited right of replacement or refund set forth in paragraph 1.F.3, this work is provided to you 'AS-IS' WITH NO OTHER WARRANTIES OF ANY KIND, EXPRESS OR IMPLIED, INCLUDING BUT NOT LIMITED TO WARRANTIES OF MERCHANTIBILITY OR FITNESS FOR ANY PURPOSE.

1.F.5. Some states do not allow disclaimers of certain implied warranties or the exclusion or limitation of certain types of damages. If any disclaimer or limitation set forth in this agreement violates the law of the state applicable to this agreement, the agreement shall be interpreted to make the maximum disclaimer or limitation permitted by the applicable state law. The invalidity or unenforceability of any provision of this agreement shall not void the remaining provisions.

1.F.6. INDEMNITY - You agree to indemnify and hold the Foundation, the trademark owner, any agent or employee of the Foundation, anyone providing copies of Project Gutenberg-tm electronic works in accordance with this agreement, and any volunteers associated with the production, promotion and distribution of Project Gutenberg-tm electronic works, harmless from all liability, costs and expenses, including legal fees, that arise directly or indirectly from any of the following which you do or cause to occur: (a) distribution of this or any Project Gutenberg-tm work, (b) alteration, modification, or additions or deletions to any Project Gutenberg-tm work, and (c) any Defect you cause.

Section 2. Information about the Mission of Project Gutenberg-tm

Project Gutenberg-tm is synonymous with the free distribution of electronic works in formats readable by the widest variety of computers including obsolete, old, middle-aged and new computers. It exists because of the efforts of hundreds of volunteers and donations from people in all walks of life.

Volunteers and financial support to provide volunteers with the assistance they need, is critical to reaching Project Gutenberg-tm's goals and ensuring that the Project Gutenberg-tm collection will

remain freely available for generations to come. In 2001, the Project Gutenberg Literary Archive Foundation was created to provide a secure and permanent future for Project Gutenberg-tm and future generations. To learn more about the Project Gutenberg Literary Archive Foundation and how your efforts and donations can help, see Sections 3 and 4 and the Foundation web page at http://www.pglaf.org.

Section 3. Information about the Project Gutenberg Literary Archive Foundation

The Project Gutenberg Literary Archive Foundation is a non profit 501(c)(3) educational corporation organized under the laws of the state of Mississippi and granted tax exempt status by the Internal Revenue Service. The Foundation's EIN or federal tax identification number is 64-6221541. Its 501(c)(3) letter is posted at http://pglaf.org/fundraising. Contributions to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation are tax deductible to the full extent permitted by U.S. federal laws and your state's laws.

The Foundation's principal office is located at 4557 Melan Dr. S. Fairbanks, AK, 99712., but its volunteers and employees are scattered throughout numerous locations. Its business office is located at 809 North 1500 West, Salt Lake City, UT 84116, (801) 596-1887, email business@pglaf.org. Email contact links and up to date contact information can be found at the Foundation's web site and official page at http://pglaf.org

For additional contact information:
Dr. Gregory B. Newby
Chief Executive and Director
gbnewby@pglaf.org

Section 4. Information about Donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation

Project Gutenberg-tm depends upon and cannot survive without wide spread public support and donations to carry out its mission of increasing the number of public domain and licensed works that can be freely distributed in machine readable form accessible by the widest array of equipment including outdated equipment. Many small donations ($1 to $5,000) are particularly important to maintaining tax exempt status with the IRS.

The Foundation is committed to complying with the laws regulating charities and charitable donations in all 50 states of the United States. Compliance requirements are not uniform and it takes a considerable effort, much paperwork and many fees to meet and keep up with these requirements. We do not solicit donations in locations where we have not received written confirmation of compliance. To SEND DONATIONS or determine the status of compliance for any particular state visit http://pglaf.org

While we cannot and do not solicit contributions from states where we have not met the solicitation requirements, we know of no prohibition against accepting unsolicited donations from donors in such states who

approach us with offers to donate.

International donations are gratefully accepted, but we cannot make any statements concerning tax treatment of donations received from outside the United States.  U.S. laws alone swamp our small staff.

Please check the Project Gutenberg Web pages for current donation methods and addresses.  Donations are accepted in a number of other ways including checks, online payments and credit card donations. To donate, please visit: http://pglaf.org/donate

Section 5.  General Information About Project Gutenberg-tm electronic works.

Professor Michael S. Hart is the originator of the Project Gutenberg-tm concept of a library of electronic works that could be freely shared with anyone.  For thirty years, he produced and distributed Project Gutenberg-tm eBooks with only a loose network of volunteer support.

Project Gutenberg-tm eBooks are often created from several printed editions, all of which are confirmed as Public Domain in the U.S. unless a copyright notice is included.  Thus, we do not necessarily keep eBooks in compliance with any particular paper edition.

Most people start at our Web site which has the main PG search facility:

http://www.gutenberg.org

This Web site includes information about Project Gutenberg-tm, including how to make donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, how to help produce our new eBooks, and how to subscribe to our email newsletter to hear about new eBooks.

linked image
back

linked image
back

linked image
back

linked image
back

linked image
back

linked image
back

linked image
back

linked image
back

linked image
back

linked image
back

linked image
back

# Table of Contents

NOLI ME TANGERE
HUAG ACONG SALANGĪN NINO MAN
NOLI ME TANGERE
TALAAN NG NILALAMAN
MGA LARAWAN
SA AKING TINUBUANG LUPA[1]
NOLI ME TANGERE I.
ISANG PAGCACAPISAN.
II.
CRISOSTOMO IBARRA
III.
ANG HAPUNAN
IV.
HEREJE AT FILIBUSTERO
V.
ISANG BITUIN SA GABING MADILIM
VI.
CAPITANG TIAGO
VII.
MAIROG NA SALITAAN SA ISANG "AZOTEA"
VIII.
MANGA ALAALA
IX.
MANGA CAUGALIAN NG BAYANG ITO
X.
ANG BAYAN
XI.
ANG MANGÃ MACAPANGYARIHAN
XII.
ANG LAHAT NANG MANGA SANTO[210]
XIII.
MGA PAUNANG TANDA NANG UNOS
XIV.
ANG ULOL NA SI TASIO Ó ANG FILOSOFO
XV.

ANG MGA SACRISTAN
XVI.
SI SISA
XVII.
BASILIO
XVIII.
MGA CALOLOWANG NAGHIHIRAP
XIX.
MGA KINASAPITAN NG ISANG MAESTRO SA ESCUELA
XX.
ANG PULONG SA TRIBUNAL
XXI.
CASAYSAYAN NANG BUHAY NANG ISANG INA
XXII.
MANGA ILAW AT MGA DILIM
XXIII.
ANG PANGIGISDA
XXIV.
SA GUBAT
XXV.
SA BAHAY NG FILOSOFO
XXVI.
ANG "VISPERA" NG "FIESTA."
XXVII.
SA PAGTATAKIPSILIM.
XXVIII.
MANG̃A SULAT
XXIX.
ANG UMAGA.
XXX.
SA SIMBAHAN.
XXXI.
ANG SERMON.
XXXII.
ANG "CABRIA".
XXXIII.
LAYANG-CAISIPAN.
XXXIV.
ANG PAGCAIN.

XXXV.
MGA SALISALITAAN.
XXXVI.
ANG UNANG DILIM
XXXVII.
ANG GOBERNADOR GENERAL
XXXVIII.
ANG PROCESION.
XXXIX.
SI DONA CONSOLACION.
XL.
ANG CATUWIRA'T ANG LACAS.
XLI.
DALAWANG PANAUHIN.
XLII.
ANG MAG-ASAWANG DE ESPADAÑA.
XLIII.
MGA PANUCALA.
XLIV.
PAGSISIYASAT NG CONCIENCIA.
XLV.
ANG MGA PINAG-UUSIG.
XLVI.
SABUNGAN.
XLVII.
ANG DALAWANG GUINOONG BABAE.
XLVIII.
ANG HINDI MAGCURO
XLIX.
ANG TINGIG NG̃ MG̃A PINAG-UUSIG.
L.
ANG MAG-ANAK NI ELIAS.
LI.
MGA PAGBABAGO.
LII.
ANG SULAT NG̃ MG̃A PATAY AT ANG MG̃A ANINO.
LIII.
IL BUON DI SI CONOSCE DA MATTINA.
LIV.

LV.
ANG CAPAHAMACAN.
LVI.
ANG SABIHANAN AT ANG INAACALA.
LVII.
¡VAE VICTIS![261]
LVIII.
ANG SINUMPA.
LIX.
ANG KINAGUISNANG BAYAN AT ANG MGÃ PAG-AARI.
LX.
MAG-AASAWA SI MARIA CLARA.
LXI.
ANG PANGHUHULI SA DAGATAN.
LXII.
PAGPAPALIWANAG NI PARI DAMASO.
LXIII.
ANG GABING SINUSUNDAN NG̃ PASCO NG̃ PANG̃ANG̃ANAC.
PANGWACAS NA BAHAGUI.
WACAS ÑG PAGSASAYSAY.
MGA TALABABA: